# PILING MGA AKDA HINGGIL SA USAPING MILITAR

# MAO ZEDONG

★

2012
Palimbagang Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Naririto ang salin sa piling mga akda ni Mao Zedong hinggil sa mga usaping militar. Ang mga isinalin ay mula sa *Piling mga Akda* ni Mao Zedong, una at ikalawang bolyum, na inilathala ng Foreign Languages Press, Peking, 1967. Sinangguni rin ang *Anim na Sanaysay hinggil sa mga Usaping Militar* ni Mao Zedong na inilathala ng Foreign Languages Press, 1972.

Saligang sanggunian ang mga ito ng Intermedyang Kurso ng Partido at ng ispesyal na kurso para sa digmang bayan.

Kawanihan sa Pagsasalin-
Pambansang Kagawaran sa Edukasyon
Setyembre 2007

# NILALAMAN

**ULAT SA PAGSISIYASAT SA KILUSANG MAGSASAKA SA HUNAN** **7**

**ANG ISANG DIKLAP AY MAKAPAGSISIMULA NG SUNOG SA KAPARANGAN** **65**

**MGA USAPIN SA ESTRATEHIYA SA REBOLUSYONARYONG DIGMA NG TSINA**
Disyembre 1936 **83**

**MGA USAPIN SA ESTRATEHIYA SA PAKIKI-DIGMANG GERILYA LABAN SA HAPON**
Mayo 1938 **199**

**HINGGIL SA MATAGALANG DIGMA**
Mayo 1938 **251**

**MGA USAPIN SA DIGMA AT ESTRATEHIYA**
Nobyembre 6, 1938 **381**

**MAGTAYO NG MATATATAG NA BASENG PUROK SA HILAGANG-SILANGAN**
Disyembre 28, 1945 **407**

**MAGKONSENTRA NG SUPERYOR NA PWERSA PARA DURUGIN NANG PAISA-ISA ANG MGA PWERSA NG KAAWAY** Setyembre 16, 1946 **415**

**ANG DEMOKRATIKONG KILUSAN SA HUKBO**
Enero 30, 1948 **423**

# ULAT SA PAGSISIYASAT SA KILUSANG MAGSASAKA SA HUNAN

Marso 1927

Ang artikulong ito ay isinulat bilang sagot sa mapamintas na kritisismo kapwa sa loob at labas ng Partido na nakatuon noon sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga magsasaka. Tumahan ng tatlumpu't dalawang araw sa Probinsya ng Hunan si Kasamang Mao Zedong para magsiyasat, at isinulat niya ang ulat na ito bilang sagot sa mga kritisismo. Ayaw tanggapin ng mga Kanang oportunista sa Partido, na pinamumunuan ni Chen Duxiu, ang kanyang mga pananaw at patuloy na kumapit sa kanilang maling mga ideya. Ang kanilang pangunahing pagkakamali ay hindi sila nangahas sumuporta sa dakilang mga pakikibakang rebolusyonaryo ng mga magsasaka na sumambulat o sumasambulat pa lamang dahil sa takot sa reaksyunaryong tunguhin sa Guomindang. Upang pakalmahin ang Guomindang, mas ginusto pa nilang iwan ang mga magsasaka, ang pangunahing alyado sa rebolusyon, at sa gayo'y hinayaang nag-iisa at walang katuwang ang uring manggagawa at ang Partido Komunista. Pangunahing dahil nasamantala ng Guomindang ang kahinaang ito sa loob ng Partido Komunista kung kaya nangahas ito na pagtaksilan ang rebolusyon, maglunsad ng "pagpupurga ng partido" at maglunsad ng digma laban sa mamamayan noong tag-araw ng 1927.

## ANG KAHALAGAHAN NG USAPING MAGSASAKA

Sa aking pinakahuling pagbisita sa Hunan,[1] gumawa ako ng tuwirang pagsisiyasat sa kalagayan sa limang bayan, sa Hsiangtan, Hsianghsiang, Hengshan, Liling at Changsa. Sa loob ng tatlumpu't dalawang araw mula Enero 4 hanggang Pebrero 5, nagpatawag ako sa mga baryo at kabayanan ng mga kumperensya sa paglilikom ng datos na dinaluhan ng makaranasang mga magsasaka at kasamang kumikilos sa kilusang magsasaka, at ako'y matamang nakinig sa kanilang mga ulat at nakapagtipon ng marami-raming materyal.

Marami sa mga paano at bakit ng kilusang magsasaka ay mismong kabaligtaran ng pinagsasasabi ng mga panginoong maylupa sa Hankow at Changsa. Nakakita at nakarinig ako ng maraming kakaibang bagay na dati'y lingid sa aking kaalaman. Naniniwala akong ganito rin sa marami pang ibang lugar. Dapat mabilis na maiwasto ang lahat ng sabi-sabi laban sa kilusang magsasaka. Dapat mabilis na mabago ang lahat ng maling hakbang na ipinatupad ng rebolusyonaryong awtoridad kaugnay ng kilusang magsasaka. Sa ganitong paraan lamang makikinabang ang kinabukasan ng rebolusyon. Sapagkat ang kasalukuyang pagdaluyong ng kilusang magsasaka ay isang pagkalaki-laking pangyayari. Sa napakaiksing panahon, ilan-daang milyong magsasaka sa sentral, timog, at hilagang mga probinsya ng Tsina ang magbabangon na parang malakas na sigwa, parang isang buhawi, isang pwersang ubod nang bilis at dahas kung kaya't walang kapangyarihan, gaano man kalakas, ang makapipigil nito. Wawasakin nila ang lahat ng tanikalang gumagapos sa kanila at dadagsa pasulong sa landas ng kalayaan. Wawalisin nila tungo sa libingan ang lahat ng imperyalista, warlord, tiwaling opisyal, lokal na tirano, at despotikong panginoong maylupa. Lahat ng rebolusyonaryong partido at lahat ng rebolusyonaryong kasama ay masasalang sa pagsubok, at tatanggapin o itatakwil ayon sa kanilang pagpapasya. Tatlo ang pagpipilian. Magmartsa sa kanilang unahan at pamunuan sila? Bumuntot sa kanila, habang kumukumpas-kumpas at pumupuna? O humadlang sa kanilang landas at lumaban sa kanila? Malayang pumili ang lahat ng Tsino, pero pupwersahin kayo ng mga pangyayari na pumili sa lalong madaling panahon.

## ORGANISAHIN ANG SARILI!

Maaaring hatiin sa dalawang yugto ang pag-unlad ng kilusang magsasaka sa Hunan kung ibabatay sa mga kabayanan sa gitna at timog na bahagi ng probinsya kung saan malaki

na ang isinulong ng kilusan. Ang unang yugto, mula Enero hanggang Setyembre noong nakaraang taon, ay ang yugto ng organisasyon. Sa yugtong ito, panahon ng lihim na pagkilos ang Enero hanggang Hunyo, at panahon naman ng hayag na pagkilos ang Hulyo hanggang Setyembre, nang pinatatalsik ng rebolusyonaryong hukbo si Chao Heng-ti.[2] Sa yugtong ito, hindi lalampas sa 300,000 hanggang 400,000 ang kasapian ng mga samahang magsasaka; lampas lamang nang kaunti sa isang milyon ang masang nasa ilalim ng kanilang direktang pamumuno; halos wala pang pakikibaka sa kanayunan, at kung gayo'y kakaunti lamang ang kritisismo sa mga samahan sa ibang sirkulo.

Dahil ang mga kasapi nito ay tumatayong giya, iskawt at tagahakot ng Hukbo ng Ekspedisyong Pahilaga, kahit ang ilan sa mga upisyal nito ay may mabuting masasabi kaugnay ng mga samahang magsasaka. Ang ikalawang yugto, mula Oktubre ng nakaraang taon hanggang Enero ng taong ito, ay yugto ng rebolusyonaryong pagkilos. Lumobo hanggang dalawang milyon ang kasapian ng mga samahan at lumaki hanggang sampung milyon ang masang nasa ilalim ng kanilang direktang pamumuno. Dahil sa kadalasa'y iisang pangalan lamang ang ipinapatala ng mga magsasaka para sa buong pamilya sa pagsapi sa samahang magsasaka, ang kasapiang dalawang milyon ay nangangahulugan ng masang tagapagtaguyod na hanggang sampung milyon. Halos kalahati ng mga magsasaka sa Hunan ay organisado na ngayon. Sa mga bayan tulad ng Hsiangtan, Hsianghsiang, Liuyang, Changsa, Liling, Ninghsiang, Pingkiang, Hsiangyin, Hengshan, Hengyang, Leiyang, Chenhsien at Anhua, halos lahat ng magsasaka ay nagbuklod sa mga samahang magsasaka o di kaya'y pumailalim sa kanilang pamumuno. Batay sa lakas ng kanilang malawak na organisasyon, ang mga magsasaka ay kumilos at sa loob ng apat na buwan ay naibunsod ang isang dakilang rebolusyon sa kanayunan, isang rebolusyon na walang kaparis sa kasaysayan.

## IBAGSAK ANG LOKAL NA MGA TIRANO AT DESPOTIKONG PANGINOONG MAYLUPA! LAHAT NG KAPANGYARIHAN PARA SA MGA SAMAHANG MAGSASAKA!

Ang pangunahing mga target ng atake ng mga magsasaka ay ang lokal na mga tirano, at ang mga panginoong maylupang despotiko at walang kinikilalang batas, ngunit kasabay nito'y kumilos din sila laban sa patriyarkal na mga ideya at institusyon, laban sa tiwaling mga upisyal sa kalunsuran, at laban sa masasamang gawi at kaugalian sa kanayunan. Sa lakas at bwelo, ang atake ay parang sigwa; ang mga yumuko rito ay nakakaligtas at ang mga lumalaban dito'y nalilipol. Dahil dito, nadudurog ang mga pribilehiyo na tinamasa ng pyudal na mga panginoong maylupa sa loob ng libu-libong taon. Ang lahat ng dignidad at prestihiyo na binuo ng mga panginoong maylupa ay napupulbos sa kawalan. Dahil sa pagbagsak ng kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, ang mga samahang magsasaka ang siya ngayong tumitindig bilang tanging organo ng awtoridad at naging realidad ang popular na islogang "Lahat ng kapangyarihan para sa mga samahang magsasaka". Maging ang maliliit na bagay tulad ng awayan ng mag-asawa ay ihinaharap sa samahang magsasaka. Walang anumang napagkakasunduan kung walang kinatawan ng samahang magsasaka. Ang samahan ang aktwal na nagpapasya sa lahat ng usapin sa kanayunan, at, literal na nangyayari na "anuman ang sabihin nito'y siyang nasusunod". Ang mga hindi kasapi ng samahan ay puro kabutihan lamang ang masasabi kaugnay ng mga ito at walang masabing anuman laban sa kanila.

Ang lokal na mga tirano at mga panginoong maylupang despotiko at walang kinikilalang batas ay inalisan na ng lahat ng karapatang magsalita, at walang sinuman sa kanila ang nangangahas na bumulong man lamang ng pagtutol. Sa harap

ng kapangyarihan at presyur ng mga samahang magsasaka, ang nangungunang mga tiranong lokal at despotikong panginoong maylupa ay lumisan patungong Shanghai, ang mga pumapangalawa ay pumunta sa Hankow, ang mga pumapangatlo ay pumunta sa Changsa, ang pumapang-apat ay pumunta sa mga sentrong bayan, habang ang pumapanlima at iba pang maliliit na panginoong maylupa ay sumuko sa mga samahang magsasaka sa mga baryo.

"Heto ang sampung yuan. Pasapiin naman ninyo ako sa samahang magsasaka," ang sasabihin ng isa sa maliliit na despotikong panginoong maylupa.

"Ugh! Sino ang gugusto sa marumi mong salapi?" ang isasagot naman ng mga magsasaka.

Marami sa panggitna at maliit na mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka at maging ilang panggitnang magsasaka na dati'y tutol sa mga samahang magsasaka ang ngayo'y bigong naghahangad na sumapi. Sa pagdalaw ko sa maraming lugar, marami akong nasasalubong na ganitong tao na nagmamakaawa sa aking nagsasabi, "Ginoong upisyal mula sa kapitolyo ng probinsya, maaari bang ikaw ang maging padrino ko!"

Noong panahon ng Dinastiyang Ching, ang sensus ng kabahayan na tinipon ng lokal na mga awtoridad ay binubuo ng regular na rehistro at "kabilang" rehistro, ang una ay para sa mararangal na tao at ang huli ay para sa mga magna-nakaw, bandido at katulad na di kanais-nais na tao. Sa ilang lugar, ang mga magsasaka ngayon ang gumagamit sa pamamaraang ito upang takutin ang mga dating tumututol sa mga samahan. Anila'y, "Ilagay ang pangalan nila sa 'kabilang' rehistro!"

Dahil sa takot na mailagay sa "kabilang" rehistro, ang mga taong tulad nito ay gumagamit ng iba't ibang paraan upang tanggapin sa mga samahang magsasaka, na napakahalaga sa kanila, at hindi sila matatahimik hangga't hindi naipapasok ang kanilang mga pangalan. Ngunit kadalasan, sila'y tina-

tanggihan, at sa gayo'y lagi silang nasa alanganin; dahil sarado ang pinto ng samahan sa kanila, para silang mga hampaslupa, o sa kasabihan sa kanayunan, "basura lamang". Sa madaling salita, ang minamaliit noong apat na buwan pa lamang ang nakararaan bilang "gang ng magsasaka" ang naging pinakamarangal na institusyon ngayon. Ang mga dating naglulumuhod sa harap ng kapangyarihan ng mga panginoong maylupa ang siya ngayong yumuyuko sa kapangyarihan ng mga magsasaka. Anuman ang kanilang pagkatao, lahat ay sumasang-ayon na bago na ang mundo mula noong Oktubre.

## "TERIBLE!" O "NAPAKAINAM!"

Ang pag-aalsa ng mga magsasaka ay bumulabog sa matamis na panaginip ng mga panginoong maylupa. Nang makarating sa kalunsuran ang balita mula sa kanayunan, agad itong lumikha ng galit sa hanay ng mga panginoong maylupa. Pagdating na pagdating ko sa Changsa, nakakilala ako ng iba't ibang tipo ng tao at nakasagap ng maraming tsismis. Mula sa panggitnang saray pataas hanggang sa mga maka-Kanang Guomindang, walang ni isa man na hindi nagbuod sa buong pangyayari sa katagang "Terible!" Sa ilalim ng epekto ng mga pananaw ng kaisipang "Terible!" na siyang laganap sa kalunsuran, maging ang mga taong rebolusyonaryong-rebolusyonaryo kung mag-isip ay nanlumo nang binubuo nila sa isip ang mga pangyayari sa kanayunan; at hindi nila magawang itanggi ang salitang "terible". Kahit na ang napakaprogresibong mamamayan ay nagsasabing, "Kahit na terible, hindi naman ito maiiwasan sa isang rebolusyon." Sa madaling salita, walang sinumang ganap na makapagtatwa sa salitang "terible". Gayunman, gaya ng nabanggit na, ang katotohana'y ang dakilang masang magsasaka ay tumindig upang tupdin ang kanilang makasaysayang misyon at ang mga pwersa ng demokrasya sa kanayunan ay tumindig upang

ibagsak ang mga pwersa ng pyudalismo sa kanayunan. Ang patriyarkal-pyudal na uri ng lokal na mga tirano at mga panginoong maylupang despotiko at walang kinikilang batas ang nagsilbing salalayan ng awtokratikong gubyerno sa libu-libong taon at siyang pundasyon ng imperyalismo, warlordismo at tiwaling pamamalakad. Ang pagbabagsak sa mga pwersang pyudal na ito ang tunay na layunin ng pambansang rebolusyon. Sa loob lamang ng iilang buwan, nagawa ng mga magsasaka ang hinangad subalit nabigong adhikain ni Dr. Sun Yat-sen sa apatnapung taong iniukol niya sa pambansang rebolusyon. Ito'y isang kahanga-hangang gawa na hindi pa nakakamit sa nakaraan, hindi lamang sa apatnapu, kundi sa libu-libong taon. Napakainam nito. Hinding-hindi ito terible. Anupaman ito, hindi ito terible. Ang "terible" ay malinaw na teorya para labanan ang pagbangon ng mga magsasaka sa interes ng mga panginoong maylupa; ito'y malinaw na teorya ng uring panginoong maylupa upang panatilihin ang lumang kaayusan ng pyudalismo at hadlangan ang pagtatatag ng bagong kaayusan ng demokrasya, ito'y malinaw na teoryang kontra-rebolusyonaryo. Walang sinumang rebolusyonaryong kasama ang dapat na umulit sa kalokohang ito. Kung matatag nang nabuo ang inyong rebolusyonaryong pananaw at kung nakarating na kayo sa mga baryo at nakagala sa paligid, tiyak na mapupuno kayo ng galak na dati'y di pa naranasan. Ibinabagsak ng di mabilang na laksa ng mga inalipin – ang mga magsasaka – ang mga kaaway na bumugbog sa kanilang kalamnan. Ang ginagawa ng mga magsasaka ay ganap na wasto; ang kanilang ginagawa ay napakainam! Ang "Napakainam!" ang teorya ng mga magsasaka at lahat ng iba pang rebolusyonaryo. Dapat malaman ng bawat rebolusyonaryong kasama na ang pambansang rebolusyon ay nangangailangan ng malaking pagbabago sa kanayunan. Hindi nalikha ng rebolusyon ng 1911[3] ang pagbabagong ito, at sa gayon ay nabigo. Ang pagbabagong ito ay nagaganap na ngayon,

at ito'y napakahalagang salik para sa pagkukumpleto ng rebolusyon. Dapat suportahan ito ng bawat rebolusyonaryong kasama, at kung hindi ay naninindigan siya sa panig ng kontra-rebolusyon.

## ANG USAPIN NG "LUMALABIS NA"

May isa pang seksyon ng mga tao na nagsasabing, "Oo, kinakailangan nga ang mga samahang magsasaka, subalit sila naman ay lumalabis na." Ito ang opinyon ng mga taong gumigitna. Subalit ano ang aktwal na sitwasyon? Totoo ngang ang mga magsasaka, sa isang pakahulugan, ay "magulo" sa kanayunan. Dahil ang awtoridad nito ang nangingibabaw sa lahat, hindi binibigyan ng samahang magsasaka ng karapatan ang panginoong maylupa at ibinabasura ang kanyang prestihiyo. Katumbas ito ng pagngungudngod sa mga panginoong maylupa sa lupa at pagpapanatili sa kanila sa ganoon. Pinagbabantaan sila ng mga magsasaka sa pagsasabing "Ilalagay ka namin sa 'kabilang' rehistro!" Pinagmumulta nila ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, hinihingan ang mga ito ng mga kontribusyon, at winawasak ang kanilang mga trono. Dinadagsa ng mga mamamayan ang mga bahay ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa na lumalaban sa mga samahang magsasaka, kinakatay ang kanilang baboy at kinakain ang kanilang bigas. Nagpapalipas pa sila ng ilang sandali sa mga higaang yari sa garing na pag-aari ng kadalagahan sa mga bahay ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Sa munting probokasyon sa kanila, nang-aaresto sila, kinokoronahan ang inaresto ng mga papel na sumbrero, ipinaparada sila sa baryo, habang sinasabing "Kayong buktot na mga panginoong maylupa, kilala na ninyo ngayon kung sino kami!" Dahil ginagawa nila ang anumang naisin at binabaligtad ang lahat ng bagay, lumikha sila ng isang tipo ng sindak sa kanayunan. Ito ang tinutukoy ng ilang tao na "lumalabis na", o "paglampas sa tamang

hanggahan sa pagwawasto ng isang mali", o "talagang sobra na". Ang ganitong pagtingin ay maaaring kapani-paniwala, pero sa katunaya'y mali ito. Una, ang lokal na mga tirano at panginoong maylupang despotiko at walang kinikilalang batas ang mismong nagtulak sa mga magsasaka na gawin ang ganito. Sa mahabang panahon ay ginamit nila ang kanilang kapangyarihan para pagmalupitan ang mga magsasaka at tapak-tapakan sila; ito ang dahilan kung bakit ganito katindi ang reaksyon ng mga magsasaka. Ang pinakamararahas na pag-aalsa at ang pinakamalulubhang kaguluhan ay laging nagaganap sa mga lugar kung saan ang lokal na mga tirano at mga panginoong maylupang despotiko at walang kinikilalang batas ay nagsagawa ng pinakamalalang pagmamalupit. Malinaw ang pag-iisip ng mga magsasaka. Sino ang masama at sino ang hindi, sino ang pinakamasama at sino ang hindi gaanong malupit, sino ang karapat-dapat na gawaran ng matinding kaparusahan at sino ang karapat-dapat bigyan ng kaunting luwag – mahusay magkwenta ang mga magsasaka, at madalang na lumampas ang kaparusahan sa krimen. Ikalawa, ang rebolusyon ay hindi isang piging, o pagsusulat ng sanaysay, o pagpipinta ng larawan, o pagbuburda; hindi maaaring maging ganoon na lamang ito kapino, kabanayad at kaamo; kahinahon, kabait, kagalang, mapagtimpi at mapagbigay.[4] Ang rebolusyon ay isang pag-aalsa, isang marahas na pagkilos kung saan ibinababagsak ng isang uri ang isa pa. Ang rebolusyon sa kanayunan ay isang rebolusyon kung saan ibinabagsak ng uring magsasaka ang kapangyarihan ng pyudal na uring panginoong maylupa. Kung hindi gagamit ng pinakamalakas na pwersa, hindi maibabagsak ng mga magsasaka ang malalim na nakaugat na awtoridad ng mga panginoong maylupa na nagtagal na ng libu-libong taon. Ang kanayunan ay nangangailangan ng isang malakas na rebolusyonaryong bugso, dahil ito lamang ang makapagmumulat sa milyun-milyong mamamayan upang maging isang makapangyarihang

pwersa. Lahat ng aksyong nabanggit dito na binabansagang "lumalabis na" ay nagmumula sa kapangyarihan ng mga magsasaka na ibinunsod ng malakas na rebolusyonaryong bugso sa kanayunan. Kailangang-kailangang gawin ang mga ito sa ikalawang yugto ng kilusang magsasaka, ang yugto ng rebolusyonaryong aksyon. Sa yugtong ito, kinailangang itatag ang absolutong awtoridad ng mga magsasaka. Kinailangang ipagbawal ang malisyosong kritisismo sa mga samahang magsasaka. Kinailangang ibagsak ang kabuuang awtoridad ng panginoong maylupa, ingudngod sila sa lupa at panatilihin doon. May rebolusyonaryong kabuluhan ang lahat ng aksyong binabansagang "lumalabis na" sa yugtong ito. Sa diretsahang salita, kinakailangang lumikha ng sindak sa isang panahon sa kanayunan, at kung hindi ay magiging imposible na sugpuin ang mga aktibidad ng mga kontra-rebolusyonaryo sa kanayunan o ibagsak ang awtoridad ng mga panginoong maylupa. Dapat lampasan ang tamang mga hanggahan upang iwasto ang isang mali, at kung hindi, hindi maiwawasto ang mali[5]. Ang mga nagsasabing ang mga magsasaka ay "lumalabis na", sa biglang tingin ay naiiba sa mga nagsasabing "Terible" na nabanggit sa itaas, subalit sa esensya, kapwa sila gumagamit ng iisang paninindigan at kapwa nagpapahayag ng teorya ng panginoong maylupa na nagtataguyod ng interes ng pribilehiyadong mga uri. Dahil humahadlang ang teoryang ito sa pagbangon ng kilusang magsasaka at sa gayo'y pumipigil sa rebolusyon, dapat natin itong mahigpit na labanan.

## ANG "KILUSAN NG MGA HAMPASLUPA"

Sinasabi ng kanang panig ng Guomindang na "Ang kilusang magsasaka ay isang kilusan ng mga hampaslupa, ng tamad na mga magsasaka." Ang pananaw na ito ang laganap sa Changsa. Nang ako'y nasa kanayunan, naririnig ko na sinasabi ng mga panginoong maylupa na "Tama lamang na magtayo ng mga samahang magsasaka, ngunit ang mga

taong namamahala sa mga ito ay hindi mahusay. Dapat silang palitan!" Ang opinyong ito ay kasingkahulugan din ng sinasabi ng mga maka-Kanan; ayon sa dalawa, tama lamang na magkaroon ng kilusang magsasaka (umiiral na ang kilusan at walang mangangahas na tumaliwas dito), subalit sinasabi nilang ang mga taong namamahala rito ay hindi mahusay, at sa partikular ay kinamumuhian nila ang mga namumuno sa mga samahan sa nakabababang antas, na tinatawag nilang mga "hampaslupa". Sa madaling salita, lahat ng mga hinamak ng mga panginoong maylupa, lahat ng kanilang inginudngod sa lupa, ang mga taong walang pwesto sa lipunan, ang mga taong walang karapatang magsalita, lahat ngayo'y mapangahas na nagtataas ng kanilang mga noo. Hindi lamang nila itinaas ang kanilang mga noo kundi inilagay pa ang kapangyarihan sa kanilang mga kamay. Sila ngayon ang namamahala ng mga samahang magsasaka sa kabayanan (sa pinakamababang antas), na ginawa nilang mabagsik at kinatatakutan. Inangat nila ang kanilang magagaspang at mapuputik na kamay at pinagbuhatan ang mga panginoong maylupa. Iginagapos nila ang mga panginoong maylupa, kinokoronahan sila ng matataas na sumbrerong papel at ipinaparada sila sa mga baryo. (Sa Hsiangtan at Hsianghsiang ay tinatawag nila itong "pagpaparada sa kabayanan" at sa Liling ay "pagpaparada sa kabukiran".) Walang araw na lumilipas na hindi sila nagbibitiw ng malupit at walang-awang mga pagbatikos sa tainga ng mga panginoong maylupang ito. Sila ang nag-uutos at namamahala sa lahat ng bagay. Yaong mga dati'y pinakamababa ang katayuan ang ngayo'y siyang pinakamataas sa lahat; kung gayon, ito ang tinatawag na "pagbaligtad sa mga bagay-bagay".

## MGA TALIBA NG REBOLUSYON

Kapag may dalawang magkaibang pamamaraan ng pagharap sa mga bagay at tao, sumusulpot ang dalawang

magkaibang pananaw. Ang "terible!" at "napakainam!", "hampaslupa" at "mga taliba ng rebolusyon" – ang mga iyan ay akmang mga halimbawa.

Binanggit natin sa una na naisakatuparan ng mga magsasaka ang isang rebolusyonaryong tungkulin na hindi naisasakatuparan sa matagal nang panahon at nagampanan ang isang mahalagang gawain para sa pambansang rebolusyon. Ngunit isinagawa ba ng lahat ng magsasaka ang dakilang rebolusyonaryong tungkulin, ang mahalagang rebolusyonaryong gawaing ito? Hindi. May tatlong uri ng magsasaka, ang mayaman, panggitna at maralitang magsasaka. Silang tatlo ay nabubuhay sa magkakaibang kalagayan at sa gayon ay may magkakaibang pananaw sa rebolusyon. Sa unang yugto, ang ikinasiya ng mga mayamang magsasaka ay ang usap-usapan tungkol sa matinding pagkatalo ng Hukbo ng Ekspidisyong Pahilaga sa Kiangsi, ang tungkol sa pagkakasugat kay Chiang Kai-shek sa paa[6] at ang pagbalik niya sa Kwangtung[7] at ang tungkol sa muling pagkakaagaw ni Wu Peifu[8] sa Yuehchow. Tiyak na hindi magtatagal ang mga samahang magsasaka at ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan[9] ay hindi makapamamayani, dahil sa hindi pa naririnig ang mga ito sa nakaraan. Sa gayon, pupunta ang isang opisyal ng samahang magsasaka (na sa pangkalahatan ay kabilang sa tipong "hampaslupa") sa bahay ng isang mayamang magsasaka, at habang hawak ang rehistro ay magsasabing, "Maaari po ba kayong sumapi sa samahang magsasaka?" Paano sasagot dito ng mga mayamang magsasaka? Ang isang medyo magalang ay magsasabing, "Samahang magsasaka? Tumira ako rito ng ilang dekada, at sinaka ang aking lupa. Hindi pa ako kailanman nakarinig ng tungkol diyan, ngunit naging maayos naman ang aking pamumuhay. Ang payo ko'y itigil mo na iyan!" Ang sasabihin naman ng isang talagang imbing mayamang magsasaka ay "Samahang magsasaka! Kalokohan! Samahan para mapugot ang iyong ulo! Huwag ninyong isangkot ang

mga tao sa gulo!" Gayunman, kagulat-gulat din na ngayo'y ilang buwan nang nakatayo ang mga samahang magsasaka, at naglakas loob pang tumindig laban sa mga panginoong maylupa. Ang mga panginoong maylupa sa lugar na ayaw magsuko ng kanilang mga pipa ng opyo ay inaresto ng mga samahan at ipinaparada sa baryo. Bukod rito, sa kabayanan, binitay ang ilang malalaking panginoong maylupa, tulad nina Yen Jung-chiu ng Hsiangtan at Yang Chih-tse ng Ninghsiang. Sa anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre, sa panahon ng rali laban sa Britanya, at sa malalaking pagdiriwang ng tagumpay ng Ekspidisyong Pahilaga, nagdemonstrasyon sa malalaking humuhugos na kolum ang ilampung libong magsasaka sa bawat kabayanan, habang itinataas ang kanilang maliliit at malalaking bandera, at dala-dala ang kanilang mga pingga at asarol. Sa panahong ito lamang nagsimulang magulantang at maalarma ang mga mayamang magsasaka. Sa panahon ng malalaking pagdiriwang ng tagumpay ng Ekspidisyong Pahilaga, nabatid nila na naagaw ang Kiukiang, na hindi nasugatan sa paa si Chiang Kai-shek, na nagapi rin naman pala si Wu Pei-fu. Dagdag pa, nakita nila ang mga islogang tulad ng "Mabuhay ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan!", "Mabuhay ang mga samahang magsasaka!" at "Mabuhay ang mga magsasaka!" na malinaw na nakasulat sa mga "pula at berdeng proklamasyon". "Ano?", ang pagtataka ng mga mayamang magsasaka na gitlang-gitla at alarmado, "'Mabuhay ang mga magsasaka!' Ang mga taong ito ba'y itinuturing nang mga emperador[10] ngayon?" "Aba't nagyayabang ang mga samahang magsasaka." Sinasabi ng mga kasapi ng samahang magsasaka sa mga mayamang magsasaka na, "Ipapasok namin kayo sa 'kabilang' rehistro," o, "Sa susunod na buwan, ang butaw sa pagsapi ay magiging sampung yuan bawat isa!" dahil lamang sa epekto ng lahat ng ito, kaya nahuhuling sumasapi ang mga mayamang magsasaka sa mga samahan;[11] ang ilan ay nagbabayad ng singkwenta sentimos o isang yuan para sa

pagsapi (ang regular na bayad ay sampung tanso lamang), at ang ilan naman ay nakasasapi lamang matapos humiling sa ibang tao na irekomenda sila. Subalit marami pa ring nagmamatigas at hindi pa sumasapi hanggang sa ngayon. Kapag sumasapi ang mga mayamang magsasaka sa mga samahan, kadalasa'y ipinapasok nila ang pangalan ng isang kamag-anak na ang edad ay animnapu o pitumpu, dahil takot na takot sila sa "konskripsyon". Matapos sumapi, ang mga mayamang magsasaka ay hindi gumagampan ng anumang gawain para sa samahan. Nananatili silang di-aktibo sa buong panahon.

Paano naman ang mga panggitnang magsasaka? Paurong-sulong ang kanilang aktitud.

Sa tingin nila, hindi gaanong makabubuti sa kanila ang rebolusyon. May bigas silang nailuluto, at walang mga maniningil na kumakatok sa kanilang mga pinto sa hatinggabi. Dahil sinusukat nila ang mga bagay sa kung umiral na ito sa nakaraan, sila rin ay nagkukunot ng noo at iniisip sa sarili na "Magtatagal nga kaya ang mga samahang magsasaka?" "Makapamamayani kaya ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan?" Ang kanilang kongklusyon ay "Malamang sa hindi." Ipinapalagay nilang depende ito sa kagustuhan ng Langit at iniisip nilang, "Isang samahang magsasaka? Sinong makapagsasabi kung gusto ito ng Langit o hindi?" Sa naunang yugto, kinakausap ng mga kasapi ng samahan ang panggitnang magsasaka, at habang hawak ang rehistro sa kamay ay nagsasabing "Maaari po ba kayong sumapi sa samahang magsasaka?" Sasagutin naman ito ng panggitnang magsasaka, "Hindi kailangang magmadali!" Noon lamang ikalawang yugto, nang mayroon nang malaking kapangyarihan ang mga samahang magsasaka, saka sumapi ang mga panggitnang magsasaka. Mas mahusay ang kanilang ipinakikita sa mga samahan kaysa mga mayamang magsasaka ngunit hindi pa rin sila gaanong masigla; nais pa rin nilang maghintay at

magmatyag. Napakahalaga para sa mga samahang magsasaka na mahatak na sumapi ang mga panggitnang magsasaka, at kailangang gumawa ng higit pang pagpapaliwanag sa kanilang hanay.

Mula't sapul ang mga maralitang magsasaka ang pangunahing pwersa sa maigting na labanan sa kanayunan. Militante silang nakipaglaban sa dalawang yugto ng lihim na pagkilos at hayag na aktibidad. Sila ang pinakamadaling sumang-ayon sa pamumuno ng Partido Komunista. Sila'y mabagsik na kaaway ng kampo ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa at walang pag-aatubili nilang inaatake ang mga ito. "Matagal na kaming sumapi sa mga samahang magsasaka," ang banggit nila sa mga mayamang magsasaka, "bakit nag-aatubili pa kayo?" Pakutyang sinasagot naman ito ng mga mayamang magsasaka, "Ano nga naman ang hahadlang sa inyong pagsapi? Ang mga taong tulad ninyo ay wala ni silungang bubong o sandakot na lupa!" Totoong ang mga maralitang magsasaka ay hindi natatakot na mawalan ng anuman. Marami sa kanila ang "wala ni silungang bubong o sandakot na lupa". Ano, kung gayon, ang hahadlang sa pagsapi nila sa mga samahang magsasaka? Ayon sa sarbey ng Bayan ng Changsha, ang mga maralitang magsasaka ang bumubuo sa 70 porsyento ng populasyon sa kanayunan, ang mga panggitna ay 20 porsyento at ang mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka ay 10 porsyento. Ang 70 porsyento, ang mga maralitang magsasaka, ay maaaring hatiin pa sa dalawang kategorya, ang pinakadukha at ang hindi gaanong dukha. Ang pinakadukha,[12] na bumubuo sa 20 porsyento, ay ganap na walang pag-aari, ibig sabihin, ang mga taong wala ni lupa o salapi, wala ni anumang mapagkukunan ng kabuhayan, at napipilitang lumisan ng tirahan at maging mga mersenaryo o upahang manggagawa o gumagalang pulubi. Ang hindi gaanong dukha,[13] na 50 porsyento, ay ang mga parsyal na walang pag-aari, ibig sabihin, ang mga taong

may munting lupain o kaunting salapi na mas malaki ang nagagastos kaysa kinikita, at nabubuhay sa mabigat na trabaho at pighati sa buong taon, tulad ng mga nagyayaring-kamay, mga magsasakang kasamá (hindi kabilang ang mayayamang magsasakang kasamá) at ang mga magsasakang malamay-ari ng lupa. Ang malaking bilang na ito ng mga maralitang magsasaka, o sa kabuuan ay ang 70 porsyento ng populasyon sa kanayunan, ang gulugod ng mga samahang magsasaka, ang taliba sa pagbabagsak ng mga pwersang pyudal at ang mga bayani na bumalikat ng dakilang rebolusyonaryong tungkulin na sa mahahabang taon ay hindi naisagawa. Kung wala ang uring maralitang magsasaka (ang mga "hampaslupa", ayon sa bansag ng mga panginoong maylupa), magiging imposibleng likhain ang kasalukuyang rebolusyonaryong sitwasyon sa kanayunan, o maibagsak ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa at kumpletuhin ang demokratikong rebolusyon. Ang mga maralitang magsasaka, na siyang pinakarebolusyonaryong grupo, ang nakakuha ng pamumuno ng mga samahang magsasaka. Kapwa sa una at ikalawang yugto, halos lahat ng tagapangulo at kagawad ng komite ng mga samahang magsasaka sa pinakamababang antas ay mga maralitang magsasaka (sa mga opisyal sa mga samahan sa antas bayan sa Bayan ng Hengshan, ang mga pinakadukha ay bumubuo ng 50 porsyento, ang mga di gaanong dukha ay 40 porsyento at ang mga naghihirap na intelektwal ay 10 porsyento). Ang pamumuno ng mga maralitang magsasaka ay absolutong kinakailangan. Kung wala ang mga maralitang magsasaka, hindi magkakaroon ng rebolusyon. Ang pagtakwil sa kanilang papel ay pagtakwil sa rebolusyon. Ang pag-atake sa kanila ay pag-atake sa rebolusyon. Hindi sila kailanman nagkamali sa pangkalahatang direksyon ng rebolusyon. Sinira nila ang reputasyon ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Ibinagsak nila ang malalaki at maliliit na lokal na tirano at despotikong panginoong maylupa at pinanatili

nilang gapi ang mga ito. Marami sa kanilang aksyon sa yugto ng rebolusyonaryong pagkilos, na binansagang "lumalabis na", ang sa katunaya'y mismong mga bagay na kinakailangan sa rebolusyon. Nakagawa na ng ilang pagkakamali ang ilang gubyerno sa county, himpilan ng Guomindang sa county at mga samahang magsasaka sa county sa Hunan; ang ilan ay nakapagpadala pa ng sundalo para arestuhin ang mga opisyal ng mga samahan sa nakabababang antas, sa kahilingan ng mga panginoong maylupa. Malaking bilang ng mga tagapangulo at kagawad ng komite ng mga pambayang samahan sa mga county ng Hengshan at Hsianghsiang ay ibinilanggo. Ang pagkakamaling ito'y malubha at sumusuhay sa kapalaluan ng mga reaksyunaryo. Upang ito'y mahusgahan kung mali o hindi, kailangan mo lamang tingnan kung gaano ang naging kasiyahan ng mga panginoong maylupa at kung paano lumalaganap ang mga opinyong reaksyunaryo saanman ang mga tagapangulo o kagawad ng komite ng lokal na mga samahang magsasaka ay inaresto. Dapat nating bakahin ang kontra-rebolusyonaryong satsat tungkol sa "kilusan ng mga hampaslupa" at "kilusan ng tamad na mga magsasaka", at dapat na maging mas maingat na huwag magkamaling tulungan ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa sa kanilang mga atake sa uring maralitang magsasaka. Bagama't walang dudang may ilan sa mga maralitang lider magsasaka ay nagkaroon ng mga pagkukulang, kalakhan sa kanila ay nagbago na ngayon. Sila mismo ang masiglang nagbabawal sa pagsusugal at sumusupil sa panunulisan. Saan man malakas ang mga samahang magsasaka, ganap nang nahinto ang pagsusugal at naglaho na ang panunulisan. Sa ilang lugar, literal na nangyayari na hindi kumukuha ang mga tao ng anumang bagay na naiiwan sa tabing-daan at hindi ikinakandado ang mga pinto sa gabi. Ayon sa sarbey sa Hengshan, 85 porsyento ng mga maralitang lider magsasaka ay malaki ang iniunlad at pinatunayang sila'y may kakayahan

at masigasig. Labinlimang porsyento na lamang ang may masasamang gawi. Ang pinakamalalang maibabansag mo sa ganito ay "isang di malusog minorya", at hindi natin dapat tularan ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa na walang diskriminasyong naghuhusga sa kanila bilang mga "hampaslupa". Ang problemang ito ng "di malusog na minorya" ay malulutas lamang sa ilalim ng islogan ng mga samahang magsasaka na "palakasin ang disiplina", sa pamamagitan ng pagpopropaganda sa hanay ng masa, sa pamamagitan ng pag-eduka sa "di malusog na minorya", at sa pagpapahigpit ng disiplina ng samahan; hindi kailanman dapat na walang pakundangang magpadala ng sundalo upang mang-aresto, na siyang sumisira ng prestihiyo ng mga maralitang magsasaka at sumusuhay sa kapalaluan ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Kailangang bigyan ng partikular na pansin ang usaping ito.

## ANG LABING-APAT NA DAKILANG TAGUMPAY

Karamihan ng mga kritiko sa mga samahang magsasaka ay nagpaparatang na nakagawa sila ng maraming masasamang bagay. Dati ko nang naipaliwanag na ang mga atake ng mga magsasaka sa lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa ay isang lubos na rebolusyonaryong pagkilos at hindi mahahanapan ng puna. Ang mga magsasaka ay nakagawa ng maraming dakilang bagay, at upang masagot ang kritisismo ng mga tao, kailangang isa-isa nating masusing pag-aralan ang lahat ng kanilang aktibidad, upang makita kung ano ang tunay nilang nagawa. Pinagbukod-bukod at sinuma ko ang kanilang mga aktibidad sa nakalipas na ilang buwan; sa kabuuan, ang mga magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng mga samahang magsasaka ay may sumusunod na labing-apat na dakilang tagumpay.

## 1. PAG-OORGANISA NG MGA MAGSASAKA SA MGA SAMAHANG MAGSASAKA

Ito ang unang dakilang gawa ng mga magsasaka. Sa mga county tulad ng Hsiangtan, Hsianghsiang at Hengshan, halos lahat ng magsasaka ay organisado at halos walang sulok na hindi nila kinikilusan; ito ang mga lugar na pinakamataas ang antas. Sa ilang county tulad ng Yiyang at Huajung, ang bulto ng mga magsasaka ay organisado, habang may maliit na seksyon na nananatiling di organisado; ang mga lugar na ito ang nasa ikalawang antas. Sa ibang county tulad ng Chengpu at Lingling, habang ang maliit na seksyon ay organisado, ang bulto ng mga magsasaka ay nananatiling di organisado; ang mga lugar na ito ay nasa ikatlong antas. Ang kanlurang Hunan, na nasa ilalim ng kontrol ni Yuan Tsu-ming,[14] ay hindi pa naabot ng propaganda ng samahan, at sa maraming bayan nito, ang mga magsasaka'y di organisado; ito ang bumubuo ng ikaapat na antas. Humigit kumulang, ang mga pinakaabante ay ang mga county sa Gitnang Hunan, kung saan Changsha ang sentro, pumapangalawa iyong mga nasa timog Hunan, at ang kanlurang Hunan ay nagsisimula pa lamang mag-organisa. Ayon sa datos na tinipon ng pamprobinsyang samahang magsasaka noong nakaraang Nobyembre, ang mga organisasyong may kabuuang kasapiang 1,367,727 ay naitayo sa tatlumpu't pito sa pitumpu't pitong bayan ng probinsya. Sa kasapiang ito, naorganisa ang halos isang milyon noong Oktubre at Nobyembre nang ang kapangyarihan ng mga samahan ay lumakas, habang hanggang noong Setyembre ang kasapian ay aabot lamang sa 300,000-400,000. Nang dumating ang buwan ng Disyembre at Enero, nagpatuloy ang masiglang paglago ng kilusang magsasaka. Sa katapusan ng Enero ang kasapian ay maaaring umabot ng di kukulangin sa dalawang milyon. Dahil sa pangkalahatan, iisa ang pangalang ipinapasok ng isang pamilyang may karaniwang limang myembro, ang kabuuang tagasuporta ay malamang na aabot

sa sampung milyon. Ang kagulat-gulat at papabilis na takbo ng pagpapalawak ang nagpapaliwanag kung bakit ang lokal na mga tirano, despotikong panginoong maylupa at tiwaling opisyal ay naihiwalay, kung bakit ang publiko ay humanga sa ganap na pagbabago ng mundo mula noong magkaroon ng kilusang magsasaka, at kung bakit natamo ang isang dakilang rebolusyon sa kanayunan. Ito ang unang dakilang tagumpay ng mga magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng kanilang mga samahan.

## 2. PAGBIRA SA PULITIKA SA MGA PANGINOONG MAYLUPA

Kapag may organisasyon na ang mga magsasaka, ang unang isinasagawa nila ay ang pagwasak sa pampulitikang prestihiyo at kapangyarihan ng uring panginoong maylupa, at laluna ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, at ito'y nangangahulugan ng pagbabagsak sa awtoridad ng mga panginoong maylupa at pagtatayo ng awtoridad ng magsasaka sa lipunang rural. Ito'y isang napakahalaga at lubhang kinakailangang pakikibaka. Ito ang susing pakikibaka sa ikalawang yugto, ang yugto ng rebolusyonaryong pagkilos. Kung hindi matagumpay sa pakikibakang ito, imposibleng magtagumpay sa pang-ekonomyang pakikibaka para sa pagpapababa ng upa at interes, pag-agaw ng lupa at kagamitan sa produksyon, at iba pa. Sa maraming lugar sa Hunan tulad ng mga county ng Hsianghsiang, Hengshan at Hsiangtan, hindi problema ito dahil ang awtoridad ng mga panginoong maylupa ay naitaob na at ang mga magsasaka ang tanging awtoridad. Subalit sa mga county tulad ng Liling, mayroon pa ring mga lugar (tulad ng mga distrito sa kanluran at timog ng Liling) kung saan ang awtoridad ng mga panginoong maylupa ay mukhang mas mahina kaysa mga magsasaka, ngunit dahil ang pampulitikang pakikibaka ay hindi naging matalas, sa katotohanan, ito'y palihim na nakikipagkumpitensya rito. Sa

ganitong mga lugar, masyado pang maagang sabihin na natamo na ng mga magsasaka ang tagumpay sa pulitika; kailangan silang maglunsad ng mas masiglang pampulitikang pakikibaka hanggang ang awtoridad ng mga panginoong maylupa ay ganap nang mawasak. Sa kalahatan, ang mga pamamaraang ginamit ng mga magsasaka para birahin sa pulitika ang mga panginoong maylupa sa pulitika ay ang sumusunod:

Pagtutuos ng kwenta. Kadalasan, hinuhuthot ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa ang salaping publiko na napapasakamay nila, at ang kanilang kwenta ay hindi maayos. Ngayon ay ginagamit ng mga magsasaka ang pagtutuos ng kwenta bilang paraan para ibagsak ang malaking bilang ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Sa maraming lugar, itinayo ang mga komite sa pagtutuos ng kwenta sa tanging layuning singilin ang katiwalian nila sa pinansya, at ang unang palatandaan pa lamang ng pagtatayo ng ganitong mga komite ay agad na nakapagpapanginig sa kanila. Ang mga kampanyang tulad nito ay isinagawa sa lahat ng county kung saan aktibo ang mga samahang magsasaka; mahalaga ang mga ito hindi lamang para mabawi ang salapi kundi higit pa'y para mailantad ang krimen ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, at para maibagsak sila sa kanilang katayuan sa pulitika at sa lipunan.

Pagpapataw ng multa. Ang mga magsasaka ay nagpapataw ng multa para sa mga pagkakasalang tulad ng iregularidad na inilitaw ng mga pagtutuos ng kwenta, mga nakaraang pagmamalupit sa mga magsasaka, mga kasalukuyang aktibidad na sumisira sa mga samahang magsasaka, mga paglabag sa pagbabawal ng pagsusugal at ang pagtangging isuko ang mga pipa ng opyo. Pinagbabayad ang lokal na tiranong iyon ng ganito kalaki; pinagbabayad ang despotikong panginoong maylupang iyon ng ganoong kalaki, na kung minsan ang halaga ay umaabot sa sampung libo hanggang ilampung libong yuan.

Mangyari pa, ang isang tao na pinatawan ng multa ng mga magsasaka ay lubos na napapahiya.

Pagpapataw ng mga kontribusyon. Ang walang konsyensyang mayayamang panginoong maylupa ay pinagkokontribusyon sa tulong sa mahihirap, sa organisasyon ng mga kooperatiba o paluwagan ng mga magsasaka, o sa iba pang layunin. Bagamat mas magaang kaysa mga multa, isang anyo rin ang mga kontribusyong ito ng parusa. Para makaiwas sa gulo, marami-raming panginoong maylupa ang nagbibigay ng boluntaryong kontribusyon sa mga samahang magsasaka.

Maliliit na protesta. Kapag pininsalaan ng isang tao ang mga samahang magsasaka sa salita o di kaya'y sa gawa at ang pagkakasala ay maliit, nagtitipon ang mga magsasaka at dinudumog ang bahay ng may pagkakasala upang magreklamo sa kanya. Kadalasan, pinatatawad siya matapos sumulat ng pangako na "titigil at iiwas" kung saan malinaw niyang ipinapahayag na hindi na niya sisiraan ang mga samahang magsasaka sa hinaharap.

Malalaking demonstrasyon. Nagtitipon ang malaking bilang ng mga tao para magdemonstrasyon laban sa isang lokal na tirano o isang despotikong panginoong maylupa na kaaway ng samahan. Ang mga demonstrador ay kumakain sa bahay ng nagkasala, at karaniwa'y kinakatay ang kanyang mga baboy at kinakain ang kanyang bigas. Ilang kasong tulad nito ang naganap. Kamakailan lamang, may isang kaso sa Machiaho, county ng Hsiangtan kung saan labinlimang libong magsasaka ang nagtungo sa bahay ng anim na despotikong panginoong maylupa at nagdemonstrasyon; ang buong pangyayari ay nagtagal ng apat na araw kung saan mahigit sa 130 baboy ang kinatay at kinain. Matapos ang ganitong mga demonstrasyon, kadalasa'y nagpapataw pa ng multa ang mga magsasaka.

"Pagkorona" sa mga panginoong maylupa at pagparada sa kanila sa mga baryo. Ang ganitong bagay ay karaniwang-karaniwan. Ang isang mataas na sumbrerong papel ay inilalagay sa ulo ng lokal na tirano o kaya despotikong

panginoong maylupa, na nakasulat ang "si ganoo't-ganitong lokal na tirano" o di kaya ay "si ganoo't-ganitong despotikong panginoong maylupa". Hinihila siya ng tali at sinasabayan ng maraming tao sa harapan at likuran. Kung minsan, tinatambol ang mga gong na tanso at iwinawagayway ang mga bandera upang makuha ang atensyon ng mga tao. Ang ganitong tipo ng parusa ang siyang pinakakinatatakutan ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Ang sinuman na minsan nang nakoronahan ng mataas na sumbrerong papel ay lubos na napapahiya at hindi na kailanman makapagtataas pa ng kanyang ulo. Kung gayon, mas ginugusto pa ng mga panginoong maylupa na magmulta kaysa pagsuotin ng mataas na sumbrerong papel. Subalit kailangang isuot nila ito kung ipagpipilitan ng mga magsasaka. Inaresto ng isang mahusay na pambayang samahang magsasaka ang isang kasuklam-suklam na panginoong maylupa at ipinamalitang kokoronahan siya sa araw na iyon mismo. Namutla sa takot ang taong ito. Pagkatapos, ipinasya ng samahan na hindi muna siya koronahan sa araw na iyon. Ikinatwiran nilang kung agad siyang kokoronahan, magmamatigas siya at hindi na matatakot, at mas mainam na pauwiin na at koronahan na lamang sa ibang araw. Dahil hindi niya alam kung kailan siya kokoronahan, ang taong ito'y laging hindi mapakali, hindi mapalagay at hindi makatulog nang mahimbing.

Pagkulong sa mga panginoong maylupa sa bilangguan ng county. Ito'y mas mabigat na kaparusahan kaysa pagpapasuot ng mataas na sumbrerong papel. Ang isang lokal na tirano o despotikong panginoong maylupa ay inaaresto at dinadala sa bilangguan ng county; ikinukulong siya rito, at kailangang litisin at parusahan siya ng hukom ng county. Sa kasalukuyan, iba na ang mga taong ikinukulong. Dati, ang mga magsasaka ang ipinakukulong ng mga panginoong maylupa, ngayon ang kabaligtaran ang nangyayari.

"Pagdidistiyero". Hindi gugustuhin ng mga magsasaka

na idistiyero ang pinakapusakal na mga kriminal sa hanay ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, mas nanaisin pa nilang arestuhin o di kaya'y patayin ang mga ito. Dahil sa takot na maaresto o di kaya'y mapatay, sila'y tumatakas. Sa mga county kung saan ang kilusang magsasaka ay maunlad na, halos lahat ng kilalang lokal na tirano at despotikong panginoong maylupa ay tumakas na, ito'y nangangahulugan na rin ng pagdidistiyero. Sa hanay nila, ang mga nangunguna ay tumakas patungong Shanghai, iyong mga pumapangalawa ay pumuntang Hankow, ang mga pumapangatlo ay sa Changsha, at ang mga pumapang-apat ay lumisan sa mga kabayanan. Sa lahat ng puganteng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, iyong mga tumakas patungong Shanghai ang pinakaligtas. Iyong mga tumakas patungong Hankow, tulad ng tatlong nanggaling sa Huajung, ay nahuli rin at ibinalik. Iyong mga tumakas patungong Changsha ay nasa higit na panganib na mahuli anumang oras ng mga estudyante sa kapitolyo ng probinsya na nagmula sa mga bayang tinakasan nila; ako mismo'y nakakita ng dalawang inaresto sa Changsha. Iyong mga nagsipagtago sa kabayanan ng county ay nasa pumapang-apat na antas lamang, at madali silang matutunton ng mga magsasaka, na maraming mata at tainga. Minsa'y ipinahayag ng mga opisyal sa pinansya ang kahirapan ng Pamprobinsyang Gubyerno ng Hunan na maglikom ng salapi sa kalagayang idinidistiyero ng mga magsasaka ang mga panginoong maylupa, na nagpapakita kung hanggang saan hindi pinalalagpas ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa sa sarili nilang mga baryo.

Pagbitay. Para lamang ito sa pinakamasahol na lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, at ginagawa ito ng mga magsasaka kasama ang iba pang seksyon ng mamamayan. Tulad halimbawa nina Yang Chih-tse ng Ninghsiang, Chou Chia-kan ng Yuehyang at Fu tao-nan at Sun Po-chu ng

Huajung, na binaril ng maykapangyarihan sa paggigiit ng mga magsasaka at iba pang seksyon ng mamamayan. Sa kaso naman ni Yen Jung-chiu ng Hsiangtan, pinilit ng mga magsasaka at iba pang seksyon ng mamamayan ang hukom na ibigay sa kanila si Yen, at ang mga magsasaka na mismo ang bumitay sa kanya. Si Liu Chao ng Ninghsiang ay binitay ng mga magsasaka. Ang pagbitay kina Peng Chih-fan ng Liling at Chou Tien-chueh at Tsao Yun ng Yiyang ay nakabinbin, at nakabatay sa desisyon ng "espesyal na hukuman para sa paglilitis ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa". Ang pagbitay ng ganitong malalaking panginoong maylupa ay umaalingawngaw sa buong bayan at napakaepektibo sa pagpawi sa natitira pang mga kasamaan ng pyudalismo. Bawat bayan ay may ganitong mayor na mga tirano, ang ilan ay mayroong aabot sa higit sa sandosena habang ang iba naman ay may iilan lamang, ang pinakaepektibong paraan ng pagsupil sa mga reaksyunaryo ay ang pagbitay sa ilan sa bawat bayan, iyong mga nagkasala ng pinakakarumal-dumal na krimen. Sa panahong nasa rurok pa ng kapangyarihan ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, literal silang nangatay ng mga magsasaka nang hindi man lamang kumukurap. Si Ho Mai-chuan na sa sampung taon ay pinuno ng depensa sa Hsinkang, bayan ng Changsha, ang siyang may kagagawan sa pagpaslang sa mahigit sanlibong naghihirap na magsasaka, isang aksyong pabalbal niyang binansagang "pagbitay ng mga bandido". Sa akin mismong bayan ng Hsiangtan, sina Tang Chun-yen at Lo Shu-lin na siyang namumuno ng depensa sa Yintien ay pumatay ng mahigit sa limampung tao at buhay na inilibing ang apat pa, sa labing apat na taon mula 1913. Sa mahigit na limampung pinatay nila, ang unang dalawa ay lubos na inosenteng mga pulubi. Wika ni Tang Chun-yen, "Magsisimula ako sa pamamagitan ng pagpatay ng dalawang pulubi!" at sa gayo'y ganoon kadaling naputi ang buhay ng dalawang ito. Ganito ang kalupitan ng lokal na mga tirano at

despotikong panginoong maylupa sa mga naunang panahon; ganito ang Puting lagim na nilikha nila sa kanayunan, at ngayong bumangon na ang mga magsasaka at nagparusa ng ilan at lumikha ng mumunting takot sa pagsupil sa mga kontra-rebolusyonaryo, may katwiran ba ang pagsasabing hindi nila ito dapat isagawa?

## 3. PAGBIRA SA EKONOMYA SA MGA PANGINOONG MAYLUPA

Pagbabawal sa pagluluwas ng butil sa labas ng lugar, sa pagpapataas ng presyo ng butil, sa pagtatago at sa pang-iipit. Ito ang isa sa pinakamalalaking pangyayari sa nakalipas na mga buwan sa pang-ekonomyang pakikibaka ng mga magsasaka sa Hunan. Mula noong nakaraang Oktubre, pinigilan ng mga maralitang magsasaka ang pagluluwas ng butil ng mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka at ipinagbawal ang pagpapataas ng presyo ng butil at ang pagtatago at pang-iipit. Bunga nito, ganap na nakamit ng mga maralitang magsasaka ang kanilang layunin; napakahigpit ng pagbabawal sa pagluluwas ng butil, malaki-laki ang ibinagsak ng presyo ng butil, at ang pagtatago at pang-iipit ay natigil.

Pagbabawal ng pagtataas ng mga upa at deposito;[15] ahitasyon para sa pagpapababa ng upa at deposito. Noong nakaraang Hulyo at Agosto, nang mahina pa ang mga samahang magsasaka, nagbigay ng sunud-sunod na pabatid ang mga panginoong maylupa sa kanilang mga kasamá na ang upa at deposito ay itataas, katulad ng mahaba nilang praktika ng maksimum na pagsasamantala. Subalit pagsapit ng Oktubre, nang ang mga samahang magsasaka ay higit na lumakas at hayagan nang tumutol sa pagtaas ng upa at deposito, hindi na nangahas ang mga panginoong maylupa na muling banggitin ang usaping ito. Mula noong Nobyembre, habang nangingibabaw na ang mga magsasaka laban sa mga panginoong maylupa, humakbang pa sila pasulong sa

pamamagitan ng ahitasyon para sa mababang upa at deposito. Sayang, anila, at hindi pa sapat ang lakas ng mga samahang magsasaka noong mataas pa ang mga upa noong taglagas, disinsana'y naibaba na natin ito noon pa man. Ang mga magsasaka'y nagsasagawa ng malawakang propaganda para sa pagpapababa ng upa sa susunod na taglagas, at ang mga panginoong maylupa ay nagtatanong na kung paano isasagawa ang pagpapababang ito. Kaugnay naman ng pagpapababa ng deposito, ito'y sumusulong na sa Hengshan at iba pang mga county.

Pagbabawal ng pagkansela sa pagiging kasamá. Noong nakaraang Hulyo at Agosto ng nagdaang taon, marami pa ring nangyayaring pagkakansela ng mga panginoong maylupa sa pagiging kasamá ng mga magsasaka at muling ipinapaupa ito sa iba. Ngunit mula Oktubre, walang nangahas na magkansela sa pagiging kasamá. Sa kasalukuyan, ang pagkansela sa pagiging kasamá at ang muling pagpapaupa nito sa iba ay hindi na talaga maaari; ang nalalabi na lamang na bahagyang pinoproblema ay kung dapat bang kanselahin ang pakikisama kung nais ng panginoong maylupa na siya na mismo ang magbungkal ng lupa. Sa ilang lugar, maging ang ganito ay hindi pinahihintulutan ng mga magsasaka. Sa ibang mga lugar naman ay maaaring pahintulutan ang pagkansela sa pakikisama kung nais ng panginoong maylupa na siya na mismo ang magbungkal ng lupa, subalit lumalaki ang problema sa disempleyo sa hanay ng mga magsasakang kasamá. Wala pa ring unipormadong paraan ng paglutas ng suliraning ito.

Pagpapababa ng interes. Sa pangkalahatan, bumaba na ang interes sa Anhua, at may pagbaba na rin sa iba pang mga county. Subalit sa mga lugar kung saan malakas ang mga samahang magsasaka ay ganap nang napawi ang pagpapautang sa kanayunan, dahil "tumigil na sa pagpapautang" ang mga panginoong maylupa sa takot na gagawing "pag-

aaring komun" ang pera. Ang kasalukuyang tinatawag na pagpapababa ng interes ay pumapatungkol lamang sa lumang mga pagkakautang. Hindi lamang pinababa ang interes sa ganitong lumang mga pagkakautang, kundi pinagbabawalan pa ang nagpautang na ipagpilitan ang pagbabayad sa prinsipal ng utang. Ani ng maralitang magsasaka, "Huwag mo akong sisihin. Matatapos na ang taon. Babayaran na lang kita sa susunod na taon."

## 4. PAGPAPABAGSAK NG PYUDAL NA PAGHAHARI NG LOKAL NA MGA TIRANO AT DESPOTIKONG PANGINOONG MAYLUPA – PAGDUROG SA TU AT TUAN[16]

Ang lumang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa tu at tuan (ibig sabihin, distrito at kabayanan), at laluna sa antas ng tu, ang antas na tuwirang nakapailalim sa antas bayan, ay dating halos nasa eksklusibong kontrol ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Ang tu ay sumasaklaw sa populasyong mula sampung libo hanggang limampung libo, at may sariling armadong pwersa tulad ng kwerpo sa depensa ng bayan, may sariling kapangyarihang piskal tulad ng kapangyarihang magpataw ng buwis sa bawat mou[17] ng lupa, at may sarili rin itong kapangyarihang hudisyal tulad ng kapangyarihang mag-aresto, magkulong, maglitis at magparusa ng mga magsasaka kung kailan nito naisin. Ang despotikong mga panginoong maylupa na nagpapatakbo ng mga organong ito ay mistulang mga hari sa kanayunan. Kung ihahambing, ang mga magsasaka ay walang gaanong pakialam sa pangulo ng Republika, sa gubernador militar sa probinsya[18] o sa mahistrado ng county; ang tunay nilang mga "amo" ay ang mga haring ito ng kanayunan. Isang singhal lamang ng mga taong ito, ay alam na kaagad ng mga magsasaka na dapat silang mag-ingat. Bilang resulta ng kasalukuyang pag-aalsa sa kanayunan, ang awtoridad ng uring panginoong maylupa ay napabagsak na sa pangkalahatan, at kasunod nito'y natural

ding bumagsak ang mga organo ng gubyernong rural na dominado ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Pawang umiiwas sa mamamayan ang mga pinuno ng tu at tuan, hindi nangangahas na ipakita ang kanilang pagmumukha at ihinaharap ang lahat ng lokal na usapin sa mga samahang magsasaka. Umiiwas sila kasabay ng pagsabi na "Wala akong pakialam diyan".

Tuwing ang mga pag-uusap ay bumabaling sa mga pinuno ng tu at tuan, galit na sinasabi ng mga magsasakang, "Ang pangkat na 'yan! Katapusan na nila!"

Totoo nga, ang terminong "katapusan" ay tunay na naglalarawan sa katayuan ng lumang mga organo ng pamamahalang rural saanman rumagasa na ang sigwa ng rebolusyon.

## 5. PAGPAPABAGSAK NG ARMADONG PWERSA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT PAGTATAYO NG ARMADONG PWERSA NG MGA MAGSASAKA

Ang armadong pwersa ng uring panginoong maylupa ay mas maliit sa gitnang Hunan kaysa mga bahaging kanluran at timog ng probinsya. Kung may 600 riple sa bawat bayan, aabot sa 45,000 riple sa pitumpu't limang bayan; at sa katunayan, maaaring hihigit pa ito rito. Sa timog at gitnang bahagi kung saan maunlad ang kilusang magsasaka, hindi na kayang makipagtapatan ng pwersa ang uring panginoong maylupa dahil sa matinding bwelo ng pagbangon ng mga magsasaka, at sa kalakha'y sumuko na sa mga samahang magsasaka ang mga armadong pwersa nila at pumanig na sa mga magsasaka; ang mga halimbawa nito ay makikita sa mga county tulad ng Ninghsiang, Pingkiang, Liuyang, Changsha, Liling, Hsiangtan, Hsianghsiang, Anhua, Hengshan at Hengyang. Sa ilang county tulad ng Paoching, ang isang maliit na bilang ng armadong pwersa ng mga panginoong maylupa ay nagnunyutral, bagama't may tendensyang sumuko. Ang isa pang maliit na

seksyon ay lumalaban sa mga samahang magsasaka, subalit inaatake na sila ng mga magsasaka at hindi magtatagal ay maaaring malipol na sila, tulad halimbawa sa mga county ng Yichang, Linwu at Chiaho. Ang lahat ng armadong pwersa na naagaw sa ganoong paraan mula sa mga reaksyunaryong panginoong maylupa ay nirereorganisa sa isang "pamalagiang milisya sa kabahayan"[19] at ipinapailalim sa bagong mga organo ng pamamahala-sa-sarili sa kanayunan, na siyang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng magsasaka. Ang pag-agaw sa lumang mga armadong pwersang ito ay isang paraan kung saan ang mga magsasaka ay nakapagbubuo ng sariling armadong pwersa. Ang isang bagong pamamaraan ay sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga kwerpong nakasibat sa ilalim ng mga samahang magsasaka. Ang mga sibat na ito ay may matulis at magkabilang talim na nakakabit sa mahabang puluhan, at mayroon sa kasalukuyan na 100,000 na ganitong sandata sa county lamang ng Hsianghsiang. Ang ibang mga county tulad ng Hsiangtan, Hengshan, Liling at Changsha ay may 70,000-80,000 o 50,000-60,000 o 30,000-40,000 bawat isa. Ang bawat county na may kilusang magsasaka ay may mabilis na lumalaking kwerpo ng mga nakasibat. Ang mga magsasakang naaarmasan sa ganitong paraan ay bumubuo ng "iregular na milisya sa kabahayan". Ang malaking bilang na ito na armado ng sibat, na mas malaki pa sa lumang armadong pwersa na nabanggit sa itaas, ay isang bagong-silang na armadong kapangyarihan na makita lamang ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong malupa ay nasisindak na sila. Dapat tiyakin ng mga rebolusyonaryong awtoridad sa Hunan na malawakang naitatayo ang mga ito sa hanay ng mahigit dalawampung milyong magsasaka sa pitumpu't limang county ng probinsya, na ang bawat magsasaka, maging bata pa o nasa kanyang kalakasan, ay may hawak na sibat, at hindi dapat magkaroon ng pagbabawal na para bang ang sibat ay isang bagay na katatakutan. Ang sinumang natatakot kapag

nakakita ng kwerpo ng mga nakasibat ay tiyak na duwag! Ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa ang tanging natatakot sa kanila, subalit hindi sila dapat katakutan ng sinumang rebolusyonaryo.

## 6. PAGBABAGSAK SA KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA NG MAHISTRADO NG COUNTY AT NG KANYANG MGA SHERIP

Pinatunayan kamakailan lamang sa Haifeng, probinsya ng Kwangtung na ang gubyerno ng county ay hindi malilinis hangga't hindi bumabangon ang mga magsasaka. Ngayon ay mayroon pa tayong karagdagang patunay, partikular sa Hunan. Sa isang county kung saan ang kapangyarihan ay nasa kamay ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, ang mahistrado, kahit sino pa man siya, ay halos tiyak na tiwaling opisyal. Sa isang county kung saan nag-alsa ang mga magsasaka, malinis na ang gubyerno, kahit sino man ang hukom. Sa mga county na aking binisita, kailangang konsultahin ng mga mahistrado ang mga samahang magsasaka sa anumang usapin bago pa man ito isagawa. Sa mga county kung saan napakalakas ng kapangyarihang magsasaka, nakalilikha ng himala ang salita ng mga samahang magsasaka. Kung hiningi nitong arestuhin ang isang lokal na tirano sa umaga, hindi mangangahas ang mahistrado na paabutin pa ito ng tanghali; kung hiningi nitong mang-aresto sa tanghali, hindi siya mangangahas na paabutin pa ito ng hapon. Nang nagsisimula pa lamang maramdaman ang kapangyarihan ng mga magsasaka sa kanayunan, kumikilos ang mahistrado kasapakat ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa laban sa mga magsasaka. Nang ang kapangyarihan ng mga magsasaka ay lumakas hanggang sa pumantay na ito sa mga panginoong maylupa, ang posisyon ng mahistrado ay pagtatangkang pagbigyan kapwa ang mga panginoong maylupa at mga magsasaka, at tinatanggap ang ilan sa mungkahi ng samahang magsasaka habang tinatanggihan naman ang iba.

Ang pangungusap na ang salita ng mga samahang magsasaka ay "nakalilikha ng himala" ay umaangkop lamang kapag ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa ay ganap nang naibagsak ng mga magsasaka. Sa kasalukuyan, ang pampulitikang sitwasyon sa mga county tulad ng Hsianghsiang, Hsiangtan, Liling at Hengshan ay ang sumusunod:

(1) Lahat ng desisyon ay ginagawa ng isang pinagsanib na konsehong binubuo ng mahistrado at ng mga kinatawan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Ang konseho ay ipinatatawag ng mahistrado at nagpupulong sa kanyang tanggapan. Sa ilang county, tinatawag itong ang "pinagsanib na konseho ng mga organong pampubliko at lokal na gubyerno", at sa iba nama'y ang "konseho ng usaping pang-county". Bukod sa mahistrado mismo, ang mga dumadalo ay ang mga kinatawan ng samahang magsasaka ng county, konseho ng unyon ng mga manggagawa, samahan ng mga komersyante, samahan ng kababaihan, samahan ng istap sa paaralan, samahang estudyante at ang himpilan ng Guomindang.[20] Sa ganitong mga pulong ng konseho, naiimpluwensyahan ang mahistrado ng pananaw ng mga organisasyong pampubliko at di mababaling sinusunod ang kanilang mga kagustuhan. Ang pagkakaroon ng sistemang komiteng demokratiko sa gubyerno sa county, kung gayon, ay hindi gaanong mahirap gawin sa Hunan. Ang kasalukuyang gubyerno sa county ay napakademokratiko na, kapwa sa anyo at sustansya. Ang sitwasyong ito ay napasulpot lamang nitong nakaraang dalawa o tatlong buwan, ibig sabihin, mula nang magbangon ang mga magsasaka sa buong kanayunan at ibagsak ang kapangyarihan ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Ang nangyayari ngayon ay nagsisimulang magpabango ang mga mahistrado sa mga organisasyong pampubliko, dahil nakikita nilang bumagsak na ang kanilang lumang mga haligi at nangangailangan ng ibang mga haligi para mapanatili ang kanilang mga pwesto.

(2) Ang katulong na huwes ay halos walang kasong hinahawakan. Ang sistemang panghustisya sa Hunan ay isang sistema kung saan ang mahistrado ng county ang siyang umaako ng mga usaping panghustisya, at may isang katuwang sa paghawak ng mga kaso. Para yumaman, ganap na umaasa sa nakaraan ang mahistrado at kanyang mga alalay sa pagkulekta ng buwis at iba pang bayarin, pagkuha ng tao at pamimili ng kagamitan para sa armadong pwersa, at pangingikil ng salapi sa mga kasong sibil at kriminal sa pamamagitan ng pambabaluktot ng tama at mali, at ang huli ang pinakaregular at maasahang pagkukunan ng kita. Sa nakaraang mga buwan, sa pagbagsak ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, lahat ng maliliit na ligal na manlolokong ito ay naglaho. Dagdag pa, ngayo'y nalulutas ang mga suliranin ng mga magsasaka, malaki man o maliit, sa mga samahang magsasaka sa iba't ibang antas. Sa gayon ay walang anumang gawain ang katulong na huwes ng bayan. Sabi ng isang katulong na huwes sa Hsianghsiang sa akin, "Noong wala pang mga samahang magsasaka, karaniwang may animnapung kasong sibil o kriminal na dinadala sa gubyerno sa county bawat araw; ngayon ay tumatanggap na lamang kami sa karaniwan ng apat o lima bawat araw". Kung gayo'y natural na wala nang laman ang bulsa ng mga mahistrado at mga alalay nila.

(3) Ang mga armadong gwardya, ang pulisya at sherip ay umiiwas at hindi nangangahas na lumapit sa mga baryo upang mangikil. Noong nakaraan, ang mga taong baryo ay takot sa mga mula sa kabayanan, ngunit ngayon ang mga mula sa kabayanan ang takot sa mga taong baryo. Sa partikular, takot na magpunta sa baryo ang mababagsik na tuta ng gubyerno ng county – ang mga pulis, armadong gwardya at sherip – at kung sila'y pupunta rito, hindi na sila nangangahas pang mangikil. Nanginginig sila kapag nakikita ang mga sibat ng mga magsasaka.

## 7. PAGPAPABAGSAK NG AWTORIDAD NG ANGKAN NG ANSESTRAL NA MGA TEMPLO AT NAKATATANDA SA ANGKAN, NG AWTORIDAD PANRELIHIYON NG MGA DIYOS NG BAYAN AT BARYO, AT NG AWTORIDAD NG KALALAKIHANG MGA ASAWA

Ang isang tao sa Tsina ay kadalasang nakapailalim sa dominasyon ng tatlong sistema ng awtoridad: (1) ang sistemang pang-estado (pampulitikang awtoridad), mula sa gubyernong pambansa, pamprobinsya at pang-county hanggang sa pambayang antas; (2) ang sistema ng angkan (awtoridad ng angkan), mula sa sentral na ansestral na templo at sa mga sangay na templo hanggang sa pinuno ng tahanan; at (3) ang supernatural na sistema (relihiyosong awtoridad), mula sa Hari ng Impyerno hanggang sa mga diyos ng bayan at baryo na mula sa daigdig sa kailaliman, at mula sa Emperador ng Langit hanggang sa lahat ng iba't ibang diyos at espiritu na nagmumula sa daigdig sa kaitaasan. Para naman sa kababaihan, dagdag sa dominasyon ng tatlong sistema ng awtoridad na ito, dominado rin sila ng kalalakihan (ang awtoridad ng asawa). Ang apat na awtoridad na ito – ang awtoridad sa pulitika, ng angkan, ng relihiyon at ng kalalakihan – ay kumakatawan sa buong pyudal-patriyarkal na sistema at ideolohiya, at siyang apat na tanikalang gumagapos sa mamamayang Tsino, laluna sa mga magsasaka. Kung paano ibinagsak ng mga magsasaka ang pampulitikang awtoridad ng mga panginoong maylupa ay nailarawan na sa itaas. Ang pampulitikang awtoridad ng mga panginoong maylupa ang gulugod ng lahat ng iba pang sistema ng awtoridad. Kung maibabagsak ang awtoridad na iyon, ang awtoridad ng angkan at ang awtoridad ng asawa ay magsisimula nang gumuho. Sa mga lugar na malakas ang mga samahang magsasaka, ang mga nakatatanda sa angkan at mga tagapamahala ng mga pondo ng templo ay hindi na nangangahas na mang-api ng mga nakabababa sa angkan o magnakaw ng pondo ng angkan. Pinatalsik na ang

pinakamasasahol na nakatatanda sa angkan, na lokal na mga tirano. Wala nang nagtatangkang gumawa ng malulupit na kaparusahang pisikal o pagbitay na dati'y ginagawa sa mga templo ng angkan, tulad ng panggugulpi, panlulunod at paglilibing ng buhay. Ang lumang batas na nagbabawal sa kababaihan at maralitang tao sa mga handaan sa mga ansestral na templo ay nabali na rin. Ang kababaihan sa Paikuo sa county ng Hengshan ay nagtipon at dumagsa sa kanilang ansestral na templo, matatag na umupo at sumalo sa pagkain at pag-inom, habang ang mga nakatataas sa angkan ay walang nagawa kundi ang hayaan silang gawin ang kanilang gusto. Sa isa namang lugar kung saan ang mga maralitang magsasaka ay ipinagbawal sa mga handaan sa mga templo, ang isang grupo sa kanila ay dumagsa at kumain at uminom hanggang mabusog, habang ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa at ang iba pang lalaking nakasuot ng mahahabang damit ay tumalilis sa takot. Sa lahat ng lugar, ang awtoridad ng relihiyon ay sumusuray habang umuunlad ang kilusang magsasaka. Sa maraming lugar, inokupa ng mga magsasaka ang mga templo ng diyos bilang mga tanggapan. Sa lahat ng lugar, itinataguyod nila ang apropriyasyon ng mga ari-arian ng templo upang makapagsimula ng mga paaralan ng magsasaka at upang tustusan ang mga gastusin ng mga samahan, at tinatawag nilang "pampublikong kita mula sa pamahiin". Sa county ng Liling, ang pagbabawal sa mga pamahiin at ang pagbasag sa mga diyus-diyusan ay naging uso. Sa mga distrito nito sa hilaga, ipinagbawal ng mga magsasaka ang mga prosesyong nagsusunog ng insenso para payapain ang diyos ng salot. Maraming diyus-diyosan sa templong Taoista sa Fupoling sa Lukou, subalit nang nangailangan ng mas malaking lugar para sa pandistritong himpilan ng Guomindang, ang mga ito'y inihilera sa isang sulok at pinagsama-sama ang malalaki at maliliit, at wala ni isang magsasakang tumutol. Mula noo'y

madalang nang magsagawa ng mga sakripisyo sa mga diyos, magdaos ng mga relihiyosong seremonya at mag-alay ng banal na mga lampara kapag may namatay sa isang pamilya. Dahil ang inisyatiba sa usaping ito ay ginawa ng tagapangulo ng samahang magsasaka na si Sun Hsiao-shan, kinamumuhian siya ng lokal na mga paring Taoista. Sa kumbento ng Lungfeng sa Ikatlong Distrito ng Hilaga, sinibak ng mga magsasaka at mga guro sa primaryang paaralan ang mga kahoy na diyus-diyosan at ginamit ang mga ito sa pagluluto ng karne. Mahigit sa tatlumpung diyus-diyosan sa Monasteryo ng Tungfu sa Distrito ng Timog ang sama-samang sinunog ng mga estudyante at magsasaka, at dalawang maliliit na imahen lamang ni Poong Pao[21] ang inagaw ng isang matandang magsasaka na nagsabing, "Huwag kayong gumawa ng kasalanan!" Sa mga lugar kung saan nangingibabaw ang kapangyarihan ng mga magsasaka, tanging ang matatandang magsasaka at kababaihan ang naniniwala pa rin sa mga diyos, at ang mas batang mga magsasaka ay hindi na. Dahil sa ang huli ang kumukontrol sa mga samahan, ang pagpapabagsak ng awtoridad sa relihiyon at ang pagpawi ng pamahiin ay nagaganap sa lahat ng lugar. Kaugnay naman ng awtoridad ng mga asawa, mas mahina namang lagi ito sa hanay ng mga magsasaka dahil, batay sa pangangailangang pang-ekonomya, ang mga asawa ay kailangang manwal na magtrabaho nang higit kaysa mga asawa ng mas mayayamang uri at sa gayo'y may higit na papel at mas malaking kapangyarihan sa pagdedesisyon sa mga usaping pampamilya. Sa patuloy na pagkabangkarote ng ekonomya sa kanayunan nitong mga nakaraang taon, ang batayan sa dominasyon ng mga kalalakihan sa kababaihan ay humina na. Sa paglakas ng kilusang magsasaka, nagsisimula na ngayong mag-organisa ang kababaihan sa maraming lugar ng mga samahang kababaihan sa kanayunan; ang oportunidad para itaas nila ang kanilang noo ay dumating na, at ang

awtoridad ng asawa ay humihina sa bawat araw. Sa isang salita, ang buong pyudal-patriyarkal na sistema at ideolohiya ay sumusuray-suray sa paglakas ng kapangyarihan ng mga magsasaka. Gayunman, sa kasalukuyang panahon, nagko-konsentra ang mga magsasaka sa pagdurog sa pampulitikang awtoridad ng mga panginoong maylupa. Saan mang lugar na ito'y ganap nang nawasak, nagsisimula na silang isulong ang pag-atake sa tatlong iba pang saklaw ng dominasyon, ang dominasyon ng angkan, ng mga diyos at ng kalalakihan. Subalit ang ganitong mga atake ay nagsisimula pa lamang, at hindi magkakaroon ng ganap na pagbabagsak ng lahat ng tatlo hangga't hindi nakatatamo ang mga magsasaka ng ganap na tagumpay sa pang-ekonomyang pakikibaka. Kung gayon, ang ating kasalukuyang tungkulin ay ang pamunuan ang mga magsasaka na ibuhos ang kanilang pinakamalaking pagsisikap sa pampulitikang pakikibaka, upang ang awtoridad ng mga panginoong maylupa ay ganap nang maibagsak. Ang pang-ekonomyang pakikibaka ay dapat na agad isunod, upang pundamental nang malutas ang suliranin sa lupa at iba pang suliraning pang-ekonomya ng mga maralitang magsasaka. Kaugnay naman ng sistema ng angkan, pamahiin, at ang di-pagkakapantay sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, susunod ang pagpawi sa mga ito bilang natural na resulta ng tagumpay sa pampulitika at pang-ekonomyang pakikibaka. Kung lumabis ang pagsisikap, at maging arbitraryo at adelantado sa pagpawi sa mga ito, sasamantalahin ito ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa para magkalat ng kontra-rebolusyonaryong propaganda tulad ng "ang samahang magsasaka ay walang paggalang sa mga ninuno", "lumalapastangan sa diyos ang samahang magsa-saka at sumisira sa relihiyon" at "ang samahang magsasaka ay naninindigan sa paggawang komun ng mga asawa", ang lahat ng ito para sa layuning siraan ang kilusang magsasaka.

Ang isang halimbawa rito ay ang pinakahuling mga pangyayari sa Hsianghsiang sa Hunan at Yangshin sa Hupeh, kung saan sinamantala ng mga panginoong maylupa ang pagtutol ng ilang magsasaka sa pagbasag ng mga diyus-diyosan. Ang mga magsasaka ang gumawa ng mga diyus-diyosan, at darating ang panahong itatapon nila ang mga diyus-diyosang ito sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay; hindi kinakailangang iba ng gumawa nito para sa kanila nang wala sa panahon. Ang patakaran sa propaganda ng Partido Komunista kaugnay ng ganitong mga usapin ay dapat maging, "Hatakin ang pana nang hindi ito itinitira; ituro lamang ang direksyon."[22] Nasa mga magsasaka mismo ang pagtatakwil sa mga diyus-diyosan, ang pagbabagsak sa mga templo ng martir na birhen at sa mga arko sa dalisay at tapat na mga biyuda; mali para sa sinuman na gawin ito para sa kanila.

Habang ako'y nasa kanayunan, nagsagawa ako ng propaganda laban sa pamahiin sa hanay ng mga magsasaka. Ang wika ko:

"Kung naniniwala kayo sa Walong Karakter,[23] umaasa kayo sa swerte; kung naniniwala kayo sa heomansya,[24] umaasa kayo ng benepisyo mula sa lokasyon ng libingan ng inyong mga ninuno. Sa taong ito, sa panahon ng ilang buwan, ang lokal na mga tirano, despotikong panginoong maylupa at tiwaling opisyal ay nagsibagsakan na mula sa kanilang mga pedestal. Posible bang noong nakaraang ilang buwan, sila'y may swerte at tinatamasa ang benepisyo ng magandang lugar ng libingan ng kanilang mga ninuno, ngunit nitong mga nakaraang buwan ay bigla na lamang nagbago ang kanilang swerte at ang libingan ng kanilang mga ninuno ay bigla na lamang nawalan ng benepisyal na impluwensya? Kina-kantyawan ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa ang inyong mga samahang magsasaka at nagsasabi, 'Kataka-taka! Ngayon ang daigdig ay daigdig ng mga kagawad

ng komite. Tingnan mo, hindi ka man lamang makaihi nang hindi nakakasalubong ng isang kagawad ng komite!' Totoo nga naman, ang mga baryo at bayan, mga unyon ng manggagawa at samahang magsasaka, ang Guomindang at ang Partido Komunista, lahat ay mayroong mga kagawad ng komiteng tagapagpaganap – tunay ngang daigdig ito ng mga kagawad ng komite. Ngunit ang ganito ba'y dahil sa Walong Karakter at sa lokasyon ng libingan ng mga ninuno? Nakapagtataka! Ang Walong Karakter ng lahat ng kawawang sawimpalad sa kanayunan ay biglang naging mapalad! At ang mga libingan ng kanilang mga ninuno ay biglang nagsisipagbigay ng benepisyal na impluwensya! Ang mga diyos? Sumamba kayo. Ngunit kung mayroon lamang kayong Poong Kuan[25] at Diyosa ng Awa at wala namang samahang magsasaka, maibabagsak ba ninyo ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa? Ang mga diyos at diyosa ay talagang miserableng mga bagay. Sinamba ninyo sila sa ilandaang taon, at hindi nila nagawang makapagpabagsak ni isa sa lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa para sa inyo! Ngayon ay nais ninyong mabawasan ang upa sa lupa. Tatanungin ko kayo, paano ninyo ito gagawin? Maniniwala ba kayo sa mga diyos o sa samahang magsasaka?"

Sa mga salita kong ito, ang mga magsasaka'y maingay na nagtawanan.

## 8. PAGPAPALAGANAP NG PAMPULITIKANG PROPAGANDA

Kahit na sampung libong paaralan ng abogasya at syensyang pampulitika ang binuksan, makapagbibigay ba sila ng sindaming edukasyong pampulitika sa mamamayan, kalalakihan at kababaihan, bata at matanda, hanggang sa pinakaliblib na mga lugar ng kanayunan, gaya ng nagawa ng mga samahang magsasaka sa napakaikling panahon? Sa tingin ko'y hindi. "Ibagsak ang Imperyalismo!" "Ibagsak ang

mga warlord!” “Ibagsak ang mga tiwaling opisyal!” “Ibagsak ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa!” – ang mga pampulitikang islogang ito ay nagkapakpak, at nakarating sa kabataan, sa mga may edad at matatanda, sa mga babae at bata sa di mabilang na mga baryo, tumagos ang mga ito sa kanilang mga isip at namumutawi sa kanilang mga labi. Halimbawa, masdan mo ang mga batang naglalaro. Kapag ang isa ay nagalit sa isa pa, kapag nanlisik ang kanyang mga mata, kapag ipinadyak niya ang kanyang mga paa at itinaas ang kamao, agad mong maririnig sa kanyang katunggali ang nakakatulilig na sigaw na “Ibagsak ang Imperyalismo!”

Sa lugar ng Hsiangtan, kapag nag-aaway ang mga batang nagpapastol, ang isa'y magpapanggap na si Tang Sheng-chih, at ang isa nama'y si Yeh Kai-shin;[26] kapag ang isa'y natalo at tumakbo, at hinahabol ng kalaban niya, ang humahabol ang nagiging si Tang Sheng-chih at ang tumatakbo ay si Yeh Kai-shin. Kaugnay naman ng kantang “Ibagsak ang mga Imperyalistang Kapangyarihan!” mangyari pa na kayang kantahin ito ng halos lahat ng bata sa mga kabayanan, at ngayon, maraming bata na sa baryo ang nakakakanta na rin nito.

Kaya ring bigkasin ng ilan sa magsasaka ang Testamento ni Dr. Sun Yat-sen. Pinipili nila ang mga katagang “kalayaan”, “pagkakapantay-pantay”, “ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan” at “di pantay na tratado”, at ginagamit ito kahit na napakakrudo, sa pang-araw-araw na buhay. Kapag ang isang taong mukhang panginoong maylupa ay nakasalubong ng isang magsasaka, at tumangging magbigay ng daan, ang magsasaka'y galit na magsasabi, “Hoy, ikaw na lokal na tirano, hindi mo ba alam ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan?” Noong una kung nagpupunta sa lunsod ang mga magsasaka mula sa mga taniman ng gulay sa kabukiran ng Changsha para ibenta ang kanilang mga produkto, inaapi-api sila ng

mga pulis. Ngayon ay nakahanap na sila ng sandata, at ito'y walang iba kundi ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan. Kapag nanakit at nang-alimura ng isang magsasaka ang isang pulis, ang magsasaka'y agad na sumasagot sa pamamagitan ng pagtukoy sa Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan at ito'y agad na nakapagpapatigil sa pulis. Minsan sa Hsiangtan, nang hindi magkasundo ang isang pandistritong samahang magsasaka at isang pambayang samahang magsasaka, sinabi ng tagapangulo ng pambayang samahang magsasaka na, "Ibagsak ang di pantay na mga tratado ng pandistritong samahang magsasaka!"

Ang paglaganap ng pampulitikang propaganda sa buong kanayunan ay pawang tagumpay ng Partido Komunista at mga samahang magsasaka. Lumikha ang mga simpleng islogan, komiks at talumpati ng napakalawak at napakabilis na epekto sa hanay ng mga magsasaka na para bang ang bawat isa sa kanila'y nagtapos sa isang paaralang pampulitika. Ayon sa ulat ng mga kasamang kumikilos sa kanayunan, napakalaganap ng pampulitikang propaganda sa panahon ng tatlong malalaking pangmasang rali, ang demonstrasyong anti-Britanya, ang pagdiriwang ng Rebolusyong Oktubre at ang pagdiriwang ng tagumpay ng Ekspidisyong Pahilaga. Sa mga okasyong ito, malawakang isinagawa ang pampulitikang propaganda saan man mayroong samahang magsasaka, na nakapukaw sa buong kanayunan nang may napakalaking epekto. Mula ngayon kailangang maging masusi sa paggamit ng lahat ng oportunidad para unti-unting mapayaman ang laman at mailinaw ang kahulugan ng ganitong mga simpleng islogan.

## 9. MGA PAGBABAWAL AT PROHIBISYON NG MGA MAGSASAKA

Kapag itinatatag ng mga samahang magsasaka, sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista, ang kanilang awtoridad sa kanayunan, nagsisimulang ipagbawal o higpitan ng mga

magsasaka ang mga bagay na ayaw nila. Ang paglalaro, pagsusugal at paggamit ng opyo ang tatlong bagay na pinakaistriktong ipinagbabawal.

Paglalaro. Sa mga lugar na malakas ang samahang magsasaka, ang mahjong, domino at larong baraha ay ganap na ipinagbabawal.

Sinunog ng samahang magsasaka sa ika-14 na Distrito ng Hsianghsiang ang dalawang basket na puno ng mga gamit sa mahjong.

Kung pupunta ka sa kanayunan, makikita mong wala ni isa sa mga ito ang nilalaro; ang sinumang lumabag sa pagbabawal ay pinarurusahan agad at sa istriktong paraan.

Pagsusugal. Ang dating talamak na mga sugarol ay siya ngayon mismong sumusupil sa pagsusugal; ang abusong ito rin ay napawi na sa mga lugar kung saan makapangyarihan ang samahang magsasaka.

Paggamit ng opyo. Napakaistrikto ng prohibisyon dito. Kapag ipinag-utos ng samahang magsasaka ang pagsusuko ng pipa ng opyo, walang sinumang mangangahas na tumutol nang kahit kaunti. Sa county ng Liling, ang isang despotikong panginoong maylupa na hindi nagsuko ng kanyang mga pipa ay inaresto at ipinarada sa baryo.

Ang kampanya ng mga magsasaka para "disarmahan ang mga gumagamit ng opyo" ay kasing kahanga-hanga ng pagdisarma ng Hukbo ng Ekspedisyong Pahilaga sa mga tropa nina Wu Pei-fu at Hsun Chuang-fang.[27] Hindi iilang kagalang-galang na mga ama ng mga opisyal sa rebolusyonaryong hukbo, mga matatandang gumon sa opyo at hindi maihihiwalay sa kanilang mga pipa ang dinisarmahan ng mga "emperador" (na siyang painsultong ibinabansag ng mga despotikong panginoong maylupa sa mga magsasaka). Ipinagbawal ng mga "emperador" hindi lamang ang pagtatanim at paggamit ng opyo kundi maging ang pagbebenta nito. Malaking bulto

ng opyo na ibinyahe mula Kweichow patungong Kiangsi na dadaan sa mga county ng Paoching, Hsianghsiang, Yushien at Liling ay kinumpiska sa daan at sinunog. Ito'y nakaapekto sa kita ng gubyerno. Bunga nito, at bilang konsiderasyon sa pangangailangan ng hukbo ng pondo para sa Ekspedisyong Pahilaga, inatasan ng pamprubinsyang samahang magsasaka ang mga samahan sa nakababang antas na "pansamantalang ipagpaliban ang pagbabawal ng pagbebenta ng opyo". Subalit ito'y ikinabahala at ikinagalit ng mga magsasaka.

Marami pang ibang bagay bukod sa tatlong ito na ipinagbawal o hinigpitan ng mga magsasaka, at ang mga sumusunod ay ilang halimbawa:

Ang bulaklaking tambol. Ang mga bulgar na pagtatanghal ay ipinagbabawal sa maraming lugar.

Mga upuang pinapasan. Sa maraming bayan, laluna sa Hsianghsiang, maraming kaso ng pagwasak ng upuang pinapasan. Dahil namumuhi sa mga taong gumagamit ng sasakyang ito, laging handa ang mga magsasaka na wasakin ang mga upuan, subalit pinagbabawalan sila ng mga samahang masasaka. Anang mga opisyal ng samahan sa mga magsasaka, "Kung wawasakin ninyo ang mga upuan, makatitipid lamang ng salapi ang mayayaman at ang mga tagapasan ng mga ito'y mawawalan ng hanapbuhay. Hindi ba't makasasama lamang ang gayon sa mga tao natin mismo?" Dahil sa nakikita ng mga magsasaka ang katwirang ito, sila'y gumawa ng panibagong taktika – ang pagpapataas ng bayad na sinisingil ng mga tagapasan ng mga upuang ito upang pahirapan ang mga mayayaman.

Ang paggawa ng alak at asukal. Ang paggamit ng butil sa paggawa ng alak at paggawa ng asukal ay ipinagbabawal sa lahat ng lugar, at panay ang angal ng mga tagagawa nito. Ang paggawa ng alak ay hindi ipinagbabawal sa Futienpu sa county ng Hengshan, subalit pinapanatiling mababa ang presyo, kaya't

itinigil ng mga tagagawa at tagabenta nito dahil sa nakita nilang hindi sila tutubo.

Mga Baboy. Ang bilang ng baboy na aalagaan ng isang pamilya ay nilimitahan dahil sa ang baboy ay kumokonsumo ng butil.

Mga Manok at Pato. Sa county ng Hsianghsiang ipinag-bawal ang pag-aalaga ng manok at pato, subalit tinututulan ito ng kababaihan. Sa county ng Hengshan, ang bawat pamilya sa Yangtang ay pinahihintulutan lamang na mag-alaga ng tatlo at sa Futienpu ay lima. Sa maraming lugar ang pag-aalaga ng pato ay ganap na ipinagbabawal, dahil sa ang pato ay hindi lamang kumokunsumo ng butil kundi sumisira pa ng mga taniman ng palay at sa gayon ay mas masahol pa sa mga manok.

Mga Pista. Sa pangkalahatan, ipinagbabawal ang marangyang mga pista. Sa Shaoshan, county ng Hsiangtan, pinagpasyahang ang mga bisita ay hahainan lamang ng tatlong klase ng pagkaing karne, ibig sabihin, manok, isda at baboy. Ipinagbabawal din ang paghahanda ng ubod ng kawayan, kelp at sotanghon. Sa county ng Hengshan, pinagpasyahan na hindi hihigit sa walong putahe lamang ang ihahain sa isang handaan.[28] Limang putahe lamang ang pinahintulutang ihanda sa Ikatlong Silangang Distrito sa county ng Liling, tatlong putaheng karne at tatlong putaheng gulay naman ang sa Ikalawang Hilagang Distrito, habang sa Ikatlong Kanlurang Distrito naman ay ganap na ipinagbabawal ang mga pista sa Bagong Taon. Sa county ng Hsianghsiang, may pagbabawal sa lahat ng "pistang may bibingkang-itlog", na kung tutuusin ay hindi naman marangya. Nang magbigay ng "pistang may bibingkang-itlog" sa kasal ng isang anak ang isang pamilya sa Ikalawang Distrito ng Hsianghsiang, nang makita ng mga magsasakang nilabag ang pagbabawal, dumagsa sila sa handaan at ipinatigil ang selebrasyon. Sa bayan ng Chiamo, county ng Hsianghsiang, umiiwas ang mga tao sa magastos na mga pagkain at prutas lamang ang ginagamit sa pag-aalay ng

mga sakripisyo sa mga ninuno.

Mga Baka (Oxen). Ang baka ang pinakaiingatang pag-aari ng mga magsasaka. Ang kasabihang "Kumatay ka ng baka sa buhay na ito at magiging baka ka sa susunod mong buhay" ay halos isa nang paniniwalang relihiyoso; kailanman ay hindi dapat pumatay ng baka. Bago magkaroon ng kapangyarihan ang mga magsasaka, ang magagawa lamang nila ay umapela sa relihiyosong pagbabawal sa pagtutol sa pagpatay ng baka at wala silang paraan para ipagbawal ito. Mula nang magbangon ang mga samahang magsasaka, umabot ang kanilang kapangyarihan sa mga baka, at ipinagbawal na nila ang pagkatay ng baka sa mga kabayanan. Sa anim na katayan sa kabayanan ng Hsiangtan, ang lima ngayo'y naipasara na at ang natitira'y kumakatay lamang ng mga mahihina o baldadong hayop. Ang pagkatay ng baka ay ganap na ipinagbabawal sa buong county ng Hengshan. Ang isang magsasaka na nabalian ng paa ang baka ay kumunsulta muna sa samahang magsasaka bago niya pingangahasang katayin ito. Nang ang Asosasyon ng mga Komersyante sa Chuchow ay walang pakundangang kumatay ng baka, sumugod sa bayan ang mga magsasaka at humingi ng paliwanag, at ang asosasyon, bukod sa pagbabayad ng multa, bilang paghingi ng paumanhin ay nagpaputok ng mga rebentador.

Mga Lagalag at Palaboy. Ipinagbawal ng isang resolusyon na pinagtibay sa County ng Liling ang pagtatambol ng mga pagbati sa Bagong Taon o ang pagsigaw ng papuri sa lokal na mga diyos o ang pag-awit ng mga rimang lotus. Marami pang ibang county ang may ganitong prohibisyon, o di kaya nama'y kusang naglalaho ang mga kaugaliang ito dahil na rin sa wala nang tumatangkilik nito. Ang mga "pulubing maton" o "bagamundo" na dati'y mga napakaagresibo ang ngayo'y walang magagawa kundi ang sumunod sa mga samahang magsasaka. Sa Shaoshan, county ng Hsiangtan,

dating ginagawang tambayan ng mga bagamundo ang templo ng Diyos ng Ulan at walang kinatatakutan, pero mula nang magbangon ang mga samahang magsasaka, nagsilikas na sila. Ang samahang magsasaka sa kabayanan ng Huti sa Hsiangtan din ay nakahuli ng tatlong ganitong mga lagalag at pinagtrabaho sila sa pagbubuhat ng luwad (clay) para sa hurno ng laryo (bricks). May mga resolusyong pinagtibay na nagbabawal sa maaksayang kaugalian na kaakibat ng mga panawagan at regalo sa Bagong Taon.

Bukod rito, marami pang minor na prohibisyon na ipinapatupad sa iba pang mga lugar, tulad ng mga prohibisyon sa Liling ng mga prosesyong nagsusunog ng insenso para raw payapain ang diyos ng salot, ang prohibisyon sa pagbili ng mga minatamis at prutas bilang regalo, ang pagsusunog ng mga ritwal na papel na damit sa panahon ng Pista ng mga Espiritu at ang pagdidikit ng mga poster para sa swerte sa Bagong Taon. Sa Kushui sa bayan ng Hsianghsiang, may pagbabawal maging sa paninigarilyo ng pipang-tubig. Sa Ikalawang Distrito, ipinagbabawal ang pagpapaputok ng rebentador at seremonyal na baril, at may multa itong 1.20 yuan sa una at 2.40 yuan sa huli. Ipinagbabawal ang mga relihiyosong ritwal para sa mga patay sa ika-7 at ika-20 Distrito. Sa ika-18 Distrito, ipinagbabawal ang pagreregalo ng salapi sa libing. Ang mga bagay na ganito, na hindi na mabilang, ay tinatawag sa pangkalahatan na mga pagbabawal at prohibisyon ng mga magsasaka.

Malaki ang kabuluhan ng mga ito sa dalawang aspeto. Una, kumakatawan ang mga ito sa pag-aalsa laban sa masasamang kaugaliang panlipunan, tulad ng paglalaro, pagsusugal at paggamit ng opyo. Lumitaw ang mga kaugaliang ito mula sa bulok na pampulitikang kapaligiran ng uring panginoong maylupa at napapawi sa oras na ang awtoridad nito ay ibinagsak. Ikalawa, ang mga prohibisyon ay isang anyo ng pagdepensa

sa sarili laban sa pagsasamantala ng mga komersyanteng lunsod, tulad ng pagbabawal ng mga pista at pamimili ng mga minatamis at prutas para mga regalong ritwal. Ang mga produktong manupaktura ay napakamahal at ang mga produktong agrikultural ay napakamura, ang mga magsasaka ay naghihikahos at walang awang pinagsasamantalahan ng mga komersyante, at kung gayon ay dapat nilang itaguyod ang pagtitipid upang protektahan ang kanilang mga sarili. Kaugnay naman ng pagbabawal sa paglalabas ng butil sa lugar, ipinapatupad ito upang hadlangan ang pagtaas ng presyo dahil kinakapos ang mga maralitang magsasaka ng pagkain at napipilitang bumili ng bigas sa pamilihan. Ang dahilan ng lahat ng ito ay ang karalitaan ng mga magsasaka at ang mga kontradiksyon sa pagitan ng kabayanan at kanayunan; hindi ito usapin ng pagtakwil nila sa mga produktong manupaktura o sa kalakalan sa pagitan ng kabayanan at kanayunan upang itaguyod ang tinatawag na Doktrina ng Kulturang Oriental.[29] Upang protektahan ang kanilang mga sarili sa ekonomya, dapat mag-organisa ang mga magsasaka ng mga kooperatibang konsyumer para sa kolektibong pagbili ng mga produkto. Kinakailangan ding tulungan ng gubyerno ang mga samahang magsasaka na magtayo ng mga kooperatibang paluwagan (pautang). Kung magagawa ang mga ito, makikita ng mga magsasakang hindi na kailangang ipagbawal ang paglalabas ng butil bilang paraan ng pagpapanatiling mababa ang presyo, at hindi na rin kakailanganing ipagbawal ang pagpasok ng ilang produktong manupaktura bilang pagdepensa-sa-sarili sa ekonomya.

## 10. PAGPAWI NG PANUNULISAN

Sa palagay ko, wala ni isang pinuno sa mga dinastiya mula Yu, Tang, Wen at Wu hanggang sa mga emperador ng Ching at mga presidente ng Republika na nakapagpakita ng husay sa

pagpawi ng panunulisan katulad ng mga samahang magsasaka ngayon. Sa mga lugar na makapangyarihan ang mga samahang magsasaka, wala ni anino ng panunulisan. Kataka-taka't sa ilang lugar, maging ang pangungupit ng gulay ay naglaho na. Sa ibang mga lugar, mayroon pa ring ilang mangungupit. Subalit sa mga county na aking nabisita, kahit na sa mga lugar na dati'y laganap ang panunulisan, wala ni isang tulisan. Ang mga dahilan nito ay: Una, ang mga kasapi ng samahang magsasaka ay nakakalat sa lahat ng lugar sa mga bundok at lambak, may hawak na sibat o batuta at handang lumaban ang daan-daan sa kanila, kung kaya't walang mapagtataguan ang mga tulisan. Ikalawa, mula nang magbangon ang kilusang magsasaka, ang presyo ng butil ay bumaba – ito'y anim na yuan bawat picul noong nakaraang tagsibol ngunit nitong nakaraang taglamig ay dalawang yuan na lamang – at ang suliranin sa pagkain ay hindi na gaanong malaking problema para sa mamamayan. Ikatlo, ang mga myembro ng lihim na mga sosyedad[30] ay sumapi na sa mga samahang magsasaka, kung saan hayagan at ligal silang makakapapel bilang bayani at mailalabas ang kanilang mga karaingan, kung kaya't hindi na kailangan pa ang mga lihim na "bundok", "tirahan", "templo" at "ilog" na anyo ng mga organisasyon.[31] Sa pagpatay sa mga baboy at tupa ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa at sa pagpapataw sa kanila ng malaking buwis at multa, may sapat silang paglalabasan ng kanilang damdamin laban sa mga nang-api sa kanila. Ikaapat, maramihang nagrerekluta ang mga hukbo ng mga sundalo at marami sa mga "magugulo" ang sumali. Sa gayon, ang kasamaan ng panunulisan ay nagwakas sa pagbabangon ng mga kilusang magsasaka. Sa usaping ito, maging ang mga nakaririwasa ay sumasang-ayon sa mga samahang magsasaka. Ang kanilang komentaryo ay "Ang mga samahang magsasaka? Makatwiran lamang na may masasabi ring mabuti tungkol sa kanila."

Sa pagbabawal ng paglalaro, pagsusugal at paggamit ng opyo, at sa pagpawi ng panunulisan, ang mga samahang magsasaka ay umani ng pangkalahatang papuri.

## 11. PAGPAWI NG NAPAKATAAS NA MGA BUWIS

Habang hindi pa napag-iisa ang bansa at hindi pa naibabagsak ang awtoridad ng mga imperyalista at mga warlord, wala pang paraan para alisin ang mabigat na pasaning buwis at mga pataw ng gubyerno sa mga magsasaka, o mas eksakto pa, ang pag-aalis ng mabigat na pasanin sa gastusin ng rebolusyonaryong hukbo. Gayunman, ang napakataas na mga buwis na ipinapataw sa mga magsasaka nang ang gubyerno sa kanayunan ay dominado pa ng lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa, halimbawa'y ang dagdag na pataw sa bawat mou ng lupa, ay napawi o di kaya'y napababa mula nang magbangon ang kilusang magsasaka at bumagsak ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa. Dapat ding ibilang ito sa mga tagumpay ang mga samahang magsasaka.

## 12. ANG KILUSAN PARA SA EDUKASYON

Sa Tsina, ang edukasyon ay laging eksklusibong para sa mga panginoong maylupa, at ang mga magsasaka ay walang pagkakataon dito. Subalit ang kultura ng mga panginoong maylupa ay nilikha ng mga magsasaka, dahil ang tanging pinagkukunan nito ay ang pawis at dugo ng mga magsasaka. Sa Tsina, 90 porsyento ng mamamayan ay walang edukasyon, at sa bilang na ito, ang napakalaking mayorya ay ang mga magsasaka. Sa sandaling naibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan, ang kilusan para sa edukasyon ng mga magsasaka ay nagsimula. Tingnan mo ang mga magsasakang dating namumuhi sa mga paaralan, sila ngayon ang masigasig na nagtatayo ng mga klase sa

gabi! Mula't sapul ay ayaw nila sa mga "paaralang estilong dayuhan". Noong panahong estudyante pa ako, kung ako'y bumabalik sa baryo at nakikitang laban sa mga "paaralang estilong dayuhan" ang mga magsasaka, ako rin ay pumapanig sa pangkalahatang takbo ng mga "estudyante at gurong estilong dayuhan" at ipinagtatanggol ito, at sa pakiramdam ko noo'y mali ang mga magsasaka. Noon lamang 1925, nang ako'y tumira sa kanayunan sa loob ng anim na buwan at ako'y Komunista na at taglay ang Marxistang pananaw, noon ko lamang nakita na mali pala ako at tama ang mga magsasaka. Ang mga tekstong ginagamit sa mga paaralang primarya sa kanayunan ay pawang hinggil sa mga bagay sa kalunsuran at hindi angkop sa mga pangangailangan ng kanayunan. Bukod rito, ang aktitud sa mga magsasaka ng mga guro sa primaryang paaralan ay napakasama, at sa halip na tulungan ang mga magsasaka ay kinamumuhian pa sila. Sa gayo'y mas gusto ng mga magsasaka ang mga lumang estilong paaralan ("mga paaralang Tsino", ayon sa kanila) kaysa mga modernong paaralan (na tinatawag nilang "mga paaralang dayuhan") at mas gusto nila ang mga gurong may lumang estilo kaysa mga nasa primaryang paaralan. Ngayon, masiglang nagtatayo ang mga magsasaka ng mga klase sa gabi, na tinatawag nilang mga paaralan ng magsasaka. Ang ilan ay bukas na, ang iba ay inoorganisa pa lamang, at karaniwa'y may isang paaralan bawat bayan. Ang mga magsasaka ay masiglang-masigla sa mga paaralang ito, at itinuturing ang mga ito, at tanging mga ito lamang, bilang sarili. Ang pondo para sa mga klase sa gabi ay nagmumula sa "pampublikong buwis mula sa pamahiin", mula sa pondo ng ansestral na templo, at mula sa iba pang pondo at kagamitang pampubliko na hindi ginagamit. Gustong gamitin ng mga lupon sa edukasyon ng county ang salaping ito para magtayo ng mga primaryang paaralan, ibig sabihin, "paaralang estilong dayuhan" na hindi angkop sa

pangangailangan ng mga magsasaka, habang gusto naman ng mga magsasaka naman na gamitin ito para sa mga paaralan ng magsasaka, at ang naging resulta ng pagtatalo ay kapwa nakakuha ng pondo ang magkabilang panig, bagama't may mga lugar kung saan nakuha ng mga magsasaka ang lahat ng pondo. Ang pag-unlad ng kilusang magsasaka ay nagresulta sa mabilis na pag-angat ng kanilang antas sa kultura. Hindi magtatagal at ilampung libong mga paaralan ang lilitaw sa mga baryo sa buong probinsya; ibang-iba ito sa sabi-sabi hinggil sa "unibersal na edukasyon" na ibinabando kabi-kabila ng intelihensya at mga tinatawag na "edukasyunalista" ngunit hanggang sa ngayon ay nananatiling hungkag.

## 13. ANG KILUSANG KOOPERATIBA

Sadyang kinakailangan ng mga magsasaka ang mga kooperatiba, laluna ang mga kooperatibang pangkonsyumer, pampamilihan, at pampaluwagan. Kapag bumili sila ng mga produkto, pinagsasamantalahan sila ng mga komersyante; kapag nagbenta sila ng kanilang mga produktong bukid, dinadaya sila ng mga komersyante; kapag nangutang sila ng salapi o bigas, pinipiga sila ng mga usurero; at sabik silang makakita ng solusyon sa tatlong problemang ito. Sa labanan sa Lambak ng Yangtze noong nakaraang taglamig, nang naputol ang mga ruta ng kalakalan at tumaas ang presyo ng asin sa Hunan, nag-organisa ang maraming magsasaka ng kooperatiba para bumili ng asin. Nang sadyang huminto sa pagpapautang ang mga panginoong maylupa, maraming pagtatangka ang mga magsasaka na mag-organisa ng mga ahensyang paluwagan, dahil kailangan nilang mangutang ng salapi. Isang malaking suliranin ang kawalan ng detalyado at istandardisadong patakaran sa organisasyon. Dahil madalas hindi umaalinsunod sa mga prinsipyo ng kooperatiba ang ispontanyong mga kooperatibang nabuo ng mga magsasaka,

laging sabik na nagtatanong ang mga kasamang kumikilos sa hanay ng mga magsasaka tungkol sa "mga patakaran at regulasyon". Kapag nabigyan ng wastong gabay, ang kilusang kooperatiba ay lalaganap sa lahat ng lugar kasabay ng paglago ng mga samahang magsasaka.

## 14. PAGTATAYO NG MGA LANSANGAN AT PAG-AAYOS NG MGA DIKE

Ito rin ay isa sa mga tagumpay ng mga samahang magsasaka. Bago magkaroon ng mga samahang magsasaka, ang mga lansangan sa kanayunan ay napakahirap daanan. Hindi maaayos ang mga lansangan nang walang salapi, at dahil ayaw ng mayayamang gastusan ito, ang mga lansangan ay naiwang sira-sira. Kung mayroon mang nagaganap na pag-aayos, ito'y bunga ng pagkakawang-gawa; ang kaunting salapi ay kinukulekta sa mga pamilyang "nagnanais na mapabuti sa kabilang daigdig", at ang ilang makikitid at maninipis na lansangan ay naitayo. Sa paglakas ng mga samahang magsasaka, may mga kautusang naglilinaw sa kinakailangang lapad – tatlo, lima, pito o sampung piye, batay sa pangangailangan ng iba't ibang ruta – at inatasan ang bawat panginoong maylupa na nasa tabing lansangan na magtayo ng isang bahagi nito. Matapos ibaba ang kautusan, sino ang mangangahas na tumutol? Sa maikling panahon, maraming mahusay na lansangan ang sumulpot. Ito'y hindi likha ng kawanggawa kundi resulta ng pamimilit, at ang kaunting pamimilit na tulad nito'y hindi naman masasabing masama. Ganito rin ang nangyari sa mga dike. Ang walang-awang mga panginoong maylupa ay walang ginagawa kundi huthutin ang makakaya nila sa kanilang mga magsasakang kasamá at hindi kailanman gagastos ni isang kusing para ipaayos ang mga dike; hahayaan nilang matuyo ang mga lawa at magutom ang mga magsasakang kasamá, na walang pakialam liban sa upa

sa lupa. Ngayong may mga samahang magsasaka na, tahasan nang inuutusan ang mga panginoong maylupa na ayusin ang mga dike. Kapag tumutol ang isang panginoong maylupa, magalang siyang sasabihan ng samahan na, "Sige! Kung ayaw mong ayusin ang dike, magbibigay ka ng butil, isang tou para sa isang araw ng trabaho". Dahil sa lugi ang mga panginoong maylupa sa kasunduang ito, nagmamadali niyang ipinapaayos ang mga dike. Sa gayon, maraming sirang dike ang naging maayos na.

Lahat ng labing-apat na tagumpay na nabanggit ay naisagawa ng mga magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng mga samahang magsasaka. Maaari bang pag-isipan ito ng mambabasa at sabihin kung alinman sa mga ito ay masama sa pundamental nitong diwa at rebolusyonaryong kabuluhan? Sa tingin ko'y tanging ang lokal na mga tirano at despotikong panginoong maylupa ang magsasabing masama ang mga ito. Nakapagtataka lamang na naiulat mula sa Nanchang[32] na sina Chiang Kai-shek, Chang Ching-chiang[33] at iba pang ginoo ay hindi lubos na sumasang-ayon sa aktibidad ng mga magsasaka sa Hunan. Ganoon din ang opinyon ni Liu Yueh-chih[34] at iba pang maka-Kanang lider sa Hunan, na lahat ay nagsasabing "Sila lamang ay naging mga Pulahan". Ngunit saan patutungo ang pambansang rebolusyong ito kung wala ang ganitong bahagyang Pula? Ang magsalita hinggil sa "pagpukaw sa masa ng sambayanan" sa araw-araw at saka manginig sa takot kapag nagbabangon na nga ang masa – ano ang kaibahan nito sa pagmamahal ni Poong Sheh sa mga dragon?[35]

## MGA TALA

1. Ang probinsya ng Hunan ang sentro noon ng kilusang magsasaka sa Tsina.

2. Si Chao Heng-ti, ang pinuno ng Hunan sa panahong iyon, ay ahente ng mga warlord sa hilaga. Pinabagsak siya ng Hukbo ng Ekspedisyong Pahilaga noong 1926.

3. Ibinagsak ng Rebolusyong 1911 ang awtokratikong rehimen ng dinastiyang Ching. Noong Oktubre 10 nang taong iyon, nag-alsa ang isang seksyon ng Bagong Hukbo ng dinastiyang Ching sa Wuchang, probinsya ng Hupeh sa pag-uudyok ng mga rebolusyonaryong sosyedad na burges at petiburges. Sinundan ito ng mga pag-aalsa sa ibang mga probinsya, at hindi nagtagal, bumagsak ang paghahari ng dinastiyang Ching. Noong Enero 1, 1912, ang Probisyunal na Gubyerno ng Republikang Tsina ay itinatag sa Nanking at inihalal si Sun Yat-sen bilang Probisyunal na Pangulo. Nagtagumpay ang rebolusyon sa pamamagitan ng alyansa ng burgesya sa magsasaka, manggagawa at petiburgesyang lunsod. Ngunit ang kapangyarihang pang-estado ay bumagsak sa mga kamay ng warlord sa Hilaga na si Yuan Shih-kai, at nabigo ang rebolusyon dahil ang grupong namuno rito ay likas na palasuko, nabigong magbigay ng tunay na benepisyo sa mga magsasaka at bumigay sa imperyalista't pyudal na presyur.

4. Ang mga ito ang kabutihang mula kay Confucius na isinalarawan ng isa niyang disipulo.

5. Ang lumang kasabihang Tsino na "paglampas sa nararapat na hanggahan sa pagwawasto ng mali", ay madalas na sipiin sa layuning pigilan ang pagkilos ng mga tao; ang mga repormang nananatili sa balangkas ng establisadong kaayusan ay pahihintulutan subalit ang mga aktibidad na naglalayon ng lubos na pagwasak sa lumang kaayusan ay ipagbabawal. Ang mga aksyon sa balangkas na ito ay itinuturing na "angkop", ngunit ang mga naglalayon ng lubos na pagwasak sa lumang kaayusan ay inilalarawan na "lumalampas sa nararapat na hanggahan". Ito'y kumbinyenteng doktrina para sa mga repormista at oportunista sa hanay ng mga rebolusyonaryo. Pinatunayan ni Kasamang Mao Zedong na mali ang ganitong tipo ng repormistang doktrina. Ang kanyang sinabi sa teksto na "Dapat lampasan ang nararapat na mga hanggahan para iwasto ang mali, at kung hindi, hindi maiwawasto ang pagkakamali" ay nangangahulugang ang pangmasang pamamaraang rebolusyonaryo, at hindi ang pamamaraang rebisyunista at repormista, ang dapat gamitin para wakasan ang lumang kaayusang pyudal.

6. Si Chiang Kai-shek ay hindi pa lubos na nalalantad bilang isang

kontra-rebolusyonaryo noong taglamig ng 1926 at tagsibol ng 1927, nang ang Hukbo sa Ekspedisyong Pahilaga ay nagmamartsa patungo sa lambak ng Yangtse, at ang mga masang magsasaka ay naniniwala pang siya ay para sa rebolusyon. Galit sa kanya ang mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka at nagpakalat ng tsismis na natatalo ang Hukbo sa Ekspedisyong Pahilaga at nasugatan siya sa paa. Si Chiang Kai-shek ay lubusang nalantad bilang puspusang kontra-rebolusyonaryo noong Abril 12, 1927, nang ilunsad niya ang kanyang kontra-rebolusyonaryong kudeta sa Shanghai at iba pang mga lugar, nagmasaker ng mga manggagawa, sinupil ang mga magsasaka at inatake ang Partido Komunista. Binago ng mga panginoong maylupa at mayamang magsasaka ang kanilang pagtingin at sinimulan siyang suportahan.

7. Ang Kwangtung ay ang unang rebolusyonaryong base sa panahon ng Unang Rebolusyonaryong Gera sibil (1924-1927).

8. Si Wu Pei-fu ay isa sa mga pinakakilalang warlord sa hilaga. Kasama si Tsao Kun na kilala sa kanyang pandaraya sa eleksyong presidensyal noong 1923 sa pamamagitan ng panunuhol sa mga myembro ng parlamento, kabilang siya sa pangkating Chihli (Hopei). Sinuportahan niya si Tsao bilang lider at silang dalawa'y karaniwang tinatawag na "Tsao-Wu". Noong 1920, matapos gapiin si Tuan Chi-jui, ang warlord ng pangkating Anhwei, nakontrol ni Wu Pei-fu ang gubyernong warlord sa hilaga, sa Beijing bilang isang ahente ng mga imperyalistang Anglo-Amerikano; siya ang nag-utos sa masaker noong Pebrero 7, 1923 sa mga manggagawang nakawelga sa kahabaan ng daang-bakal ng Beijing-Hankow. Noong 1924, nagapi siya sa digmaan laban kay Chang Tso-lin (na mas kilala bilang "labanan sa pagitan ng pangkating Chihli at pangkating Fengtien"), at sa gayo'y napatalsik siya sa rehimeng Peking. Noong 1926 nagsama sila ng pwersa ni Chang Tso-lin sa udyok ng mga imperyalistang Hapones at Britanya, at sa gayo'y muling nakabalik sa kapangyarihan. Noong ang Hukbo sa Ekspedisyong Pahilaga ay nagpahilaga mula Kwangtung noong 1926, siya ang unang kaaway na napabagsak.

9. Ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan ay ang prinsipyo at programa ni Sun Yat-sen para sa burges-demokratikong rebolusyon sa Tsina sa usapin ng nasyunalismo, demokrasya at kabuhayan ng mamamayan. Noong 1924, sa Manipesto ng Unang Pambansang Kongreso ng Guomindang, muling ipinahayag ni Sun Yat-sen ang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan, at ipinakahulugan ang nasyunalismo bilang paglaban sa imperyalismo at nagpahayag ng aktibong suporta sa kilusang manggagawa at magsasaka. Sa gayon, ang lumang Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan ay umunlad sa bago na binubuo ng Tatlong Dakilang Patakaran, ibig sabihin, ang pakikipag-

alyansa sa Rusya, kooperasyon sa Partido Komunista at pagtulong sa mga magsasaka at manggagawa. Ang bagong Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan ang nagbigay ng pampulitikang batayan para sa kooperasyon sa pagitan ng Partido Komunista ng Tsina at Guomindang sa panahon ng Unang Rebolusyonaryong Gera Sibil.

10. Ang terminong Tsino para sa "mabuhay" ay wansui, na literal na nangangahulugang "sampung libong taon", at isang tradisyunal na pagpupugay sa emperador; ito'y naging kasing-kahulugan ng "emperador".

11. Ang mga mayamang magsasaka ay hindi dapat pinahintulutang sumapi sa mga samahang magsasaka, at ito'y isang punto na hindi pa nauunawaan ng masang magsasaka noong 1927.

12. Ang tinutukoy ritong "pinakadukha" ay ang mga manggagawang bukid (ang proletaryado ng kanayunan) at ang lumpenproletaryado ng kanayunan.

13. Ang tinutukoy ritong "hindi gaanong dukha" ay ang malaproletaryado ng kanayunan.

14. Si Yuan Tsu-ming ay isang warlord ng Probinsya ng Kweichow na kumontrol sa kanlurang bahagi ng Hunan.

15. Ang isang kasamá, sa pangkalahatan, ay nagbibigay sa kanyang panginoong maylupa, bilang kondisyon sa pagiging kasamá, ng salapi o materyal na deposito, na kadalasa'y umaabot sa malaking bahagi ng halaga ng lupa. Bagama't ito'y dapat na maging garantiya para sa pagbabayad ng upa sa lupa, sa aktwal, ito'y kumakatawan sa isang anyo ng dagdag na pagsasamantala.

16. Sa Hunan, ang tu ay kumakatawan sa distrito at ang tuan sa kabayanan. Ang lumang mga tipo ng administrasyong tu at tuan ay instrumento ng paghahari ng panginoong maylupa.

17. Ang buwis sa bawat mou ay isang dagdag na pataw na dagdag sa regular na buwis sa lupa na walang-awang ipinapataw ng rehimen ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka.

18. Sa lalim ng rehimen ng mga warlord sa Hilaga, ang pinunong militar ng isang probinsya ay tinatawag na "gubernador militar". Ngunit siya ang tuwirang diktador ng probinsya na may kapangyarihang administratibo at militar na naiipon sa kanyang mga kamay. Kapantay ng mga imperyalista, nagpapanatili siya ng isang separatistang rehimeng pyudal-militarista sa kanyang nasasakupan.

19. Ang "pamalagiang milisya ng kabahayan" ay isa sa iba't ibang tipo ng armadong pwersa sa kanayunan. Ang terminong "kabahayan" ay ginagamit dahil ang ilang myembro ng halos lahat ng kabahayan ay kailangang sumapi dito. Matapos ang pagkabigo ng rebolusyon ng 1927,

hinawakan ng mga panginoong maylupa sa maraming lugar ang mga milisya at ginawa ang mga itong kontra-rebolusyonaryong armadong pangkat.

20. Sa panahong yaon, marami sa mga himpilan ng Guomindang sa county, sa ilalim ng pamumuno ng Sentral na Komiteng Tagapagpaganap ng Guomindang sa Wuhan, ay tumalima sa Tatlong Dakilang Patakaran ni Dr. Sun Yat-sen ng pakikipag-alyansa sa Rusya, kooperasyon sa Partido Komunista, at pagtulong sa mga magsasaka at manggagawa. Binubuo nila ang rebolusyonaryong alyansa ng mga Komunista, ang mga kaliwang-panig ng Guomindang at ibang mga rebolusyonaryo.

21. Si Poong Pao (Pao Cheng) ay prepekto ng Kaifeng, kapitolyo ng Dinastiyang Sung sa Hilaga (A.D. 960-1127). Siya ay tanyag sa popular na alamat bilang isang matinong opisyal at isang walang takot, walang kinikilingang huwes na may kahusayan sa pagbibigay ng wastong hatol sa lahat ng kasong kanyang nilitis.

22. Halaw kay Mencius ang ganitong pagtukoy sa pamamana. Isinasalarawan nito kung paano pumapana ang isang ekspertong guro ng pamamana, sa pamamagitan ng galaw nang hindi pinakakawalan ang pana. Ang punto'y habang dapat gabayan ng mga Komunista ang mga magsasaka upang makakamit ng ganap na kamulatang pampulitika, dapat nilang ipaubaya ito sa sariling inisyatiba ng mga magsasaka upang pawiin ang mga pamahiin at iba pang masasamang kagawian, at hindi dapat silang utusan o gawin ito para sa kanila.

23. Ang Walong Karakter ay isang pamamaraan ng panghuhula sa Tsina na nakabatay sa pagsusuri sa dalawang siklikong karakter na ang bawat isa'y para sa taon, buwan, araw at oras ng araw ng kapanganakan ng isang tao.

24. Ang heomansya ay ang pamahiin na ang lokasyon ng libingan ng mga ninuno ay nakakaimpluwensya sa kapalaran ng isang tao. Sinasabi ng mga nagsasagawa ng heomansya na kaya nilang sabihin kung ang isang partikular na pwesto at kapaligiran nito ay maswerte.

25. Si Poong Kuan (Kuan Yu, A.D. 160-219), na mandirigma sa panahon ng Tatlong Kaharian, ay malawakang sinasamba ng mga Tsino bilang Diyos ng Katapatan at Digma.

26. Si Tang Sheng-chih ay isang heneral na pumanig sa rebolusyon sa Ekspedisyong Pahilaga. Si Yeh Kai-hsin ay isang heneral sa panig ng mga warlord sa hilaga na lumaban sa rebolusyon.

27. Si Hsun Chuan-fang ay isang warlord na naghahari sa limang probinsya ng Kiangsu, Chekiang, Fukien, Kiangsi at Anhwei. Siya ang may kagagawan ng madugong pagsupil sa mga insureksyon ng mga manggagawa ng Shanghai. Ang kanyang pangunahing hukbo ay nadurog ng Hukbo ng

Ekspedisyong Pahilaga noong taglamig ng 1926 sa Nanchang at Kiukiang, Probinsya ng Kiangsi.

28. Sa Tsina, ang ulam ay inihahain sa isang mangkok o plato para sa lahat at hindi sa indibidwal.

29. Ang "Kulturang Oriental" ay isang reaksyunaryong doktrina na nagtatakwil sa modernong sibilisasyong syentipiko at pumapabor sa pagpapanatili ng atrasadong moda ng produksyong agrikultural at ng pyudal na kultura ng Silangan.

30. Kaugnay ng lihim na mga sosyedad, tingnan ang "Pagsusuri ng mga Uri sa Lipunang Tsina", ika-18 tala, p. 21 ng Bolyum na ito.

31. Ang "bundok", "tirahan", "templo" at "ilog" ay mga pangalang ginagamit ng primitibong lihim na mga sosyedad upang ipakilala ang ilan sa kanilang mga sekta.

32. Nang ang Nanchang ay naagaw ng Hukbo ng Ekspedisyong Pahilaga, noong Nobyembre 1926, sinamantala ni Chiang Kai-shek ang pagkakataon upang maitayo ang kanyang pangkalahatang himpilan doon. Iniligid niya sa sarili ng mga maka-Kanang myembro ng Guomindang at ilang pulitikong warlord sa Hilaga, at sa pakikipagsabwatan sa mga imperyalista ay nagpakana ng kanyang kontra-rebolusyonaryong plano laban sa Wuhan, na noo'y rebolusyonaryong sentro. Sa huli, inilunsad niya ang kanyang kontra-rebolusyonaryong kudeta noong Abril 12, 1927 na kinatampukan ng malalaking masaker sa Shanghai.

33. Si Chang Ching-chiang na isang maka-Kanang lider ng Guomindang ay myembro ng grupong pinagkakatiwalaan ni Chiang Kai-shek.

34. Si Liu Yueh-chih ay pinuno ng "Kaliwang Sosyedad", na isang mahalagang anti-Komunistang grupo sa Hunan.

35. Tulad ng pagkakasalaysay ni Liu Hsiang (77-6 B.C.) sa kanyang Hsin Hsu, si Poong Sheh ay giliw na giliw sa mga dragon kung kaya't pinalamutian niya ang buong palasyo ng mga drowing at lilok na dragon. Ngunit nang malaman ng isang tunay na dragon ang kanyang pagkahumaling at binista siya, natakot siya nang husto. Dito'y ginamit ni Kasamang Mao Zedong ang metapora upang ipakita na kahit na si Chiang Kai-shek at mga katulad niya ay nagsasalita hinggil sa rebolusyon, takot sila sa rebolusyon at laban sila rito.

# ANG ISANG DIKLAP AY MAKAPAGSISIMULA NG SUNOG SA KAPARANGAN

Enero 5, 1930

[Sinulat ito ni Kasamang Mao Zedong para punahin ang ilang pesimistang pananaw na umiiral noon sa Partido.]

Ang ilang kasama sa ating Partido ay hindi pa marunong kung paano wastong tatasahin ang kasalukuyang sitwasyon at kung paano lulutasin ang kaakibat na usapin kung ano ang dapat gawin. Kahit naniniwala silang darating at darating ang isang rebolusyonaryong pagdaluyong, hindi naman sila naniniwalang malapit na itong mangyari. Sa gayon, tutol sila sa planong sakupin ang Kiangsi at sang-ayon lamang sa lagalag na mga aksyong gerilya sa tatlong erya sa mga hangganan ng Fukien, Kwangtung at Kiangsi. Gayundin, dahil hindi nila maunawaang mabuti ang kahulugan ng pagtatatag ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa mga eryang gerilya, hindi rin nila maunawaang mabuti ang ideya ng pagpapabilis sa rebolusyonaryong pagdaluyong na antas-pambansa sa pamamagitan ng konsolidasyon at ekspansyon ng Pulang kapangyarihang pampulitika. Inaakala nila na, dahil malayo pang mangyari ang rebolusyonaryong pagdaluyong, masasayang lamang ang pagod sa pagtatangkang magtatag ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng puspusang paggawa. Sa halip, nais nilang palawakin ang ating impluwensyang pampulitika sa pamamagitan ng mas madaling paraan ng lagalag na mga aksyong gerilya; at sa sandaling makabig ang masa sa buong bayan o halos nakabig na, nais nilang maglunsad ng armadong insureksyon sa buong bansa

na magiging isang dakilang rebolusyong pambansa, nang may partisipasyon ng Pulang Hukbo. Hindi alinsunod sa aktwal na kalagayan ng rebolusyong Tsino ang kanilang teoryang dapat muna nating makabig ang masa sa pambansang saklaw at sa lahat ng rehiyon at pagkaraa'y itatag ang kapangyarihang pampulitika. Ang pangunahing pinagmumulan ng teoryang ito ay ang katotohanang hindi nila maunawaang mabuti na isang malakolonyal na bayan ang Tsina na pinag-aagawan ng maraming imperyalistang kapangyarihan. Kung maunawaan ito nang malinaw, una'y mauunawaan kung bakit sa Tsina lamang matatagpuan ang pambihirang penomenon ng matagalan at masalimuot na digmaan sa hanay ng mga naghaharing uri, kung bakit patuloy na bumabangis at lumalaganap ang digmaang ito, at kung bakit hindi pa kailanman nagkaroon ng nagkakaisang rehimen. Ikalawa, mauunawaan ang kalubhaan ng problema ng magsasaka at sa gayo'y kung bakit lumaganap sa kasalukuyang pambansang saklaw ang mga pag-aalsang rural. Ikatlo, mauunawaan ang kawastuan ng islogan na demokratikong kapangyarihang pampulitika ng mga manggagawa't magsasaka. Ikaapat, mauunawaan ang isa pang pambihirang penomenon, na wala rin sa labas ng Tsina, at iniluluwal ng nauna (na sa Tsina lamang matatagpuan ang matagalan at masalimuot na digmaan ng mga naghaharing uri), ito'y ang pag-iral at paglakas ng Pulang Hukbo at ng mga pwersang gerilya, at kasabay nito'y ang pag-iral at pagdami ng maliliit na Pulang purok na pinaliligiran ng Puting rehimen. Ikalima, mauunawaan na sa malakolonyal na Tsina, ang pagtatatag at pagpapalawak ng Pulang Hukbo, mga pwersang gerilya at mga Pulang purok ang pinakamataas na anyo ng pakikibakang magsasaka sa pamumuno ng proletaryado, ang di maiiwasang resulta ng paglakas ng malakolonyal na pakikibakang magsasaka at walang kaduda-dudang ang pinakaimportanteng salik sa pagpapabilis ng rebolusyonaryong pagdaluyong sa buong

bayan. At ikaanim, mauunawaan din na hindi maipatutupad ng patakarang nananawagan lamang ng lagalag na mga aksyong gerilya ang tungkuling pagpapabilis sa pambansang rebolusyonaryong pagdaluyong na ito, habang walang kaduda-dudang wasto ang tipo ng patakarang itinataguyod nina Zhude at Mao Zedong at pati na rin ni Fang Chih-min[1]—ibig sabihi'y ang patakarang itayo ang mga baseng purok; sistematikong itatag ang kapangyarihang pampulitika; itaas ang antas ng rebolusyong agraryo; palawakin ang mga armadong pwersa ng bayan sa pamamagitan ng isang komprehensibong proseso ng pagtatatag muna ng mga Pulang Gwardya sa kabayanan, pagkaraa'y ng mga Pulang Gwardya sa distrito, pagkaraa'y ng mga Pulang Gwardya ng county, pagkaraa'y ng lokal na mga tropa ng Pulang Hukbo, hanggang sa regular na mga tropa ng Pulang Hukbo; palaganapin ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng pagsulong nang paalun-alon, at marami pang iba. Sa gayon lamang posibleng mabuo ang kumpyansa ng rebolusyonaryong masa sa buong Tsina, tulad rin ng pagbubuo ng Unyong Sobyet ng kumpyansa sa buong mundo. Sa gayon lamang posibleng mapahirapan nang husto ang mga reaksyunaryong naghaharing uri, mayanig ang kanilang pundasyon at mapabilis ang kanilang pagkakawatak-watak. Sa gayon lamang talagang posibleng makalikha ng isang Pulang Hukbo na magiging pangunahing sandata para sa dakilang rebolusyon sa hinaharap. Sa madaling sabi, sa gayon lamang posibleng mapabilis ang rebolusyonaryong pagdaluyong.

Sobra ang pagtantya ng mga kasamang may rebolusyonaryong kapusukan sa mga suhetibong pwersa ng rebolusyon[2] at may pagmamaliit naman sa mga pwersa ng kontra-rebolusyon. Suhetibismo ang pangunahing pinagmumulan ng ganoong sobrang pagtatasa. Sa bandang huli'y walang kaduda-dudang sa putsismo ito mauuwi. Sa kabilang banda, ang pagmamaliit sa mga suhetibong pwersa ng rebolusyon at sobrang pagtantya sa mga pwersa ng kontra-rebolusyon

ay isa ring di wastong pagtatasa at siguradong magbubunga ng iba pang klase ng masamang resulta. Kaya, sa pagtatasa sa sitwasyong pampulitika ng Tsina, kailangang maunawaan ang sumusunod:

1. Bagamat mahina ngayon ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon sa Tsina, gayundin naman ang lahat ng organisasyon (mga organo ng kapangyarihang pampulitika, armadong pwersa, partidong pampulitika, atbp.) ng mga reaksyunaryong naghaharing uri, dahil nakasandig nga ang mga ito sa atrasado at marupok na istrukturang panlipunan at pang-ekonomya ng Tsina. Makatutulong ito sa pagpapaliwanag kung bakit hindi magawang sumiklab agad ang rebolusyon sa mga bayan ng Kanlurang Europa kung saan, bagamat marahil ay mas malakas ngayon ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon doon kaysa Tsina, ay hamak na mas malakas naman ang mga pwersa ng reaksyunaryong naghaharing uri. Sa Tsina, walang kaduda-dudang mas mabilis na dadaluyong ang rebolusyon, dahil kahit na mahina ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon sa kasalukuyan, relatibong mahina rin ang mga pwersa ng kontra-rebolusyon.

2. Talagang humina nang husto ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon mula nang matalo ang rebolusyon noong 1927. Napakaliit ng natitirang pwersa at natural na nagiging pesimistiko ang mga kasama na nanghuhusga batay sa panlabas na anyo lamang. Pero kung maghuhusga tayo batay sa esensya, ibang usapan na ito. Maaari nating ilapat dito ang lumang kasabihang Tsino: "Ang isang diklap ay makapagsisimula ng sunog sa kaparangan." Sa madaling sabi, ang ating mga pwersa bagamat kakaunti sa kasalukuyan, ay mabilis na dadami. Sa kalagayan sa Tsina, hindi lamang posible ang kanilang pagdami kundi tiyak na tiyak, tulad ng lubos na pinatunayan ng Kilusang Mayo 30 at kasunod nitong Dakilang Rebolusyon. Kapag tumitingin tayo sa isang bagay, dapat nating suriin ang esensya nito at tratuhin ang panlabas

na na anyo bilang tagahatid sa pinto, at oras na makapasok sa pinto, dapat nating magagap ang esensya ng bagay; ito lamang ang maaasahan at syentipikong paraan ng pagsusuri.

3. Gayundin, sa pagtatasa sa mga kontra-rebolusyonaryong pwersa, hindi lamang ang kanilang panlabas na anyo ang dapat nating tingnan kundi dapat ding suriin ang kanilang esensya. Noong unang yugto ng ating nagsasariling rehimen sa hangganang erya ng Hunan-Kiangsi, talagang naniwala ang ilang kasama sa di wastong pagtatasa ng Komiteng Probinsya ng Hunan at ipinalagay na di dapat pag-aksayahan ng panahon ang kaaway sa uri; ang dalawang mapaglarawang terminong "masyadong matatakutin" at "napakanerbyoso" na nanatiling kantyaw hanggang ngayon, ay ginamit ng Komiteng Probinsya ng Hunan noong panahong iyon (mula Mayo hanggang Hunyo 1928) sa pagtatasa sa pinuno ng Hunan na si Lu Ti-ping.[3] Walang ibang mauuwian kundi putsismo sa pulitika ang gayong pagtatasa. Pero sa loob ng apat na buwan mula Nobyembre ng taong iyon hanggang Pebrero 1929 (bago ang gera sa pagitan ni Chiang Kai-shek at ng mga warlord),[4] nang papalapit sa Kabundukan ng Chingkang ang ikatlong "pinagsanib na ekspedisyon sa panunupil" na inilunsad ng kaaway, nagtanong ang ilang kasama, "Hanggang kailan natin mapananatiling nakawagayway ang Pulang bandila?" Sa katunayan, lubhang naging lantaran noon ang labanan sa Tsina sa pagitan ng Britain, United States at Japan, at namumuo ang isang masalimuot na gera sa pagitan ni Chiang Kai-shek, ng pangkating Kwangsi at ni Feng Yu-hsiang; kaya ito ang aktwal na panahon nang magsimulang humupa ang kontra-rebolusyonaryong agos at muling humugos ang rebolusyonaryong agos. Gayunman, makakakita pa rin ng pesimistikong mga ideya hindi lamang sa Pulang Hukbo at lokal na mga organisasyon ng Partido: kahit ang Komite Sentral ay nalito ng mga panlabas na anyo at naging pesimistiko. Ang sulat nito noong Pebrero ay patunay sa pesimistikong pagsusuri

ng Partido nang panahong iyon.

4. Ganyan pa rin ang obhetibong sitwasyon ngayon kaya malamang na malito ang mga kasamang nakakakita ng panlabas na anyo lamang at hindi ng esensya ng kaharap nila. Sa partikular, kapag natalo sa labanan ang ating mga kasamang kumikilos sa Pulang Hukbo, o nakukubkob o tinutugis ng malalakas na pwersa ng kaaway, kadalasa'y di sinasadyang nilalahat nila at pinalalaki ang kanilang panandalian, partikular at limitadong sitwasyon, na para bang wala nang dahilan para sa optimismo sa sitwasyon sa Tsina at sa daigdig sa kabuuan at malayung-malayo pa ang prospek na magtagumpay ang rebolusyon. Sinusunggaban nila ang panlabas na anyo at isinasaisantabi ang esensya ng kanilang obserbasyon sa mga bagay dahil hindi sila nagsasagawa ng syentipikong pagsusuri sa esensya ng pangkalahatang sitwasyon. Ang usapin kung agad magkakaroon ng isang rebolusyonaryong pagdaluyong sa Tsina ay mapagpapasyahan lamang sa pamamagitan ng pagsasagawa ng detalyadong pagsusuri para matiyak kung tunay na umuunlad ang mga kontradiksyon na papatungo sa isang rebolusyonaryong pagdaluyong. Dahil umuunlad ang mga kontradiksyon sa daigdig sa pagitan ng mga imperyalistang bayan at ng kanilang mga kolonya, at sa pagitan ng mga imperyalista at ng proletaryado sa kani-kanilang bayan, may matinding pangangailangang magribalan ang mga imperyalista para dominahan ang Tsina. Habang tumitindi ang paglalaban-laban ng mga imperyalista para sa Tsina, magkasabay na umuunlad ang kontradiksyon sa Tsina sa pagitan ng imperyalismo at ng buong bansang Tsino at ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista mismo, kayat lumilikha ng masalimuot na digmaang araw-araw na lumalaganap at tumitindi at nagiging dahilan ng patuloy na pag-unlad ng mga kontradiksyon sa hanay ng iba't ibang pangkatin ng mga reaksyunaryong naghahari sa Tsina. Dahil sa mga kontradiksyon sa hanay ng

mga reaksyunaryong naghaharing pangkat – ng masalimuot na digmaan ng mga warlord – ipinapataw ang mas mabigat na buwis, na patuloy na nagpapatindi sa kontradiksyon sa pagitan ng malawak na masang nagbabayad ng buwis at ng mga reaksyunaryong naghahari. Dahil sa kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at ng pambansang industriya ng Tsina, ang mga industriyalistang Tsino ay hindi makakuha ng mga konsesyon mula sa mga imperyalista, na nagpapatindi sa kontradiksyon sa pagitan ng burgesyang Tsino at ng uring manggagawang Tsino, na dito'y nagtatangkang makabawi ang mga kapitalistang Tsino sa pamamagitan ng desperadong pagsasamantala sa mga manggagawa na nilalabanan naman ng mga manggagawa. Dahil sa imperyalistang agresyon sa komersyo, mga pangingikil ng komersyante-kapitalistang Tsino, pagpapataw ng gubyerno ng mas mabigat na buwis, atbp., lumalalim ang kontradiksyon sa pagitan ng uring panginoong maylupa at ng uring magsasaka, ibig sabihi'y pinalalala ang pagsasamantala sa pamamagitan ng upa at usura at tumitindi ang galit ng mga magsasaka sa mga panginoong maylupa. Dahil dumadagsa ang dayuhang kalakal, bumababa ang kakayahang bumili ng masang manggagawa't magsasaka at tumataas ang buwis na ipinapataw ng gubyerno, nababangkrap ang parami nang paraming dealer ng mga kalakal na gawa sa Tsina at nagsasariling mga prodyuser. Dahil walang tigil na nagpapalakas ng mga hukbo ang reaksyunaryong gubyerno, at sa gayo'y tuluy-tuloy na pinatatagal ang pakikidigma, kahit kulang sa panustos at pondo, ang masa ng mga sundalo ay patuloy na nagdarahop. Dahil sa pagtaas ng buwis na ipinapataw ng gubyerno, pagtaas ng upa at interes na hinihingi ng mga panginoong maylupa at araw-araw na paglaganap ng pinsala ng gera, sa lahat ng dako'y may kagutuman at panunulisan at hirap na hirap sa pamumuhay ang masang magsasaka at ang maralitang lunsod. Dahil walang pera ang mga eskwelahan, maraming estudyante

ang nangangamba na mahihinto ang kanilang pag-aaral; dahil di maunlad ang produksyon, maraming gradweyt ang walang pag-asang magkatrabaho. Kapag nauunawaan natin ang lahat ng kontradiksyong ito, makikita natin kung gaano kadesperado ang sitwasyon, kung gaano kagulo ang kinasadlakan ng Tsina. Makikita rin natin na di maiiwasan, at malapit nang dumating ang pagdaluyong ng rebolusyon laban sa mga imperyalista, warlord at panginoong maylupa. Nagkalat sa buong Tsina ang tuyong sanga na malapit nang magliyab. Ang kasabihang, "Ang isang diklap ay makapagsisimula ng sunog sa kaparangan", ay angkop na larawan kung saan hahantong ang kasalukuyang kalagayan. Kailangan lamang nating tingnan ang mga welga ng mga manggagawa, ang mga pag-aalsa ng mga magsasaka, ang mga paghihimagsik ng mga sundalo at ang mga welga ng mga estudyante sa maraming lugar para makita na hindi na magtatagal at mapagliliyab ng isang "diklap" ang isang "sunog sa kaparangan".

Ang buod ng nabanggit ay laman ng sulat ng Komiteng Larangan sa Komite Sentral noong Abril 5, 1929, na nagsaad ng:

Ang sulat ng Komite Sentral (na may petsang Pebrero 9, 1929) ay may napakapesimistikong pagtatasa sa obhetibong kalagayan at sa ating mga suhetibong pwersa. Ang tatlong kampanya ng "panunupil" ng Guomindang sa mga Kabundukan ng Chingkang ang inabot na rurok ng kontra-rebolusyonaryong agos. Pero doon ito huminto, at mula noon unti-unting humihina ang kontra-rebolusyonaryong agos habang unti-unting lumalakas ang rebolusyonaryong agos. Bagamat ang paghina ng kapasidad sa pakikipaglaban at ang pang-organisasyong lakas ng ating Partido ay humantong sa inilarawan ng Komite Sentral, mabilis na mapanunumbalik ang mga ito, at agad na mawawala ang pagkapasibo sa hanay ng mga kasama sa Partido habang unti-unting humihina ang kontra-rebolusyonaryong agos. Tiyak na papanig sa atin ang

masa. Ang patakaran ng Guomindang sa pagmamasaker ay nagsisilbi lamang na "pantaboy ng isda patungo sa malalim na tubig",[6] ayon sa kasabihan, at wala nang anumang pang-akit sa masa ang repormismo. Siguradong mawawala na ang mga ilusyon ng masa hinggil sa Guomindang. Sa namumuong sitwasyon, walang ibang partido ang maaaring makakumpitensya sa Partido Komunista sa pagkabig sa masa. Wasto ang linyang pampulitika at linyang pang-organisasyong inihapag ng Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Partido,[7] hal., ang rebolusyon sa kasalukuyang yugto ay demokratiko at hindi sosyalista, at ang kasalukuyang tungkulin ng Partido [dapat idinagdag dito ang mga salitang "sa malalaking lunsod"][8] ay kabigin ang masa at huwag maglunsad ng mga agarang insureksyon. Gayunman, mabilis na uunlad ang rebolusyon, at dapat magkaroon tayo ng positibong aktitud sa ating propaganda at paghahanda para sa mga armadong insureksyon. Sa kasalukuyang magulong sitwasyon, mapapamumunuan natin ang masa sa pamamagitan lamang ng positibong mga islogan at positibong aktitud. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng gayong aktitud mababawi ng Partido ang kapasidad nito sa pakikipaglaban... Ang proletaryong pamumuno ang tanging susi sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Sa kasalukuyan, importanteng tungkuling pang-organisasyon para sa Partido na itatag ang isang proletaryong pundasyon para sa Partido at itayo ang mga sangay ng Partido sa mga empresang pang-industriya sa susing mga distrito; pero kasabay nito, ang mayor na mga rekisito para maka-tulong sa pakikibaka sa kalunsuran at mapabilis ang paglitaw ng rebolusyonaryong agos ay, sa partikular, ang pagpapaunlad ng pakikibaka sa kanayunan, ang pagtatatag ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa maliliit na erya at ang paglikha at pagpapalawak ng Pulang Hukbo. Sa gayon, di wastong talikuran ang pakikibaka sa mga kalunsuran, pero sa aming upinyon hindi rin wastong matakot ang sinumang myembro ng

ating Partido na lumago ang lakas-magsasaka at mahigtan ang lakas-manggagawa at pinsalain ang rebolusyon. Sa rebolusyon sa malakolonyal na Tsina, laging mabibigo ang pakikibakang magsasaka kung wala ang pamumuno ng mga manggagawa rito, pero hindi kailanman mapipinsala ang rebolusyon kung mahihigtan ng pakiki-bakang magsasaka ang mga pwersa ng mga manggagawa.

Laman din ng sulat ang sumusunod na kasagutan sa usapin ng mga taktikang pang-operasyon ng Pulang Hukbo:

Para mapreserba ang Pulang Hukbo at mapukaw ang masa, iminumungkahi sa atin ng Komite Sentral na hatiin ang ating mga pwersa sa napakaliliit na yunit at ikalat ang mga ito sa kanayunan at alisin sa hukbo sina Zhu De at Mao Zedong, sa gayo'y maitatago ang mayor na mga target. Isa itong di realistikong pananaw. Noong taglamig ng 1927-28, talagang pinlano nating ikalat ang ating mga pwersa sa kanayunan, kung saan nagsasariling kumikilos ang bawat kompanya o batalyon at nagtataguyod ng mga taktikang gerilya para pukawin ang masa habang nagsisikap na huwag maging target ng kaaway; nasubukan na natin ito nang maraming beses, ngunit sa tuwina'y bigo. Ang mga dahilan ay: (1) karamihan sa mga sundalo sa pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo ay nagmula sa ibang erya at may ibang karanasan kaysa lokal na mga Pulang Gwardya; (2) ang paghahati-hati sa maliliit na yunit ay magreresulta sa mahinang pamumuno at kawalang kakayahang umangkop sa mahirap na sitwasyon, na madaling humantong sa pagkatalo; (3) ang mga yunit ay maaaring paisa-isang durugin ng kaaway; (4) habang mas humihirap ang sitwasyon, mas lumalaki ang pangangailangang ikonsentra ang ating mga pwersa at maging matatag sa pakikibaka ang mga lider, dahil sa gayon lamang tayo magkakaroon ng internal na pagkakaisa laban sa kaaway. Sa paborableng mga sirkunstansya lamang makabubuting hatiin ang ating mga pwersa para sa mga operasyong gerilya, at sa pagkakataong iyon lamang hindi

kinakailangang laging kasama ng mga tropa ang mga lider; sa mahihirap na sitwasyon, dapat kasama ng mga tropa ang mga lider.

Ang kahinaan sa talastasang ito ay ang negatibong katangian ng mga dahilang ikinatwiran laban sa paghahati ng mga pwersa, na malayong di sapat. Ang positibong dahilan sa pagkokonsentra ng ating mga pwersa ay iyong sa pamamagitan lamang ng konsentrasyon makakaya nating lipulin ang komparatibong malalaking yunit ng kaaway at masasakop ang mga kabayanan. Pagkaraan nating malipol ang komparatibong malalaking yunit ng kaaway at masakop ang mga kabayanan, saka lamang malawakang mapupukaw ang masa at maitatatag ang pampulitikang kapangyarihang aabot sa ilang kalapit na bayan. Sa gayon lamang tayo makagagawa ng isang malawakang epekto (ang tinatawag nating "pagpapalawak ng ating pampulitikang impluwensya"), at makapag-aambag sa epektibong pagpapabilis ng pagdating ng rebolusyonaryong pagdaluyong. Halimbawa, kapwa produkto ng patakarang ito ng pagkokonsentra ng ating mga tropa ang rehimeng itinatag natin sa hangganang erya ng Hunan-Kiangsi noong taon bago ang nakaraan at iyong itinatag natin sa kanlurang Fukien noong nakaraang taon.[9] Isa itong pangkalahatang prinsipyo. Pero hindi ba may mga pagkakataong dapat nating hatiin ang ating mga pwersa? Oo, mayroon. Ang sinasabi ng sulat ng Komiteng Larangan sa Komite Sentral tungkol sa taktikang gerilya ng Pulang Hukbo, kabilang ang paghahati ng mga pwersa sa loob ng maliit na saklaw ay:

Ang mga taktikang nahalaw natin mula sa nakaraang tatlong taong pakikibaka ay talagang naiiba sa alinmang iba pang taktika, makaluma o moderno, Tsino o dayuhan. Sa pamamagitan ng ating mga taktika, mapupukaw ang masa para makibaka sa isang papalawak na saklaw, at walang kaaway, gaano man kamakapangyarihan, ang makatatalo sa atin. Mga taktikang gerilya ang atin. Ang mga ito'y pangu-

nahing binubuo ng sumusunod na mga punto:

"Hatiin ang ating mga pwersa para pukawin ang masa, ikonsentra ang ating mga pwersa para harapin ang kaaway." 'Pag abante ng kaaway, atras tayo; 'pag nagkampo ang kaaway, mangharas tayo; 'pag napagod ang kaaway, lusob tayo; 'pag atras ng kaaway, tutugis tayo."

"Para mapalawak ang matatatag na baseng purok,[10] ipatupad ang patakaran ng pagsulong nang paalon-alon; kapag tinutugis ng isang makapangyarihang kaaway, ipatupad ang patakaran ng pagsikot sa kaaway."

"Pukawin ang pinakamalaking bilang ng masa sa pinakamaikling panahon at sa pinakamahusay na posibleng pamamaraan."

Ang mga taktikang ito ay parang paghahagis ng lambat; dapat palapad nating maihagis ito o matipon sa anumang sandali. Palapad nating inihahagis ito para makabig ang masa at tinitipon ito para harapin ang kaaway. Ganyan ang mga taktikang ginamit natin sa nakaraang tatlong taon.

Dito, "ang palapad na paghahagis ng lambat " ay nangangahulugan ng paghahati ng ating mga pwersa sa maliit na saklaw. Halimbawa, nang una nating maagaw ang Yunghsin County sa hangganang erya ng Hunan-Kiangsi, hinati natin ang mga pwersa ng Ika-29 at Ika-31 Rehimyento sa loob ng mga hangganan ng Yunghsin County. Muli, nang maagaw natin sa ikatlong pagkakataon ang Yunghsin, minsan pa'y hinati natin ang ating mga pwersa sa pamamagitan ng pagtatalaga sa Ika-28 Rehimyento sa hangganan ng Anfu County, ang ika-29 sa Lienhua at ang Ika-31 sa hangganan ng Kian County. At muli, hinati natin ang ating pwersa sa mga county ng timog Kiangsi noong nakaraang Abril at Mayo, at sa mga county ng kanlurang Fukien noong nakaraang Hulyo. Hinggil sa paghahati ng ating mga pwersa sa isang malawak na saklaw, posible lamang ito sa dalawang kundisyon na komparatibong paborable ang mga sirkunstansya at malakas-lakas ang namumunong organo.

Dahil layunin ng paghahati-hati ng ating mga pwersa na mas mahusay tayong makapusisyon para makabig ang masa, para mapalalim ang rebolusyong agraryo at maitatag ang kapangyarihang pampulitika, at para mapalawak ang Pulang Hukbo at lokal na mga armadong yunit. Mas mabuting huwag hatiin ang ating mga pwersa kung hindi matatamo ang layuning ito kaysa humantong sa pagkatalo at sa paghina ng Pulang Hukbo ang paghahati-hati ng ating mga pwersa, tulad ng nangyari noong Agosto dalawang taon na ang nakaraan nang hatiin ang ating mga pwersa sa hangganan ng Hunan-Kiangsi para salakayin ang Chenchou. Pero walang kaduda-dudang sa pag-iral ng dalawang kundisyong nabanggit, dapat nating hatiin ang ating mga pwersa dahil mas makabubuti nga ang paghahati kaysa konsentrasyon. Wala sa wastong diwa ang sulat ng Komite Sentral noong Pebrero at nagkaroon ito ng masamang epekto sa ilang kasama sa Partido sa Ikaapat na Hukbo. Noong panahong iyon, naglabas din ng sirkular ang Komite Sentral na nagsasaad na hindi sisiklab ang gera sa pagitan nina Chiang Kai-shek at ng mga warlord ng Kwangsi. Gayunman, mula noon, sa pangunahi'y naging wasto na ang mga pagtatasa at mga direktiba ng Komite Sentral. Nakapaglabas na rin ito ng isa pang sirkular na nagwawasto sa sulat na naglalaman ng maling pagtatasa. Bagamat hindi ito nakagawa ng anumang pagwawasto sa sulat sa Pulang Hukbo, ang kasunod na mga direktiba nito'y wala nang pesimistikong tono at ngayo'y katulad na ng sa atin ang pananaw nito sa mga operasyon ng Pulang Hukbo. Gayunman nananatili sa ilang kasama ang masamang epektong idinulot ng sulat na ito. Kaya, pakiramdam ko'y kailangang-kailangan pa ring magpaliwanag.

Iminungkahi rin ng Komiteng Larangan sa Komite Sentral noong nakaraang Abril ang planong agawin ang Probinsya ng Kiangsi sa loob ng isang taon, at sa kalauna'y dinisisyunan sa Yutu na ipatupad iyon. Nakasaad sa sulat sa Komite Sentral ang sumusunod na mga dahilan:

Magpapang-abot na ang mga hukbo nina Chiang Kai-shek at ng mga warlord ng Kwangsi malapit sa Kiukiang at malapit nang magkaroon ng malaking labanan. Dahil sa pagpapatuloy ng pakikibakang masa, kakabit ng paglaganap ng mga kontradiksyon sa hanay ng naghaharing mga reaksyunaryo, malamang na di magtatagal ay dadaluyong ang rebolusyon. Hinggil sa kung paano maiaayos ang ating gawain sa ganitong sirkunstansya, nadarama namin na, kung kaugnay ng mga probinsya sa timog, napakalakas ng mga armadong pwersa ng mga kumprador at panginoong maylupa sa mga Probinsya ng Kwangtung at Hunan, at dagdag pa, sa Hunan, nawala sa atin ang halos lahat ng ating masang kapanalig, sa loob at pati na sa labas ng Partido, dahil sa putsistang mga pagkakamali ng Partido. Gayunman, sa tatlong probinsya ng Fukien, Kiangsi at Chekiang, naiiba ang sitwasyon. Una, sa usaping militar, pinakamahina doon ang kaaway. Sa Chekiang, mayroon lamang isang maliit na pwersang pamprobinsya sa ilalim ni Chiang Po-cheng.[11] Sa Fukien, bagamat may limang grupo ng tropa ng kaaway na umaabot sa 14 na rehimyento sa kabuuan, nadurog na ang mga tropa ni Kuo Feng-ming; ang mga tropa sa ilalim nina Chen Kuo-hui at Lu Hsing-pang[12] ay mga bandidong mahina ang kapasidad na lumaban; hindi pa nakaranas lumaban ang dalawang brigada ng marinong nakahimpil sa kahabaan ng dalampasigan at walang kaduda-dudang hindi malakas ang kanilang kapasidad na lumaban; si Chang Chen[13] lamang ang may kakayahang lumaban, pero ayon sa pagsusuri ng Komiteng Probinsya ng Fukien, kahit siya'y mayroon lamang dalawang relatibong malakas na rehimyento. Dagdag pa, ang Fukien ngayo'y gulung-gulo, litung-lito at watak-watak. Sa Kiangsi, may 16 na rehimyento sa ilalim ng dalawang kumand nina Chu Pei-teh[14] at Hsiung Shih-hui[15]; mas malakas sila kaysa mga armadong pwersa ng Fukien man o Chekiang, pero di hamak na mas mahina kaysa iyong nasa Hunan. Pangalawa, mas kakaunting putsistang

pagkakamali ang nagawa sa tatlong probinsyang ito. Hindi malinaw sa atin ang tungkol sa kalagayan sa Chekiang, pero medyo mas mabuti ang kalagayan ng organisasyon at baseng masa ng Partido sa Kiangsi at Fukien kaysa Hunan. Halimbawa, ang Kiangsi. Sa hilagang Kiangsi, mayroon pa tayong ilang base sa Tehan, Hsiushui at Tungku; sa kanlurang Kiangsi, malakas pa ang Partido at mga Pulang Gwardya sa Ningkang, Yunghsin, Lienhua at Suichuan; sa timog Kiangsi, mas maliwanag pa ang hinaharap, dahil patuloy na lumalakas ang Ikalawa at Ikaapat na Rehimyento ng Pulang Hukbo sa mga county ng Kian, Yungfeng at Hsingkuo; at higit sa lahat, hindi pa nalilipol ang Pulang Hukbong pinamumunuan ni Fang Chih-min. Lahat ng ito ay naglalagay sa atin sa pusisyong paligiran ang Nanchang. Sa gayon, iminungkahi natin sa Komite Sentral na sa panahon ng matagalang digmaan sa hanay ng mga warlord ng Guomindang, dapat nating labanan sina Chiang Kai-shek at ang pangkating Kwangsi para agawin ang Probinsya ng Kiangsi at pati na rin ang kanlurang Fukien at kanlurang Chekiang. Sa tatlong probinsyang ito dapat nating palakihin ang Pulang Hukbo at itayo ang isang nagsasariling rehimen ng masa; isang taon ang itinakda para maisagawa ang planong ito.

Nagkamali lamang sa pagtatakda ng isang taon ang mungkahing ito na makipaglaban para maagaw ang Kiangsi. Ibinatay ito hindi lamang sa kalagayan sa loob ng probinsya mismo kundi pati na sa pag-asang di magtatagal ay dadaluyong ang rebolusyon sa pambansang saklaw. Dahil kung hindi tayo nakumbinsing di magtatatagal ay dadaluyong ang rebolusyon, posibleng hindi natin pinagpasyahang agawin ang Kiangsi sa loob ng isang taon. Ang kahinaan lamang ng mungkahi ay ang pagtatakda nito ng isang taon, na dapat sana'y hindi nito ginawa, at sa gayo'y nagbigay ng katangiang pagiging mapusok sa salitang "di magtatagal" sa pahayag na "di magtatagal ay dadaluyong ang rebolusyon." Hinggil sa suhetibo at obhetibong

kalagayan sa Kiangsi, talagang nararapat na pag-ukulan ang mga ito ng ating atensyon. Bukod sa suhetibong kalagayang inilarawan sa sulat sa Komite Sentral, tatlong obhetibong kalagayan ang malinaw na matutukoy ngayon. Una, ang ekonomya ng Kiangsi ay pangunahing pyudal, relatibong mahina ang uring mangangalakal-kapitalista at mas mahina ang mga armadong pwersa ng mga panginoong maylupa kaysa nasa alinmang iba pang probinsya sa katimugan. Pangalawa, walang sariling mga tropang pamprobinsya ang Kiangsi at lagi nang nahihimpilan ng mga tropa mula sa ibang probinsya. Ang mga tropang ito na idiniploy doon para "supilin ang mga Komunista" o "supilin ang mga bandido", ay hindi pamilyar sa lokal na kalagayan, hindi sindirektang sangkot ang mga interes nila kaysa kung sila'y lokal na mga tropa, at karaniwa'y kulang sila sa kasigasigan. At pangatlo, di tulad ng Kwangtung na malapit sa Hongkong at kontrolado ng British sa halos lahat ng aspeto, ang Kiangsi ay komparatibong malayo sa imperyalistang impluwensya. Kapag nagagap na natin ang tatlong puntong ito, mauunawaan natin kung bakit mas laganap ang mga pag-aalsang rural at mas marami ang Pulang Hukbo at yunit gerilya sa Kiangsi kaysa alinmang iba pang probinsya.

Sa gayon, ano ang pakahulugan natin sa salitang "di magtatagal" na nasa pahayag na "di magtatagal ay dadaluyong ang rebolusyon"? Ito'y karaniwang tanong sa hanay ng mga kasama. Hindi mga manghuhula ang mga Marxista. Dapat at talagang kaya nilang magbigay lamang ng pangkalahatang direksyon ng mga pangyayari at mga pagbabago sa hinaharap; hindi nila dapat at di kayang itakda ang araw at oras sa isang mekanikal na paraan. Pero kung sasabihin kong di magtatagal ay dadaluyong ang rebolusyon sa Tsina, malinaw na hindi ko tinutukoy ang isang bagay na sa pananalita ng ilang tao'y "posibleng darating", isang ilusyon, di makakamit at di mahalagang aksyunan. Ito'y parang isang barkong

naglalayag sa laot ng dagat na ang palo'y abot-tanaw na sa dalampasigan; ito'y tulad ng sumisikat na araw sa silangan na ang kumikinang-kinang na silahis ay naaaninag mula sa tuktok ng mataas na bundok; ito'y tulad ng isang sanggol na malapit nang isilang na alumpihit na kumikislot sa sinapupunan ng kanyang ina.

## MGA TALA

1. Si Kasamang Fang Chih-min, tubong Yiyang, Probinsya ng Kiangsi at myembro ng Ikaanim na Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina, ang nagtatag ng Pulang Purok sa hilagang-silangang Kiangsi at nagtatag ng Ikasampung Pulang Hukbo. Noong 1934, pinamunuan niya ang talibang destakamento ng Pulang Hukbo sa pagmamartsa pahilaga para labanan ang mga mananakop na Hapones. Nadakip siya noong Enero 1935 habang nakikipaglaban sa kontrarebolusyonaryong mga tropang Guomindang at namatay siyang martir sa Nanchang, Kiangsi noong Hulyo.

2. Ang suhetibong mga pwersa ng rebolusyon ay nangangahulugang organisadong mga pwersa ng rebolusyon.

3. Si Lu Ti-ping, isang warlord na Guomindang, ang Guomindang na gubernador ng Probinsya ng Hunan noong 1928.

4. Ang gera ng Marso-Abril 1929 sa pagitan ni Chiang Kai-shek, ang warlord na Guomindang sa Nanking, at nina Li Tsung-jen at Pai Ching-hsi, ang mga warlord na Guomindang sa Probinsya ng Kwangsi.

5. Ang ikatlong pananakop ng mga warlord na Guomindang sa baseng purok ng Pulang Hukbo na nasa mga Kabundukan ng Chingkang sa Hunan at Kiangsi na tumagal mula katapusan ng 1928 hanggang simula ng 1929.

6. Ang kasabihan ay mula kay Mencius; ikinukumpara niya sa isang otter na "nagtaboy ng isda sa malalim na tubig" ang isang tiranong nagtulak sa kanyang mga mamamayan na maghanap ng isang mabait na pinuno.

7. Idinaos ang Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina noong Hulyo 1928. Tinukoy nito na pagkaraang matalo noong 1927, nanatiling burges-demokratiko ang katangian ng rebolusyon sa Tsina, hal., anti-imperyalista at antipyudal, at dahil hindi pa namiminto ang di maiiwasang bagong pagdaluyong ng rebolusyon, ang pangkalahatang linya ng rebolusyon ay ang kabigin ang masa. Pinuksa ng Ikaanim na Kongreso ang 1927 na Kanang kapitulasyunismo ni Chen Duxiu at itinakwil din ang "Kaliwang" putsismo sa Partido noong huling bahagi ng 1927 at simula ng 1928.

8. Idinagdag ng may-akda ang pangungusap na nakapanaklong.

9. Umiral noong 1929 ang rehimeng itinatag sa kanlurang Fukien nang biglang magpulasan pasilangan ang Pulang Hukbo sa mga kabundukan ng Chingkang para magtayo ng isang bagong rebolusyonaryong baseng purok at magtatag ng rebolusyonaryong pampulitikang kapangyarihang bayan sa mga county ng Lungyen, Yunging at Shanghang sa kanlurang bahagi ng probinsyang iyon.

10. Ang matatag na mga baseng purok ang relatibong matatag na mga rebolusyonaryong baseng purok na itinayo ng Pulang Hukbo ng Manggagawa't Magsasaka.

11. Si Chiang Po-cheng ang kumander noon ng mga kwerpong tagapagpanatili ng kapayapaan ng Guomindang sa Probinsya ng Chekiang.

12. Sina Chen Kuo-hui at Lu Hsing-pang ay dalawang bandido na taga-Fukien na bantog sa kasamaan, na ang mga pwersa ay isinama sa hukbong Guomindang.

13. Si Chang Chen ay isang kumander sa dibisyon ng hukbong Guomindang.

14. Si Chu Pei-teh, isang warlord na Guomindang, ang gubernador noon ng Guomindang sa Probinsya ng Kiangsi.

15. Si Hsiung Shih-hui ay isang kumander noon sa dibisyon ng hukbong Guomindang sa Probinsya ng Kiangsi.

# MGA USAPIN SA ESTRATEHIYA SA REBOLUSYONARYONG DIGMA NG TSINA

Disyembre 1936

Sinulat ni Kasamang Mao Zedong ang artikulong ito para lagumin ang karanasan ng Ikalawang Rebolusyonaryong Gera sibil; ginamit niya ito para sa kanyang mga lektyur sa Kolehiyo ng Pulang Hukbo sa kanlurang Shensi. Limang kabanata lamang ang natapos. Hindi natapos ang mga kabanata hinggil sa estratehikong opensiba, gawaing pampulitika at iba pang usapin dahil abalang-abala siya bunga ng Insidente sa Sian. Bilang resulta ng isang mayor na panloob na kontrobersya sa Partido sa mga usaping militar noong Ikalawang Rebolusyonaryong Gera sibil, inilalahad ng artikulong ito ang isang linya sa mga usaping militar laban sa isa pa. Pinagpasyahan ng pinalaking pulong ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral na idinaos sa Tsunyi noong Enero 1935 ang kontrobersya hinggil sa linyang militar, muling pinagtibay ang mga pananaw ni Kasamang Mao Zedong at itinakwil ang maling linya. Noong Oktubre 1935, lumipat sa kanlurang Shensi ang Komite Sentral, at noong Disyembre'y ginawa ni Kasamang Mao Zedong ang ulat na "Hinggil sa mga Taktika Laban sa Imperyalismong Hapon" kung saan sistematikong nilutas ang mga usapin kaugnay ng linyang pampulitika ng Partido sa Ikalawang Rebolusyonaryong Gera sibil. Pagkaraan ng isang taon, sinulat niya ang artikulong ito noong 1936 para ipaliwanag sa sistematikong paraan ang mga usapin sa estratehiya sa rebolusyonaryong digma ng Tsina.

## KABANATA I

## PAANO PAG-AARALAN ANG DIGMA

### 1. ANG MGA BATAS NG GERA AY UMUUNLAD

Ang mga batas ng digma ay isang usaping dapat pag-aralan at lutasin ng sinumang nagdidirehe ng digma.

Ang mga batas ng rebolusyonaryong digma ay isang usaping dapat pag-aralan at lutasin ng sinumang nagdidirehe ng rebolusyonaryong digma.

Ang mga batas ng rebolusyonaryong digma ng Tsina

ay isang usaping dapat pag-aralan at lutasin ng sinumang nagdidirehe ng rebolusyonaryong digma ng Tsina.

Tayo ay nakikidigma ngayon; ang ating digma ay isang rebolusyonaryong digma; at ang ating rebolusyonaryong digma ay inilulunsad sa malakolonyal at malapyudal na bayang ito ng Tsina. Kung gayon, dapat nating pag-aralan hindi lamang ang mga batas ng digma sa pangkalahatan kundi ang partikular na mga batas ng rebolusyonaryong digma, at ang lalupang mas partikular na mga batas ng rebolusyonaryong digma sa Tsina.

Alam ng lahat na kapag gumawa ka ng anumang bagay, kung hindi mo nauunawaan ang aktwal na sirkunstansya nito, ang kalikasan at ugnayan nito sa ibang bagay, hindi mo malalaman ang mga batas na gumagabay rito o kung paano ito gagawin, o kaya'y hindi mo ito mahusay na magagawa.

Ang digma ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka para malutas ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga uri, bansa, estado o grupong pampulitika, kapag ang mga ito'y umabot na sa isang antas. At umiiral na ito mula pa noong lumitaw ang pribadong pag-aari at ang mga uri. Hanggat hindi mo nauunawaan ang aktwal na sirkunstansya ng digma, ang kalikasan at ugnayan nito sa ibang mga bagay, hindi mo malalaman ang mga batas ng digma, o hindi malalaman kung paano ididirehe ang digma o matatamo ang tagumpay.

Ang rebolusyonaryong digma, maging rebolusyonaryong digmang makauri man o rebolusyonaryong digmang pambansa, ay may sariling partikular na sirkunstansya at kalikasan bukod sa pangkalahatang sirkunstansya at kalikasan ng digma. Kung gayon, bukod sa pangkalahatang mga batas ng digma, may sarili itong partikular na mga batas. Hanggat hindi mo nauunawaan ang partikular na sirkunstansya at kalikasan nito, hanggat hindi mo nauunawaan ang partikular na mga batas nito, hindi mo maaaring idirehe ang isang rebolusyonaryong digma at isulong ito nang matagumpay.

Ang rebolusyonaryong digma ng Tsina, digmaang sibil

man o digmang pambansa, ay isinusulong sa partikular na embayronment ng Tsina at mayroon ding sariling partikular na sirkunstansya at kalikasan na nag-iiba rito kapwa sa digma sa pangkalahatan at sa rebolusyonaryong digma sa pangkalahatan. Kung gayon, bukod sa mga batas ng digma sa pangkalahatan, at sa mga batas ng rebolusyonaryong digma sa pangkalahatan, may sarili itong partikular na mga batas. Hanggat hindi mo nauunawaan ang mga ito, hindi maipagtatagumpay ang rebolusyonaryong digma ng Tsina.

Kung gayon, dapat nating pag-aralan ang mga batas ng digma sa pangkalahatan, pag-aralan din ang mga batas ng rebolusyonaryong digma, at panghuli, pag-aralan ang mga batas ng rebolusyonaryong digma ng Tsina.

May maling pananaw ang ilan na noon pa ma'y pinatunayan na nating mali. Sinasabi nila na sapat nang pag-aralan ang mga batas ng digma sa pangkalahatan, o sa mas kongkretong salita, sapat na lamang sundin ang mga manwal militar na inilimbag ng reaksyunaryong gubyerno ng Tsina o ng mga reaksyunaryong akademyang militar sa Tsina. Hindi nila nababatid na ang mga manwal na ito ay naglalahad lamang ng mga batas ng digma sa pangkalahatan, at bukod pa'y kinopya nang buung-buo sa ibang bansa; at kapag kinopya natin at isinapraktika nang eksaktong-eksakto nang wala ni katiting na pagbabago sa anyo o nilalaman, ang gagawin nati'y "pagputol ng paa para magkasya sa sapatos" at tayo'y matatalo. Ang kanilang katwiran ay: bakit mawawalan ng silbi ang kaalamang nakamit sa pagbubuwis ng dugo? Hindi nila nauunawaan na bagamat dapat nating pahalagahan ang naunang nakamit na karanasan, dapat din nating pahalagahan ang karanasang nakamit sa pagbubuwis ng sarili nating dugo.

May iba pang may pangalawang maling pananaw na matagal na rin nating napatunayang mali. Sinasabi nila na sapat na lamang pag-aralan ang karanasan ng rebolusyonaryong digma sa Rusya, o sa mas kongkretong salita, sapat nang

sundin na lamang ang mga batas kung paano idinerehe ang digmaang sibil sa Unyong Sobyet at sundin ang mga manwal militar na inilimbag ng mga organisasyong militar ng Unyong Sobyet. Hindi nila nauunawaan na nilalaman ng mga batas at manwal na ito ang partikular na katangian ng digmaang sibil at Pulang Hukbo ng Unyong Sobyet, at kung kokopyahin natin at isasapraktika ang mga ito nang walang anumang pagbabago, ang gagawin din nati'y "pagputol ng paa para magkasya sa sapatos" at tayo'y matatalo. Ang kanilang katwiran ay: dahil ang ating digma, gaya ng digma sa Unyong Sobyet, ay isang rebolusyonaryong digma at dahil nagtagumpay ang Unyong Sobyet, paano magkakaroon ng iba pang alternatiba kundi sundin ang halimbawa ng Unyong Sobyet? Hindi nila nauunawaan na habang dapat nating bigyan ng espesyal na pagpapahalaga ang karanasan ng Unyong Sobyet sa digma dahil ito ang pinakabagong karanasan sa rebolusyonaryong digma at nakamit sa patnubay nina Lenin at Stalin, dapat din nating pahalagahan ang karanasan ng rebolusyonaryong digma ng Tsina dahil marami itong salik na partikular sa rebolusyong Tsino at sa Pulang Hukbo ng Tsina.

May pangatlong maling pananaw ang ilan na matagal na rin nating pinatunayang mali. Sinasabi nila na ang pinakamahalagang karanasan ay ang karanasan ng Ekspedisyon sa Hilaga ng 1926-27, at dapat tayong matuto rito, o sa mas kongkretong salita, dapat nating gayahin ang Ekspedisyon sa Hilaga sa dire-diretsong pagsulong para agawin ang malalaking lunsod. Hindi nila nakikita na bagamat dapat pag-aralan ang karanasan sa Ekspedisyon sa Hilaga, hindi ito dapat na kopyahin at mekanikal na ilapat dahil iba ang sirkunstansya sa ating kasalukuyang digma. Dapat hanguin natin sa Ekspedisyon sa Hilaga iyon lamang mga bagay na angkop pa sa kasalukuyan, at magbalangkas ng sariling mga paraan alinsunod sa kasalukuyang kalagayan.

Kung gayon, ang iba't ibang batas sa pagdidirehe ng iba't ibang digma ay itinatakda ng iba't ibang sirkunstansya ng mga digmang iyon – mga pagkakaiba sa kanilang panahon, lugar at kalikasan. Kaugnay ng salik ng panahon, parehong umuunlad ang digma at ang mga batas nito; bawat istorikong yugto ay may sariling espesyal na katangian kung kaya't may espesyal na mga katangian ang mga batas ng digma sa bawat istorikong yugto at hindi maaaring mekanikal na ilapat sa iba pang yugto. Kaugnay ng kalikasan ng digma, dahil parehong may espesyal na mga katangian ang rebolusyonaryong digma at ang kontra-rebolusyonaryong digma, may sarili ring mga katangian ang mga batas na gumagabay sa mga ito at iyong angkop sa isa'y hindi maaaring mekanikal na ilipat sa kabila. Kaugnay naman ng salik ng lugar, dahil may sariling mga katangian ang bawat bayan o bansa, laluna ang isang malaking bayan o bansa, may sarili ring mga katangian ang mga batas ng digma para sa bawat bayan o bansa, at dito rin, iyong angkop sa isa'y hindi pwedeng basta-basta na lamang ilipat sa iba. Sa pag-aaral sa mga batas sa pagdidirehe ng mga digma na nagaganap sa iba't ibang istorikong yugto, na nagkakaiba sa kalikasan at inilulunsad sa iba't ibang lugar at ng iba't ibang bansa, dapat nating ituon ang ating atensyon sa mga katangian at pag-unlad ng bawat isa, at dapat nating labanan ang mekanikal na pagharap sa usapin ng digma.

Hindi pa ito ang lahat-lahat. Nangangahulugang may pagsulong at pag-unlad sa isang kumander na noong una'y kayang mamuno sa isang maliit na pormasyon lamang kung makakaya na niyang mamuno sa malaking pormasyon. May pagkakaiba rin ang pagkilos sa iisang lokalidad at ang pagkilos sa maraming lokalidad. Nangangahulugan din ng pagsulong at pag-unlad sa isang kumander na noong una'y kayang kumilos lamang sa isang lokalidad na kapadong-kapado niya kung makakaya na niyang kumilos sa maraming iba pang lokalidad. Dahil sa teknikal, taktikal at estratehikong pag-unlad sa panig

ng kaaway at sa panig natin, nag-iiba rin ang sirkunstansya sa bawat yugto ng iisang digma. Nangangahulugan ng higit pang pagsulong at pag-unlad sa isang kumander na kayang mamatnugot ng isang digma sa mas mabababang yugto nito kung makakaya na niyang mamatnugot ng isang digma sa mas matataas na yugto nito. Kung nanatili ang kakayahan ng isang kumander sa pamumuno lamang ng pormasyong iisa ang laki, sa pagkilos lamang sa iisang lokalidad at sa iisang yugto ng pag-unlad ng digma, nangangahulugan ito na hindi siya umabante at hindi umunlad. May ilang tao na dahil kuntento na sa iisang kakayahan o sa napakakitid na pananaw ay hindi kailanman umaabante; maaaring gumanap sila ng kaunting papel sa rebolusyon sa isang lugar at panahon, pero hindi ito makabuluhan. Kailangan natin ng mga mamamatnugot sa digma na makagaganap ng makabuluhang papel. Lahat ng batas sa pagdidirehe ng digma ay umuunlad habang sumusulong ang kasaysayan at habang umuunlad ang gera; walang hindi nagbabago.

## 2. ANG LAYUNIN NG DIGMA AY PAWIIN ANG DIGMA

Ang digma, ang halimaw na ito na pagpapatayan ng mga tao, ay mapapawi sa kalaunan sa pamamagitan ng pag-unlad ng lipunan ng sangkatauhan, at magaganap na ito sa di kalayuang hinaharap. Pero iisa lamang ang paraan para pawiin ito at iyon ay ang labanan ang digma sa pamamagitan ng digma, labanan ang kontra-rebolusyonaryong digma sa pamamagitan ng rebolusyonaryong digma, labanan ang pambansang kontra-rebolusyonaryong digma sa pamamagitan ng pambansang rebolusyonaryong digma at labanan ang kontra-rebolusyonaryong makauring digma sa pamamagitan ng rebolusyonaryong makauring digma. Dalawang uri lamang ng digma ang alam ng kasaysayan, ang makatarungan at ang di makatarungan. Sinusuportahan natin ang makatarungang

mga digma at nilalabanan ang di makatarungang mga digma. Lahat ng kontra-rebolusyonaryong digma ay di makatarungan, at lahat ng rebolusyonaryong digma'y makatarungan. Magwawakas ang panahon ng mga digma ng sangkatauhan sa pamamagitan ng ating pagsisikap, at walang dudang bahagi ng pinal na labanan ang digmang inilulunsad natin. Pero wala ring dudang ang digmang hinaharap nati'y magiging bahagi ng pinakamalaki at pinakamalupit na digma sa lahat. Nakaamba sa atin ang pinakamalaki at pinakamalupit sa di makatarungang mga kontra-rebolusyonaryong digma, at mamamatay ang malawak na mayorya ng sangkatauhan kung hindi natin iwawagayway ang bandila ng makatarungang digma. Ang bandila ng makatarungang digma ng sangkatauhan ang bandila ng kaligtasan ng sangkatauhan. Ang bandila ng makatarungang digma ng Tsina ang bandila ng kaligtasan ng Tsina. Ang digmang inilulunsad ng malaking mayorya ng sangkatauhan at ng mamamayang Tsino ay walang dudang isang makatarungang digma, isang napakadakila at napakarangal na gawain para iligtas ang sangkatauhan at ang Tsina, at isang tulay sa bagong panahon sa kasaysayan ng daigdig. Kapag umabante na ang lipunan ng sangkatauhan sa puntong pawi na ang mga uri, hindi na magkakaroon ng mga digma, kontra-rebolusyonaryo man o rebolusyonaryo, di makatarungan o makatarungan; iyon ang magiging panahon ng walang hanggang kapayapaan para sa sangkatauhan. Ang pag-aaral natin ng mga batas ng digma ay nagmumula sa pagnanais na pawiin ang lahat ng digma; naririto ang pagkakaiba sa pagitan nating mga Komunista at ng lahat ng nagsasamantalang uri.

## 3. ANG ESTRATEHIYA AY PAG-AARAL NG MGA BATAS NG SITWASYON NG DIGMA SA KABUUAN

Saan man may digmaan, may sitwasyon ng digma sa

kabuuan. Sa kabuuan, maaaring saklawin ng sitwasyon ng digma ang buong daigdig, maaaring saklawin ang buong bayan, o ang isang nagsasariling sonang gerilya o isang nagsasariling pangunahing larangan ng labanan. Ang anumang sitwasyon ng gera na nagtatamo ng komprehensibong pagsusuri sa iba't ibang aspeto at yugto nito ay bumubuo sa sitwasyon ng digma sa kabuuan.

Ang tungkulin ng syensya ng estratehiya ay pag-aralan iyong mga batas sa pagdidirehe ng digma na gumagabay sa sitwasyon ng digma sa kabuuan. Ang tungkulin ng syensya ng mga kampanya at ng syensya ng mga taktika[1] ay pag-aralan iyong mga batas sa pagdidirehe ng digma na gumagabay sa bahagi ng sitwasyon.

Bakit kailangang maunawaan ng kumander ng isang kampanya o isang operasyong taktikal ang mga batas ng estratehiya sa isang antas? Dahil ang pag-unawa sa kabuua'y nagpapadali ng pagtangan sa bahagi, at dahil ang bahagi'y nakapailalim sa kabuuan. Mali ang pananaw na ang estratehikong tagumpay ay itinatakda ng taktikal na mga tagumpay lamang dahil hindi nito nakikita ang katotohanan na ang tagumpay o pagkatalo sa digma, una sa lahat, ay usapin kung wastong isinaalang-alang ang sitwasyon sa kabuuan at ang iba't ibang yugto nito. Kung may malulubhang depekto o pagkakamali sa pagsasaalang-alang sa sitwasyon sa kabuuan at sa iba't ibang yugto nito, tiyak na matatalo sa digma. Ang kasabihang "Sa isang padalus-dalos na pagkilos, matatalo sa buong laro" ay tumutukoy sa isang hakbang na nakaaapekto sa sitwasyon sa kabuuan, sa isang hakbang na mapagpasya para sa kabuuang sitwasyon, at hindi sa isang hakbang na parsyal ang katangian, isang hakbang na hindi mapagpasya para sa kabuuang sitwasyon. Kung paano sa chess, ganyan din sa digma.

Pero hindi maaaring ihiwalay ang sitwasyon sa kabuuan sa kanyang mga bahagi at maging independyente sa mga ito,

dahil ito'y binubuo ng lahat ng kanyang bahagi. Paminsan-minsa'y maaaring mawasak o matalo ang ilang bahagi nang hindi seryosong naaapektuhan ang sitwasyon sa kabuuan dahil hindi mapagpasya ang mga ito. Hindi humahantong sa pagdausdos ng sitwasyon ng digma sa kabuuan ang ilang pagkatalo o pagkabigo sa mga taktikal na operasyon o kampanya dahil hindi mapagpasya ang kabuluhan ng mga ito. Pero ang pagkatalo ng karamihan ng mga kampanyang bumubuo sa sitwasyon ng digma sa kabuuan, o ng isa o dalawang mapagpasyang kampanya, ay kagyat na nagbabago sa buong kalagayan. Dito, mapagpasya ang "karamihan ng mga kampanya" o ang "isa o dalawang kampanya". Sa kasaysayan ng digma, may mga pagkakataong pinawalang-saysay ng pagkatalo sa isang labanan ang lahat ng bentahe ng isang serye ng mga tagumpay, at may mga pagkakataon pa ngang ang tagumpay sa isang labanan, pagkaraan ng maraming pagkatalo'y nagbubukas ng isang bagong sitwasyon. Sa mga pagkakataong iyon, parsyal lamang ang katangian at hindi mapagpasya sa kabuuang sitwasyon ang "serye ng mga tagumpay" at ang "maraming pagkatalo" samantalang gumanap ng mapagpasyang papel ang "pagkatalo sa iisang labanan" o "tagumpay sa iisang labanan". Ipinaliliwanag ng lahat ng ito ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa sitwasyon sa kabuuan. Ang mas mahalaga para sa nasa pangkalahatang kumand ay magkonsentra sa pagharap sa kabuuang sitwasyon ng digma sa kabuuan. Alinsunod sa sirkunstansya, ang pangunahing punto'y dapat niyang pagtuunan ang mga usapin ng paggugrupo ng kanyang mga yunit at pormasyong militar, ang ugnayan ng mga kampanya sa isa't isa, ang ugnayan ng iba't ibang yugto ng operasyon at ang ugnayan ng ating mga aktibidad sa kabuuan at ng mga aktibidad ng kaaway sa kabuuan – lahat ng usaping ito ay nangangailangan ng kanyang pinakapuspusang pagsusuri

at pagsisikap, at kapag pinabayaan niya ang mga ito at nagpakalulong sa mga segundaryong problema, mahirap niyang maiwasan ang mga pagkatalo.

Ang ugnayan ng kabuuan at ng bahagi ay pumapatungkol hindi lamang sa ugnayan ng estratehiya at kampanya kundi pati na sa ugnayan ng kampanya at taktika. Makikita ang mga halimbawa sa ugnayan ng mga operasyon ng isang dibisyon at ng mga rehimyento at batalyon nito, at sa ugnayan ng mga operasyon ng isang kumpanya at ng mga platun at iskwad nito. Dapat ituon ng kumander sa anumang antas ang kanyang pansin sa pinakamahalaga at pinakamapagpasyang usapin o aksyon sa kabuuang sitwasyong hinaharap niya at hindi sa iba pang mga usapin o aksyon.

Dapat itakda hindi ng pangkalahatan o abstraktong mga konsiderasyon kung ano ang mahalaga at mapagpasya kundi alinsunod sa kongkretong sirkunstansya. Sa isang operasyong militar, dapat piliin ang direksyon at punto ng pagsalakay alinsunod sa aktwal na sitwasyon ng kaaway, tereyn at lakas ng ating sariling mga pwersa sa puntong iyon. Dapat tiyakin na hindi labis na nagpapakabusog ang mga sundalo kapag marami ang suplay at tiyaking hindi sila magugutom kapag kakaunti ang suplay. Sa mga Puting purok, ang pagkabisto ng kapirasong impormasyon lamang ay maaaring maging dahilan ng pagkatalo sa susunod na sagupaan, pero sa mga Pulang purok, ang ganoo'y madalas na hindi napakaseryosong bagay. Kailangang personal na lumahok ang matataas na kumander sa ilang labanan pero hindi sa iba pa. Para sa paaralang militar, ang pinakamahalagang usapin ay ang pagpili ng direktor at mga instruktor at ang pagbubuo ng isang programa sa pagsasanay. Para sa pulong masa, pangunahin ang pagmomobilisa sa masa para lumahok at ang paghahapag ng angkop na mga islogan. At marami pang iba. Sa madaling sabi, ang prinsipyo ay ipokus ang ating atensyon sa mahahalagang kawing na may kinalaman sa kabuuang sitwasyon.

Ang tanging paraan para pag-aralan ang mga batas na gumagabay sa sitwasyon ng digma sa kabuuan ay ang pag-iisip nang malalim. Ito'y dahil ang pumapatungkol sa sitwasyon sa kabuuan ay hindi nakikita sa mata, at mauunawaan lamang natin ito sa pamamagitan ng malalim na pag-iisip; walang iba pang paraan. Pero dahil binubuo ng mga bahagi ang kabuuang sitwasyon, mauunawaan ng mga taong may karanasan sa mga bahagi, karanasan sa mga kampanya at taktika, ang mas mahihirap na usapin kung nakahanda silang mag-isip nang malalim. Kabilang sa mga usapin sa estratehiya ang sumusunod:

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa ugnayan sa pagitan natin at ng kaaway.

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa ugnayan sa pagitan ng iba't ibang kampanya o sa pagitan ng iba't ibang yugto ng operasyon.

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa mga bahaging may kinalaman (mapagpasya) sa sitwasyon sa kabuuan.

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa espesyal na mga katangiang taglay ng pangkalahatang sitwasyon.

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa ugnayan ng harapan at likuran.

Pagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa pagkakaiba, gayundin sa koneksyon sa pagitan ng nawala at pamalit, sa pagitan ng paglaban at pagpapahinga, sa pagitan ng konsentrasyon at paghihiwa-hiwalay, sa pagitan ng atake at depensa, sa pagitan ng pagsulong at pag-atras, sa pagitan ng pagtago at paglantad, sa pagitan ng pangunahing atake at suplementaryong mga atake, sa pagitan ng pagsugod at aksyong pamigil, sa pagitan ng sentralisadong kumand at desentralisadong kumand, sa pagitan ng matagalang digma at digmang mabilis na tinatapos, sa pagitan ng digmang pusisyunal at digmang makilos, sa pagitan ng ating mga pwersa at mga kaibigang pwersa, sa pagitan ng isang sangay militar

at isa pa, sa pagitan ng mas mataas at mas mababang antas, sa pagitan ng mga kadre at karaniwang kawal, sa pagitan ng dati at bagong mga kawal, sa pagitan ng nakatataas at nakabababang mga kadre, sa pagitan ng mga Pulang purok at mga Puting purok, sa pagitan ng mga dating Pulang purok at mga bago, sa pagitan ng sentrong distrito at mga hangganan ng baseng purok, sa pagitan ng tag-init at taglamig, sa pagitan ng tagumpay at pagkatalo, sa pagitan ng malalaki at maliliit na pormasyon ng tropa, sa pagitan ng regular na hukbo at mga pwersang gerilya, sa pagitan ng pagdurog sa kaaway at pagkabig sa masa, sa pagitan ng pagpapalawak ng Pulang Hukbo at pagkokonsolida nito, sa pagitan ng gawaing militar at gawaing pampulitika, sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyang mga tungkulin, sa pagitan ng kasalukuyan at hinaharap na mga tungkulin, sa pagitan ng mga tungkuling resulta ng isang bungkos ng sirkunstansya at mga tungkuling resulta ng iba pa, sa pagitan ng mga pirming mga larangan at pabagu-bagong mga larangan, sa pagitan ng digmaang sibil at digmang pambansa, sa pagitan ng isang istorikong yugto at iba pa, atbp., atbp.

Alinman sa mga problemang ito ng estratehiya ay hindi nakikita sa mata, pero kung pag-iisipan natin nang malalim ay mauunawaan, magagagap at matututunan natin ang lahat ng ito. Ibig sabihi'y maaari nating iangat sa mas mataas na antas ng prinsipyo ang mahahalagang usapin kaugnay ng digma o kaugnay ng mga operasyong militar at lutasin ang mga ito. Ang ating tungkulin sa pag-aaral ng mga usapin ng estratehiya ay makamit ang layuning ito.

## 4. ANG MAHALAGA AY MAGPAKAHUSAY SA PAG-AARAL

Bakit natin inorganisa ang Pulang Hukbo? Para sa layuning gapiin ang kaaway. Bakit natin pinag-aaralan ang mga batas ng digma? Para sa layuning ilapat ang mga ito sa digma.

Hindi madali ang matuto at mas mahirap pa ang isapraktika

ang natutunan. Maraming tao ang mukhang kahanga-hanga kapag nagtatalakay tungkol sa syensyang militar sa silid-aralan o mga aklat, pero sa aktwal na labana'y nagtatagumpay ang ilan at ang iba nama'y natatalo. Napatunayan na ng kasaysayan ng digma at ng ating sariling karanasan sa digma ang puntong ito.

Kung gayon, ano ang pinakaubod ng usapin?

Sa tunay na buhay, hindi tayo makatatagpo ng "mga heneral na laging nagtatagumpay", na mangilan-ngilan lamang sa kasaysayan. Ang pwede nating hingin ay mga heneral na matatapang at matatalino at karaniwang ipinapanalo ang kanilang mga laban sa takbo ng isang digma, mga heneral na pinagkukumbina ang katalinuhan at katapangan. Para maging matalino at matapang, dapat matutunan ang isang kaparaanan, isang kaparaang magagamit sa pag-aaral pati na sa paglalapat ng natutunan.

Anong kaparaanan? Ang kaparaanan ay ang pag-alam mismo natin sa lahat ng aspeto ng sitwasyon ng kaaway at ng sitwasyon natin, pagtuklas sa mga batas na gumagabay sa mga aksyon ng magkabilang panig, at paggamit ng mga batas na ito sa ating sariling mga operasyon.

Ipinakikita ng mga manwal militar na inilabas sa maraming bayan ang pangangailangan ng isang "pleksibleng aplikasyon ng mga prinsipyo alinsunod sa sirkunstansya" at sa mga hakbang na dapat gawin sakaling matalo. Ipinakikita ng mga ito ang nauna para paalalahanan ang kumander laban sa suhetibong paggawa ng mga pagkakamali dahil sa napakatigas na aplikasyon ng mga prinsipyo, at tinutukoy ang huli para makaangkop siya sa sitwasyon pagkaraang makagawa ng suhetibong pagkakamali, o pagkaraang mangyari ang di inaasahan at di maiiwasang mga pagbabago sa obhetibong kalagayan.

Bakit nakakagawa ng mga suhetibong pagkakamali? Dahil hindi angkop sa kalagayan ng takdang panahon at lugar ang

paraan ng pagkakadeploy o pagkakadirehe sa mga pwersa sa isang digma o labanan, dahil ang suhetibong pamumuno ay hindi tumutugma, o salungat sa obhetibong kalagayan, sa madaling sabi'y dahil hindi nalutas ang kontradiksyon sa pagitan ng suhetibo at obhetibo. Mahirap iwasan ng tao ang ganoong sitwasyon anuman ang kanilang ginagawa, pero ang ilan ay mas mahusay kaysa iba. Kung sa anumang gawain, hinihingi natin ang relatibong mataas na antas ng kakayahan, kung gayon, hinihingi natin ang mas maraming tagumpay sa digma, o kaya'y mas kakaunting pagkatalo. Ang pinakabuod rito'y ang wastong pagtutugma ng suhetibo at obhetibo sa isa't isa.

Tingnan natin halimbawa ang taktika. Kung ang napiling aatakehin ay ang isa sa mga plangka ng kaaway, at ito talaga ang pinakamahinang bahagi nito, at bilang resulta'y nagtagumpay ang pagsalakay, kung gayon, tumutugma ang suhetibo sa obhetibong kalagayan, ibig sabihin, ang pagsisiyasat, tantya at desisyon ng kumander ay tumutugma sa aktwal na sitwasyon at disposisyon ng kaaway. Kung ang napiling aatakehin ay ang ibang plangka o ang gitna at nabahura ang atake at hindi makaabante, kung gayon, hindi tumutugma. Kung tama ang tayming ng pag-atake, kung ang mga reserba'y hindi ginamit nang napakahuli o napakaaga, at kung pabor sa atin at hindi sa kaaway ang lahat ng iba pang disposisyon at operasyon sa labanan, kung gayon, ganap na tumutugma sa obhetibong kalagayan ang suhetibong pagdidirihe sa buong labanan. Bihirang-bihira sa digma o labanan ang ganoong ganap na pagtutugma kung saan ang mga naglalaban ay mga grupo ng buhay na mga taong nag-aarmas at naglilihim sa isa't isa; hinding-hindi ito katulad ng paghawak ng mga bagay na walang buhay o ng pang-araw-araw na mga usapin. Pero kung ang direksyong ibinibigay ng kumander ay tumutugma sa kalahatan sa aktwal na sitwasyon, ibig sabihin, kung ang mapagpasyang mga elemento sa pagdidirihe ay tumutugma

sa aktwal na sitwasyon, kung gayon, may batayan para sa tagumpay.

Ang wastong disposisyon ng isang kumander ay nagmumula sa kanyang wastong mga desisyon, ang kanyang wastong mga desisyon ay nagmumula naman sa kanyang wastong mga husga, at ang kanyang wastong mga husga ay nagmumula sa isang masusi at kinakailangang pagsisiyasat at sa pag-aaral nang mabuti at sa pagtatagni-tagni ng iba't ibang klase ng datos na nakuha sa pagsisiyasat. Ginagamit niya ang lahat ng posible at kailangang paraan sa pagsisiyasat, at pinag-aaralan nang mabuti ang impormasyong nakuha tungkol sa sitwasyon ng kaaway, inaalis ang di mahalaga at pinipili ang esensyal, inaalis ang mali at kinukuha ang tama, nagsisimula sa isa tungo sa isa pa at mula sa labas patungo sa loob; pagkatapos, isinasaalang-alang niya ang kalagayan ng kanyang sariling panig at pinag-aaralan ang magkabilang panig at ang ugnayan ng mga ito sa isa't isa. Sa ganyang paraan siya bumubuo ng kanyang husga, nagpapasya at nagbabalangkas ng plano. Ganyan ang kumpletong proseso ng pag-alam ng sitwasyon na ginagawa ng isang pinunong militar bago siya magbuo ng isang estratehikong plano, plano sa isang kampanya o sa isang labanan. Pero sa halip na gawin ito, ibinabatay ng isang padalus-dalos na pinunong militar ang kanyang mga planong militar sa kanyang pangangarap, kaya't nagiging mapangarap ang kanyang mga plano at hindi tumutugma sa realidad. Ang isang mapusok na pinunong militar na umaasa lamang sa kasigasigan ay tiyak na malilinlang ng kaaway, o mabubuyo ng ilang panlabas o bahagyang aspeto ng sitwasyon ng kaaway, o mapagbabago ng iresponsableng mga mungkahi ng mga nakakababa sa kanya na hindi nakabatay sa tunay na kaalaman o malalim na pagsusuri, at dahil dito'y iniuuntog niya sa pader ang kanyang ulo dahil hindi niya alam o ayaw niyang malaman na ang bawat planong militar ay dapat ibatay sa kinakailangang pagsisiyasat at sa matamang konsiderasyon

sa sitwasyon ng kaaway, sa kanyang sariling kalagayan at sa ugnayan sa isa't isa ng mga ito.

Ang proseso ng pag-alam sa kalagayan ay nangyayari hindi lamang bago balangkasin ang planong militar kundi pagkatapos din nito. Sa pagpapatupad ng plano mula sa sandaling ipatupad ito hanggang sa katapusan ng operasyon, may isa pang proseso ng pag-alam sa sitwasyon, at ito'y ang proseso ng pagsasapraktika. Sa takbo ng prosesong ito, kailangang muling suriin kung tumutugma sa realidad ang planong binalangkas sa naunang proseso. Kung hindi ito tumutugma sa realidad, o kung hindi ito lubos na tumutugma, kung gayon, alisunod sa ating bagong kaalaman, kailangang magbuo ng bagong mga husga, gumawa ng bagong mga desisyon at baguhin ang orihinal na plano para umangkop sa bagong sitwasyon. Sa halos lahat ng operasyon, ang plano'y bahagyang binabago, at paminsan-minsa'y ganap pa nga itong binabago. Ang isang mapusok na tao na hindi nakauunawa sa pangangailangan ng ganoong pagbabago o tumatangging gawin ang mga ito at sa halip ay kumikilos nang bulag ay tiyak na mag-uumpog ng kanyang ulo sa pader.

Ang nabanggit ay nauukol sa isang estratehikong pagkilos, kampanya o labanan. Kung ang isang makaranasang pinunong militar ay mapagpakumbaba at handang matuto, maaari niyang makilala ang katangian ng kanyang mga pwersa (mga kumander, tauhan, armas, suplay, atbp., at katangian ng mga ito sa kabuuan), ang katangian ng mga pwersa ng kaaway (ganoon din, mga kumander, tauhan, armas, suplay, atbp., at katangian ng mga ito sa kabuuan) at ang lahat ng iba pang kalagayan kaugnay ng digma gaya ng pulitika, ekonomya, heograpiya at klima. Ang ganoong pinunong militar ay magkakaroon ng mas mahusay na paggagap sa pagdidirehe ng digma o operasyon at mas malamang na magkakamit ng mga tagumpay. Makakamit niya ito dahil sa loob ng mahabang panaho'y napag-alaman niya ang sitwasyon ng panig ng

kaaway at ng sarili niyang panig, natuklasan ang mga batas ng pagkilos, at nalutas ang mga kontradiksyon sa pagitan ng suhetibo at obhetibo. Mahalagang-mahalaga ang prosesong ito ng pag-alam; kung walang ganoong mahabang panahon ng karanasan, mahirap maunawaan at magagap ang mga batas ng isang buong digma. Hindi magiging isang tunay na mahusay na kumander na may mataas na ranggo ang isang baguhan o kaya'y isang taong lumalaban lamang sa papel; iyon lamang natuto sa aktwal na labanan sa digma ang magiging ganito.

Lahat ng batas militar at teoryang militar na mga prinsipyo sa kalikasan ay karanasan ng nakaraang mga digma na nilagom ng mga tao sa pahanong iyon o sa ating panahon. Dapat nating pag-aralan nang mabuti ang mga aral na ito, na pinagbuwisan ng dugo at pamana ng nakaraang mga digma. Iyo'y isang punto. Pero may isa pa. Dapat nating subukin ang mga kongklusyong ito sa ating karanasan, pulutin ang kapaki-pakinabang, itapon ang di kapaki-pakinabang at idagdag dito ang partikular na sa atin. Napakahalaga ng huling nabanggit, dahil kung hindi'y hindi tayo makapagdidirehe ng digma.

Ang pagbabasa ay pag-alam, pero pag-alam din ang pagsasapraktika at mas mahalaga pa ngang anyo ng pag-alam. Ang ating pangunahing pamamaraan ay matuto ng pakikidigma sa pamamagitan ng pakikidigma. Maaari ring matuto ng pakikidigma ang isang taong walang oportunidad na pumasok sa eskwelahan – matututo siya sa pamamagitan ng paglaban sa gera. Ang rebolusyonaryong digma ay isang pagkilos ng masa; kadalasa'y hindi ito usapin na matuto muna at pagkaraa'y magsapraktika, kundi usapin na magsapraktika at pagkaraa'y matuto dahil ang pagsasapraktika ay pagkatuto mismo. May bakod na naghihiwalay ng karaniwang sibilyan sa sundalo, pero hindi ito katulad ng Great Wall, at mabubuwag ito kaagad. At ang paraan para mabuwag ito ay ang paglahok sa rebolusyon, sa digma. Sa pagsasabing hindi madaling matuto at

maglapat sa praktika, ang ibig nating sabihi'y mahirap matuto nang puspusan at maglapat nang mahusay sa praktika. Sa pagsasabing napakadaling maging sundalo ng sibilyan, ang ibig nating sabihi'y hindi mahirap tawirin ang bakod. Kung pagsasamahin ang dalawang pahayag, maaari nating banggitin ang kasabihang Tsino na "Walang mahirap sa mundo para sa isang determinadong tao". Hindi mahirap tawirin ang bakod, at posible rin ang pagpapakadalubhasa kung determinadong haharapin ang tungkulin at magiging mahusay matuto.

Gaya ng mga batas sa likod ng lahat ng bagay, ang mga batas ng digma ay repleksyon ng mga obhetibong katotohanan sa ating isipan; lahat ng nasa labas ng isipa'y obhetibong realidad. Bunga nito, kabilang sa dapat matutunan at malaman ang katayuan ng panig ng kaaway at panig natin, na kapwa dapat ituring na paksa ng pag-aaral, samantalang ang isipan (ang kapasidad na mag-isip) lamang ang simuno na nagsasagawa ng pag-aaral. Mahusay sa pagkilala sa sarili ang ilang tao at mahina sa pagkilala sa kaaway, at ang iba nama'y kabaligtaran nito; hindi malulutas ng sinuman sa dalawa ang usapin ng pag-aaral at ang paglalapat ng mga batas ng digma sa praktika. May kasabihan sa aklat ni Sun Wu Tzu, ang dakilang syentistang militar ng sinaunang Tsina, na "Kilalanin ang kaaway at kilalanin ang sarili, at kakayaning humarap sa sandaang labanan nang walang panganib na magapi",[2] na kapwa tumutukoy sa yugto ng pagkatuto at yugto ng aplikasyon, kapwa sa pag-alam sa mga batas ng pag-unlad ng obhetibong realidad at sa pagpapasya ng ating sariling pagkilos alinsunod sa mga batas na ito para magapi ang kaharap nating kaaway. Huwag nating balewalain ang kasabihang ito.

Ang digma ang pinakamataas na anyo ng tunggalian sa pagitan ng mga bansa, estado, uri o grupong pampulitika, at lahat ng batas ng digma ay inilalapat sa praktika ng nagdidigmaang mga bansa, estado, uri o grupong pampulitika sa layuning makamit ang kanilang tagumpay. Walang

dudang ang tagumpay o pagkatalo sa digma ay itinatakda pangunahin ng kalagayan sa militar, pulitika, ekonomya at likas na kalagayan ng magkabilang panig. Pero hindi ng mga ito lamang. Itinatakda rin ito ng suhetibong kakayahan ng bawat panig sa pagdidirehe sa digma. Sa pagsisikap ng isang pinunong militar na manalo sa digma, hindi niya maaaring lampasan ang mga limitasyong dulot ng materyal na kalagayan; gayunman, sa balangkas ng mga limitasyong ito'y maaari at dapat niyang pagsikapang manalo. Ang tanghalan ng pagkilos para sa isang pinunong militar ay nakatayo sa obhetibong materyal na kalagayan, pero sa tanghalang iyo'y maaari niyang idirehe ang pagganap ng maraming dramang punung-puno ng tunog at kulay, kapangyarihan at karangyaan. Kung gayon, sa umiiral na obhetibong pundasyong materyal, ibig sabihi'y ang kalagayan sa militar, pulitika, ekonomya at likas na kalagayan, dapat ipakita ng ating mga kumander ng Pulang Hukbo ang kanilang kakayahan at pakilusin ang lahat ng kanilang pwersa para durugin ang pambansa at makauring mga kaaway at itransporma ang buktot na daigdig na ito. Dito maaari at dapat gamitin ang ating suhetibong kakayahan sa pagdidirehe ng digma. Hindi natin pinahihintulutan ang sinuman sa ating mga kumander ng Pulang Hukbo na maging mainitin ang ulo't magkamali-mali; walang alinlangang ang nais natin ay maging isang bayaning kapwa matapang at matalino ang bawat kumander ng Pulang Hukbo, na nagtataglay ng kagitingang nakapangingibabaw sa lahat at ng kakayahang makapangibabaw sa sitwasyon sa buong proseso ng pagbabagu-bago at pag-iiba-iba ng sitwasyon sa buong digma. Sa kanyang paglangoy sa karagatan ng digma, hindi lamang dapat siyang hindi pakawag-kawag lamang kundi dapat tiyakin niya na makararating sa kabilang pampang sa pamamagitan ng sukat na mga kampay sa paglangoy. Ang mga batas sa pagdidirehe ng digma ang bumubuo sa sining ng paglangoy sa karagatan ng digma.

Hanggang diyan na lamang ang pagtalakay sa ating mga pamamaraan.

## KABANATA II

## ANG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA AT ANG REBOLUSYONARYONG DIGMA NG TSINA

Ang rebolusyonaryong digma ng Tsina, na nagsimula noong 1924, ay dumaan na sa dalawang yugto, ang una, mula 1924 hanggang 1927, at ang ikalawa, mula 1927 hanggang 1936. Magsisimula ngayon ang yugto ng pambansang rebolusyonaryong digma laban sa Hapon. Sa lahat ng tatlong yugto nito, ang rebolusyonaryong digmang ito ay isinulong, isinusulong, at isusulong sa ilalim ng pamumuno ng proletaryadong Tsino at ng partido nito, ang Partido Komunista ng Tsina. Imperyalismo at pyudal na mga pwersa ang pangunahing mga kaaway ng rebolusyonaryong digma ng Tsina. Bagamat maaaring lumahok sa rebolusyonaryong digma ang burgesyang Tsino sa ilang istorikong sangandaan, magkagayunman, hindi ito handa at hindi nito kayang mamuno sa rebolusyonaryong digma ng Tsina sa landas ng ganap na tagumpay dahil sa kanyang pagkamakasarili at kawalan ng kasarinlan sa pulitika at ekonomya. Hangad ng masa ng magsasaka at petiburgesyang lunsod ng Tsina na aktibong lumahok sa rebolusyonaryong digma at isulong ito hanggang sa ganap na tagumpay. Sila ang pangunahing mga pwersa sa rebolusyonaryong digma, pero dahil sila'y maliliit na prodyuser, limitado ang kanilang pananaw sa pulitika (at ilan sa masang walang trabaho'y may anarkistang mga pananaw), kaya't wala silang kakayahang magbigay ng wastong pamumuno sa digma. Kung gayon, sa panahong lumitaw na ang proletaryado sa tanghalan ng pulitika, di maiiwasang bumagsak sa mga balikat ng Partido Komunista ng Tsina ang responsibilidad sa pamumuno sa rebolusyonaryong digma ng Tsina. Sa panahong ito, anumang

rebolusyonaryong digma ay tiyak na magwawakas sa pagkatalo kung wala ito o kokontra sa pamumuno ng proletaryado at Partido Komunista. Sa lahat ng saray sa lipunan at grupong pampulitika sa malakolonyal na Tsina, ang proletaryado at Partido Komunista ang pinakalibre sa kakitiran ng pag-iisip at pagkamakasarili, ang may pinakamalayong tanaw sa pulitika, pinakaorganisado, at pinakahandang matuto nang may bukas na pag-iisip mula sa karanasan ng talibang uri, ang proletaryado at partidong pampulitika nito sa buong daigdig, at gamitin ang karanasang ito sa kanilang mithiin. Kung gayon, tanging ang proletaryado at Partido Komunista ang makapamumuno sa uring magsasaka, petiburgesyang lunsod at burgesya, ang makapangingibabaw sa kakitiran ng pag-iisip ng uring magsasaka at petiburgesya, sa pagkamapaminsala ng masa na walang trabaho, at gayundin (kung hindi magkakamali ang Partido Komunista sa patakaran nito) sa pag-uurong-sulong at kawalan ng kapuspusan ng burgesya – at makapamumuno sa rebolusyon at sa digma sa landas ng tagumpay.

Sa saligan, inilunsad ang rebolusyonaryong digma ng 1924-27 sa kalagayang ang pandaigdigang proletaryado at ang proletaryadong Tsino at partido nito ay nag-impluwensya sa pulitika sa pambansang burgesya ng Tsina at mga partido nito, at pumasok sa pakikipagtulungan sa pulitika sa kanila. Gayunman, nabigo sa kritikal na sandali ang rebolusyonaryong digmang ito, una sa lahat dahil nagtaksil ang malaking burgesya, at kasabay nito'y dahil kusang isinuko ng mga oportunista sa loob ng rebolusyonaryong hanay ang pamumuno sa rebolusyon.

Ang Rebolusyonaryong Digmang Agraryo, na tumagal mula 1927 hanggang sa kasalukuyan, ay inilunsad sa ilalim ng bagong kalagayan. Sa digmang ito, hindi lamang imperyalismo ang kaaway kundi pati na ang alyansa ng malaking burgesya at malalaking panginoong maylupa. At bumuntot sa malaking

burgesya ang pambansang burgesya. Ang rebolusyonaryong digmang ito ay solong pinamunuan ng Partido Komunista na nakapagtatag ng absolutong pamumuno rito. Ang absolutong pamumunong ito ang pinakaimportanteng kundisyon kung bakit nakayang maisulong ang rebolusyonaryong digma hanggang sa katapusan. Kung wala ito, hindi mahihinagap na maisusulong nang may pagpupunyagi ang rebolusyonaryong digma.

Magiting at matatag na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina ang rebolusyonaryong digma ng Tsina, at sa loob ng 15 mahahabang taon[3] ay ipinakita nito sa buong bansa na kaibigan ito ng sambayanan, nakikibaka sa lahat ng pagkaka-taon sa unahan ng rebolusyonaryong digma para ipagtanggol ang interes ng sambayanan at para sa kanilang kalayaan at paglaya.

Sa pamamagitan ng puspusang pakikibaka ng Partido Komunista ng Tsina at ng pagkamartir ng daan-daang libong bayaning kasapi nito at sampu-sampung libong bayaning kadre nito, gumanap ito ng malaking papel sa edukasyon sa hanay ng daan-daang milyong mamamayan sa buong bayan. Ang mga dakilang tagumpay ng Partido sa rebolusyonaryong pakikibaka nito ay nagbigay ng paunang rekisito para sa kaligtasan at katubusan ng Tsina sa kritikal na sandali nang siya'y sakupin ng isang pambansang kaaway; at ang paunang rekisitong ito ay ang pag-iral ng isang lideratong pampulitika na pinagtitiwalaan ng malawak na mayorya ng sambayanan at pinili nila pagkaraan ng mahahabang taon ng pagsubok. Ngayo'y mas madaling tinatanggap ng sambayanan ang sinasabi ng Partido Komunista kaysa anumang sinasabi ng iba pang partidong pampulitika. Kung hindi dahil sa puspusang pakikibaka ng Partido Komunista ng Tsina sa nakaraang 15 taon, imposibleng iligtas ang Tsina sa harap ng bagong banta ng pananakop.

Bukod sa mga pagkakamali ng Kanang oportunismo ni

Chen Tu-hsiu[4] at ng "Kaliwang" oportunismo ni Li Li-san,[5] nakagawa ng dalawang iba pang pagkakamali ang Partido Komunista ng Tsina sa takbo ng rebolusyonaryong digma. Ang unang pagkakamali ay ang "Kaliwang" oportunismo ng 1931-34,[6] na nagresulta sa malulubhang pagkatalo ng Rebolusyonaryong Digmang Agraryo kung kaya't sa halip na matalo natin ang ikalimang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil", naagaw ang ating mga baseng purok at humina ang Pulang Hukbo. Iwinasto ang pagkakamaling ito sa pinalaking pulong ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral sa Tsunyi noong Enero 1935. Ang ikalawa'y ang Kanang oportunismo ni Chang Kuo-tao noong 1935-36,[7] na lumaki nang husto kung kaya't pinapanghina nito ang disiplina ng Partido at ng Pulang Hukbo at naging dahilan ng malulubhang pagkatalo ng mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo. Pero sa kalauna'y naiwasto rin ang pagkakamaling ito, salamat sa wastong pamumuno ng Komite Sentral at ng kamulatang pampulitika ng mga kasapi ng Partido, mga kumander at mandirigma sa loob ng Pulang Hukbo. Mangyari pa, lahat ng pagkakamaling ito ay nakapinsala sa ating Partido, sa ating rebolusyon at sa digma, pero sa dulo'y naigpawan natin ang mga ito, at dahil dito'y napanday ng ating Partido at ng ating Pulang Hukbo ang sarili at lalupang lumakas.

Ang Partido Komunista ng Tsina ay namuno at patuloy na mamumuno sa masigla, dakila at matagumpay na rebolusyonaryong digma. Ang digmang ito ay hindi lamang bandila ng pagpapalaya ng Tsina kundi may pandaigdigang rebolusyonaryong kabuluhan din. Nakasubaybay sa atin ang mga rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig. Sa bagong yugto, ang yugto ng pambansang rebolusyonaryong digmang anti-Hapones, pamumunuan natin ang rebolusyong Tsino hanggang sa makumpleto ito at pagsusumikapang impluwensyahan nang malalim ang rebolusyon sa Silangan

at sa buong daigdig. Napatunayan ng ating rebolusyonaryong digma na kailangan natin ng wastong Marxistang linyang militar, gayundin ng wastong Marxistang linyang pampulitika. Pinanday ng 15 taong rebolusyon at digma ang ganoong mga linya sa pulitika at militar. Naniniwala tayo na mula ngayon, sa bagong yugto ng digma, lalupang uunlad, malilipos at mapayayaman sa bagong mga sirkunstansya ang mga linyang ito, nang sa gayo'y makamit natin ang ating layuning magapi ang pambansang kaaway. Ipinapahayag sa atin ng kasaysayan na hindi ispontanyo at mapayapang lumilitaw at umuunlad ang wastong mga linya sa pulitika at militar kundi tanging sa proseso ng pakikibaka. Dapat bakahin ng mga linyang ito ang "Kaliwang" oportunismo sa isang banda at ang Kanang oportunismo sa kabilang banda. Kung hindi babakahin at puspusang pangingibabawan ang nakapipinsalang mga tendensyang ito na sumisira sa rebolusyon at rebolusyonaryong digma, imposibleng makapagbalangkas ng wastong linya at magtagumpay sa digmang ito. Ito ang dahilan kung bakit lagi kong binabanggit sa pampletong ito ang mga maling pananaw.

## KABANATA III

## MGA KATANGIAN NG REBOLUSYONARYONG DIGMA NG TSINA

### 1. ANG KAHALAGAHAN NG PAKSA

Ang mga taong tumatanggi, hindi alam, o ayaw malaman na may sariling mga katangian ang rebolusyonaryong digma ng Tsina ay inihahalintulad ang digmang inilulunsad ng Pulang Hukbo laban sa mga pwersa ng Guomindang sa digma sa pangkalahatan o sa gera sibil sa Unyong Sobyet. May pandaigdigang kabuluhan ang gera sibil sa Unyong Sobyet na pinamunuan nina Lenin at Stalin. Itinuturing ng lahat ng Partido Komunista, kabilang ang Partido Komunista ng Tsina,

ang karanasang ito at ang teoretikal na paglalagom nina Lenin at Stalin bilang kanilang gabay. Pero hindi ibig sabihin na dapat mekanikal nating ilapat ito sa ating kalagayan. Sa maraming aspeto, ang rebolusyonaryong digma ng Tsina ay may mga katangiang naiiba sa gera sibil ng Unyong Sobyet. Mangyari pa, maling hindi isaalang-alang ang mga katangiang ito o itanggi na naririyan ang mga ito. Ganap na napatunayan ang puntong ito sa ating sampung taong digma.

Nakagawa rin ng katulad na mga pagkakamali ang ating kaaway. Hindi niya kinilala na ang paglaban sa Pulang Hukbo ay nangangailangan ng estratehiya at mga taktikang naiiba sa mga ginagamit sa paglaban sa ibang mga pwersa. Dahil sumasandig siya sa kanyang superyoridad sa iba't ibang aspeto, minaliit niya tayo at nagpatuloy sa kanyang dating mga paraan ng pakikidigma. Ito ang nangyari kapwa bago pa at sa panahon ng kanyang ikaapat na kampanyang "pagkubkob at pagsupil" noong 1933, na ang resulta'y dumanas siya ng serye ng pagkatalo. Sa hukbo ng Guomindang, unang iminungkahi ang isang bagong paraan ng paglutas sa problema ng reaksyunaryong heneral ng Guomindang na si Liu Wei-yuan at pagkaraa'y ni Tai Yueh. Sa kalauna'y tinanggap ni Chiang Kai-shek ang kanilang ideya. Ganyan ang nangyari kung kaya't naitayo ang Kwerpo sa Pagsasanay ng mga Upisyal ni Chiang Kai-shek sa Lushan[8] at nabuo ang bagong reaksyunaryong mga prinsipyong militar[9] na ginamit sa ikalimang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil".

Pero nang baguhin ng kaaway ang kanyang mga prinsipyong militar para umangkop sa mga operasyon laban sa Pulang Hukbo, lumitaw sa ating hanay ang isang grupong nanumbalik sa "mga dating pamamaraan". Itinulak nila ang panunumbalik sa mga pamamaraang angkop sa karaniwang takbo ng mga bagay, tumangging pag-aralan ang partikular na sirkunstansya ng bawat kaso, itinakwil ang karanasang nakamit sa kasaysayan ng madudugong labanan ng Pulang

Hukbo, minaliit ang lakas ng imperyalismo at ng Guomindang, pati na ng hukbo ng Guomindang, at nagbulag-bulagan sa bagong reaksyunaryong mga prinsipyong pinagtibay ng kaaway. Bunga nito, naagaw ang lahat ng rebolusyonaryong base liban sa hangganang purok ng Shensi-Kansu. Lumiit ang bilang ng Pulang Hukbo mula 300,000 tungo sa ilang sampung libo, at bumagsak ang bilang ng kasapian ng Partido Komunista ng Tsina mula 300,000 tungo sa ilang sampung libo, at halos nawasak ang lahat ng organisasyon ng Partido sa mga purok ng Guomindang. Sa madaling sabi, napakamahal ng naging kabayaran natin, na makasaysayan ang kabuluhan. Tinawag ng grupong ito ang sarili na mga Marxista-Leninista, pero sa katunaya'y hindi sila natuto ng katiting man lamang na Marxismo-Leninismo. Sinabi ni Lenin na ang pinakaesensyal na bagay sa Marxismo, ang buhay na kaluluwa ng Marxismo, ay ang kongkretong pagsusuri sa kongretong kalagayan.[10] Iyon mismo ang puntong nalimutan ng mga kasama nating ito.

Kung gayon, makikita na kung hindi nauunawaan ang mga katangian ng rebolusyonaryong digma ng Tsina, imposibleng maidirehe at madala ito sa tagumpay.

## 2. ANU-ANO ANG MGA KATANGIAN NG REBOLUSYONARYONG DIGMA NG TSINA?

Anu-ano kung gayon ang mga katangian ng rebolusyonaryong digma ng Tsina?

Sa ganang akin, may apat na pangunahin.

Una, ang Tsina ay isang malawak na malakolonyal na bayan, na di pantay ang naging pag-unlad sa pulitika at ekonomya at nakaranas ng rebolusyon ng 1924-27.

Ipinakikita ng katangiang ito na posible para sa rebolusyonaryong digma ng Tsina na sumulong at magtagumpay. Naipakita na natin ito (sa Unang Kongreso ng Partido ng Hangganang Purok ng Hunan-Kiangsi)[11] nang ihapag ng mga

kasamang nasa Kabundukan ng Chingkang sa hangganang purok ng Hunan-Kiangsi ang tanong na, "Hanggang kailan natin mapapanatiling wumawagayway ang Pulang Bandila?", noong huling bahagi ng 1927 at maagang bahagi ng 1928, nang kasisimula pa lamang ang pakikidigmang gerilya. Ito'y isang napakapundamental na tanong. Kung hindi natin sasagutin itong tanong kung maaari bang manatili at umunlad ang mga rebolusyonaryong baseng purok ng Tsina at ang Pulang Hukbo Tsino, hindi sana tayo nakasulong kahit isang hakbang man lamang. Ang tanong ay muling sinagot sa Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina noong 1928. Mula noon, nagkaroon na ng wastong teoretikal na batayan ang rebolusyonaryong kilusan ng Tsina.

Suriin naman natin ngayon ang katangiang ito.

Ang pampulitika at pang-ekonomyang pag-unlad ng Tsina ay di pantay – magkasabay na umiiral ang isang mahinang kapitalistang ekonomya at isang nangingibabaw na mala-pyudal na ekonomya; sabay na umiiral ang iilang modernong industriyal at komersyal na lunsod at isang malawak na di umuunlad na kanayunan; sabay na umiiral ang ilang milyong manggagawang industriyal at ang ilang daan-daang milyong magsasaka at manggagawa sa handikrap na nagtatrabaho sa ilalim ng lumang sistema; sabay na umiiral ang malalaking warlord na kumokontrol sa sentrong gubyerno at ang maliliit na warlord na kumokontrol sa mga probinsya; sabay na umiiral ang dalawang klase ng reaksyunaryong hukbo, ang tinatawag na Sentrong Hukbo sa ilalim ni Chiang Kai-shek at ang "sari-saring mga tropa" sa ilalim ng mga warlord sa mga probinsya; sabay na umiiral ang ilang riles ng tren, linya ng barko at malalaking lansangan, at ang malaking bilang ng daang pangkartilya at pantao na karamiha'y mahirap pa ngang tahakin nang naglalakad.

Ang Tsina ay isang malakolonyal na bayan – ang pagkaka-hati-hati sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan ay

dahilan ng pagkakahati-hati sa hanay ng mga naghaharing grupo sa Tsina. May pagkakaiba sa pagitan ng isang malakolonyal na bayang kontrolado ng maraming bayan at ng isang kolonyang kontrolado ng iisang bayan.

Ang Tsina ay isang malawak na bayan – "Kapag madilim sa silangan, maliwanag sa kanluran; kapag madilim sa timog, may liwanag pa rin sa hilaga." Kung gayon, hindi dapat mag-alala tungkol sa kawalan ng maniobrahan.

Ang Tsina ay nakaranas ng isang dakilang rebolusyon – nagbunga ito ng mga binhi kung saan nagmula ang Pulang Hukbo, nagbunga ng lider ng Pulang Hukbo, ibig sabihin, ang Partido Komunista ng Tsina at nagbigay sa masa ng karanasang makilahok sa isang rebolusyon.

Kung gayon, masasabi nating ang unang katangian ng rebolusyonaryong digma ng Tsina ay dahil isinusulong ito sa isang malawak na bayang malakolonyal na di pantay ang pag-unlad sa pulitika at ekonomya at nakaranas ng isang rebolusyon. Sa saligan, ang katangiang ito ang nagtatakda ng ating estratehiya at mga taktikang militar pati na ng ating estratehiya at mga taktikang pampulitika.

Ang pangalawang katangian ay malaki at makapangyarihan ang ating kaaway.

Ano ang katayuan ng Guomindang, ang kaaway ng Pulang Hukbo? Ito ay isang partido na umagaw sa kapangyarihang pampulitika at humigit kumulang ay nakapag-istabilisa ng kapangyarihan. Nakuha nito ang suporta ng pangunahing kontra-rebolusyonaryong mga estado ng daigdig. Inayos nito ang kanyang hukbo na naging kakaiba sa alinmang hukbo sa kasaysayan ng Tsina at sa kabuua'y kagaya ng mga hukbo ng modernong mga estado; ang hukbong ito ay sadyang mas mahusay na nasasandatahan ng armas at kagamitan kaysa Pulang Hukbo at mas malaki kaysa alinmang hukbo sa kasaysayan ng Tsina, o dahil dito'y kaysa kasalukuyang hukbo

ng alinmang iba pang bayan. Gamundo ang pagkakaiba sa pagitan ng hukbo ng Guomindang at ng Pulang Hukbo. Nasa kontrol ng Guomindang ang mga susi o pinakamahahalagang pusisyon sa pulitika, ekonomya, komunikasyon at kultura ng Tsina; ang kapangyarihang pampulitika nito ay may pambansang saklaw.

Kung gayon, ang Pulang Hukbo ng Tsina ay humaharap sa isang malaki at makapangyarihang kaaway. Ito ang pangalawang katangian ng rebolusyonaryong digma ng Tsina. Sa maraming paraan, kinakailangang pinag-iiba nito ang mga operasyong militar ng Pulang Hukbo sa mga digma sa pangkalahatan at sa gera sibil sa Unyong Sobyet o sa Ekspedisyon sa Hilaga.

Ang pangatlong katangian ay maliit at mahina ang Pulang Hukbo.

Ang Pulang Hukbo ng Tsina na nagsimula bilang mga yunit gerilya, ay nabuo pagkaraang matalo ang unang dakilang rebolusyon. Nangyari ito sa panahong may relatibong katatagang pampulitika at pang-ekonomya sa mga reaksyunaryong kapitalistang bayan ng daigdig pati na sa panahon ng reaksyon sa Tsina.

Ang ating kapangyarihang pampulitika ay umiiral sa kalat-kalat at hiwalay na kabundukan o malalayong rehiyon at walang natatanggap na anumang tulong mula sa labas. Atrasado ang kalagayang pang-ekonomya at pangkultura sa mga rebolusyonaryong baseng purok kung ihahambing sa mga purok ng Guomindang. Ang mga rebolusyonaryong baseng purok ay sumasaklaw lamang sa mga distrito ng kanayunan at maliliit na bayan. Noong simula, ang mga purok na ito'y napakaliliit at mula noo'y hindi na lumaki. Bukod pa, palipat-lipat ang mga ito at hindi pirmi at walang tunay na konsolidadong mga purok ang Pulang Hukbo.

Sa bilang, kakaunti ang Pulang Hukbo, mahihina ang

kanyang armas at nahihirapan ito nang husto na makakuha ng mga suplay gaya ng pagkain, kagamitang pantulog at mga damit.

Ang katangiang ito ay nagpapakita ng malinaw na kaibahan sa nauna. Mula sa malinaw na kaibahang ito lumitaw ang estratehiya at mga taktika ng Pulang Hukbo.

Ang pang-apat na katangian ay ang pamumuno ng Partido Komunista at ang rebolusyong agraryo.

Ang katangiang ito ay di maiiwasang resulta ng unang katangian. Ito ang naging dahilan ng paglitaw ng dalawang aspeto. Sa isang banda, sa kabila ng katotohanang ang rebolusyonaryong digma ng Tsina ay nagaganap sa panahon ng reaksyon sa Tsina at sa buong kapitalistang daigdig, posible ang tagumpay dahil nasa ilalim ito ng pamumuno ng Partido Komunista at sinusuportahan ng uring magsasaka. Salamat sa suportang ito, ang ating mga baseng purok, gaano man kaliliit ang mga ito, ay napakamakapangyarihan sa pulitika at matatag na lumalaban sa dambuhalang rehimen ng Guomindang habang sa larangang militar naman ay pinahihirap nang husto ng mga ito ang mga pag-atake ng Guomindang. Gaano man kaliit ang Pulang Hukbo, malaki ang kakayahan nitong lumaban dahil ang kanyang mga myembro, sa pamumuno ng Partido Komunista, ay iniluwal ng rebolusyong agraryo at lumalaban para sa sarili nilang interes, at dahil nagkakaisa sa pulitika ang kanyang mga kumander at mandirigma.

Sa kabilang banda, ibang-iba naman ang Guomindang. Salungat ito sa rebolusyong agraryo at sa gayo'y hindi sinusuportahan ng uring magsasaka. Kahit mayroon itong malaking hukbo, hindi kayang kumbinsihin ng Guomindang ang kanyang mga sundalo at maraming upisyal na mababa ang ranggo na kusang loob na magbuwis ng kanilang buhay para sa kanya. Ang kanyang mga upisyal at tauhan ay hati sa pulitika, na nagpapababa sa kanyang kakayahang lumaban.

## 3. ANG ATING ESTRATEHIYA AT MGA TAKTIKA NA INILULUWAL NG MGA KATANGIANG ITO

Kung gayon, ang apat na pangunahing katangian ng rebolusyonaryong digma ng Tsina ay: isang malawak na bayang malakolonyal na may di pantay na pag-unlad sa pulitika at ekonomya at nakaranas ng isang dakilang rebolusyon; isang malaki at makapangyarihang kaaway; isang maliit at mahinang Pulang Hukbo at ang rebolusyong agraryo. Ang mga katangiang ito ang nagtatakda ng linyang gumagabay sa rebolusyonaryong digma ng Tsina pati na sa maraming estratehiko at taktikal na prinsipyo nito. Batay sa una at pang-apat na katangian, posible para sa Pulang Hukbo na lumaki at magapi ang kaaway nito. Batay sa pangalawa at pangatlong katangian, imposible para sa Pulang Hukbo ng Tsina na lumaki nang napakabilis o mabilis na magapi ang kaaway nito; sa madaling sabi, magiging matagalan ang digma at maaari pa ngang matalo kung hindi wastong mapanghahawakan.

May dalawang aspeto ang rebolusyonaryong digma ng Tsina. Sabay na umiiral ang mga ito, ibig sabihi'y may mga paborableng salik at may mga kahirapan. Ito ang pundamental na batas ng rebolusyonaryong digma ng Tsina, na pinagbubuhatan ng maraming iba pang batas. Pinatunayan ng kasaysayan ng ating sampung taong digma ang katotohanan ng batas na ito. Sinumang hindi makakita sa pundamental na batas na ito ay hindi makapagdidirehe sa rebolusyonaryong digma ng Tsina, at hindi makapamumuno sa Pulang Hukbo tungo sa mga tagumpay.

Malinaw na dapat wasto nating malutas ang lahat ng sumusunod na usapin ng prinsipyo:

Wastong itakda ang ating estratehiya; labanan ang adbenturismo kapag nasa opensiba, labanan ang konserbatismo kapag nasa depensiba, at labanan ang pagtalilis kapag lumilipat-lipat ng lugar.

Labanan ang gerilyaismo sa Pulang Hukbo habang kinikilala ang katangiang gerilya ng mga operasyon nito.

Labanan ang matagalang mga kampanya at ang estratehiyang mabilis na tinatapos at itaguyod ang estratehiya ng matagalang digma at mga kampanyang mabilis na tinatapos.

Labanan ang pirming linya ng labanan at pakikidigmang pusisyunal, at paboran ang pabagu-bagong linya ng labanan at pakikidigmang makilos.

Labanan ang pakikidigma para lamang talunin ang kaaway, at itaguyod ang pakikipaglaban para lipulin ang kaaway.

Labanan ang estratehiya ng magkasabay na pagsuntok ng dalawang "kamao" sa dalawang direksyon, at itaguyod ang estratehiya ng pagsuntok ng isang "kamao" sa iisang direksyon sa isang panahon.[12]

Labanan ang prinsipyo ng pagpapanatili ng isang malaking likurang purok, at itaguyod ang prinsipyo ng maliliit na likuran.

Labanan ang absolutong sentralisadong kumand, at paboran ang isang relatibong sentralisadong kumand.

Labanan ang lantay militar na pananaw at ang mga gawi ng mga rebeldeng lagalag,[13] at kilalanin na ang Pulang Hukbo ay isang propagandista at tagapag-organisa ng rebolusyon ng Tsina.

Labanan ang mga gawi ng bandido,[14] at itaguyod ang mahigpit na disiplinang pampulitika.

Labanan ang mga gawi ng warlord, at paboran kapwa ang demokrasya sa loob ng takdang mga limitasyon at ang awtoritatibong disiplina sa hukbo.

Labanan ang sektaryan at maling patakaran sa mga kadre, at itaguyod ang wastong patakaran sa mga kadre.

Labanan ang patakaran ng paghihiwalay, at pagtibayin ang patakaran ng pagkabig sa lahat ng posibleng alyado.

Labanan ang pagpapanatili ng Pulang Hukbo sa dati nitong

antas, at pagsikapang paunlarin ito tungo sa isang bagong antas.

Layunin ng ating kasalukuyang pagtalakay sa mga usapin ng estratehiya na maingat na ipaliwanag ang mga usaping ito batay sa istorikong karanasang nakamit sa sampung taong madugong rebolusyonaryong digma ng Tsina.

## KABANATA IV
## "PAGKUBKOB AT PAGSUPIL" AT MGA KONTRA-KAMPANYA LABAN DITO —ANG PANGUNAHING PADRON NG GERA SIBIL NG TSINA

Sa sampung taon mula nang mag-umpisa ang ating pakikidigmang gerilya, bawat nagsasariling Pulang gerilyang yunit, bawat yunit ng Pulang Hukbo o bawat rebolusyonaryong baseng purok ay regular na napaiilalim sa "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway. Itinuturing ng kaaway na halimaw ang Pulang Hukbo at gustong madakip ito sa sandaling magpakita ito. Lagi nitong tinutugis ang Pulang Hukbo at laging tinatangkang kubkubin ito. Sa loob ng sampung tao'y hindi nabago ang padrong ito, at hanggat hindi nagiging isang pambansang digma ang gera sibil, mananatiling ganito ang padron hanggang sa araw na magiging mas mahina ang kaaway at mas malakas ang Pulang Hukbo.

Ang mga operasyon ng Pulang Hukbo ay nasa anyong mga kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil". Para sa atin, ang tagumpay ay pangunahing nangangahulugan ng tagumpay sa pagbaka sa "pagkubkob at pagsupil", ibig sabihin, estratehikong tagumpay at mga tagumpay sa mga kampanya. Ang paglaban sa bawat kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" ay binubuo ng isang kontra-kampanya na karaniwang binubuo ng ilan o maraming-maraming labanan, maliliit

at malalaki. Hanggat hindi nadudurog sa saligan ang isang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", hindi ito maituturing na estratehikong tagumpay o tagumpay sa kontra-kampanya sa kabuuan, kahit pa nga nanalo sa maraming labanan. Ang kasaysayan ng isang dekada ng pakikidigma ng Pulang Hukbo ay kasaysayan ng mga kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil".

Sa mga kampanyang "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway at sa mga kontra-kampanya ng Pulang Hukbo laban sa mga ito, parehong ginagamit ang dalawang anyo ng paglaban, ang opensiba at depensiba, at hindi ito naiiba sa iba pang gera, sinauna man o moderno, sa Tsina o saan mang lugar. Gayunman, ang espesyal na katangian ng gera sibil ng Tsina ay ang paulit-ulit na salitan ng dalawang anyo sa mahabang panahon. Sa bawat kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", ginagamit ng kaaway ang opensiba laban sa depensiba ng Pulang Hukbo, at ginagamit ng Pulang Hukbo ang depensiba laban sa opensiba nito; ito ang unang yugto ng kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil". Pagkatapos, ginagamit ng kaaway ang depensiba laban sa opensiba ng Pulang Hukbo, at ginagamit ng Pulang Hukbo ang opensiba laban sa depensiba nito; ito ang pangalawang yugto ng kontra-kampanya. Bawat kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" ay binubuo ng dalawang yugtong ito, at nagsasalitan ang dalawang ito sa isang mahabang panahon.

Ang ibig nating tukuyin sa paulit-ulit na pagsasalit-salitan sa isang mahabang panahon ay ang pag-ulit-ulit ng padron at mga anyong ito ng labanan. Isa itong katotohanang kitang-kita ng lahat. Isang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at isang kontra-kampanya laban dito – ganyan ang paulit-ulit na padron ng digma. Sa bawat kampanya, ang salitan sa anyo ng paglaban ay binubuo ng unang yugto kung saan ginagamit ng kaaway ang opensiba laban sa ating depensiba

at hinaharap natin ang kanyang opensiba sa pamamagitan ng ating depensiba, at sa pangalawang yugto kung saan ginagamit ng kaaway ang depensiba laban sa ating opensiba at hinaharap natin ang kanyang depensiba sa pamamagitan ng ating opensiba.

Hinggil naman sa nilalaman ng isang kampanya o ng isang labanan, hindi ito binubuo lamang ng pag-ulit-ulit kundi nag-iiba sa bawat panahon. Ito rin ay isang katotohanan at kitang-kita ng lahat. Kaugnay nito, sa pangkalahatan, sa bawat kampanya at bawat kontra-kampanya, mas lumalawak ang saklaw, mas nagiging kumplikado ang sitwasyon at mas umiigting ang labanan.

Pero hindi ito nangangahulugan na walang pagsulong at pag-urong. Pagkaraan ng ikalimang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil", humina nang husto ang Pulang Hukbo at nawala ang lahat ng baseng purok sa katimugan. Dahil lumipat sa hilagang-kanluran, nawalan ang Pulang Hukbo ng isang mahalagang pusisyon na nagbabanta sa panloob na kaaway kagaya ng sa katimugan, at dahil dito, mas lumiit ang saklaw ng mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", mas naging simple ang sitwasyon at nabawasan ang igting ng labanan.

Ano ang isang pagkatalo para sa Pulang Hukbo? Batay sa estratehiya, may pagkatalo lamang kapag lubusang nabigo ang isang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pag-supil", pero magkagayunman, bahagya at pansamantala lamang ang pagkatalo. Ito'y dahil ang lubusang pagkadurog lamang ng Pulang Hukbo ang bubuo ng ganap na pagkatalo sa gera sibil; pero hindi pa ito kailanman nangyayari. Ang pagkawala ng malalawak na baseng purok at ang paglipat ng Pulang Hukbo ay isang pansamantala at bahagyang pagkatalo at hindi isang pinal at ganap na pagkatalo, kahit na ang bahagyang pagkatalong ito ay nagresulta ng pagkawala ng 90 porsyento

ng kasapian ng Partido, ng mga armadong pwersa at ng mga baseng purok. Ang paglipat na ito ay tinatawag nating pagpapatuloy ng ating depensiba at ang pagtugis ng kaaway ang pagpapatuloy ng kanyang opensiba. Ibig sabihin, sa proseso ng tunggalian sa pagitan ng "pagkubkob at pagsupil" at ating kontra-kampanya, hinayaan nating wasakin ng opensiba ng kaaway ang ating depensiba sa halip na mula sa depensiba ay bumaling sa opensiba; kung gayon, naging isang pag-atras ang ating depensiba at naging pagtugis ang opensiba ng kaaway. Pero nang makarating sa isang bagong purok ang Pulang Hukbo, gaya halimbawa nang lumipat tayo sa Probinsya ng Shensi mula sa Probinsya ng Kiangsi at sa iba't iba pang rehiyon, muling nagsimula ang pag-ulit-ulit ng mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil". Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi natin na ang estratehikong pag-atras ng Pulang Hukbo (ang Mahabang Martsa) ay pagpapatuloy ng estratehikong depensiba nito at ang estratehikong pagtugis ng kaaway ay pagpapatuloy ng kanyang estratehikong opensiba.

Sa gera sibil ng Tsina, gaya ng lahat ng iba pang digma, sinauna man o moderno, sa Tsina man o ibayong dagat, may dalawang batayang anyo lamang ng paglaban, pag-atake at depensa. Ang espesyal na katangian ng gera sibil ng Tsina ay binubuo ng matagalang pag-uulit-ulit ng mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at ng ating mga kontra-kampanya kasabay ng matagalang salitan ng dalawang anyo ng paglaban, pag-atake at depensa, kabilang ang penomenon ng dakilang estratehikong paglipat sa layong mahigit sampung libong kilometro (ang Mahabang Martsa).[15]

Ang isang pagkatalo para sa kaaway ay ganoon din. Isang estratehikong pagkatalo sa kaaway kapag nawasak ang kanyang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at ang ating depensiba ay naging opensiba, kapag bumabaling sa depensiba ang kaaway at kailangang magreorganisa bago makapaglunsad

ng isa pang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil". Hindi kinailangang magsagawa ng estratehikong paglipat sa layong sampung libong kilometro ang kaaway gaya ng ginawa natin dahil naghahari ito sa buong bayan at di hamak na mas malakas kaysa atin. Pero nagkaroon ng mga bahagyang paglipat ng kanyang mga pwersa. Paminsan-minsan, ang mga pwersa ng kaaway sa mga kuta sa Puting purok na kinubkob ng Pulang Hukbo sa ilang baseng purok ay nakabutas sa ating pagkubkob at umatras sa mga Puting purok para mag-organisa ng bagong mga opensiba. Kung patatagalin ang gera sibil at magiging mas masaklaw ang mga tagumpay ng Pulang Hukbo, mas marami ang mangyayaring ganito. Pero hindi makakamit ng kaaway ang kaparehong resulta gaya ng sa Pulang Hukbo dahil hindi nito nakukuha ang suporta ng sambayanan at hindi nagkakaisa ang kanyang mga upisyal at tauhan. Kung gagayahin nito ang malayuang paglipat ng Pulang Hukbo, tiyak na malilipol ito.

Sa panahon ng linyang Li Li-san noong 1930, hindi naunawaan ni Li Li-san ang matagalang kalikasan ng gera sibil ng Tsina at dahil dito, hindi niya naunawaan ang batas na sa takbo ng digmang ito, mauulit sa mahabang panahon ang mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at ang pagkatalo ng mga ito (sa panahong iyo'y may tatlo na sa hangganang purok ng Hunan-Kiangsi at dalawa sa Fukien). Kung gayon, sa pagsisikap na makamit ang mabilis na tagumpay para sa rebolusyon, inatasan niya ang Pulang Hukbo, na noo'y nasa kamusmusan pa lamang, na salakayin ang Wuhan at nag-atas din ng isang pambansang armadong pag-aalsa. Kung gayon, nakagawa siya ng pagkakamaling "Kaliwang" oportunismo.

Gayundin, ang mga "Kaliwang" oportunista ng 1931-34 ay hindi naniniwala sa batas ng pag-uulit-ulit ng mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil". Dala-dala ng ilang responsableng kasama sa ating baseng purok sa hangganan ng Hupeh-Honan-Anhwei ang teorya ng "pantulong na pwersa" (auxiliary force),

at iginigiit na ang hukbong Guomindang ay naging pantulong na pwersa na lamang pagkaraang matalo ang kanyang ikatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at ang mga imperyalista mismo ang haharap sa larangan bilang pangunahing pwersa sa kasunod na mga atake sa Pulang Hukbo. Batay sa pagtayang ito, ang estratehiya'y dapat salakayin ng Pulang Hukbo ang Wuhan. Sa prinsipyo, umangkop ito sa pananaw ng mga kasama sa Kiangsi na nanawagan para sa pagsalakay ng Pulang Hukbo sa Nanchang, na tumututol sa gawaing pag-ugnay-ugnayin ang mga baseng purok at sa taktikang akitin ang kaaway sa kalalim-laliman, na nagtuturing na ang pag-agaw sa mga kabisera at iba pang susing lunsod ng isang probinsya ang unang hakbang para sa tagumpay sa probinsyang iyon, at naniniwala na "ang paglaban sa ikalimang kampanya ng 'pagkubkob at pagsupil' ay kumakatawan sa mapagpasyang labanan sa pagitan ng landas ng rebolusyon at ng landas ng kolonyalismo". Ang "Kaliwang" oportunismong ito ang pinagmulan ng maling linyang itinaguyod sa pakikibaka laban sa ikaapat na kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" sa hangganang purok ng Hupeh-Honan-Anhwei at doon sa pakikibaka laban sa ikalima sa Sentrong Purok sa Kiangsi; at ginawa nitong inutil ang Pulang Hukbo sa harap ng mababangis na kampanya ng kaaway at nagdulot ng malalaking pagkatalo sa rebolusyong Tsino.

Ang pananaw na hindi dapat gumamit ng depensibang paraan ang Pulang Hukbo anuman ang mangyari ay tuwirang kaugnay ng "Kaliwang" oportunismong ito, na nagtatatwa sa pag-ulit-ulit ng mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at maling-mali rin ito.

Mangyari pa, wasto ang proposisyon na ang isang rebolusyon o isang rebolusyonaryong digma ay isang opensiba. Dapat nasa opensiba at hindi maaaring maging konserbatibo ang isang rebolusyon o isang rebolusyonaryong digma sa kanyang pag-usbong at pag-unlad mula sa isang maliit na

pwersa tungo sa isang malaking pwersa, mula sa kawalan ng kapangyarihang pampulitika hanggang sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, mula sa kawalan ng isang Pulang Hukbo hanggang sa pagbubuo ng isang Pulang Hukbo, at mula sa kawalan ng mga rebolusyonaryong baseng purok hanggang sa pagtatayo ng mga ito, at dapat bakahin ang mga tendensyang patungo sa konserbatismo.

Ang tanging ganap na wastong proposisyon ay ito – ang isang rebolusyon o isang rebolusyonaryong digma ay isang opensiba, pero kinapapalooban din ng depensa at pag-atras. Dumipensa para umatake, umatras para umabante, sumugod sa tagiliran para sumugod sa harapan, at dumaan sa paikot na landas para dumaan sa tuwirang landas – hindi ito mai-iwasan sa proseso ng pag-unlad ng maraming bagay, laluna sa mga kilos militar.

Sa dalawang proposisyong nabanggit sa itaas, maaaring wasto ang una sa larangan ng pulitika, pero mali ito kung ilalapat sa larangang militar. Dagdag pa, wasto ito sa pulitika sa isang sitwasyon lamang (kapag sumusulong ang rebolusyon), pero mali kung ilalapat sa iba pang sitwasyon (kapag ang rebolusyon ay nasa pag-atras, sa pangkalahatang pag-atras gaya ng sa Rusya noong 1906[16] at sa Tsina noong 1927, o sa bahagyang pag-atras gaya ng sa Rusya noong panahon ng Tratado sa Brest-Litovsk noong 1918).[17] Tanging ang pangalawang proposisyon ang ganap na wasto at totoo. Ang "Kaliwang" oportunismo ng 1931-34, na mekanikal na salungat sa paggamit ng depensibong mga hakbang militar, ay walang iba kundi musmos na kaisipan.

Kailan magwawakas ang padron ng paulit-ulit na mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil"? Sa aking palagay, kung magtatagal ang gera sibil, ang pagpapaulit-ulit na ito ay titigil kapag nagkaroon ng pundamental na pagbabago sa balanse ng mga pwersa. Titigil ito kapag naging mas malakas

ang Pulang Hukbo kaysa kaaway. Sa gayon, tayo na ang kukubkob at susupil sa kaaway at babaling naman ito sa mga kontra-kampanya, pero hindi ipahihintulot ng kalagayang pampulitika at pangmilitar na makamit nito ang katulad ng pusisyon ng Pulang Hukbo sa kanyang kontra-kampanya. Maigigiit nang may katiyakan na sa ganoong kalagayan, ang padron ng paulit-ulit na mga kampanyang "pagkubkob at pagsupil" ay magwawakas sa kalahatan kung hindi man nang lubusan.

## KABANATA V

## ANG ESTRATEHIKONG DEPENSIBA

Sa bahaging ito, nais kong talakayin ang sumusunod na mga usapin: (1) aktibo at pasibong depensa; (2) paghahanda para sa paglaban sa mga kampanya ng "pagkubkob at pagsupil"; (3) estratehikong pag-atras; (4) estratehikong kontra-opensiba; (5) pagsisimula ng kontra-opensiba; (6) konsentrasyon ng mga tropa; (7) pakikidigmang makilos; (8) digmang mabilis na tinatapos at (9) digmang anihilasyon.

### 1. AKTIBO AT PASIBONG DEPENSA

Bakit magsisimula tayo sa pagtalakay sa depensa? Matapos mabigo ang unang pambansang nagkakaisang prente ng Tsina ng 1924-27, naging napakaigting at malupit na makauring digma ang rebolusyon. Habang naghahari ang kaaway sa buong bayan, maliit lamang ang ating armadong pwersa; bunga nito, mula sa pinakasimula, kinailangan tayong maglunsad ng isang maigting na pakikibaka laban sa mga kampanyang "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway. Ang ating mga opensiba ay mahigpit na nakakawing sa ating pagsisikap na mawasak ang mga kampanyang ito, at ang ating kapalaran ay ganap na nakasalalay sa kung magagawa natin ito o hindi.

Karaniwang maraming pasikut-sikot ang proseso ng pagwasak sa isang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at hindi kasing tuwiran gaya ng ninanais. Ang pangunahing usapin, na isang seryosong usapin, ay kung paano mapananatili ang ating lakas at maghintay ng oportunidad para magapi ang kaaway. Kung gayon, ang estratehikong depensiba ang pinakakumplikado at pinakamahalagang usaping hinaharap ng Pulang Hukbo sa mga operasyon nito.

Sa ating sampung taon ng digma, madalas na lumitaw ang dalawang paglihis kaugnay ng estratehikong depensiba; ang isa'y ang pagmamaliit sa kaaway, ang isa pa'y ang pagkasindak sa kanya.

Bunga ng pagmamaliit sa kaaway, maraming yunit gerilya ang nagapi, at sa maraming pagkakataon, hindi nakayanan ng Pulang Hukbo na wasakin ang "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway.

Nang unang mabuo ang mga rebolusyonaryong yunit gerilya, madalas na hindi natatasa nang wasto ng kanilang mga pinuno ang sitwasyon ng kaaway at ang sitwasyon natin. Dahil naging matagumpay sila sa pag-oorganisa ng biglaang mga armadong pag-aalsa sa ilang lugar o mga pag-aalsa sa hanay ng mga Puting tropa, nakita lamang nila ang panandaliang paborableng sirkunstansya, o hindi nakita ang malubhang sitwasyon na hinaharap nila sa aktwal, at sa gayon, karaniwa'y namamaliit ang kaaway. Bukod pa, hindi nila nauunawaan ang kanilang sariling mga kahinaan (halimbawa, ang kawalan ng karanasan at kaliitan ng mga pwersa). Obhetibong katotohanan na malakas ang kaaway at tayo'y mahina, pero ayaw itong pag-isipan ng ilan, nangungusap lamang tungkol sa pag-atake pero hindi kailanman tungkol sa depensa o pag-atras, at kung gayo'y nadidisarmahan sa isip sa usapin ng depensa, kung kaya't maling naidirehe ang kanilang mga pagkilos. Dahil dito, maraming yunit gerilya ang natalo.

Mga halimbawa kung saan hindi nawasak ng Pulang Hukbo ang mga kampanya ng kaaway ng "pagkubkob at pagsupil" dahil dito ay ang pagkatalo nito noong 1928 sa purok ng Haifeng-Lufeng sa Probinsya ng Guangdong,[18] at ang pagkawala ng luwag sa pagkilos noong 1932 sa ikaapat na kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway sa hangganang purok ng Hupeh-Honan-Anhwei, kung saan kumilos ang Pulang Hukbo batay sa teoryang ang hukbong Guomindang ay isa na lamang pantulong na pwersa.

Maraming halimbawa ng pagkatalo dahil sa pagkasindak sa kaaway.

Taliwas sa mga nagmaliit sa kaaway, labis siyang napalaki ng ilan at labis ding minaliit ang ating lakas, at bunga nito'y nagpatupad sila ng di angkop na patakaran ng pag-atras at gayundi'y dinisarmahan ang sarili sa isip sa usapin ng depensa. Nagresulta ito sa pagkatalo ng ilang yunit gerilya, o pagkabigo ng ilang kampanya ng Pulang Hukbo, o pagkawala ng mga baseng purok.

Ang pinakamalinaw na halimbawa ng pagkawala ng isang baseng purok ay iyong sa Sentrong Baseng Purok sa Kiangsi noong ikalimang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil". Ang pagkakamali dito ay nagmula sa isang maka-Kanang pananaw. Natakot sa kaaway ang mga pinuno na para bang isang tigre ang kaaway, naglagay ng depensa sa lahat ng dako, lahat ng pagkilos ay naging depensibo at hindi naglakas-loob na umabante sa likuran ng kaaway at atakehin siya doon, na dapat sana'y naging bentahe natin, o naglakas-loob na akitin ang tropa ng kaaway sa kalalim-laliman para mapagtipun-tipon at malipol ang mga ito doon. Bunga nito, nawala ang buong baseng purok at kinailangang magsagawa ng Long March na mahigit sa 12,000 kilometro ang Pulang Hukbo. Gayunman, ang ganitong pagkakamali ay karaniwang kasunod ng "Kaliwang" pagkakamaling pagmamaliit sa kaaway. Ang

adbenturismong militar na pag-atake sa mga susing lunsod noong 1932 ang ugat na dahilan ng linya ng pasibong depensa na itinaguyod sa bandang huli para maangkupan ang ikalimang kampanya ng kaaway ng "pagkubkob at pagsupil".

Ang pinakamalalang halimbawa ng pagkasindak sa kaaway ay ang takboismo ng "linyang Chang Kuo-tao". Ang pagkatalo ng Kanlurang Kolum ng Pulang Hukbo ng Ikaapat na Larangan sa kanluran ng Yellow River[19] ang naghudyat ng ganap na pagkabangkarote ng linyang ito.

Ang aktibong depensa ay kilala rin bilang opensibang depensa, o depensa sa pamamagitan ng mapagpasyang mga labanan. Ang pasibong depensa ay kilala rin bilang lantay na depensibong depensa o lantay na depensa. Sa katunayan, ang pasibong depensa ay huwad na tipo ng depensa, at ang tanging tunay na depensa ay ang aktibong depensa, ang depensa na naglalayong makakontra-atake at makapag-opensiba. Sa aking pagkakaalam, walang anumang mahalagang manwal militar o sinumang matinong ekspertong militar, sinauna man o moderno, Tsino man o dayuhan, na hindi sumasalungat sa pasibong depensa, sa estratehiya man o taktika. Isang ganap na hangal o baliw lamang ang magpapahalaga sa pasibong depensa bilang isang agimat. Gayunman, may mga tao sa daigdig na ito ang gumagawa ng ganoon. Isang pagkakamali ang ganoon sa digma at pagpapakita ng konserbatismo sa usaping militar na dapat nating matatag na labanan.

Ipinamamarali ng mga ekspertong militar ng bago at mabilis na umuunlad na mga imperyalistang bayan gaya ng Germany at Japan ang mga bentahe ng estratehikong opensiba at nagsasalita laban sa estratehikong depensiba. Ang ganitong klase ng kaisipang militar ay ganap na di angkop sa rebolusyonaryong digma ng Tsina. Ipinagpipilitan ng mga ekspertong militar na ito na ang isang seryosong kahinaan ng depensiba ay niyayanig nito ang moral ng marami sa halip na

pasiglahin ito. Angkop ito sa mga bayan kung saan matalas na ang tunggalian ng mga uri at ang reaksyunaryong naghaharing saray o reaksyunaryong grupong pampulitika na nasa kapangyarihan lamang ang nakikinabang sa digma. Pero iba ang ating sitwasyon. Sa pamamagitan ng islogang ipagtanggol ang mga rebolusyonaryong baseng purok at ipagtanggol ang Tsina, mahihimok natin ang kalakhang mayorya ng mamamayan na lumaban nang may iisang puso at iisang isip dahil tayo ang inaapi at mga biktima ng agresyon. Nagapi rin ng Pulang Hukbo ng Unyong Sobyet ang mga kaaway nito sa panahon ng gera sibil sa pamamagitan ng paggamit sa anyong depensiba. Nang organisahin ng mga imperyalistang bayan ang mga Puting tropa para umatake, inilunsad ang digma sa ilalim ng islogang ipagtanggol ang mga Sobyet; kahit noong inihahanda ang Pag-aalsang Oktubre, isinagawa ang mobilisasyong militar sa ilalim ng islogang ipagtanggol ang kabisera. Sa lahat ng makatarungang digma, ang depensiba ay hindi lamang nakapagpapakalma sa mga elementong iba ang pulitika, ito rin ang dahilan kung bakit posibleng mapakilos ang mga atrasadong seksyon ng masa para lumahok sa digma.

Nang sabihin ni Marx na minsang maumpisahan ang isang armadong pag-aalsa, hindi dapat magkaroon ng isa mang sandali ng paghinto sa pag-atake,[20] ibig niyang sabihin na hindi dapat bigyan ng masa, na bumigla sa kaaway sa pamamagitan ng isang insureksyon, ang reaksyunaryong naghahari ng pagkakataon na mapanatili o mabawi ang kanilang kapangyarihang pampulitika, na dapat sunggaban ang sandaling ito para gapiin ang mga reaksyunaryong pwersang naghahari sa bansa habang pa hindi sila nakahanda, at hindi dapat makontento sa mga tagumpay na nakamit na, magmaliit ng kaaway, maglubay sa kanilang pag-atake o mag-atubiling umabante at sa gayo'y palampasin ang oportunidad para wasakin ang kaaway, na nagiging dahilan ng pagkabigo

ng rebolusyon. Tama ito. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na kapag nakikipaglaban na tayo sa isang kaaway na nagtatamasa ng superyoridad, tayong mga rebolusyonaryo ay hindi dapat gumamit ng mga depensibong hakbang kahit gipit na gipit na tayo. Isang napakahangal lamang ang mag-iisip ng ganito.

Kung titingnan sa kabuuan, naging isang opensiba laban sa Guomindang ang ating digma, pero sa larangang militar, ito'y nagkahugis sa anyo ng pagwasak sa "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway.

Sa larangang militar, ang ating pakikidigma ay binubuo ng salit-salitang paggamit ng depensiba at opensiba. Sa kaso natin, walang pagkakaiba kung ang opensiba ay kasunod o mauuna sa depensiba dahil ang pinakaubod ng usapin ay ang pagwasak sa "pagkubkob at pagsupil". Nagpapatuloy ang depensiba hanggang sa mawasak ang isang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", at pagkatapos nito, nagsisimula ang opensiba, at ang mga ito'y walang iba kundi dalawang yugto ng iisang bagay; at ang isang ganoong kampanya ng kaaway ay sinusundan agad ng isa pa. Sa dalawang yugto, mas kumplikado at mas mahalaga ang depensiba. Kinapapalooban ito ng napakaraming usapin kung paano wawasakin ang "pagkubkob at pagsupil". Ang saligang prinsipyo dito ay manindigan para sa aktibong depensa at labanan ang pasibong depensa.

Sa ating gera sibil, kapag nalampasan na ng lakas ng Pulang Hukbo ang lakas ng kaaway, hindi na natin kakailanganin sa pangkalahatan ang estratehikong depensiba. Sa panahong iyon, ang ating patakaran ay ang estratehikong opensiba na lamang. Nakasalalay ang pagbabagong ito sa pangkalahatang pagbabago sa balanse ng mga pwersa. Sa panahong iyon, ang tanging nalalabing mga hakbang na depensibo ay may katangiang parsyal lamang.

## 2. MGA PAGHAHANDA PARA SA PAGBAKA SA MGA KAMPANYA NG "PAGKUBKOB AT PAGSUPIL"

Kung hindi tayo nagsasagawa ng kinakailangan at sapat na paghahanda laban sa isang planadong kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil", tiyak na mapupwersa tayo sa pasibong pusisyon. Ang pagharap sa labanan nang madalian ay paglaban nang walang katiyakang magtatagumpay. Kung gayon, kapag naghahanda ng isang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" ang kaaway, kailangang-kailangan tayong maghanda ng ating kontra-kampanya. Ang tumutol sa ganoong paghahanda, gaya ng ginawa ng ilan sa ating hanay sa isang panahon, ay isip-bata at kabalbalan.

May masalimuot na usapin dito na madaling mapagmumulan ng kontrobersya. Kailan natin dapat tapusin ang ating opensiba at bumaling sa yugto ng paghahanda ng ating kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil"? Kapag tayo'y nasa matagumpay na opensiba at nasa depensiba ang kaaway, lihim niyang ginagawa ang kanyang paghahanda para sa susunod na kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", at sa gayo'y mahirap para sa atin na alamin kung kailan magsisimula ang kanyang opensiba. Kapag ang ating paghahanda sa kontra-kampanya ay magsisimula nang napakaaga, tiyak na paliliitin nito ang makakamit nating ganansya mula sa ating opensiba, at kung minsa'y maaari pa ngang magdulot ng ilang masamang epekto sa Pulang Hukbo at sa sambayanan. Ito'y dahil ang pangunahing mga hakbang para sa yugto ng paghahanda ay ang paghahandang militar para umatras at ang mobilisasyong pampulitika para sa mga ito. Minsan, kapag nagsimula tayong maghanda nang napakaaga, mauuwi ito sa paghihintay sa kaaway; pagkaraang maghintay nang matagal nang hindi dumarating ang kaaway, kailangan nating muling ilunsad ang ating opensiba. At minsan, magsisimula na ang opensiba ng kaaway kasabay ng pagsisimula ng ating bagong opensiba, at

sa gayo'y nalalagay tayo sa mahirap na pusisyon.

Kung gayon, napakahalagang usapin ang pagpili ng tamang sandali para simulan ang ating paghahanda. Sa pagtatakda ng tamang sandali, dapat isaalang-alang ang sitwasyon ng kaaway at ang sitwasyon natin at ang ugnayan ng dalawa. Para malaman ang sitwasyon ng kaaway, dapat tayong mangalap ng impormasyon hinggil sa kanyang pusisyon sa pulitika, militar at pinansya at ang kalagayan ng opinyong publiko sa kanyang teritoryo. Sa pagsusuri ng ganoong impormasyon dapat nating lahatang panig na isaalang-alang ang kabuuang lakas ng kaaway at hindi dapat labis na palakihin ang lawak ng kanyang nakaraang mga pagkatalo, ngunit sa kabilang banda, hindi natin dapat kaligtaang isaalang-alang ang kanyang internal na mga kontradiksyon, ang kanyang mga problema sa pinansya, ang epekto ng kanyang nakaraang mga pagkatalo, atbp. Sa panig naman natin, dapat huwag nating labis na palakihin ang lawak ng ating nakaraang tagumpay, pero hindi rin natin dapat kaligtaang lahatang panig na isaalang-alang ang epekto ng mga ito.

Gayunman, sa pangkalahatan, sa usapin ng tamang sandali para sa paghahanda, mas mainam na simulan ang mga ito nang napakaaga kaysa napakahuli. Ito'y dahil sa una, mas maliliit ang mawawala at may bentahe na ang kahandaa'y pag-iwas sa panganib at naglalagay sa atin sa isang pusisyong di magagapi sa saligan.

Ang esensyal na mga usapin sa panahon ng yugto ng paghahanda ay ang mga paghahanda para sa pag-atras ng Pulang Hukbo, mobilisasyong pampulitika, pagrerekluta, pagsasaayos ng pinansya at panustos at ang paghawak sa mga elementong iba ang pulitika.

Ang ibig sabihin ng paghahanda para sa pag-atras ng Pulang Hukbo ay ang pag-iingat na hindi ito nagtutungo sa isang direksyong maglalagay sa pag-atras sa panganib, o uma-

abante nang napakalayo sa mga pag-atake nito, o mapapagod nang husto. Ito ang mga bagay na dapat asikasuhin ng mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo sa bisperas ng isang malakihang-saklaw na opensiba ng kaaway. Sa panahong iyon, dapat ituon ng Pulang Hukbo ang kanyang atensyon pangunahin sa pagpaplano ng pagpili at paghahanda ng mga larangan ng labanan, pangangalap ng mga suplay at pagpapalaki at pagsasanay ng kanyang mga pwersa.

Ang mobilisasyong pampulitika ay isang usaping napakalaki ng kahalagahan sa pakikibaka laban sa "pagkubkob at pagsupil". Ibig sabihin, dapat nating ipahayag nang malinaw, matatag at lubos sa Pulang Hukbo at mamamayan sa baseng purok na tiyak at napipinto na ang opensiba ng kaaway at magdudulot ito ng seryosong pinsala sa mamamayan, pero kasabay nito'y dapat nating sabihin sa kanila ang tungkol sa mga kahinaan ng kaaway, mga salik na paborable sa Pulang Hukbo, ang ating di mapasusukong kapasyahang magtagumpay at ang ating pangkalahatang plano ng pagkilos. Dapat tayong manawagan sa Pulang Hukbo at sa lahat ng mamamayan na labanan ang kampanya ng kaaway na "pagsupil at pagkubkob" at ipagtanggol ang baseng purok. Liban sa usapin ng mga sikretong militar, dapat hayagang isulong ang mobilisasyong pampulitika, at dagdag pa'y dapat gawin ang lahat para ipaabot ito sa lahat ng posibleng susuporta sa rebolusyonaryong adhikain. Ang susing kawing dito ay ang pagkumbinsi sa mga kadre.

Ang pagrerekluta ng bagong mga kawal ay dapat ibatay sa dalawang konsiderasyon, una, sa antas ng kamulatang pampulitika ng mamamayan at laki ng populasyon, at pangalawa, sa kasalukuyang kalagayan ng Pulang Hukbo at sa posibleng lawak ng mawawala nito sa buong takbo ng kontra-kampanya.

Hindi na kailangang sabihin pa na ang problema sa

pinansya at pagkain ay napakahalaga sa kontra-kampanya. Dapat nating isaalang-alang ang posibilidad ng isang matagalang kampanya ng kaaway. Kailangang-kailangang gumawa ng pagtantya sa minimum na pangangailangang materyal – pangunahin, ng sa Pulang Hukbo, pero pati na rin ng sa mamamayan sa rebolusyonaryong baseng purok – para sa buong pakikibaka laban sa kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil".

Kaugnay ng mga elementong iba ang pulitika, dapat maging mapagbantay tayo pero hindi rin tayo dapat masyadong mabahala sa magagawa nilang pagtatraydor at gumawa ng labis na mga hakbang sa pag-iingat. Dapat pag-ibahin ang mga panginoong maylupa, negosyante at mayayamang magsasaka, at ang pangunahing punto ay magpaliwanag sa kanila sa pulitika at makuha ang kanilang nyutralidad, habang kasabay nito'y inoorganisa ang masa ng mamamayan para matyagan sila.Tanging laban sa iilang elemento na pinakamapanganib dapat gumamit ng mabibigat na hakbang gaya ng pag-aresto.

Ang aabutin ng tagumpay sa isang pakikibaka laban sa "pagkubkob at pagsupil" ay mahigpit na nakaugnay sa antas ng pagganap sa mga tungkulin ng yugto ng paghahanda. Ang pagluluwag sa gawaing paghahanda bunga ng pagmamaliit sa kaaway at panik dahil sa sindak sa mga pag-atake ng kaaway ay nakapipinsalang mga tendensya, at kapwa dapat matatag na labanan. Ang kailangan natin ay masigla pero kalmadong lagay ng pag-iisip at puspusan pero maayos na paggawa.

## 3. ESTRATEHIKONG PAG-ATRAS

Ang estratehikong pag-atras ay isang planadong estratehikong hakbang na ginagawa ng isang mas mahinang pwersa sa layuning ipreserba ang lakas nito at maghintay ng panahon para matalo ang kaaway, kapag hinaharap nito ang isang mas malakas na pwersa na ang opensiba'y hindi nito

mabilis na madudurog. Pero tigas-ulong tumututol sa ganoong hakbang ang mga adbenturistang militar at itinataguyod ang "pagharap sa kaaway sa labas ng tarangkahan".

Alam nating lahat na kapag naglalaban ang dalawang boksingero, karaniwan sa una'y nagbibigay ng kaunting partida ang magaling na boksingero, habang ang hangal nama'y galit na galit na sumusugod at inuubos ang lahat ng kanyang lakas sa pinakasimula pa lamang, at sa bandang huli, kadalasang natatalo siya ng boksingerong nagbigay ng partida.

Sa nobelang Shui Hu Chuan,[21] nang hamunin ng away ng pinuno ng pagsasanay na si Hung si Lin Chung sa lupain ni Chai Chin, sigaw siya nang sigaw ng, "Sige! Sige! Sige!" Sa katapusa'y nakita ng umaatras na si Lin Chung ang kahinaan ni Hung at pinabagsak siya sa pamamagitan ng isang suntok.

Noong panahon ng Tagsibol at Taglagas, nang nagdidigmaan ang mga estado ng Lu at Chi,[22] nais salakayin ni Duke Chuang ng Lu ang mga tropa ng Chi bago mapagod ang mga ito pero pinigilan siya ni Tsao Kuei. Sa kabilang banda, nang gamitin niya ang taktikang "kapag pagod na ang kaaway, sasalakay tayo", natalo niya ang hukbo ng Chi. Ito'y isang klasikong halimbawa mula sa kasaysayang militar ng Tsina kung saan tinalo ng isang mahinang pwersa ang isang malakas na pwersa. Narito ang salaysay ng istoryan na si Tsochiu Ming.[23]

Noong tagsibol, sinalakay kami ng mga tropa ng Chi. Lalaban na sana ang Duke. Humingi ng pakikipag-usap si Tsao Kuei. Sabi ng kanyang mga kapitbahay, "Tungkulin ito ng mga upisyal na kumakain ng karne, bakit pakikialaman mo ito? Sagot ni Tsao, "Hangal ang mga kumakain ng karne, hindi sila marunong magplano muna." Kaya nakipagkita siya sa Duke. At tinanong niya, "Ano ang sasaligan mo kapag lumaban ka?" Sagot ng Duke, "Kailanma'y hindi ko pinangahasang itago ang lahat ng aking pagkain at damit para sa sarili kong kapakinabangan kundi laging kong ibinabahagi ang mga ito

sa iba." Sabi ni Tsao, "Hindi aabot sa lahat ang ganyang mumunting kawanggawa. Hindi ka susundin ng mamamayan." Sabi ng Duke, "Kailanma'y hindi ako nag-alay sa mga diyos ng pipitsuging hayop na pansakripisyo, jade o seda na hindi karapat-dapat sa kanila. Malakas ang aking pananampalataya." Sabi ni Tsao, "Hindi nakakakuha ng tiwala ang ganyang walang-saysay na pananampalataya. Hindi ka babasbasan ng mga diyos." Sabi ng Duke, "Kahit hindi ko personal na inaasikaso ang mga detalye ng lahat ng paglilitis, maliit at malaki, lagi kong hinihingi ang katotohanan." Sabi ni Tsao, "Iya'y nagpapakita ng katapatan mo sa iyong mga mamamayan. Maaari kang makipaglaban. Kapag ginawa mo, nagsusumamo akong sumunod sa iyo." Ang Duke at siya ay sumakay sa iisang karwahe. Naganap ang labanan sa Changshao. Nang tatambol na ang Duke para sumalakay, sabi ni Tsao, "Huwag muna." Nang magtambol ang tauhan ng Chi nang tatlong beses, sabi ni Tsao, "ngayon, pwede na tayong magtambol." Nagapi ang hukbo ng Chi. Gustong tumugis ng Duke. Muling sinabi ni Tsao, "Huwag muna." Bumaba siya sa karwahe para suriin ang mga bakas ng gulong ng karwahe ng kaaway, pagkaraa'y sumampa sa hawakan ng karwahe para tumanaw sa malayo. Sabi niya, "Ngayo'y pwede na tayong tumugis!" Kaya nagsimula ang pagtugis sa mga tropa ng Chi. Pagkatapos ng tagumpay, tinanong ng Duke si Tsao kung bakit nagpayo siya ng ganoon. Sagot ni Tsao, "Ang isang labanan ay nakasalalay sa katapangan. Pinupukaw ang katapangan sa unang pagtambol, sa pangalawa'y nanlalambot ito at sa pangatlo'y nauubos ito. Nang maubos ang tapang ng kaaway, mataas pa rin ang sa atin kaya tayo ang nanalo. Mahirap maintindihan ang kilos ng isang malaking estado, at nangamba ako sa ambus. Pero nang suriin ko ang bakas ng gulong ng karwahe ng kaaway at nakitang sala-salabat ang mga ito at pagtanaw ko'y nakitang laylay ang mga bandera nito, ipinayo ko ang pagtugis."

Iyan ay halimbawa ng isang mahinang estado na lumalaban sa isang malakas na estado. Inilalahad ng kwento ang paghahandang pampulitika bago ang isang labanan – pagkuha ng tiwala ng mamamayan; inilalahad nito ang isang larangan ng labanan na paborable sa pagbaling tungo sa kontra-opensiba – Changshao; ipinapakita ito ang paborableng sandali para sa pagsisimula ng kontra-opensiba – nang maubos ang tapang ng kaaway at mataas pa ang sa sarili; at tinutukoy nito ng sandali para simulan ang pagtugis – nang nagsala-salabat ang bakas ng gulong ng karwahe ng kaaway at laylay ang mga bandera nito. Kahit hindi malaki ang labanan, ipinapakita nito ang mga prinsipyo ng estratehikong depensiba. Ang kasaysayang militar ng Tsina ay naglalaman ng maraming halimbawa ng tagumpay na naipanalo ayon sa mga prinsipyong ito. Sa bantog na mga labanang iyon gaya ng Labanan sa Chengkao sa pagitan ng mga estadong Chu at Han,[24] Labanan sa Kunyang sa pagitan ng mga estadong Hsin at Han,[25] Labanan sa Kuantu sa pagitan ni Yuan Shao at Tsao Tsao,[26] Labanan sa Chihpi sa pagitan ng mga estado ng Wu at Wei,[27] Labanan sa Yiling sa pagitan ng mga estadong Wu at Shu[28] at Labanan sa Feishui sa pagitan ng mga estado ng Chin at Tsin,[29] sa bawat kaso, hindi pantay ang magkaka-labang panig. At ang mas mahinang panig na sa una'y umurong ay nakapangibabaw sa pamamagitan ng pagbira lamang pagkaraang sumalakay ang kaaway kung kaya't natalo ang mas malakas na panig.

Nagsimula ang ating digma noong taglagas ng 1927, at noo'y walang-wala pa tayong karanasan. Nabigo ang Pag-aalsa sa Nanchang[30] at ang Pag-aalsa sa Canton,[31] at sa Pag-aalsa noong Anihan sa Taglagas,[32] ang Pulang hukbo sa hangganang purok ng Hunan-Hupeh-Kiangsi ay dumanas din ng ilang pagkatalo at lumipat sa Kabundukan ng Chingkang sa hangganan ng Hunan-Kiangsi. Sa kasunod na Abril, ang mga yunit na nakaligtas sa pagkatalo ng Pag-aalsa sa Nanchang ay lumipat

sa Kabundukan ng Chingkang sa pamamagitan ng pagdaan sa katimugang Hunan. Gayunman, pagdating ng Mayo 1928, nabalangkas na ang mga batayang prinsipyo ng pakikidigmang gerilya na simple ang kalikasan at naaangkop sa kalagayan ng panahong iyon, ibig sabihi'y ang labing-anim na salitang pormula: "Kapag umaabante ang kaaway, aatras tayo; kapag nagkakampo ang kaaway, manghaharas tayo; kapag napagod ang kaaway, sasalakay tayo; kapag umaatras ang kaaway, tutugis tayo." Ang 16 na salitang pormulasyong ito ng mga prinsipyong militar ay tinanggap ng Komite Sentral bago ang linyang Li Li-san. Pagkaraa'y umunlad pa ng isang hakbang ang ating mga prinsipyong pang-operasyon. Sa panahon ng ating unang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" sa baseng purok ng Kiangsi, ihinapag ang prinsipyong "akitin ang kaaway sa kalalim-laliman" at dagdag pa'y matagumpay na naisapraktika. Nang matalo ang ikatlong kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil", nagkahugis na ang isang kumpletong bungkos ng mga prinsipyong pang-operasyon ng Pulang Hukbo. Inihudyat nito ang isang bagong yugto sa pag-unlad ng ating mga prinsipyong militar, na pinayaman nang husto sa nilalaman at dumaan sa maraming pagbabago sa anyo, pangunahin sa pakahulugang bagamat sa bataya'y nanatiling iyon pa rin gaya ng sa labing-anim na salitang pormula, lumampas ang mga ito sa kanilang dating simpleng anyo. Sinaklaw ng 16 salitang pormula ang mga batayang prinsipyo para bakahin ang "pagkubkob at pagsupil"; sinaklaw nito ang dalawang yugto ng estratehikong depensiba at ng estratehikong opensiba, at sa loob ng depensiba'y sinaklaw nito ang dalawang yugto ng estratehikong pag-atras at ng estratehikong kontra-opensiba. Ang naging pagbabago sa kalauna'y isa lamang pag-unlad ng pormulang ito.

Pero mula Enero 1932, pagkatapos mailathala ang resolusyon ng Partido na may pamagat na "Makibaka para sa

Tagumpay, Una sa Isa o Mas Maraming Probinsya, Pagkatapos Wasakin ang Ikatlong Kampanya ng 'Pagkubkob at Pagsupil'", na naglalaman ng malulubhang pagkakamali sa prinsipyo, binatikos ng mga "Kaliwang" oportunista ang mga wastong prinsipyong ito, at sa huli'y pinawalambisa ang buong bungkos at nagpatibay ng isang kumpletong bungkos ng salungat na "bagong mga prinsipyo" o "regular na mga prinsipyo". Mula noon, ang dating mga prinsipyo ay hindi na maikukunsiderang regular kundi itinatakwil bilang "gerilyaismo". Namayani sa loob ng tatlong buong taon ang oposisyon sa "gerilyaismo". Ang unang yugto nito ay ang adbenturismong militar, sa pangalawa, ito'y naging konserbatismong militar at sa huli, sa pangatlong yugto, ito'y naging takboismo. Noon lamang idaos ng Komite Sentral ang pinalaking pulong ng Kawanihang Pampulitika sa Tsunyi, saka naideklarang bangkarote ang maling linyang ito at pinagtibay ang kawastuan ng dating linya. Pero ang laki ng naging kabayaran!

Ganito ang pangangatwiran niyong mga kasamang mahigpit na tumutol sa "gerilyaismo". Maling akitin ang kaaway sa kalalim-laliman dahil kailangan nating iwan ang napakaraming teritoryo. Bagamat maraming labanan ang naipanalo sa ganitong paraan, hindi ba naiiba na ang sitwasyon ngayon? Dagdag pa, hindi ba mas mabuting gapiin ang kaaway nang hindi nag-iiwan ng teritoryo? At hindi ba mas mabuti pang gapiin ang kaaway sa kanyang erya, o sa mga hangganan sa pagitan ng kanyang mga teritoryo at ng sa atin? Walang anumang "regular" hinggil sa mga dating gawi, at ang mga ito'y ginagamit lamang ng mga gerilya. Ngayo'y naitatag na ang ating estado at naging isa nang regular na hukbo ang ating Pulang Hukbo. Ang ating paglaban kay Chiang Kai-shek ay naging isang digmaan sa pagitan ng dalawang estado, sa pagitan ng dalawang malalaking hukbo. Hindi dapat maulit ang kasaysayan, at dapat lubusang itakwil ang lahat ng

pumapatungkol sa "gerilyaismo". Ang mga bagong prinsipyo ay "ganap na Marxista" samantalang ang dati'y nilikha ng mga yunit gerilya sa kabundukan, at walang Marxismo sa kabundukan. Ang mga bagong prinsipyo ay anti-tesis ng dati. Ang mga ito ay: "Ilaban ang isa sa sampu, ilaban ang sampu sa sandaan, lumaban nang magiting at determinado at samantalahin ang mga tagumpay sa pamamagitan ng mainit na pagtugis"; "Sumalakay sa lahat ng larangan"; "Sakupin ang mga susing lunsod"; at "Magkasabay na isuntok ang dalawang 'kamao' sa dalawang direksyon". Kapag sumalakay ang kaaway, ang paraan ng pagharap sa kanya ay "Harapin ang kaaway sa labas ng tarangkahan", "Makapangibabaw sa pamamagitan ng unang pagbira", "Huwag hayaang mawasak ang ating mga kaldero at kawali", "Huwag isuko ang kahit isang pulgada ng teritoryo" at "Hatiin ang pwersa sa anim na ruta". Ang digma ay "ang mapagpasyang labanan sa pagitan ng landas ng rebolusyon at landas ng kolonyalismo", isang digma ng maiikli't mabibilis na bira, pakikidigmang blockhouse, digmang atrisyon, "matagalang digma". Dagdag pa, may patakarang magmantini ng isang malawak na likurang purok at isang absolutong sentralisadong kumand. Panghuli, may malawakang "lipat-bahay". At sinumang hindi sumang-ayon sa mga bagay na ito ay parurusahan, tatawaging oportunista, at marami pang iba.

Walang kaduda-dudang mali ang lahat ng teorya at praktikang ito. Ang mga ito'y walang iba kundi suhetibismo. Sa mga paborableng sirkunstansya, nagpakita ang suhetibismong ito sa rebolusyonaryong panatisismo at kapusukang petiburges, pero sa panahon ng kagipitan, habang lumalala ang sitwasyon, ito'y nagiging desperadong pagpapadalus-dalos, konserbatismo at takboismo, sa ganoong pagkakasunud-sunod. Ang mga ito'y teorya at praktika ng mga mainitin ang ulo at mangmang; wala silang taglay ni katiting na Marxismo; sa katunaya'y

anti-Marxista sila.

Dito'y tatalakayin lamang natin ang estratehikong pag-atras, na sa Kiangsi ay tinawag na "pag-akit sa kaaway sa kalalim-laliman" at sa Szechuan nama'y tinawag na "pagpapaliit ng larangan". Walang mga teorista o namumuno sa digma sa nakaraan ang nagpasinungaling na ito ang patakarang dapat ipatupad ng isang mahinang hukbo na lumalaban sa malakas na hukbo sa unang yugto ng gera. Sinabi ng isang dayuhang ekspertong militar na sa mga estratehikong depensibong operasyon, karaniwang iniiwasan ang mapagpasyang mga labanan sa simula, at isinasagawa lamang kapag paborable na ang kalagayan. Iyon ay ganap na wasto at wala na tayong maidadagdag doon.

Ang layunin ng estratehikong pag-atras ay ipreserba ang lakas militar at maghanda para sa kontra-opensiba. Kinakailangan ang pag-atras dahil kung hindi aatras ng isang hakbang bago sumalakay ang isang malakas na kaaway ay tiyak na mangangahulugang manganganib ang preserbasyon ng sariling pwersa. Gayunman, sa nakaraa'y maraming tao ang mahigpit na tumututol sa pag-atras dahil itinuturing nila itong isang "oportunistang linya ng lantay na depensa". Pinatunayan ng ating kasaysayan na maling-mali ang kanilang oposisyon.

Para maghanda sa isang kontra-opensiba, dapat tayong pumili o lumikha ng kalagayang paborable sa atin pero di paborable sa kaaway, nang sa gayon ay mabago ang balanse ng mga pwersa, bago tayo tumungo sa yugto ng kontra-opensiba.

Batay sa ating nakaraang karanasan, sa panahon ng yugto ng pag-atras, sa pangkalahata'y dapat magtamo tayo ng kahit man lamang dalawa sa sumusunod na kalagayan bago natin maikonsiderang paborable sa atin ang sitwasyon at di paborable sa kaaway, at bago tayo tumungo sa kontra-opensiba. Ang mga kalagayan ay:

(1) Aktibong sumusuporta sa Pulang Hukbo ang masa.

(2) Paborable para sa operasyon ang kalupaan.

(3) Nakakonsentra ang lahat ng pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo.

(4) Natuklasan na ang mahihinang bahagi ng kaaway.

(5) Nasa pagod at demoralisadong katayuan na ang kaaway.

(6) Naibuyo na ang kaaway na magkamali.

Ang unang kalagayan, ang aktibong pagsuporta ng masa, ang pinakamahalaga para sa Pulang Hukbo. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng isang baseng purok. Bukod pa, kung ganito ang kalagayan, madaling matatamo ang kondisyong 4, 5 at 6. Kung gayon, kapag naglulunsad ng malawakang opensiba ang kaaway, sa pangkalahata'y umaatras ang Pulang Hukbo mula sa Puting purok tungo sa baseng purok dahil doon pinakaaktibong sinusuportahan ng masa ang Pulang Hukbo laban sa Puting hukbo. Gayundin, may pagkakaiba sa pagitan ng mga hangganang purok at sentrong distrito ng isang baseng purok; sa huli'y mas mahusay ang mga mamamayan sa pagtatago ng impormasyon sa kaaway, mas mahusay sa pagsisiyasat, transportasyon, paglahok sa paglaban at sa iba pa. Kung gayon, noong binabaka natin ang una, pangalawa at pangatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" sa Kiangsi, lahat ng lugar na pinili bilang "dulong lugar na pag-aatrasan" ay nasa lugar na kung saan ang unang kondisyon, ang suporta ng mamamayan, ay napakalakas o malakas-lakas. Pinag-iiba nang husto ng katangiang ito ng ating mga baseng purok ang mga operasyon ng Pulang Hukbo sa karaniwang mga operasyon, at siyang pangunahing dahilan kung bakit sa bandang huli'y kinailangang gumamit ng patakarang pakikidigmang blockhouse ang kaaway.

Isang bentahe ng pagkilos sa mga interyor na linya ay nagiging posible para sa umaatras na hukbo na pumili ng kalupaan na paborable para sa sarili at pwersahin ang sumasalakay na hukbo na lumaban ayon sa itinakda nitong

kalagayan. Para gapiin ang isang malakas na hukbo, dapat maingat na piliin ng isang mahinang hukbo ang paborableng kalupaan bilang larangan ng labanan. Pero ang kondisyong ito lamang ay hindi sapat at dapat may kaakibat na iba pa. Una na sa mga ito ang suporta ng mamamayan. Ang kasunod ay bulnerableng kaaway, halimbawa'y ang kaaway na pagod na o nakagawa ng pagkakamali, o ang umaatakeng kolum ng kaaway na relatibong mahina ang kakayahang lumaban. Kung wala ang mga kondisyong ito, kahit pa nga nakakita tayo ng napakagandang kalupaan, dapat nating iwan ito at patuloy na umatras para matamo ang mga ito. Maraming magagandang kalupaan sa mga Puting purok, pero wala ang paborableng kondisyon ng aktibong suporta ng mamamayan. Kung hindi pa natatamo ang iba pang mga kondisyon, walang magagawa ang Pulang Hukbo kundi umatras sa mga baseng purok nito. Ang mga pagkakaiba gaya ng sa pagitan ng mga Puting purok at Pulang purok ay karaniwan ding umiiral sa pagitan ng mga hangganan at sentrong distrito ng isang baseng purok.

Liban sa mga lokal na yunit at pwersang pampigil, sa prinsipyo'y dapat nakakonsentra ang lahat ng ating tropang pansalakay. Kapag umaatake sa isang kaaway na nasa depensiba sa estratehiya, karaniwa'y ikinakalat ng Pulang Hukbo ang pwersa nito. Oras na maglunsad ng malawakang opensiba ang kaaway, "umaatras patungong sentro" ang Pulang Hukbo. Ang dulo para sa napiling atrasan ay karaniwang nasa sentrong bahagi ng baseng purok, pero kung minsa'y nasa harapan o likurang mga bahagi ayon sa itinatakda ng sirkunstansya. Sa pamamagitan ng pag-atras patungong sentro, maikokonsentra ang lahat ng pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo.

Isa pang esensyal na kondisyon para sa isang mahinang hukbo na lumalaban sa isang malakas na hukbo ay ang pagtukoy sa mas mahihinang yunit ng kaaway para atakehin. Pero sa simula ng opensiba ng kaaway, karaniwa'y hindi

natin alam kung alin sa kanyang sumasalakay na mga kolum ang pinakamalakas at pumapangalawa sa lakas, kung alin ang pinakamahina at pumapangalawa sa hina, kung kaya't kinakailangan ang isang proseso ng pagsisiyasat. Kadalasa'y nangangailangan ito ng mahaba-habang panahon. Iyan ay isa pang dahilan kung bakit kinakailangan ang estratehikong pag-atras.

Kung ang sumasalakay na kaaway ay labis na mas marami at mas malakas kaysa sa atin, mababago lamang natin ang balanse ng mga pwersa kapag nakapasok na nang malalim sa ating baseng purok ang kaaway at nalasap niya ang lahat ng pait na taglay ng base para sa kanya. Gaya ng sinabi ng pinuno ng istap ng isa sa mga brigada ni Chiang Kai-shek noong panahon ng pangatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", "Namayat na ang ating matatabang tauhan at nangamatay na ang ating mga payat na tauhan." O sa salita ni Chen Ming-shu, Punong Kumander ng Kanlurang Rutang Hukbo sa "Pagkubkob at Pagsupil" ng Guomindang, "Nangangapa sa dilim sa lahat ng dako ang Pambansang Hukbo samantalang ang Pulang Hukbo'y naglalakad sa liwanag ng araw." Sa panahong iyon, ang hukbo ng kaaway, bagamat malakas pa rin, ay nanghina nang husto, pagod ang mga sundalo nito, bumababa ang moral at lantad na ang marami sa mahihinang bahagi nito. Pero ang Pulang Hukbo, kahit mahina, ay nakapagpanatili ng lakas at nakatipon ng enerhiya, at maalwan na naghihintay sa pagod na kaaway. Sa panahong iyon, sa pangkalahata'y posibleng matamo ang isang antas ng pagkakapantay ng dalawang panig, o mabago ang absolutong superyoridad ng kaaway sa relatibong superyoridad at ang ating absolutong imperyoridad sa relatibong imperyoridad, at sa ilang pagkakataon, maging mas malakas pa nga sa kaaway. Sa paglaban sa ikatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" sa Kiangsi, sukdulang umatras ang Pulang Hukbo (para magkonsentra sa likurang seksyon

ng baseng purok); kung hindi ito isinagawa, hindi sana nito natalo ang kaaway dahil ang pwersa ng kaaway sa "pagkubkob at pagsupil" noo'y sampung beses na lampas sa laki ng Pulang Hukbo. Nang sabihin ni Sun Wu Tzu na "Iwasan ang kaaway kapag puno ito ng sigla, sumalakay kapag pagod na ito at umaatras", ang tinutukoy niya'y ang pagpagod at pagdemoralisa sa kaaway para mabawasan ang superyoridad nito.

Panghuli, ang layunin ng pag-atras ay para maibuyo ang kaaway na magkamali, o para matukoy ang kanyang mga pagkakamali. Dapat matanto na gaanuman katalino ang isang kumander ng kaaway, hindi siya makakaiwas na makagawa ng ilang pagkakamali sa relatibong mahabang panahon, at sa gayo'y laging posible para sa atin na samantalahin ang puwang na ibinibigay niya sa atin. Magkakamali at magkakamali ang kaaway, gaya rin na tayo mismo magkaminsa'y nagkakamali sa tantya at nagbibigay ng puwang para masamantala ng kaaway. Dagdag pa, maibubuyo nating magkamali ang kaaway sa pamamagitan ng sarili nating pagkilos, halimbawa'y sa pamamagitan ng "pakunwaring pagpapakita", sa tawag ni Sun Wu Tzu, ibig sabihin, pakunwaring pagpapakita sa silangan pero sasalakay naman sa kanluran. Kung gagawin natin ito, ang dulong atrasan ay hindi maaaring mahigpit na ilimita sa isang tukoy na purok. Minsan, kapag nakaatras na tayo sa isang natukoy nang purok at hindi pa nakakatagpo ng puwang na masasamantala, kailangan nating umatras pa at maghintay na mabigyan ng kaaway ng pagkakataon.

Sa pangkalahatan, ang mga paborableng kondisyong nais nating matamo sa pamamagitan ng pag-atras ay ang mga nabanggit na. Pero hindi ito nangangahulugan na hindi makapaglulunsad ng isang kontra-opensiba hanggat wala ang lahat ng kondisyong ito. Ang pag-iral ng lahat ng ito nang sabay-sabay ay hindi posible at hindi kinakailangan. Pero ang isang mahinang pwersang kumikilos sa mga interyor na linya

laban sa isang malakas na kaaway ay dapat magpunyagi para matamo ang mga kondisyong iyon na kinakailangan batay sa aktwal na kalagayan ng kaaway. Mali ang lahat ng pananaw na taliwas dito.

Ang desisyon hinggil sa dulong atrasan ay dapat nakasalalay sa kabuuang kalagayan. Maling piliin ang isang lugar na kung ikokonsidera kaugnay ng bahagi lamang ng kalagayan ay mukhang paborable para sa ating pagtungo sa kontra-opensiba, kung hindi rin ito bentahe mula sa punto de bista ng sitwasyon sa kabuuan. Ito'y dahil sa simula ng ating kontra-opensiba, dapat nating ikonsidera ang susunod na pangyayari at dapat magsimula sa parsyal na saklaw ang ating mga kontra-opensiba. Minsa'y dapat ipirmi sa harapang seksyon ng baseng purok ang dulong atrasan gaya noong panahon ng ating ikalawa at ikaapat na kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" sa Kiangsi at sa ating ikatlong kontra-kampanya sa purok ng Shensi-Kansu. May mga panahon naman na dapat nasa gitnang seksyon ito ng baseng purok gaya ng sa ating unang kontra-kampanya sa Kiangsi. Sa iba pang panaho'y dapat itong ipirmi sa likurang seksyon ng baseng purok gaya sa ating ikatlong kontra-kampanya sa Kiangsi. Sa lahat ng ito, nabuo ang desisyon batay sa pag-uugnay ng parsyal na sitwasyon sa sitwasyon sa kabuuan. Pero sa panahon ng ikalimang kontra-kampanya sa Kiangsi, hindi nagbigay ng anumang konsiderasyon ang ating hukbo sa pag-atras, dahil hindi nito isinaalang-alang ang parsyal o kabuuang sitwasyon, at ito'y tunay na padalus-dalos at hangal na gawi. Ang isang sitwasyon ay binubuo ng maraming salik; sa pagkokonsidera sa ugnayan ng isang bahagi ng sitwasyon at ng kabuuan, dapat nating ibatay ang ating husga sa kung ang mga salik sa panig ng kaaway at ng sa atin, na makikita kapwa sa parsyal at kabuuang sitwasyon, ay paborable hanggang sa isang antas para sa pagsisimula natin ng isang kontra-opensiba.

Ang dulong atrasan sa isang baseng purok ay maaaring hatiin sa tatlong tipo sa pangkalahatan, iyong mga nasa harapan, iyong mga nasa gitna at iyong mga nasa likurang seksyon ng baseng purok. Gayunman, nangangahulugan ba ang lahat ng ito ng pagtangging makipaglaban sa mga Puting purok? Hindi. Kapag nahaharap lamang tayo sa isang malaking kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway, doon lamang tayo tumatangging makipaglaban sa mga Puting purok. Kapag mayroon lamang malaking kalamangan sa lakas ang kaaway sa atin, doon lamang natin itinataguyod ang pag-atras sa baseng purok at pag-akit sa kanya sa kalalim-laliman, bilang pagkilala sa prinsipyong ipreserba ang ating lakas at maghintay ng tamang panahon para magapi ang kaaway; ito'y dahil sa pamamagitan lamang ng pagsasagawa nito maaari nating malikha o matamo ang mga kondisyong paborable para sa ating kontra-opensiba. Kapag hindi ganoon kaseryoso ang sitwasyon, o kapag napakaseryoso nito kaya't hindi masimulan ng Pulang Hukbo ang kontra-opensiba nito kahit sa baseng purok, o kapag hindi maganda ang takbo ng kontra-opensiba at kinakailangan pa ang pag-atras para mabago ang sitwasyon, kung gayo'y dapat nating kilalanin, kahit man lamang sa teorya, na maaaring itakda sa isang Puting purok ang dulong atrasan bagamat halos wala tayong karanasang ganito.

Sa pangkalahatan, ang mga dulo ng atrasan sa isang Puting purok ay maaari ding hatiin sa tatlong tipo: (1) iyong nasa harapan ng ating baseng purok, (2) iyong nasa mga tagiliran nito at (3) iyong nasa likuran nito. Narito ang isang halimbawa ng unang tipo.

Sa panahon ng ating unang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" sa Kiangsi, kung hindi dahil sa kawalan ng pagkakaisa sa loob ng Pulang Hukbo at sa isplit sa lokal na organisasyon ng Partido (ang dalawang mabibigat na suliraning nilikha ng linyang Li Li-san at ng Grupong

A-B),[33] mahihinagap na naikonsentra sana natin ang ating mga pwersa sa loob ng trianggulong binubuo ng Kian, Nanfeng at Changshu at nailunsad ang isang kontra-opensiba. Dahil ang pwersa ng kaaway na sumasalakay mula sa purok na nasa pagitan ng mga Ilog Kan at Fu ay hindi napakalakas kumpara sa lakas ng Pulang Hukbo (100,000 laban sa 40,000). Kahit ang suporta ng mamamayan doon ay hindi kasing aktibo gaya ng sa baseng purok, paborable ang kalupaan; bukod pa'y posible sanang madurog nang paisa-isa ang mga pwersa ng kaaway na umaatake sa magkakahiwalay na mga ruta.

Isang halimbawa naman ng ikalawang tipo:

Sa panahon ng ating ikatlong kontra-kampanya sa Kiangsi, kung hindi sana napakalaki ng saklaw ng opensiba ng kaaway, kung umabante sana mula sa Chienning, Lichuan at Taining sa hangganan ng Fukien-Kiangsi ang isa sa mga hanay ng kaaway, at kung ang hanay na iyo'y hindi napaka-lakas para sa pagsalakay natin, mahihinagap din na pwede sanang tipunin ng Pulang Hukbo ang mga pwersa nito sa Puting purok sa kanlurang Fukien at durugin muna ang hanay na iyon nang hindi nagsasagawa ng libong-li na pag-ikot sa Juichin tungo sa Hsingkuo.

Panghuli, isang halimbawa ng ikatlong tipo.

Sa panahon ng ikatlong kontra-kampanya ding iyon sa Kiangsi, kung nagtungo ang pangunahing pwersa ng kaaway sa katimugan sa halip na sa kanluran, napwersa sana tayong umatras sa purok ng Huichang-Hsunwu-Anyuan (isang Puting purok), para maibuyo ang kaaway na magtungo sa mas timog pa; sa gayon, ang Pulang Hukbo ay nakatulak sana pahilaga tungo sa loob ng baseng purok, na sa panahong iyo'y hindi sana magiging napakalaki ng pwersa ng kaaway sa hilaga ng baseng purok.

Gayunman, lahat ng nabanggit ay mga halimbawang ipotetikal at hindi nakabatay sa aktwal na karanasan; dapat ituring

ang mga ito na di karaniwan at hindi mga pangkalahatang prinsipyo. Kapag naglulunsad ang kaaway ng malakihang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", ang ating pangkalahatang prinsipyo ay akitin ito sa kalalim-laliman, umatras sa baseng purok at labanan siya doon dahil ito ang ating pinakatiyak na paraan ng pagdurog sa kanyang opensiba.

Iyong mga nagtataguyod na "harapin ang kaaway sa labas ng tarangkahan" ay tumututol sa estratehikong pag-atras, nangangatwiran na ang pag-atras ay nangangahulugan ng pagkawala ng teritoryo, pagdadala ng pinsala sa mamamayan ("hinayaang mawasak ang ating mga palayok at kawali", gaya ng sabi nila) at nagbubunga ng di paborableng mga resulta sa labas. Sa panahon ng ating ikalimang kontra-kampanya, ikinatwiran nila na sa bawat pagkakataon na tayo'y umatras ng isang hakbang, itutulak ng kaaway ang kanyang blockhouse nang isang hakbang pasulong, at sa gayon, patuloy na liliit ang ating mga baseng purok at mawawalan tayo ng paraan para mabawi ang nawalang teritoryo. Kahit pa nakatulong sa nakaraan ang pag-akit sa kaaway sa kalalim-laliman ng ating teritoryo, wala itong silbi laban sa ikalimang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" kung saan gumamit ito ng patakarang pakikidigmang blockhouse. Ang tanging paraan para harapin ang kampanyang ito, sabi nila, ay hati-hatiin ang ating mga pwersa para sa pagtatanggol at magsagawa ng maiiksi at mabibilis na pagbira sa kaaway.

Madaling sagutin ang ganoong mga pananaw, at ginawa na ito ng ating kasaysayan. Hinggil sa pagkawala ng teritoryo, madalas na nangyayari na tanging sa pagkawala lamang nito maaaring iwasan ang pagkawala; ito ang prinsipyo ng "Magbigay para makakuha". Kung ang nawala sa ati'y teritoryo at ang natamo nati'y tagumpay laban sa kaaway, dagdag pa ang pagbawi at higit na pagpapalawak ng ating teritoryo, kung gayo'y isa itong mabungang panukala. Sa isang transaksyon

sa negosyo, kung ang isang bumibili ay hindi "mawawalan" ng pera, hindi siya makakakuha ng kalakal; kung ang isang nagtitinda ay hindi "mawawalan" ng kalakal, hindi siya magkakaroon ng pera. Ang mga pagkatalong natamo sa isang rebolusyonaryong kilusan ay kinasasangkutan ng pagkawasak at ang ganansya naman ay konstruksyong may katangiang progresibo. Sa pagtulog at pagpapahinga ay nawawalan ng oras pero nagtatamo naman ng lakas para sa pagtatrabaho kinabukasan. Kung hindi ito nauunawaan ng sinumang hangal at umaayaw na matulog, mawawalan siya ng lakas kinabukasan, at iyon ay paluging panukala. Natalo tayo sa ikalimang kontra-kampanya sa ganoong dahilan mismo. Nagresulta ang pag-aatubiling bitiwan ang bahagi ng ating teritoryo sa pagkawala ng lahat ng ito. Nawala rin ang lahat ng teritoryo ng Abyssinia nang harap-harapan niyang nilabanan ang kaaway, bagamat hindi iyon ang tanging dahilan ng kanyang pagkatalo.

Ganoon din ang mangyayari hinggil sa usapin ng pagdudulot ng pinsala sa mamamayan. Kung tumatanggi ka na hayaang mawasak ang mga kaldero at kawali ng ilang kabahayan sa maikling panahon, ikaw ang magiging dahilan ng pagpapatuloy ng pagwasak ng mga kaldero at kawali ng lahat ng mamamayan sa mahabang panahon. Kung natatakot ka sa di paborableng pangmadaliang resulta sa pulitika, pagbabayaran mo ito sa pamamagitan ng di paborableng matagalang resulta sa pulitika. Pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre, kung pinagtibay ng mga Rusong Bolshevik ang mga opinyon ng mga "Kaliwang Komunista" at tumangging pirmahan ang tratadong pangkapayapaan sa Germany, nanganib sanang mamatay nang maaga ang bagong silang na mga Sobyet.[34]

Ang mistulang mga rebolusyonaryong "Kaliwang" opinyong iyon ay nagmumula sa rebolusyonaryong kapusukan ng petiburges na intelektwal, gayundin sa makitid na konserbatismo ng maliliit na prodyuser na magsasaka. Ang mga taong

may ganoong opinyon ay tumitingin sa mga problema sa isang panig lamang at hindi nakapagbubuo ng komprehensibong pananaw sa sitwasyon sa kabuuan; ayaw nilang iugnay ang kasalukuyang mga interes sa mga interes sa kinabukasan o ang interes ng bahagi sa interes ng kabuuan, pero kapit tuko sa parsyal at sa pansamantala. Mangyari pa, dapat mahigpit nating hawakan ang parsyal at pansamantala kapag, sa kong-kretong sirkunstansya ng panahon, ang mga ito'y paborable – at laluna kapag ang mga ito'y mapagpasya – para sa kabuuang sitwasyon sa kasalukuyan at sa kabuuang panahon, dahil kung hindi'y magiging mga tagapagtaguyod tayo ng pagpapabaya at kawalang-aksyon sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit dapat may dulong atrasan ang pag-atras. Hindi tayo dapat umayon sa kakitiran ng isip ng isang maliit na prodyuser. Dapat nating matutunan ang karunungan ng mga Bolshevik. Hindi sapat na mata lamang ang gamitin, kailangan natin ang tulong ng teleskopyo at mikroskopyo. Ang Marxistang paraan ang ating teleskopyo at mikroskopyo sa mga usaping pampulitika at militar.

Mangyari pa, may mga problema sa estratehikong pag-atras. Ang pagpili ng tyempo para simulan ang pag-atras, ang pagpili ng dulong atrasan, ang pampulitikang pangungumbinsi sa mga kadre at mamamayan – ang mga ito ay mahihirap na problemang nangangailangan ng solusyon.

Ang usapin ng tyempo ng pagsisimula ng pag-atras ay napakaimportante. Kung sa proseso ng ating unang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" sa Probinsya ng Kiangsi ay hindi natuloy ang pag-atras natin sa oras na ito'y isinagawa, ibig sabihin kung naantala ito, kung gayon, sa pinakamenos ay naapektuhan ang saklaw ng ating tagumpay. Mangyari pa, parehong may mawawala sa atin kung maaga at kung maantala ang pag-atras. Pero sa pangkalahata'y mas malaki ang mawawala kung maantala ang pag-atras kaysa

kung maaga ang pag-atras. Ang eksakto sa oras na pag-atras, na makapagbibigay sa atin ng lahat ng inisyatiba, ay malaking tulong sa atin sa pagtungo sa kontra-opensiba kapag muli nating matitipon ang ating mga pwersa at maalwan nating hinihintay ang pagod na kaaway matapos nating marating ang ating dulong atrasan. Sa pagdurog sa una, pangalawa at pang-apat na kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pag-supil" sa Kiangsi, hinarap natin siya nang may kumpyansa at walang pagmamadali. Tanging sa ikatlong kampanya napagod nang husto ang Pulang Hukbo dahil sa pag-ikot na kailangan nitong isagawa nang madalian para muling makapagtipon, dahil hindi natin inaasahan na napakabilis na maglulunsad ng bagong opensiba ang kaaway pagkaraang makalasap ng malaking pagkatalo sa ikalawang kampanya (tinapos natin ang ating ikalawang kontra-kampanya noong Mayo 29, 1931 at sinimulan ni Chiang Kai-shek ang kanyang ikatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" noong July 1). Ang tyempo ng pag-atras ay itina-takda sa paraan din ng pagtatakda ng tyempo ng yugto ng paghahanda ng isang kontra-kampanya na nauna na nating natalakay, ibig sabihi'y buung-buong nakabatay sa kinakailangang impormasyong nakalap natin at sa pagtaya sa pangkalahatang sitwasyon ng panig natin at ng kaaway.

Napakahirap kumbinsihin ng mga kadre at mamamayan sa pangangailangang magsagawa ng estratehikong pag-atras kapag wala pa silang karanasan nito, at kapag hindi pa um-abot ang prestihiyo ng pamunuan ng hukbo sa antas na kaya nitong ikonsentra sa kamay ng iilang tao o ng iisang tao ang awtoridad para magpasya tungkol sa estratehikong pag-atras at kasabay nito'y nagtatamasa ng kumpyansa ng mga kadre. Dahil kulang sa karanasan ang mga kadre at walang tiwala sa estratehikong pag-atras, naharap sa malalaking problema sa umpisa ng ating una at ikaapat na kontra-kampanya at sa buong panahon ng ikalimang kampanya. Sa panahon ng

unang kontra-kampanya, ang mga kadreng impluwensyado ng linyang Li Li-san ay pabor hindi sa pag-atras kundi sa pag-atake hanggang sa makumbinsi sila sa kabaligtaran nito. Sa ikaapat na kontra-kampanya, tumutol sa pagsasagawa ng paghahanda para sa pag-atras ang mga kadreng impluwensyado ng adbenturismong militar. Sa ikalima, noong una'y ipinilit nila ang adbenturistang militar na pananaw, na tutol sa pag-akit sa kaaway sa kalalim-laliman, pero sa bandang huli'y bumaling sa konserbatismong militar. Isa pa ay ang halimbawa ng mga tagapagtaguyod ng linyang Chang Kuo-tao, na ayaw tanggapin na imposibleng itayo ang ating mga base sa mga rehiyon ng mga mamamayang Tibetan at Hui[35] hanggang sa bumangga sila sa pader. Esensyal ang karanasan para sa mga kadre, at tunay ngang ang kabiguan ay ina ng tagumpay. Pero kinakailangan ding bukas ang isipang matuto mula sa karanasan ng ibang tao, at ganap na "makitid na empirisismo" na ipilit ang sariling personal na karanasan sa lahat ng usapin, at dahil wala nito, mahigpit na kumapit sa sariling opinyon at itakwil ang karanasan ng ibang tao. Di mumunti ang pinsala sa ating digma dahil dito.

Hindi malalampasan ang kawalan ng tiwala ng mga tao sa pangangailangan para sa estratehikong pag-atras, dahil sa kawalan ng karanasan, sa panahon ng ating unang kontra-kampanya sa Kiangsi. Sa panahong iyon, ang lokal na mga organisasyon ng Partido at masa ng mamamayan sa mga county ng Kian, Hsingkuo at Yungfeng ay tutol lahat sa pag-atras ng Pulang Hukbo. Pero pagkaraan ng karanasan sa unang kontra-kampanya, wala nang lumitaw na ganoong problema sa mga kasunod. Kumbinsido ang lahat na ang pagkawala ng teritoryo sa baseng purok at ang pagdurusa ng mamamayan ay pansamantala, at may kumpyansa na kayang durugin ng Pulang Hukbo ang "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway. Gayunman, kung may tiwala man o wala ang mamamayan ay

mahigpit na nakaugnay sa kung may tiwala o wala ang mga kadre, at sa gayon, ang pagkumbinsi sa mga kadre ang tungkuling kauna-unahan sa lahat.

Ang tanging layunin ng estratehikong pag-atras ay tumungo sa kontra-opensiba at unang yugto lamang ito ng estratehikong depensiba. Ang mapagpasyang kawing sa buong estratehiya ay kung magtatagumpay sa yugto ng kontra-opensiba na kasunod nito.

## 4. ESTRATEHIKONG KONTRA-OPENSIBA

Para talunin ang opensiba ng kaaway na nagtatamasa ng absolutong superyoridad, sumasalig tayo sa kalagayang nalikha sa yugto ng ating estratehikong pag-atras, isang sitwasyong paborable sa atin, di paborable sa kaaway at naiiba sa sitwasyon sa simula ng opensiba nito. Maraming elemento ang bumubuo ng ganoong sitwasyon. Natalakay na ang lahat ng ito sa itaas.

Gayunman, ang pag-iral ng mga kondisyong ito at ng sitwasyong paborable sa atin at di paborable sa kaaway ay hindi nangangahulugan na natalo na natin ito. Ang ganoong mga kondisyon at ang ganoong sitwasyon ay nagbibigay ng posibilidad para sa ating tagumpay at pagkatalo ng kaaway, pero hindi pa ito ang realidad ng tagumpay o pagkatalo; hindi pa nagbibigay ang mga ito ng aktwal na tagumpay o pagkatalo sa alinmang hukbo. Kinakailangan ang mapagpasyang labanan sa pagitan ng dalawang hukbo para magkaroon ng tagumpay o pagkatalo. Tanging ang mapagpasyang labanan ang makalulutas sa usapin kung aling hukbo ang matagumpay at alin ang talo. Ito ang tanging tungkulin ng yugto ng estratehikong kontra-opensiba. Ang kontra-opensiba ay isang mahabang proseso, ang pinakakabigha-bighani, pinakadinamiko at pinakahuling yugto rin ng isang depensibong kampanya. Ang tinatawag na aktibong depensa ay pangunahing tumutukoy sa

estratehikong kontra-opensibang ito na ang kalikasan ay isang mapagpasyang labanan.

Ang mga kondisyon at ang sitwasyon ay nalilikha hindi lamang sa yugto ng estratehikong pag-atras kundi patuloy na nalilikha sa yugto ng kontra-opensiba. Sa anyo man o sa kalikasan, ang mga ito'y hindi eksaktong kapareho sa huling yugto gaya ng sa una.

Ang maaaring manatiling magkapareho sa anyo at kalikasan, halimbawa, ay ang katotohanan na lalupang pagod at nanghihina ang mga tropa ng kaaway, na pagpapatuloy lamang ng kanilang pagod at panghihina sa naunang yugto.

Pero tiyak na lilitaw ang bagong-bagong mga kondisyon at ang isang bagong-bagong sitwasyon. Kung gayon, kapag nakalasap ng isa o maraming pagkatalo ang kaaway, ang mga kondisyong bentahe sa atin at disbentahe sa kanya ay hindi lamang ang kanyang kapaguran, atbp., kundi madaragdag ang isang bagong salik, na walang iba kundi ang pagkakalasap nito ng mga pagkatalo. Mayroon ding bagong mga pagbabagong magaganap sa sitwasyon. Kapag nagsimulang imaniobra ng kaaway ang mga tropa nito sa di maayos na paraan at gumawa ng maling mga hakbang, natural na ang relatibong lakas ng dalawang naglalabang hukbo ay hindi na katulad ng dati.

Pero kung hindi ang mga pwersa ng kaaway bagkus ang sa atin ang nakalasap ng isa o higit pang pagkatalo, ang mga kondisyon at ang sitwasyon kung gayon ay magbabago sa kabilang direksyon. Ibig sabihin, mababawasan ang disbentahe ng kaaway samantalang lilitaw at lalago pa nga ang mga disbentahe sa ating panig. Muli, iyon ay isang bagay na ganap na bago at naiiba.

Tuwiran at mabilis na tutungo ang pagkatalo ng alinmang panig sa isang bagong pagpupunyagi ng natalong panig na maiwasan ang pagkawasak, mabunot ang sarili sa bagong mga kondisyon at sa bagong sitwasyong di paborable sa kanya at paborable sa kalaban nito, at muling likhain ang mga kondi-

syon at sitwasyon na paborable sa kanya at di paborable sa kalaban, nang sa gayo'y mapresyur ang huli.

Ang pagsisikap ng nananalong panig ay ganap na kabaligtaran nito. Magpupunyagi itong samantalahin ang kanyang tagumpay at magbigay ng mas malaking pinsala sa kaaway, magdagdag sa mga kondisyong paborable sa kanya at ibayong pagandahin ang kanyang sitwasyon, at pigilan ang kaaway na matagumpay na mabunot ang sarili mula sa kanyang di paborableng mga kondisyon at di paborableng sitwasyon at maiwasan ang pagkawasak.

Kung gayon, para sa alinmang panig, ang pakikibaka sa yugto ng mapagpasyang labanan ang pinakamaigting, pinakakumplikado at pinakapabagu-bago, gayundi'y ang pinakamahirap at pinakamapanubok sa buong digma o sa buong kampanya; sa punto de bista ng kumand, ito ang pinakamapanghamong panahon sa lahat.

Sa yugto ng kontra-opensiba, maraming usapin. Ang pangunahin sa mga usaping ito ay ang pagsisimula ng kontra-opensiba, ang pagkokonsentra ng mga tropa, ang pakikidigmang makilos, ang digmang mabilis na tinatapos at ang digmang anihilasyon.

Sa isang kontra-opensiba man o isang opensiba, hindi nagbabago sa kanilang batayang katangian ang mga prinsipyo kaugnay ng mga usaping ito. Sa pakahulugang ito natin masasabi na ang isang kontra-opensiba ay isang opensiba.

Gayunman, hindi eksaktong isang opensiba ito. Ang mga prinsipyo ng kontra-opensiba ay ginagamit kapag nasa opensiba ang kaaway. Ginagamit ang mga prinsipyo ng opensiba kapag nasa depensiba ang kaaway. Sa pakahulugang ito, may ilang pagkakaiba sa pagitan ng kontra-opensiba at opensiba.

Dahil dito, bagamat ang iba't ibang problema sa operasyon ay kabilang lahat sa pagtalakay sa kontra-opensiba sa kabanatang ito hinggil sa estratehikong depensiba, at bagamat tatala-

kayin lamang ng kabanata hinggil sa estratehikong opensiba ang iba pang mga usapin para maiwasan ang pag-uulit-ulit, hindi natin dapat kaligtaan ang mga pagkakatulad man o ang mga pagkakaiba sa pagitan ng kontra-opensiba at ng opensiba pagdating sa aktwal na aplikasyon.

## 5. PAGSISIMULA NG KONTRA-OPENSIBA

Ang usapin ng pagsisimula ng isang kontra-opensiba ay usapin ng "panimulang sagupaan" o "pasakalye".

Ipinapayo ng maraming burges na ekspertong militar na mag-ingat sa panimulang sagupaan, nasa estratehikong depensiba man o nasa estratehikong opensiba, pero lalo't higit kung nasa depensiba. Sa nakaraan, maging tayo ay nagbigay-diin dito bilang isang seryosong punto. Ang ating mga operasyon laban sa limang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" sa Probinsya ng Kiangsi ay nagbigay sa atin ng mayamang karanasan, at kapakipakinabang na pag-aralan ito.

Sa unang kampanya ng kaaway, gumamit ito ng halos 100,000 tauhang hinati sa walong kolum, para umabante patungo sa timog mula sa linyang Kian-Cheinning laban sa baseng purok ng Pulang Hukbo. Ang Pulang Hukbo ay may halos 40,000 tauhan at nakakonsentra sa purok ng Huangpi at Hsiaopu sa County ng Ningtu, Probinsya ng Kiangsi.

Ganito ang sitwasyon:

(1) Ang mga pwersang "panupil" ay hindi lalampas sa 100,000 tauhan, at wala sa kanila ang galing sa sariling tropa ni Chiang Kai-shek at ang pangkalahatang sitwasyo'y hindi gaanong malubha.

(2) Ang dibisyon ng kaaway sa ilalim ni Lo Lin na nagtatanggol sa Kian ay nasa kabilang pampang ng Ilog Kan sa kanluran.

(3) Ang tatlong dibisyon sa ilalim ni Kung Ping-fan, Chang Hui-tsan at Tan Tao-yuan ay umabante at sinakop ang sek-

tor ng Futien-Tungku-Lungkang-Yuantou sa timog-silangan ng Kian at hilagang-kanluran ng Ningtu. Nasa Lungkang ang pangunahing pwersa ng dibisyon ni Chang Hui-tsan at nasa Yuantou iyong dibisyon ni Tan Tao-yuan. Hindi magandang piliing larangan ng labanan ang Futien at Tungku dahil ang mga nakatira dito na nalinlang ng Grupong A-B ay walang tiwala sa at laban sa Pulang Hukbo sa isang panahon.

(4) Ang dibisyon ng kaaway sa ilalim ni Liu Ho-ting ay malayung-malayo at nasa Chienning sa Puting purok ng Fukien at malamang na hindi tumawid patungong Kiangsi.

(5) Ang dalawang dibisyon ng kaaway sa ilalim nina Mao Ping-wen at Hsu Keh-hsiang ay nakapasok sa sektor ng Toupi-Lokuo-Tungshao na nasa pagitan ng Kuangchang at Ningtu. Ang Toupi ay isang Puting purok, ang Lokou ay isang sonang gerilya at ang Tungshao, kung saan mayroong mga elemento ng Grupong A-B, ay isang lugar na malamang na pagsingawan ng impormasyon. Bukod pa, kung sasalakayin natin sina Mao Ping-wen at Hsu Keh-hsiang at pagkaraa'y tutulak pakanluran, maaaring magsanib ng pwersa ang tatlong dibisyon ng kaaway sa kanluran sa ilalim nina Chang Hui-tsan, Tan Tao-yuan at Kung Ping-fan, at sa gayo'y mahihirapan tayong magtagumpay at imposibleng madala ang isyu sa pinal na solusyon.

(6) Ang dalawang dibisyon sa ilalim nina Chang Hui-tsan at Tan Tao-yuan na bumubuo sa pangunahing pwersa ng kaaway ay mga tropa ni Lu Ti-ping, na punong kumander ng kampanyang ito ng "pagkubkob at pagsupil" at gubernador ng Probinsya ng Kiangsi, at si Chang Hui-tsan ang kumander sa larangan. Ang paglipol sa dalawang dibisyong ito ay halos pagdurog na sa kampanya. Ang bawat dibisyon ay may humigit kumulang labing-apat na libong tauhan, at nahahati sa dalawang lugar ang dibisyon ni Chang, kaya kung sasalakayin natin ang dibisyon nang paisa-isa, matatamasa natin ang absolutong superyoridad.

(7) Ang sektor ng Lungkang-Yuantou, kung saan naroroon ang mga pangunahing pwersa ng mga dibisyon nina Chang at Tan, ay malapit sa ating mga konsentrasyon at may matibay na suporta ng mamamayan na magkukubli sa ating paglapit.

(8) Maganda ang tereyn sa Lungkang. Hindi madaling salakayin ang Yuantou. Pero kung tutulak sa Hsiapu ang kaaway para salakayin tayo, mayroon din tayong magandang tereyn doon.

(9) Maaari tayong magtipon ng pinakamalaking bilang ng mga tropa sa sektor ng Lungkang. Sa Hsingkuo, na kulang sa sandaang li ang layo sa timog-kanluran ng Lungkang, mayroon tayong isang independyenteng dibisyon na may lampas sa 1,000 tauhan na maaaring magmaniobra sa likuran ng kaaway.

(10) Kung makakapasok sa sentro ang ating mga tropa at mabubutas ang harapan ng kaaway, ang mga hanay nito sa silangan at kanluran ay mahahati sa dalawang magkahiwalay na magkahiwalay na grupo.

Sa mga dahilang nabanggit, napagpasyahan natin na dapat ang ating unang pagsagupa ay laban sa pangunahing pwersa ni Chang Hui-tsan, at matagumpay nating nabira ang dalawa sa kanyang mga brigada at ang punong-himpilan ng kanyang dibisyon, nadakip ang buong pwersang binubuo ng 9,000 tauhan at ang kumander ng dibisyon mismo nang walang nakatakas ni isa mang tao o kabayo. Sinindak ng tagumpay na ito ang dibisyon ni Tan kaya tumakas patungong Tungshao at ang dibisyon ni Hsu kaya tumakas patungong Toupi. Pagkatapos, tinugis ng ating mga tropa ang dibisyon ni Tan at nilipol ang kalahati nito. Nasabak tayo sa dalawang labanan sa limang araw (Disyembre 27, 1930 hanggang Enero 1, 1931), at dahil sa takot na matalo'y watak-watak na umatras ang mga pwersa ng kaaway sa Futien, Tungku at Toupi. Kaya nagwakas ang unang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil".

Ganito ang sitwasyon sa ikalawang kampanya:

(1) Ang mga pwersang "panupil" na may bilang na 200,000 ay nasa kumand ni Ho Ying-chin na may punong-himpilan sa Nanchang.

(2) Gaya sa unang kampanya ng kaaway, wala sa mga pwersa ang kabilang sa sariling mga tropa ni Chiang Kai-shek. Sa mga ito, ang Hukbo ng Ika-19 na Ruta sa ilalim ni Tsai Ting-kai, ang Hukbo ng Ika-26 na Ruta sa ilalim ni Sun Lien-chung at ang Hukbo ng Ika-8 Ruta sa ilalim ni Chu Shao-liang ay malalakas o kaya nama'y medyo malakas, samantalang lahat ng iba pa'y medyo mahina.

(3) Napawi na ang Grupong A-B at sinusuportahan ng buong populasyon ng baseng purok ang Pulang Hukbo.

(4) Ang Hukbo ng Ika-5 Ruta sa ilalim ni Wang Chin-yu na bagong dating mula sa hilaga ay takot sa atin, at sa pangkalahata'y ganoon din ang dalawang dibisyong nasa kaliwang tagiliran nito sa ilalim nina Kuo Hua-tsung at Hao Meng-ling.

(5) Kung sasalakayin muna ng ating tropa ang Futien at pagkaraa'y tumawid sa silangan, mapapalawak natin ang baseng purok hanggang sa sektor ng Chienning-Lichuan-Taining sa hangganan ng Fukien-Kiangsi at makakakuha tayo ng suplay na makakatulong sa pagwasak sa susunod na kampanyang "pagkubkob at pagsupil". Pero kung tutulak tayo pakanluran, maiipit tayo sa Ilog Kan at walang lugar para makapagpalawak pagkatapos ng labanan. Mapapagod ang ating mga tropa at magsasayang ng oras kung babalik muli sa silangan pagkatapos ng labanan.

(6) Kahit mukhang mas maliit ang ating hukbo (na bumibilang ng lampas sa 30,000) kaysa noong unang kampanya, may apat na buwan itong nakapagpahinga at nakapagpalakas.

Dahil sa mga ito, pinagpasyahan natin para sa ating unang labanan na sagupain ang mga pwersa nina Wang Chin-yu at Kung Ping-fan (na binubuo ng 11 rehimyento) sa sektor ng

Futien. Pagkapanalo sa labanang ito'y magkakasunod nating sinalakay sina Kuo Hua-tsung, Sun Lien-chung, Chu Shao-liang at Liu Ho-ting. Sa loob ng labinlimang araw (mula Mayo 16 hanggang Mayo 30, 1931) nilakbay natin ang pitong daang li, lumaban sa limang sagupaan, naagaw ang 20,000 riple at nadurog nang buung-buo ang kampanyang "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway. Sa paglaban kay Wang Chin-yu, nasa pagitan tayo ng dalawang pwersa ng kaaway sa ilalim nina Tsai Ting-kai at Kuo Hua-tsung, mga sampung li mula sa huli at apatnapung li sa una, at sabi ng ilan, "pumapasok tayo sa isang pasilyong walang lagusan", pero magkagayunman, nakapangibabaw tayo. Ito'y pangunahing dahil sa suporta ng mamamayan na tinatamasa natin sa baseng purok at sa kakulangan ng koordinasyon sa hanay ng mga yunit ng kaaway. Pagkatapos matalo ng dibisyon ni Kuo Hua-tsung, ang dibisyon ni Hao Meng-ling ay tumalilis sa gabi pabalik sa Yungfeng kaya nakaiwas sa pagkawasak.

Ganito ang sitwasyon sa ikatlong kampanya ng "pagkubkob at pagsupil":

(1) Personal na lumahok si Chiang Kai-shek bilang punong kumander. Sa ilalim niya'y may tatlong nakakababang kumander na bawat isa'y namumuno sa isang hanay – ang kaliwa, kanan at gitna. Ang panggitnang hanay ay pinamunuan ni Ho Ying-chin, na may punong-himpilan sa Nanchang tulad ni Chiang Kai-shek. Pinamunuan ni Chen Ming-shu ang kanan na may punong-himpilan sa Kian at ang kaliwa'y pinamumunuan ni Chu Shao-liang na may punong-himpilan sa Nanfeng.

(2) 300,000 ang mga pwersang "panupil". Ang mga pangunahing pwersa na binubuo halos ng 100,000 tauhan ay sariling mga tropa ni Chiang Kai-shek at binubuo ng 5 dibisyon (bawat isa'y may 9 na rehimyento), sa pamumuno nina Chen Cheng, Lo Cho-ying, Chao Kuan-tao, Wei Li-huang at Chiang

Ting-wen ayon sa pagkakasunud-sunod. Liban sa mga ito, may tatlo pang dibisyon (binubuo ng 40,000 tauhan) sa ilalim nina Chiang Kuang-ni, Tsai Ting-kai at Han Teh-chin. Naroroon din ang hukbo ni Sun Lien-chung na binubuo ng 20,000 tauhan. Bilang dagdag, mayroon pang ibang mas mahihinang pwersa na hindi mga tropa ni Chiang.

(3) Ang estratehiya ng kaaway sa kampanyang ito ng "panunupil" ay "dire-diretsong sumalakay", na ibang-iba sa estratehiyang "magkonsolida sa bawat hakbang" na ginamit niya sa ikalawang kampanya. Layunin nitong itulak ang Pulang Hukbo pabalik sa Ilog Kan at lipulin ito doon.

(4) Isang buwan lamang ang pagitan ng pagtatapos ng ikalawang kampanya at ng pagsisimula ng ikatlo. Ang Pulang Hukbo (noo'y may lakas na halos 30,000) ay hindi pa naka-kapagpahinga o kaya'y nakakakuha ng mga pamalit pagkaraan ng matitinding labanan, at katatapos pa lamang magsagawa ng pag-ikot na sandaang li ang layo para magtipon sa Hsingkuo sa kanlurang bahagi ng baseng purok ng katimugang Kiangsi nang sumalakay ang kaaway mula sa maraming direksyon.

Sa sitwasyong ito, ang planong unang pinagpasyahan natin ay tumulak mula Hsingkuo sa pamamagitan ng Wanan, bumutas sa Futien at pagkaraa'y tumulak mula kanluran pasilangan sa likuran ng mga linya ng komunikasyon ng kaaway, at sa gayo'y hinahayaan ang kaaway na makapasok nang malalim pero walang saysay sa ating baseng purok sa katimugang Kiangsi; ito ang magiging unang yugto ng ating operasyon. Pagkatapos, nang bumalik pahilaga ang kaaway na di maiiwasang pagod na pagod, sasamantalahin natin ang pagkakataon para mabira ang kanyang mga bulnerableng yunit; iyon ang ikalawang yugto ng ating operasyon. Ang ubod ng planong ito ay iwasan ang mga pangunahing pwersa ng kaaway at birahin ang mahihinang bahagi nito. Pero nang tumulak ang ating mga pwersa sa Futien, natiktikan tayo ng

kaaway kaya't nagpadala doon ng dalawang dibisyon sa ilalim nina Chen Cheng at Lo Cho-ying. Kailangan nating magbago ng plano at magbalik sa Kaohsinghsu sa kanlurang bahagi ng County ng Hsingkuo, na, kasama ang kapaligiran nito na kulang sa sandaang kwadradong li, ang siyang tanging lugar para makapagtipon ang ating mga tropa sa panahong iyon. Isang araw pagkatapos ng ating konsentrasyon, pinag-pasyahan nating tumulak pasilangan tungo sa Lientang sa silangan ng County ng Hsingkuo, sa Liangtsun sa katimugan ng County ng Yungfeng at sa Huangpi sa hilaga ng County ng Ningtu. Noong gabi ring iyon, sa kadilima'y lumusot tayo sa puwang na apatnapung li ang lapad sa pagitan ng dibisyon ni Chiang Ting-wen at ng mga pwersa nina Chiang Kuang-nai, Tsai Ting-kai at Han Teh-chin, at tumulak patungong Lientang. Sa ikalawang araw, nakasagupa natin ang nasa unahang mga yunit sa ilalim ni Shangkuan Yun-hsiang (na kumander ng dibisyon ni Hao Meng-ling pati na ng sarili niyang tropa). Nangyari ang unang sagupaan laban sa dibisyon ni Shangkuan Yun-hsiang noong ikatlong araw at ang ikalawang sagupaan laban sa dibisyon ni Hao Meng-ling sa ikaapat na araw. Pagkatapos ng tatlong araw na lakad, narating natin ang Huangpi at nangyari ang ating ikatlong sagupaan laban sa dibisyon ni Mao Ping-wen. Naipanalo natin lahat ng tatlong labanan at nakasamsam ng mahigit 10,000 riple. Sa puntong ito, bumalik pasilangan ang lahat ng pangunahing pwersa ng kaaway na patungong kanluran at timog. Nagpokus ang mga ito sa Huangpi, nagtipon nang napakabilis para makipagsagupa at pinaligiran tayo sa isang mayor na masinsing pagkubkob. Nalusutan natin ito sa matataas na kabundukang nasa puwang na 20 li ang lapad sa pagitan ng mga pwersa nina Chiang Kuang-nai, Tsai Ting-kai at Han Teh-chin sa isang panig at nina Chen Cheng at Lo Cho-ying sa kabilang panig, at sa gayo'y muling nagtipon sa loob ng mga hangganan ng County ng Hsingkuo matapos magbalik

mula sa silangan patungong kanluran. Nang matuklasan ng kaaway ang pangyayaring ito at nagsimula muling tumungo sa kanluran, nakapagpahinga na ng dalawang linggo ang ating mga pwersa samantalang ang mga pwersa ng kaaway na gutom, pagod at demoralisado ay hindi na makakalaban kaya nagpasyang umatras. Para samantalahin ang kanilang pag-atras, sinalakay natin ang mga pwersa nina Chiang Kuang-nai, Tsai Ting-kai, Chiang Ting-wen at Han Teh-chin, at nilipol ang isa sa mga brigada ni Chiang Ting-wen at ang buong dibisyon ni Han Teh-chin. Kaugnay naman ng mga dibisyong nasa ilalim nina Chiang kuang-nai at Tsai Ting-kai, tabla ang naging resulta ng labanan at nakaalpas sila.

Ganito naman ang sitwasyon sa ikaapat na kampanya ng "pagkubkob at pagsupil". Sumulong ang kaaway patungong Kuangchang sa tatlong hanay; ang kanyang pangunahing pwersa ay ang nasa silangan, samantalang ang dalawang dibisyon na bumubuo sa kanyang kanlurang hanay ay nakalantad sa atin at napakalapit din sa purok kung saan nakakonsentra ang ating pwersa. Kung gayon, may pagkakataon tayong salakayin muna ang kanyang kanlurang hanay sa katimugan ng County ng Yihuang at sa isang bira'y nalipol ang dalawang dibisyon sa ilalim nina Li Ming at Chen Shih-chi. Dahil nagpapadala ang kaaway ng dalawang dibisyon mula sa silangang hanay para bigyang suporta ang kanyang gitnang hanay at higit pang umabante, nakalipol tayo muli ng isang dibisyon sa katimugan ng County ng Yihuang. Sa dalawang labanang ito, nasamsam natin ang mahigit 10,000 riple at sa kalahata'y nadurog ang kampanyang ito ng "pagkubkob at pagsupil".

Sa ikalimang kampanya ng kaaway, sumalakay ang kaaway sa pamamagitan ng kanyang bagong estratehiya ng pagtatayo ng mga blockhouse at unang sinakop ang Lichuan. Pero sa pagtatangkang mabawi ang Lichuan at labanan ang kaaway sa labas ng baseng purok, sinalakay natin ang hilagang Lichuan

sa Hsiaoshih, na isang malakas na lugar ng kaaway at dagdag pa'y nasa Puting purok. Dahil natalo sa labanan, ibinaling natin ang ating atake sa Tzehsichiao na isa ring malakas na lugar ng kaaway na nasa Puting purok sa timog-silangan ng Hsiaoshih at muli tayong natalo. Pagkaraan, sa paghahanap ng labanan, nagpaikot-ikot tayo sa pagitan ng mga pangunahing pwersa ng kaaway at mga blockhouse nito, at natulak sa pagiging ganap na pasibo. Sa buong ikalimang kontra-kampanya natin laban sa "pagkubkob at pagsupil" na tumagal ng isang taon, hindi tayo nagpakita ni bahid ng inisyatiba o kasiglahan. Sa huli, kinailangan tayong umatras mula sa ating baseng purok sa Kiangsi.

Pinatutunayan ng karanasan ng ating hukbo sa limang kontra-kampanyang ito laban sa "pagkubkob at pagsupil" na ang unang labanan sa kontra-opensiba ang pinaka-importante sa Pulang Hukbo na nasa depensiba, kung dudurugin nito ang isang malaki at makapangyarihang pwersang "panupil" ng kaaway. Ang tagumpay o pagkatalo sa unang labanan ay may malaking epekto sa buong sitwasyon hanggang sa pinal na labanan. Kung gayon, mabubuo natin ang sumusunod na mga kongklusyon.

Una, dapat maipanalo ang unang labanan. Dapat umatake lamang tayo kung tiyak na tiyak na ang sitwasyon ng kaaway, ang tereyn at ang suporta ng mamamayan ay pabor lahat sa atin at hindi sa kaaway. Kung hindi'y dapat tayong umatras at maingat na maghintay ng tamang panahon. Laging magkakaroon ng mga oportunidad; huwag tayong magpadalus-dalos na makipaglaban. Sa ating unang kontra-kampanya, ang unang plano natin ay birahin ang mga tropa ni Tan Tao-yuan; dalawang beses tayong sumulong pero sa bawat pagkakataon ay kailangan tayong magpigil at umatras dahil hindi sila kumikilos mula sa kanilang nakalalamang na pusisyon sa tuktok ng Yuantou. Pagkaraan ng ilang araw, hinanap natin

ang mga tropa ni Chiang Hui-tsan na mas bulnerable sa ating atake. Sa ating ikalawang kontra-kampanya, umabante ang ating hukbo sa Tungku kung saan, para lamang maghintay na iwan ng mga tauhan ni Wang Chin-yu ang kanilang matibay na pusisyon sa Futien, nagkampo tayo nang malapit sa kaaway sa loob ng dalawampu't limang araw kahit pa may panganib na sumingaw ang impormasyon; tumutol tayo sa lahat ng mainiping mungkahi para sa mabilisang pagsalakay at sa kalauna'y natamo ang ating layunin. Sa ating ikatlong kontra-kampanya, bagamat sinasalanta ng bagyo ang ating kapaligiran ay nagsagawa tayo ng pag-ikot na sanlibong li, at bagamat natuklasan ng kaaway ang plano nating talunin siya sa maniobra, nagtiyaga tayo, bumalik, nagpalit ng ating taktika tungo sa pagbutas sa gitna at sa kalauna'y matagumpay na nakipagsagupa sa unang labanan sa Lientang. Sa ating ikaapat na kontra-kampanya, pagkaraang mabigo ang ating pag-atake sa Nanfeng, hindi tayo nag-atubiling umatras, umikot sa kanang tagiliran ng kaaway at muling tinipon ang ating pwersa sa purok ng Tungshao kung saan inilunsad natin ang ating malaki at matagumpay na pakikipaglaban sa katimugan ng County ng Yihuang. Sa ikalimang kontra-kampanya lamang hindi talaga kinilala ang kahalagahan ng unang labanan. Dahil naalarma sa pagkawala ng iisang bayan sa county ng Lichuan, pumahilaga ang ating mga pwersa para labanan ang kaaway sa pagtatangkang mabawi ito. Pagkaraan, ang di inaasahang sagupaan sa Hsunkou, na nagresulta sa isang tagumpay (sa pagkalipol ng isang dibisyon ng kaaway), ay hindi itinuring na unang labanan, at hindi rin nakita ang mga pagbabagong tiyak na mangyayari, kundi padalus-dalos na sinalakay ang Hsiaoshih nang di tiyak na magtatagumpay. Sa gayo'y nawala ang inisyatiba sa pinakaunang hakbang at iyon ang siyang pinakamasahol at pinakahangal na paraan ng paglaban.

Ikalawa, ang plano para sa unang labanan ay dapat maging

pasakalye at isang saligang bahagi ng plano sa buong kampanya. Kung walang magandang plano para sa buong kampanya, imposibleng-imposibleng maglunsad ng isang tunay na epektibong unang labanan. Ibig sabihi'y kahit pa nagtagumpay sa unang labanan, kung ang labana'y nakapipinsala sa halip na makatulong sa kampanya sa kabuuan, ang ganoong tagumpay ay maaari lamang na ituring na pagkatalo (gaya ng nangyari sa labanan sa Hsunkuo sa ikalimang kampanya). Kung gayon, dapat magkaroon ng pangkalahatang ideya kung paano ilulunsad ang ikalawa, ikatlo, ikaapat at kahit ang pinakahuling labanan bago sumabak sa unang labanan, at dapat isaalang-alang ang mga pagbabagong mangyayari sa sitwasyon ng kaaway sa kabuuan kung mananalo tayo o matatalo sa bawat kasunod na labanan. Bagamat ang resulta'y hindi – at, sa katunaya'y talagang hindi – eksaktong mangyayari ayon sa inaasahan natin, dapat maingat at makatotohanan nating pag-isipan ang lahat batay sa pangkalahatang sitwasyon ng magkabilang panig. Kung hindi gagap ang kabuuang sitwasyon, imposibleng gumawa ng anumang tunay na magandang tira sa chess.

Ikatlo, dapat ding isaalang-alang kung ano ang mangyayari sa susunod na estratehikong yugto ng digma. Hindi magagampanan ng sinumang nagdidirehe sa estratehiya ang kanyang tungkulin kung ang pagtutuunan lamang niya ay ang kontra-opensiba at kinakaligtaan ang mga hakbang na dapat isagawa pagkaraang magtagumpay ito, o sakali mang ito'y magapi. Sa isang partikular na estratehikong yugto, dapat isaalang-alang niya ang kasunod na mga yugto, o sa pinakamenos, ang susunod na yugto. Kahit mahirap makita ang mga pagbabago sa hinaharap at kung tatanaw nang mas malayo'y mas malabo ang hugis ng mga bagay, posible ang pangkalahatang pagtaya at kinakailangan ang pagtatantya sa malayong hinaharap. Sa digma, pati na sa pulitika, ang pagpaplano nang paisa-isang hakbang lamang sa bawat panahon ay isang masamang paraan

ng pagdidirehe ng mga usapin. Pagkatapos ng bawat hakbang, kinakailangang suriin ang iniluluwal na kongkretong mga pagbabago at amyendahan o paunlarin ang mga plano sa estratehiya at operasyon alinsunod dito, dahil kung hindi'y makagagawa ng pagkakamaling padalus-dalos na sumulong nang walang pag-aalintana sa panganib. Gayunman, lubos na esensyal na may isang matagalang plano na ang pangkalahatang balangkas ay pinag-isipan at sumasaklaw sa buong estratehikong yugto o kahit pa nga sa ilang estratehikong yugto. Kung hindi gagawa ng ganoong plano, mauuwi sa pagkakamali ng pag-aatubili at pagpapahintulot na matali ang sarili, na sa katunaya'y nagsisilbi sa estratehikong mga layunin ng kaaway at naglalagay sa sarili sa pasibong pusisyon. Dapat isaisip na may estratehikong pananaw ang kataas-taasang kumand ng kaaway. Kung masasanay lamang natin ang ating sarili na maging mas matalino kaysa kaaway, doon lamang magiging posible ang estratehikong mga tagumpay. Sa panahon ng ikalimang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil", ang kawalan ng estratehikong pagpaplano ang pangunahing dahilan ng mga pagkakamali sa estratehikong pamumuno sa ilalim ng "Kaliwang" oportunistang linya at ng linyang Chang Kuo-tao. Sa madaling sabi, sa yugto ng pag-atras, dapat tinatanaw na natin ang yugto ng kontra-opensiba, sa yugto ng kontra-opensiba'y dapat may pananaw na tayo sa opensiba at sa yugto ng opensiba'y dapat tinatanaw na muli natin ang yugto ng pag-atras. Pagsusuong sa pagkatalo kung hindi ito gagawin, at sa halip ay ililimita natin ang sarili sa mga konsiderasyong pansumandali.

Dapat ipanalo ang unang labanan. Dapat isaalang-alang ang plano ng buong kampanya. At dapat isaalang-alang ang susunod na estratehikong yugto. Ito ang tatlong prinsipyong dapat huwag kaliligtaan kapag magsisimula ng isang kontra-opensiba, ibig sabihi'y kapag sasabak tayo sa unang labanan.

## 6. KONSENTRASYON NG MGA TROPA

Ang konsentrasyon ng mga tropa ay mukhang madali pero napakahirap sa praktika. Alam ng lahat na ang pinakamahusay na paraan ay gumamit ng malaking pwersa para talunin ang maliit na pwersa, pero hindi ito nagagawa ng marami at kabaligtaran nito'y madalas na hinahati ang kanilang mga pwersa. Ang dahilan nito'y ang ganoong mga lider militar ay walang alam sa estratehiya at nalilito sa kumplikadong mga sirkunstansya; kung gayon, sila'y nasa kapangyarihan ng mga sirkunstansyang ito, nawawalan ng inisyatiba at nauuwi sa pasibong pag-angkop.

Gaano man kakumplikado, kalubha at karahas ang mga sirkunstansya, ang kailangang-kailangan ng isang lider militar ay ang abilidad na kumilos nang nagsasarili sa pag-oorganisa at paggamit ng mga pwersang nasa kanyang kumand. Maaaring madalas siyang mapwersa ng kaaway sa isang pasibong pusisyon pero ang pinakamahalaga ay ang mabilis na panunumbalik ng inisyatiba. Kung hindi ito magagawa, mangangahulugan iyon ng pagkatalo.

Hindi isang kathang-isip ang inisyatiba kundi isang kongkreto at materyal na bagay. Ang pinakamahalaga rito'y ang ipreserba at tipunin ang pinakamalaking posibleng armadong pwersa na punong-puno ng diwang palaban.

Madaling mahulog sa pasibong pusisyon sa pakikidigmang depensiba, na nagbibigay ng mas makitid na saklaw sa ganap na inisyatiba kaysa pakikidigmang opensiba. Gayunman, ang pakikidigmang depensiba, na pasibo sa anyo, ay maaaring maging aktibo sa nilalaman, at maaaring mabago mula sa yugtong ito ay pasibo sa anyo tungo sa yugtong ito ay aktibo kapwa sa anyo at nilalaman. Sa hitsura, ang isang planadong-planadong estratehikong pag-atras ay ginawa sa ilalim ng pamumwersa, pero sa katunaya'y ginagawa ito para pana-tilihin ang ating lakas at maghintay ng tamang oras para

magapi ang kaaway, maakit ito sa kalalim-laliman at ihanda ang ating kontra-opensiba. Sa kabilang banda, ang pagtang-ging umatras at pagmamadaling humarap sa laban (gaya ng labanan sa Hsiaoshih) ay maaaring magmukhang seryosong pagsisikap para makakuha ng inisyatiba pero sa katunaya'y pasibo ito. Hindi lamang aktibo sa nilalaman ang estrate-hikong kontra-opensiba, kundi maging sa anyo, binibitiwan nito ang pasibong postura ng panahon ng pag-atras. Kaugnay ng kaaway, kinakatawan ng ating kontra-opensiba ang ating pagsisikap na mawala ang inisyatiba nito at malagay siya sa pasibong pusisyon.

Ang konsentrasyon ng mga tropa, pakikidigmang maki-los, digmang mabilis na tinatapos at digmang anihilasyon ay pawang kinakailangang mga kondisyong para ganap na maka-mit ang layuning ito. At sa lahat ng ito, ang konsentrasyon ng mga tropa ang una at pinakaesensyal.

Kinakailangan ang konsentrasyong ito sa layuning baligta-rin ang sitwasyon sa pagitan natin at ng kaaway. Una, nagla-layon itong baligtarin ang sitwasyon kaugnay ng pag-abante at pag-atras. Dati, ang kaaway ang umaabante at tayo ang umaatras; ngayon, hinahabol natin ang isang sitwasyong tayo ang umaabante at ang kaaway ang umaatras. Kapag tinitipon natin ang ating mga tropa at nanalo sa isang labanan, kung gayon, sa labanang iyo'y nakakamit natin ang nabanggit na layunin at ito'y nakakaimpluwensya sa buong kampanya.

Ikalawa, nilalayon nitong baligtarin ang sitwasyon kaugnay ng pag-atake at depensa. Sa pakikidigmang depensibo, ang pag-atras sa itinakdang dulong atrasan sa bataya'y nakapaloob sa pasibo, o "pagdedepensang" yugto. Ang kontra-opensiba ay nakapaloob sa aktibo o "pag-atakeng" yugto. Bagamat napapanatili ng estratehikong depensiba ang depensibong katangian sa buong panahong umiiral ito, kahit ganoon, kung ihahambing sa pag-atras, kinakatawan na ng kontra-opensiba

ang isang pagbabago hindi lamang sa anyo kundi sa nilalaman. Ang kontra-opensiba ay transisyon sa pagitan ng estratehikong depensiba at estratehikong opensiba, at ang kalikasan nito'y pasakalye sa estratehikong opensiba; para sa pinakalayuning ito ng kontra-opensiba kaya ikinokonsentra ang mga tropa.

Ikatlo, ang layunin nito ay baligtarin ang sitwasyon kaugnay ng mga linyang interyor at eksteryor. Ang hukbong kumikilos sa estratehikong linyang interyor ay maraming disbentahe, at totoo ito laluna sa kaso ng Pulang Hukbo, na humaharap sa "pagkubkob at pagsupil". Pero sa mga kampanya at labanan, kaya at absolutong kailangan nating baguhin ang sitwasyong ito. Maaari nating itransporma ang isang malaking kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" na inilulunsad ng kaaway laban sa atin tungo sa maraming maliliit at hiwa-hiwalay na mga kampanya ng pagkubkob at pagsupil na inilulunsad natin laban sa kaaway. Kaya nating baguhin ang salubungang atake ng kaaway sa atin sa antas ng estratehiya tungo sa salubungang mga atake natin sa kaaway sa antas ng mga kampanya at labanan. Kaya nating baguhin ang estratehikong superyoridad sa atin ng kaaway tungo sa superyoridad natin sa kanya sa mga kampanya at labanan. Kaya nating ilagay ang kaaway na nasa malakas ang pusisyon sa estratehiya sa isang mahinang pusisyon sa mga kampanya at labanan. Kasabay nito'y kaya nating baguhin ang ating estratehikong mahinang pusisyon tungo sa isang malakas na pusisyon sa mga kampanya at labanan. Ito ang tinatawag nating mga operasyon sa mga linyang eksteryor sa loob ng mga operasyon sa mga linyang interyor, pagkubkob at pagsupil sa loob ng "pagkubkob at pagsupil", pagblokeyo sa loob ng blokeyo, opensiba sa loob ng depensiba, superyoridad sa loob ng imperyoridad, kalakasan sa loob ng kahinaan, bentahe sa loob ng disbentahe at inisyatiba sa loob ng pagkapasibo. Ang pagkakamit ng tagumpay sa estratehikong depensiba ay nakabatay sa saligan sa hakbang na ito – ang

konsentrasyon ng mga tropa.

Sa kasaysayang pandigma ng Pulang Hukbo ng Tsina, madalas itong nagiging isang mahalagang kontrobersyal na isyu. Sa labanan sa Kian noong Oktubre 4, 1930, nagsimula ang ating pag-abante at pag-atake bago pa ganap na matipon ang ating pwersa, pero mapalad tayo dahil kusang tumalilis ang pwersa ng kaaway (dibisyon ni Teng Ying); kung sa sarili lamang nito, hindi epektibo ang ating pag-atake.

Mula 1932, nagkaroon ng islogang "Umatake sa lahat ng larangan", na nanawagan para sa pag-atake sa lahat ng direksyon mula sa baseng purok – hilaga, timog, silangan at kanluran. Mali ito hindi lamang para sa estratehikong depensiba kundi pati na sa estratehikong opensiba. Hanggat walang pundamental na pagbabago sa pangkalahatang balanse ng pwersa, parehong kapapalooban ng depensiba at opensiba, aksyong pamigil at pagsalakay kapwa ang estratehiya at mga taktika, at sa katunaya'y napakabihira ng "pag-atake sa lahat ng larangan". Ipinapakita ng islogang ito ang egalitaryanismong militar na kasama ng adbenturismong militar.

Noong 1933, ihinarap ng mga tagapagtaguyod ng egalitaryanismong militar ang teorya ng "pagsuntok sa pamamagitan ng dalawang kamao" at paghati sa dalawa ng pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo para maghabol ng tagumpay nang magkasabay sa dalawang estratehikong direksyon. Bunga nito, nanatiling walang ginagawa ang isang kamao habang ang isa nama'y pagod sa kalalaban, at nabigo tayong ipagtagumpay ang pinakamalaking posibleng tagumpay sa panahong iyon. Sa aking palagay, kapag kaharap natin ang isang makapangyarihang kaaway, dapat nating gamitin ang ating hukbo, gaano man kalaki ito, sa isang pangunahing direksyon lamang sa isang panahon, at hindi sa dalawa. Hindi ako tumututol sa mga operasyong may dalawa o mahigit pang direksyon, pero sa anumang oras ay dapat mayroon lamang isang panguna-

hing direksyon. Ang Pulang Hukbo ng Tsina, na pumalaot sa tanghalan ng gera sibil bilang isang maliit at mahinang pwersa, mula noo'y paulit-ulit na gumapi sa kanyang makapangyarihang kaaway at nagkamit ng mga tagumpay na nagpamangha sa daigdig, at nagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsalig sa kalahatan sa paggamit ng konsentradong lakas. Alinman sa kanyang malalaking tagumpay ay magpapatunay sa bagay na ito. Kapag sinasabi nating "Ilaban ang isa sa sampu, ilaban ang sampu sa sandaan", ang tinutukoy natin ay ang estratehiya, ang buong digma at ang kabuuang balanse ng mga pwersa, at sa estratehikong pakahulugan, ito mismo ang siyang ginagawa natin. Gayunman, hindi natin pinapatungkol ito sa mga kampanya at taktika kung saan hindi natin kailanman dapat gawin iyon. Sa mga kontra-opensiba man o mga opensiba, dapat lagi tayong magtipon ng isang malaking pwersang bibira sa isang bahagi ng mga pwersa ng kaaway. Nagdusa tayo sa bawat pagkakataong hindi natin tinitipon ang ating mga tropa, gaya ng pakikipaglaban kay Tan Tao-yuan sa purok ng Tungshao ng County ng Ningtu sa Probinsya ng Kiangsi noong Enero 1931, pakikipaglaban sa Hukbo ng Ika-19 na Ruta sa purok ng Kaohsinghsu ng County ng Hsingkuo sa Kiangsi noong Agosto 1931, pakikipaglaban kay Chen Chi-tang sa purok ng Shuikouhsu ng County ng Nanhsiung sa Probinsya ng Guandong noong Hulyo 1932, at pakikipaglaban kay Chen Cheng sa purok ng Tuantsun ng County ng Lichuan sa Kiangsi noong Marso 1934. Dati, itinuturing ang mga labanang gaya ng sa Shuikouhsu at Tuantsun sa pangkalahatan na mga tagumpay o malalaking tagumpay pa nga (sa una'y nalipol natin ang 20 rehimyento sa pamumuno ni Chen Chi-tang, sa huli'y 12 rehimyento sa pamumuno ni Chen Cheng), pero hindi natin ikinalugod ang ganoong mga tagumpay at sa isang pakahulugan pa nga'y itinuring na pagkatalo ang mga ito. Ito'y dahil sa ating palagay, hindi makabuluhan ang isang labanan kapag

walang mga bihag o nasamsam sa gera, o kapag hindi nahigitan ng mga ito ang nawala. Ang ating estratehiya ay "ilaban ang isa sa sampu" at ang ating taktika ay "ilaban ang sampu sa isa" – ito'y isa sa ating pundamental na mga prinsipyo para makapangibabaw sa kaaway.

Umabot ang egalitaryanismong militar sa kasukdulan nito sa ating ikalimang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" ng 1934. Naisip na magagapi natin ang kaaway sa pamamagitan ng "paghati sa mga pwersa sa anim na ruta" at "pagtatanggol sa lahat ng larangan", pero kabaligtaran nito, natalo tayo ng kaaway, at ang dahilan nito'y ang takot na mabawasan ng teritoryo. Natural na hindi maiiwasan ang pagkawala ng teritoryo kapag tinitipon ang mga pangunahing pwersa sa isang direksyon samantalang nag-iiwan lamang ng mga pwersang pamigil sa iba. Pero ang pagkawalang ito ay pansamantala at bahagya lamang, at tinutumbasan ng tagumpay sa lugar na sinalakay. Pagkatapos makamit ang tagumpay na iyon, mababawi ang teritoryo sa purok ng mga pwersang pamigil. Ang una, ikalawa, ikatlo at ikaapat na mga kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" ay kinabilangan lahat ng pagkawala ng teritoryo – laluna ang ikatlong kampanya kung saan halos ganap na nawala ang baseng purok ng Pulang Hukbo sa Kiangsi – pero sa bandang huli'y hindi lamang natin nabawi kundi napalawak pa ang ating teritoryo.

Madalas na lumilitaw ang walang katwirang takot sa paglipat ng Pulang Hukbo nang napakalayo sa baseng purok dahil sa hindi nauunawaan ang lakas ng mamamayan sa baseng purok. Nangyari ito nang tumulak nang napakalayo ang Pulang Hukbo na nasa Kiangsi para sumalakay sa Changchow sa Probinsya ng Fukien noong 1932, pati na nang umikot ito para sumalakay sa Fukien pagkaraang magtagumpay sa ating ikaapat na kontra-kampanya noong 1933. Sa unang kaso, may pangamba na baka masakop ng kaaway ang buong

baseng purok at sa ikalawa'y may pangamba na masakop ang bahagi nito; bunga nito, may tumututol sa pagtitipon ng ating mga pwersa at nagtataguyod na hatiin ang mga ito para sa depensa, pero sa bandang huli'y napatunayang mali ang lahat ng ito. Ang kaaway naman ay takot umabante patungo sa ating baseng purok, pero sa tingin nito, ang pangunahing peligro ay ang isang Pulang Hukbong sumalakay sa Puting purok. Ang atensyon nito ay laging nakapako sa kinaroroonan ng pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo, at bihira nitong alisin ang kanyang mga mata dito para pagtuunan ng pansin ang baseng purok. Kahit pa nasa depensiba ang Pulang Hukbo, ito pa rin ang sentro ng atensyon ng kaaway. Bahagi ng kabuuang plano nito ang paliitin ang ating baseng purok, pero kung titipunin ng Pulang Hukbo ang pangunahing pwersa nito para lipulin ang isa sa mga kolum ng kaaway, ang kataas-taasang kumand ng kaaway ay mapipilitang magpokus ng mas malaking atensyon sa Pulang Hukbo at magtipon ng mas malalaking pwersa laban dito. Kung gayon, posibleng sirain ang plano ng kaaway na paliitin ang saklaw ng baseng purok.

Mali ring sabihin na "Sa ikalimang kampanya ng 'pagkubkob at pagsupil' na isinagawa sa pamamagitan ng pakikidigmang blockhouse, imposible sa atin na kumilos nang konsentrado ang mga pwersa, at ang tanging magagawa nati'y hatiin ang mga ito para sa depensa at sa maiiksi pero mabilis na pagbira". Ang taktika ng kaaway na pag-abante ng 3, 5, 8, o 10 li sa bawat panahon at pagtatayo ng blockhouse sa bawat pagtigil ay resulta sa kabuuan ng ginagawa ng Pulang Hukbo na depensibong paglaban sa magkakasunod na lugar. Ibang-iba sana ang sitwasyon kung binitiwan ng ating hukbo ang taktikang depensa sa bawat hakbang sa linyang interyor, at kung posible't kinakailangan, ay pumihit at sumugod sa linyang interyor ng kaaway. Ang prinsipyong pagtitipon ng mga pwersa ang mismong paraan para magapi ang pakikidigmang

blockhouse ng kaaway.

Ang klase ng pagtitipon ng mga pwersa na itinataguyod natin ay hindi nangangahulugan ng pagbitiw sa pakikidigmang gerilya ng bayan. Matagal nang napatunayang mali ang pagbitiw sa maliitang pakikidigmang gerilya at sa "pagtitipon ng lahat ng riple sa Pulang Hukbo" gaya ng itinaguyod ng linyang Li Li-san. Kung titingnan ang rebolusyonaryong digma sa kabuuan, nagtutulungan ang mga operasyon ng mga gerilyang bayan at mga operasyon ng mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo gaya ng kanan at kaliwang bisig ng tao, at kung tanging ang mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo ang nasa atin nang wala ang mga gerilyang bayan, para tayong isang mandirigmang iisa ang bisig. Sa kongkreto, laluna't kaugnay ng mga operasyong militar, kapag tinutukoy natin ang mamamayan sa baseng purok bilang isang salik, ibig sabihi'y mayroon tayong armadong mamamayan. Iyan ang pangunahing dahilan kung bakit takot ang kaaway na lumapit sa ating baseng purok.

Kailangan ding gumamit ng mga destakamento ng Pulang Hukbo para sa mga operasyon sa sekundaryong mga direksyon; hindi dapat tipunin ang lahat ng pwersa ng Pulang Hukbo. Ang klase ng konsentrasyon na itinataguyod natin ay nakabatay sa prinsipyong garantyahin ang absoluto o relatibong superyoridad sa larangan ng labanan. Para makaharap sa isang malakas na kaaway o lumaban sa isang larangan ng labanan na napakahalaga, kailangan natin ang ganap na superyor na pwersa; halimbawa, tinipon ang pwersang binubuo ng 40,000 tauhan para labanan ang 9,000 tauhan sa ilalim ni Chang Hui-tsan noong Disyembre 30, 1930 sa unang labanan ng ating unang kontra-kampanya. Para humarap sa isang mahinang kaaway o lumaban sa isang larangan ng labanan na hindi gaanong mahalaga, sapat na ang isang pwersang relatibong superyor; halimbawa'y mga 10,000 tauhan ng Pulang Hukbo

lamang ang ginamit para labanan ang dibisyon ni Liu Ho-ting na binubuo ng 7,000 tauhan sa Chienning noong Mayo 29, 1931 sa huling labanan ng ating ikalawang kontra-kampanya.

Hindi ito nangangahulugan na dapat mas marami lagi tayo sa bawat okasyon. Sa ilang sirkunstansya, maaari tay-ong makipaglaban sa pamamagitan ng relatibo o absolutong imperyor na pwersa. Halimbawa'y ang pakikipaglaban sa pamamagitan ng isang relatibong imperyor na pwersa kapag mayroon lamang tayong isang medyo maliit na pwersa ng Pulang Hukbo sa isang purok (ito'y hindi dahil mayroon naman tayong iba pang tropa at hindi tinipon ang mga ito). Sa gayon, para madurog ang pag-atake ng mas malakas na pwersa ng kaaway sa kalagayang pabor na pabor sa atin ang suporta ng mamamayan, kalupaan at panahon, mangyari pa, kinakailangang ikonsentra ang pangunahing bahagi ng pwersa ng Pulang Hukbo para sa isang sorpresang pag-atake sa isang bahagi ng isang plangka ng kaaway habang pinipigilan ang kanyang sentro at ang kabilang tagiliran sa pamamagitan ng mga gerilya o maliliit na destakamento, at sa paraang ito'y maaaring magtagumpay. Sa ating sorpresang pag-atake sa bahaging ito ng plangka ng kaaway, angkop pa rin ang prinsipyo ng paggamit ng isang pwersang superyor laban sa isang pwersang imperyor at ng paggamit ng marami para matalo ang iilan. Angkop din ang ganoong prinsipyo kapag lalaban tayo sa pamamagitan ng isang absolutong imperyor na pwersa, halimbawa'y kapag nagsasagawa ang isang pwersang gerilya ng sorpresang atake sa isang malaking pwersa ng Puting hukbo, pero ang inaatake lamang ay isang maliit na bahagi nito.

Kaugnay ng argumento na ang pagtitipon ng isang malaking pwersa para lumaban sa iisang larangan ay nakabatay sa mga limitasyon ng kalupaan, lansangan, suplay at pasilidad ng pagkakampo, dapat itong tasahin alinsunod sa mga sirkunstansya. May pagkakaiba sa antas na nakakaapekto ang

mga limitasyong ito sa Pulang Hukbo at sa Puting hukbo, dahil makakatagal ang Pulang Hukbo sa mas mahirap na kalagayan kaysa Puting hukbo.

Gumagamit tayo ng iilan para gapiin ang marami –sinasabi natin ito sa mga naghahari sa Tsina sa kabuuan. Gumagamit tayo ng marami para gapiin ang kakaunti – sinasabi natin ito sa bawat hiwalay na pwersa ng kaaway sa larangan ng labanan. Hindi na ito sikreto, at sa pangkalahata'y kapadong-kapado na ngayon ng kaaway ang ating pamamaraan. Gayunman, hindi nito kayang hadlangan ang ating mga tagumpay o iwasan ang kanyang pagkatalo dahil hindi nito alam kung kailan at saan tayo kikilos. Ito'y pinananatili nating sikreto. Sa pangkalahata'y kumikilos ang Pulang Hukbo sa pamamagitan ng sorpresang mga atake.

## 7. PAKIKIDIGMANG MAKILOS

Pakikidigmang makilos o pakikidigmang pusisyunal? Ang sagot nati'y pakikidigmang makilos. Hanggat wala tayong malaking hukbo o mga reserbang amunisyon at hanggat iisa lamang ang pwersa ng Pulang Hukbo na lumalaban sa bawat baseng purok, sa pangkalahata'y walang silbi sa atin ang pakikidigmang pusisyunal. Para sa atin, hindi angkop ang pakikidigmang pusisyunal sa atake pati na sa depensa.

Isa sa namumukod-tanging mga katangian ng mga operasyon ng Pulang Hukbo, na alinsunod sa katotohanang makapangyarihan ang kaaway samantalang kulang sa kagamitang teknikal ang Pulang Hukbo, ang di pagkakaroon ng pirming linya ng labanan.

Ang linya ng labanan ng Pulang Hukbo ay itinatakda ng direksyon ng pagkilos nito. Dahil madalas na pabagu-bago ang direksyon ng operasyon nito, pabagu-bago ang linya ng labanan nito. Kahit hindi nagbabago ang pangunahing direksyon sa isang takdang panahon, sa saklaw nito'y maaaring magbago

ang segundaryong mga direksyon sa anumang sandali; kapag nakikita nating maiipit tayo sa isang direksyo'y dapat bumaling tayo sa iba. Kung pagkaraan ng isang panahon, nakikita rin nating maiipit tayo sa pangunahing direksyon, dapat din nating baguhin ito.

Sa isang rebolusyonaryong gera sibil, hindi maaaring magkaroon ng pirming linya ng labanan na gaya rin sa kaso ng Unyong Sobyet. Ang pagkakaiba ng Hukbong Sobyet at ng sa atin ay hindi gaanong pabagu-bago ang linya ng labanan nito. Hindi maaaring magkaroon ng absolutong pirming linya ng labanan sa anumang digma dahil hindi ito pinahihintulutan ng pagbabagu-bagong dulot ng tagumpay at pagkatalo, at pagsulong at pag-atras. Pero ang relatibong pirming linya ng labanan ay madalas na makita sa pangkalahatang takbo ng mga digma. Lumilitaw lamang ang mga eksepsyon kung ang isang hukbo'y humaharap sa isang mas malakas na kaaway gaya sa kaso ng Pulang Hukbo ng Tsina sa kasalukuyang yugto nito.

Ang pagbabagu-bago ng linya ng labanan ay nangangahulugan ng pagbabagu-bago sa laki ng ating mga baseng purok. Patuloy ang paglawak at pagliit ng ating mga baseng purok, at madalas na habang bumabagsak ang isa'y lumilitaw ang isa pa. Ang pagbabagu-bagong ito ng teritoryo ay resulta sa kabuuan ng pagbabagu-bago sa digma.

Ang pagbabagu-bago sa digma at sa ating teritoryo ay lumilikha sa pagbabagu-bago ng lahat ng larangan ng konstruksyon sa ating mga baseng purok. Hindi maaari ang mga plano sa konstruksyon na tatagal ng maraming taon. Ang madalas na pagbabago ng plano ay bahagi ng pang-araw-araw na gawain.

Bentahe sa atin na kilalanin ang katangiang ito. Dapat nating ibatay ang ating pagpaplano dito at hindi dapat magkaroon ng ilusyon hinggil sa isang digma ng pag-abante nang walang anumang pag-atras, maalarma sa anumang pansamantalang pagbabagu-bago ng ating teritoryo o sa mga likurang purok

ng ating hukbo, o magtangkang magbalangkas ng detalyadong planong pangmatagalan. Dapat iangkop natin ang ating pag-iisip at gawain sa mga sirkunstansya, maging handa sa pagpapahinga gayundin sa paglalakad, at laging ihanda ang ating mga rasyon sa paglalakad. Tanging sa pagsasanay ng ating sarili sa kasalukuyang pabagu-bagong takbo ng buhay natin makakamit ang relatibong istabilidad, at sa kalauna'y ganap na istabilidad.

Itinanggi ng mga nagtataguyod ng estratehiyang "pakiki-digmang regular" na nangibabaw sa ating ikalimang kontra-kampanya ang pagbabagu-bagong ito at tinutulan ang tina-tawag nilang "gerilyaismo". Pinatatakbo ng mga kasamang tumututol sa pagbabagu-bago ang mga bagay-bagay na para bang sila'y naghahari sa isang malaking estado, at ang resulta'y isang pambihira at napakalaking pagbabagu-bago – ang Ma-habang Martsa na 25,000 li.

Ang demokratikong republika ng ating mga manggagawa at magsasaka ay isang estado, pero sa ngayo'y hindi pa ito isang ganap na estado. Ngayo'y nasa panahon pa rin tayo ng estratehikong depensiba sa gera sibil, ang anyo ng ating kapangyarihang pampulitika ay malayo pa sa isang ganap na estado, napakaimperyor pa ng ating hukbo sa bilang at kagamitang teknikal kumpara sa kaaway, napakaliit pa ng ating teritoryo, at ang kaaway ay patuloy na nagtatangkang durugin tayo at hindi ito makukuntento hanggat hindi niya nagagawa ito. Sa pagtatakda ng ating patakaran batay sa mga katotohanang ito, hindi natin dapat itakwil ang gerilyaismo sa kalahatan kundi dapat tapat nating tanggapin ang katangiang gerilya ng Pulang Hukbo. Walang saysay na ikahiya ito. Taliwas dito, ang katangiang gerilyang ito ang mismong katangiang nag-iiba sa atin, ang siyang kalakasan natin, at ang paraan natin para magapi ang kaaway. Dapat maging handa tayong bitiwan ito pero hindi pa sa ngayon. Sa hinaharap, tiyak na

ikahihiya at dapat bitiwan ang katangiang gerilyang ito, pero sa ngayon, ito'y napakahalaga at dapat panatilihin natin ito.

"Sumabak sa labanan kung magtatagumpay, umatras kung hindi magtatagumpay" – ito ang palasak na paraan ng paglalarawan ng ating pakikidigmang makilos ngayon. Walang sinumang ekspertong militar sa daigdig na sumasang-ayon lamang sa paglaban at hindi kailanman sa paglipat, kahit na iilan lamang ang gumagawa ng sindaming paglipat tulad natin. Sa pangkalahata'y mas maraming oras ang ginugugol natin sa pag-atras kaysa paglaban at pinakamainam na kung sa karaniwa'y may isang malaking laban tayo bawat buwan. Lahat ng "paglipat" natin ay naglalayon ng "paglaban", at lahat ng estratehiya at taktika nati'y nakatuntong sa "paglaban". Gayunpaman, may mga pagkakataong hindi mabuti para sa atin na lumaban. Unang-una na'y hindi mabuting lumaban kapag napakalaki ng pwersang humaharap sa atin; ikalawa, minsa'y hindi mabuting lumaban kapag ang pwersang humaharap sa atin, kahit hindi gaanong malaki, ay napakalapit sa iba pang mga pwersa ng kaaway; ikatlo, sa pangkalahata'y hindi mabuting lumaban sa pwersa ng kaaway na hindi hiwalay at nakatrensera nang husto; ikaapat, hindi mabuting ipagpatuloy ang labanang walang hinaharap na tagumpay. Sa alinman sa mga sitwasyong ito'y handa tayong umiwas. Pinahihintulutan at kinakailangan ang ganoong pag-iwas. Ito'y dahil ang ating pagkilala sa pangangailangang umiwas ay nakabatay sa ating pagkilala sa pangangailangang lumaban. Naririto ang pundamental na katangian ng pakikidigmang makilos ng Pulang Hukbo.

Pangunahin ang pakikidigmang makilos, pero hindi natin itinatakwil ang pakikidigmang pusisyunal kung posible at kinakailangan. Dapat aminin na sa panahon ng estratehikong depensiba'y dapat gamitin sa aksyong pamigil ang pakikidigmang pusisyunal para sa matibay na depensa ng partikular

na mga susing lugar, at kapag sa panahon ng estratehikong opensiba'y naengkwentro natin ang isang hiwalay na pwersa ng kaaway na hindi makahihingi ng tulong. Marami na tayong karanasan sa paggapi ng kaaway sa pamamagitan ng ganoong pakikidigmang pusisyunal; nabutas natin ang maraming lunsod ng kaaway, blockhouse at kampo at napasok ang medyo portipikadong pusisyon ng kaaway sa larangan. Sa hinaharap ay dadagdagan natin ang ating pagsisikap para resolbahin ang ating kahinaan kaugnay nito. Anu't anuman, dapat nating itaguyod ang pusisyunal na pag-atake o pagdepensa kapag hinihingi at pinahihin-tulutan ng sirkunstansya. Sa kasalukuyan, ang tinututulan natin ay ang pangkalahatang paggamit ng pakikidigmang pusisyunal o pagpapantay nito sa pakikidigmang makilos; hindi maaaring pahintulutan ang ganoon.

Sa sampung taong gera sibil, wala bang anumang pagbabago sa katangiang gerilya ng Pulang Hukbo, sa kawalan nito ng pirming linya ng labanan, sa pagbabagu-bago ng mga baseng purok nito, o sa pagbabagu-bago sa gawaing konstruksyon sa mga baseng purok nito? Oo, may mga nangyaring pagbabago. Ang panahon mula noong mga araw sa Kabundukan ng Ching-kang hanggang sa ating unang kontra-kampanya laban sa "pagkubkob at pagsupil" sa Kiangsi ang unang yugto, ang yugto kung saan litaw na litaw ang katangiang gerilya at ang pagbabagu-bago, ang yugtong musmos pa ang Pulang Hukbo at mga sonang gerilya pa ang mga baseng purok. Sa ikalawang yugto, na binubuo ng panahon mula una hanggang sa ikatlong kontra-kampanya, nabawasan nang malaki ang katangiang gerilya at ang pagpapabagu-bago, nabuo ang mga hukbong panlarangan at naitatag ang mga baseng purok na milyun-milyon ang populasyon. Sa ikatlong yugto, na binubuo ng panahon mula katapusan ng ikatlo hanggang sa ikalimang kontra-kampanya, lalupang nabawasan ang katangiang gerilya at ang pagbabagu-bago, at naitatag na ang isang sentrong

gubyerno at isang rebolusyonaryong komisyong militar. Ang ikaapat na yugto ay ang Long March. Ang maling pagtatakwil sa pakikidigmang gerilya at pagbabagu-bago sa maliitang saklaw ay nagbigay daan sa pakikidigmang gerilya at pagbabagu-bago sa malawakang saklaw. Ngayo'y nasa ikalimang yugto tayo. Dahil sa ating kabiguang madurog ang ikalimang kampanya ng "pagkubkob at pagsupil" at dahil sa pagbabagu-bagong ito, lumiit nang husto ang Pulang Hukbo at mga baseng purok, pero nakapag-ugat tayo sa Hilagang-kanluran at nakonsolida at napaunlad ang Hangganang Rehiyon ng Shensi-Kansu-Ningsia, ang ating baseng purok dito. Ang tatlong hukbong panlarangan na bumubuo sa mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo ay ipinailalim sa iisang kumand na ngayon pa lamang nangyari.

Sa pagbaybay sa kalikasan ng ating estratehiya, masasabi rin natin na ang panahon mula noong mga araw sa Kabundukan ng Chingkang hanggang sa ating ikaapat na kontra-kampanya ay isang yugto, ang panahon ng ikalimang kontra-kampanya ay isa pa at ang panahon mula Long March hanggang sa kasalukuyan ang pangatlo. Sa panahon ng ikalimang kontra-kampanya, maling isinantabi ang dating wastong patakaran; ngayo'y wasto nating isinantabi ang maling patakaran noong ikalimang kontra-kampanya at muling binuhay ang nauna at wastong patakaran. Gayunman, hindi natin isinantabi ang lahat sa ikalimang kontra-kampanya, o kaya'y muling binuhay lamang ang lahat ng nauna rito. Iyon lamang mabuti sa nakaraan ang muli nating binuhay at isinantabi iyon lamang mga pagkakamali ng panahon ng ikalimang kontra-kampanya.

May dalawang aspeto ang gerilyaismo. Ang isa'y ang pagiging di regular, ibig sabihi'y desentralisasyon, kakulangan sa unipormidad, kawalan ng mahigpit na disiplina at simpleng paraan ng paggawa. Nagmula ang mga katangiang ito sa kamusmusan ng Pulang Hukbo, at ilan sa mga ito'y sadyang kailangan natin sa panahong iyon. Habang umuunlad sa mas

mataas na yugto ang Pulang Hukbo, dapat nating unti-unti at mulat na pawiin ang mga ito para ang Pulang Hukbo ay maging mas sentralisado, mas unipikado, mas disiplinado at mas puspusan sa kanyang gawain – sa madaling sabi'y mas regular ang katangian. Sa pagdidirehe ng mga operasyon, dapat unti-unti at mulat din nating bawasan iyong mga katangiang gerilya na hindi na kailangan sa mas mataas na yugto. Ang pagtangging paunlarin ang aspetong ito at ang tigas-ulong pagtataguyod sa lumang yugto ay hindi mapahihintulutan at mapanganib, at nakapipinsala sa malakihang mga operasyon.

Ang isa pang aspeto ng gerilyaismo ay ang prinsipyo ng pakikidigmang makilos, ang katangiang gerilya ng mga operasyong estratehiko at taktikal na kinakailangan pa rin sa kasalukuyan, ang di maiiwasang pagbabagu-bago ng ating mga baseng purok, ang pleksibilidad sa pagpaplano ng pag-unlad ng mga baseng purok at ang pagtanggi sa wala sa panahong regularisasyon ng Pulang Hukbo. Kaugnay nito, hindi rin mapahihintulutan, disbentahe at mapanganib sa ating kasalukuyang mga operasyon na magbulag-bulagan sa mga datos ng kasaysayan, tutulan ang pananatili ng kapaki-pakinabang at padalus-dalos na iwan ang kasalukuyang yugto para bulag na sumugod sa isang "bagong yugto", na hindi pa kayang maabot at walang tunay na kabuluhan.

Nasa bisperas tayo ngayon ng isang bagong yugto kaugnay ng kagamitang teknikal at organisasyon ng Pulang Hukbo. Dapat tayong maging handa na pumasok sa bagong yugtong ito. Ang hindi maghanda ay mali at mapanganib sa ating hinaharap na pakikidigma. Sa hinaharap, kapag nagbago na ang kalagayang teknikal at pang-organisasyon ng Pulang Hukbo at pumasok sa isang bagong yugto, magiging mas istable ang mga direksyong pang-operasyon at linya ng labanan nito; magkakaroon ng mas maraming pakikidigmang pusisyunal; mababawasan nang husto at sa kalauna'y mapapawi ang pagbabagu-bago ng digma, ng ating teritoryo at ng ating gawa-

ing konstruksyon; at hindi na tayo matatali ng kasalukuyang mga limitasyon gaya ng superyoridad ng kaaway at ng kanyang napakatibay na nakatrenserang mga pusisyon.

Sa kasalukuyan, tinututulan natin kapwa ang maling mga hakbang ng panahon ng pangingibabaw ng "Kaliwang" oportunismo at ang muling paglitaw ng marami sa mga iregular na katangian na taglay ng Pulang Hukbo noong kanyang kamusmusan pero ngayo'y hindi na kailangan. Pero dapat tayong maging matatag sa pagpapanatili ng maraming mahahalagang prinsipyo sa pagtatayo ng hukbo at sa estratehiya at taktika na sa paglalapat ay patuloy na nagkamit ng mga tagumpay ang Pulang Hukbo. Dapat nating lagumin ang lahat ng mabuti sa nakaraan sa sistematiko, mas maunlad at mas mayamang linyang militar para magkamit ng mga tagumpay laban sa kaaway ngayon at maghanda na pumasok sa bagong yugto sa hinaharap.

Ang paglulunsad ng pakikidigmang makilos ay kinasasangkutan ng maraming usapin, gaya ng pagsisiyasat, paghuhusga, pagpapasya, disposisyon sa kombat, kumand, pagkukubli, pagtitipon, pagsulong, deployment, pag-atake, pagtugis, sorpresang pag-atake, pusisyunal na pag-atake, pusisyunal na depensa, engkwentro, pag-atras, paglaban sa gabi, espesyal na mga operasyon, pag-iwas sa malakas at pag-atake sa mahina, paggitgit sa kaaway para mabira ang kanyang mga reimporsment, pakunwaring pag-atake, depensa laban sa sasakyang panghimpapawid, operasyon sa hanay ng ilang pwersa ng kaaway, mga operasyong pang-iwas, sunud-sunod na operasyon, pagkilos nang walang likuran, pangangailangang magpahinga at magpalakas. Maraming partikular na katangian ang ipinamalas ng mga usaping ito sa kasaysayan ng Pulang Hukbo, mga katangian na dapat mapamaraang harapin at lagumin sa syensya ng mga kampanya, at hindi ko tatalakayin ang mga ito dito.

## 8. DIGMANG MABILIS NA TINATAPOS

Ang estratehikong matagalang digma at mga kampanya o labanang mabilis na tinatapos ay dalawang aspeto ng iisang bagay, dalawang prinsipyo na dapat bigyan ng pantay at sabay na diin sa mga gera sibil, at angkop din sa mga anti-imperyalistang digma.

Dahil napakalalakas ng mga reaksyunaryong pwersa, unti-unti lamang lumalaki ang mga rebolusyonaryong pwersa, at itinatakda ng katotohanang ito ang matagalang katangian ng ating digma. Dito'y nakapipinsala ang kawalan ng pasensya at mali ang pagtataguyod ng "mabilis na tinatapos". Sa ibang bayan, maaaring kataka-taka ang paglulunsad ng sampung taong rebolusyonaryong digma gaya ng ginawa natin, pero para sa atin, katulad ito ng pambungad na seksyon sa isang "sanaysay na may walong paa" – ang "paghahapag, pagpapalawig at panimulang paglalahad ng paksa"[36] – at marami pang magagandang bahagi ang susunod. Walang duda na sa hinaharap ay bibilis nang husto ang mga pangyayari sa impluwensya ng lokal at internasyunal na kalagayan. Dahil may pagbabago na sa sitwasyon ng daigdig at ng bansa at mangyayari pa ang mas malalaking pagbabago, masasabing nalampasan na natin ang nakaraang yugto ng mabagal na pag-unlad at solong paglaban. Pero hindi tayo dapat umasa ng tagumpay sa magdamag. Ang hangaring "malipol ang kaaway bago mag-agahan" ay kahanga-hanga, pero hindi makakabuti na gumawa ng mga kongkretong plano para dito. Dahil sinusuhayan ng maraming imperyalistang kapangyarihan ang mga reaksyunaryong pwersa ng Tsina, patuloy na magiging matagalan ang ating rebolusyonaryong digma hanggang sa makapagbuo ng sapat na lakas ang mga rebolusyonaryong pwersa ng Tsina para mabutas ang mga pangunahing pusisyon ng ating panloob at panlabas na mga kaaway at hanggang madurog o masukol ng internasyunal na mga rebolusyonaryong pwersa ang

karamihan sa internasyunal na mga reaksyunaryong pwersa. Ang pagsisimula sa puntong ito sa pagbabalangkas ng ating estratehiya ng matagalang pakikidigma ay isa sa pinakamahahalagang prinsipyong gumagabay sa ating estratehiya.

Totoo sa mga kampanya at labanan ang kabaligtaran nito – dito ang prinsipyo ay hindi ang pagiging matagalan kundi mabilisang desisyon. Hangad sa mga kampanya at labanan ang mabilisang desisyon, at totoo ito sa lahat ng panahon at sa lahat ng bayan. Sa digma sa kabuuan, hangad din ang mabilisang desisyon sa lahat ng panahon at sa lahat ng bayan, at itinuturing na nakapipinsala ang isang matagalang digma. Gayunman, ang digma ng Tsina ay dapat harapin nang may pinakamahahabang pasensya at itrato bilang matagalang digma. Sa panahon ng linyang Li Li-san, tinutuya ng ilan ang ating paraan sa pagkilos bilang "mga taktikang pagpapraktis ng boksing" (ibig sabihin, ang ating mga taktika sa pagharap sa maraming labanan nang paroo't parito bago agawin ang malalaking lunsod), at sinabi na hindi natin makikita ang tagumpay ng rebolusyon hanggang sa mamuti ang ating buhok. Matagal nang napatunayang mali ang ganoong kawalan ng pasensya. Pero kung itinuon ang kanilang puna hindi sa estratehiya kundi sa mga kampanya at labanan, tumpak na tumpak sana sila sa sumusunod na kadahilanan. Una, walang rekursong pagkukunan ng pamalit na armas at laluna ng mga amunisyon ang Pulang Hukbo; ikalawa, binubuo ng maraming hukbo ang Puting pwersa samantalang iisa lamang ang Pulang Hukbo, na dapat maging handang lumaban sa mga operasyong mabilis na magkakasunod para madurog ang bawat kampanya ng "pagkubkob at pagsupil"; at ikatlo, kahit magkakahiwalay na sumasalakay ang mga Puting hukbo, karamihan sa kanila'y malapit sa isa't isa, at kapag bigo tayong kamtin ang mabilis na tagumpay sa pag-atake sa isa sa kanila, pagtutulung-tulungan tayo ng lahat ng iba pa. Dahil sa mga ito, kailangan nating maglunsad ng mga labanang mabilis na

tinatapos. Karaniwan sa atin na tapusin ang labanan sa loob ng ilang oras, o sa isa o dalawang araw. Kapag plano lamang nating "gitgitin ang kaaway para mabira ang kanyang mga reimporsment" at layunin nating huwag birahin ang nagitgit na kaaway kundi ang kanyang mga reimporsment, saka tayo handa sa isang antas ng pagiging matagalan ng ating mga operasyon sa paggitgit; pero kahit sa kasong ito, hinahabol natin ang mabilis na pagtatapos ng labanan sa reimporsment. Madalas na ginagamit sa mga kampanya at labanan ang isang plano ng mga matagalang operasyon kapag nasa depensiba tayo sa estratehiya at mahigpit na ipinagtatanggol ang mga pusisyon sa larangang pampigil, o kapag inaatake natin ang hiwalay na mga pwersa ng kaaway na walang mahihingan ng tulong sa isang estratehikong opensiba, o nilalansag ang mga Puting kuta sa loob ng ating mga baseng purok. Pero ang ganitong mga matagalang operasyon ay mas nakatutulong kaysa nakasasama sa pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo sa mga labanan nitong mabilis na tinatapos.

Ang mabilisang pagtatapos ay hindi basta-basta magagawa dahil lamang ginusto ito, kundi nangangailangan ng maraming partikular na kalagayan. Ang mga pangunahing kailangan ay: sapat na paghahanda, pagsunggab sa tamang sandali, pagtitipon ng nakalalamang na mga pwersa, mga taktika ng pagkubkob at mas mahusay na pagpaplangka kaysa kaaway, paborableng tereyn, at pagbira sa kaaway kapag kumikilos ito o kapag nakahimpil pero hindi pa nakapagkokonsolida ng pusisyon. Hanggat hindi pa natatamo ang mga rekisitong ito, imposibleng matamo ang mabilis na pagtatapos ng isang kampanya o labanan.

Ang pagwasak sa "pagkubkob at pagsupil" ng kaaway ay isang mayor na kampanya, pero ang prinsipyo ng mabilis na pagtatapos pa rin ang angkop at hindi ang pagiging matagalan. Ito'y dahil hindi pinahihintulutan ng lakas tauhan, rekursong

pampinansya at lakas militar ng isang baseng purok ang pagiging matagalan.

Samantalang ang mabilis na pagtatapos ang pangkalahatang prinsipyo, dapat nating bakahin ang di nararapat na kawalang pasensya. Pagkaraang maisaalang-alang ang mga sirkunstansya sa baseng purok at ang sitwasyon ng kaaway, kailangang-kakailangan din na hindi labis na magitla ang pinakamataas na namumunong organong pangmilitar at pampulitika sa kalupitan nito, mawalan ng sigla sa dinaranas na hirap na kaya namang tiisin, o masiraan ng loob dahil sa mga kabiguan, kundi dapat taglay ang kinakailangang pasensya at tibay ng katawan. Mula unang labanan hanggang sa huli, tumagal lamang ng isang linggo ang pagdurog sa unang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" sa Probinsya ng Kiangsi; ang ikalawa'y nadurog sa halos dalawang linggo; ang ikatlo'y tumagal ng tatlong buwan bago nadurog; tumagal ng tatlong linggo ang ikaapat at sinubukan ng ikalima ang ating tibay ng loob ng isang buong taon. Nang mapilitan tayong bumutas sa pagkubkob ng kaaway matapos mabigo sa pagdurog ng ikalimang kampanya nito, di makatwiran ang ating pagmamadali. Sa sirkunstansya noon, mas nakabuti sanang nagpigil tayo sa loob ng dalawa o tatlong buwan pa, para mabigyan ng ilang panahon ang mga tropa na magpahinga at magreorganisa. Kung nagawa ang ganoon at kung naging mas matalino ang liderato pagkaraan ng ating pag-alpas, ibang-iba sana ang naging resulta.

Dahil sa lahat ng ito, nananatiling balido ang prinsipyo ng pagpapaiksi sa tagal ng kampanya sa pamamagitan ng lahat ng posibleng paraan. Ang mga plano sa kampanya at labanan ay dapat mangailangan ng ating maksimum na pagsisikap sa pagtitipon ng mga tropa, pakikidigmang makilos at iba pa, para matiyak ang pagwasak sa epektibong lakas ng kaaway sa linyang interyor (ibig sabihin, sa baseng purok) at ang mabilis

na paggapi sa kampanya nitong "pagkubkob at pagsupil". Pero sa lugar na kitang-kita na hindi maaaring tapusin sa ating mga linyang interyor ang kampanya, dapat nating gamitin ang pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo para bumutas sa pagkubkob ng kaaway at lumipat sa ating mga linyang eksteryor (ibig sabihin, mga linyang interyor ng kaaway) para gapiin siya doon. Ngayong napaunlad ng kaaway sa mataas na antas ang kanyang pakikidigmang blockhouse, ito na ang magiging karaniwang paraan natin ng operasyon. Sa panahon ng Insidente sa Fukien,[37] dalawang buwan matapos simulan ang ating ikalimang kontra-kampanya, walang kaduda-dudang dapat tumulak ang mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo sa rehiyon ng Kiangsu-Chekiang-Anhwei-Kiangsi, na Chekiang ang magiging sentro, at binagtas ang kahabaan at kalawakan ng purok sa pagitan ng Hangchow, Soochow, Nanking, Wuhu, Nanchang at Foochow, at itrinansporma ang ating estratehikong depensiba sa estratehikong opensiba, nagbanta sa mahahalagang sentro ng kaaway at naghamon ng laban sa malalawak na purok kung saan walang mga blockhouse. Sa ganoong paraan, napwersa sana natin ang kaaway, na umaatake sa katimugang Kiangsi at kanlurang Fukien, na bumalik para ipagtanggol ang kanyang mahahalagang sentro, nasira ang kanyang pag-atake sa Kiangsi at natulungan sana natin ang Gubyernong Bayan ng Fukien – tiyak na nakatulong sana tayo sa ganitong paraan. Dahil tinutulan ang planong ito, hindi nawasak ang ikalimang kampanya ng kaaway na "pagkubkob at pagsupil" at di naiwasang bumagsak ang Gubyernong Bayan ng Fukien. Kahit pagkaraan ng isang taong labanan, kahit hindi napapanahon para sa atin na tumulak sa Chekiang, maaari sana tayong bumaling sa estratehikong opensiba sa ibang direksyon sa pamamagitan ng pagpapatungo ng ating mga pangunahing pwersa sa Hunan, ibig sabihin, sa pamamagitan ng paglusob sa sentrong Hunan, sa halip na dumaan sa Hunan

patungong Kweichow, at sa paraang ito'y namaniobra sana natin ang kaaway mula Kiangsi patungong Hunan at nawasak ito doon. Dahil tinanggihan din ang planong ito, nawala ang lahat ng pag-asang mawasak ang ikalimang kampanya ng kaaway at wala tayong alternatibo kundi pasimulan ang Long March.

## 9. DIGMA NG ANIHILASYON

Hindi angkop sa ngayon na magtaguyod ang Pulang Hukbo ng isang "paligsahang atrisyon". Labis na katawa-tawa ang isang "paligsahan sa kayamanan" hindi sa pagitan ng mga Haring Dragon kundi sa pagitan ng isang Haring Dragon at ng isang pulubi. Para sa Pulang Hukbo na kumukuha ng halos lahat ng suplay nito sa kaaway, batayang patakaran ang digmang anihilasyon. Tanging sa anihilasyon ng epektibong lakas ng kaaway maaari nating wasakin ang kampanya nito sa "pagkubkob at pagsupil" at palawakin ang ating mga rebolusyonaryong baseng purok. Ang pagbibigay ng maraming kaswalti sa kaaway ay isang paraan ng paglipol sa kaaway, at kung hindi'y wala itong saysay. Sa pagbibigay ng maraming kaswalti sa kaaway, tayo mismo'y nagkakaroon din ng mga kaswalti pero pinupunuan natin ito sa pamamagitan ng paglipol sa kanyang mga yunit, at sa gayo'y hindi lamang nababawi ang nawala sa atin kundi napalalakas pa ang ating hukbo. Ang isang labanan kung saan natalo ang kaaway ay hindi mapagpasya sa saligan sa isang pakikipagtagisan sa isang napakalakas na katunggali. Sa kabilang banda, nagbibigay ng malaki at kagyat na epekto sa sinumang kaaway ang labanang anihilasyon. Ang pagsugat sa lahat ng sampung daliri ng isang tao'y hindi kasing epektibo ng pagputol ng isa, at ang pagtalo sa sampung dibisyon ng kaaway ay hindi kasing epektibo ng paglipol ng isa sa kanila.

Digma ng anihilasyon ang ating patakaran sa pagharap sa una, ikalawa, ikatlo at ikaapat na kampanya ng kaaway

na "pagkubkob at pagsupil". Ang mga pwersang nalipol sa bawat kampanya ay bahagi lamang ng kabuuang lakas nito, pero nawasak ang lahat ng kampanyang ito ng "pagkubkob at pagsupil". Gayunman, sa ating ikalimang kontra-kampanya'y ang kabaligtarang patakaran ang isinagawa, na sa katunaya'y nakatulong sa kaaway para matamo ang layunin nito.

Ang digma ng anihilasyon ay nangangailangan ng pagtitipon ng nakalalamang na pwersa at paggamit ng mga taktikang pagkubkob at mas mahusay na pagpaplangka kaysa kaaway. Hindi natin maaaring gawin ang nauna nang hindi ginagawa ang huli. Ang mga kondisyon gaya ng suporta ng mamamayan, paborableng tereyn, bulnerableng pwersa ng kaaway at bentahe ng sorpresa ay kailangang-kailangan lahat para sa layuning anihilasyon.

Ang pagtalo lamang sa isang pwersa ng kaaway o pagpapatakas dito ay may kabuluhan lamang kung sa labanan o kampanya sa kabuuan, ay ikinokonsentra ng ating pangunahing pwersa ang mga operasyon nito sa anihilasyon laban sa isang pwersa ng kaaway, at kung hindi'y wala itong saysay. Dito, ang mawawala ay iminamatwid ng makakamit sa tagumpay.

Sa pagtatayo natin ng sariling industriyang pandigma, dapat huwag nating hayaang maging palaasa dito. Ang ating saligang patakaran ay sumalig sa mga industriyang pandigma ng mga imperyalistang bayan at ng ating lokal na kaaway. May karapatan tayo sa produkto ng mga pabrika ng armas ng London pati na ng Hanyang, at dagdag pa'y dinadala ito sa atin ng kwerpong pangtransportasyon ng kaaway. Simpleng katotohanan ito, at hindi isang biro.

## MGA TALA

1. Ang syensya ng estratehiya, ang syensya ng mga kampanya at ang syensya ng mga taktika ay bahaging lahat ng syensyang militar ng Tsina. Ang syensya ng estratehiya ay nauukol sa mga batas na sumasakop sa sitwasyon ng digma sa kabuuan. Ang syensya ng mga kampanya ay nauukol sa mga batas na sumasakop sa mga kampanya at ginagamit sa pagpapatakbo ng mga kampanya. Ang syensya ng mga taktika nama'y nauukol sa mga batas na sumasakop sa mga labanan at ginagamit sa pamamatnugot sa mga labanan.

2. Si Sun Wu Tzu o Sun Wu ay isang bantog na syentistang militar ng Tsina noong ika-15 siglo B.C. na sumulat ng Sun Tzu, isang aklat hinggil sa gera na naglalaman ng 13 kabanata. Ang siping ito ay mula sa Kabanata 3, "Ang Estratehiya ng Pag-atake".

3. Nang isulat ni Kasamang Mao Zedong ang artikulong ito noong 1936, eksaktong 14 taon na mula nang itatag ang Partido Komunista ng Tsina noong Hulyo 1921.

4. Si Chen Tu-hsiu ay dating propesor sa Unibersidad ng Beijing at naging bantog bilang patnugot ng New Youth (Bagong Kabataan). Isa siya sa mga tagapagtatag ng Partido Komunista ng Tsina. Dahil sa kanyang reputasyon sa panahon ng Kilusang Mayo Kwatro at dahil sa kamusmusan ng Partido sa pagsisimula nito, siya'y naging Pangkalahatang Kalihim ng Partido. Sa huling yugto ng rebolusyon ng 1924-27, ang maka-Kanang pag-iisip na kinakatawan ni Chen Tu-hsiu ay naging isang linya ng kapitulasyunismo. Naobserbahan ni Kasamang Mao Zedong na ang mga kapitulasyunista noong panahong iyon ay "boluntaryong nagsuko ng pamumuno ng Partido sa masang magsasaka, petiburgesyang lunsod at panggitnang burgesya, at sa partikular ay nagsuko ng pamumuno ng Partido sa mga armadong pwersa kaya natalo ang rebolusyon" ("Ang Kasalukuyang Sitwasyon at Ating mga Tungkulin", Piling mga Akda ni Mao Zedong, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Tomo IV, p. 171). Pagkatapos matalo noong 1927, si Chen Tu-hsiu at ang kakarampot na iba pang kapitulasyunista ay nawalan ng pag-asa sa hinaharap ng rebolusyon at naging mga likidasyunista. Nagtaguyod sila ng Trotskyistang pananaw at kasama ng mga Trotskyista'y bumuo ng isang maliit na anti-Partidong grupo. Bunga nito'y pinatalsik si Chen Tu-hsiu sa Partido noong Nobyembre 1929. Namatay siya noong 1942.

5. Ang "Kaliwang" oportunismo ni Li Li-san, na sa pangkalahata'y kilala bilang "linyang Li Li-san", ay tumutukoy sa oportunistang linyang

"Kaliwa" na umiral sa Partido sa loob ng halos apat na buwan mula Hunyo 1930 at kinakatawan ni Kasamang Li Li-san, na pinakaimpluwensyal na lider noon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Ang mga katangian ng linyang Li Li-san ay ang sumusunod: Nilabag nito ang patakaran ng Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Partido; itinatatwa nito na dapat palakasin ang pwersang masa para sa rebolusyon at itinatatwa na di pantay ang pag-unlad ng rebolusyon; itinuring nitong "napakalaking pagkakamali … lokalismo at konserbatismong katangian ng pag-iisip ng magsasaka" ang mga ideya ni Kasamang Mao Zedong na sa mahabang panaho'y dapat nating ituon ang ating atensyon pangunahin sa pagtatayo ng mga baseng purok sa kanayunan, gamitin ang kanayunan para kubkubin ang kalunsuran at gamitin ang mga baseng ito para isulong ang pagdaluyong ng rebolusyon sa buong bayan; at pinanindigan nito na dapat ang ginagawang mga paghahanda ay para sa kagyat na mga insureksyon sa lahat ng bahagi ng bayan. Batay sa maling linyang ito, si Kasamang Li Li-san ay nagbalangkas ng isang adbenturistang plano para sa pag-oorganisa ng kagyat na mga armadong insureksyon sa mga susing lunsod sa buong bayan. Kasabay nito'y tumanggi siyang kilalanin ang di pantay na pag-unlad ng pandaigdigang rebolusyon, nanindigan na ang pangkalahatang pagsiklab ng rebolusyong Tsino ay di maiiwasang hahantong sa isang pangkalahatang pagsiklab ng pandaigdigang rebolusyon, na kung hindi mangyayari'y hindi magtatagumpay ang rebolusyong Tsino; tumanggi rin siyang kilalanin ang katangiang pangmatagalan ng burges-demokratikong rebolusyon ng Tsina, nanindigan na ang pagsisimula ng tagumpay sa isa o mas maraming probinsya ang maghuhudyat ng simula ng transisyon sa sosyalistang rebolusyon, at kaya nagbalangkas ng ilang di angkop na mga "Kaliwang" patakarang adbenturista. Tinutulan ni Kasamang Mao Zedong ang maling linyang ito at hiningi ng malawak na masa ng mga kadre at myembro ng partido na iwasto ito. Sa Ikatlong Sesyong Plenaryo ng Ikaanim na Komite Sentral ng Partido noong Setyembre 1930, tinanggap ni Kasamang Li Li-san ang tinukoy na mga pagkakamali at pagkaraa'y binitiwan ang kanyang nangungunang pusisyon sa Komite Sentral. Sa mahabang panaho'y naiwasto ni Kasamang Li Li-san ang kanyang maling mga pananaw at sa gayo'y muli siyang nahalal sa Komite Sentral sa Ikapitong Pambansang Kongreso ng Partido.

6. Ang Ikatlong Sesyong Plenaryo ng Ikaanim na Komite Sentral ng Partido ay idinaos noong Setyembre 1930, at nagtaguyod ng maraming positibong hakbangin ang kasunod na namumunong sentrong organo para pawiin ang linyang Li Li-san. Pero sa kalauna'y ilang kasama sa Partido na walang karanasan sa pagsasapraktika ng rebolusyonaryong pakikibaka, na

pinangungunahan nina Chen Shao-yu (Wang Ming) at Chin Pang-hsien (Po Ku), ang lumitaw laban sa mga hakbangin ng Komite Sentral. Sa pampletong Ang Dalawang Linya o Ang Pakikibaka para sa Ibayong Bolshevisasyon ng Partido Komunista ng Tsina, madiin nilang idineklara na ang pangunahing panganib na umiral noon sa Partido ay hindi ang "Kaliwang" oportunismo kundi ang "Kanang oportunismo" at, para bigyang-katwiran ang kanilang mga aktibidad, "pinuna" nila ang linyang Li Li-san bilang "maka-Kanan". Naghapag sila ng isang bagong programang pampulitika na nagpatuloy, muling bumuhay at nagpaunlad sa linyang Li Li-san at iba pang mga "Kaliwang" ideya at patakaran sa isang bagong balatkayo at ihinanda ang kanilang sarili laban sa wastong linya ni Kasamang Mao Zedong. Isinulat ni Kasamang Mao Zedong ang kasalukuyang artikulong, "Mga Usapin sa Estratehiya ng Rebolusyonaryong Digma ng Tsina", pangunahin para punahin ang mga pagkakamaling pangmilitar ng bagong "Kaliwang" oportunistang linyang ito. Nangibabaw ang linyang ito sa Partido mula Ikaapat na Sesyong Plenaryo ng Ikaanim na Komite Sentral noong Enero 1931 hanggang sa pulong ng Kawanihang Pampulitika na ipinatawag ng Komite Sentral sa Tsunyi, Probinsya ng Kweichow noong Enero 1935, na nagwakas sa pangingibabaw ng maling linyang ito at nagtatag ng bagong sentrong pamunuan sa pangunguna ni Kasamang Mao Zedong. Ang maling linyang ito ay nangibabaw sa Partido sa napakahabang panahon (apat na taon) at nagdulot ng lubhang malalaking pagkatalo na may mabibigat na pinsala sa Partido at rebolusyon. Nawala ang 90 porsyento ng Partido Komunista ng Tsina, Pulang Hukbo ng Tsina at mga baseng purok nito, sampu-sampung milyong mamamayan sa mga rebolusyonaryong baseng purok ang nakalasap ng malupit na pang-aapi ng Guomindang at naudlot ang pag-unlad ng rebolusyong Tsino. Ang napakalaking mayorya ng nagkamaling mga kasama ay nakaunawa at nagwasto ng kanilang pagkakamali sa pamamagitan ng mahabang proseso ng pag-aaral mula sa karanasan at nakagawa ng maraming magagandang gawain para sa Partido at sambayanan. Sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong, nakikiisa na sila ngayon sa masa ng iba pang mga kasama sa Partido batay sa iisang pag-unawang pampulitika.

7. Para sa Kanang oportunismo ni Chang Kuo-tao, tingnan ang "Hinggil sa mga Taktika Laban sa Imperyalismong Hapones", Mga Tala bilang 21 at 22, p. 175-76 ng tomong ito.

8. Ang Kwerpo sa Pagsasanay ng mga Upisyal sa Lushan ay isang organisasyong itinatag ng pangkat ni Chiang Kai-shek noong Hulyo 1933 sa Bundok ng Lushan sa Kiukiang, Probinsya ng Kiangsi para sa pagsasanay ng

mga anti-Komunistang kadreng militar. Halinhinang ipinadadala doon ang mga upisyal ng mga armadong pwersa ni Chiang Kai-shek para tumanggap ng pagsasanay sa pasistang militar at pulitika mula sa mga instruktor na German, Italyano at Amerikano.

9. Ang mga bagong prinsipyong militar na ito ay halos binubuo ng patakarang "pakikidigmang blockhouse" ng pangkat ni Chiang Kai-shek at alinsunod dito'y unti-unti itong isinulong at itinrensera sa bawat hakbang.

10. Tingnan ang V. I. Lenin, "Komunismo", kung saan sa pagpuna ni Lenin sa Komunistang Hungarian na si Bela Kun ay nagsabing "isinuko niya ang pinakaesensyal na bagay sa Marxismo, ang buhay na kaluluwa ng Marxismo, ang kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan" (Mga Siniping Artikulo, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Tomo XXXI, p.143).

11. Ang Unang Kongreso ng Partido ng Hangganang Purok ng Hunan-Kiangsi ay idinaos noong Mayo 20, 1928 sa Maoping, Ningkang County.

12. Para sa paliwanag, tingnan ang p. 236-37 ng tomong ito.

13. Hinggil sa mga rebeldeng lagalag, tingnan ang "Hinggil sa Pagwawasto ng mga Maling Ideya sa Partido", Mga Tala 4 at 5, p. 115-16 ng tomong ito.

14. Ang "mga bandidong gawi" ay tumutukoy sa pandarambong at pagnanakaw na resulta ng kawalan ng disiplina, organisasyon at malinaw na pampulitikang direksyon.

15. Ang Mahabang Martsa na 25,000 li (12,500 kilometro) ay isinagawa ng Pulang Hukbo mula Probinsya ng Kiangsi hanggang sa hilaga ng Probinsya ng Shensi. Para sa dagdag na sanggunian, tingnan ang "Hinggil sa mga Taktika Laban sa Imperyalismong Hapones", Tala 20, p. 175 ng tomong ito.

16. Ang panahon pagkaraang matalo ang pag-aalsa noong Disyembre ng 1905 kung saan unti-unting bumaba ang rebolusyonaryong daluyong sa Rusya. Tingnan ang Kasaysayan ng Partido Komunista ng Union Sobyet (mga Bolshevik), Maikling Kurso, Tsapter 3, Seksyong 5 at 6.

17. Ang tratado ng kapayapaan sa Brest-Litovsk ay pinirmahan ng Sobyet Rusya at Germany noong Marso 1918. Dahil nahaharap sa malinaw na malinaw na nakalalamang na mga pwersa ng kaaway, ang rebolusyonaryong pwersa ay kailangang umatras nang pansamantala para mapigil ang mga imperyalistang German sa paglulunsad ng pagsalakay sa bagong silang na Republikang Sobyet na wala pang sariling hukbo. Ang pagkaka-

pirma sa tratadong ito ay nagbigay ng panahon sa Republikang Sobyet para makonsolida ang kapangyarihang pampulitika ng proletaryado, mareorganisa ang ekonomya nito at mapalakas ang Pulang Hukbo. Nabigyan ng pagkakataon ang proletaryado na mapanatili ang kanyang pamumuno sa uring magsasaka at makaipon ng sapat na lakas para magapi ang mga Puting Taliba at ang armadong panghihimasok ng Britain, United States, France, Japan, Poland at iba pang mga bayan noong 1918-20.

18. Noong Oktubre 30, 1927, inilunsad ng mga magsasaka sa purok ng Haifeng-Lufeng sa Probinsya ng Guandong ang kanilang ikatlong insureksyon sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina. Sinakop nila ang Haifeng at Lufeng at ang nakapaligid na mga purok, inorganisa ang Pulang Hukbo at itinatag ang demokratikong kapangyarihang pampulitika ng mga manggagawa at magsasaka. Sa bandang huli'y nagapi sila dahil sa pagkakamaling pagmamaliit sa kaaway.

19. Ang Ikaapat na Hukbong Panlarangan at Ikalawang Hukbong Panlarangan ng Pulang Hukbo ay nagsanib ng pwersa noong taglagas ng 1936 at lumipat pahilaga mula sa hilagang-silangang bahagi ng Sikang. Noo'y ipinipilit pa rin ni Chang Kuo-tao ang kanyang anti-Partidong paninindigan at ang kanyang patakaran ng pag-atras at likidasyon. Noong Oktubre ng taon ding iyon, nang makarating sa Kansu ang Ikalawa at Ikaapat na Hukbong Panlarangan, inatasan niya ang mga yunit na pansalakay ng Ikaapat na Hukbong Panlarangan, na bumibilang ng mahigit sa 20,000, na organisahin ang Kanlurang Hanay para tumawid sa Yellow River at tumulak pakanluran sa Chinghai. Ang hanay na ito ay nagapi pagkaraang makalasap ng mga bira sa mga labanan noong Disyembre 1936 at ganap na nagapi noong Marso 1937.

20. Tingnan ang sulat mula kay Karl Marx para kay L. Kugelmann hinggil sa Paris Commune.

21. Ang Shui Hu Chuan (Mga Bayani ng mga Latian) ay isang bantog na nobelang Tsino na naglalarawan ng isang digmang magsasaka. Ipinagpapalagay na ang nobela ay kay Shih Nai-an na nabuhay noong huling bahagi ng Dinastiyang Yuan at noong maagang bahagi ng Dinastiyang Ming (ika-14 siglo). Sina Lin Chung at Chai Chin ang mga bayani sa nobelang ito. Si Hung ang pinuno ng pagsasanay sa asyenda ni Chai Chin.

22. Ang Lu at Chi ay dalawang pyudal na estado noong Panahon ng Tagsibol at Taglagas (722-481 B.C.). Ang Chi ay isang malaking estado sa sentrong bahagi ng kasalukuyang Probinsya ng Shantung at ang Lu nama'y mas maliit na nasa katimugang bahagi. Naghari si Duke Chuang sa Lu

mula 693 hanggang 662 B.C.

23. Si Tsochiu Ming ang may-akda ng Tso Chuan, isang klasikal na kasaysayan ng Dinastiyang Chou. Para sa siniping kasabihan, tingnan ang seksyon sa Tso Chuan na may pamagat na "Ang Ikasampung Taon ni Duke Chuang" (684 B.C.).

24. Ang sinaunang bayan ng Chengkao, sa hilagang-kanluran ng kasalukuyang Chengkao County, Probinsya ng Honan, ay may malaking kahalagahan sa militar. Dito naganap ang mga labanang nangyari noong 203 B.C. sa pagitan nina Liu Pang, Hari ng Han at Hsiang Yu, Hari ng Chu. Noong una'y naagaw ni Hsiang Yu ang Hsingyang at Chengkao at halos malipol ang mga tropa ni Liu Pang. Naghintay si Liu Pang hanggang sa dumating ang magandang pagkakataon nang ang mga tropa ni Hsiang Yu ay nasa kalagitnaan ng pagtawid sa Szeshui River at pagkaraa'y dinurog sila at muling naagaw ang Chengkao.

25. Ang sinaunang bayan ng Kunyang sa hilaga ng kasalukuyang Yehhsien County, Probinsya ng Honan, ang lugar kung saan nagapi ni Liu Hsiu, tagapagtatag ng Dinastiyang Han sa Silangan, ang mga tropa ni Wang Mang, Emperador ng Dinastiyang Hsin noong 23 A.D. Napakalaki ng pagkakaiba sa bilang ng dalawang panig; ang mga pwersa ni Liu Hsiu na may kabuuang bilang na 8,000 hanggang 9,000 tauhan laban sa 400,000 ni Wang Mang. Pero sa pagsamantala sa kapabayaan ng mga heneral ni Wang Mang, sina Wang Hsun at Wang Yi, na minaliit ang kaaway, sa pamamagitan ng 3,000 piniling tropa'y nalipol ni Liu Hsiu ang mga pangunahing pwersa ni Wang Mang. Sinundan niya ang kanyang tagumpay sa pamamagitan ng pagdurog sa nalalabing mga tropa ng kaaway.

26. Ang Kuantu ay nasa hilagang-silangan ng kasalukuyang County ng Chungmou, Probinsya ng Honan at kung saan nangyari ang labanan sa pagitan ng mga hukbo ni Tsao Tsao at ni Yuan Shao noong 200 A.D. Si Yuan Shao ay may hukbong binubuo ng 100,000 tauhan samantalang kakaunti lamang ang pwersa ni Tsao Tsao at kapos sa suplay. Sa pagsamantala sa kawalang-ingat sa bahagi ng mga tropa ni Yuan Shao, na nagmaliit sa kaaway, idineploy ni Tsao Tsao ang maiingat na sundalo para sa sorpresang pagsalakay sa kanila at sunugin ang kanilang mga suplay. Nagkagulo ang hukbo ni Yuan Shao at nalipol ang kanyang pangunahing pwersa.

27. Ang estado ng Wu ay pinagharian ni Sun Chuan at ang estado ng Wei ni Tsao Tsao. Nasa katimugang pampang ng Ilog Yangtse ang Chihpi, hilagang-silangan ng Chiayu, Probinsya ng Hupeh. Noong 208 A.D., pinamunuan ni Tsao Tsao ang isang hukbong binubuo ng mahigit 500,000

tauhan, na ipinahayag niyang may lakas ng 800,000 tauhan, para salakayin si Sun Chuan. Ang huli, sa pakikipag-alyansa sa kalaban ni Tsao Tsao na si Liu Pei, ay nakatipon ng isang pwersang binubuo ng 30,000 tauhan. Dahil alam na sinasalanta ng epidemya ang hukbo ni Tsao Tsao at hindi sanay sa labanang nasa tubig, sinunog ng magkaalyadong pwersa nina Sun Chuan at Liu Pei ang plota ni Tsao Tsao at dinurog ang kanyang hukbo.

28. Ang Yiling, nasa silangan ng kasalukuyang Ichang, Probinsya ng Hupeh, ang lugar kung saan natalo ni Lu Hsun, isang heneral ng estado ng Wu, ang hukbo ni Liu Pei, pinuno ng Shu, noong 222 A.D. Nagkamit ng sunud-sunod na tagumpay ang mga tropa ni Liu Pei noong umpisa ng gera at nakapasok sa 500 o 600 li sa loob ng teritoryo ng Wu hanggang sa Yiling. Sa mahigit pitong buwa'y iniwasan ni Lu Hsun, na nagtatanggol sa Yiling, na lumaban hanggang sa si Liu Pei'y "tahasang nawalan ng gana at napagod at nademoralisa ang kanyang mga tropa". Pagkaraa'y dinurog niya ang mga tropa ni Liu Pei sa pamamagitan ng pagsamantala sa paborableng ihip ng hangin para masunog ang kanilang mga tolda.

29. Si Hsieh Hsuan, isang heneral ng Dinastiyang Tsin sa Silangan, ay nanalo kay Fu Chien, pinuno ng estado ng Chin, noong 383 A.D. sa Ilog Feishui sa Probinsya ng Anhwei. Si Fu Chien ay may impantri na binubuo ng mahigit 600,000 tauhan, isang hukbong kabayuhan na binubuo ng 270,000 at kumpanya ng mga kwerpo ng mga taliba na mahigit 30,000 tauhan samantalang ang mga pwersa sa lupa at sa tubig ng Silangang Tsin ay bumibilang lamang ng 80,000. Nang nagsihanay ang mga hukbo sa magkabilang pampang ng Ilog Feishui, sa pagsamantala sa sobrang kumpyansa at kayabangan ng mga tropa ng kaaway, hiniling ni Hsieh Hsuan kay Fu Chien na paurungin ang kanyang mga tropa para magkaroon ng lugar ang mga tropa ng Silangang Tsin na makatawid sa ilog at makipaglaban. Sumunod si Fu Chien, pero nang nag-atas na siya ng pag-atras, nagkagulo ang kanyang mga tropa at hindi na masawata. Sa pagsamantala sa pagkakatao'y tumawid sa ilog ang mga tropa ng Silangang Tsin, inilunsad ang opensiba at dinurog ang kaaway.

30. Ang Nanchang, kabisera ng Probinsya ng Kiangsi, ang lugar kung saan nangyari ang bantog na pag-aalsa noong Agosto 1, 1927 na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina para labanan ang kontra-rebolusyon nina Chiang Kai-shek at Wang Ching-wei at para maipagpatuloy ang rebolusyon ng 1924-27. Mahigit 30,000 tropa ang lumahok sa pag-aalsa na pinamunuan nina Kasamang Zhou Enlai, Zhude, Ho Lung at Yeh Ting. Umatras mula sa Nanchang ang insureksyunaryong hukbo noong Agosto 5 nang alinsunod sa plano, pero natalo nang papalapit na sa Chaochow at

Swatow sa probinsya ng Kwangtung. Sa pamumuno nina Kasamang Zhude at Chen Yi, sa kalauna'y lumaban ang isang bahagi ng mga tropa hanggang sa makarating sa Kabundukan ng Chingkang at sumanib sa pwersa ng U-nang Dibisyon ng Unang Rebolusyonaryong Hukbo ng mga Manggagawa't Magsasaka sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong.

31. Tingnan ang "Kung Bakit Maaaring Umiral ang Pulang Kapangyarihang Pampulitika sa Tsina?", Tala 8, p. 72 ng tomong ito.

32. Ang bantog na Pag-aalsa noong Anihan sa Taglagas na pinamunuan ni Kasamang Mao Zedong ay inilunsad noong Setyembre 1927 ng mga armadong pwersa ng sambayanan ng mga County ng Hsiushi, Pinghsiang, Pingkiang at Liuyang sa hangganan ng Hunan-Kiangsi, na bumubuo sa Unang Dibisyon ng Unang Rebolusyonaryong Hukbo ng mga Manggagawa't Magsasaka. Pinamunuan ni Kasamang Mao Zedong ang pwersang ito sa Kabundukan ng Chingkang kung saan naitatag ang isang rebolusyonaryong base.

33. Ang Grupong A-B (mga titik para sa "Anti-Bolshevik") ay isang kontra-rebolusyonaryong organisasyon ng lihim na mga ahente ng Guomindang sa mga Pulang purok.

34. Tingnan ang V. I. Lenin, "Mga Tesis Hinggil sa Usapin sa Kagyat na Pagtatapos ng isang Hiwalay at Mapanakop na Kapayapaan", "Kakaiba at Hindi Kapani-paniwala", "Isang Seryosong Aral at Isang Seryosong Responsibilidad", "Ulat Hinggil sa Digma at Kapayapaan", Mga Piling Akda, na nasa dalawang tomo, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Tomo II, Unang Bahagi at sa Kasaysayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (Bolshevik), Maikling Kurso, Kabanata 7, Seksyon 7.

35. Ang mga rehiyong tinutukoy dito ay iyong tirahan ng mga mamamayan ng Tibet sa Sikang at ng mamamayang Hui sa mga Probinsya ng Kansu, Chinghai at Sinkiang.

36. Ang "sanaysay na may walong paa" ang iminungkahing anyo sa kompetitibong pagsusulit ng imperyo noong pyudal na Tsina mula ika-15 hanggang ika-19 siglo. Ang kabuuang sanaysay ay kinapapalooban ng pambungad, panggitna, panghuli at pangwakas na parapo na bawat parapo'y binubuo ng dalawang bahagi. Dito, ang pagpaunlad ng ideya sa ganitong klase ng sanaysay ay ginagamit na talinghaga ni Kasamang Mao Zedong para ilarawan ang pag-unlad ng rebolusyon sa iba't ibang yugto nito. Gayunman, sa pangkalahata'y ginagamit ni Kasamang Mao Zedong ang terminong "sanaysay na may walong paa" para batikusin ang dogmatismo.

37. Noong Nobyembre 1933, sa impluwensya ng pagbugso ng anti-Hapones na sentimyento ng bayan sa buong Tsina, lantarang itinakwil si Chiang Kai-shek ng mga lider ng Hukbo ng Ika-19 Ruta ng Goumindang, sa pakikipag-alyansa sa mga pwersa ng Guomindang na nasa ilalim ni Li Chi-sen, at itinatag ang "Rebolusyonaryong Gubyernong Bayan ng Republika ng Tsina" sa Fukien, nakipagkasundo sa Pulang Hukbo para salakayin si Chiang Kai-shek at labanan ang Japan. Ang kabanatang ito ay tinawag na Insidente sa Fukien. Gayunman, bumagsak ang Hukbo ng Ika-19 Ruta at ang Gubyernong Bayan ng Fukien dahil sa mga pagsalakay ng mga tropa ni Chiang Kai-shek.

# MGA USAPIN SA ESTRATEHIYA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA LABAN SA HAPON

Mayo 1938

Sa mga unang araw ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, maraming tao sa loob at labas ng Partido ang nagmaliit sa mahalagang estratehikong papel ng pakikidigmang gerilya at umasa na lamang sa pakikidigmang regular, sa partikular, sa mga operasyon ng mga pwersang Guomindang. Pinatunayang mali ni Kasamang Mao Zedong ang pananaw na ito at sinulat ang artikulong ito para ipakita ang wastong landas ng pag-unlad ng pakikidigmang gerilyang anti-Hapon. Bilang resulta, ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at ang Bagong Ikaapat na Hukbo na mayroon lamang lampas 40,000 tauhan nang magsimula ang Digma ng Pagtatanggol noong 1937, ay lumaki tungo sa isang malaking hukbo na may isang milyong tauhan nang sumurender ang Hapon noong 1945, nakapagtatag ng maraming rebolusyonaryong baseng purok, gumampan ng malaking papel sa digma, at sa gayon, sa saklaw ng panahong ito, ay nagawang sindakin si Chiang Kai-shek para hindi siya sumuko sa Hapon o maglunsad ng isang pambansang gera sibil. Noong 1946, nang maglunsad na nga si Chiang Kai-shek ng pambansang gera sibil, ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan na nabuo mula sa Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo ay sapat na malakas para harapin ang kanyang mga atake.

## KABANATA I

## BAKIT KAILANGANG IHAPAG ANG USAPIN NG ESTRATEHIYA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA?

Sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, pangunahin ang pakikidigmang regular at suplementaryo ang pakikidigmang gerilya. Wastong naipirmi na ang puntong ito. Kung gayon, mukhang mga usaping taktikal lamang ang mayroon sa pakikidigmang gerilya. Bakit kung gayon kailangang ihapag ang usapin sa estratehiya?

Kung ang Tsina ay isang maliit na bansa kung saan ang papel ng pakikidigmang gerilya ay pagbibigay lamang ng tuwirang suporta sa malalapit na distansya sa mga kampanya ng regular na hukbo, mangyari pa'y mayroon lamang taktikal at walang estratehikong mga usapin. Sa kabilang banda, kung ang Tsina ay isang bayang kasing lakas ng Unyong Sobyet at ang nanalakay na kaaway ay mabilis na mapatatalsik, o kahit magtagal nang kaunti ang pagpapatalsik sa kanya ay hindi siya makasasakop ng malalawak na lupain, sa gayon, ang pakikidigmang gerilya muli ay gagampan lamang ng isang pantulong na papel sa mga kampanya, at natural na maglalaman ng taktikal subalit di estratehikong mga usapin.

Gayunman, ang usapin ng estratehiya sa pakikidigmang gerilya ay sumusulpot sa kaso ng Tsina, na kapwa di maliit o katulad ng Unyong Sobyet kundi kapwa malaki at mahinang bansa. Ang malaki at mahinang bansang ito ay inaatake ng isang maliit at malakas na bansa, subalit ang malaki at mahinang bansa ay nasa panahon ng pag-unlad; ito ang pinagmumulan ng buong usapin. Ito ang sirkunstansya kung bakit malawak na mga bahagi ang napailalim sa pananakop ng kaaway at ang digma ay naging matagalan. Sakop ng kaaway ang malalaking bahagi ng malaking bansa natin, subalit ang Hapon ay isang napakaliit na bayan, wala siyang sapat na bilang ng sundalo at kailangang mag-iwan ng maraming mga puwang sa mga sakop na bahagi, at sa gayon, ang ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapones ay di pangunahing binubuo ng mga operasyon sa linyang interyor na pansuporta sa mga kampanya ng mga regular na tropa kundi ng hiwalay na mga operasyon sa mga linyang eksteryor; dagdag pa, progresibo ang Tsina, ibig sabihin, mayroon siyang matatag na hukbo at malawak na masa ng sambayanan, na kapwa pinamumunuan ng Partido Komunista, at kung gayon, malayo sa pagiging maliitan, ang ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapon sa katunayan ay isang malawakang pakikidigma. Kung

gayo'y lumilitaw ang isang buong serye ng mga usapin tulad ng mga usapin tulad ng estratehikong depensiba, estratehikong opensiba, atbp. Itinatakda ng matagalang katangian ng digma at ng kaakibat na kalupitan nito na gumampan ang pakikidigmang gerilya ng maraming di karaniwang mga tungkulin; kung gayon, naririyan ang mga usapin tulad ng mga baseng purok, pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya tungo sa pakikidigmang makilos, at iba pa. Dahil sa lahat ng ito, ang pakikidigmang gerilya ng Tsina laban sa Hapon ay kumawala na sa hangganan ng taktika at kumakatok na sa tarangkahan ng estratehiya, at hinihingi nito ang pagsusuri mula sa punto de bista ng estratehiya. Ang puntong nangangailangan ng ating partikular na atensyon ay iyong ang malawak at matagalang pakikidigmang gerilya ay medyo bago sa buong kasaysayan ng digma. Nakaugnay rin ito sa katotohanang tayo ngayo'y nasa dekada 1930 at dekada 1940 at mayroon tayo ngayong Partido Komunista at Pulang Hukbo. Narito ang puso ng usapin. Maaaring nangangarap pa ang ating kaaway ng paggaya sa pagsakop ng Mongol sa Dinastiyang Sung, ng paglupig ng Manchu sa Dinastiyang Ming, ng okupasyon ng mga British sa Hilagang Amerika at India, ng okupasyong Latina sa Gitna at Timog Amerika at iba pa. Gayunman, ang gayong mga panaginip ay walang praktikal na halaga sa kasalukuyang Tsina dahil may ilang salik sa kasalukuyang Tsina na wala sa pangkasaysayang mga halimbawang iyon, at isa sa mga iyon ang pakikidigmang gerilya, na medyo bagong pangyayari. Kung hindi ito bibigyang-pansin ng ating kaaway, tiyak na mapaririwara siya.

Ito ang mga dahilan kung bakit ang ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapon, bagamat gumaganap lamang ng suplementaryong lugar sa Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan, ay dapat ding suriin mula sa punto de bista ng estratehiya. Bakit hindi, kung gayon, ilapat sa pakikidigmang gerilya ang pangkalahatang estratehikong mga prinsipyo ng Digma ng

Pagtatanggol?

Ang usapin ng estratehiya ng ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapones ay mahigpit na nakaugnay sa usapin ng estratehiya sa Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan dahil ang mga ito'y maraming pagkakahalintulad. Sa kabilang banda, ang pakikidigmang gerilya ay kakaiba sa pakikidigmang regular at may sariling mga kakanyahan, at sa gayo'y maraming sariling elemento ang nabibilang sa usapin ng estratehiya ng pakikidigmang gerilya. Kung walang modipikasyon, imposibleng ilapat ang mga estratehikong prinsipyo ng Digma ng Pagtatanggol sa pangkalahatan sa pakikidigmang gerilya na may sariling mga kakanyahan.

## KABANATA II

## ANG SALIGANG PRINSIPYO NG DIGMA AY ANG PRESERBASYON NG SARILI AT ANG PAGDUROG SA KAAWAY

Bago talakayin ang usapin ng estratehiya sa pakikidigmang gerilya sa kongkretong salita, kinakailangang magbigay ng ilang salita hinggil sa batayang usapin ng digma.

Lahat ng gumagabay na prinsipyo ng mga operasyong militar ay nagmumula sa isang batayang prinsipyo: magsikap sa abot ng makakaya na ipreserba ang sariling lakas at durugin ang sa kaaway. Sa isang rebolusyonaryong digma, ang prinsipyong ito'y tuwirang nakaugnay sa saligang mga prinsipyong pampulitika. Halimbawa, ang saligang prinsipyong pampulitika ng Digma ng Pagtatanggol laban sa Hapon ng Tsina, ibig sabihin, ang kanyang mga pampulitikang layunin, ay ang pagpapalayas sa imperyalismong Hapones at ang pagtatayo ng isang independyente, malaya at maligayang bagong Tsina. Kung aksyong militar ang pag-uusapan, ang prinsipyong ito'y nangangahulugan ng paggamit ng armadong lakas upang ipagtanggol ang inang bayan at mapalayas ang mananalakay na Hapones. Upang makamit ang layuning ito, ang operasyon ng

mga armadong yunit ay naghuhugis sa ubos kayang pagsisikap na mapreserba ang sariling pwersa sa isang banda at madurog ang pwersa ng kaaway sa kabilang banda. Paano natin kung gayon ipagmamatwid ang paghikayat ng dakilang sakripisyo sa digma? Lahat ng digma ay may kabayaran, at kung minsan ay napakamahal nito. Hindi kaya ito isang kasalungat ng "preserbasyon ng sarili"? Sa katunayan, walang anumang kontradiksyon; o sa tuwirang pananalita, ang pagsasakripisyo at preserbasyon sa sarili ay kapwa magkatunggali at kapunuan ng bawat isa. Dahil ang pagsasakripisyo ay esensyal hindi lamang sa pagdurog sa kaaway kundi sa preserbasyon ng sarili – ang parsyal at pansamantalang "di preserbasyon" (sakripisyo, o pagbubuwis ng buhay) ay kinakailangan alang-alang sa pangkalahatan at permanenteng preserbasyon. Mula sa saligang prinsipyong ito sumasanga ang serye ng mga prinsipyong gumagabay sa mga operasyong militar, lahat ng iyon – mula sa mga prinsipyo ng pagbaril (pagkukubli upang ipreserba ang sarili at ang buong paggamit ng lakas pamutok upang malipol ang kaaway) hanggang sa mga prinsipyo ng estratehiya – ay lipos ng diwa ng saligang prinsipyong ito. Lahat ng teknikal, taktikal at estratehikong prinsipyo ay kumakatawan sa mga aplikasyon ng batayang prinsipyong ito. Ang prinsipyo ng preserbasyon ng sarili at pagdurog sa kaaway ay ang batayan ng lahat ng prinsipyong militar.

## KABANATA III

## ANIM NA PARTIKULAR NA USAPIN SA ESTRATEHIYA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA LABAN SA HAPON

Tingnan natin ngayon kung anong mga patakaran o prinsipyo ang kinakailangang pagtibayin sa mga operasyong gerilya laban sa Hapon bago natin maabot ang layuning preserbasyon sa sarili at pagdurog sa kaaway. Dahil ang mga yunit gerilya sa Digma ng Pagtatanggol (at sa lahat ng ibang

rebolusyonaryong digma) sa pangkalahatan ay nagsimula sa wala at lumaki mula maliit tungo sa isang malaking pwersa, kailangang ipreserba nila ang kanilang sarili, at mas higit pa, kailangan nilang lumaki. Kung gayon ang usapin ay anong mga patakaran o mga prinsipyo ang kailangang pagtibayin bago natin makamit ang layuning ipreserba at palakihin ang sarili at durugin ang kaaway?

Sa pangkalahatan, ang mga pangunahing prinsipyo ay ang sumusunod: (1) ang paggamit ng inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano sa paglulunsad ng mga opensiba sa loob ng depensiba, mga labanang mabilis na tinatapos sa loob ng matagalang digma, at mga operasyon sa linyang eksteryor sa loob ng mga operasyon sa linyang interyor; (2) ang koordinasyon sa pakikidigmang regular (3) ang pagtatatag ng mga baseng purok; (4) ang estratehikong depensiba at estratehikong opensiba; (5) ang pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya tungo sa pakikidigmang makilos; at (6) ang wastong relasyon ng kumand. Ito ang anim na bagay na bumubuo ng buong estratehikong programa para sa pakikidigmang gerilya laban sa Hapon at ang kinakailangang mga paraan sa preserbasyon at pagpapalaki ng ating mga pwersa, para sa pagdurog at pagpapatalsik ng kaaway, sa koordinasyon sa pakikidigmang regular at ang pagpapanalo sa ultimong tagumpay.

## KABANATA IV

## INISYATIBA, PLEKSIBILIDAD AT PAGPAPLANO SA PAGLULUNSAD NG MGA OPENSIBA SA LOOB NG DEPENSIBA, LABANANG MABILIS NA TINATAPOS SA LOOB NG MATAGALANG DIGMA, AT MGA OPERASYON SA LINYANG EKSTERYOR SA LOOB NG MGA OPERASYON SA LINYANG INTERYOR

Dito ang paksa ay maaaring hatiin sa apat na bahagi: (1) ang relasyon sa pagitan ng depensiba at opensiba, sa pagitan

ng pagiging matagalan at ng labanang mabilis na tinatapos, sa pagitan ng linyang interyor at linyang eksteryor; (2) ang inisyatiba sa lahat ng operasyon; (3) pleksibleng paggamit sa pwersa; at (4) pagpaplano sa lahat ng operasyon.

Simulan natin ang una.

Kung titingnan natin ang Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan, itinatakda ng katotohanang ang Hapon ay isang malakas na bayan at sumasalakay, habang ang Tsina ay isang mahinang bayan at nagtatanggol sa sarili na ang ating digma ay isang depensiba at matagalang digma sa estratehiya. Kung ang linya ng mga operasyon ang pag-uusapan, ang mga Hapones ay kumikilos sa linyang eksteryor at tayo naman sa linyang interyor. Ito ang isang aspeto ng kalagayan. Subalit may isa pang aspeto na mismong kabaliktaran nito. Ang mga pwersa ng kaaway, bagamat malakas (sa armas, sa ilang kalidad ng kanilang tauhan, at iba pang mga salik) ay maliit ang bilang, habang ang ating pwersa, bagamat mahina (gayundin, sa armas, sa ilang kalidad ng ating tauhan, at sa ilang pang salik) ay malaki ang bilang. Dagdag sa katotohanang ang kaaway ay isang dayuhang bansang sumasalakay sa ating bansa habang tayo nama'y nagtatanggol laban sa kanyang pananalakay sa ating sariling lupain, itinatakda nito ang sumusunod na estratehiya. Posible at kinakailangang gamitin ang taktikal na opensiba sa loob ng estratehikong depensiba, maglunsad ng mga kampanya at labanang mabilis na tinatapos sa loob ng isang digmang matagalan sa estratehiya, at maglunsad ng mga kampanya at labanan sa linyang eksteryor sa loob ng linyang interyor sa estratehiya. Ganoon ang estratehiya na dapat itaguyod sa Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan. Totoo ito kapwa sa pakikidigmang regular at gerilya. Ang pakikidigmang gerilya ay naiiba lamang sa antas at anyo. Ang mga opensiba sa pakikidigmang gerilya sa kalakhan ay nag-aanyo sa mga sorpresang atake. Bagamat ang mga sorpresang atake ay maaari at dapat gamitin sa pakikidigmang regular, mas mababa ang antas ng

sorpresa. Sa pakikidigmang gerilya, ang pangangailangang tapusin kaagad ang mga operasyon ay napakalaki, at ang ating linyang eksteryor na pagkubkob sa kaaway sa mga kampanya at labanan ay napakaliit. Iniiba ng lahat ng ito ang pakikidigmang gerilya sa pakikidigmang regular.

Kung gayon, makikita na sa kanilang mga operasyon, dapat tipunin ng mga yunit gerilya ang maksimum na pwersa, kumilos nang palihim at mabilis, sorpresahang atakehin ang kaaway at mabilis na tapusin ang mga labanan, at dapat mahigpit nilang iwasan ang pasibong depensa, pagpapaliban-liban at ang pagkalat ng mga pwersa bago ang mga labanan. Mangyari pa, ang pakikidigmang gerilya ay kinapapalooban di lamang ng estratehiko kundi pati taktikal na depensiba. Ang huli'y sumasaklaw, bukod sa iba pa, ng aksyong pampigil at pantanod sa panahon ng mga labanan; disposisyon ng mga pwersa sa pagtatanggol sa makikitid na paso, estratehikong mga lugar, mga ilog o mga baryo upang mabawasan at mapagod ang kaaway; at aksyon para maikubli ang pag-atras. Subalit dapat ang saligang prinsipyo ng pakikidigmang gerilya ay ang opensiba at ang pakikidigmang gerilya ay mas opensibo sa katangian nito kaysa pakikidigmang regular. Dagdag pa, dapat mag-anyong mga sorpresang atake ang opensiba, at ang paglalantad sa sarili sa pamamagitan ng lantarang pagpaparada ng ating mga pwersa ay mas hindi pinahihintulutan sa pakikidigmang gerilya kaysa pakiki-digmang regular. Ang katotohanang malakas ang kaaway at mahina tayo ay nangangahulugan na sa mga operasyong gerilya sa pangkalahatan higit kaysa pakikidigmang regular, ang mga labanan ay dapat mabilis na tapusin, pero sa ilang pagkakataon, maaaring magtagal nang ilang araw ang pakikipaglabang gerilya, tulad ng paglusob sa isang maliit at hiwalay na pwersa ng kaaway na putol sa anumang tulong. Dahil sa katangiang kalat nito, ang pakikidigmang gerilya ay maaaring lumaganap kahit saan, at sa marami sa mga tungkulin nito, tulad ng pagharas, pagpigil at panggugulo sa kaaway

at sa gawaing masa, ang prinsipyo nito ay paghihiwa-hiwalay o dispersal ng pwersa; subalit dapat tipunin ng isang yunit gerilya, o isang pormasyong gerilya, ang pangunahing pwersa nito kung dinudurog nito ang kaaway, at laluna kung sinisikap nitong durugin ang isang atake ng kaaway. Ang "Magtipon ng malaking pwersa upang umatake sa isang maliit na bahagi ng pwersa ng kaaway" ay nanatiling prinsipyo ng mga operasyon sa larangan sa pakikidigmang gerilya.

Kung gayon, makikita na kung titingnan natin ang Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan, makakamit natin ang layunin ng ating estratehikong depensiba at magagapi natin sa wakas ang imperyalismong Hapones sa pamamagitan lamang ng kumulatibong epekto ng maraming kampanya at labanang opensibo kapwa sa pakikidigmang regular at gerilya, ibig sabihin, sa pamamagitan ng kumulatibong epekto ng maraming tagumpay sa mga aksyong opensibo. Tanging sa kumulatibong epekto ng maraming kampanya at labanang mabilis na tinatapos, sa kumulatibong epekto ng maraming tagumpay na nakamit sa pamamagitan ng labanang mabilis na tinatapos sa mga kampanya't labanang opensibo, tanging sa gayon lamang makakamit ang ating layunin ng estratehikong pagkamatagalan. Nangangahulugan ito ng pagtatamo ng sapat na panahon upang mapataas ang ating kapasidad sa pagtatanggol habang pinabibilis o naghihintay ng pagbabago sa kalagayan sa daigdig at sa internal na pagbagsak ng kaaway, upang mailunsad ang isang estratehikong kontra-opensiba at mapatalsik ang mananalakay na Hapones mula sa Tsina. Dapat tipunin natin ang superyor na pwersa at ilunsad ang mga operasyon sa linyang eksteryor sa lahat ng kampanya o labanan, sa yugto man ng estratehikong depensiba o sa estratehikong kontra-opensiba, upang kubkubin at durugin ang mga pwersa ng kaaway, kinukubkob ang bahagi kung hindi man lahat ng ito, dinudurog ang bahagi kung hindi man lahat ng pwersang ating nakubkob, at nagdudulot ng mabibigat

na pinsala sa mga pwersang nakubkob kung hindi natin sila mabihag nang maramihan. Tanging sa kumulatibong epekto ng maraming ganoong labanan ng anihilasyon maaari nating mabago ang relatibong posisyon sa pagitan ng kaaway at ng ating sarili, lubusang mawasak ang kanyang estratehikong pagkubkob – ibig sabihin, ang kanyang pakanang operasyon sa linyang eksteryor – at sa huli, kakoordina ng mga pwersang internasyunal at ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Hapones, paligiran ang mga imperyalistang Hapones at ibigwas ang pamatay na dagok sa kanila. Ang ganitong resulta ay makakamit pangunahin sa pamamagitan ng pakikidigmang regular, at may sekundaryong ambag ang pakikidigmang gerilya. Gayunman, ang komun sa dalawa ay ang akumulasyon ng maraming menor na tagumpay upang malikha ang isang mayor na tagumpay. Narito ang malaking estratehikong papel ng pakikidigmang gerilya sa Digma ng Pagtatanggol.

Talakayin naman natin ngayon ang inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano sa pakikidigmang gerilya.

Ano ang inisyatiba sa pakikidigmang gerilya?

Sa anumang digma, nag-aagawan ang magkatunggali para sa inisyatiba, sa larangan man ng digma, sa isang erya ng labanan, sa isang sona ng digma o sa kabuuang digma, dahil ang inisyatiba ay nangangahulugan ng kalayaan ng pagkilos para sa isang hukbo. Anumang hukbo na nawawalan ng inisyatiba ay sapilitang nalalagay sa isang pasibong posisyon, at nawawalan ng kalayaan sa pagkilos, at kumakaharap sa panganib ng pagkatalo o pagkalipol. Natural na ang pagtatamo ng inisyatiba ay higit na mahirap sa estratehikong depensiba at mga operasyon sa linyang interyor, at higit na mas madali sa mga opensibong operasyon sa linyang eksteryor. Gayunman, ang imperyalismong Hapones ay may dalawang saligang kahinaan, ang kakulangan ng tropa at ang katotohanang ito'y lumalaban sa isang lupang dayuhan. Dagdag pa, ang pagmamaliit nito sa

lakas ng Tsina at ang internal na tunggalian sa hanay ng mga militaristang Hapones ay nagbigay daan sa maraming pagkakamali sa kumand, tulad ng pira-pirasong reimporsment, kakulangan ng estratehikong koordinasyon, pana-panahong kawalan ng pangunahing direksyon ng atake, pagkabigong masamantala ang mga pagkakataon sa ilang operasyon, at pagkabigong lipulin ang nakubkob na mga pwersa; lahat ng ito'y maituturing na ikatlong kahinaan ng imperyalismong Hapones. Kung gayon, sa kabila ng bentahe ng pagiging nasa opensiba at pagkilos sa linyang eksteryor, unti-unting nabibitiwan ng mga militaristang Hapones ang inisyatiba, dahil sa kakulangan sa tropa (ang kanilang maliit na teritoryo, maliit na populasyon, di sapat na rekurso, pyudal na imperyalismo, atbp.), dahil sa katotohanang sila'y lumalaban sa isang dayuhang lupain (ang kanilang digma ay imperyalista at mabangis) at dahil sa mga katangahan sa kumand. Kapwa hindi gusto at hindi kaya ng Hapon na tapusin ang digma sa kasalukuyan, at hindi pa natatapos ang kanyang estratehikong opensiba, subalit tulad ng ipinapakita ng pangkalahatang tunguhin, ang kanyang opensiba ay limitado, na di maiiwasang resulta ng kanyang tatlong kahinaan; hindi niya kayang magtuluy-tuloy hanggang sa malamon niya ang kabuuan ng Tsina. Ngayon pa lang, nariyan na ang senyales na darating ang araw na makikita ng Hapon na siya'y nasa isang ganap na pasibong posisyon. Sa kabilang banda, ang Tsina ay nasa isang pasibong posisyon sa simula ng digma, subalit matapos magkaroon ng karanasan ay pumapaling ngayon sa isang bagong patakaran ng pakikidigmang makilos, ang patakaran ng pagkuha sa opensiba, ang pagtitiyak ng labanang mabilis na tinatapos at pagkilos sa linyang eksteryor sa mga kampanya at labanan, na kasama ng patakaran ng pagpapalaganap ng pakikidigmang gerilya, ay tumutulong sa Tsina na makamit ang posisyon ng inisyatiba sa bawat araw na lumilipas.

Ang usapin ng inisyatiba ay higit na mahalaga sa pakiki-

digmang gerilya. Ito'y dahil karamihan ng mga yunit gerilya ay kumikilos sa napakahirap na kalagayan, lumalaban nang walang likuran, humaharap ang kanilang mahihinang pwersa sa malalakas na pwersa ng kaaway, kulang sa karanasan (kapag bagong buo ang mga yunit), kumikilos nang hiwalay, atbp. Gayunpaman, posibleng malikha ang inisyatiba sa pakikidigmang gerilya, na ang esensyal na kundisyon ay ang pagsasamantala sa mga kahinaan ng kaaway. Bilang pagsasamantala sa kakulangan sa tropa ng kaaway (sa punto de bista ng digma sa kabuuan), mapangahas na magagamit ng mga yunit gerilya ang malalawak na erya bilang kanilang mga larangan ng operasyon; bilang pagsasamantala sa kalagayan na ang kaaway ay isang dayuhang mananalakay at gumagamit ng napakalupit na patakaran, mapangahas na makukuha ng mga yunit gerilya ang suporta ng milyung-milyong mamamayan; bilang pagsasamantala sa katangahan ng kumand ng kaaway, mabibigyang laya ang pagkamaabilidad ng mga yunit gerilya. Habang kailangang samantalahin ng regular na hukbo ang lahat ng kahinaang ito ng kaaway at gamitin ang mga ito sa kanyang bentahe upang magapi ang kaaway, higit na mahalaga na gawin ito ng mga yunit gerilya. Kaugnay naman ng mga kahinaan ng mga yunit gerilya, maaaring unti-unting mabawasan ang mga ito sa proseso ng pakikibaka. Dagdag pa, ang mga kahinaang ito sa ilang pagkakataon ang pinakakundisyon sa pagsunggab sa inisyatiba. Halimbawa, dahil mismo sa kaliitan ng mga yunit gerilya kung kaya't maaari silang lumitaw at maglahong parang bula sa kanilang mga operasyon sa likod ng linya ng kaaway, nang walang magagawa ang kaaway tungkol sa mga ito, at sa gayo'y magtamasa ng kalayaan sa pagkilos na hindi kailanman makakamit ng malalaking hukbong regular.

Kung ang kaaway ay naglulunsad ng isang nagsasalikupang atake mula sa iba't ibang direksyon, magkakainisyatiba lamang ang isang yunit gerilya sa pinakamahirap na sirkunstansya at madali ring mawala ito sa kanya. Sa ganitong kaso, kung mali

ang kanyang pagsusuri at disposisyon, malamang na malagay ito sa isang pasibong posisyon at sa gayo'y mabigong wasakin ang nagsasalikupang atake ng kaaway. Maaaring maganap ito kahit na ang kaaway ay nasa depensiba at tayo ang nasa opensiba. Ito'y dahil ang inisyatiba ay resulta ng paggawa ng wastong pagtaya sa sitwasyon (kapwa ng sa atin at ng sa kaaway) at mula sa paggawa ng wastong mga disposisyon sa pulitika at militar. Walang dudang ang isang pesimistikong pagtaya na hindi umaayon sa obhetibong kalagayan at ang pasibong disposisyon na ibubunga nito ay tiyak na magreresulta sa pagkawala ng inisyatiba at maglalagay sa pasibong posisyon. Sa kabilang banda, ang labis na optimistikong pagtaya na hindi umaayon sa obhetibong kalagayan at ang peligrosong pagdidis-posisyon (di maipagmamatwid na peligroso) na ibubunga nito ay magreresulta rin sa pagkawala ng inisyatiba at maglalagay sa isang posisyong katulad ng mga pesimista. Ang inisyatiba ay hindi isang likas na katangian ng henyo kundi isang bagay na natututunan ng isang matalinong pinuno sa pamamagitan ng bukas-isip na pag-aaral at wastong pagtaya ng obhetibong mga kalagayan at sa pamamagitan ng wastong disposisyon sa pulitika at militar. Kung gayon ang inisyatiba ay hindi isang bagay na naririyan na kundi isang bagay na nangangailangan ng mulat na pagsisikap.

Kung napwersa sa isang pasibong posisyon dahil sa ilang maling pagtaya at disposiyon o dahil sa labis na presyur, kinakailangang magsikap ang isang yunit gerilya na makaalpas dito. Kung paano ito isasagawa ay nakabatay sa kalagayan. Sa maraming kaso, kinakailangang "lumayo". Ang kakayahan sa paglayo ang natatanging katangian ng isang yunit gerilya. Ang paglayo ang pangunahing paraan para makaalpas sa isang pasibong posisyon at maagaw muli ang inisyatiba. Subalit hindi ito ang tanging paraan. Ang panahong ang kaaway ay pinakamasigla at tayo'y nasa pinakamabigat na kahirapan ang kadalasa'y siya mismong tyempo ng pagbaliktad ng kalagayan

laban sa kanya at para sa atin. Madalas na nanunumbalik ang isang paborableng kalagayan at ang inisyatiba ay nakukuhang muli bilang resulta ng "pagtatagal pa nang kaunti".

Kasunod nito, talakayin natin ang pleksibilidad.

Ang pleksibilidad ay isang kongkretong ekspresyon ng inisyatiba. Ang pleksibleng paggamit ng pwersa ay higit na mahalaga sa pakikidigmang gerilya kaysa pakikidigmang regular.

Dapat maunawaan ng isang gerilyang kumander na ang pleksibleng paggamit ng kanyang mga pwersa ang pinakamahalagang paraan ng pagbabago ng sitwasyon sa pagitan ng kaaway at ng ating sarili at ng pagkuha ng inisyatiba. Ganoon ang kalikasan ng pakikidigmang gerilya kung saan dapat pleksibleng ginagamit ang mga pwersang gerilya ayon sa kinakaharap na mga tungkulin at ayon sa mga sirkunstansya tulad ng katayuan ng kaaway, kalupaan at lokal na populasyon, at ang pangunahing mga paraan ng paggamit ng pwersa ay ang dispersal, pagkonsentra at paglipat ng posisyon. Sa paggamit ng kanyang mga pwersa, ang isang gerilyang kumander ay tulad ng isang mangingisdang naghahagis ng kanyang lambat, kinakailangan niyang ihagis ito nang palapad at gayundin ay batakin ito nang mahigpit. Sa palapad na paghahagis ng kanyang lambat, dapat alamin ng mangingisda ang lalim ng tubig, ang bilis ng agos, ang pagkakaroon o kawalan ng mga balakid; katulad rin nito, sa pagdidispers ng kanyang mga yunit, dapat mag-ingat ang isang gerilyang kumander na hindi siya malalagasan dahil sa di pag-alam sa kalagayan o sa miskalkuladong mga aksyon. Tulad ng mangingisdang kailangang hawakan nang husto ang kanyang lubid upang mabatak ang kanyang lambat nang mahigpit, gayundin kailangan ng isang gerilyang kumander na panatilihin ang kanyang ugnay at komunikasyon sa lahat ng kanyang pwersa at imantini na malapit ang sapat na bilang sa kanyang pangunahing pwersa. Tulad ng kinakailangan ang madalas na pagbabago ng posisyon sa pangingisda, gayundin, kinakailangan ang madalas na pag-

babago ng posisyon para sa isang yunit gerilya. Ang dispersal o paghihiwa-hiwalay, pagkonsentra at pagbabago ng posisyon ay ang tatlong paraan ng pleksibleng paggamit ng mga pwersa sa pakikidigmang gerilya.

Sa pangkalahatan, ang dispersal ng mga yunit gerilya, o ang "paghahati ng buo sa mga bahagi" ay ginagamit pangunahin: (1) kung nais nating bantaan ang kaaway ng isang malapad na harapang atake dahil siya'y nasa depensiba, at pansamantala'y walang pagkakataon upang tipunin ang ating mga pwersa para sa laban; (2) kung nais nating iharas at guluhin ang kaaway sa loob ng isang lugar na mahina ang kanyang mga pwersa; (3) kung hindi tayo makawala sa pagkubkob ng kaaway at nagsisikap tayong lumusot nang hindi gaanong napapansin; (4) kung tayo'y nagigipit ng kalupaan o ng mga suplay; (5) kung tayo'y nagsasagawa ng gawaing masa sa isang malawak na lugar. Subalit anuman ang kalagayan, sa panahong nagdidispers tayo para kumilos, dapat nating bigyang-pansin ang sumusunod: (1) hindi natin dapat kailanman gawing absolutong pantay-pantay ang pagdidispers ng mga pwersa, bagkus ay dapat ipwesto ang isang medyo malaking bahagi sa isang eryang maluwag sa pagmamaniobra, upang sa gayo'y mahaharap ang anumang pangyayari at may sentro de grabidad para sa tungkuling ipinatutupad ng pagdidispers; at (2) dapat nating takdaan ang nakadispers na mga yunit ng malilinaw na mga tungkulin, mga larangan ng operasyon, panahong saklaw ng mga pagkilos, mga lugar ng muling pagtatagpo at mga paraan ng ugnayan.

Ang pagkonsentra ng mga pwersa, o "ang pagbubuo ng mga bahagi sa isang kabuuan", ay ang paraang karaniwang ginagamit sa pagdurog sa kaaway kung siya'y nasa opensiba at kung minsan sa pagwasak sa ilan sa kanyang nakahimpil na pwersa kung siya'y nasa depensiba. Ang pagkonsentra ng mga pwersa ay hindi nangangahulugan ng absolutong konsentrasyon, bagkus ay pagtitipon ng pangunahing mga pwersa para

gamitin sa isang mahalagang direksyon habang pinananatili o ipinadadala ang bahagi ng mga pwersa para gamitin sa ibang mga direksyon upang pigilin, iharas o guluhin ang kaaway, o para magsagawa ng gawaing masa.

Kahit na ang pleksibleng dispersal o pagkonsentra ng mga pwersa ayon sa kalagayan ang pangunahing paraan ng pakikidigmang gerilya, dapat alam din natin kung paano pleksibleng babaguhin ang posisyon (o ililipat) ng ating mga pwersa. Kung tunay na nakakaramdam ng malaking banta ang kaaway mula sa mga gerilya, magpapadala siya ng mga tropa para atakehin o sugpuin ang mga ito. Kung gayon, kailangang tasahin ng mga yunit gerilya ang sitwasyon. Kung mainam, dapat silang lumaban kung nasaan sila; kung hindi, hindi sila dapat magsayang ng oras at lumipat sa ibang lugar. Kung minsan, upang madurog ang mga yunit ng kaaway nang paisa-isa, ang mga yunit gerilya na nakadurog sa isang pwersa ng kaaway sa isang lugar ay maaaring kagyat na lumipat sa iba pa upang madurog ang ikalawang pwersa ng kaaway; at minsan, kung hindi mabuting lumaban sa isang lugar, maaari silang kumalas kaagad at labanan ang kaaway sa ibang lugar. Kung napakalaki ang panganib na ihinaharap ng mga pwersa ng kaaway sa isang lugar, hindi dapat magtagal pa ang mga yunit gerilya, bagkus ay dapat umalis nang mabilisan. Sa pangkalahatan, ang pagbabago ng posisyon ay dapat gawin nang lihim at mabilisan. Upang lansihin, painan at lituhin ang kaaway, dapat silang palaging gumamit ng mga pakana, tulad ng pagkukunwaring papasilangan subalit aatake sa kanluran, lilitaw ngayon sa timog at saka biglaang lilitaw sa hilaga, mga atakeng mabilisan ("hit and run"), at mga aksyong panggabi.

Ang pleksibilidad sa dispersal, pagkonsentra at mga pagbabago sa posisyon ay ang kongkretong ekspresyon ng inisyatiba sa pakikidigmang gerilya, habang ang kawalan ng pleksibilidad at ang inersya ay di maiiwasang humantong sa pasibidad at lilikha ng di kinakailangang mga pagkatalo.

Subalit ipinapakita ng isang kumander na siya'y marunong hindi lamang sa pagkilala sa halaga ng pleksibleng paggamit ng kanyang mga pwersa subalit sa husay din sa dispersal, pagkonsentra o pagbabago ng posisyon ng mga ito sa tamang panahon batay sa mga partikular na kalagayan. Ang karunungan sa pagdamdam sa mga pagbabago at pagpili ng wastong sandali para kumilos ay di kaagad nakakamit; makukuha lamang ito ng mga taong nag-aaral nang may bukas na isip at nagsisiyasat at matamang nagsusuri. Ang maingat na pagtaya sa mga kalagayan ay esensyal sa pag-iwas na ang pleksibilidad ay maging padalus-dalos na pagkilos.

At huli, dumating tayo sa pagpaplano.

Kung walang pagpaplano, imposible ang mga tagumpay sa pakikidigmang gerilya. Anumang ideya na ang pakikidigmang gerilya ay maaaring ilunsad sa isang padaskul-daskol na paraan ay nagpapakita ng pagiging di seryoso o kawalang kaalaman sa pakikidigmang gerilya. Ang mga operasyon sa isang sonang gerilya sa kabuuan, o iyong sa isang yunit gerilya o pormasyon, ay dapat may mauunang pinakamasinop na pagpaplanong posible, ng naunang paghahanda bago ang bawat pagkilos. Ang pag-unawa sa kalagayan, pagtatakda ng mga tungkulin, pagtatalaga ng mga pwersa, pagbibigay ng mga pagsasanay pulitiko-militar, pangangalap ng suplay, pagkokondisyon ng mga kagamitan, angkop na paggamit sa tulong ng mamamayan, atbp. – lahat ng ito'y bahagi ng gawain ng mga kumander gerilya, na dapat nilang maingat na isaalang-alang at mulat na gampanan at matyagan. Hindi matatamo ang inisyatiba, pleksibilidad, at opensiba hangga't hindi nila ginagawa ito. Totoo ang mga kalagayang gerilya ay hindi nagpapahintulot ng kasintaas na antas ng pagpaplano tulad ng pakikidigmang regular, at magiging isang kamalian kung tatangkain ang napakasinop na pagpaplano sa pakikidigmang gerilya. Ngunit kinakailangang masinop na magplano hanggang sa ipinahihintulot ng obhetibong kalagayan, dahil dapat

unawain na hindi biro ang lumaban sa kaaway.

Maipaliliwanag ng mga punto sa itaas ang pinakauna sa mga estratehikong prinsipyo ng pakikidigmang gerilya, ang prinsipyo ng paggamit ng inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano ng paglulunsad ng mga opensiba sa loob ng depensiba, mga labanan na mabilis na tinatapos sa loob ng matagalang digma, at mga operasyon sa linyang eksteryor sa loob ng mga operasyon sa linyang interyor. Ito ang susing usapin sa estratehiya ng pakikidigmang gerilya. Ang solusyon ng usaping ito ang magbibigay ng mayor na garantiya ng tagumpay sa pakikidigmang gerilya kung ang pamumunong militar ang pag-uusapan.

Kahit na maraming klase ng mga usapin ang tinalakay rito, lahat sila'y umiikot sa opensiba sa mga kampanya at mga labanan. Ang inisyatiba ay mapagpasyang mapapanghawakan lamang matapos ang tagumpay sa isang opensiba. Dapat organisahin ang bawat operasyong opensibo sa ating inisyatiba at hindi kapag napipilitan lamang. Ang pleksibilidad sa paggamit ng mga pwersa ay umiikot sa pagsisikap na kunin ang opensiba, at kinakailangan ang pagpaplano pangunahin upang matiyak ang tagumpay sa mga opensibong operasyon. Ang mga hakbangin sa taktikal na depensa ay walang saysay kung hiwalay ang mga ito sa kanilang papel sa pagbibigay ng tuwiran o di tuwirang suporta sa isang opensiba. Ang mabilis na pagtatapos ng labanan ay pumapatungkol sa tempo ng isang opensiba, at ang linyang eksteryor ay pumapatungkol sa saklaw nito. Ang opensiba ang tanging paraan ng pagdurog sa kaaway at siya ring pangunahing paraan ng preserbasyon ng sarili, habang ang purong depensa at pag-atras ay maaari lamang gumanap ng pansamantala at parsyal na papel sa preserbasyon ng sarili at walang kagamit-gamit sa pagdurog sa kaaway.

Ang prinsipyong isinaad sa itaas sa saligan ay pareho kapwa sa pakikidigmang regular at gerilya; naiiba lamang

ito sa ilang antas sa paraan ng pagkakahugis. Gayunman, sa pakikidigmang gerilya kapwa mahalaga at kinakailangan ang pagtanda sa pagkakaibang ito. Dahil ang pagkakaibang ito mismo ng anyo ang nagtatangi sa mga pamamaraang pang-operasyon ng pakikidigmang gerilya mula sa mga pamamaraan ng pakikidigmang regular. Kung ipagkakamali natin ang dalawang magkaibang anyong pinagkakahugisan ng prinsipyo, imposible ang tagumpay sa pakikidigmang gerilya.

## KABANATA V
## KOORDINASYON SA PAKIKIDIGMANG REGULAR

Ang ikalawang usapin ng estratehiya sa pakikidigmang gerilya ay ang koordinasyon nito sa pakikidigmang regular. Usapin ito ng paglilinaw ng relasyon sa pagitan ng pakikidigmang gerilya at regular sa antas ng operasyon, dahil sa katangian ng aktwal na mga operasyong gerilya. Ang pag-unawa sa relasyong ito ay napakahalaga para maging epektibo sa paggapi sa kaaway.

May tatlong tipo ng koordinasyon sa pagitan ng pakikidigmang gerilya at pakikidigmang regular: koordinasyon sa estratehiya, sa mga kampanya at sa mga labanan.

Kung titingnan sa kabuuan, ang pakikidigmang gerilya sa loob ng linya ng kaaway, na pumipilay sa kaaway, umiipit sa kanya, gumugulo sa kanyang linya ng suplay at nagbibigay inspirasyon sa mga pwersang regular at sa mamamayan sa buong bansa, ay koordinado sa pakikidigmang regular sa estratehiya. Tingnan ang halimbawa ng pakikidigmang gerilya sa tatlong probinsya sa hilagang-silangan. Mangyari pa, hindi lumitaw ang usapin ng koordinasyon bago ang pambansang Digma ng Pagtatanggol, subalit mula nang mag-umpisa ang digma, luminaw ang kabuluhan ng gayong koordinasyon. Bawat kaaway na sundalong napapatay roon ng mga gerilya, bawat bala na nagagawa nilang ipagamit sa kaaway, bawat sundalong napipigil nilang sumulong sa timog ng Great Wall

ay maaaring ituring na isang kontribusyon sa kabuuang lakas ng pagtatanggol. Dagdag pa, maliwanag na nakadedemoralisa sila sa buong hukbo ng kaaway at sa lahat ng Hapon, at nakasisigla sa ating buong hukbo at sambayanan. Mas malinaw pa ang papel sa estratehikong koordinasyong ginagampanan ng pakikidigmang gerilya sa mga Perokaril ng Peiping-Suiyuan, Peiping-Hankow, Tientsin-Pukow, Tatung-Pukow, Chengtin-Taiyuan at Shanghai-Hangchow. Hindi lamang gumaganap ang mga yunit gerilya ng tungkulin ng koordinasyon sa mga regular na pwersa sa ating kasalukuyang estratehikong depensiba, kung kailan ang kaaway ay nasa estratehikong opensiba; hindi lamang sila nakikipagkoordina sa mga regular na pwersa sa panggugulo sa hawak ng kaaway sa sakop na mga teritoryo, matapos niyang tapusin ang kanyang estratehikong opensiba at bumaling sa pagtatanggol ng kanyang mga tagumpay; nakikipagkoordina rin sila sa mga regular na pwersa sa pagpapatalsik sa mga pwersa ng kaaway at sa pagbawi sa lahat ng nawalang teritoryo, sa panahong maglulunsad na ang mga regular na pwersa ng estratehikong kontra-opensiba. Hindi dapat balewalain ang malaking papel ng pakikidigmang gerilya sa estratehikong koordinasyon. Dapat malinaw na maunawaan ng mga kumander kapwa ng mga yunit gerilya at ng mga regular na pwersa ang papel na ito.

Dagdag pa, gumaganap ang pakikidigmang gerilya ng tungkulin ng koordinasyon sa pakikidigmang regular sa mga kampanya. Halimbawa, sa kampanya sa Hsinkuo, sa hilaga ng Taiyuan, gumanap ang mga gerilya ng isang natatanging papel sa koordinasyon kapwa sa hilaga at timog ng Yenmen-kuan sa pamamagitan ng pagwasak sa Perokaril ng Tatung-Puchow at sa mga lansangang tumatagos sa Pinghsingkuan at Yangfangkou. Isa pang halimbawa. Matapos sakupin ng kaaway ang Fenglingtu, ang pakikidigmang gerilya na malaganap na sa buong Probinsya ng Shansi at inilulunsad pangunahin ng mga pwersang regular, ay gumanap ng mas malaki pang

papel sa pamamagitan ng koordinasyon sa mga kampanyang depensiba sa kanluran ng Yellow River sa Probinsya ng Shensi at sa timog ng Yellow River sa Probinsya ng Honan. Muli, nang sinalakay ng kaaway ang timog ng Shantung, ang pakikidigmang gerilya sa limang probinsya sa hilagang Tsina ay umambag nang malaki sa pamamagitan ng koordinasyon sa mga kampanya ng ating hukbo. Sa pagganap ng tungkuling katulad nito, dapat mahusay na idisposisyon ng mga pinuno ng bawat baseng gerilya sa loob ng linya ng kaaway o ng mga kumander ng mga pormasyong gerilya na pansamantalang ipinadala roon, ang kanilang mga pwersa, at sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang taktika na angkop sa panahon at lugar, masiglang kumilos laban sa pinakamahahalaga at pinakabulnerableng mga bahagi ng kaaway upang siya'y mapilay, maipit, mabulabog ang kanyang mga linya ng suplay, bigyang inspirasyon ang ating mga hukbo na nagkakampanya sa mga interyor na linya, at sa gayo'y gampanan ang kanilang tungkulin ng koordinasyon sa kampanya. Kung ang bawat sonang gerilya o yunit ay magkakanya-kanya nang hindi nagbibigay ng atensyon sa pakikipagkoordina sa mga kampanya ng mga regular na pwersa, mawawala ang kalakhan ng kabuluhan ng kanyang papel sa estratehikong koordinasyon, bagama't mananatili itong gumaganap ng ilang gayong papel sa pangkalahatang estratehiya. Dapat bigyan ng seryosong pansin ng lahat ng kumander gerilya ang puntong ito. Para makamit ang koordinasyon sa mga kampanya, absolutong kailangan para sa lahat ng mas malalaking yunit gerilya at pormasyong gerilya na magkaroon ng kagamitang radyo.

Panghuli, ang koordinasyon sa mga regular na pwersa sa mga labanan, sa aktwal na pakikipaglaban sa larangan ng labanan, ay tungkulin ng lahat ng yunit gerilya sa paligid ng larangan ng labanan na nasa linyang interyor. Mangyari pa, ito'y angkop lamang sa mga yunit gerilya na kumikilos nang malapit sa mga regular na pwersa o sa mga yunit ng mga regu-

lar na ipinadala sa pansamantalang mga misyong gerilya. Sa mga kasong iyon, dapat gampanan ng isang yunit gerilya ang anumang tungkulin na ibinigay ng kumander ng mga regular na pwersa, na kadalasan ay ang pag-ipit (pin down) sa ilan sa pwersa ng kaaway, pagbulabog sa kanyang mga linya ng suplay, paniniktik, o pagtayo bilang mga giya ng mga regular na pwersa. Maski walang gayong atas, dapat gawin ng yunit gerilya ang mga tungkuling ito sa kanyang sariling inisyatiba. Hindi katanggap-tanggap na aktitud para sa isang yunit gerilya na umupo sa isang tabi nang walang ginagawa at hindi kumikilos o lumalaban, o umikot-ikot nang hindi lumalaban.

## KABANATA VI

## ANG PAGTATATAG NG MGA BASENG PUROK

Ang ikatlong usapin sa estratehiya sa pakikidigmang gerilya laban sa Hapon ay ang pagtatatag ng mga baseng purok, na mahalaga at esensyal dahil sa matagalang katangian at kalupitan ng digmaan. Ang pagbawi sa ating nawalang mga teritoryo ay kinakailangang maghintay sa pambansang estratehikong kontra-opensiba; sa panahong iyon, ang larangan ng kaaway ay mababanat nang malalim sa gitnang Tsina at hahatiin nito ang Tsina sa dalawa mula hilaga hanggang timog, at isang bahagi o mas malaki pang bahagi ng ating teritoryo ang babagsak sa mga kamay ng kaaway at magiging likuran niya. Kinakailangan nating pasaklawin ang ating pakikidigmang gerilya sa buong latag ng malawak na eryang ito na okupado ng kaaway, gawing larangan ang likuran ng kaaway, at pwersahin siyang lumaban nang walang tigil sa buong teritoryong kanyang sinasakop. Hanggang sa panahong ilulunsad na ang ating estratehikong kontra-opensiba at hanggang ang nawalang mga teritoryo natin ay hindi pa nababawi, kinakailangang magpursigi sa pakikidigmang gerilya sa likuran ng kaaway, tiyak sa loob ng matagal-tagal na panahon, bagamat hindi tiyak na masasabi kung gaano katagal. Ito ang dahilan bakit ang digma ay magiging matagalan. Upang bantayan ang kanyang mga ganansya

sa okupadong mga erya, tiyak na pasisiglahin ng kaaway ang kanyang mga hakbanging kontra-gerilya, at tiyak na maglulunsad nang walang humpay na pagsugpo sa mga gerilya laluna matapos matigil ang kanyang estratehikong opensiba. Dahil sa gayong pagiging malupit bukod sa pagiging matagalan, imposibleng isustini ang pakikidigmang gerilya sa loob ng linya ng kaaway kung walang mga baseng purok.

Ano kung gayon ang mga baseng purok na ito? Ang mga ito ay ang estratehikong mga base na sasandigan ng mga pwersang gerilya sa pagganap ng kanilang estratehikong mga tungkulin at pagkamit ng layuning ipreserba at palawakin ang sarili at durugin at patalsikin ang kaaway. Kung wala ang gayong estratehikong mga base, walang masasaligan sa pagganap sa ating estratehikong mga tungkulin o kamtin ang layunin ng digma. Katangian ng pakikidigmang gerilya sa loob ng linya ng kaaway na ito'y isinusulong nang walang likuran, dahil hiwalay ang mga pwersang gerilya sa pangkalahatang likuran ng bayan. Gayunman, hindi magtatagal o lalago ang pakikidigmang gerilya nang walang mga baseng purok. Sa katunayan, ang mga baseng purok ang kanyang likuran.

Makikita sa kasaysayan ang maraming digmang magsasaka na tipong "rebeldeng lagalag", subalit wala sa kanila ang nagtagumpay. Sa kasalukuyang panahon ng abanteng komunikasyon at teknolohiya, lalo pang walang batayan ang isiping maaaring kamtin ang tagumpay sa pakikipaglaban sa paraang rebeldeng lagalag. Gayunman, ang ideyang rebeldeng lagalag ay patuloy na umiiral sa hanay ng mahihirap na magsasaka, at sa isipan ng mga gerilyang kumander nagkakahugis ito sa pananaw na hindi kinakailangan ni mahalaga ang mga baseng purok. Kung gayon, kinakailangan munang alisin sa isipan ng mga gerilyang kumander ang ideyang ito sa pagpapasya ng patakaran ng pagtatatag ng mga baseng purok. Lumilitaw sa lahat ng pakikidigmang gerilya ang usapin kung magbubuo o hindi ng mga baseng purok, at kung ituturing na mahalaga o hindi ang mga ito, sa ibang salita, ang tunggalian sa pagitan

ng ideya ng pagtatatag ng mga baseng purok at ng paglaban na tulad ng mga rebeldeng lagalag, at sa isang antas, ang ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapon ay hindi eksepsyon. Kung gayon di maiiwasan ang proseso ng pakikitunggali laban sa ideolohiyang rebeldeng lagalag. Magiging paborable lamang ang kalagayan para sa pagsusustini ng pakikidigmang gerilya sa mahabang panahon kung ang ideolohiyang ito'y lubusang mapangingibabawan at pasisimulan at ipapatupad ang patakaran ng pagtatatag ng mga baseng purok.

Ngayong nailinaw na ang pangangailangan at kahalagahan ng mga baseng purok, magtungo tayo sa sumusunod na mga usapin na dapat maunawaan at lutasin kaugnay ng pagtatatag ng mga baseng purok. Ang mga usaping ito ay ang mga tipo ng mga baseng purok, ang mga sonang gerilya at ang mga baseng purok, ang mga kondisyon sa pagtatatag ng mga baseng purok, ang konsolidasyon at pagpapalawak ng mga ito, at ang mga anyo kung saan nagkukubkuban tayo at ang kaaway sa isa't isa.

## 1. ANG MGA TIPO NG MGA BASENG PUROK

May tatlong tipo ng mga baseng purok sa pakikidigmang gerilya laban sa Hapon sa kalakhan: iyong nasa kabundukan, iyong nasa kapatagan at iyong nasa mga rehiyong ilog-lawa-wawa.

Litaw na litaw ang bentahe ng pagtatatag ng mga baseng purok sa mga rehiyong mabundok, at iyong naitatag, itinatatag o itatatag sa Kabundukang Changpai[1], Wutai[2], Taihang[3], Taishan[4], Yenshan[5] at Maoshan[6] ay kabilang lahat sa ganitong tipo. Lahat ng ito ay mga lugar kung saan maaaring isustini ang pakikidigmang gerilya laban sa Hapon sa mas mahabang panahon, at mahahalagang muog para sa Digma ng Pagtatanggol. Dapat nating paunlarin ang pakikidigmang gerilya at itayo ang mga baseng purok sa lahat ng mabundok na rehiyon sa likod ng linya ng kaaway.

Mangyari pa, hindi gaanong angkop ang mga kapatagan kaysa mga kabundukan, pero hindi imposibleng paunlarin ang pakikidigmang gerilya o magtatag ng anumang baseng purok doon. Sa katunayan, ang malawakang pakikidigmang gerilya sa mga kapatagan ng Hopei at ng hilaga at hilagang-kanlurang Shantung ay nagpapatunay na posibleng magpaunlad ng pakikidigmang gerilya sa mga kapatagan. Kahit na wala pang ebidensya sa posibilidad ng pagtatatag ng mga baseng purok doon at pagmamantini ng mga ito nang matagal, napatunayan na, na ang pagtatayo ng pansamantalang mga baseng purok ay posible, at dapat posible na magtayo ng mga baseng purok para sa maliliit na yunit o para sa pana-panahong paggamit. Sa isang banda, walang sapat na tropa ang kaaway at nagtataguyod ng isang patakaran ng walang kapantay na kalupitan, at sa kabilang banda, ang Tsina ay may malawak na teritoryo at malawak na bilang ng mamamayan na nagtatanggol laban sa Hapon; naririyan kung gayon ang obhetibong mga kondisyon para sa pagpapalaganap ng pakikidigmang gerilya at pagtatayo ng pansamantalang mga baseng purok sa mga kapatagan. Kung may mahusay na kumand militar, dapat maging posible ang pagtatayo ng mga base para sa maliliit na yunit gerilya roon, mga base na pangmatagalan subalit hindi pirmi[7]. Sa pangkalahatan, kapag napatigil ang estratehikong opensiba ng kaaway at pumasok siya sa yugto ng pagtatanggol ng mga eryang okupado niya, tiyak na maglulunsad siya ng mababangis na atake sa lahat ng gerilyang baseng purok, at iyong mga nasa kapatagan ang natural na unang papasan ng bigat nito. Ang malalaking pormasyong gerilya na kumikilos sa mga kapatagan ay hindi makapananatili sa paglaban doon nang matagal at unti-unting tutungo paakyat sa mga kabundukan ayon sa itinatakda ng sirkunstansya, halimbawa, mula sa Kapatagang Hopei patungong Kabundukang Wutai at Taihang, o mula sa Kapatagan ng Shantung patungong Kabundukang Taishan at sa Peninsulang Shantung sa silangan. Gayunman,

dahil sa sirkunstansya ng ating pambansang digma hindi imposible para sa maraming maliliit na yunit gerilya na patuloy na magmantini sa iba't ibang county sa malawak na kapatagan at gumamit ng isang makilos na paraan ng paglaban, ibig sabihin, sa pamamagitan ng paglilipat-lipat ng kanilang mga base mula sa isang lugar tungo sa isa pa. Tiyak na posible ang paglulunsad ng pana-panahong pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng pagsasamantala ng "luntiang kurtina" ng matataas na pananim sa tag-araw at ng nagyeyelong ilog sa taglamig. Dahil walang pwersang maililibre ang kaaway ngayon at hindi kailanman makahaharap sa lahat ng bagay kahit pa noong may pwersa pa siyang maililibre, absolutong kinakailangan nating itakda ang patakaran, sa kasalukuyan, ng pagpapa-laganap ng pakikidigmang gerilya sa malalayo at maraming lugar at pagtatatag ng pansamantalang mga baseng purok sa kapatagan, at sa hinaharap, paghahanda sa pagpapatuloy ng pakikidigmang gerilya ng maliliit ng yunit, kahit na pana-panahon lamang, at paglikha ng mga baseng purok na hindi pirmi.

Sa obhetibong pananaw, mas malaki ang posibilidad ng pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya at pagtatatag ng mga baseng purok sa mga rehiyong ilog-lawa-wawa kaysa kapatagan, bagamat mas mababa kaysa kabundukan. Ang dramatikong mga labanang inilunsad ng mga "pirata" at ng mga "tulisang dagat", na napakarami sa ating kasaysayan, at ang pakikidigmang gerilya sa gilid ng Lawa ng Hunghu na inilunsad sa loob ng maraming taon sa panahon ng Pulang Hukbo, ay kapwa nagpapatunay na posible ang pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya at ang pagtatatag ng mga baseng purok sa mga rehiyong ilog-lawa-wawa. Subalit hanggang sa kasalukuyan, kakarampot ang pansin na ibinibigay ng mga pampulitikang partido at ng masa na nagtatanggol laban sa Hapon sa posibilidad na ito. Bagamat hindi pa sapat ang suhetibong kalagayan, walang dudang dapat pag-ukulan na-

tin ng pansin ang posibilidad na ito at simulang harapin ang pagbubuo nito. Bilang isang aspeto ng pagpapaunlad ng ating pakikidigmang gerilya sa buong bansa, kailangang mabisa nating organisahin ang pakikidigmang gerilya sa rehiyong Lawa ng Hungtse sa hilaga ng Ilog Yangtse, sa rehiyong Lawa ng Taihu sa timog ng Ilog Yangtse, at sa lahat ng rehiyong ilog-lawa-wawa sa mga eryang okupado ng kaaway sa tabi ng mga ilog at sa tabing-dagat, at kailangang likhain natin ang permanenteng mga baseng purok sa gayong mga lugar at malapit dito. Sa pagkakaligta sa aspetong ito, parang ibinibigay na natin sa kaaway ang mga pasilidad sa transportasyon sa tubig; ito'y isang puwang sa ating estratehikong plano para sa Digma ng Pagtatanggol na dapat punuan sa nalalapit na panahon.

## 2. MGA SONANG GERILYA AT BASENG PUROK

Sa pakikidigmang gerilya sa loob ng mga linya ng kaaway, may pagkakaiba sa pagitan ng mga sonang gerilya at mga baseng gerilya. Ang mga eryang napaliligiran ng kaaway pero hindi naman okupado ng kaaway ang mga gitnang bahagi o kaya'y nabawi na, tulad ng ilang county sa mabundok na rehiyon ng Wuhai (ibig sabihin, ang hangganang purok ng Shansi-Chahar-Hopei), at ang ilang pang lugar sa Taihang at mabubundok na rehiyon ng Taishan, ay mga buo nang base para sa kumbinyenteng paggamit ng mga yunit gerilya sa pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya. Subalit sa iba pang mga lugar sa mga eryang ito, kakaiba ang kalagayan, halimbawa, sa silangan at hilagang bahagi ng mabundok na rehiyon ng Wutai, na kabilang ang mga bahagi ng kanlurang Hopei at katimugang Chahar, at sa maraming lugar sa silangan ng Paoting at kanluran ng Tsangchow. Nang magsimula ang pakikidigmang gerilya, hindi ganap na maokupa ng mga gerilya ang mga lugar na ito kundi nakagagawa lamang ng madalas na mga reyd; ang mga ito ay mga purok na natatanganan ng

mga gerilya kapag sila'y naroroon at ng papet na rehimen kung wala sila, at sa gayon, hindi pa mga baseng gerilya kundi iyong matatawag na mga sonang gerilya lamang. Ang gayong mga sonang gerilya ay maitatransporma bilang mga baseng purok kung magdaraan sa kinakailangang mga proseso ng pakikidigmang gerilya, ibig sabihin, kung nalipol o nagapi na roon ang malaking bilang ng mga tropa ng kaaway, nawasak na ang papet na rehimen, napukaw nang kumilos ang masa, nabuo na ang mga organisasyong masa laban sa Hapon, napaunlad ang lokal na armadong pwersa ng mamamayan, at naitatag na ang pampulitikang kapangyarihang anti-Hapon. Ang pakahulugan natin sa pagpapalawak ng ating mga baseng purok ay ang pagdadagdag ng mga erya tulad ng mga ito sa mga baseng naitatag na.

Sa ibang mga lugar, halimbawa ang silangang Hopei, mula't sapul ay sonang gerilya ang buong erya ng mga operasyong gerilya. Matagal na roon ang papet na rehimen, at mula't sapul, ang buong erya ng mga operasyon ay sonang gerilya kapwa para mga armadong pwersa ng mamamayan na umusbong mula sa lokal na mga pag-aalsa at para sa mga destakamentong gerilya na ipinadala mula sa Kabundukang Wutai. Sa pinakasimula ng kanilang mga aktibidad, ang tanging nagagawa nila ay pagpili ng ilang medyo magandang mga lugar doon bilang pansamantalang likuran o mga baseng purok. Ang gayong mga lugar ay hindi maitatransporma mula mga sonang gerilya tungo sa relatibong istableng mga baseng purok hanggang hindi nadudurog ang mga pwersa ng kaaway at hanggang hindi bumubwelo ang gawain ng pagpupukaw sa mamamayan.

Kung gayon, ang transpormasyon ng isang sonang gerilya tungo sa isang baseng purok ay isang mahirap at mapanlikhang proseso, at ang pagtamo nito ay nakabatay sa inabot na antas ng pagdurog sa kaaway at pagpukaw sa mamamayan.

Maraming rehiyon ang mananatiling mga sonang gerilya

sa mahabang panahon. Sa mga rehiyong ito, hindi makapag-tatayo ang kaaway ng istableng papet na mga rehimen, gaanuman niyang sikapin na panatilihin ang kontrol, habang sa ating bahagi naman, hindi natin matatamo ang layuning itatag ang kapangyarihang pampulitikang anti-Hapon, gaanuman natin mapaunlad ang pakikidigmang gerilya. Ang mga halimbawa ng ganitong tipo ay makikita sa mga rehiyong okupado ng kaaway sa mga linya ng perokaril, sa karatig na mga purok ng malalaking lunsod at sa ilang lugar sa kapatagan.

Kaugnay ng malalaking lunsod, mga himpilan ng perokaril at mga erya sa kapatagan na matibay na ginagarison ng kaaway, maaari lamang sumaklaw ang pakikidigmang gerilya sa mga gilid at hindi mismo sa mga lugar na ito na may relatibong istableng papet na mga rehimen. Isa pa itong tipo ng sitwasyon.

Ang mga pagkakamali sa ating pamumuno o ang malakas na presyur ng kaaway ay maaaring maging sanhi ng pagbalig-tad ng kalagayan, ibig sabihin, ang isang baseng gerilya ay maaaring maging isang sonang gerilya, at ang isang sonang gerilya ay maaaring maging isang purok na nasa ilalim ng relatibong istableng okupasyon ng kaaway. Posible ang gayong mga pagbabago, at dapat bigyan ng natatanging pagmamatyag sa bahagi ng mga gerilyang kumander.

Kung gayon, bilang resulta ng pakikidigmang gerilya at ng labanan sa pagitan natin at ng kaaway, ang buong teritoryong okupado ng kaaway ay papaloob sa tatlong kategorya: una, mga baseng anti-Hapon na hawak ng ating mga yunit gerilya at ating mga organo ng kapangyarihang pampulitika; ikalawa, ang mga purok na hawak ng imperyalismong Hapones at mga papet na rehimen nito; at ikatlo, ang intermedyang mga sona na pinaglalabanan ng magkabilang panig, ibig sabihin, ang mga sonang gerilya. May tungkulin ang mga gerilyang kumander na palawakin ang una at ikatlong kategorya sa maksimum at paliitin ang ikalawang kategorya sa minimum. Ito ang estrate-hikong tungkulin ng pakikidigmang gerilya.

## 3. MGA KUNDISYON PARA SA PAGTATATAG NG MGA BASENG PUROK

Ang pundamental na mga kundisyon para sa pagtatatag ng isang baseng purok ay iyong dapat mayroong armadong pwersang anti-Hapon, dapat ginagamit ang mga armadong pwersang ito sa pagpapalasap sa kaaway ng mga pagkatalo at dapat pinupukaw ng mga ito ang mamamayan para kumilos. Kung gayon, una sa lahat, ang pagtatatag ng isang baseng purok ay usapin ng pagbubuo ng armadong pwersa. Dapat ibuhos ng mga pinuno sa pakikidigmang gerilya ang kanilang lakas sa pagtatayo ng isa o higit pang mga yunit gerilya, at dapat unti-unting paunlarin ang mga ito sa proseso ng pakikibaka bilang mga pormasyong gerilya o maski pa bilang mga yunit at pormasyon ng mga tropang regular. Ang pagtatayo ng isang armadong pwersa ang susi sa pagtatatag ng isang baseng purok; kung walang armadong pwersa o kung mahina ang armadong pwersa, walang anumang magagawa. Ito ang unang kundisyon.

Ang ikalawang di maisasantabing kondisyon sa pagtatatag ng isang baseng purok ay dapat gamitin ang armadong pwersa nang may koordinasyon sa mamamayan para gapiin ang kaaway. Lahat ng lugar na nasa kontrol ng kaaway ay baseng purok ng kaaway, at hindi gerilyang baseng purok, at malinaw na hindi maitatransporma bilang mga gerilyang baseng purok hanggat hindi nagagapi ang kaaway. Kung hindi natin malalabanan ang mga atake ng kaaway at hindi siya matatalo, kahit na ang mga lugar na tangan ng mga gerilya ay mapaiilalim sa kontrol ng kaaway, at dahil dito, magiging imposible ang pagtatatag ng mga baseng purok.

Ang ikatlong di maisasantabing kondisyon sa pagtatatag ng isang baseng purok ay ang paggamit ng ating buong lakas, kabilang ang ating armadong pwersa, upang pukawin ang masa para sa paglaban sa Hapon. Sa proseso ng pakikibakang ito, dapat armasan natin ang mamamayan, ibig sabihin, mag-organisa ng mga kwerpong pananggol sa sarili at mga yunit

gerilya. Sa proseso ng pakikibakang ito, dapat tayong magbuo ng mga organisasyong masa, dapat nating organisahin ang mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, bata, mangangalakal at taong propesyunal – ayon sa antas ng kanilang pampulitikang kamulatan at kasiglahan sa paglaban – sa iba't ibang organisasyong masa na kinakailangan para sa pakikibaka laban sa agresyong Hapones, at dapat unti-unti nating palawakin ang mga ito. Kung walang organisasyon, hindi mabibigyang bisa ng mamamayan ang kanilang anti-Hapon na lakas. Sa proseso ng pakikibakang ito, dapat alisin natin ang hayag at nakatagong mga traydor, isang tungkulin na magagawa lamang sa pamamagitan ng pagsandig sa lakas ng mamamayan. Sa pakikibakang ito, napakahalaga na pukawin ang mamamayan para itatag, o ikonsolida, ang kanilang lokal na mga organo ng kapangyarihang anti-Hapon. Sa mga lugar na hindi nawasak ng kaaway ang orihinal na mga organo ng kapangyarihang pampulitikang Tsino, dapat nating reorganisahin at palakasin ang mga ito sa pamamagitan ng suporta ng malawak na masa, at sa mga lugar na nawasak ang mga ito ng kaaway, dapat muli nating itayo ang mga ito sa pamamagitan ng pagsisikap ng masa. Ang mga ito ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika para sa pagpapatupad ng ating patakarang Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon; dapat pagkaisahin nito ang lahat ng pwersa ng mamamayan para lumaban sa iisang kaaway natin, ang imperyalismong Hapones, at ang mga aso nito, ang mga traydor at mga reaksyunaryo.

Tunay na maitatatag ang isang baseng purok para sa pakikidigmang gerilya sa pamamagitan lamang ng unti-unting pagtupad sa tatlong batayang kundisyong ito, ibig sabihin, matapos lamang maitayo ang armadong pwersa laban sa Hapones, matalo ang kaaway at mapukaw ang masa.

Dapat banggitin din ang dyograpikal at pang-ekonomyang mga kundisyon. Tulad ng sa una, tinalakay na natin ang tatlong magkakaibang kategorya sa naunang bahagi tungkol sa mga

tipo ng baseng purok, at dito, ang kailangan lamang nating banggitin ay isang mayor na rekisito, na walang iba kundi dapat maging malapad ang erya. Sa mga lugar na pinalilibutan ng kaaway sa lahat ng panig, o sa tatlong panig, ang mga bulubunduking rehiyon ang natural na nagbibigay ng pinakamainam na kundisyon para sa pagtatayo ng mga baseng purok na maaaring tumagal nang mahabang panahon, subalit ang pangunahin ay dapat mayroong sapat na maniobrahan ang mga gerilya, ibig sabihin, dapat malapad ang erya. Kung malapad ang erya, maaaring paunlarin ang pakikidigmang gerilya at isustini kahit pa sa kapatagan, huwag nang banggitin pa ang mga rehiyong ilog-lawa-wawa. Sa kalakhan, ang kalawakan ng teritoryo ng Tsina at ang kakulangan sa tropa ng kaaway ay nagbibigay ng kundisyong ito sa pakikidigmang gerilya sa Tsina. Ito ay isang mahalaga, kundi man isang pangunahing kundisyon, kung pag-uusapan ang posibilidad ng pakikidigmang gerilya, at maliit o walang ganoong posibilidad ang maliliit na bansa tulad ng Belgium na wala ang kondisyong ito[8]. Sa Tsina, ang kondisyong ito ay hindi isang bagay na dapat pang pagsikapang likhain, at hindi nagiging problema; pisikal nang naririyan ito, at kinakailangan na lamang gamitin.

Kung ang kanilang pisikal na kinalalagyan ang pag-uusapan, kahawig ng mga kundisyon sa ekonomya ang kundisyon sa dyograpiya. Ito'y dahil ang ating tinatalakay ngayon ay ang pagtatatag ng mga baseng purok hindi sa isang disyerto, kung saan walang matatagpuang kaaway, kundi sa likod ng mga linya ng kaaway; bawat lugar na mapapasok ng kaaway ay mayroon nang mga naninirahang Tsino at may batayang pang-ekonomya para mabuhay nang nagsasarili, at sa gayon, ang usapin ng pagpili ng mga kundisyon sa ekonomya sa pagtatatag ng mga baseng purok ay talagang hindi lilitaw. Anuman ang kalagayan sa ekonomya, dapat gawin natin ang lahat para paunlarin ang pakikidigmang gerilya at itayo ang permanente o pansamantalang mga baseng purok sa lahat ng

lugar kung saan matatagpuan ang mga naninirahang Tsino o pwersa ng kaaway. Gayunman, sa pulitika, ang mga kundisyon sa ekonomya ay naghahapag ng usapin, ang usapin ng patakaran sa ekonomya na may malaking kahalagahan sa pagtatatag ng mga baseng purok. Dapat umalinsunod ang mga patakaran sa ekonomya ng mga gerilyang baseng purok sa mga prinsipyo ng Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon ng pantay-pantay na paghahati-hati ng pasanin sa pinansya at pagsasanggalang sa komersyo. Hindi dapat lumabag sa mga prinsipyong ito kapwa ang lokal na mga organo ng kapangyarihang pampulitika o ang mga yunit gerilya, dahil kung hindi, may masamang epekto ito sa pagtatatag ng mga baseng purok at pagmamantini ng pakikidigmang gerilya. Ang pantay-pantay na paghahati-hati ng pasaning pinansyal ay nangangahulugan na "iyong mga may salapi ay dapat mag-ambag ng salapi", habang ang mga magsasaka ay dapat magsuplay ng butil sa mga yunit gerilya sa loob ng takdang hanggahan. Ang pagsasanggalang sa komersyo ay nangangahulugan na dapat disiplinadong-disiplinado ang mga yunit gerilya at dapat mahigpit na ipagbawal ang kumpiskasyon ng mga tindahan, liban sa pag-aari ng napatunayang mga traydor. Hindi ito madali, subalit naitakda na ang patakaran at dapat isakatuparan.

## 4. ANG KONSOLIDASYON AT PAGPAPALAWAK NG MGA BASENG PUROK

Upang mailimita ang mga kaaway na mananalakay sa ilang kuta lamang, ibig sabihin, sa malalaking lunsod at sa kahabaan ng mga linya ng komunikasyon, dapat gawin ng mga gerilya ang lahat ng makakaya upang pasaklawin sa pinakamalawak na posible ang pakikidigmang gerilya mula sa kanilang mga baseng purok at palibutan sa lahat ng panig ang lahat ng muog ng kaaway, at sa gayo'y ilagay sa panganib ang kanyang pananatili at yanigin ang kanyang morale habang pinapalawak ang

mga baseng purok. Ito ay esensyal. Sa kontekstong ito, dapat bakahin natin ang konserbatismo sa pakikidigmang gerilya. Magmula man ito sa pagnanais ng maalwang pamumuhay o sa labis na pagtantya sa lakas ng kaaway, ang konserbatismo ay magdadala lamang ng mga pagkatalo sa Digma ng Pagtatanggol at nakapipinsala sa pakikidigmang gerilya at sa mga baseng purok mismo. Gayundin, di natin dapat kaligtaan ang konsolidasyon ng mga baseng purok, na ang pangunahing tungkulin ay ang pagpupukaw at pag-oorganisa sa masa at pagsasanay ng mga yunit gerilya at lokal na mga armadong pwersa. Ang gayong konsolidasyon ay kinakailangan para sa pagmamantini ng matagalang pakikidigma at pati na rin sa pagpapalawak, at kung wala nito, imposible ang masiglang pagpapalawak. Kung aasikasuhin lamang ang pagpapalawak at kaliligtaan ang konsolidasyon sa ating pakikidigmang gerilya, hindi natin kakayanin ang mga atake ng kaaway, at bunga nito, hindi lamang mawawala ang posibilidad ng pagpapalawak kundi mailalagay rin sa panganib ang mismong pag-iral ng mga baseng purok. Ang wastong prinsipyo ay ang pagpapalawak nang may konsolidasyon, na isang magandang paraan at nagpapahintulot sa atin na mag-opensiba o mag-depensiba ayon sa ating kagustuhan. Dahil matagalan ang digma, laging lumilitaw ang usapin ng konsolidasyon at pagpapalawak ng mga baseng purok sa bawat yunit gerilya. Mangyari pa'y nakabatay ang kongkretong solusyon sa mga sirkunstansya. Sa isang panahon, maaaring sa pagpapalawak ang diin, ibig sabihin, sa pagpapalawak ng mga sonang gerilya at pagpapalaki ng bilang ng mga gerilya. Sa ibang panahon, maaaring sa konsolidasyon ang diin, ibig sabihin, sa pag-oorganisa ng masa at pagsasanay ng mga tropa. Dahil nagkakaiba sa kalikasan ang pagpapalawak at konsolidasyon, at dahil mag-iiba ayon dito ang disposisyon at ang iba pang mga tungkulin, posible lamang ang isang epektibong solusyon ng usapin kung pinagsasalit-salit natin ang diin batay sa panahon at sirkunstansya.

## 5. MGA ANYO KUNG PAANO TAYO AT ANG KAAWAY AY KUMUKUBKOB SA ISA'T ISA

Kung titingnan ang Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan, walang dudang sa estratehiya, nakukubkob tayo ng kaaway, dahil siya ay nasa estratehikong opensiba at kumikilos mula sa linyang eksteryor habang tayo ay nasa estratehikong depensiba at kumikilos sa mga linyang interyor. Ito ang unang anyo ng pagkubkob ng kaaway. Sa ating bahagi, kinukubkob naman natin ang bawat isa sa mga kolum ng kaaway na umaatake sa atin sa magkakaibang ruta, dahil ginagamit natin ang patakaran ng opensiba at ng mga operasyon sa linyang eksteryor sa mga kampanya't labanan sa pamamagitan ng paggamit ng higit na nakararaming pwersa laban sa mga kolum ng kaaway na umaatake sa atin mula sa linyang eksteryor. Ito ang unang anyo ng ating pagkubkob sa kaaway. Kasunod, kung titingnan natin ang mga gerilyang baseng purok na nasa likuran ang kaaway, ang bawat erya kung titingnan nang paisa-isa ay nakukubkob ng kaaway sa lahat ng panig, tulad ng rehiyong Kabundukang Wutai, o sa tatlong panig, tulad ng erya ng hilagang-kanlurang Shansi. Ito ang ikalawang anyo ng pagkubkob ng kaaway. Subalit kung titingnan ang lahat ng gerilyang baseng purok nang sama-sama at sa ugnayan ng mga ito sa mga larangan ng labanan ng mga pwersang regular, makikita na sa kabilang banda, pinaliligiran naman natin ang maraming pwersa ng kaaway. Sa Probinsya ng Shansi, halimbawa, napaliligiran natin ang Perokaril ng Tatung-Puchow sa tatlong panig (sa silangan at kanlurang panig at sa dulong timog) at ang lunsod ng Taiyuan sa lahat ng panig; at marami ang kahalintulad na halimbawa sa Probinsya ng Hopei at Shantung. Ito ang ikalawang anyo ng ating pagkubkob sa kaaway. Sa gayon, may dalawang anyo ng pagkubkob ng mga pwersa ng kaaway at dalawang anyo ng pagkubkob natin – para bang tulad ng isang laro ng weichi.[9]

Ang mga kampanya't labanang isinusulong ng dalawang

panig ay katulad ng pag-agaw ng mga pyesa ng isa't isa, at ang pagtatatag ng kaaway ng mga muog at pagtatatag naman natin ng mga gerilyang baseng purok ay katulad ng mga galaw para dominahin ang mga espasyo sa mesa. Sa usapin ng "pagdomina ng mga espasyo" makikita ang malaking estratehikong papel ng mga gerilyang baseng purok sa likuran ng kaaway. Inihahapag natin ang usaping ito sa Digma ng Pagtatanggol para ilagay sa adyenda ng mga pambansang awtoridad sa militar at ng mga gerilyang kumander sa lahat ng erya ang pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya sa likuran ng mga linya ng kaaway at ang pagtatatag ng mga baseng gerilya saan man posible, at ipatupad ito bilang estratehikong tungkulin. Kung sa larangang internasyunal ay malilikha natin ang isang prente laban sa Hapon sa rehiyong Pasipiko, na Tsina ang isang estratehikong yunit, at ang Unyong Sobyet at iba pang bansa na maaaring sumali ang iba pang estratehikong yunit, maaari nating mabuo sa gayon ang isa pang karagdagang anyo ng pagkubkob laban sa kaaway na wala ang kaaway laban sa atin, at malilikha ang operasyon sa linyang eksteryor sa rehiyong Pasipiko at sa pamamagitan nito ay makukubkob at mawawasak ang pasistang Japan. Tiyak na maliit ang kabuluhan nito sa kasalukuyan, pero hindi imposible ang ganoong prospek.

## KABANATA VII

## ANG ESTRATEHIKONG DEPENSIBA AT ANG ESTRATEHIKONG OPENSIBA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA

Ang ikaapat na usapin ng estratehiya sa pakikidigmang gerilya ay hinggil sa estratehikong depensiba at estratehikong opensiba. Ito ang usapin kung paano ipatutupad sa praktika ang patakaran ng pakikidigmang opensibo, na binanggit natin sa ating pagtalakay sa unang usapin, kung tayo ay nasa depensiba at kung tayo ay nasa opensiba sa ating pakikidigmang gerilya laban sa Hapon.

Sa loob ng pambansang estratehikong depensiba o estrate-

hikong opensiba (o estratehikong kontra-opensiba para maging mas eksakto), nagaganap ang maliitang mga estratehikong depensiba at mga opensiba sa loob at sa paligid ng bawat gerilyang baseng purok. Ang ibig nating sabihin sa estratehikong depensiba ay ang ating estratehikong sitwasyon at patakaran kapag nasa opensiba ang kaaway at tayo ay nasa depensiba; ang ibig nating sabihin sa estratehikong opensiba ay ang ating estratehikong sitwasyon at patakaran kapag nasa depensiba ang kaaway at tayo ay nasa opensiba.

## 1. ANG ESTRATEHIKONG DEPENSIBA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA

Matapos sumiklab ang pakikidigmang gerilya at lumaki na nang husto, tiyak na sasalakayin ng kaaway ang mga gerilyang baseng purok, laluna sa panahong napatigil na ang kanyang estratehikong opensiba laban sa bayan sa kabuuan at kanyang ipinatutupad ang patakaran ng pagsasanggalang sa kanyang okupadong mga erya. Mahalagang kilalanin ang katiyakan ng ganoong mga atake, dahil kung hindi, ang mga gerilyang kumander ay magugulantang, at sa harap ng matitinding atake ng kaaway, tiyak na maaalarma at malilito sila, at magagapi ang kanilang mga pwersa.

Upang lipulin ang mga gerilya at ang kanilang mga baseng purok, madalas na gumagamit ang kaaway ng nagsasalikupang mga atake. Halimbawa, sa bawat isa sa apat o limang "ekspedisyong pamarusa" na nakatuon sa rehiyong mabundok ng Wutai, gumawa ang kaaway ng isang planadong atake nang may tatlo, apat o kahit pa anim o pitong kolum nang sabay-sabay. Kung mas malawak ang saklaw ng pakikipaglabang gerilya, kung mas mahalaga ang pusisyon ng mga baseng purok at mas malaki ang panganib sa mga estratehikong sentro at mahahalagang linya ng komunikasyon ng kaaway, mas magiging mabangis ang mga atake ng kaaway. Samakatwid, kung mas mabangis ang mga atake ng kaaway sa isang

eryang gerilya, mas malaki ang indikasyon na matagumpay ang pakikidigmang gerilya roon at epektibong nakokoordina sa pakikipaglabang regular.

Kapag ang kaaway ay naglulunsad ng nagsasalikupang atake gamit ang maraming kolum, ang patakarang gerilya ay ang pagdurog dito sa pamamagitan ng kontra-atake. Madali itong madudurog kung ang bawat isang sumusulong na kolum ng kaaway ay binubuo lamang ng isang yunit, malaki man ito o maliit, walang kasunod na yunit, at hindi kayang mag-istasyon ng mga tropa sa ruta ng pag-abante, hindi kayang magtayo ng mga blockhouse o gumawa ng mga kalsada. Kapag naglulunsad ang kaaway ng nagsasalikupang atake, siya ay nasa opensiba at kumikilos sa linyang eksteryor, habang tayo ay nasa depensiba at kumikilos sa linyang interyor. Kaugnay ng ating disposisyon, dapat nating gamitin ang ating sekundaryong mga pwersa para ipitin ang ilang kolum ng kaaway, habang ang ating pangunahing mga pwersa ay dapat maglunsad ng mga sorpresang atake (pangunahin sa anyo ng mga ambus) sa isang kampanya o labanan laban sa iisang kolum ng kaaway, at binibira ito habang ito'y lumalakad. Kahit na malakas ang kaaway, mapahihina siya ng paulit-ulit na mga sorpresang atake at madalas na aatras pagdating sa kalagitnaan; sa gayon, makapaglulunsad ang mga yunit gerilya ng mas marami pang sorpresang atake sa panahon ng pagtugis, at higit siyang mapahihina. Sa kalahatan, sasakupin ng kaaway ang mga kabayanan sa mga county o iba pang mga bayan sa ating mga baseng purok bago niya itigil ang kanyang opensiba o magsimulang umatras, at dapat nating paligiran ang mga bayang ito, pigilan ang kanyang suplay ng butil at putulin ang kanyang komunikasyon, nang sa gayon kung hindi na niya kaya at magsimula siyang umatras, maaari nating sunggaban ng pagkakataon para tugisin at atakehin siya. Matapos durugin ang isang kolum, dapat nating ilipat ang ating mga pwersa upang durugin ang isa pa, at sa pamamagitan ng pagdurog sa kanila nang paisa-

isa, mawawasak natin ang nagsasalikupang atake.

Ang isang malaking baseng purok tulad ng rehiyong mabundok ng Wutai ay bumubuo ng isang purok militar, na nahahati sa apat o lima, o higit pang subpurok militar, na bawat isa ay may sariling mga armadong pwersa na kumikilos nang nagsasarili. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga taktikang inilarawan sa itaas, madalas na nakadurog ang mga pwersang ito ng mga atake ng kaaway na magkakasabay o magkakasunod.

Sa ating plano ng operasyon laban sa isang nagsasalikupang atake ng kaaway, inilalagay natin sa kalahatan ang ating pangunahing pwersa sa linyang interyor. Ngunit kung mayroon pa tayong labis na lakas, dapat nating gamitin ang ating sekundaryong mga pwersa (tulad ng mga pambayan o pandistritong yunit gerilya, o mga destakamento pa nga ng pangunahing pwersa) sa linyang eksteryor para guluhin ang komunikasyon ng kaaway at ipitin ang kanyang mga reimporsment. Kung titigil ang kaaway sa ating baseng purok, maaari nating baliktarin ang ating mga taktika, ibig sabihin, iwan ang ilan sa ating mga pwersa sa mga baseng purok para kunin ang pansin ng kaaway habang ginagamit ang pangunahing mga pwersa para atakehin ang rehiyong kanyang pinanggalingan at pasiglahin ang ating mga aktibidad roon, upang maakit siyang umatras at atakehin ang ating pangunahing mga pwersa; ito ang taktika ng "pagpapaluwag sa estado ng Chao sa pamamagitan ng pagsalakay sa estado ng Wei".[10]

Sa takbo ng operasyon laban sa isang nagsasalikupang atake, dapat mapakilos ang lokal na mga kwerpong pananggol sa sarili na anti-Hapon at lahat ng organisasyong masa para sa aksyon, at dapat tumulong sa lahat ng paraan sa ating mga tropa upang labanan ang kaaway. Sa paglaban sa kaaway, mahalaga kapwa ang pagpapatupad ng lokal na batas militar, at hanggang posible, ang "pagpapalakas ng ating istrukturang pandepensa at paghawan ng mga bukid". Ang layunin ng una

ay supilin ang mga taksil at iwasang makakuha ang kaaway ng impormasyon, at ang layunin ng huli ay tulungan ang ating sariling mga operasyon (sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating istrukturang pandepensa) at pigilan ang kaaway na makakuha ng pagkain (sa pamamagitan ng paghawan ng mga bukid). Ang "paghawan ng mga bukid" ay nangangahulugan ng agad na pag-ani sa mga pananim kapag nahinog ang mga ito.

Kapag umaatras ang kaaway, kadalasa'y sinusunog niya ang mga bahay sa mga lunsod at bayan na kanyang sinakop at sinusunog ang mga baryong kanyang dinadaanan, sa layuning wasakin ang gerilyang baseng purok; subalit sa pamamagitan nito inaalisan niya ang sarili ng matutuluyan at pagkain sa kanyang kasunod na opensiba, at bumabalandra sa kanyang sariling ulo ang pinsala. Ito ay isang kongkretong paglalarawan kung ano ang ibig nating ipakahulugan sa iisang bagay na may dalawang magkatunggaling aspeto.

Hindi dapat isipin ng isang gerilyang kumander ang pag-iwan sa kanyang baseng purok at paglipat sa iba pa, hangga't napatunayang imposible, matapos ng paulit-ulit na operasyon, ang pagdurog sa matitinding nagsasalikupang atake ng kaaway. Sa ganitong mga sirkunstansya, dapat siyang magbantay laban sa pesimismo. Hangga't hindi nagkakamali ang mga pinuno sa mga usapin ng prinsipyo, sa kalahatan ay posibleng durugin ang nagsasalikupang mga atake at manatili sa mga baseng purok sa mga rehiyong bulubundukin. Tanging sa kapatagan, sa kalagayang nahaharap sa matinding nagsasalikupang atake, dapat pag-aralan ng gerilyang kumander ang iba pang mga hakbangin sa harap ng partikular na mga sirkunstansya, ibig sabihin, ang pag-iwan ng maraming maliliit na yunit para sa kalat-kalat na mga operasyon, habang pansamantalang inililipat ang malalaking pormasyong gerilya sa rehiyong bulubundukin, nang sa gayon, makabalik sila at ipagpatuloy ang kanilang mga aktibidad sa kapatagan kapag umalis na ang

pangunahing mga pwersa ng kaaway.

Sa pangkalahatan, hindi magagamit ng mga Hapon ang prinsipyo ng pakikidigmang blockhouse na ginamit ng Guomindang sa panahon ng gera sibil, dahil di sapat ang kanilang mga pwersa kumpara sa malawak na teritoryo ng Tsina. Gayunman, dapat nating tingnan ang posibilidad na maaari niyang gamitin ito hanggang sa isang antas laban doon sa mga gerilyang baseng purok na may partikular na panganib sa mahahalagang pusisyon nito, subalit kahit na sa ganoong sirkunstansya, dapat tayong maging handa sa pagpapatuloy ng pakikidigmang gerilya sa mga eryang iyon. Dahil nagkaroon na tayo ng karanasan na panatilihin ang pakikidigmang gerilya sa panahon ng gera sibil, walang kaduda-duda sa ating mas malaking kapasidad na gawin ito sa isang pambansang digma. Gayunman, kaugnay ng relatibong lakas militar, kahit makapaglalagay ang kaaway ng pwersa na higit na superyor sa bilang gayundin sa kalidad laban sa ilan sa ating mga baseng purok, naririyan pa rin ang walang kalutasang pambansang kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway at ang di maiiwasang kahinaan ng kanyang kumand. Ang ating mga tagumpay ay nakabatay sa masinsing gawain sa hanay ng masa at sa pleksibleng mga taktika sa ating mga operasyon.

## 2. ANG ESTRATEHIKONG OPENSIBA SA PAKIKIDIGMANG GERILYA

Matapos nating durugin ang isang opensiba ng kaaway at bago magsimula ang kaaway ng isang panibagong opensiba, nasa estratehikong depensiba siya, at tayo ay nasa estratehikong opensiba.

Sa ganoong mga panahon, ang ating patakaran sa operasyon ay hindi ang atakehin ang mga pwersa ng kaaway na nakatrensera sa mga depensibong pusisyon na hindi natin tiyak na matatalo, kundi ang sistematikong pagdurog o pagtataboy sa maliliit na yunit ng kaaway at mga papet na pwersa sa ilang lugar, na kaya nang harapin ng lakas ng ating mga yunit geril-

ya, at palawakin ang ating mga purok, pukawin ang masa para sa pakikibaka laban sa Hapon, punuan at sanayin ang ating mga tropa at mag-organisa ng bagong mga yunit gerilya. Kung mananatili pa rin ang kaaway sa depensiba kapag ipinatutupad na ang mga tungkuling ito, maaaring ibayo pa nating palawakin ang ating bagong mga purok at atakehin ang mga lunsod at linya ng komunikasyon na mahina ang pagkakagarison at hawakan ang mga ito hanggang ipinapahintulot ng sirkunstansya. Lahat ng ito ay mga tungkulin ng estratehikong opensiba, at ang layunin ay samantalahin ang katotohanang ang kaaway ay nasa depensiba upang tayo'y epektibong makapag-ipon ng ating sariling lakas militar at pangmasa, epektibong mabawasan ang lakas ng kaaway at maghanda para durugin ang kaaway nang sistematiko at masigla kapag maglulunsad muli siya ng isang opensiba.

Esensyal ang pagpapahinga at pagsasanay ng ating mga tropa, at ang pinakamainam na panahon para rito ay kapag nasa depensiba ang kaaway. Hindi ito usapin ng pagsasara ng ating sarili sa lahat ng bagay para magpahinga at magsanay, kundi usapin ng paghahanap ng panahon para magpahinga at magsanay habang pinapalawak ang ating mga purok, nililinis ang maliliit na yunit ng kaaway at pinupukaw ang masa. Karaniwa'y ito rin ang panahon ng pagharap sa mabigat na suliranin ng pagkalap ng suplay na pagkain, gamit-pantulog, damit atbp.

Ito rin ang panahon para wasakin ang mga linya ng komunikasyon ng kaaway sa malawakang saklaw, guluhin ang kanyang transportasyon at magbigay ng tuwirang suporta sa mga pwersang regular sa kanilang mga kampanya.

Sa gayong mga panahon, mataas ang kasiglahan ng mga gerilyang baseng purok, sonang gerilya at mga yunit gerilya at ang mga purok na winasak ng kaaway ay unti-unting naisasaayos at muling napasisigla. Nagagalak din ang mga naninirahan sa mga teritoryong okupado ng kaaway, at ma-

tunog na matunog ang katanyagan ng mga gerilya sa lahat ng lugar. Sa kabilang banda, tumitindi ang gulo at disintegrasyon sa kampo ng kaaway at ng kanyang mga tuta, ang mga taksil, habang lumalaki ang pagkamuhi sa mga gerilya at sa kanilang mga baseng purok at pinatitindi ang mga paghahanda para sa pagharap sa kanila. Sa estratehikong opensiba, kung gayon, hindi kapahi-pahintulot para sa mga gerilyang kumander ang labis na masiyahan para maliitin ang kaaway at kaligta-ang palakasin ang pagkakaisa sa kanilang sariling hanay at ikonsolida ang kanilang mga baseng purok at ang kanilang mga pwersa. Sa gayong mga panahon, dapat mahusay nilang bantayan ang bawat galaw ng kaaway para sa senyales ng isang bagong opensiba laban sa atin, upang pagdating ng sandaling ito, maaari nilang tapusin ang kanilang estratehikong opensiba sa maayos na paraan, bumaling sa estratehikong depensiba at sa gayo'y mawasak ang opensiba ng kaaway.

## KABANATA VIII

## PAGPAPAUNLAD NG DIGMANG GERILYA TUNGONG DIGMANG MAKILOS

Ang ikalimang usapin ng estratehiya sa digmang gerilya laban sa Hapon ay ang pagpapaunlad nito tungong digmang makilos, isang pag-unlad na kinakailangan at posible dahil ang digma ay matagalan at malupit. Kung magagapi ng Tsina ang mga mananalakay na Hapon at mababawi ang kanyang mga nawalang teritoryo nang mabilis, at kung ang digma ay hindi matagalan o malupit, hindi na ito kailangan. Pero dahil kabaliktaran nito, ang digma ay matagalan at malupit, hindi maiaangkop ng digmang gerilya ang sarili sa gayong digma liban lamang sa pamamagitan ng pagpapaunlad tungong digmang makilos. Dahil ang digma ay matagalan at malupit, posible para sa mga yunit gerilya na dumaan sa kinakailangang pagpapanday at hakbang-hakbang na itransporma ang sarili sa mga pwersang regular, nang sa gayon ang kanilang moda ng

operasyon ay unti-unting nareregularisa at ang digmang gerilya ay umuunlad tungo sa digmang makilos. Dapat malinaw na kilalanin ng mga gerilyang kumander ang pangangailangan at posibilidad ng pag-unlad na ito kung sila'y magpupunyagi sa, at sistematikong magpa-patupad ng patakaran ng pagtatransporma ng pakikidigmang gerilya tungong pakikidigmang makilos.

Sa maraming lugar, tulad ng sa mabundok na rehiyon ng Wutai, utang ng kasalukuyang pakikidigmang gerilya ang kanyang paglaki sa malalakas na destakamentong ipinadala roon ng mga pwersang regular. Ang mga operasyon doon, kahit na sa kalakhan ay may katangiang gerilya, ay nagtataglay ng isang elemento ng pakikidigmang makilos mula pa sa simula. Ang elementong ito ay unti-unting lalaki habang nagpapatuloy ang digma. Naririto ang bentahe na gumagawang posible sa mabilis na paglawak ng kasalukuyang pakikidigmang gerilyang anti-Hapon at sa mabilis na pag-unlad nito sa mas mataas na antas; sa gayon ang mga kondisyon para sa pakikidigmang gerilya ay higit na superyor kaysa mga kondisyon sa tatlong mga probinsya sa hilagang-silangan.

Upang maitransporma ang mga yunit gerilya na naglulunsad ng pakikidigmang gerilya tungong mga pwersang regular na naglulunsad ng pakikidigmang makilos, dalawang kondisyon ang kinakailangan - ang paglaki ng bilang, at pag-unlad sa kalidad. Liban sa tuwirang pagpapakilos ng mamamayan para sumanib sa mga pwersa, ang dagdag na bilang ay maaaring makamit sa pamamagitan ng pagsasanib ng maliliit na yunit, habang ang mas mataas na kalidad ay nakasalalay sa pagpapanday ng mga mandirigma at pagpapaunlad ng kanilang mga armas sa takbo ng digma.

Sa pagsasanib ng maliliit na yunit, sa isang banda, dapat tayong magbantay laban sa lokalismo, kung saan ang atensyon ay tanging ikinokonsentra sa lokal na mga interes, at nasasagkaan ang sentralisasyon, at sa kabilang banda, dapat tayong

magbantay laban sa kaparaanang lantay militar, kung saan ang lokal na mga interes ay isinasantabi.

Umiiral ang lokalismo sa lokal na mga yunit gerilya at lokal na mga gubyerno, na kadalasa'y abala sa lokal na mga kunsiderasyon sa kapinsalaan ng pangkalahatang interes, o kaya'y mas ninanais na kumilos nang nagsasarili dahil hindi sila sanay na kumilos sa loob ng mas malalaking grupo. Dapat isaalang-alang ito ng mga kumander ng mga pangunahing yunit gerilya o ng mga pormasyong gerilya at gamitin ang paraan ng unti-unting pagsasanib ng bahagi ng lokal na mga yunit, habang hinahayaan ang mga lokalidad na magpanatili ng ilan sa kanilang mga pwersa at palawakin ang kanilang pakikidigmang gerilya; dapat hinahatak ng mga kumander ang mga yunit na ito sa pinagsanib na mga operasyon at pagkatapos ay isagawa ang pagsasanib sa mga ito nang hindi binibiyak ang kanilang orihinal na organisasyon o pinagpapalit-palit ang mga kadre nito, upang madulas na maisasanib ang maliliit na yunit sa mas malaking grupo.

Kasalungat ng lokalismo, ang kaparaanang lantay militar ay kumakatawan sa maling pananaw na tangan-tangan niyong nasa mga pangunahing pwersa na nakatuon lamang sa pagpapalawak ng sariling lakas at nagpapabaya sa pagtulong sa lokal na mga armadong yunit. Hindi nila nauunawaan na ang pag-unlad ng pakikidigmang gerilya tungong pakikidigmang makilos ay nangangahulugan hindi ng pagbitiw sa pakikidigmang gerilya kundi ng gradwal na pagtatayo, sa gitna ng malawakang pakikidigmang gerilya, ng isang pangunahing pwersa na may kakayahang maglunsad ng pakikidigmang makilos, isang pwersang dapat napaliligiran pa rin ng malaking bilang ng mga yunit gerilya na nagsasagawa ng malaganap na mga operasyong gerilya. Ang mga yunit gerilyang ito ay makapangyarihang mga katuwang ng pangunahing pwersa at nagsisilbing isang walang pagkaubos na reserba para sa tuluy-tuloy na paglaki nito. Kung gayon, kung ang isang kumander

ng isang pangunahing pwersa ay magkamaling kaligtaan ang mga interes ng lokal na populasyon at ng lokal na gubyerno bunga ng kaparaanang lantay militar, dapat niyang iwasto ito upang kapwa mabigyan ng sapat na atensyon ang pagpapalaki ng pangunahing pwersa at ang pagpaparami ng lokal na mga armadong yunit.

Upang itaas ang kalidad ng mga yunit gerilya, mahigpit na kinakailangang itaas ang kanilang antas sa pulitika at organisasyon at paunlarin ang kanilang mga kagamitan, teknikang militar, taktika at disiplina, nang sa gayon ay unti-unti nilang maipapadron ang sarili sa mga pwersang regular at maiiwawaksi ang kanilang mga gawing gerilya. Sa pulitika, mahigpit na kinakailangang maunawaan kapwa ng mga kumander at mga mandirigma ang pangangailangan ng pag-aangat ng mga yunit gerilya sa antas ng mga pwersang regular, at hikayatin silang magsikhay sa layuning ito, at tiyaking makakamit ito sa pamamagitan ng gawaing pampulitika. Sa organisasyon, mahigpit na kinakailangan na hakbang-hakbang na punuan ang mga rekisito ng isang pormasyong regular sa sumusunod na mga aspeto – pangmilitar at pampulitikang mga organo, istap, at paraan ng paggawa, isang regular na sistema ng suplay, serbisyong medikal, atbp. Sa usapin ng kagamitan, mahigpit na kinakailangang makakuha ng mas mahuhusay at iba't ibang tipo ng armas at paramihin ang suplay ng kinakailangang mga kagamitang pangkomunikasyon. Sa usapin ng teknika at taktikang militar, mahigpit na kinakailangang iangat ang mga yunit gerilya sa antas na hinihingi ng isang pormasyong regular. Sa usapin ng disiplina, mahigpit na kinakailangang itaas ang antas upang naipapatupad ang iisang istandard, walang mintis na naisasagawa ang bawat atas at napapawi ang lahat ng kaluwagan. Upang magawa ang lahat ng tungkuling ito, kinakailangan ang isang matagal-tagal na pagsisikap, at hindi ito magagawa sa loob ng magdamag, pero dapat tayong umunlad sa direksyong ito. Tanging sa paraang ito maitatayo

ang isang pangunahing pwersa sa bawat gerilyang baseng purok at mapalilitaw ang pakikidigmang makilos para sa mas epektibong mga atake sa kaaway. Mas madaling matatamo ang layuning ito kung saan may ipinadalang mga destakamento o kadre ang mga pwersang regular. Kung gayon, ang lahat ng pwersang regular ay may responsibilidad na tumulong sa mga yunit gerilya na umunlad bilang mga regular na yunit.

## KABANATA IX
## ANG RELASYON NG KUMAND

Ang huling usapin ng estratehiya sa pakikidigmang gerilya laban sa Hapon ay tungkol sa relasyon ng kumand. Isa sa rekisito ng walang humpay na pagsulong ng pakikidigmang gerilya ang wastong solusyon sa usaping ito.

Dahil ang mga yunit gerilya ay isang mas mababang antas ng armadong organisasyong kinatatangian ng kalat-kalat na mga operasyon, hindi nagpapahintulot ang mga paraan ng kumand sa pakikidigmang gerilya ng isang sintaas na antas ng sentralisasyon tulad ng pakikidigmang regular. Kung tatangkaing ilapat ang mga paraan ng kumand ng pakikidigmang regular sa pakikidigmang gerilya, tiyak na kikitid nang husto ang pleksibilidad nito at kukupos ang sigla nito. Ang isang labis na sentralisadong kumand ay tuwirang kasalungat ng malaking pleksibilidad ng pakikidigmang gerilya, at hindi dapat at hindi maaaring gamitin dito.

Gayunman, hindi matagumpay na mapauunlad ang pakikidigmang gerilya kung wala ang isang antas ng sentralisadong kumand. Kapag magkasabay na nagaganap ang malaganap na pakikidigmang regular at malaganap na pakikidigmang gerilya, dapat wastong ikinokoordina ang kanilang mga operasyon; sa gayon may pangangailangan para sa isang kumand na nagkokoordina ng dalawa, ibig sabihin, may pangangailangan para sa isang nagkakaisang estratehikong kumand ng pambansang pangkalahatang istap at ng mga kumander sa mga sona

ng digma. Sa isang sonang gerilya o gerilyang baseng purok na maraming yunit gerilya, karaniwang may isa o higit pang pormasyong gerilya (minsan kasama ang mga pormasyong regular) na bumubuo ng pangunahing pwersa, may ilang iba pang mga yunit gerilya, malaki at maliit, na kumakatawan ng suplementaryong pwersa, at maraming armadong yunit na binubuo ng mga taong hindi binunot mula sa produksyon; ang mga pwersa ng kaaway roon ay karaniwang nabubuo sa isang nagkakaisang kompleks upang ikumpas ang kanilang mga operasyon laban sa mga gerilya. Dahil dito, lumilitaw ang problema ng pagtatayo ng pinag-isa o sentralisadong kumand sa mga sonang gerilya o baseng purok na iyon.

Samakatwid, kakaiba sa absolutong sentralisasyon at sa absolutong desentralisasyon, ang prinsipyo ng kumand sa pakikidigmang gerilya ay dapat sentralisadong estratehikong kumand at desentralisadong kumand sa mga kampanya't labanan.

Kabilang sa sentralisadong estratehikong kumand ang pagpaplano at pagdidirehe ng estado sa pakikidigmang gerilya bilang isang kabuuan, ang koordinasyon ng pakikidigmang gerilya sa pakikidigmang regular sa bawat sona ng digma, at ang nagkakaisang direksyon ng lahat ng pwersang anti-Hapon sa bawat sonang gerilya o baseng purok. Dito nakasasama ang kawalan ng pag-aayunan, pagkakaisa at sentralisasyon, at dapat gawin ang lahat para matiyak ang tatlong ito. Sa pangkalahatang mga usapin, ibig sabihin, sa usapin ng estratehiya, dapat mag-ulat ang mga nakabababang antas sa mga nakakataas at tumalima sa kanilang mga atas upang matiyak ang nagkakaisang pagkilos. Gayunman, ang sentralisasyon ay humihinto sa puntong ito, at makasasama rin kung lalampas pa rito at makikialam sa mga nakakababang antas sa usapin ng detalye tulad ng partikular na disposisyon para sa isang kampanya o labanan. Ito'y dahil ang mga detalyeng iyon ay dapat lutasin ayon sa partikular na sirkunstansya, na nagbabagu-bago ayon sa panahon at lugar at lampas sa

kaalaman ng nakatataas na mga antas ng kumand na nasa malayo. Ito ang ibig sabihin ng prinsipyo ng desentralisadong kumand sa mga kampanya't labanan. Ang prinsipyong ito ay naaayon din sa regular na mga operasyon, laluna kung di sapat ang komunikasyon. Sa maikling sabi, nangangahulugan ito ng pakikidigmang gerilyang inilulunsad nang nagsasarili at nang may inisyatiba sa ating mga kamay sa balangkas ng nagkakaisang estratehiya.

Sa mga lugar na ang isang gerilyang baseng purok ay bumubuo sa isang purok militar na nahahati sa mga subpurok, na ang bawat isa ay binubuo ng maraming county na ang bawat isa naman sa mga ito ay nahahati muli sa mga distrito, ang relasyon sa pagitan ng iba't ibang antas, mula punong-himpilan ng isang purok militar at mga subpurok pababa sa gubyerno ng county at distrito, ay isang relasyon ng magkakasunod na subordinasyon, at dapat nakapailalim sa tuwirang kumand ng isa sa mga ito ang bawat armadong pwersa, ayon sa katangian nito. Sa prinsipyong kapapaliwanag lamang, sa relasyon ng kumand sa mga antas na ito, dapat sentralisado sa mas mataas na antas ang mga usapin sa pangkalahatang patakaran, habang dapat ipatupad ng mga nakabababang organo ang aktwal na mga operasyon ayon sa partikular na mga sirkunstansya, na dapat mayroong karapatan ng independyenteng pagkilos. Kung ang isang mas mataas na antas ay may sasabihin sa aktwal na mga operasyong isinasagawa sa isang mas mababang antas, maaari at dapat nitong iharap ang mga pananaw nito bilang mga "instruksyon" subalit hindi dapat mag-isyu ng di mababaling mga "kumand". Habang mas malawak ang purok, mas kum-plikado ang kalagayan at mas malaki ang distansya sa pagitan ng nakatataas at nakabababang antas, nagiging mas mainam ang pagpapahintulot ng mas malawak na kalayaan sa mga nakabababang antas sa kanilang aktwal na mga operasyon at sa gayon ay mabigyan ang mga operasyong iyon ng isang katangiang mas tugma sa

lokal na mga pangangailangan, upang mapaunlad ng mga nakabababang antas at ng lokal na mga tauhan ang kanilang kakayahang kumilos nang nagsasarili, umangkop sa mga kumplikadong sitwasyon, at matagumpay na palawakin ang pakikidigmang gerilya. Para sa isang armadong yunit o mas malaking pormasyon na nagsusulong ng isang konsentradong operasyon, ang prinsipyong ginagamit ay ang sentralisasyon sa kanyang internal na relasyon ng kumand, dahil ang kalagayan ay malinaw sa nakatataas na kumand; subalit sa sandaling ang yunit o pormasyong ito ay naghati-hati na para sa hiwa-hiwalay na pagkilos, dapat ipatupad ang prinsipyo ng sentra-lisasyon sa pangkalahatang mga usapin at desentralisasyon sa mga detalye, dahil dito ang partikular na sitwasyon ay hindi na malinaw sa nakatataas na kumand.

Ang kawalan ng sentralisasyon kung saan ito kinakailangan ay nangangahulugan ng pagpapabaya ng mga nakatataas na antas o pag-agaw ng awtoridad ng mga nakabababang antas, na kapwa hindi dapat pahintulutan sa relasyon ng nakatataas at nakabababang antas, laluna sa larangang militar. Kung hindi ipatutupad ang desentralisasyon kung saan ito dapat, nangangahulugan ito ng pagmomonopolyo ng kapangyarihan ng nakatataas na antas at kawalan ng inisyatiba sa bahagi ng nakabababang antas, na kapwa hindi kapahi-pahintulot sa relasyon ng mga nakatataas at nakabababang antas, laluna sa kumand ng pakikidigmang gerilya. Ang mga prinsipyong nabanggit ang siyang tanging wastong patakaran sa paglutas ng usapin ng relasyon ng kumand.

## MGA TALA

1. Ang Kabundukang Changpai ay nasa hilagang-silangang hangganan ng Tsina. Matapos ang pananalakay ng Hapones noong Setyembre 18, 1931, naging baseng purok ang rehiyon para sa gerilyang anti-Hapon na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina.

2. Ang Kabundukang Wutai ay nasa mga hangganan sa pagitan ng

Shansi, Hopei at dating Probinsya ng Chahar. Noong Oktubre 1937 sinimulang itayo ng Hukbo ng Ikawalong Ruta na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina ang baseng purok na anti-Hapon ng Shansi-Chahar-Hopei, na ang mabundok na rehiyon ng Wutai ang sentro.

3. Ang Kabundukang Taihang ay nasa mga hangganan sa pagitan ng mga Probinsya ng Shansi, Hopei at Honan. Noong Nobyembre 1937 sinimulang itayo ng Hukbo ng Ikawalong Ruta ang baseng purok na anti-Hapon ng timog-silangang Shansi na ang mabundok na rehiyon ng Taihang ang sentro.

4. Ang Kabundukang Taishan ay isa sa mga pangunahing rurok ng Kabundukang Tai-yi sa gitnang Shantung. Sa taglamig ng 1937, sinimulang itayo ng mga pwersang gerilya na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Tsina ang baseng purok na anti-Hapon ng gitnang Shantung na ang mabundok na rehiyon ng Taihang ang sentro.

5. Ang Kabundukang Yenshan ay nasa hangganan ng Hopei at ng dating Probinsya ng Jehol. Sa tag-init ng 1938, sinimulang itayo ng Hukbo ng Ikawalong Ruta ang baseng purok na anti-Hapon ng silangang Hopei na ang mabundok na rehiyon ng Yenshan ang sentro.

6. Ang mga Bundok ng Maoshan ay nasa katimugang Kiangsu. Noong Hunyo 1938, sinimulang itayo ng Bagong Ikaapat ng Hukbo na pinamumunuan ng Partido Komunista ang baseng purok na anti-Hapon ng katimugang Kiangsu na ang mabundok na rehiyon ng Maoshan ang sentro.

7. Pinatunayan ng karanasang nakuha sa Digma ng Pagtatanggol na posible na itayo sa matagalan, at sa maraming lugar, ang istableng mga baseng purok sa kapatagan. Ito'y bunga ng kalawakan at malalaking populasyon ng mga ito, ng kawastuan ng mga patakaran ng Partido Komunista, ng masinsing pagpapakilos sa mamamayan at ng kakulangan sa tropa ng kaaway. Mas malinaw na pinagtibay ni Kasamang Mao Zedong ang posibilidad na ito sa sumunod na mga direktiba.

8. Magmula nang magtapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, bumugso ang rebolusyonaryong kilusang pambansa at demokratiko sa Asya, Aprika at Latina Amerika. Sa maraming bayan, ang mamamayan, sa pamumuno ng kanilang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa, ay nagsulong ng sustenidong armadong pakikibaka para ibagsak ang madilim na paghahari ng imperyalismo at reaksyon. Ipinakikita nito na sa bagong istorikong mga sirkunstansya – sa panahong ang kampo ng mga sosyalista, ang mga rebolusyonaryong pwersa ng mamamayan sa kolonyal na mga bayan at ang mga pwersa ng mamamayan na nakikibaka para sa demokras-

ya at pag-unlad sa lahat ng bansa ay nagsasagawa ng mga gahiganteng hakbang pasulong, sa panahong higit pang humihina ang pandaidigang sistemang kapitalista, at sa panahong tumutungo sa disintegrasyon ang kolonyal na paghahari ng imperyalismo – ang mga kondisyon kung saan ang mga mamamayan ng iba't ibang bansa ay naglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa ngayon ay hindi katulad niyong kinailangan sa panahon ng pakikidigmang gerilyang inilunsad ng mamamayang Tsino laban sa Hapon. Sa ibang salita, maaaring matagumpay na ilunsad ang pakikidigmang gerilya sa isang bayan na hindi malaki ang teritoryo, halimbawa, sa Cuba, Algeria, Laos at timog Byetnam.

9. Ang weichi ay isang lumang larong Tsino kung saan sinisikap ng dalawang manlalaro na paligiran ang mga pyesa sa mesa ng bawat isa. Kapag napaligiran ang mga pyesa ng isang manlalaro, itinuturing na "patay" (nadakip) na ang mga ito. Subalit kung may sapat na bilang ng bakanteng mga espasyo sa mga napapaligirang pyesa, ang huli ay "buhay" pa (hindi nadakip).

10. Noong 353 B.C. nilusob ng estado ng Wei ang Hantan, ang kabisera ng estado ng Chao. Inutusan ng hari ng estado ng Chi, isang alyado ng Chao, ang kanyang mga heneral na si Tien Chi at Sun Pin na tulungan ang Chao ng kanilang mga tropa. Nang malaman na pinasok ng pinakamahuhusay na pwersa ng Wei ang Chao at iniwan ang kanilang sariling teritoryo nang mahina ang depensa, inatake ni Heneral Sun Pin ang estado ng Wei na pinauwi ang sariling mga tropa para ipagtanggol ang sariling bayan. Sinamantala ng mga tropa ng Chi ang kanilang labis na pagkapagod, at inatake at nilipol ang mga ito sa Kueiling (hilagang-silangan ng kasalukuyang County ng Hotse sa Shantung). Sa paraang iyon, napaalis ang pagkubkob sa Hantan, ang kabisera ng Chao. Mula noon tinawag ng mga estratehistang Tsino ang mga katulad na taktika bilang "pagpapaluwag sa estado ng Chao sa pamamagitan ng pag-atake sa Wei".

# HINGGIL SA MATAGALANG DIGMA

Mayo 1938

Ang serye ng mga lekturang ito ay binigkas ni Kasamang Mao Zedong mula Mayo 26 hanggang Hunyo 3, 1938, sa Samahan ng Yenan para sa Pag-aaral ng Digma ng Pagtatanggol laban sa Hapon.

## PAGLALAHAD NG USAPIN

1. Malapit nang mag-ika-7 ng Hulyo, ang unang anibersaryo ng dakilang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon. Binubuklod sa pagkakaisa, nagpupunyagi sa pagtatanggol at nagpupunyagi sa nagkakaisang prente, magiting na nilalabanan ng mga pwersa ng buong bansa ang kaaway sa halos isang taon. Matamang sinusubaybayan ng mamamayan ng buong daigdig ang digmang ito, na walang katulad sa kasaysayan ng Silangan, at itatanghal din bilang isang dakilang digma sa kasaysayan ng daigdig. Lahat ng Tsino na nagdurusa sa malalaking pinsala ng digma at nakikibaka para sa kaligtasan ng kanyang bansa ay naghahangad ng tagumpay sa araw-araw. Subalit ano nga ba ang magiging takbo ng digma sa aktwal? Mananalo ba tayo? Mananalo ba tayo nang mabilis? Marami ang nag-uusap-usap hinggil sa isang matagalang digma, subalit bakit ito isang matagalang digma? Paano isusulong ang isang matagalang digma? Marami ang nag-uusap-usap hinggil sa ultimong tagumpay, subalit bakit magiging atin ang ultimong tagumpay? Paano tayo magsisikhay para sa ultimong tagumpay? Hindi lahat ay nakakita ng mga kasagutan sa mga katanungang ito; sa katunayan, hanggang sa araw na ito, hindi pa nakakakita ng kasagutan ang karamihan. Kung gayon, pumagitna ang palatalo (defeatist) na mga tagapamandila ng teorya ng pagkalupig ng bansa para sabihin sa mamamayan na malulupig ang Tsina, na ang ultimong tagumpay ay hindi para sa Tsina.

Sa kabilang banda, pumagitna naman ang ilang mapupusok na kaibigan para sabihin sa mamamayan na ang Tsina ay mananalo nang napakabilis nang hindi kinakailangang magbuhos ng anumang malaking pagsisikap. Pero wasto ba ang mga pananaw na ito? Mula't sapul ay sinabi nating mali ang mga ito. Gayunman, hindi pa nagagagap ng karamihan ang ating sinasabi. Sa bahagi, ito ay dahil hindi pa tayo nagsasagawa ng sapat na propaganda at pagpapaliwanag, at sa bahagi ay dahil hindi pa ganap at malinaw na ibinubunyag ng pag-unlad ng obhetibong mga pangyayari ang kanilang likas na kakanyahan at kanilang mga katangian sa mamamayan, na dahil dito'y wala sila sa pusisyon para makita ang pangkalahatang tunguhin at kahihinatnan, at sa gayo'y wala sa pusisyon para magtakda ng isang buong bungkos ng mga patakaran at mga taktika. Ngayon ay mas maigi na ang mga bagay-bagay; sapat na ang karanasan ng sampung buwan ng digma upang pasabugin ang ganap na walang batayang teorya ng pagkalupig ng bansa, at upang makumbinsi ang ating mapupusok na kaibigan na mali ang kanilang teorya ng madaliang tagumpay. Sa mga sirkunstansyang ito, marami ang humihingi ng komprehensibong paliwanag. Totoo ito lalo't higit kaugnay ng matagalang digma hindi lang dahil sa magkasalungat na teorya ng pagkalupig ng bansa at madaliang tagumpay subalit dahil din sa mababaw na pag-unawa sa kalikasan nito. "Ang ating apat na daang milyong mamamayan ay nagsasagawa ng nagkakaisang pagsisikap mula ng Insidenteng Lukouchiao,[a] at ang ultimong tagumpay ay sa Tsina." Malaganap ang pormulang ito. Ito ang wastong pormula subalit nangangailangang mabigyan ng mas maraming laman. Ang ating pagpupunyagi sa Digma ng Pagtatanggol at sa nagkakaisang prente ay posible dahil sa maraming salik. Sa loob ng bansa, ito'y binubuo ng lahat ng partidong pampulitika sa bansa, mula sa Partido Komunista ng Tsina hanggang sa Guomindang,[b] lahat ng mamamayan mula sa mga

manggagawa at magsasaka hanggang sa burgesya, at lahat ng armadong pwersa mula sa mga pwersang regular hanggang sa mga gerilya; sa daigdig, ito'y sumasaklaw sa lupain ng sosyalismo hanggang sa mapagmahal-sa-hustisyang mamamayan sa lahat ng bayan; sa kampo ng kaaway, ito'y sumasaklaw sa mga mamamayan sa Japan na tutol sa digma hanggang sa mga sundalong Hapones sa larangan na tutol sa digma. Sa maikling salita, ang lahat ng pwersang ito'y nakapag-ambag sa iba't ibang antas sa ating Digma ng Pagtatanggol. Bawat taong may konsensya ay dapat magpugay sa kanila. Tayong mga Komunista, kasama ang lahat ng iba pang partidong pampulitika na laban sa Hapon at ang buong sambayanan, ay walang ibang landas kundi ang magsikhay na pagkaisahin ang lahat ng pwersa para sa paggapi sa mala-demonyong mananalakay na Hapones. Ang Hulyo 1 ng taong ito ang ika-17 anibersaryo ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Tsina. Kinakailangan ang isang seryosong pag-aaral ng matagalang digma upang gumanap ang bawat Komunista ng mas mahusay at mas malaking bahagi sa Digma ng Pagtatanggol. Kung gayon, ang aking mga lektura ay ilalaan sa ganoong pag-aaral. Sisikapin kong talakayin ang lahat ng usaping may kaugnayan sa matagalang digma, subalit hindi posibleng madaanan ko ang lahat sa iisang serye ng mga lektura.

2. Pinatutunayan ng lahat ng karanasan ng sampung buwang digma ang kamalian kapwa ng teorya ng di maiiwasang pagkalupig ng Tsina at ng teorya ng madaliang tagumpay ng Tsina. Ang una ay nagbibigay daan sa tendensyang makipagkompromiso at ang huli naman sa tendensyang maliitin ang kaaway. Ang dalawang pagharap sa usapin ay suhetibo at makaisang panig, o sa isang salita, di syentipiko.

3. Bago ang Digma ng Pagtatanggol, maraming usap-usapan hinggil sa pagkalupig ng bansa. Sabi ng ilan, "Mas mahina sa armas ang Tsina at tiyak na matatalo sa digma."

Sabi naman ng iba, "Kung armadong magtatanggol ang Tsina, siya'y tiyak na magiging isang panibagong Abyssinia." Mula nang mag-umpisa ang digmaan, nawala ang hayagang usapan ng pagkalupig ng bansa, subalit nagpapatuloy pa ang lihim na mga usapan, at may karamihan pa nga. Halimbawa, pana-panaho'y lumilitaw ang isang atmospera ng pakikipag-kompromiso at ipinangangatwiran ng mga tagapagtaguyod ng kompromiso na "ang pagpapatuloy ng digmaan ay nangangahulugan ng pagkalupig".[1] Sa isang liham mula sa Hunan, isinulat ng isang estudyante:

> Sa kanayunan, lahat ng bagay ay mistulang napakahirap. Sa paggampan ko ng gawaing propaganda nang nagsasarili, kinailangan kong makipag-usap sa mga tao kailanman at saanman ko sila makita. Ang mga taong nakausap ko ay hindi naman ignorante; mayroon silang pag-unawa sa kung ano ang nangyayari at interesadong-interesado sa kung ano ang aking sasabihin. Subalit kapag nakaharap ko ang sariling mga kamag-anak, palagi nilang sinasabi: "Hindi kayang manalo ng Tsina; siya'y tiyak na matatalo." Nakasusuka sila! Sa kabutihang palad, hindi nila pauli-uling ipinalalaganap ang kanilang mga pananaw, kung hindi'y talagang masama na. Mangyari pa'y mas paniniwalaan ng mga magsasaka ang sinasabi nila.

Ang mga tagapamandilang iyon ng teorya ng di maiiwasang pagkalupig ng Tsina ang bumubuo ng batayang panlipunan ng tendensyang makipagkompromiso. Sila'y makikita sa lahat ng sulok ng Tsina, at sa gayo'y ang problema ng kompromiso ay malamang na sumulpot anumang oras sa loob ng nagkakaisang prente laban sa Hapon at malamang na manatili sa atin hanggang sa wakas ng digmaan. Ngayong bumagsak na ang Hsuchow at nanganganib ang Wuhan, kapaki-pakinabang, sa aking palagay, na birahin ang salalayan ng teorya ng pagkalupig ng bansa.

4. Sa loob ng sampung buwang ito ng digmaan, nagsulputan din ang lahat ng uri ng pananaw na nagpapakita ng kapusukan. Halimbawa, sa simula ng digmaan, marami ang optimistiko nang walang batayan, minamaliit ang Hapon at naniniwala pa mandin na hindi makararating ang mga Hapones nang sinlayo ng Shansi. Minaliit ng ilan ang estra-tehikong papel ng pakikidigmang gerilya sa Digma ng Pagtatanggol at nagdududa sa proposisyon na "kaugnay ng kabuuan, pangunahin ang pakikidigmang makilos at suplementaryo ang pakidigmang gerilya; kaugnay naman ng mga bahagi, pangunahin ang pakikidigmang gerilya at suplementaryo ang pakikidigmang makilos." Hindi sila sang-ayon sa estratehiya ng Hukbo ng Ikawalong Ruta na "Ang pakikidigmang gerilya ay saligan, subalit huwag palampasin ang anumang pagkakataon para sa pakikidigmang makilos sa ilalim ng paborableng mga kalagayan", na itinuturing nilang isang "mekanikal" na kaparaanan.[2] Sa labanan sa Shanghai, sabi ng ilan: "Kung lalaban tayo sa tatlong buwan man lamang, tiyak na magbabago ang pandaigdigang sitwasyon, tiyak na magpapadala ng tropa ang Unyong Sobyet, at matatapos ang digmaan." Isinalalay nila ang kanilang pag-asa para sa kinabukasan ng Digma ng Pagtatanggol pangunahin sa dayuhang ayuda.[3] Matapos ang tagumpay ng Taierhchuang,[4] paniwala ng ilan na dapat ilaban ang kampanyang Hsuchow bilang isang "mala-mapagpasyang kampanya" at dapat baguhin ang patakaran ng matagalang digma. Pinagsasasambit nila ang mga bagay-bagay tulad ng "Ang kampanyang ito ay palatandaan ng huling desperadong paglaban ng kaaway," o "Kung tayo'y mananalo, madedemoralisa ang mga warlord na Hapones at magagawa lamang na maghintay sa kanilang Araw ng Paghuhukom"[5]. Umikot ang ulo ng ilang tao sa tagumpay sa Pinghsingkuan, at mas marami pang ulo ang umikot sa sumunod na tagumpay sa Taierhchuang. Lumitaw ang duda kung aatakehin ng kaaway ang Wuhan.

Marami ang nag-akala na "malamang hindi", at marami pang iba ang nag-akala na "tiyak na hindi". Makaaapekto ang ganoong mga duda sa lahat ng mayor ng usapin. Halimbawa, sapat na ba ang ating pwersa laban sa Hapon? Maaaring sumagot ang ilan ng oo, dahil ang ating kasalukuyang lakas ay sapat na para pigilin ang pagsulong ng kaaway, kung gayon ay bakit pa ito palalakihin? O halimbawa naman, wasto pa ba ang islogang "Konsolidahin at palawakin ang Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon"? Maaaring sumagot ang ilan ng hindi, dahil ang nagkakaisang prente sa kasalukuyang katayuan nito ay may sapat nang lakas para patalsikin ang kaaway, kung kaya bakit pa ito kokonsolidahin at palalawakin? O halimbawa, dapat ba nating pag-ibayuhin ang ating mga pagsisikap sa diplomatiko at pandaigdigang propaganda? Muli, dito maaaring ang kasagutan ay hindi. O halimbawa, dapat bang puspusin natin ang ating pagsisikap na repormahin ang sistema sa hukbo at sistema sa gubyerno, paunlarin ang kilusang masa, ipatupad ang edukasyon para sa pambansang pagtatanggol, sugpuin ang mga taksil at Trotskyista, paunlarin ang industriyang pandigma at paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan? O halimbawa, wasto pa ba ang mga islogan na nananawagan sa pagtatanggol ng Wuhan, Canton at Hilagang-kanluran at sa masiglang pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya sa likuran ng kaaway? Maaaring lahat ng kasagutan ay hindi. May ilan pa ngang tao na, sa sandaling may isang medyo paborableng pihit ang maganap sa sitwasyon ng digma, handang paigtingin ang "kiskisan" sa pagitan ng Guomindang at ng Partido Komunista, at inililihis ang atensyon mula sa mga usaping panlabas tungo sa mga usaping panloob. Halos walang salang magaganap ito tuwing maipagtatagumpay ang isang may kalakihang labanan o pansamantalang mahinto ang pag-abante ng kaaway. Maituturing ang lahat ng nabanggit na kakitiran ng pananaw sa pulitika at militar. Ang gayong sabi-sabi, gaanuman magmistulang matwid, sa katunaya'y

mababaw at walang batayan. Makatutulong sa matagumpay na pagsusulong ng Digma ng Pagtatanggol ang pagpawi sa lahat ng usap-usapang iyon.

5. Ang usapin ngayon ay: Malulupig ba ang Tsina? Ang sagot ay hindi, hindi siya malulupig, bagkus ay matatamo ang ultimong tagumpay. Maaari bang manalo nang mabilisan ang Tsina? Ang sagot ay hindi, hindi siya mananalo nang mabilisan, at ang Digma ng Pagtatanggol ay magiging matagalang digma.

6. Kasing-aga ng dalawang taon sa nakaraan, ipinakita na natin sa pangkalahatan ang pangunahing mga argumento sa mga usaping ito. Noong Hulyo 16, 1936, limang buwan bago ang Insidenteng Sian[b] at labindalawang buwan bago ang Insidenteng Lukouchiao, sa isang interbyu sa isang peryodistang Amerikanong si Mr. Edgar Snow, nagbigay ako ng pangkalahatang pagtaya sa sitwasyon hinggil sa digmaan sa pagitan ng Tsina at Hapon at naglatag ng iba't ibang prinsipyo para sa pagkamit ng tagumpay. Maipaaalaala ito ng sumu-sunod na mga sipi:

> Tanong: Sa anong mga kondisyon sa iyong palagay magagapi at madudurog ng Tsina ang mga pwersa ng Hapon?
>
> Sagot: Tatlong kondisyon ang kinakailangan: una, ang pagtatatag sa Tsina ng isang nagkakaisang prente laban sa Hapon; ikalawa, ang pagbubuo ng isang pandaigdigang nagkakaisang prente laban sa Hapon; ikatlo, ang paglitaw ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan sa Japan at sa mga kolonya ng Japan. Sa paninindigan ng mamamayang Tsino, ang pagkakaisa ng mamamayan ng Tsina ang pinakamahalaga sa tatlong kondisyon.
>
> Tanong: Gaano kahaba sa iyong palagay magtatagal ang ganoong digmaan?
>
> Sagot: Nakabatay iyon sa lakas ng nagkakaisang prente ng Tsina laban sa Hapon at sa marami pang ibang nakaaapektong salik sa Tsina at Japan. Ibig sabihin, liban sa

sariling lakas ng Tsina, na siyang pangunahin, mahalaga rin ang pandaigdigang tulong sa Tsina at ang tulong na ipagkakaloob ng rebolusyon sa Japan. Kung mapalalawak nang husto ang nagkakaisang prente laban sa Hapon ng Tsina at epektibong maoorganisa sa horisontal at bertikal na paraan, kung maipagkakaloob ang kinakailangang tulong sa Tsina niyong mga gubyerno at mamamayan na kumikilala sa banta ng imperyalistang Hapones sa kanilang sariling interes, at kung mangyayari agad ang rebolusyon sa Japan, ang digmaan ay mabilis na matatapos at mabilis na makakamit ng Tsina ang tagumpay. Kung hindi agad mangyayari ang mga kondisyong ito, magtatagal ang digmaan. Subalit sa huli, anu't anuman, tiyak na matatalo ang Japan at tiyak na magtatagumpay ang Tsina. 'Yun nga lamang, magiging malaki ang mga sakripisyo at magkakaroon ng isang napakasakit na yugto.

Tanong: Ano ang iyong opinyon sa malamang na landas ng pag-unlad ng ganoong digmaan, sa pulitika at militar?

Sagot: Pirmi na ang patakaran ng Hapon sa kontinente, at nagpapatianod sa pantasya iyong mga nag-aakalang maaari nilang ihinto ang pag-abante ng Hapones sa pamamagitan ng pakikipagkompromiso sa Hapon kapalit ng dagdag na teritoryo ng Tsina at mga karapatang soberano. Alam na nating tiyak na ang nakabababang lambak ng Yangtze at ang ating mga daungan sa timog ay kabilang na sa programa ng imperyalismong Hapones sa kontinente. Dagdag pa, nais sakupin ng Hapon ang Pilipinas, Siam, Indo-Tsina, ang Malay Peninsula at ang Dutch East Indies upang putulin ang ibang mga bayan mula sa Tsina at monopolisahin ang timog-kanlurang Pasipiko. Ito ang patakarang pandagat ng Japan. Sa ganoong yugto, ang Tsina ay tiyak na malalagay sa gipit na gipit na pusisyon. Subalit ang mayorya ng mamamayang Tsino ay nanini-

walang mapangingibabawan ang ganoong mga kahirapan; tanging ang mayayaman sa malalaking lunsod na may daungan ang palatalo (defeatist) dahil natatakot silang mawala ang kanilang ari-arian. Marami ang nag-aakala na imposible para sa Tsina na ipagpatuloy ang digma sa sandaling iblokeyo ng Japan ang kanyang mga baybayin. Ito'y kabalbalan. Para patunayang mali ang mga ito, kailangan lamang nating banggitin ang kasaysayan sa digma ng Pulang Hukbo. Sa kasalukuyang Digma ng Pagtatanggol laban sa Hapon, ang pusisyon ng Tsina ay higit na superyor kaysa Pulang Hukbo noong gera sibil. Ang Tsina ay isang malawak na bayan, at kahit na magtagumpay ang Hapon sa pagsakop sa isang bahagi ng Tsina na may 100 hanggang 200 milyong katao, malayo pa rin tayo sa pagkatalo. Mayroon pa rin tayong sapat-sapat na lakas para lumaban sa Hapon, habang kinakailangang makipagtagisan ang Hapones sa mga depensibong labanan sa kanyang likuran sa kabuuan ng digmaan. Ang pagkakaiba-iba at di pantay na pag-unlad ng ekonomya ng Tsina ay pumapabor sa isang digma ng pagtatanggol. Halimbawa, ang pagkakahiwalay ng Shanghai mula sa iba pang bahagi ng Tsina ay tiyak na hindi kasinlaking kapinsalaan tulad ng pagkakahiwalay ng New York sa iba pang bahagi ng United States. Kahit na iblokeyo ng Japan ang baybayin ng Tsina, imposible niyang iblokeyo ang Hilagang-kanluran, Timog-kanluran at Kanluran. Sa gayon, muli, ang sentral na usapin ay ang pagkakaisa ng buong sambayanang Tsino at ang pagtatayo ng isang pambansang prente laban sa Hapon. Ito ang ating matagal nang itinataguyod.

Tanong: Kung magtagal ang digmaan sa loob ng mahabang panahon at ang Japan ay hindi ganap na magapi, sasang-ayon ba ang Partido Komunista sa negosasyon ng isang kapayapaan sa Japan at kikilalanin ang kanyang

paghahari sa hilagang-silangan ng Tsina?

Sagot: Hindi. Tulad ng mamamayan ng buong bayan, hindi papayag ang Partido Komunista ng Tsina na magpanatili ang Japan ng kahit isang pulgada ng teritoryo ng Tsina.

Tanong: Ano, sa iyong opinyon, ang dapat na maging pangunahing estratehiya at mga taktikang dapat sundin sa "digma ng pagpapalayang ito"?

Sagot: Ang ating estratehiya ay dapat gamitin ang ating mga pangunahing pwersa sa isang malapad at pabagubagong (fluid) larangan. Upang makamit ang tagumpay, dapat ilunsad ng mga tropang Tsino ang pakikidigma nito na may mataas na antas ng pagiging makilos sa malapad na mga larangan ng digma, at gumawa ng mabibilis na pagabante at pag-atras, mabibilis na konsentrasyon at dispersal. Nangangahulugan ito ng malawakang pakikidigmang makilos, at hindi pakikidigmang pusisyunal na sumasalig lamang sa mga istrukturang depensa na may malalalim na trensera, matataas na muog tanggulan at magkakasunod na hilera ng mga depensibong pusisyon. Hindi ito nangangahulugan ng pag-iwan sa lahat ng mahahalagang estratehikong punto, na dapat ipagtanggol sa pamamagitan ng pakikidigmang pusisyunal hangga't kapaki-pakinabang. Ngunit ang pakikidigmang makilos ang dapat maging mapagpasyang estratehiya. Kinakailangan din ang pakikidigmang pusisyunal subalit sa estratehiya'y suplementaryo at segundaryo ito. Sa heograpiya ang larangan ng digma ay napakalawak kaya't posible para sa atin na pinakaepektibong maglunsad ng pakikidigmang makilos. Sa harap ng masiglang pagkilos ng ating mga pwersa, kakailanganing maging maingat ang hukbong Hapon. Mabigat at mabagal ang kanyang makinang pandigma, na limitado ang kahusayan. Kung ikokonsentra natin ang ating mga pwersa

sa isang makitid na larangan para sa isang depensibong digmang atrisyon, itatapon natin ang mga bentahe ng ating heograpiya at organisasyong pang-ekonomya at uulitin ang pagkakamali ng Abyssinia. Sa maagang yugto ng digmaan, dapat tayong umiwas sa anumang mayor at mapagpasyang mga labanan, at dapat una munang gumamit ng pakikidigmang makilos upang pahakbang-hakbang na mabasag ang moral at bisa sa kombat ng mga tropa ng kaaway.

Bukod sa paggamit ng mga hukbong may kasanayan sa pagsusulong ng pakikidigmang makilos, dapat organisahin natin ang malaking bilang ng mga yunit gerilya sa hanay ng mga magsasaka. Dapat malaman na ang mga yunit boluntir sa tatlong hilagang-silangang probinsya ay isa lamang maliit na demonstrasyon ng natatagong lakas sa pagtatanggol na maaaring mobilisahin mula sa mga magsasaka sa buong bayan. Napakalaki ng natatagong lakas ng mga magsasakang Tsino; kung maayos na maoorganisa at maididirihe, maaari nilang abalahin ang hukbong Hapones sa loob ng dalawampu't apat na oras bawat araw at todo-todo itong ligaligin. Dapat tandaan na ang digma ay magaganap sa Tsina, ibig sabihin, ang hukbong Hapones ay lubos na mapaliligiran ng galit na mamamayang Tsino, mapupwersa itong dalhin ang lahat ng kanyang probisyon at bantayan ang mga ito, kinakailangan niyang gumamit ng malalaking bilang ng tropa upang ipagtanggol ang kanyang mga linya ng komunikasyon at palaging magbantay laban sa mga atake, at kailangan niya ng malalaking pwersa upang igarison ang Manchuria at pati na ang Japan.

Sa takbo ng digmaan, ang Tsina ay makabibihag ng maraming sundalong Hapones at makaaagaw ng maraming sandata at bala na pang-armas sa sarili; kaalinsabay, ang Tsina ay makakukuha ng dayuhang ayuda upang dagdagan ang mga kagamitan ng kanyang mga tropa nang

paunti-unti. Kung gayon, makapaglulunsad ang Tsina ng pakikidigmang pusisyunal sa huling yugto ng digmaan at makapaglulunsad ng mga atakeng pusisyunal sa mga purok na okupado ng Hapon. Sa gayon, bibigay ang ekonomya ng Japan sa ilalim ng pahirap ng matagal na pagtatanggol ng Tsina at mababasag ang moral ng mga tropang Hapones sa ilalim ng pagsubok ng napakaraming labanan. Sa bahagi ng Tsina sa kabilang banda, ang lumalaking natatagong kapangyarihan ng pagtatanggol ay paulit-ulit na mabibigyang daan at ang malaking bilang ng rebolusyonaryong mamamayan ay huhugos sa larangan upang ipaglaban ang kanilang kalayaan. Ang kumbinasyon ng lahat ng ito at ng iba pang mga salik ang magbibigay sa atin ng kakayahan para gawin ang ultimo at mapagpasyang mga atake sa mga portipikasyon at mga base sa mga purok na okupado ng mga Hapon at palayasin ang mga pwersa ng agresyong Hapones mula sa Tsina.

Ang mga pananaw sa itaas ay napatunayang tama sa tanglaw ng karanasan ng sampung buwang digmaan at mapapatunayan pa rin sa hinaharap.

7. Kasing-aga ng ika-25 ng Agosto 1937, kulang sa dalawang buwan matapos ang Insidenteng Lukouchiao, malinaw na ipinakita ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina sa kanyang "Resolusyon sa Kasalukuyang Kalagayan at ang mga Tungkulin ng Partido":

> Ang probokasyong militar ng mananalakay na mga Hapones sa Lukouchiao at ang kanilang pagsakop sa Peiping at Tientsin ay kumakatawan lamang sa simula ng kanilang malawakang panalalakay sa Tsina sa timog ng Great Wall. Sinimulan na nila ang kanilang pambansang mobilisasyon para sa digma. Ang kanilang propaganda na sila'y "walang pagnanais na palalain ang kalagayan" ay pantabing lamang sa susunod na mga atake.

> Ang pagtatanggol sa Lukouchiao noong Hulyo 7 ay hudyat ng simula ng pambansang Digma ng Pagtatanggol ng Tsina.
>
> Sa gayon bumukas ang isang bagong yugto sa kalagayang pampulitika ng Tsina, ang yugto ng aktwal na pagtatanggol. Ang yugto ng paghahanda para sa pagtatanggol ay tapos na. Sa kasalukuyang yugto, ang sentral na tungkulin ay pakilusin ang lahat ng pwersa ng bansa para sa tagumpay sa Digma ng Pagtatanggol.
>
> Ang susi sa tagumpay sa digma ay nakasalalay ngayon sa pagpapaunlad ng pagtatanggol na nagsimula na, tungo sa isang digma ng lubos na pagtatanggol ng buong bansa. Tanging sa ganoong digma ng lubos na pagtatanggol maaaring makamit ang ultimong tagumpay.
>
> Ang pagkakaroon ng seryosong mga kahinaan sa Digma ng Pagtatanggol ay maaaring tumungo sa maraming pagkatalo, pag-atras, internal na pagkahati-hati, pagtataksil, pansamantala at parsyal na mga pakikipagkompromiso at iba bang katulad na mga kabiguan. Kung gayon, dapat matanto na ang digma ay magiging mahirap at matagalang digma. Subalit nagtitiwala tayo na, sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng ating Partido at ng buong sambayanan, ang pagtatanggol na nagsimula na ay papawi sa lahat ng balakid at patuloy na susulong at uunlad.

Ang tesis na nabanggit ay napatunayan ding wasto sa tanglaw ng karanasan ng sampung buwang digmaan at mapatutunayan ding wasto sa hinaharap.

8. Sa punto ng epistemolohiya*, ang ugat ng lahat ng maling pananaw sa digma ay nasa ideyalista at mekanikal na tendensya sa usapin. Ang mga taong may ganoong tendensya ay suhetibo at makaisang panig sa kanilang pagharap sa mga usapin. Nalululong sila sa walang batayan at ganap na suhetibong usap-usapan, o kaya'y bumabatay sa iisang aspeto o

* teorya ng kaalaman

pansamantalang manipestasyon, saka palalakihin ito nang may ganoon ding suhetibismo sa kabuuan ng usapin. Pero may dalawang kategorya ang maling mga pananaw; ang isa ay binubuo ng pundamental, at sa gayo'y konsistente, na mga pagkakamali na mahirap iwasto, at ang isa naman ay di sinasadya, at kung gayo'y pansamantala, na mga pagkakamali na madaling iwasto. Dahil kapwa mali, kailangang iwasto ang dalawang ito. Kung gayon, tanging sa pagbaka sa ideyalista at mekanikal na mga tendensya at pagbubuo ng isang obhetibo at lahatang-panig na pananaw sa pagsasagawa ng pag-aaral sa digma maaaring mahalaw natin ang wastong mga kongklusyon sa usapin ng digma.

## ANG BATAYAN NG USAPIN

9. Bakit isang matagalang digma ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon? Bakit ang ultimong tagumpay ay sa Tsina? Ano ang batayan ng mga pahayag na ito?

Ang digmaan sa pagitan ng Tsina at Hapon ay hindi lamang basta digmaan, ito sa partikular ay isang buhay at kamatayang digmaan sa pagitan ng malakolonyal at malapyudal na Tsina at imperyalistang Japan, na nagaganap sa dekada 1930. Narito ang batayan ng buong usapin. Ang dalawang panig sa digmaan ay may maraming magkakasalungat na katangian, na susuriin naman sa ibaba.

10. Ang panig ng Japan. Una, ang Japan ay isang makapangyarihang imperyalistang bayan, na nangunguna sa Silangan sa pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan, at isa sa lima o anim na nangungunang imperyalistang bayan ng daigdig. Ito ang mga batayang salik sa digmang agresyon ng Japan. Ang katiyakan ng digma at ang imposibilidad ng madaliang tagumpay para sa Tsina ay bunga ng imperyalistang sistema ng Japan at ng kanyang malaking pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-

organisasyong kapangyarihan. Ikalawa, gayunman, itinatakda ng imperyalistang katangian ng ekonomyang panlipunan ng Japan ang imperyalistang katangian ng kanyang digma, isang digma na paurong at mabangis. Sa dekada 1930, ang internal at eksternal na mga kontradiksyon ng imperyalismong Hapones ay nagtulak sa kanya hindi lamang upang maglunsad ng isang adbenturistang digmang walang katumbas sa saklaw, kundi pati sa pagtungo sa kanyang ultimong pagbagsak. Sa usapin ng panlipunang pag-unlad, hindi na isang umuunlad na bayan ang Japan; hindi tutungo ang digma sa kasaganaang hinahanap ng kanyang mga naghaharing uri kundi sa kabaligtaran nito mismo, sa wakas ng imperyalismong Hapones. Ito ang ibig nating sabihin sa paurong na katangian ng digma ng Japan. Ang reaksyunaryong katangiang ito, kasama ang katangiang militar-pyudal ng imperyalismong Hapones, ang siyang nagbibigay daan sa partikular na kabangisan ng digma ng Japan. Lahat ng ito ay pupukaw sa sukdulan sa makauring antagonismo sa loob ng Japan, sa antagonismo sa pagitan ng mga bansang Hapon at Tsino, at sa antagonismo sa pagitan ng Japan at karamihan ng iba pang mga bayan ng daigdig. Ang reaksyunaryo at mabangis na katangian ng digma ng Japan ang siyang pangunahing dahilan ng kanyang tiyak na pagkatalo. Ikatlo, inilulunsad ang digma ng Japan sa batayan ng kanyang malaking pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan, subalit kaalinsabay nito, nakasalalay ito sa isang di sapat na likas na kayamanan. Malaki ang pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan ng Japan subalit di sapat sa kantidad. Isang relatibong maliit na bayan ang Japan, na kulang sa lakas-tauhan at sa rekursong militar, pinansyal at materyal, at hindi niya kayang bathin ang isang mahabang digma. Tinatangkang lutasin ng mga naghahari ng Japan ang kahirapang ito sa pamamagitan ng digma, subalit muli,

ang matatamo nila ay ang pinakakabaliktaran ng kanilang ninanais; ibig sabihin, ang digmang kanilang inilunsad para lutasin ang kahirapang ito sa kalauna'y magpapalala rito at sasaid pa nga sa orihinal na likas na yaman ng Japan. Pang-apat at panghuli, habang maaaring makakuha ang Japan ng suportang internasyunal mula sa mga pasistang bayan, ang pandaigdigang oposisyong kanyang tiyak na makakaharap ay magiging mas malaki kaysa kanyang pandaigdigang suporta. Ang oposisyong ito ay unti-unting lalaki at sa kalauna'y di lamang tutumbasan ang suportang ito bagkus ay bibigwas sa Japan mismo. Ganoon ang batas na kakaunting suporta ang matatamo ng isang di makatarungang adhikain, at ganoon ang kahihinatnan ng mismong kalikasan ng digma ng Japan. Bilang paglalagom, ang bentahe ng Japan ay nasa kanyang malaking kapasidad na maglunsad ng digma, at ang kanyang mga dis-bentahe ay nasa reaksyunaryo at mabangis na kalikasan ng kanyang digma, kakulangan ng lakas-tauhan at rekursong materyal, at kakarampot niyang suportang internasyunal. Ito ang mga katangian sa panig ng Japan.

11. Ang panig ng Tsina. Una, tayo ay isang malakolonyal at malapyudal na bayan. Ang Digma sa Opyo[6], ang Rebolusyong Taiping[7], ang Kilusang Reporma ng 1898,[8] ang Rebolusyon ng 1911[9] at ang Ekspedisyong Pahilaga[10] – ang mga kilusang re-bolusyonaryo o panreporma na naglayong palayain ang Tsina mula sa kanyang kaayusang malakolonyal at malapyudal – la-hat ay humarap sa seryosong mga pagkatalo, at ang Tsina ay nanatiling isang malakolonyal at malapyudal na bayan. Tayo'y isa pa ring mahinang bayan at malinaw na mas mahina kaysa kaaway sa pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan. Dito muli, makikita ang batayan ng katiyakan ng digma at ng imposibilidad ng isang madaliang tagumpay para sa Tsina. Ikalawa, gayunman, naiiba ngayon sa alinman sa naunang kapanahunan ang kilusang mapagpalaya ng Tsina, sa kanyang kumulatibong pag-unlad sa loob ng hu-

ling isang daang taon. Bagamat nagbigay rito ng seryosong mga pagkatalo ang mga pwersang lokal at dayuhang lumalaban dito, kasabay nito'y pinanday nito ang mamamayang Tsino. Bagamat hindi kasinlakas ng Japan sa militar, sa ekonomya, sa pulitika at sa kultura ang Tsina ngayon, gayunpaman, may mga salik sa Tsina na mas progresibo kaysa alinmang panahon ng kanyang kasaysayan. Ang Partido Komunista ng Tsina at ang hukbo sa ilalim ng kanyang pamumuno ay kumakatawan sa mga progresibong salik na ito. Sa batayan ng pag-unlad na ito, maaaring maging matagalan ang kasalukuyang digma sa pagpapalaya ng Tsina at matatamo ang ultimong tagumpay. Kakaiba sa imperyalismong Hapones, na dumadausdos, ang Tsina ay isang bayang umaangat tulad ng sumisikat na araw sa umaga. Ang digma ng Tsina ay progresibo, kaya makatarungan ang katangian nito. Dahil ito ay isang makatarungang digma, kaya nitong pukawin ang bansa na magkaisa, kaya nitong kunin ang simpatya ng mamamayan sa Japan at kabigin ang suporta ng karamihan ng mga bayan sa daigdig. Ikatlo, at muli kakaiba sa Japan, ang Tsina ay isang napakalaking bayan na may napakalawak na teritoryo, may mayamang mga rekurso, may malaking populasyon at maraming sundalo, at may kakayahang magsustini ng isang matagal na digma. Ikaapat at panghuli, may malapad na suportang internasyunal para sa Tsina bunga ng progresibo at makatarungang katangian ng kanyang digma, na muli ay eksaktong kabaliktaran ng kakarampot na suporta ng di makatarungang adhikain ng Japan. Bilang paglalagom, ang disbentahe ng Tsina ay nasa kanyang kahinaang militar at ang kanyang mga bentahe ay nasa progresibo at makatarungang katangian ng kanyang digma, kanyang napakalaking sukat at kanyang masaganang suportang internasyunal. Ito ang mga katangian ng Tsina.

12. Makikita kung gayon na ang Japan ay may malaking pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan, subalit ang kanyang digma

ay reaksyunaryo at mabangis, ang kanyang lakas-tauhan at rekursong materyal ay di sapat, at siya ay nasa di paborableng pusisyon sa daigdig. Sa kabilang banda, mas mahina ang Tsina sa pangmilitar, pang-ekonomya, at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan, subalit siya ay nasa kapanahunan ng pag-unlad, ang kanyang digma ay progresibo at makatarungan, dagdag pa, siya ay isang malaking bayan, isang salik na nagbibigay sa kanya ng kakayahang isustini ang isang matagalang digma, at siya ay susuportahan ng karamihan ng mga bayan. Ang mga nabanggit sa itaas ay ang saligan at magkakasalungat na katangian ng digmaang Tsino-Hapon. Itinakda at itinatakda ng mga ito ang lahat ng patakaran sa pulitika at mga estratehiya at taktikang militar ng magkabilang panig; itinakda at itinatakda ng mga ito ang matagalang katangian ng digmaan at ang kahihinatnan nito na walang iba kundi sa Tsina at hindi sa Japan mauuwi ang ultimong tagumpay. Ang digmaan ay paligsahan sa pagitan ng mga katangiang ito. Magbabago ang mga ito sa takbo ng digmaan, ang bawat isa ayon sa kanyang kalikasan; at aalinsunod rito ang lahat ng bagay. Ang mga katangiang ito ay obhetibong umiiral at hindi inimbento upang linlangin ang mamamayan; binubuo ng mga ito ang lahat ng saligang sangkap ng digmaan, at hindi di kumpletong mga piraso; nanunuot ang mga ito sa lahat ng mayor at menor na mga usapin sa magkabilang panig at sa lahat ng yugto ng digmaan, at ang mga ito ay hindi mga bagay na walang halaga. Kung kalilimutan ninuman ang mga katangiang ito sa pag-aaral ng digmaang Tsino-Hapon, tiyak na magkakamali siya; at kahit pa kapani-paniwala ang ilan sa kanyang mga ideya sa isang panahon at magmistulang tama, sa kalaunan, mapatu-tunayang mali ang mga ito sa takbo ng digmaan. Sa batayan ng mga katangiang ito, magtutuloy tayo sa pagpapaliwanag ng mga usaping kakaharapin.

## PAGPAPATUNAY NA MALI ANG TEORYA NA MALULUPIG ANG BANSA

13. Dati-rati, sinasabi ng mga naniniwala na malulupig ang bansa (subjugationists) na walang makita kundi ang pagkakaiba sa pagitan ng lakas ng kaaway at ating kahinaan: "Ang pagtatanggol ay nangangahulugan ng pagkalupig," at ngayon sinasabi naman nila: "Ang pagtutuloy ng digma ay nangangahulugan ng pagkalupig." Hindi natin sila makukumbinsi sa pamamagitan lamang ng pagsasabi na ang Japan, kahit na malakas, ay maliit, habang ang Tsina, kahit na mahina, ay malaki. Maaari silang magtukoy ng mga halimbawang istorikal, tulad ng pagwasak sa Dinastiyang Sung ng Dinastiyang Yuan at ang pagwasak sa Dinastiyang Ming ng Dinastiyang Ching, upang patunayan na maaaring talunin ng maliit subalit malakas na bayan ang isang malaki subalit mahinang bayan, at dagdag pa, na magagapi ng isang atrasadong bayan ang isang abanteng bayan. Kung sasabihin natin na ang mga pangyayaring ito'y naganap noong unang panahon pa at hindi nito pinatutunayan ang punto, maaari nilang banggitin ang pananakop ng Britain sa India upang patunayan na magagapi ng isang maliit subalit malakas na kapitalistang bayan ang isang malaki subalit mahina at atrasadong bayan. Samakatwid, kailangan nating magpakita ng iba pang mga batayan bago natin mapatatahimik at makukumbinsi ang mga naniniwala na malulupig ang bansa, at bigyan ang lahat ng nagpopropaganda ng sapat na mga argumento para makumbinsi iyong mga nalilito pa o nag-uurong-sulong, at sa gayo'y patibayin ang kanilang tiwala sa Digma ng Pagtatanggol.

14. Ano kung gayon ang mga batayang dapat nating iharap? Ang mga katangian ng kapanahunan. Ang mga katangiang ito ay kongkretong nasasalamin sa retrogresyon at kakulangan ng suporta ng Japan, at sa pag-unlad ng Tsina at kasaganaan ng suporta sa kanya.

15. Ang ating digma ay hindi kung anong digma lamang; sa partikular, ito ay isang digma sa pagitan ng Tsina at Japan na nagaganap sa dekada 1930. Ang ating kaaway, ang Japan, una sa lahat, ay isang papalipas na imperyalistang kapangyarihan; siya ay nasa panahon na ng pagdausdos at hindi lamang kakaiba sa Britain sa panahon ng pananakop sa India, nang ang Britain ay nasa panahon pa ng kanyang pagsikat, kundi kakaiba pati na rin sa kung ano siya noong panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig, dalawampung taon na ang nakalilipas. Ang kasalukuyang digma ay inilunsad sa bisperas ng pangkalahatang pagbagsak ng pandaigdigang imperyalismo at higit sa lahat, ng mga pasistang bayan; iyon ang mismong dahilan kung bakit inilunsad ng kaaway ang kanyang adbenturistang digma, na ang kalikasan ay isang huling desperadong pakikibaka. Samakatwid, isang di matatakasang katiyakan na hindi ang Tsina kundi ang mga namumunong sirkulo ng imperyalismong Hapones ang mawawasak bilang resulta ng digmaan. Dagdag pa, inilunsad ng Japan ang digmang ito sa isang panahon na nasangkot o masasangkot ang maraming bayan sa digmaan, at lahat tayo ay nakikibaka o naghahandang makibaka laban sa mabangis na agresyon, at ang kapalaran ng Tsina ay nakakawing sa kapalaran ng karamihan ng mga bayan at mamamayan ng daigdig. Ito ang ugat na dahilan ng oposisyon na pinukaw ng Japan at patuloy na pupukaw sa mga bayan at mamamayang iyon.

16. Ano naman tungkol sa Tsina? Ang Tsina ngayon ay hindi maaaring ikumpara sa Tsina ng alinmang iba pang istorikong yugto. Siya ay isang malakolonyal at malapyudal na lipunan, at bunga nito'y itinuturing na isang mahinang bayan. Pero kaalinsabay nito, ang Tsina, sa kasaysayan, ay nasa panahon ng kanyang pag-unlad; ito ang pangunahing dahilan ng kanyang kakayahang talunin ang Hapon. Kung sinasabi natin na progresibo ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon,

hindi natin ipinapakahulugan na progresibo sa karaniwan o pangkalahatang pakahulugan, o progresibo sa pakahulugang progresibo ang digma ng Abyssinia laban sa Italy, o progresibo ang Rebolusyong Taiping o Rebolusyong 1911; ang ibig nating sabihi'y progresibo sa pakahulugan na ang Tsina ay progresibo sa kasalukuyan. Sa anong paraan progresibo ang Tsina ng kasalukuyan? Siya ay progresibo dahil hindi na siya isang lubusang pyudal na bayan at dahil mayroon na tayong kapitalismo sa Tsina, mayroon tayong burgesya at proletaryado, mayroon tayong malawak na bilang ng mamamayan na nagbangon na o nagbabangon, mayroon tayong isang Partido Komunista, mayroon tayong hukbo na progresibo sa pulitika – ang Pulang Hukbo ng Tsina na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Tsina – at may tradisyon at karanasan na tayo sa maraming dekada ng rebolusyon, at laluna ang karanasan ng labimpitong taon mula sa pagkakatatag ng Partido Komunista ng Tsina. Ineduka ng karanasang ito ang mamamayan at mga pampulitikang partido ng Tsina at bumubuo sa pinakabatayan ng kasalukuyang pagkakaisa laban sa Japan. Kung sasabihin na kung wala ang karanasan ng 1905, imposible sana ang tagumpay ng 1917 sa Rusya, kung gayon masasabi rin natin na kung wala ang karanasan ng huling labimpitong taon, imposible para sa atin na ipanalo ang ating Digma ng Pagtatanggol. Ganoon ang kalagayang panloob.

Sa umiiral na kalagayan sa daigdig, hindi nahihiwalay ang Tsina sa digmaan, at ang katotohanang ito ay walang kaparis sa kasaysayan. Sa nakaraan, ang mga digma ng Tsina, at ng India rin, ay mga digmang isinulong nang nakahiwalay. Ngayon lamang natin nakakasalubong ang mga kilusang popular sa buong daigdig, na pambihira ang lapad at lalim, na umusbong o umuusbong at sumusuporta sa Tsina. Ang Rebolusyong Ruso ng 1917 ay tumanggap din ng internasyunal na suporta, at sa gayo'y nagwagi ang mga manggagawa at magsasakang Ruso;

subalit ang suportang iyon ay hindi kasinlapad sa saklaw o kasinlalim sa kalikasan tulad ng sa atin ngayon. Umuunlad ang mga kilusang popular sa daigdig ngayon sa saklaw at lalim na walang kaparis sa nakaraan. Ang pag-iral ng Unyong Sobyet ay isang napakahalagang salik sa kasalukuyang pulitika sa daigdig, at tiyak na susuporta ang Unyong Sobyet sa Tsina nang buong-buong kasigasigan; walang tulad nito noong dalawampung taon sa nakaraan. Lumikha at lumilikha ang lahat ng salik na ito ng mahahalagang kondisyon na di maisasantabi sa ultimong tagumpay ng Tsina. Ang malawakang tuwirang pagtulong sa ngayo'y kulang at darating pa lamang sa hinaharap, subalit ang Tsina ay progresibo at isang malaking bayan, at ang mga ito ang mga salik na nagbibigay sa kanya ng kakayahang patagalin ang digma at makuha, gayundin mahintay ang ayudang internasyunal.

17. Naririyan ang dagdag na salik na habang isang maliit na bayan ang Japan na maliit ang teritoryo, kakaunti ang rekurso, maliit ang populasyon at limitado ang bilang ng mga sundalo, ang Tsina naman ay isang malaking bayan na napakalawak ng teritoryo, mayaman ang rekurso, malaki ang populasyon at maraming sundalo, kung kaya't liban sa pagkakaiba ng lakas at kahinaan, mayroon ding pagkakaiba sa pagitan ng isang maliit na bayan, retrogresyon at kakarampot na suporta at isang malaking bayan, progreso at masaganang suporta. Ito ang dahilan kung bakit hindi kailanman malulupig ang Tsina. Alinsunod sa pagkakaiba sa pagitan ng kalakasan at kahinaan, maaaring makapanaig ang Japan sa Tsina sa ilang panahon at hanggang sa isang antas, di maiiwasang magdaan ang Tsina sa baku-bakong lansangan, ang Digma ng Pagtatanggol ay magiging isang matagalang digma at hindi isang digmang mabilis na tinatapos; gayunpaman, alinsunod naman sa kabilang pagkakaiba – isang maliit na bayan, retrogresyon at kakarampot na suporta laban sa isang malaking bayan, pro-

greso at masaganang suporta – hindi makapananaig sa Tsina ang Japan nang habampanahon bagkus ay tiyak na magtatamo ng ultimong pagkatalo, habang hindi kailanman malulupig ang Tsina bagkus ay tiyak na magtatamo ng ultimong tagumpay.

18. Bakit nagapi ang Abyssinia? Una, hindi lamang siya mahina kundi maliit din. Pangalawa, hindi siya kasing progresibo ng Tsina; siya ay isang lumang bayan na tumutungo sa sistemang timawa mula sa sistemang alipin, isang bayan na walang anumang kapitalismo o mga pampulitikang partidong burges, huwag nang sabihin pa ang Partido Komunista, at walang hukbong tulad ng hukbong Tsino, huwag nang sabihin pa ang isang hukbong tulad ng Hukbo ng Ikawalong Ruta. Pangatlo, hindi niya nakayanang magpunyagi at maghintay ng ayudang internasyunal at kinailangang isulong ang kanyang digma nang nag-iisa. Pang-apat, at pinakamahalaga sa lahat, may mga pagkakamali sa pagdidirihe ng kanyang digma laban sa Italy. Samakatwid, nalupig ang Abyssinia. Subalit mayroon pa ring malaganap na pakikidigmang gerilya sa Abyssinia, na kung pagpupunyagian, ay magbibigay sa Abyssinia ng kakayahang bawiin ang kanyang bayan kapag nagbago ang kalagayan sa daigdig.

19. Kung ang mga naniniwala na malulupig ang bansa ay sisipi mula sa kasaysayan ng pagkabigo ng mga kilusang mapagpalaya sa modernong Tsina para patunayan ang kanilang mga iginigiit, una, na "ang pagtatanggol ay nangangahulugan ng pagkalupig", at pagkatapos, na "ang pagpapatuloy ng digma ay nangangahulugan ng pagkalupig", muli, ang ating kasagutan dito ay "Iba na ang panahon." Ang Tsina mismo, ang panloob na kalagayan sa Japan at ang kalagayang internasyunal ay iba na lahat ngayon. Isang seryosong bagay na mas malakas kaysa dati ang Japan habang ang Tsina sa kanyang di nababagong malakolonyal at malapyudal na katayuan ay nananatiling mahina-hina. Katotohanan din na sa

pansamantala'y makokontrol pa ng Japan ang kanyang mamamayan sa sariling bayan at magagamit ang mga kontradiksyon sa daigdig para salakayin ang Tsina. Subalit sa isang mahabang digmaan, tiyak na magbabago ang mga bagay na ito sa kabilang direksyon. Hindi pa nangyayari ang mga pagbabagong iyon, pero mangyayari ito sa hinaharap. Binabalewala ng mga naniniwala na malulupig ang bansa ang puntong ito. Para naman sa Tsina, mayroon na tayong bagong mamamayan, isang bagong pampulitikang partido, isang bagong hukbo at isang bagong patakaran ng pagtatanggol laban sa Hapon, isang sitwasyon na ibang-iba sa sitwasyon noong isang dekada sa nakaraan, at dagdag pa, lahat ng ito ay tiyak na ibayong uunlad. Totoo na sa kasaysayan, lumasap ang mga kilusang mapagpalaya ng paulit-ulit na pagkabigo at bunga nito'y hindi makapagtipon ang Tsina ng mas malaking pwersa para sa kasalukuyang Digma ng Pagtatanggol – ito ay isang napakasaklap na aral ng kasaysayan, at hindi natin dapat wasaking muli ang alinman sa ating mga rebolusyonaryong pwersa. Subalit maski sa kasalukuyang batayan, tiyak na unti-unti tayong makasusulong at mapalalaki ang pwersa ng ating pagtatanggol sa pamamagitan ng pagbubuhos ng malaking pagsisikap. Ang lahat ng ganoong pagsisikap ay dapat magpanagpo sa dakilang Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon. Kaugnay naman ng internasyunal na suporta, bagamat ang tuwiran at malawakang tulong ay hindi pa natatanaw, nabubuo na ito, dahil ibang-iba na sa saligan kaysa dati ang kalagayan sa daigdig. Ang di mabilang na mga kabiguan sa kilusang mapagpalaya ng modernong Tsina ay may kanya-kanyang suhetibo at obhetibong dahilan, subalit ganap na naiiba ang kalagayan ngayon. Sa kasalukuyan, bagamat maraming kahirapan na nagpapabigat sa Digma ng Pagtatanggol – tulad ng lakas ng kaaway at ating kahinaan, at ang katotohanan na ang kanyang mga kahirapan ay nagsisimula pa lamang, habang ang ating

sariling pag-unlad ay hinding-hindi pa sapat – gayunpaman, maraming paborableng kondisyon ang umiiral para gapiin ang kaaway; kailangan lamang nating idagdag ang ating suhetibong mga pagsisikap at mapangingibabawan natin ang mga kahirapan at mananaig hanggang sa tagumpay. Ang mga ito ay paborableng mga kalagayan na hindi pa nagaganap kailanman sa anumang yugto ng ating kasaysayan, at iyan ang dahilan kung bakit ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, di tulad ng mga kilusang mapagpalaya ng nakaraan, ay hindi magtatapos sa pagkabigo.

## PAKIKIPAGKOMPROMISO O PAGTATANGGOL? KORAPSYON O PAG-UNLAD?

20. Lubos nang ipinaliwanag sa itaas na walang batayan ang teorya ng pagkalupig ng bansa. Subalit marami ang hindi naniniwala sa teoryang ito; tapat silang mga makabayan, na magkagayunman ay labis na nangangamba sa kasalukuyang kalagayan. Dalawang bagay ang bumabagabag sa kanila, ang pangamba sa isang pakikipagkompromiso sa Japan at duda tungkol sa posibilidad ng pag-unlad sa pulitika. Ang dalawang nakababagabag na usaping ito ay malawakang tinatalakay at hindi pa nakakakita ng susi sa paglutas ng mga ito. Suriin naman natin ngayon ang mga ito.

21. Tulad ng dati nang naipaliwanag, ang usapin ng pakikipagkompromiso ay may ugat panlipunan, at hangga't naririyan ang mga ugat na ito, ang usapin ay tiyak na susulpot. Gayunman, hindi uubra ang pakikipagkompromiso. Upang patunayan ang puntong ito, muli lamang nating hanapin ang katibayan sa Japan, Tsina, at kalagayan sa daigdig. Una, tingnan ang Japan. Sa pinakasimula ng Digma ng Pagtatanggol, ang tantya natin ay darating ang panahon kung kailan lilitaw ang kalagayang paborable sa pakikipagkompromiso, sa ibang salita, na matapos sakupin ang hilagang Tsina, Kiangsu at Chekiang,

malamang na gagamitin ng Japan ang pakanang akitin ang Tsina na sumuko. Nagkaganoon nga, ginamit niya ang pakanang ito, subalit madaling dumaan ang krisis, at isang dahilan nito'y gumamit ang kaaway ng isang mabangis na patakaran sa lahat ng dako at lantarang nandambong. Kung sumuko ang Tsina, lahat ng Tsino ay naging mga alipin sana na walang bayan. Ang mapandambong na patakaran ng kaaway, ang patakaran ng panlulupig sa Tsina, ay may dalawang aspeto, ang materyal at ang ispiritwal, na kapwa unibersal na ginagamit sa lahat ng Tsino, hindi lamang sa mga tao sa nakabababang mga saray kundi maging sa mga kabilang sa nakatataas na mga saray; mangyari pa, ang huli ay tinatrato ng mas magalang nang bahagya, subalit ang pagkakaiba ay pagkakaiba lamang sa antas, at hindi sa prinsipyo. Sa kalahatan, inililipat ng kaaway sa interyor ng Tsina iyon ding lumang mga hakbangin na kanyang ginamit sa tatlong probinsya sa hilagang-silangan. Sa materyal na mga bagay, ninanakawan niya ang karaniwang tao maski na ng kanyang pagkain at pananamit, at iniiwan silang naghuhumiyaw sa gutom at lamig; dinarambong niya ang mga kagamitan sa produksyon, at sa gayo'y winawasak at inaalipin ang mga pambansang industriya ng Tsina. Sa ispiritwal na mga bagay, sinisikap niyang wasakin ang pambansang kamulatan ng sambayanang Tsino. Sa bandila ng "Sumisikat na Araw" ang lahat ng Tsino ay pinupwersang maging maamong sakop, mga hayop na pantrabaho na pinagbabawalang magpakita ng kaliit-liitang bahid ng pambansang diwang Tsino. Ang mabangis na patakarang ito ng kaaway ay ipatutupad sa mas malalim na interyor ng Tsina. Sa katakawan ng Japan, ayaw niyang ihinto ang digma. Gaya ng di maiiwasang mangyari, patuloy pa ring tigas-ulong ipinatutupad ang patakarang itinakda sa pahayag ng gabineteng Hapones ng Enero 16, 1938[11], na ikinagalit ng lahat ng saray ng mamamayang Tsino. Iniluluwal ang galit na ito ng reaksyunaryo at mabangis na katangian ng digma

ng Japan – "walang makatatakas sa tadhana", at kung gayo'y namuo ang absolutong hostilidad. Dapat asahan na sa isang pagkakataon sa hinaharap, muling gagamit ang kaaway ng pakanang akitin ang Tsina na sumuko at muling uultaw ang ilang naniniwala na malulupig ang bansa at malamang na malamang na makikipagsabwatan sa ilang dayuhang elemento (na makikita sa Britain, United States at France, laluna sa nakatataas na mga saray ng Britain) bilang mga kasapakat sa krimen. Gayunman, hindi ipahihintulot ng pangkalahatang tunguhin ng mga pangyayari ang kapitulasyon; naitakda na ng kalikasang matigas at kakaibang kabangisan ng digma ng Japan ang aspetong ito ng usapin.

22. Ikalawa, tingnan natin ang Tsina. May tatlong salik na umaambag sa pagpupunyagi ng Tsina sa Digma ng Pagtatanggol. Una sa lahat, naririyan ang Partido Komunista ng Tsina, na siyang maasahang pwersa na namumuno sa sambayanan na magtanggol laban sa Hapon. Pangalawa, naririyan ang Guomindang, na umaasa sa Britain at United States at sa gayo'y hindi susuko sa Hapon kung hindi nila iuutos. At panghuli, naririyan ang iba pang mga partido at grupong pampulitika, na karamihan ay tumututol sa pakikipagkompromiso at sumusuporta sa Digma ng Pagtatanggol. Dahil sa pagkakaisa ng tatlong ito, sinumang makipagkompromiso ay hahanay sa mga traydor, at sinuman ay magkakaroon ng karapatang parusahan siya. Lahat ng ayaw maging traydor ay walang ibang pagpipilian kundi makiisa at ipagpatuloy ang Digma ng Pagtatanggol hanggang sa huli; kung gayon ay mahihirapang magtagumpay ang pakikipagkompromiso.

## MALI ANG TEORYA NA MALULUPIG ANG BANSA AT MALI RIN ANG TEORYA NG MADALIANG TAGUMPAY

26. Sa ating komparatibong pagsusuri sa kaaway at sa ating sarili kaugnay ng saligang magkakasalungat na mga katangian,

tulad ng relatibong lakas, relatibong laki, progreso o reaksyon, at relatibong saklaw ng suporta, pinabulaanan na natin ang teorya ng pagkalupig ng bansa, at ipinaliwanag na natin kung bakit malamang na hindi maganap ang pakikipagkompromiso at kung bakit posible ang pampu-litikang pag-unlad. Idinidiin ng mga naniniwala na malulupig ang bansa ang mga kontradiksyon sa pagitan ng lakas at kahinaan at pinalolobo ito hanggang ito ang maging batayan ng kanilang buong argumento sa usapin, habang kinaliligtaan ang lahat ng iba pang kontradiksyon. Ang kanilang preokupasyon sa pagkakaiba sa lakas ay nagpapakita ng kanilang pagkamakaisang-panig, at ang kanilang labis na pagpapalaki sa panig na ito ng usapin bilang kabuuan ay nagpapakita ng kanilang suhetibismo. Kung gayon, kung titingnan ang usapin sa kabuuan, makikita na wala silang batayan at mali. Kaugnay naman niyong mga hindi naniniwala na malulupig ang bansa ni kumpirmadong mga pesimista, subalit nasa pesimistikong balangkas ng pag-iisip sa pansamantala sa simpleng dahilan na sila'y nalilito sa agwat sa pagitan ng ating lakas at niyong sa kaaway sa isang takdang panahon at sa ilang aspeto, o ng korapsyon sa bayan, dapat nating ipakita sa kanila na ang kanilang kaparaanan ay may tendensya ring maging makaisang-panig at suhetibo. Gayunman, sa kanilang kaso, ang pagwawasto ay relatibong madali; sa sandaling sila'y mabalaan, mauunawaan nila, dahil sila'y mga makabayan at pansumandali lamang ang kanilang pagkakamali.

27. Mali rin ang mga tagapamandila ng madaliang tagumpay. Kung hindi man nila ganap na kinaliligtaan ang kontradiksyon sa pagitan ng lakas at kahinaan at tinatandaan lamang ang ibang mga kontradiksyon, pinalalaki nila ang mga bentahe ng Tsina nang lampas sa anumang wangis ng realidad at di na makikilala, o kaya'y basta na lamang nila ipinagkakamali sa buong sitwasyon ang balanse ng mga pwersa sa isang pana-

hon at lugar, tulad ng lumang kasabihan, "Ang isang dahon sa tapat ng mata ay tumatabing sa Bundok Tai." Sa isang salita, wala silang tapang na aminin na malakas ang kaaway habang tayo ay mahina. Madalas nilang itinatatwa ang puntong ito at bunga nito'y itinatatwa ang isang aspeto ng katotohanan. Wala rin silang tapang na aminin ang mga limitasyon ng ating mga bentahe, at sa gayo'y itinatatwa nila ang isa pang aspeto ng katotohanan. Ang resulta ay nakagagawa sila ng mga pagkakamali, malaki at maliit, at dito muli, ang suhetibismo at pagiging makaisang-panig ang sanhi ng kalokohan. Nasa wastong lugar ang mga puso ng mga kaibigang ito, at sila man ay mga makabayan. Subalit habang "tunay ngang matayog ang mga adhikain ng mga ginoo", mali ang kanilang mga pananaw, at ang kumilos batay sa mga ito ay tiyak na pagbangga sa kongkretong pader. Dahil kung ang pagtaya ay hindi umaayon sa realidad, hindi matatamo ng pagkilos ang layunin nito; at ang kumilos sa kabila nito ay mangangahulugan ng pagkatalo ng hukbo at pagkalupig ng bansa, kung kaya't ang resulta ay katulad niyong sa mga palatalo (defeatist). Kung gayon ang teorya ng madaliang tagumpay ay hindi rin uubra.

28. Itinatatwa ba natin ang panganib ng pagkalupig ng bansa? Hindi, hindi natin itinatatwa. Kinikilala natin na kinakaharap ng Tsina ang dalawang posibleng prospek, ang paglaya o pagkalupig, at ang dalawa ay marahas na nagtutunggali. Tungkulin natin na kamtin ang paglaya at iwasan ang pagkalupig. Ang mga kondisyon para sa paglaya ay ang pag-unlad ng Tsina, na saligan, ang mga kahirapan ng kaaway, at ang suportang internasyunal. Naiiba tayo sa mga naniniwala na malulupig ang bansa. Dahil obhetibo at lahatang-panig ang ating pananaw, kinikilala natin ang dalawang posibilidad ng pagkalupig ng bansa at paglaya, idinidiin na ang paglaya ang dominanteng posibilidad, ipinakikita ang mga kondisyon para sa pagkamit nito, at nagsisikhay na matamo ang mga

ito. Dahil kinikilala lamang ng mga naniniwala na malulupig ang bansa, sa kabilang banda, ang suhetibo at makaisang-panig na pananaw, iisang posibilidad lamang ang kinikilala nila, iyong sa pagkalupig; hindi nila kinikilala ang posibilidad ng paglaya, at lalong hindi ipinakikita ang mga kondisyong kinakailangan para sa paglaya o kaya'y magsikhay na makamit ang mga ito. Dagdag pa, habang kinikilala ang tendensya na makipagkompromiso at ang korapsyon, nakikita rin natin ang iba pang mga tendensya at pangyayari na, sa ating pagpapaliwanag, ay unti-unting mangingibabaw at marahas na katunggali na ng una; dagdag dito, ipinakikita natin ang mga kondisyong kinakailangan para mangibabaw ang malulusog na tendensya at pangyayari, at nagsisikhay tayo para mabaka ang tendensya na makipagkompromiso at baguhin ang kalagayan ng korapsyon. Kung gayon, kabaliktaran ng mga pesimista, hinding-hindi tayo nasisiraan ng loob.

29. Hindi naman tayo umaayaw sa madaliang tagumpay; lahat ay papabor na mapalayas ang "mga demonyo" sa loob ng magdamag. Gayunman, ipinakikita natin na sa kawalan ng ilang depenidong kondisyon, ang madaliang tagumpay ay isang bagay na umiiral lamang sa isipan at hindi sa obhetibong realidad, at ito ay isa lamang ilusyon, isang maling teorya. Ayon dito, matapos gumawa ng obhetibo at komprehensibong pagtaya sa lahat ng sirkunstansyang pumapatungkol kapwa sa kaaway at sa ating sarili, ipinakikita natin na ang tanging landas sa ultimong tagumpay ay ang estratehiya ng matagalang digma, at itinatakwil natin ang walang batayang teorya ng madaliang tagumpay. Pinaninindigan natin na dapat tayong magsikhay upang makamit ang lahat ng di maisasantabing kondisyon para sa ultimong tagumpay, at kung mas ganap at mas maagang makamit ang mga kondisyong ito, mas tiyak tayo sa tagumpay at mas maaga nating matatamo ito. Naniniwala tayo na ito lamang ang paraan para mapaikli ang proseso ng

digma, at itinatakwil natin ang teorya ng madaliang tagumpay, na hungkag na sabi-sabi lamang at isang pagtatangkang makamit ang mga bagay-bagay sa napakababang halaga.

BAKIT ISANG MATAGALANG DIGMA?

30. Suriin naman natin ngayon ang usapin ng matagalang digma. Ang wastong kasagutan sa tanong na "Bakit isang matagalang digma?" ay maaabot lamang sa batayan ng lahat ng saligang pagkakaiba sa pagitan ng Tsina at Japan. Halimbawa, kung ang sasabihin lamang natin ay isang malakas na kapangyarihang imperyalista ang kaaway habang tayo'y isang mahinang malakolonyal at malapyudal na bayan, nanganganib tayong mauwi sa teorya ng pagkalupig ng bansa. Dahil hindi maaaring maging matagalan ang isang pakikibaka, sa teorya man o sa praktika, sa pamamagitan lamang ng paglaban ng mahina sa malakas. Hindi rin ito maaaring maging matagalan dahil lamang sa paglaban ng malaki sa maliit, progresibo laban sa reaksyunaryo, o ng may masaganang suporta laban sa may kakarampot na suporta. Ang aneksasyon sa isang maliit na bayan ng isang malaking bayan, o sa isang malaking bayan ng isang maliit na bayan ay isang karaniwang pangyayari. Madalas mangyari na ang isang progresibong bayan na hindi malakas ay nawawasak ng isang malaki at reaksyunaryong bayan, at totoo ito para sa lahat ng progresibo subalit hindi malakas. Ang pagkakaroon ng masagana o kakarampot na suporta ay isang mahalaga subalit subsidyaryong salik, at ang antas ng kanyang epekto ay nakabatay sa pundamental na mga salik sa magkabilang panig. Kung gayon, kapag sinasabi natin na ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay isang matagalang digma, hinahalaw ang ating kongklusyon mula sa interelasyon ng lahat ng salik na gumagalaw sa magkabilang panig. Ang kaaway ay malakas at tayo ay mahina, at naririyan ang panganib ng pagkalupig. Subalit sa ibang mga aspeto, may

mga kahinaan ang kaaway at mayroon tayong mga bentahe. Maaaring pakitirin ang bentahe ng kaaway at maaaring palalain ang kanyang mga kahinaan sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap. Sa kabilang banda, maaaring patampukin ang ating mga bentahe at maaaring maremedyuhan ang ating mga kakulangan sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap. Sa gayon, maaari nating makamit ang ultimong tagumpay at iwasan ang pagkalupig, habang ang kaaway ay magagapi sa huli at hindi makakayanang pigilin ang pagbagsak ng kanyang buong sistemang imperyalista.

31. Dahil ang kaaway ay may mga bentahe lamang sa iisang aspeto subalit may mga kahinaan sa lahat ng iba pa, at tayo naman ay may mga kahinaan sa isang aspeto subalit may mga bentahe sa lahat ng iba pa, bakit hindi ito lumikha ng isang balanse, bagkus, salungat dito, isang superyor na pusisyon para sa kanya at imperyor na pusisyon para sa atin sa kasalukuyang panahon? Malinaw na hindi natin maaaring pag-aralan ang usapin sa ganoong pormal na paraan. Ang katotohanan ay ang agwat sa pagitan ng lakas ng kaaway at ng ating sarili sa ngayo'y napakalaki, na ang mga kahinaan ng kaaway ay hindi pa umunlad, at sa ngayon ay hindi makauunlad sa isang antas na sapat para kanselahin ang kanyang lakas, habang ang ating mga bentahe ay hindi pa umunlad, at sa ngayon ay hindi makauunlad sa isang antas na sapat para bawiin ang ating mga kahinaan. Kung gayon, hindi pa magkakaroon ng balanse, kundi disbalanse lamang.

32. Bagamat ang ating mga pagsisikap sa pagpupunyagi sa Digma ng Pagtatanggol at sa nagkakaisang prente ay nakapagbago nang bahagya sa lakas at superyoridad ng kaaway laban sa ating kahinaan at imperyoridad, wala pang batayang pagbabago hanggang ngayon. Samakatwid, sa isang yugto ng digmaan, hanggang sa isang antas ay magtatagumpay ang kaaway at tayo'y magtatamo ng pagkatalo. Ngunit bakit sa

yugtong ito, ang mga tagumpay ng kaaway at ang ating mga pagkatalo ay tiyak na nalilimitahan sa antas at hindi makaiigpaw sa ganap na tagumpay o ganap na pagkatalo? Ang dahilan ay una, mula sa pinakasimula, ang lakas ng kaaway at ang ating kahinaan ay relatibo at hindi absoluto, at pangalawa, ang ating mga pagsisikap sa pagpupunyagi sa Digma ng Pagtatanggol at sa nagkakaisang prente ay higit na nagpatingkad sa pagiging relatibo nito. Kung ihahambing sa orihinal na sitwasyon, malakas pa rin ang kaaway, subalit pinahina ng di paborableng mga salik ang lakas na ito, pero hindi pa sa antas na sapat para wasakin ang kanyang superyoridad, at tayo naman ay mahina pa rin, subalit pinunuan ng paborableng mga salik ang ating kahinaan, pero hindi pa sa antas na sapat para matransporma ang ating imperyoridad. Sa gayon, lumalabas na ang kaaway ay relatibong malakas at tayo ay relatibong mahina, na ang kaaway ay nasa relatibong superyor na pusisyon at tayo ay nasa relatibong imperyor na pusisyon. Sa magkabilang panig, ang lakas at kahinaan, superyoridad at imperyoridad, ay hindi kailanman naging absoluto, at liban pa rito, ang ating pagsisikap na magpunyagi sa pagtatanggol laban sa Hapon at sa nagkakaisang prente sa panahon ng digmaan ay nagdulot ng karagdagang pagbabago sa orihinal na balanse ng mga pwersa sa pagitan natin at ng kaaway. Kung gayon, sa yugtong ito ang tagumpay ng kaaway at ang ating pagkatalo ay tiyak na limitado sa antas, at sa gayon ang digma ay nagiging matagalan.

33. Subalit tuluy-tuloy na nagbabago ang mga sirkunstansya. Sa proseso ng digmaan, hangga't ginagamit natin ang wastong mga taktikang militar at pampulitika, hangga't hindi tayo nagkakamali sa prinsipyo at ibinubuhos ang ating makakaya, kapwa lalago ang mga disbentahe ng kaaway at ang mga bentahe ng Tsina habang tumatagal ang digmaan, na ang di maiiwasang resulta ay magkakaroon ng tuluy-tuloy na pagbabago sa pagkakaiba sa komparatibong lakas at kung gayon,

sa relatibong pusisyon ng magkabilang panig. Kapag narating ang isang bagong yugto, magaganap ang malaking pagbabago sa balanse ng mga pwersa, na magreresulta sa pagkatalo ng kaaway at sa ating tagumpay.

34. Sa kasalukuyan, nagagawa pa ng kaaway na samantalahin ang kanyang kalakasan, at hindi pa siya napahihina sa saligan ng ating Digma ng Pagtatanggol. Hindi pa ganoon kalaki ang kakulangan sa kanyang lakas-tauhan at rekursong materyal para mapigilan ang kanyang opensiba; kabaliktaran nito, kaya pang isustini ng mga ito ang kanyang opensiba hanggang sa isang antas. Ang reaksyunaryo at mabangis na katangian ng kanyang digma, isang salik na nagpapaigting kapwa sa makauring mga antagonismo sa loob ng Japan at sa pagtatanggol ng bansang Tsino, ay hindi pa nagluluwal ng isang sitwasyon na radikal na sumasagka sa kanyang pag-abante. Ang pagkakahiwalay ng kaaway sa daigdig ay lumalaki subalit hindi pa kumpleto. Sa maraming bayan na nagpahiwatig na tutulong sila sa atin, ang mga kapitalistang lumilikha at nagbebenta ng mga amunisyon at kagamitang pandigma at naghahabol lamang ng tubo ay nagbibigay pa rin sa Japan ng malaking kantidad ng mga suplay sa digma[12], at nag-aatubili pa rin ang kanilang mga gubyerno[13] na sumabay sa Unyong Sobyet sa praktikal na mga parusa laban sa Japan. Nangangahulugan, mula sa lahat ng ito, na ang ating Digma ng Pagtatanggol ay hindi maaaring ipanalo nang mabilisan at maaari lamang maging isang matagalang digma. Kaugnay naman ng Tsina, bagamat may ilang pag-unlad kaugnay ng kanyang mga kahinaan sa mga larangang militar, pang-ekonomya, pampulitika at pangkultura sa sampung buwan ng pagtatanggol, malayo pa mula sa kinakailangan para pigilin ang opensiba ng kaaway at ihanda ang ating kontra-opensiba. Dagdag pa, sa usapin ng kantidad, kinailangan nating magtamo ng ilang pagkatalo. Bagamat ang lahat ng salik na paborable para sa atin

ay nagkakaroon ng positibong epekto, hindi ito sasapat para ihinto ang opensiba ng kaaway at ihanda ang ating kontra-opensiba hangga't hindi ginagawa ang napakalaking pagsisikap. Ang pagpawi sa korapsyon at pagpapabilis ng pag-unlad sa bansa, o kahit ang pagpigil sa mga pwersang maka-Hapon at pagpapalawak ng pwersang laban sa Hapon sa ibayong dagat, ay mga katotohanang hindi pa nagaganap. Mula sa lahat ng ito, umaalinsunod na ang ating digma ay hindi maaaring maipanalo nang mabilisan bagkus ay maaari lamang maging isang matagalang digma.

## ANG TATLONG YUGTO NG MATAGALANG DIGMA

35. Dahil ang digmaang Tsino-Hapones ay isang matagalang digma at ang huling tagumpay ay mapapasa-Tsina, makatwirang sabihin na ang matagalang digmang ito ay dadaan sa tatlong yugto. Ang unang yugto ay sumasaklaw sa yugto ng estratehikong opensiba ng kaaway at ng ating estratehikong depensiba. Ang ikalawang yugto ay ang yugto ng estratehikong konsolidasyon ng kaaway at ang ating paghahanda para sa kontra-opensiba. Ang ikatlong yugto ay ang yugto ng ating estratehikong kontra-opensiba at ang estratehikong pag-atras ng kaaway. Imposibleng hulaan ang kongkretong kalagayan sa tatlong yugto, subalit maaaring tukuyin ang ilang pangunahing tunguhin sa digma batay sa kasalukuyang kalagayan. Ang obhetibong takbo ng mga pangyayari ay magiging labis na mayaman at iba-iba, na may maraming liko at ikot, at walang sinuman ang makapagbibigay ng horoscope sa digmaang Tsino-Hapones; gayunpaman, kailangan para sa estratehikong direksyon ng digma na gumawa ng isang pahapyaw na paglalarawan ng mga tunguhin nito. Bagamat maaaring hindi ganap na kaayon ang ating paglalarawan sa mga magaganap sa hinaharap at aamyendahan ng mga ito, kinakailangan pa ring gawin ito upang magbigay ng pirmi at

may layuning estratehikong direksyon sa matagalang digma.

36. Hindi pa natatapos ang unang yugto. Ang disenyo ng kaaway ay ang sakupin ang Canton, Wuhan at Lanchow at pag-ugnayin ang tatlong puntong ito. Para makamit ang layuning ito, kinakailangang gumamit ang kaaway ng di kukulangin sa limampung dibisyon, o may isang milyon at kalahating tauhan, umubos sa isa at kalahati hanggang dalawang taon, at gumastos ng higit sampung bilyong yen. Sa pagpasok nang pagkalalim-lalim, makakaharap niya ang napakatinding mga kahirapan, na ang resulta'y di mahihinagap na pinsala. Kaugnay naman ng pagtatangkang sakupin ang kahabaan ng Perokaril ng Canton-Hankow at ng Haywey ng Sian-Lanchow, kakailanganin niyang maglunsad ng mapanganib na mga labanan at kahit pa gawin ito ay maaaring hindi niya makamit ang kanyang layunin. Subalit sa pagbubuo ng ating mga planong pang-operasyon, dapat ibatay natin ang ating sarili sa palagay na maaaring sakupin ng kaaway ang tatlong lugar at maging ilang dagdag na purok, gayundin na mapag-uugnay-ugnay ang mga ito, at dapat tayong gumawa ng mga disposisyon para sa matagalang digma, nang sa gayon, kung gawin man niya iyon, makaaangkop tayo sa kanya. Sa yugtong ito, ang anyo ng pakikipaglaban na dapat nating gamitin ay pakikidigmang makilos sa pangunahin, na pinupunuan ng pakikidigmang gerilya at pakikidigmang pusisyunal. Dahil sa suhetibong mga pagkakamali ng mga awtoridad militar ng Guomindang, itinakdang pangunahin ang papel ng pakiki-digmang pusisyunal sa unang bahagi ng yugtong ito, subalit magkagayunman, suplementaryo lamang ito sa punto de bista ng yugto sa kabuuan. Sa yugtong ito, nakapagbuo na ang Tsina ng isang malapad na nagkakaisang prente at nakamit ang isang walang kapantay na pagkakaisa. Bagamat gumamit at patuloy na gagamit ang kaaway ng imbi at kahiya-hiyang mga pamamaraan para maakit ang Tsina na sumuko sa pagtatang-

kang makamit ang kanyang balak para sa isang madaliang tagumpay at sakupin ang buong bayan nang walang gaanong hirap, bigo siya hanggang sa ngayon, at malamang, hindi rin siya magtatagumpay sa hinaharap. Sa yugtong ito, sa kabila ng maraming pagkatalo, patuloy na uunlad nang husto ang Tsina, na magiging pangunahing batayan para sa kanyang patuloy na pagtatanggol sa ikalawang yugto. Sa kasalukuyang yugto, nagbigay na ang Unyong Sobyet ng substansyal na ayuda sa Tsina. Sa panig ng kaaway, may mga senyales na ng bumababang moral, at ang momentum ng atake ng kanyang hukbo ay mas mababa sa panggitnang bahagi ng yugtong ito kaysa panimulang bahagi, at ito'y ibayong mababawasan pa sa huling bahagi. Nagsisimulang lumitaw ang mga palatandaan ng pagkasagad ng kanyang pinansya at ekonomya; nagsisimula na ang kapaguran sa digma sa hanay ng kanyang mamamayan at mga tropa; at sa loob ng pangkating nasa pamatnugutan ng digma, nagsisimulang mabakas "ang pagkasiphayo sa digma" at lumalakas ang pesimismo sa kahihinatnan ng digma.

37. Ang ikalawang yugto ay maaaring tawaging yugto ng estratehikong pagkapatas. Sa dulong bahagi ng unang yugto, mapipilitan ang kaaway na magtakda ng ilang terminal na punto sa kanyang estratehikong opensiba bunga ng kanyang kakulangan sa tropa at ng ating matatag na pagtatanggol, at sa pag-abot sa mga ito, ihihinto niya ang kanyang estratehikong opensiba at papasok sa yugto ng pagsasanggalang sa mga lugar na okupado niya. Sa ikalawang yugto, magtatangka ang kaaway na bantayan ang mga okupadong lugar at gawin itong sa kanya sa pamamagitan ng mapanlinlang na paraan ng pagtatayo ng mga papet na gubyerno, habang dinarambong ang mamamayang Tsino sa sukdulan; gayunman, kakaharapin niya muli ang walang puknat na pakikidigmang gerilya. Sa pagsasamantala sa kalagayang walang bantay ang likuran ng kaaway, malawakang uunlad ang ating pakikidigmang gerilya

sa unang yugto, at maraming baseng purok ang maitatayo, na seryosong magsasapeligro sa pagkokonsolida ng kaaway sa mga okupadong purok, at sa gayon sa ikalawang yugto, magiging malaganap pa ang labanan. Sa yugtong ito, ang ating anyo ng pakikipaglaban ay pakikidigmang gerilya sa pangunahin, na sinusuplementuhan ng pakikidigmang makilos. Ang Tsina ay magmamantini pa ng isang malaking hukbong regular, subalit mahihirapan siyang agad maglunsad ng estratehikong kontra-opensiba dahil, sa isang banda, gagamit ang kaaway ng estratehikong depensibong pusisyon sa malalaking lunsod at sa kahabaan ng mga pangunahing linya ng komunikasyon sa ilalim ng kanyang okupasyon, at sa kabilang banda, ang Tsina ay hindi pa sapat na maaarmasan ng mga kagamitang teknikal. Liban sa mga tropang nasa harapang depensa laban sa kaaway, ililipat nang maramihan ang ating mga pwersa sa likuran ng kaaway sa relatibong nakadispers na mga disposisyon, at sa pamamagitan ng pagbabase ng sarili sa lahat ng purok na hindi aktwal na sakop ng kaaway at sa pakikipagkoordina sa lokal na mga armadong pwersa ng mamamayan, maglulunsad sila ng malaganap at mabalasik na pakikidigmang gerilya laban sa mga purok na okupado ng kaaway, nang laging pinagagalaw ang kaaway hangga't maaari upang madurog siya sa pakikidigmang makilos, tulad ng ginagawa ngayon sa Probinsya ng Shansi. Ang labanan sa ikalawang yugto ay magiging malupit, at ang bayan ay makararanas ng matinding pagkawasak. Subalit magiging matagumpay ang pakikidigmang gerilya, at kung mahusay na maisasagawa ito, mapananatili lamang ng kaaway ang isang-katlong bahagi ng kanyang okupadong teritoryo, at ang natitirang dalawang-katlo ay mahahawakan natin. Ito ay magiging isang malaking pagkatalo para sa kaaway at isang malaking tagumpay para sa Tsina. Sa panahong ito, ang teritoryong okupado ng kaaway sa kabuuan ay babagsak sa tatlong kategorya: una, ang mga baseng purok ng kaaway;

ikalawa, ang ating mga baseng purok para sa pakikidigmang gerilya; at ikatlo, ang mga larangang gerilya na pinag-aagawan ng magkabilang panig. Ang tagal ng yugtong ito ay babatay sa antas ng pagbabago sa balanse ng mga pwersa sa pagitan natin at ng kaaway at sa mga pagbabago sa kalagayang pandaigdig. Sa kalahatan, dapat tayong maging handa na tumagal ang yugtong ito nang may kahabaan at tiisin ang kanyang mga kahirapan. Magiging napakahapding yugto ito para sa Tsina; ang dalawang malaking problema ay ang mga kahirapan sa ekonomya at ang paggulong ng mga aktibidad ng mga taksil. Ibubuhos ng kaaway ang lahat para wasakin ang nagkakaisang prente ng Tsina, at magsasanib ang taksil na mga organisasyon sa lahat ng okupadong purok sa isang tinatawag na "pinag-isang gubyerno". Bunga ng pagkawala ng malalaking lunsod at mga kahirapan sa digma, ang nag-uurong-sulong na mga elemento sa ating hanay ay hihiling ng pakikipagkompromiso, at aabot ang pesimismo sa isang seryosong antas. Sa panahong ito, ang ating mga tungkulin ay pakilusin ang buong sambayanan na magbuklod bilang isa at ipagpatuloy ang digma nang may walang tinag na pagpupunyagi, palawakin at patatagin ang nagkakaisang prente, walisin ang lahat ng pesimismo at mga ideya ng pakikipagkompromiso, itaguyod ang kapasyahan sa puspusang pakikibaka at gumamit ng bagong mga patakaran sa panahon ng digma, upang matagalan ang mga kahirapan. Sa ikalawang yugto, kinakailangan nating manawagan sa buong bayan na matatag na panatilihin ang isang nagkakaisang gubyerno, kinakailangan nating labanan ang lahat ng isplit at sistematikong paunlarin ang mga teknika sa paglaban, repormahin ang armadong lakas, pakilusin ang buong sambayanan at maghanda sa kontra-opensiba. Ang kalagayang internasyunal ay magiging higit na di paborable para sa Japan at ang mga pangunahing pwersang internasyunal ay babaling sa pagbibigay ng mas maraming tulong

sa Tsina, kahit na magkakaroon pa rin ng usap-usapan ng "realismo" na tipong-Chamberlain na umaangkop sa mga fait accompli (mga bagay na ginawa na). Ang banta ng Japan sa Timog-silangang Asya at Siberia ay higit na lalaki, at maaari pa ngang magkaroon ng isa pang digma. Kaugnay naman ng Japan, ilampu sa kanyang mga dibisyon ay mababahura sa Tsina. Pahihinain ng malaganap na pakikidigmang gerilya at kilusang bayan laban sa Hapon ang malaking pwersang Hapones na ito, paliliitin ito nang husto at papanghihinain ang moral nito sa pamamagitan ng pagpapalakas sa paghahangad na umuwi, kapaguran-sa-digma at maging sa sentimyentong kontra-digma. Bagamat maling sabihin na hindi makatatamo ang Japan ng anumang resulta sa kanyang pandarambong sa Tsina, gayunman, dahil kulang sa kapital at hinaharas ng pakikidigmang gerilya, imposible siyang makatamo ng mabilisan o makabuluhang mga resulta. Ang ikalawang yugtong ito ay magiging transisyunal na yugto ng buong digmaan; ito ang pinakamapanubok na yugto ngunit pinakalundo rin. Kung magiging independyenteng bayan ang Tsina o magiging isang kolonya ay itatakda hindi ng pagmamantini o pagkawala ng malalaking lunsod sa unang yugto kundi ng antas kung paano kikilos ang buong bansa sa ikalawa. Kung makapagpupunyagi tayo sa Digma ng Pagtatanggol, sa nagkakaisang prente at sa matagalang digma, sa yugtong iyon matatamo ng Tsina ang kapangyarihang magbago mula sa kahinaan tungong kalakasan. Ito ang magiging ikalawang tagpo sa tatlong-tagpong drama ng Digma ng Pagtatanggol ng Tsina. At sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng buong nagsisiganap, magiging posible ang gumanap ng isang napakaningning na huling tagpo.

38. Ang ikatlong yugto ay ang yugto ng kontra-opensiba para mabawi ang ating nawalang mga teritoryo. Ang pagbawi sa mga ito ay babatay pangunahin sa lakas na binuo ng Tsina sa nauunang yugto at patuloy na lalago sa ikatlong yugto.

Subalit ang lakas ng Tsina lamang ay hindi makasasapat, at kinakailangan din nating umasa sa suporta ng pandaigdigang mga pwersa at sa mga pagbabago na magaganap sa loob ng Japan, o kung hindi, hindi tayo mananalo; dumadagdag ito sa mga tungkulin ng Tsina sa pandaigdigang propaganda at diplomasya. Sa ikatlong yugto, ang ating digma ay hindi na magiging isang estratehikong depensiba, kundi magiging isang estratehikong kontra-opensiba na makikita sa estratehikong mga opensiba; hindi na ito ilalaban sa estratehikong mga linyang interyor, kundi unti-unting lilipat sa estratehikong mga linyang eksteryor. Hangga't hindi tayo nagwawagi hanggang Ilog Yalu, hindi masasabing tapos na ang digmang ito. Ang ikatlong yugto ang magiging huli sa matagalang digma, at kapag nag-uusap tayo ng pagpupunyagi sa digma hanggang sa huli, ang ibig nating sabihin ay pagtutuluy-tuloy hanggang sa yugtong ito. Ang ating pangunahing anyo ng pakikipaglaban ay pakikidigmang makilos pa rin, subalit lalaki ang halaga ng pakikidigmang pusisyunal. Habang hindi maituturing na mahalaga ang depensang pusisyunal noong unang yugto dahil sa umiiral na mga sirkunstansya, magiging napakahalaga ng atakeng pusisyunal sa ikatlong yugto dahil sa nagbagong kalagayan at mga rekisito ng tungkulin. Sa ikatlong yugto muling magbibigay ang pakikidigmang gerilya ng estratehikong suporta sa pamamagitan ng pagsusuplemento sa pakikidigmang makilos at pusisyunal, subalit hindi ito ang magiging pangunahing anyo tulad ng sa ikalawang yugto.

39. Madaling makita kung gayon na ang digma ay matagalan at bunga nito ay malupit sa kalikasan. Hindi maaagaw ng kaaway ang buong Tsina subalit masasakop niya ang maraming lugar sa matagal-tagal na panahon. Hindi kakayanin ng Tsina na patalsikin ang mga Hapones nang mabilisan, subalit mananatili sa kanyang mga kamay ang kalakhang bahagi ng kanyang teritoryo. Sa huli, matatalo ang kaaway at magwawagi

tayo, subalit mahirap ang landas na ating tatahakin.

40. Mapapanday ang mamamayang Tsino sa proseso ng mahaba at malupit na digmaang ito. Mapapanday at masusubok din ang mga pampulitikang partidong kalahok sa digma. Dapat pagpunyagian ang nagkakaisang prente; tanging sa pagpupunyagi sa nagkakaisang prente tayo makapagpupunyagi sa digma; at tanging sa pagpupunyagi sa nagkakaisang prente at sa digma natin makakamit ang ultimong tagumpay. Sa gayon lamang mapangingibabawan ang lahat ng kahirapan. Matapos nating bagtasin ang mahirap na landas, mararating natin ang haywey patungong tagumpay. Ito ang natural na lohika ng digma.

41. Sa tatlong yugto, ang mga pagbabago sa relatibong lakas ay magaganap ayon sa mga sumusunod na linya. Sa unang yugto, ang kaaway ay mas superyor at tayo ay mas imperyor sa lakas. Kaugnay ng ating imperyoridad, dapat isaalang-alang natin ang mga pagbabago na dalawang magkaibang tipo mula sa bisperas ng Digma ng Pagtatanggol hanggang sa wakas ng yugtong ito. Ang unang tipo ay pagbabagong papasama. Ang orihinal na imperyoridad ng Tsina ay palalalain ng mga pagkatalo sa digma, tulad ng pagkabawas sa teritoryo, populasyon, lakas sa ekonomya, lakas militar at mga institusyong pangkultura. Sa bandang dulo ng unang yugto, malamang na malaki-laki ang mawawala, laluna sa panig ng ekonomya. Sasamantalahin ng ilang tao ang puntong ito bilang batayan ng kanilang teorya ng pagkalupig ng bansa at ng pakikipagkompromiso. Subalit ang ikalawang tipo ng pagbabago, ang pagbabagong papabuti, ay dapat ding pansinin. Kinabibilangan ito ng karanasang matatamo sa digma, ang pag-unlad na matatamo ng armadong pwersa, ang pag-unlad sa pulitika, ang mobilisasyon ng mamamayan, ang pag-unlad ng kultura sa bagong direksyon, ang paglitaw ng pakikidigmang gerilya, ang paglaki ng suportang internasyunal, atbp. Ang papadaus-

dos sa unang yugto ay ang lumang kantidad at ang lumang kalidad, na ang mga manipestasyon sa saliga'y kantitatibo. Ang papaangat naman ay ang bagong kantidad at ang bagong kalidad, na ang mga manipestasyon sa saliga'y kalitatibo. Ang ikalawang tipo ng pagbabago ang nagbibigay ng batayan sa ating kakayahang lumaban ng isang matagalang digma at kamtin ang ultimong tagumpay.

42. Sa unang yugto, nagaganap din ang dalawang tipo ng mga pagbabago sa panig ng kaaway. Ang unang tipo ay pagbabagong papasama at nakikita sa daan-daang libong mga namatay, sa pagkaubos ng mga armas at bala, sa pagbaba ng moral ng mga tropa, sa popular na diskuntento sa sariling bayan, sa pagkipot ng kalakalan, sa paggugol ng higit sa sampung bilyong yen, sa pagkondena ng opinyong pandaigdig, atbp. Nagbibigay rin ng batayan ang tunguhing ito para sa ating kakayahang magsulong ng isang matagalang digma at kamtin ang ultimong tagumpay. Subalit dapat din nating isaalang-alang ang ikalawang tipo ng pagbabago sa panig ng kaaway, isang pagbabagong papabuti, ibig sabihin, ang paglawak sa teritoryo, populasyon at rekurso. Ito rin ay batayan para sa matagalang katangian ng ating Digma ng Pagtatanggol at sa imposibilidad ng madaliang tagumpay, subalit kaalinsabay nito, gagamitin ito ng ilang tao bilang batayan ng kanilang mga teorya ng pagkalupig ng bansa at ng pakikipagkompromiso. Gayunman, dapat nating isaalang-alang ang transitoryo at parsyal na katangian ng pagbabagong papabuti sa panig ng kaaway. Isang imperyalistang kapangyarihan ang Japan na patungo sa pagbagsak, at pansamantala ang kanyang pagsakop sa teritoryo ng Tsina. Lilimitahan ng masiglang pag-unlad ng pakikidigmang gerilya sa Tsina ang kanyang aktwal na masasakop sa makikitid na sona. Dagdag pa, lumikha ng, at nagpapatindi sa kontradiksyon sa pagitan ng Japan at ng iba pang dayuhang bayan ang kanyang pagsakop sa teritoryo ng Tsina. Liban pa rito, sa

kalahatan, ang ganoong pagsakop ay nangangahulugan ng mahaba-habang panahon kung saan magbubuhos ng kapital ang Japan nang walang anumang kikitaing ganansya, tulad ng ipinakita ng karanasan sa tatlong probinsya sa hilagang silangan. Ang lahat ng ito ay nagbibigay muli sa atin ng batayan para durugin ang mga teorya ng pagkalupig ng bansa at ng pakikipagkompromiso, at para ilatag ang teorya ng matagalang digma at teorya ng ultimong tagumpay.

43. Sa ikalawang yugto, patuloy na uunlad ang nabanggit na mga pagbabago sa magkabilang panig. Habang hindi mahuhulaan ang detalye ng sitwasyon, patuloy na dadausdos ang buong Japan at patuloy na aangat ang Tsina[14]. Halimbawa, ang rekursong militar at pinansyal ng Japan ay masasaid nang husto ng pakikidigmang gerilya ng Tsina, ang popular na diskuntento sa Japan ay lalaki, ang moral ng kanyang mga tropa ay higit na bababa, at siya'y higit na mahihiwalay sa pandaigdigang saklaw. Kaugnay naman ng Tsina, higit pa siyang uunlad sa larangan ng pulitika, militar at kultura at sa mobilisasyon ng sambayanan; uunlad pang lalo ang pakikidigmang gerilya; magkakaroon ng ilang bagong pag-unlad sa ekonomya sa batayan ng maliliit na industriya at malawakang agrikultura sa interyor; unti-unting lalaki ang internasyunal na suporta; at ang buong larawan ay maiiba nang husto sa kung ano ito ngayon. Ang ikalawang yugto ay maaring tumagal nang mahabang panahon, kung kailan maaaring magkaroon ng malaking pagbaliktad ng balanse ng mga pwersa, na unti-unting umaangat ang Tsina habang unti-unting dumadausdos ang Japan. Ang Tsina ay babangon mula sa kanyang imperyor na pusisyon at mawawala sa Hapon ang kanyang superyor na pusisyon; una, magiging patas ang dalawang bayan, at pagkatapos, mababaliktad ang kanilang relatibong posisyon. Sa panahong iyon, matatapos ng Tsina sa kalahatan ang kanyang mga paghahanda para sa estratehikong kontra-opensiba at papasok

sa yugto ng kontra-opensiba at sa pagpapatalsik sa kaaway. Dapat ipagdiinan na ang pagbabago mula sa imperyoridad tungong superyo-ridad at ang pagtatapos ng paghahanda para sa kontra-opensiba ay mangangailangan ng tatlong bagay, ibig sabihin, paglakas ng sariling pwersa ng Tsina, paglaki ng mga kahirapan ng Japan, at paglaki ng suportang internasyunal; ang kumbinasyon ng lahat ng pwersang ito ang magbibigay-daan sa superyoridad ng Tsina at pagkumpleto ng kanyang mga paghahanda para sa kontra-opensiba.

44. Dahil sa di pagkakapantay-pantay sa pag-unlad sa pulitika at ekonomya ng Tsina, ang estratehikong kontra-opensiba ng ikatlong yugto ay hindi magpapakita ng unipormado at pantay na larawan sa buong bayan sa kanyang unang bahagi bagkus ay magiging panrehiyon ang katangian, sumusulong dito at humuhupa roon. Sa yugtong ito, hindi magluluwag ang kaaway sa kanyang mapanghating mga panlalansi upang mabiyak ang nagkakaisang prente ng Tsina, at sa gayo'y ang tungkulin ng pagmamantini ng internal na pagkakaisa sa Tsina ay magiging higit pang mahalaga, at dapat nating tiyakin na ang estratehikong kontra-opensiba ay hindi babagsak sa kalagitnaan dahil sa internal na pagtatalu-talo. Sa yugtong ito, ang kalagayang internasyunal ay magiging napakapaborable para sa Tsina. Ang tungkulin ng Tsina ay ang samantalahin ito upang makamit ang ganap na paglaya at itatag ang isang malayang demokratikong estado, na kaalinsabay nito ay nangangahulugan ng pagtulong sa pandaigdigang kilusang antipasista.

45. Ang Tsina ay sumusulong mula sa imperyoridad tungong pagkapatas at pagkatapos sa superyoridad; ang Japan ay umuurong mula sa superyoridad tungong pagkapatas at pagkatapos sa imperyoridad. Ang Tsina ay sumusulong mula sa depensiba tungong pagkapatas at pagkatapos sa kontra-opensiba; ang Japan ay umuurong mula sa opensiba patungo sa pagsasanggalang sa kanyang mga ganansya at pagkatapos

sa pag-atras – ganyan ang magiging takbo ng digmaang Tsino-Hapon at ang di maiiwasang tunguhin nito.

46. Samakatwid, ang mga katanungan at kongklusyon ay ang mga sumusunod: Malulupig ba ang Tsina? Ang kasagutan ay, Hindi, hindi siya malulupig bagkus ay makatatamo ng ultimong tagumpay. Mananalo ba nang mabilisan ang Tsina? Ang kasagutan ay Hindi, hindi niya kayang manalo nang mabilisan, at ang digma ay kailangang maging isang matagalang digma. Ang mga kongklusyon bang ito ay wasto? Sa palagay ko'y wasto ang mga ito.

47. Sa puntong ito, muling susugod ang mga tagapagtaguyod ng pagkalupig ng bansa at ng pakikipagkompromiso at magsasabing, "Para sumulong mula sa imperyoridad tungong pagkapatas, kailangan ng Tsina ang isang kapangyarihang militar at pang-ekonomya na kapantay ng kapangyarihan ng Japan, at para sumulong mula sa pagkapatas tungong superyoridad, kailangan niya ang kapangyarihang militar at pang-ekonomya na higit sa kapangyarihan ng Japan. Subalit imposible ito, kung kaya ang mga kongklusyong nabanggit ay hindi wasto."

48. Ito ang tinatawag na teorya na "ang mga sandata ang nagpapasya sa lahat",[15] na isang mekanikal na pagtanaw sa usapin ng digma at isang suhetibo at makaisang-panig na pananaw. Ang ating pananaw ay salungat dito; hindi lang natin tinitingnan ang mga sandata kundi pati na ang mamamayan. Ang mga sandata ay isang mahalagang salik sa digma, subalit hindi ito ang mapagpasyang salik; ang mamamayan, hindi ang mga bagay, ang mapagpasya. Ang paligsahan sa lakas ay hindi lamang paligsahan ng lakas militar at pang-ekonomya, kundi paligsahan din ng lakas pantao at moral. Ang kapangyarihang militar at pang-ekonomya ay kinakailangang hawakan ng mamamayan. Kung ang malaking mayorya ng mga Tsino, ng mga Hapones at ng mamamayan ng ibang mga

bayan ay nasa panig ng ating Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, paano maituturing na superyoridad ang kapangyarihang militar at pang-ekonomya ng Japan na tangan ng maliit na minorya sa pamamagitan ng pamimilit? At kung hindi, hindi kaya ang Tsina, bagamat tumatangan sa relatibong mas mahinang kapangyarihang militar at pang-ekonomya, ang maging superyor? Walang duda na unti-unting lalakas ang kapangyarihang militar at pang-ekonomya ng Tsina, sa kundisyong magpupunyagi siya sa Digma ng Pagtatanggol at sa nagkakaisang prente. Kaugnay naman ng ating kaaway, dahil pahihinain siya ng mahabang digma at ng internal at eksternal na mga kontradiksyon, tiyak na magbabago ang kanyang kapangyarihang militar at pang-ekonomya sa kabilang direksyon. Sa mga sirkunstansyang ito, may dahilan ba kung bakit hindi magiging superyor ang Tsina? At hindi lamang ito. Bagamat hindi pa natin ibinibilang ang kapangyarihang militar at pang-ekonomya ng ibang mga bayan na hayagan at sa malaking bahagi ay nasa ating panig, mayroon pa bang anumang dahilan kung bakit hindi natin magagawa ito sa hinaharap? Kung ang kaaway ng Japan ay hindi lamang ang Tsina, kung sa hinaharap hayagang gagamitin ng isa o mas marami pang bayan ang kanilang malalaking kapangyarihang militar at pang-ekonomya sa depensiba o opensiba laban sa Hapon at hayagang tutulong sa atin, hindi kaya ang ating superyoridad ay magiging mas malaki pa? Ang Japan ay isang maliit na bayan, ang kanyang digma ay reaksyunaryo at mabangis, at siya'y higit na mahihiwalay sa pandaigdigang saklaw; ang Tsina ay isang malaking bayan, ang kanyang digma ay progresibo at makatarungan, at tatamasa siya ng paparami nang paparaming suportang internasyunal. May dahilan pa ba kung bakit hindi tiyak na babaguhin ng matagalang pag-unlad ng mga salik na ito ang relatibong pusisyon sa pagitan ng kaaway at ating mga sarili?

49. Gayunman, hindi nauunawaan ng mga tagapagtaguyod ng madaliang tagumpay na ang digmaan ay paligsahan ng lakas, at bago maganap ang isang takdang pagbabago sa relatibong lakas ng mga naglalaban, walang batayan na tangkaing lumaban sa estratehikong mapagpasyang mga labanan at paikliin ang landas tungong paglaya. Kung isasapraktika ang kanilang mga ideya, di maiiwasang ibangga natin ang ating mga ulo sa kongkretong pader. O marahil kaya'y nagsasalita lamang sila para sa pansariling kaligayahan nang hindi naman talaga nilalayong isapraktika ang kanilang mga ideya. Sa huli, darating si G. Realidad at bubuhusan ng malamig na tubig ang mga daldal na ito, at ilalantad sila bilang mga hambog lamang na hangad na makamit ang mga bagay-bagay sa mababang halaga, at makatamo ng mga ganansya nang walang hirap. Nagkaroon tayo noon ng ganitong satsat at mayroon nito ngayon, pero hindi gaanong marami hanggang ngayon; gayunman, maaaring dumami pa ito habang pumapasok ang digmaan sa yugto ng pagkapatas at saka sa kontra-opensiba. Samantala, kung may kalakihan ang mga pagkatalo ng Tsina sa unang yugto, at tumagal sa napakahabang panahon ang ikalawang yugto, muling lalaganap nang malawakan ang mga teorya ng pagkalupig ng bansa at ng pakikipagkompromiso. Kung gayon, dapat pangunahing itutok ang ating bira laban sa kanila at pangalawa lamang laban sa mga satsat hinggil sa madaliang tagumpay.

50. Tiyak na ang digma ay magiging matagalan, subalit walang sinuman ang eksaktong makahuhula kung ilang buwan o taon ito tatagal, dahil ito'y buung-buong nakabatay sa antas ng pagbabago ng balanse ng mga pwersa. Lahat ng naghahangad na paikliin ang digma ay walang alternatiba kundi kumilos nang puspusan para palakasin ang ating sariling pwersa at paliitin ang pwersa ng kaaway. Sa partikular, ang tanging paraan ay magsikhay para ipanalo ang mas maraming

labanan at pahinain ang mga pwersa ng kaaway, paunlarin ang pakikidigmang gerilya para mabawasan ang mga teritoryong okupado ng kaaway sa pinakaminimum, konsolidahin at palawakin ang nagkakaisang prente para buklurin ang mga pwersa ng buong bansa, magbuo ng mga bagong hukbo at magpaunlad ng bagong mga industriyang pandigma, itaguyod ang kaunlarang pampulitika, pang-ekonomya at pangkultura, pakilusin ang mga manggagawa, magsasaka, negosyante, intelektwal at iba pang mga seksyon ng sambayanan, lansagin ang mga pwersa ng kaaway at kabigin ang kanilang mga sundalo, magsagawa ng propagandang internasyunal upang makuha ang dayuhang suporta, at kabigin ang suporta ng mamamayang Hapones at ng iba pang inaaping mamamayan. Tanging sa paggawa ng mga ito maaari nating mapaikli ang haba ng digma. Walang madyik na shortcut.

## ISANG DIGMANG MAY PADRONG JIGSAW

51. Masasabi natin nang may katiyakan na ang matagalang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay susulat ng isang napakagandang pahina na namumukod-tangi sa kasaysayan sa digma ng sangkatauhan. Isa sa espesyal na mga katangian ng digmang ito ay ang magkasalabid na padrong jig-saw na nagmumula sa ganoong magkakasalungat na salik tulad ng kabangisan ng Japan at kanyang kakulangan ng tropa sa isang banda, at ang pagkaprogresibo ng Tsina at ang kalaparan ng kanyang teritoryo sa kabilang banda. Nagkaroon na ng iba pang mga digma na may padrong jigsaw sa kasaysayan, at ang tatlong taong gera sibil sa Rusya matapos ang Rebolusyong Oktubre ay isang halimbawa. Subalit ang nagtatangi ng digmang ito sa Tsina ay ang kanyang katangiang napakamatagalan at napakamalawakan, na magiging rekord sa kasaysayan. Makikita ang padrong jigsaw na ito sa sumusunod:

52. Mga linyang interyor at eksteryor. Ang digma laban

sa Hapon sa kabuuan ay isinusulong sa mga linyang interyor; subalit kung ang relasyon sa pagitan ng mga pangunahing pwersa at mga yunit gerilya ang pag-uusapan, ang una ay nasa mga linyang interyor habang ang huli ay nasa mga linyang eksteryor, na nagpapakita ng isang kakaibang larawan ng mga panipit na nakapaligid sa kaaway. Masasabing totoo rin ito sa kaso ng relasyon sa pagitan ng iba't ibang purok gerilya. Mula sa sariling pananaw, bawat purok gerilya ay nasa mga linyang interyor at ang ibang mga purok ay nasa mga linyang eksteryor; kung magkakasama, bumubuo sila ng maraming larangan ng labanan na sumisipit sa kaaway. Sa unang yugto ng digmaan, umuurong ang mga hukbong regular na estratehikong kumikilos sa mga linyang interyor, pero ang mga yunit gerilya na estratehikong kumikilos sa mga linyang eksteryor ay aabante nang may malalaking hakbang sa malalawak na lugar tungo sa likuran ng kaaway – mas mabalasik pa silang aabante sa ikalawang yugto – at sa gayo'y makikita ang isang pambihirang larawan kapwa ng pag-atras at pag-abante.

53. Pagkakaroon at di pagkakaroon ng purok likuran (rear area). Ang mga pangunahing pwersa, na nagpapasaklaw sa delanterang hanay (front lines) hanggang sa panlabas na hanggahan ng mga purok na okupado ng kaaway, ay kumikilos mula sa purok likuran ng bayan sa kabuuan. Ang mga yunit gerilya, na nagpapasaklaw sa mga linya ng labanan hanggang sa likuran ng kaaway, ay nahihiwalay sa purok likuran ng bayan sa kabuuan. Gayunman, ang bawat purok gerilya ay may kanyang sariling maliit na likuran, na kanyang sinasaligan para itatag ang kanyang pabagu-bagong (fluid) mga linya ng labanan. Iba naman ang kaso sa mga gerilyang detatsment na ipinadala ng isang purok gerilya para sa maikliang mga operasyon sa likuran ng kaaway sa purok ding iyon; ang ganoong mga detatsment ay walang likuran, at wala rin silang linya ng labanan. "Ang pagkilos nang walang likuran" ay

isang espesyal na katangian ng rebolusyonaryong digma sa bagong panahon, saanman matatagpuan ang isang malawak na teritoryo, isang progresibong sambayanan, at isang sulong na partidong pampulitika at hukbo; walang dapat katakutan bagkus ay maraming mahihita rito, at sa halip na pagdudahan ito, dapat nating itaguyod ito.

54. Pagkubkob at kontrakubkob. Kung titingnan ang digma sa kabuuan, walang dudang tayo ay estratehikong kinukubkob ng kaaway dahil siya ay nasa estratehikong opensiba at kumikilos sa mga linyang eksteryor habang tayo ay nasa estratehikong depensiba at kumikilos sa mga linyang interyor. Ito ang unang anyo ng pagkubkob ng kaaway. Sa ating bahagi, makukubkob naman natin ang isa o higit pang kolum ng kaaway na umaatake sa atin sa magkakahiwalay na ruta, dahil ginagamit natin ang patakaran ng paglaban ng mga kampanya't labanan mula sa mga linyang eksteryor sa taktika, sa pamamagitan ng paggamit ng higit na nakararaming pwersa laban sa mga kolum ng kaaway na umaatake sa atin mula sa estratehikong mga linyang eksteryor. Ito ang unang anyo ng ating kontrakubkob sa kaaway. Kasunod, kung isasaalang-alang natin ang mga gerilyang baseng purok sa likuran ng kaaway, kung titingnan nang paisa-isa, ang bawat purok ay napaliligiran ng kaaway sa lahat ng panig, tulad ng Kabundukang Wutai, o sa tatlong panig, tulad ng hilagang-kanlurang larangan ng Shansi. Ito ang ikalawang anyo ng pagkubkob ng kaaway. Subalit kung titingnan naman ang lahat ng gerilyang baseng purok at ang kanilang relasyon sa mga pusisyon ng mga regular na pwersa, makikita na pinaliligiran naman natin ang napakaraming pwersa ng kaaway. Sa Probinsya ng Shansi halimbawa, napaligiran natin ang Perokaril ng Tatung-Puchow sa tatlong panig (ang silangan at kanlurang plangka at ang dulo sa timog) at ang lunsod ng Taiyuan sa lahat ng panig; at maraming kahalintulad na halimbawa sa mga Probinsya ng Hopei at Shantung. Ito

ang ikalawang anyo ng kontrakubkob natin sa kaaway. Kung gayon, may dalawang anyo ng pagkubkob ang mga pwersa ng kaaway at dalawang anyo ng kontrakubkob ang sarili nating pwersa – tulad ng isang laro ng weichi.[16] Ang mga kampanya't labanan na isinusulong ng dalawang panig ay katulad ng pagkuha sa pyesa ng bawat isa, at ang pagtatatag ng mga muog (tulad ng Taiyuan) at ng mga gerilyang baseng purok (tulad ng sa Kabundukang Wutai) ay katulad ng mga galaw para dominahin ang mga espasyo sa mesa. Kung ang laro ng weichi ay pasasaklawin sa daigdig, may ikatlo pang anyo ng pagkubkob sa pagitan natin at ng kaaway, ang interelasyon sa pagitan ng prente ng agresyon at prente ng kapayapaan. Pinaliligiran ng kaaway ang Tsina, Unyong Sobyet, France at Czechoslovakia sa pamamagitan ng kanyang prente ng agresyon, habang kinokontrakubkob naman natin ang Germany, Japan at Italy sa pamamagitan ng ating prente ng kapayapaan. Gayunman, ang ating pagkubkob, tulad ng kamay ni Buddha, ay magiging Bundok ng Limang Elemento na pahalang na nakahiga sa Kalawakan, at ang modernong mga Sun Wu-kung[17] – ang mga pasistang mananalakay – sa wakas ay maililibing sa ilalim nito, at hindi na muling babangon magpakailanman. Kung gayon, kung sa larangang internasyunal ay makalilikha tayo ng isang prente laban sa Hapon sa rehiyong Pasipiko, na ang Tsina ang isang estratehikong yunit, at ang Unyong Sobyet at iba pang mga bayan na maaaring lumahok dito ang iba pang mga estratehikong yunit, at ang kilusang bayan ng Japan ang isa pang estratehikong yunit, at sa gayo'y makabubuo ng isang higanteng lambat na hindi matatakasan ng pasistang mga Sun Wu-kung, kung gayon, iyon ang magiging araw ng wakas ng kaaway. Mangyari pa, ang araw na mabuo ang higanteng lambat na ito ay siyang araw ng ganap na pagbagsak ng imperyalismong Hapones. Hindi tayo nagbibiro; ito ang di maiiwasang tunguhin ng digma.

55. Malalaking purok at maliliit na purok. May posibilidad na sasakupin ng kaaway ang kalakhang bahagi ng teritoryo ng Tsina sa timog ng Great Wall, at mas maliit na bahagi lamang ang mapananatili. Ito ay isang aspeto ng kalagayan. Subalit sa loob ng kalakhang bahaging ito, na hindi pa kasama ang tatlong probinsya sa hilagang-silangan, maaaring aktwal na mahawakan lamang ng kaaway ang malalaking lunsod, ang pangunahing mga linya ng komunikasyon at bahagi ng kapatagan – na maaaring mauna sa kahalagahan, ngunit malamang na bubuo lamang ng mas maliit na bahagi ng okupadong teritoryo sa laki at populasyon, habang ang kalakhang bahagi ay maaaring sakupin ng mga purok gerilya na uusbong sa lahat ng lugar. Ito ang isa pang aspeto ng kalagayan. Kung tayo'y lalampas sa mga probinsya sa timog ng Great Wall at ibilang ang Mongolia, Sinkiang, Chinghai at Tibet, kung gayon ang di okupadong purok ay siyang bubuo ng kalakhang bahagi ng teritoryo ng Tsina, at ang mga okupadong purok ng kaaway ay siyang magiging mas maliit na bahagi, kahit kasama pa ang tatlong probinsya sa hilagang-silangan. Ito ay isa pa ring aspeto ng kalagayan. Ang purok na mapananatili ay walang dudang mahalaga, at dapat nating pagsikapan nang husto na paunlarin ang mga ito, hindi lamang sa pulitika, militar at ekonomya, kundi mahalaga rin, sa kultura. Itrinansporma ng kaaway ang ating dating mga sentrong pangkultura bilang mga purok na atrasado sa kultura, at sa ating bahagi naman, dapat nating itransporma ang dating mga purok na atrasado sa kultura bilang mga sentrong pangkultura. Kasabay nito, ang gawain ng pagpapaunlad ng masasaklaw na gerilyang purok sa likuran ng mga linya ng kaaway ay napakahalaga rin, at dapat nating asikasuhin ang bawat aspeto ng gawaing ito, kabilang ang kultura. Sa lahat-lahat, itatransporma ang malalaking piraso ng teritoryo ng Tsina, ibig sabihin, ang kanayunan, bilang mga rehiyon ng pag-unlad at liwanag, habang ang maliliit na

piraso, ibig sabihin, ang mga purok na okupado ng kaaway at laluna ang malalaking lunsod, ay pansamantalang magiging rehiyon ng pagkaatrasado at kadiliman.

56. Sa gayon, makikita na ang pagiging matagalan at kalat sa malalayong lugar na Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay isang digma na may padrong jigsaw sa militar, pulitika, ekonomya at kultura. Isa itong napakagandang pagtatanghal sa kasaysayan ng digma, isang magiting na pagsisikap ng bansang Tsino, isang maringal at nakakayanig na tagumpay. Hindi lamang makaaapekto sa Tsina at Japan ang digmang ito, na malakas na nagbubunsod sa dalawa na sumulong, kundi makaaapekto rin sa buong daigdig, at magbubunsod sa lahat ng bansa, laluna ang inaaping mga bansa tulad ng India, para magmartsa pasulong. Bawat Tsino ay dapat mulat na lumahok sa digmang ito na may padrong jigsaw, dahil ang anyong ito ng digma ang paraan kung paano pinalalaya ng bansang Tsino ang sarili, ang espesyal na anyo ng digma sa pagpapalaya na inilulunsad ng isang malaking bayang malakolonyal sa dekada 1930 at sa dekada 1940.

## PAGLABAN PARA SA WALANG-HANGGANG KAPAYAPAAN

57. Ang matagalang katangian ng digma ng Tsina laban sa Hapon ay hindi maihihiwalay sa paglaban para sa walang-hanggang kapayapaan sa Tsina at sa buong daigdig. Hindi kailanman nagkaroon ng isang istorikong yugto tulad ng sa kasalukuyan kung saan ang digma ay napakalapit sa walang-hanggang kapayapaan. Sa loob ng ilang libong taon mula nang sumulpot ang mga uri, punung-puno ng mga digma ang buhay ng sangkatauhan; ang bawat bansa ay sumuong sa di mabilang na mga digma, panloob man o laban sa ibang mga bansa. Sa imperyalistang yugto ng lipunang kapitalista, inilulunsad ang mga digma na may partikular na malawakang saklaw at nang may partikular na kalupitan. Ang unang mala-

king imperyalistang digmaan, may dalawampung taon na ang nakararaan, ang una sa tipo nito sa kasaysayan, subalit hindi ang huli. Ang digmaan lamang na nagsimula ngayon ang lumalapit sa pagiging huling digmaan, ibig sabihin, papalapit sa walang-hanggang kapayapaan ng sangkatauhan. Sa ngayon, sangkatlo ng populasyon ng daigdig ang sumuong na sa gera. Pagmasdan! Ang Italy, pagkatapos ang Japan; ang Abyssinia, pagkatapos ang Espanya, pagkatapos ang Tsina. Ang populasyon ng mga bayang nagdidigmaan ngayo'y bumibilang ng halos 600 milyon, halos sangkatlo ng kabuuang populasyon ng daigdig. Ang mga katangian ng kasalukuyang digma ay ang kanyang pagiging walang patid at ang kanyang kalapitan sa walang-hanggang kapayapaan. Bakit ito walang patid? Matapos atakehin ang Abyssinia, inatake ng Italy ang Espanya, at lumahok ang Germany; pagkatapos, inatake ng Japan ang Tsina. Ano ang kasunod? Walang dudang lalabanan ni Hitler ang malalaking kapangyarihan. "Ang pasismo ay digma"[18] – ito ay totoong-totoo. Walang tigil na uunlad ang kasalukuyang digmaan patungong isang digmaang pandaigdig; hindi makaiiwas ang sangkatauhan sa kalamidad ng digma. Bakit natin sinasabi ngayon na ang kasalukuyang digmaan ay malapit sa walang-hanggang kapayapaan? Ang kasalukuyang digmaan ay resulta ng pag-unlad ng pangkalahatang krisis ng pandaigdigang kapitalismo na nagsimula sa Unang Digmaang Pandaigdig; ang pangkalahatang krisis na ito ang nagtutulak sa mga kapitalistang bayan tungo sa isang bagong digmaan, at higit sa lahat, nagtutulak sa pasistang mga bayan sa bagong mga adbenturang digma. Sa ating natatanaw, hindi maililigtas ng digmaang ito ang kapitalismo, bagkus ay magpapadali ito sa kanyang pagbagsak. Mas malaki ito sa saklaw at mas malupit kaysa digmaan ng dalawampung taon sa nakaraan, di maiiwasang mahigop dito ang lahat ng bansa, at ito'y tatagal nang napakahabang panahon, at magdurusa

nang husto ang sangkatauhan. Subalit bunga ng pag-iral ng Unyong Sobyet at ng tumataas na kamulatang pampulitika ng mamamayan ng daigdig, walang dudang lilitaw ang dakilang mga rebolusyonaryong digma mula sa digmaang ito upang labanan ang lahat ng kontra-rebolusyonaryong digma, at sa gayo'y mabibigyan ang digmaang ito ng katangian ng isang pakikibaka para sa walang-hanggang kapayapaan. Kahit na magkaroon pa ng panibagong panahon ng digma sa hinaharap, hindi na nalalayo ang walang-hanggang kapayapaan sa daigdig. Oras na mapawi ng tao ang kapitalismo, makakamit niya ang panahon ng walang-hanggang kapayapaan, at hindi na kailangan pa ang digma. Hindi na kakailanganin pa ang mga hukbo, o ang mga barkong pandigma, o mga eroplanong militar, o gas na panlason. Pagkatapos nito at magpakailanman, hindi na muling makaaalam ng digma ang sangkatauhan. Ang mga rebolusyonaryong digma na nagsimula na ay bahagi ng digma para sa walang-hanggang kapayapaan. Ang digmaan sa pagitan ng Tsina at Japan, dalawang bayan na may pinagsanib na populasyong higit 500 milyon, ay magkakaroon ng mahalagang pwesto sa digmang ito para sa walang-hanggang kapayapaan, at mula rito iluluwal ang paglaya ng bansang Tsina. Ang malayang bagong Tsina ng kinabukasan ay hindi maihihiwalay sa malayang bagong daigdig ng kinabukasan. Sa gayon, ang ating Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay nagkakaroon ng katangian ng isang pakikibaka para sa walang-hanggang kapayapaan.

58. Ipinakikita ng kasaysayan na ang mga digma ay mahahati sa dalawang tipo, ang makatarungan at ang di makatarungan. Ang lahat ng digma na progresibo ay makatarungan, at ang lahat ng digma na humahadlang sa pag-unlad ay di makatarungan. Tayong mga Komunista ay tutol sa lahat ng di makatarungang digma na humahadlang sa pag-unlad, subalit hindi natin tinututulan ang mga progresibo at makatarungang

digma. Tayong mga Komunista ay hindi lamang hindi tumututol sa makatarungang mga digma, aktibo tayong lumalahok sa mga ito. Kaugnay naman ng di makatarungang mga digma, ang Unang Digmaang Pandaigdig ay isang halimbawa kung saan ang magkabilang panig ay lumaban para sa mga imperyalistang interes; kung gayon, ang mga Komunista ng buong daigdig ay mahigpit na tumutol sa digmaang iyon. Ang paraan para tutulan ang isang digma na ganitong tipo ay ang gawin ang lahat ng posible para pigilin ito bago sumiklab, at oras na sumiklab ito, labanan ang digma sa pamamagitan ng digma, tutulan ang isang di makatarungang digma sa pamamagitan ng isang makatarungang digma, kailanman posible. Ang digma ng Japan ay isang di makatarungang digma na pumipigil sa pag-unlad, at dapat tutulan ito at tinututulan ito ng mga mamamayan ng daigdig, kabilang ang mamamayang Hapones. Sa ating bayan, ang mamamayan at ang pamahalaan, ang Partido Komunista at ang Guomindang ay lahat nagtaas na ng bandila ng pagkamatwid sa pambansang rebolusyonaryong digma laban sa agresyon. Ang ating digma ay sagrado at makatarungan, ito ay progresibo at ang layunin nito ay kapayapaan. Ang layunin ay kapayapaan hindi lamang sa isang bayan kundi sa buong daigdig, hindi lamang pansamantala kundi walang-hanggang kapayapaan. Para makamit ang layuning ito, dapat tayong maglunsad ng isang buhay-at-kamatayang pakikibaka, maging handa sa anumang sakripisyo, magpunyagi hanggang sa wakas at huwag kailanman tumigil nang hindi natatamo ang layunin. Anumang laki ng sakripisyo, at gaanuman katagal ang panahong kakailanganin para makamit ito, ang isang bagong daigdig ng walang-hanggang kapayapaan at liwanag ay malinaw na nasa ating harapan. Ang ating pananalig sa paglulunsad ng digmang ito ay nakabatay sa isang bagong Tsina at bagong daigdig ng walang-hanggang kapayapaan at liwanag na ating pinagsisikhayan. Nais panatilihin ng pasismo

at imperyalismo ang digma, subalit nais nating tapusin ito sa hindi malayong hinaharap. Dapat ibuhos ng malaking mayorya ng sangkatauhan ang kanilang makakaya para sa layuning ito. Ang 450 milyong mamamayan ng Tsina ay bumubuo ng sangkapat ng populasyon ng daigdig, at kung sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagsisikap maibagsak nila ang imperyalismong Hapones at lumikha ng isang bagong Tsina na may kalayaan at pagkakapantay-pantay, tiyak na tiyak na magbibigay sila ng napakalaking ambag sa pakikibaka para sa walang-hanggang kapayapaan. Hindi ito hungkag na pag-asa, dahil ang buong daigdig ay lumalapit sa puntong ito sa proseso ng kanyang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya, at kung sama-samang kikilos ang mayorya ng sangkatauhan, tiyak na makakamit ang ating layunin sa loob ng ilang dekada.

## ANG DINAMIKONG PAPEL NG TAO SA DIGMA

59. Naipaliwanag na natin hanggang sa puntong ito kung bakit ang digma ay isang matagalang digma at kung bakit ang ultimong tagumpay ay mapapasa-Tsina, at sa pangunahin, tinalakay kung ano ang isang matagalang digma at kung hindi ito ano. Ngayon, talakayin naman natin ang usapin kung ano ang dapat gawin at kung ano ang hindi dapat gawin. Paano ikokondukta ang isang matagalang digma at paano kakamtin ang ultimong tagumpay? Ito ang mga katanungang sinasagot sa ibaba. Tatalakayin natin kung gayon nang magkakasunod ang sumusunod na mga usapin: ang dinamikong papel ng tao sa digma, digma at pulitika, pampulitikang mobilisasyon para sa Digma ng Pagtatanggol, ang layon ng digma, opensa sa loob ng depensa, mabilisang tagumpay sa loob ng matagalang digma, mga linyang eksteryor sa loob ng mga linyang interyor, inisyatiba, pleksibilidad, pagpaplano, pakikidigmang makilos, pakikidigmang gerilya, pakikidigmang pusisyunal, digma ng anihilasyon, digma ng atrisyon, mga posibilidad ng

pagsasamantala sa mga pagkakamali ng kaaway, ang usapin ng mapagpasyang mga labanan sa digma laban sa Hapon, at ang hukbo at ang mamamayan bilang pundasyon ng tagumpay. Magsimula tayo sa usapin ng dinamikong papel ng tao.

60. Kapag sinasabi natin na tutol tayo sa suhetibong kaparaanan sa mga usapin, ang ibig nating sabihin ay dapat bakahin natin ang mga ideya na hindi nakabatay o hindi umaayon sa obhetibong mga katotohanan, dahil ang ganoong mga ideya ay likhang-isip at mali, at hahantong sa pagkabigo kung isasakatuparan. Subalit kung ano man ang gagawin ay dapat gawin ng mga tao; hindi magaganap ang matagalang digma at ultimong tagumpay kung hindi kikilos ang tao. Para maging epektibo ang ganoong aksyon, dapat may mga tao na humahalaw ng mga ideya, prinsipyo o pananaw mula sa obhetibong mga katotohanan, at naghahapag ng mga plano, direktiba, patakaran, estratehiya at taktika. Ang mga ideya, atbp., ay suhetibo, habang ang mga gawa o mga aksyon ay ang suhetibo na isinalin sa obhetibo, pero kinakatawan ng dalawa ang dinamikong papel na natatangi sa mga tao. Tinatawag natin ang klaseng ito ng dinamikong papel na "mulat at dinamikong papel ng tao", at ito ay katangian na nagtatangi ng tao sa lahat ng iba pang nilalang. Ang lahat ng ideya na nakabatay at umaayon sa obhetibong katotohanan ay wastong mga ideya, at ang lahat ng gawa o aksyon na nakabatay sa wastong mga ideya ay wastong mga aksyon. Dapat nating bigyan ng buong laya ang mga ideya at aksyong ito, ang dinamikong papel na ito. Ang digma laban sa Hapon ay inilulunsad para patalsikin ang imperyalismo at itransporma ang lumang Tsina tungo sa isang bagong Tsina; magagawa lamang ito kung mapakikilos ang buong sambayanang Tsino at bibigyang laya ang kanilang mulat at dinamikong papel sa pagtatanggol laban sa Hapon. Kung tayo'y uupo sa isang tabi at hindi kikilos, tanging pagkalupig ang maghihintay sa atin at hindi magkakaroon ng

matagalang digma o ultimong tagumpay.

61. Katangian ng tao ang gumanap ng mulat at dinamikong papel. Matingkad na ipinakikita ng tao ang katangiang ito sa digma. Totoo nga't ang tagumpay o pagkatalo sa isang digmaan ay itinatakda ng mga kalagayang militar, pampulitika, pang-ekonomya at heograpiko sa magkabilang panig, ng kalikasan ng digma na inilulunsad ng bawat panig at ng suportang internasyunal na tinatamasa ng bawat isa, subalit hindi itinatakda ng mga ito lamang; sa sarili nito, nagbibigay lamang ang mga ito ng posibilidad ng tagumpay o pagkatalo ngunit hindi nagpapasya ng usapin. Para pagpasyahan ang usapin, dapat idagdag ang suhetibong pagsisikap, ibig sabihin, ang pagdidirehe at paglulunsad ng digma, ang mulat at dinamikong papel ng tao sa digma.

62. Sa paghahabol sa tagumpay, hindi maaaring lumampas iyong mga nagdidirihe ng digma sa mga limitasyong itinatakda ng mga obhetibong kondisyon; gayunman, sa balangkas ng mga limitasyong ito, maaari at dapat silang gumampan ng isang dinamikong papel sa pagsisikap na makamit ang tagumpay. Dapat ibatay sa obhetibong mga posibilidad ang tanghalan ng aksyon para sa mga kumander sa isang digma, subalit sa tanghalang iyon, maaari nilang idirihe ang paggampan ng napakaraming drama, lipos ng tunog at kulay, lakas at dingal. Kung naririyan ang obhetibong mga pundasyong materyal, dapat ipakita ng mga kumander sa digma laban sa Hapon ang kanilang husay at pakilusin ang lahat ng kanilang pwersa upang durugin ng pambansang kaaway, itransporma ang kasalukuyang kalagayan kung saan nagdurusa ang ating bayan at lipunan sa agresyon at pang-aapi, at lumikha ng bagong Tsina ng kalayaan at may pagkakapantay-pantay; dito maaari at dapat gamitin ang ating suhetibong kakayahan sa pagdidirihe ng digma. Ayaw natin na ihiwalay ninuman sa ating mga kumander sa digma ang sarili sa obhetibong mga kondisyon at maging mali-mali

at labis na mapusok, manapa'y ang siya nating nais ay maging isang heneral ang bawat kumander na kapwa matapang at matalino. Hindi lamang dapat may tapang ang ating mga kumander para mapangibabawan ang kaaway kundi mayroon ding abilidad na hawakan ang kalagayan sa lahat ng pagbabago at kahirapan ng buong digma. Sa paglangoy sa karagatan ng digma, hindi lamang sila dapat pakampay-kampay kundi dapat tiyakin na makararating sila sa kabilang pampang sa pamamagitan ng sukat na paglangoy. Ang estratehiya at mga taktika, bilang mga batas para sa pagdidirihe ng digma, ang sining ng paglangoy sa karagatan ng digma.

## DIGMA AT PULITIKA

63. "Ang digma ay pagpapatuloy ng pulitika." Sa pakahulugang ito, ang digma ay pulitika at ang digma mismo ay isang pampulitikang aksyon; mula pa noong sinaunang panahon, wala pa ni isang digma na walang katangiang pampulitika. Ang digma laban sa Hapon ay isang rebolusyonaryong digma na inilulunsad ng buong bansa, at ang tagumpay ay hindi maihihiwalay sa pampulitikang layunin ng digma – patalsikin ang imperyalismong Hapones at itayo ang bagong Tsina na malaya at may pagkapantay-pantay – hindi maihihiwalay sa pangkalahatang patakaran ng pagpupunyagi sa Digma ng Pagtatanggol at sa nagkakaisang prente, sa pagpapakilos ng buong sambayanan, at sa mga pampulitikang prinsipyo ng pagkakaisa sa pagitan ng mga upisyal at tauhan, pagkakaisa sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan at paglansag sa mga pwersa ng kaaway, at hindi maihihiwalay sa epektibong aplikasyon ng patakaran sa pakikipagkaisang prente, sa pagpapakilos sa larangan ng kultura, at sa mga pagsisikap na makamit ang suportang internasyunal at suporta ng mamamayan sa loob ng Japan. Sa isang salita, kahit isang sandali ay hindi maihihiwalay sa pulitika ang digma. Anumang tendensya sa hanay

ng mga armadong pwersa laban sa Hapon na maliitin ang pulitika sa pamamagitan ng paghihiwalay ng digma mula rito at ng pagtataguyod ng ideya na ang digma ay absoluto ay mali at dapat iwasto.

64. Gayunman, ang digma ay may sariling partikular na mga katangian at sa pakahulugang ito, hindi maaaring itumbas sa pulitika sa pangkalahatan. "Ang digma ay pagpapatuloy ng pulitika sa ibang ... paraan."[19] Kapag umunlad ang pulitika sa isang takdang yugto kung saan hindi ito maaaring magpatuloy sa pamamagitan ng karaniwang paraan, sumisiklab ang digma para pawiin ang mga hadlang sa daan. Halimbawa, ang mala-independyenteng katayuan ng Tsina ay isang hadlang sa pampulitikang pag-unlad ng imperyalismong Hapones, kung kaya nagpakawala ang Japan ng isang digmang agresyon para pawiin ang hadlang na iyon. Paano naman ang Tsina? Ang imperyalistang pang-aapi ay matagal nang hadlang sa burges-demokratikong rebolusyon ng Tsina, kung kaya maraming digma sa pagpapalaya ang inilusad para pawiin ito. Gumagamit ngayon ang Japan ng digma sa layuning apihin ang Tsina at buung-buong hadlangan ang pagsulong ng rebolusyong Tsino, at sa gayo'y napilitan ang Tsina na ilunsad ang Digma ng Pagtatanggol sa kanyang determinasyon na pawiin ang hadlang na ito. Kapag naalis na ang hadlang, makakamit ang ating pampulitikang layunin at matatapos ang digmaan. Subalit kung ang hadlang ay hindi lubos na maaalis, kailangang magpatuloy ang digma hanggang ganap na makamit ang layunin. Sa gayon, sinumang naghahanap ng pakikipagkompromiso bago magampanan ang tungkulin ng digma laban sa Hapon ay tiyak na mabibigo, dahil kahit na mangyari ang pakikipagkasundo sa isa o iba pang dahilan, muling sisiklab ang digma, dahil ang malawak na masa ng sambayanan ay tiyak na hindi magpapailalim bagkus ay ipagpapatuloy ang digma hanggang makamit ang pampulitikang layunin nito. Maaaring sabihin

kung gayon na ang pulitika ay digma na walang pagdanak ng dugo habang ang digma ay pulitika na may pagdanak ng dugo.

65. Mula sa partikular na mga katangian ng digma, lumilitaw ang isang partikular na bungkos ng mga organisasyon, isang partikular na serye ng mga pamamaraan at isang partikular na tipo ng proseso. Ang mga organisasyon ay ang mga armadong pwersa at lahat ng kasama sa mga ito. Ang mga pamamaraan ay ang estratehiya at mga taktika sa pagdidirihe ng digma. Ang proseso ay ang partikular na anyo ng panlipunang aktibidad kung saan ang magkakatunggaling armadong pwersa ay umaatake sa isa't isa o ipinagtatanggol ang sarili laban sa isa't isa at gumagamit ng estratehiya at mga taktika na paborable para sa sarili at di paborable para sa kaaway. Sa gayon, ang karanasan sa digma ay isang partikular na tipo ng karanasan. Dapat alisin ng lahat ng lumalahok sa digma mula sa sarili ang mga kinagawian at sanayin ang sarili sa digma bago nila makamit ang tagumpay.

## PAMPULITIKANG MOBILISASYON PARA SA DIGMA NG PAGTATANGGOL

66. Ang pambansang rebolusyonaryong digma na kasing dakila ng sa atin ay hindi maipagwawagi nang walang malaganap at puspusang pampulitikang mobilisasyon. Bago ng digma laban sa Hapon, walang pampulitikang mobilisasyon para sa pagtatanggol laban sa Hapon, at ito ay isang malaking balakid, na nagresulta sa pagkawala ng Tsina ng isang tira sa kaaway. Pagkasimula ng digmaan, malayo sa pagiging malawakan ang pampulitikang mobilisasyon, at lalung hindi puspusan. Ang mga putok ng baril at bombang inihulog ng mga eroplano ng kaaway ang naghatid ng balita ng digma sa malaking mayorya ng sambayanan. Isa rin iyong tipo ng mobilisasyon, subalit ginawa iyon para sa atin ng kaaway, hindi natin ito ginawa sa sarili natin. Kahit ngayon, ang mamamayan sa malala-

yong rehiyon na lampas sa ingay ng mga baril ay patuloy na nananahimik tulad ng dati. Dapat magbago ang kalagayang ito, dahil kung hindi, hindi tayo mananalo sa ating buhay-at-kamatayang pakikibaka. Hindi tayo dapat mawalan ng isa pang tira sa kaaway; kabaliktaran nito, dapat nating lubusin ang tirang ito, ang pampulitikang mobilisasyon, para makalamang sa kanya. Ang tirang ito ay napakahalaga; talagang may pangunahing halaga ito, habang ang ating imperyoridad sa armas at iba pang mga bagay ay segundaryo lamang. Lilikha ang mobilisasyon ng karaniwang tao sa buong bayan ng malawak na dagat na paglulunuran sa kaaway; lilikha ito ng mga kondisyon na babawi sa ating kahinaan sa armas at sa iba pang mga bagay, at lilikha ng mga rekisito para mapangibabawan ang bawat kahirapan sa digma. Para makamit ang tagumpay, dapat tayong magpunyagi sa Digma ng Pagtatanggol, sa nagkakaisang prente at sa matagalang digma. Gayunman, ang lahat ng ito ay hindi maihihiwalay sa pagpapakilos ng karaniwang tao. Ang maghangad ng tagumpay subalit pabayaan ang pampulitikang pagpapakilos ay katulad ng paghahangad na "magtungo sa timog sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng pandigmang karuwahe pahilaga", at di maiiwasang ang resulta ay mawala ang tagumpay dahil sa sariling kapabayaan.

67. Ano ang ibig sabihin ng pampulitikang mobilisasyon? Una, nangangahulugan ito ng pagpapabatid sa hukbo at sa sambayanan kung ano ang pampulitikang layunin ng digma. Kinakailangang makita ng bawat sundalo at sibilyan kung bakit kailangang isulong ang digma at kung ano ang kaugnayan nito sa kanya. Ang pampulitikang layunin ng digma ay "patalsikin ang imperyalismong Hapones at itayo ang isang bagong Tsina na malaya at may pagkakapantay-pantay"; dapat nating ihayag ang layuning ito sa lahat, sa lahat ng sundalo at sibilyan, bago natin malikha ang sigwang anti-Hapones at mabuo ang pagkakaisa ng daan-daang milyon bilang iisa upang iambag ang

kanilang lahat-lahat para sa digma. Ikalawa, hindi sapat na ipaliwanag lamang ang layunin sa kanila; dapat ipaliwanag din ang mga hakbangin at patakaran para makamit ito, ibig sabihin, dapat magkaroon ng programa sa pulitika. Mayroon na tayong Sampung-Puntong Programa sa Pagtatanggol Laban sa Hapon at Pagliligtas sa Bansa, at pati na rin ang Programa ng Armadong Pagtatanggol at Pambansang Rekonstruksyon; dapat nating ipopularisa ang dalawang ito sa hukbo at sa sambayanan at pakilusin ang lahat para ipatupad ang mga ito. Kung walang malinaw at kongkretong pampulitikang programa, imposibleng pakilusin ang lahat ng armadong pwersa at ang buong sambayanan para ipagpatuloy ang digma laban sa Hapon hanggang sa wakas. Ikatlo, paano natin sila mapakikilos? Sa pamamagitan ng salita, ng mga polyeto at buletin, ng mga pahayagan, libro at pampleto, sa pamamagitan ng mga dula at pelikula, sa pamamagitan ng mga paaralan, sa pamamagitan ng mga organisasyong masa at sa pamamagitan ng ating mga kadre. Ang nagawa na hanggang ngayon sa mga purok ng Guomindang ay isang patak lamang sa dagat, at dagdag pa, ginawa ito sa isang paraan na hindi angkop sa panlasa ng mamamayan at sa isang diwang hindi kalugod-lugod sa kanila; dapat itong baguhin nang buung-buo. Ikaapat, ang magmobilisa nang minsan ay hindi sapat; dapat maging tuluy-tuloy ang pampulitikang mobilisasyon para sa Digma ng Pagtatanggol. Ang ating tungkulin ay hindi ang bigkasin ang ating pampulitikang programa sa mamamayan, dahil walang makikinig sa ganoong pagbigkas; dapat nating ikawing ang pampulitikang mobilisasyon para sa digma sa mga pangyayari sa digmaan at sa buhay ng mga sundalo at ng mamamayan, at gawin itong isang tuluy-tuloy na kilusan. Ito ay isang bagay na may napakalaking halaga kung saan pangunahing nakasalalay ang ating tagumpay sa digma.

## ANG LAYON NG DIGMA

68. Dito hindi natin tinutukoy ang pampulitikang layunin ng digma; ang pampulitikang layunin ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay inilinaw na sa itaas bilang "pagpapapatalsik sa imperyalismong Hapones at pagtatayo ang isang bagong Tsina na malaya at may pagkakapantay-pantay". Dito ang ating tinutukoy ay ang elementaryong layon ng digma, ng digma bilang "pulitikang may pagdanak ng dugo", bilang mutwal na pagpapatayan ng magkakatunggaling hukbo. Ang layon ng digma sa partikular ay "ipreserba ang sarili at durugin ang kaaway" (ang pagdurog sa kaaway ay nangangahulugan ng pagdisarma sa kanya o "pagkakait sa kanya ng kakayahang lumaban", at hindi nangangahulugan ng pisikal na pagdurog sa bawat kasapi ng kanyang mga pwersa). Sa sinaunang pakikidigma, ginagamit ang sibat at kalasag, ang sibat para atakehin at durugin ang kaaway, at ang kalasag upang ipagtanggol at ipreserba ang sarili. Hanggang sa kasalukuyan, ang lahat ng sandata ay ekstensyon pa rin ng sibat at kalasag. Ang pambomba, ang masinggan, ang kanyon at gas na panlason ay mga pag-unlad ng sibat, habang ang air-raid shelter, ang bakal na helmet, ang kongkretong mga portipikasyon at ang gas mask ay mga pag-unlad ng kalasag. Ang tangke ay isang bagong sandata na nagkukumbina ng mga tungkulin kapwa ng sibat at kalasag. Atake ang pangunahing paraan ng pagdurog sa kaaway, ngunit hindi maaaring isantabi ang depensa. Sa atake, ang kagyat na layon ay durugin ang kaaway, subalit kasabay nito, ito ay pagpreserba sa sarili, dahil kung hindi madudurog ang kaaway, ikaw ang madudurog. Sa depensa, ang kagyat na layon ay ipreserba ang sarili, subalit kasabay nito, ang depensa ay isang paraan ng pagsuplemento sa atake o paghahanda sa pagbaling sa atake. Ang pag-atras ay nasa kategorya ng depensa at isang pagpapatuloy ng depensa, habang ang pagtugis ay pagpapatuloy ng atake. Dapat tukuyin

na ang pagdurog sa kaaway ang pangunahing layon ng digma at ang preserbasyon sa sarili ang segundaryo, dahil tanging sa pamamagitan ng pagdurog sa kaaway nang maramihan epektibong maipepreserba ang sarili. Kung gayon ang atake, ang pangunahing paraan ng pagdurog sa kaaway, ang pangunahin, habang ang depensa, ang suplementaryong paraan ng pagdurog sa kaaway at isang paraan ng pagpreserba sa sarili, ang segundaryo. Sa aktwal na pakikidigma, ang pangunahing papel ay ginagampanan ng depensa sa kalakhan ng panahon at ng atake sa natitirang panahon, subalit kung titingnan ang digma sa kabuuan, nanatiling atake ang pangunahin.

69. Paano natin bibigyan ng matwid ang paghimok ng magiting na pagsasakripisyo sa digma? Hindi ba salungat ito sa "preserbasyon-sa-sarili"? Hindi, hindi ito salungat; ang sakripisyo at preserbasyon sa sarili ay kapwa kasalungat at komplementaryo sa isa't isa. Ang digma ay pulitika na may pagdanak ng dugo at may kabayaran, at kung minsa'y isang napakamahal na kabayaran. Ang parsyal at pansamantalang sakripisyo (di pagpepreserba) ay natatamo para sa kapakanan ng pangkalahatan at permanenteng preserbasyon. Ito mismo ang dahilan kung bakit natin sinasabi na ang atake, na sa saligan ay isang paraan ng pagdurog sa kaaway, ay may tungkulin din ng preserbasyon sa sarili. Ito rin ang dahilan kung bakit ang depensa ay dapat samahan ng atake at hindi dapat maging puro at simpleng depensa.

70. Ang layon ng digma, ibig sabihin, ang preserbasyon sa sarili at ang pagdurog sa kaaway, ang esensya ng digma at batayan ng lahat ng aktibidad sa digma, isang esensya na nanunuot sa lahat ng aktibidad sa digma, mula teknikal hanggang estratehiko. Ang layon ng digma ay ang ugat na prinsipyo ng digma, at walang alinmang konsepto o prinsipyong teknikal, taktikal o estratehiko ang maaaring lumihis dito. Ano halimbawa ang ibig sabihin ng prinsipyo ng "pagkukubli at lubos

na paggamit ng lakas-pamutok" sa pamamaril? Ang layunin ng una ay preserbasyon sa sarili, at ng huli ay pagdurog sa kaaway. Ang una ay nagbibigay-daan sa ganoong mga teknik tulad ng paggamit ng tereyn at mga katangian nito, pagsulong nang pabugsu-bugso, at paghihiwa-hiwalay sa nakadispers na pormasyon. Ang huli ay nagbibigay-daan sa iba pang mga teknik tulad ng paghawan sa linya ng putok at pag-oorganisa ng lambat ng putok. Kaugnay naman ng pwersang panlusob, ng pwersang pampigil at ng reserbang pwersa sa isang taktikal na operasyon, ang una ay para sa paglipol sa kaaway, ang ikalawa ay para sa pagpreserba sa sarili, at ang ikatlo ay para sa alinmang layunin ayon sa sirkunstansya – para sa paglipol sa kaaway (sa kasong ito'y nagrereimpors sa pwersang panlusob o tumatayong pwersang pantugis), o para sa preserbasyon ng sarili (sa kasong ito'y nagrereimpors sa pwersang pampigil o tumatayong pwersang pamayong). Sa gayon, walang teknikal, taktikal o estratehikong mga prinsipyo o mga operasyon ang maaaring lumihis sa layon ng digma, at nanunuot ang layong ito sa kabuuan ng isang digma at dumadaloy sa loob nito mula simula hanggang wakas.

71. Sa pagdidirihe ng digma laban sa Hapon, hindi dapat mawala sa isip ng mga namumuno sa iba't ibang antas ang pagkakaiba sa pagitan ng pundamental na mga salik sa bawat panig o ang layon ng digmang ito. Sa proseso ng mga operasyong militar, naibubunyag ang magkakaibang pundamental na mga salik, sa pagsisikap ng bawat panig na ipreserba ang sarili at durugin ang kaaway. Sa ating digma, nagsisikhay tayo na sa bawat labanan ay makamit ang tagumpay, malaki man o maliit, at disarmahan ang isang bahagi ng kaaway at durugin ang isang bahagi ng kanyang tauhan at kagamitang pandigma. Dapat nating akumulahin ang resulta ng parsyal na mga pagdurog sa kaaway sa mayor na estratehikong mga tagumpay at sa gayo'y makamit ang ultimong pampulitikang

layunin na patalsikin ang kaaway, ipagtanggol ang inang bayan at itayo ang isang bagong Tsina.

## OPENSA SA LOOB NG DEPENSA, MABILISANG TAGUMPAY SA LOOB NG MATAGALANG DIGMA, MGA LINYANG EKSTERYOR SA LOOB NG MGA LINYANG INTERYOR

72. Ngayon, suriin naman natin ang partikular na estratehiya ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon. Sinabi na natin na ang ating estratehiya sa pagtatanggol laban sa Hapon ay matagalang digma, at mangyari pa ito ay ganap na wasto. Subalit ang estratehiyang ito ay pangkalahatan, at hindi partikular. Sa partikular, paano ikokondukta ang isang matagalang digma? Tatalakayin natin ngayon ang usaping ito. Ang ating kasagutan ay ang sumusunod: Sa una at ikalawang yugto ng digma, ibig sabihin, sa yugto ng opensiba ng kaaway at preserbasyon ng kanyang mga ganansya, dapat tayong maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa loob ng estratehikong depensiba, mga kampanya't labanang mabilis na tinatapos sa loob ng sa estratehiya'y matagalang digma, at mga kampanya't labanan sa mga linyang eksteryor sa loob ng sa estratehiya'y mga linyang interyor. Sa ikatlong yugto, dapat nating ilunsad ang estratehikong kontra-opensiba.

73. Dahil ang Japan ay isang malakas na kapangyarihang imperyalista, at tayo ay isang mahinang malakolonyal at malapyudal na bayan, gumagamit siya ng patakaran ng estratehikong opensiba habang tayo ay nasa estratehikong depensiba. Tinatangka ng Japan na ipatupad ang estratehiya ng digmang mabilis na tinatapos; dapat mulat nating ipatupad ang estratehiya ng matagalang digma. Gumagamit ang Japan ng dose-dosenang mga dibisyon ng hukbong katihan na may mataas-taas na husay sa kombat (ngayo'y bumibilang na ng tatlumpu) at bahagi ng kanyang neybi para kubkubin

at iblokeyo ang Tsina mula sa lupa at dagat, at ginagamit ang kanyang hukbong panghimpapawid para bombahin ang Tsina. Nakapaglatag ang kanyang hukbong katihan ng isang mahabang larangang umaabot mula Paotow hanggang Hangchow at ang kanyang neybi ay nakaabot na sa Fukien at Kwangtung; sa gayon, ang mga operasyon sa mga linyang eksteryor ay humugis na sa isang napakalawak na saklaw. Sa kabilang banda, tayo ay nasa pusisyong kumikilos sa mga linyang interyor. Ang lahat ng ito ay bunga ng katotohanang ang kaaway ay malakas habang tayo ay mahina. Ito ang isang aspeto ng kalagayan.

74. Gayunman, may isa pa at eksaktong kabaliktad na aspeto. Ang Japan, bagamat malakas ay walang sapat na bilang ng mga sundalo. Ang Tsina, kahit na mahina, ay may napakalaking teritoryo, malaking populasyon at maraming sundalo. Dalawang mahalagang resulta ang dulot nito. Una, dahil ginagamit ang kanyang maliliit na pwersa laban sa isang napakalawak na bayan, masasakop lamang ng kaaway ang ilang malalaking lunsod at pangunahing mga linya ng komunikasyon at bahagi ng kapatagan. Kung gayon, may malalawak na purok sa teritoryong nasa ilalim ng kanyang pananakop na kailangan niyang iwan na walang garison, na nagbibigay ng napakalawak na arena para sa ating pakikidigmang gerilya. Kung titingnan ang Tsina sa kabuuan, kahit pa nasakop ng kaaway ang linyang nag-uugnay sa Canton, Wuhan at Lanchow at ang mga karatig purok nito, halos hindi niya maaagaw ang mga rehiyon labas nito, at nagbibigay ito sa Tsina ng isang pangkalahatang likuran at mahahalagang base kung saan ilulunsad ang matagalang digma hanggang sa ultimong tagumpay. Ikalawa, sa pagtapat ng kanyang maliliit na pwersa laban sa malalaking pwersa, ang kaaway ay nakukubkob ng ating malalaking pwersa. Inaatake tayo ng kaaway sa maraming ruta; sa estratehiya, nasa mga linyang eksteryor siya habang tayo'y nasa mga linyang interyor; sa estratehiya,

siya ang nasa opensiba at tayo ang nasa depensiba; ang lahat ng ito'y nagmimistulang disbentahe sa atin. Gayunman, magagamit natin ang ating dalawang bentahe, ibig sabihin, ang ating napakalawak na teritoryo at malalaking pwersa, at sa halip na tigas-ulong pakikidigmang pusisyunal, mailulunsad natin ang pleksibleng pakikidigmang makilos, na gumagamit ng ilang dibisyon laban sa isang dibisyon ng kaaway, ilampung libo ng ating mga tauhan laban sa sampung libo ng sa kanya, maraming kolum laban sa isa sa kanyang mga kolum, at biglang pagkubkob at pagsalakay sa isang kolum mula sa mga linyang eksteryor ng larangan ng labanan. Sa paraang ito, habang ang kaaway ay nasa mga linyang eksteryor at nasa opensiba sa mga operasyong estratehiko, mapupwersa siyang lumaban sa mga linyang interyor at sa depensiba sa mga kampanya't labanan. At para sa atin, ang mga linyang interyor at ang depensiba sa estratehikong mga operasyon ay matatransporma sa mga linyang eksteryor at opensiba sa mga kampanya't labanan. Ito ang paraan sa pagharap sa isa o alinman sa umaatakeng kolum ng kaaway. Ang dalawang resultang tinalakay sa itaas ay dulot ng katotohanang maliit ang kaaway habang tayo ay malaki. Dagdag pa, ang mga pwersa ng kaaway, kahit na maliit, ay malakas (sa armas at pagsasanay) habang ang ating mga pwersa, kahit na malaki, ay mahina (sa armas at pagsasanay pero hindi sa moral), at sa mga kampanya't labanan, kung gayon, hindi lamang tayo dapat gumamit ng malalaking pwersa laban sa maliliit at kumilos mula sa mga linyang eksteryor laban sa mga linyang interyor, kundi dapat din tayong tumalima sa patakaran ng pagtatamo ng mabilisang tagumpay. Sa kalahatan, upang makamit ang mabilisang tagumpay, dapat tayong umatake sa isang gumagalaw, at hindi sa isang nakahimpil na kaaway. Dapat nating ikonsentra muna ang malaking pwersa na nakakubli sa tabi ng rutang tiyak na gagamitin ng kaaway, at habang siya'y ku-

mikilos, biglaang umabante upang kubkubin at atakehin siya bago niya malaman kung ano ang nangyayari, at sa gayo'y mabilis na tapusin ang labanan. Kung tayo'y lalaban nang mahusay, madudurog natin ang buong pwersa ng kaaway o kalakhang bahagi o ilang bahagi nito, at kahit na hindi tayo lumaban nang napakahusay, makapagdudulot pa rin tayo ng mabibigat na kaswalti. Ito ay angkop sa alinman at sa lahat ng ating mga labanan. Kung sa bawat buwan, maipananalo natin ang isang malaki-laking tagumpay tulad ng sa Pinghsingkuan o Taierhchuang, huwag nang sabihin pa ang karagdagang mga tagumpay, makadedemoralisa ito nang husto sa kaaway, magpapasigla sa moral ng sarili nating mga pwersa at pupukaw ng suportang internasyunal. Sa gayon, ang ating matagalang digma sa estratehiya ay maisasalin sa larangan bilang mga labanang mabilis na tinatapos. Ang digma na estratehikong mabilis na tinatapos ng kaaway ay tiyak na magbabago tungo sa matagalang digma pagkatapos niyang magapi sa maraming kampanya't labanan.

75. Sa isang salita, ang nabanggit na prinsipyong pang-operasyon sa paglaban ng mga kampanya't labanan ay "opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor". Ito ang kabaliktaran ng ating estratehikong prinsipyo na "matagalang depensibong pakikidigma sa mga linyang interyor", pero ito ang di maisasantabing prinsipyo sa pagpapatupad ng estratehiyang ito. Kung gagamitin natin ang "matagalang depensibong pakikidigma sa mga linyang interyor" bilang prinsipyo rin para sa mga kampanya't labanan, tulad ng ginawa natin sa simula ng Digma ng Pagtatanggol, magiging ganap na di angkop ito sa mga sirkunstansya kung saan ang kaaway ay maliit habang tayo ay malaki at ang kaaway ay malakas habang tayo ay mahina; kung magkagayon, hindi natin makakamit kailanman ang ating estratehikong layunin ng isang matagalang digma at tayo'y magagapi ng kaaway.

Ito ang dahilan kung bakit lagi nating itinataguyod ang pag-organisa ng mga pwersa sa buong bayan sa ilang malalaking hukbong panlarangan, na ang bawat isa'y nakatapat sa isa sa mga hukbong panlarangan ng kaaway, subalit dalawa, tatlo o apat na beses na mas malakas, at sa gayo'y laging okupado ang kaaway sa malalawak na teatro ng digma alinsunod sa prinsipyong nakabalangkas sa itaas. Ang prinsipyong ito ng "opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor" ay maaari at dapat gamitin sa pakikidigmang gerilya gayundin sa pakikidigmang regular. Ito'y mailalapat hindi lamang sa alinmang yugto ng digma kundi sa kanyang buong daloy. Sa yugto ng estratehikong kontra-opensiba, kung kailan mas mahusay na tayong nasasangkapan sa teknikal at wala na sa pusisyon ng mahina na lumalaban sa malakas, makadarakip tayo ng maraming bihag at makasasamsam sa isang malawakang saklaw nang higit pang epektibo kung patuloy nating gagamitin ang superyor na bilang sa mga opensibong labanang mabilis na tinatapos mula sa mga linyang eksteryor. Halimbawa, kung gagamit tayo ng dalawa, tatlo o apat na mekanisadong dibisyon laban sa isang mekanisadong dibisyon ng kaaway, tiyak na tiyak nating madudurog ito. Sentido komun na madaling matatalo ng maraming matitipunong tao ang isa.

76. Kung determinado nating gagamitin ang "opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor" sa isang larangan ng labanan, hindi lang natin babaguhin ang balanse ng mga pwersa sa larangan ng labanang iyon, kundi unti-unti na ring babaguhin ang pangkalahatang sitwasyon. Sa larangan ng labanan, tayo ang nasa opensiba at ang kaaway ang nasa depensiba, gagamit tayo ng higit na nakararaming bilang sa mga linyang eksteryor, at gagamit ang kaaway ng mas maliit na bilang sa mga linyang interyor, at maghahabol tayo ng mabilisang tagumpay, habang hindi kayang patagalin ng kaaway ang labanan, anuman ang kanyang gawin, sa pag-

asa na darating ang mga reimporsment; dahil sa lahat ng ito, magbabago ang pusisyon ng kaaway mula malakas patungong mahina, mula superyor tungong imperyor, habang magbabago ang sa ating mga pwersa mula sa mahina tungong malakas, mula imperyor tungong superyor. Matapos maipagtagumpay sa labanan ang maraming ganoong mga sagupaan, magbabago ang pangkalahatang sitwasyon sa pagitan natin at ng kaaway. Ibig sabihin, sa pamamagitan ng akumulasyon ng mga tagumpay sa maraming larangan ng labanan ng opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor, unti-unti nating mapalalakas ang sarili at mapahihina ang kaaway, na di maiiwasang makaapekto sa pangkalahatang balanse ng mga pwersa at magdudulot ng mga pagbabago rito. Kapag nangyari ito, ang mga pagbabagong ito, kabilang ang iba pang mga salik sa ating panig at kasama ang mga pagbabago sa loob ng kampo ng kaaway at isang paborableng kalagayang internasyunal, ay magpipihit sa pangkalahatang kalagayan sa pagitan natin at ng kaaway, una tungo sa isang kalagayan ng pagkapatas at pagkatapos tungo sa isang pusisyon ng superyoridad para sa atin. Iyon ang sandali para sa atin na ilunsad ang kontra-opensiba at patalsikin ang kaaway mula sa bayan.

77. Ang digma ay paligsahan ng lakas, subalit ang orihinal na padron ng lakas ay nagbabago sa proseso ng digmaan. Dito ang mapagpasyang salik ay ang suhetibong pagsisikap – pagpapanalo ng mas maraming tagumpay at paggawa ng mas kaunting pagkakamali. Ang obhetibong mga salik ang nagbibigay daan sa posibilidad ng ganoong pagbabago, subalit upang isalin ang posibilidad na ito sa realidad, esensyal kapwa ang wastong patakaran at ang suhetibong pagsisikap. Sa kalagayang iyon, gumaganap ng mapagpasyang papel ang suhetibong pagsisikap.

## INISYATIBA, PLEKSIBILIDAD AT PAGPAPLANO

78. Sa mga opensibong kampanya't labanang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor, tulad ng tinalakay sa itaas, ang mahalagang punto ay ang "opensiba"; ang mga "linyang eksteryor" ay pumapatungkol sa saklaw ng opensiba at ang "mabilis na tinatapos" sa kanyang tagal. Kaya nga ang tawag ay "opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor". Ito ang pinakamainam na prinsipyo sa paglulunsad ng matagalang digma at ito rin ang prinsipyo sa tinatawag na pakikidigmang makilos. Subalit hindi ito maaaring isakatuparan nang walang inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano. Pag-aralan naman natin ngayon ang tatlong usaping ito.

79. Natalakay na natin ang mulat at dinamikong papel ng tao, kung gayon, bakit pa tayo muling mag-uusap tungkol sa inisyatiba? Sa mulat at dinamikong papel, ang ating ibig sabihin ay ang mulat na aksyon at pagsisikap, isang katangian na nagtatangi ng tao sa iba pang nilalang, at ang katangiang ito ng tao ay makikita nang pinakamalinaw sa digma; ang lahat ng ito'y natalakay na. Ang inisyatiba rito ay nangangahulugan ng kalayaan sa pagkilos ng isang hukbo na naiiba sa sapilitang kawalan ng kalayaan. Ang kalayaan sa pagkilos ang pinakabuhay ng isang hukbo, at oras na mawala ito, ang hukbo ay malapit sa pagkatalo o pagkadurog. Ang pagdidisarma sa isang sundalo ay resulta ng kanyang pagkawala ng kalayaan sa pagkilos sa pamamagitan ng pagkapwersa sa isang pasibong pusisyon. Ganoon din sa pagkatalo ng isang hukbo. Sa dahilang ito, ginagawa ng magkabilang panig sa digmaan ang lahat upang makuha ang inisyatiba at iwasan ang pagiging pasibo. Masasabi na ang opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor na ating itinataguyod, at ang pleksibilidad at pagpaplano na kinakailangan para sa pagpapatupad nito ay nakadisenyo para makuha ang inisyatiba

at sa gayo'y mapwersa ang kaaway sa isang pasibong pusisyon at makamit ang layunin ng pagpreserba sa sarili at pagdurog sa kaaway. Subalit ang inisyatiba o pagiging pasibo ay hindi maihihiwalay sa superyoridad o imperyoridad sa kapasidad na maglunsad ng digma. Bunga nito, hindi rin ito maihihiwalay sa kawastuan o kamalian ng suhetibong pagdidirihe sa digma. Dagdag dito, naririyan ang usapin ng pagsamantala sa maling mga palagay at kawalan ng kahandaan ng kaaway upang makuha ang inisyatiba at mapwersa ang kaaway sa pagiging pasibo. Ang mga puntong ito ay susuriin sa ibaba.

80. Ang inisyatiba ay hindi maihihiwalay sa superyoridad sa kapasidad na maglunsad ng digma, habang ang pagiging pasibo ay hindi maihihiwalay sa imperyoridad sa kapasidad na maglunsad ng digma. Ang ganoong superyoridad o imperyoridad ang obhetibong batayan ng inisyatiba o pagiging pasibo. Natural na ang estratehikong inisyatiba ay mas mahusay na mapananatili o magagamit sa pamamagitan ng estratehikong opensiba, subalit ang panatilihin ang inisyatiba nang palagian at sa lahat ng lugar, ibig sabihin, ang pagkakaroon ng absolutong inisyatiba, ay posible lamang kung mayroong absolutong superyoridad katapat ng absolutong imperyoridad. Kapag nakikipagbuno ang isang malakas at malusog na tao sa isang paralitiko, siya ay may absolutong inisyatiba. Kung ang Japan ay hindi batbat ng di malulutas na mga kontradiksyon, kung halimbawa, kaya niyang magpadala ng isang malaking pwersa ng ilang milyon o ilampung milyon nang sabay-sabay, kung ang kanyang mga rekursong pinansyal ay maraming beses kaysa kung ano ito, kung siya ay walang oposisyon mula sa sariling mamamayan o mula sa ibang mga bayan, at kung hindi siya nagpapatupad ng mabangis na mga patakaran na pumupukaw sa desperadong pagtatanggol ng mamamayang Tsino, kung gayon, kakayanin niyang panatilihin ang absolutong superyoridad at magkaroon ng absolutong inisyatiba nang palagian

at sa lahat ng lugar. Sa kasaysayan, ang ganoong absolutong superyoridad ay bihirang lumitaw sa maagang yugto ng isang digma o kampanya subalit makikita sa bandang dulo nito. Halimbawa, sa bisperas ng kapitulasyon ng Germany sa Unang Digmaang Pandaigdig, naging absolutong superyor ang mga bayan sa Entente at naging absolutong imperyor ang Germany, kung kaya natalo ang Germany at naging matagumpay ang mga bayan sa Entente; ito ay isang halimbawa ng absolutong superyoridad at imperyoridad sa bandang huli ng isang digma. Muli, sa bisperas ng tagumpay ng Tsina sa Taierhchuang, ang nahiwalay na mga pwersang Hapones doon ay naibaba sa absolutong imperyoridad matapos ng maigting na labanan, habang nakamit ng ating mga pwersa ang absolutong superyoridad at tayo ay naging matagumpay; ito ay isang halimbawa ng absolutong superyoridad at imperyoridad sa bandang dulo ng isang kampanya. Ang isang digma o kampanya ay maaaring magtapos sa isang sitwasyon ng relatibong superyoridad o ng pagkapatas, kung saan magkakaroon ng pakikipagkompromiso sa digma o pagkapatas sa kampanya. Subalit sa maraming kaso, ang absolutong superyoridad at imperyoridad ang nagtatakda ng tagumpay at pagkatalo. Lahat ng ito ay totoo para sa pagtatapos ng isang digma o isang kampanya, at hindi sa simula. Maaaring mahinuha na ang resulta ng digmaang Tsino-Hapones ay magiging absolutong imperyor ang Japan at matatalo, at magiging absolutong superyor ang Tsina at magkakamit ng tagumpay. Gayunman, sa kasalukuyan, ang superyoridad o imperyoridad ay hindi absoluto sa magkabilang panig, bagkus ay relatibo. Dahil sa bentahe ng kanyang pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kapangyarihan, tinatamasa ng Japan ang superyoridad laban sa atin na mayroon namang pangmilitar, pang-ekonomya at pampulitika-pang-organisasyong kahinaan; ang superyoridad na ito ang siyang lumilikha ng batayan ng kanyang inisyatiba.

Pero dahil sa kantidad ang kanyang pangmilitar at iba pang lakas ay hindi malaki, at may iba pa siyang mga disbentahe, ang kanyang superyoridad ay nababawasan ng kanyang sariling mga kontradiksyon. Sa kanyang pananalakay sa Tsina, ang kanyang superyoridad ay higit pang nabawasan dahil kinalaban niya ang ating napakalawak na teritoryo, malaking populasyon, malaking bilang ng mga tropa at matatag na pambansang pagtatanggol. Sa gayon, ang pangkalahatang katayuan ng Japan ay naging isa lamang relatibong superyoridad, at ang kanyang abilidad na gamitin at panatilihin ang inisyatiba, na nalilimitahan, ay naging relatibo na rin. Kaugnay naman ng Tsina, bagamat nasadlak sa isang may pagkapasibong pusisyon sa estratehiya dahil sa kanyang imperyor na lakas, siya naman ay superyor sa kantidad sa teritoryo, populasyon at mga tropa, at superyor din sa moral ng kanyang mamamayan at hukbo at kanilang makabayang pagkamuhi sa kaaway; ang superyoridad na ito, kasama ang iba pang mga bentahe, ay nagpapaliit sa antas ng kanyang imperyoridad sa militar, pang-ekonomya at iba pang lakas, at binabago ito sa isang relatibong imperyoridad sa estratehiya. Pinaliliit din nito ang antas ng pagiging pasibo ng Tsina kung kaya't ang kanyang estratehikong katayuan ay isa lamang relatibong pagiging pasibo. Gayunman, anumang pagiging pasibo ay isang disbentahe, at dapat magsikhay na matanggal ito. Sa larangang militar, ang paraan para gawin ito ay ang matatag na paglulunsad ng opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor, ang paglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa likuran ng kaaway at sa gayo'y makuha ang nakapangingibabaw na lokal na superyoridad at inisyatiba sa maraming kampanya ng pakikidigmang makilos at pakikidigmang gerilya. Sa pamamagitan ng ganoong lokal na superyoridad at lokal na inisyatiba sa maraming kampanya, maaari nating unti-unting malikha ang estratehikong superyoridad at estratehikong inisyatiba at makaalpas mula

sa estratehikong imperyoridad at pagiging pasibo. Ganoon ang interelasyon sa pagitan ng inisyatiba at pagiging pasibo, sa pagitan ng superyoridad at imperyoridad.

81. Mula rito, mauunawaan din natin ang relasyon sa pagitan ng inisyatiba o pagiging pasibo at ang suhetibong pagdidirihe sa digma. Tulad nang naipaliwanag na, posibleng alpasan ang ating pusisyon ng relatibong estratehikong imperyoridad at pagiging pasibo, at ang paraan ay ang paglikha ng lokal na superyoridad at inisyatiba sa maraming kampanya, nang sa gayo'y ipinagkakait sa kaaway ang lokal na superyoridad at inisyatiba at ibinubulid siya sa imperyoridad at pagiging pasibo. Ang lokal na mga tagumpay na ito ay matitipon sa estratehikong superyoridad at inisyatiba para sa atin at estratehikong imperyoridad at pagiging pasibo para sa kaaway. Ang gayong pagbabago ay nakabatay sa wastong suhetibong pagdidirehe. Bakit? Dahil habang hinahabol natin ang superyoridad at inisyatiba, hinahabol din ito ng kaaway; kung titingnan sa ganitong anggulo, ang digma ay isang paligsahan ng suhetibong abilidad sa pagitan ng mga kumander ng magkakatunggaling hukbo sa kanilang pakikibaka para sa superyoridad at para sa inisyatiba sa batayan ng materyal na mga kundisyon tulad ng pwersang militar at rekursong pinansyal. Mula sa paligsahang ito, lilitaw ang isa na matagumpay at isang talunan; kung iiwan ang pagkakaiba sa pagitan ng obhetibong materyal na mga kundisyon, tiyak na utang ng magtatagumpay ang kanyang tagumpay sa wastong suhetibong direksyon at ng talunan ang kanyang pagkatalo sa maling suhetibong direksyon. Tinatanggap natin na ang penomenon ng digma ay mas mahirap maapuhap at kinatatangian ng mas malaking kawalan ng katiyakan kaysa anupamang penomenong panlipunan; sa ibang salita, ito ay mas usapin ng "probabilidad". Subalit ang digma, sa anu't anuman, ay hindi supernatural, kundi isang prosesong maka-

mundo na ginagabayan ng pangangailangan. Iyon ang dahilan kung bakit nananatiling totoo ang pangungusap ni Sun Wu Tzu, "Kilalanin ang kaaway at kilalanin ang sarili, at maaari kang lumaban ng sandaang labanan nang walang panganib na matalo"[20]. Ang mga pagkakamali ay nagmumula sa kawalan ng pag-alam sa kaaway at sa ating sarili, at dagdag pa, ginagawang imposible sa maraming kaso ng kakaibang katangian ng digma ang pagkaalam nang buo tungkol sa magkabilang panig; dahil dito, walang katiyakan hinggil sa mga kondisyong militar at mga operasyon; dahil dito, may mga pagkakamali at pagkatalo. Subalit anuman ang kalagayan at mga galaw sa isang digma, maaaring malaman ang kanilang pangkalahatang mga aspeto at esensyal na mga punto. Posible para sa isang kumander na bawasan ang mga pagkakamali at magbigay ng wastong direksyon sa pangkalahatan, una sa pamamagitan ng pagmamanman at pagkatapos sa pamamagitan ng matalinong paghinuha at paghusga. Armado ng sandata ng "sa pangkalahata'y wastong direksyon", maaari nating maipagwagi ang mas maraming labanan at transpormahin ang ating imperyoridad sa superyoridad at ang ating pagiging pasibo sa inisyatiba. Sa ganitong paraan maiuugnay ang inisyatiba o pagiging pasibo sa wasto o di wastong suhetibong direksyon ng isang digma.

82. Ang tesis na ang di wastong suhetibong direksyon ay maaaring magbago mula sa superyoridad at inisyatiba tungong imperyoridad at pagiging pasibo, at ang wastong suhetibong direksyon ay maaaring lumikha ng kabaligtarang pagbabago, ay nagiging higit na nakakukumbinsi kung ating titingnan ang rekord ng mga pagkatalong natamo ng malalaki at makapangyarihang mga hukbo at ng mga tagumpay na natamo ng maliliit at mahihinang hukbo. Maraming ganoong pangyayari sa kasaysayan ng Tsina at sa ibayong dagat. Mga halimbawa sa Tsina ay ang Labanan sa Chengpu sa pagitan ng mga estado

ng Tsin at Chu,[21] ang Labanan sa Chengkao sa pagitan ng mga estado ng Chu at Han,[22] ang Labanan kung saan tinalo ni Han Hsin ang mga hukbong Chao,[23] ang Labanan sa Kunyang sa pagitan ng mga estado ng Hsin at Han,[24] ang Labanan ng Kuantu sa pagitan ni Yuan Shao at Tsao Tsao,[25] ang Labanan sa Chihpi sa pagitan ng mga estado ng Wu at Wei,[26] ang Labanan sa Yiling sa pagitan ng mga estado ng Wu at Shu,[27] ang Labanan sa Feishui sa pagitan ng mga estado ng Chin at Tsin,[28] atbp. Kabilang sa mga halimbawang makikita sa ibayong dagat ay ang karamihan ng mga kampanya ni Napoleon at ang gera sibil sa Unyong Sobyet matapos ang Rebolusyong Oktubre. Sa lahat ng pangyayaring ito, ang tagumpay ay nakamit ng maliliit na pwersa laban sa malalaki at ng mas imperyor laban sa superyor na mga pwersa. Sa lahat ng halimbawang ito, ang mas mahinang pwersa, na nagtapat ng lokal na superyoridad at inisyatiba laban sa lokal na imperyoridad at pagiging pasibo ng kaaway, sa una ay nagbigay ng isang matinding pagkatalo sa kaaway at pagkatapos ay bumaling sa natitira sa kanyang mga pwersa at dinurog ito nang paisa-isa, at sa gayo'y trinansporma ang pangkalahatang sitwasyon sa sitwasyon ng superyoridad at inisyatiba. Ang kabaliktaran ang nangyari sa kaaway na sa simula'y may superyoridad at may hawak sa inisyatiba; bunga ng suhetibong mga pagkakamali at internal na mga kontradiksyon, nangyayari kung minsan na nawawala niya nang lubusan ang isang napakaganda o may kagandahang pusisyon kung saan tinatamasa niya ang superyoridad at inisyatiba, at nagiging isang heneral na walang hukbo o isang hari na walang kaharian. Sa gayon makikita na bagamat ang superyoridad o imperyoridad sa kapasidad na maglunsad ng digma ang obhetibong batayan na nagtatakda ng inisyatiba at pagiging pasibo, hindi ito sa sarili nito ang aktwal na inisyatiba o pagiging pasibo; tanging sa pamamagitan ng isang tagisan, ng isang paligsahan ng abilidad, na ang aktwal na inisyatiba o pagiging

pasibo ay maaaring lumitaw. Sa labanan, maitatransporma ng wastong suhetibong direksyon ang imperyoridad tungo sa superyoridad at ang pagiging pasibo tungo sa inisyatiba, at maaaring magawa ng di wastong suhetibong direksyon ang kabaliktaran. Ang katotohanan na ang bawat naghaharing dinastiya ay tinalo ng mga rebolusyonaryong hukbo ay nagpapakita na hindi iginagarantiya ang inisyatiba ng simpleng superyoridad sa ilang aspeto, lalupa ang ultimong tagumpay. Maaaring maagaw ng imperyor na panig ang inisyatiba at ang tagumpay mula sa superyor na panig sa pagkakamit ng ilang kondisyon sa pamamagitan ng aktibo at suhetibong pagsisikap alinsunod sa aktwal na mga sirkunstansya.

83. Ang magkaroon ng maling mga palagay at masorpresa ay maaaring mangahulugan ng pagkawala ng superyoridad at inisyatiba. Samakatwid, ang sadyang paglikha ng maling mga palagay sa hanay ng kaaway at paglulunsad ng sorpresang mga atake sa kanya ay dalawang paraan – dalawa ngang mahalagang paraan – ng pagkakamit ng superyoridad at pag-agaw sa inisyatiba. Ano ang maling mga palagay? "Ang tingnan ang bawat palumpong at puno sa Bundok Pakung bilang isang sundalo ng kaaway"[29] ay isang halimbawa ng maling palagay. Ang "umamba sa silangan ngunit umatake sa kanluran" ay isang paraan ng paglikha ng maling mga palagay sa hanay ng kaaway. Kapag ang masang suporta ay sapat para harangan ang pagpuslit ng balita, madalas posible sa pamamagitan ng iba't ibang panlalansi na matagumpay na dalhin ang kaaway sa isang kumunoy ng maling mga paghuhusga at pagkilos nang sa gayo'y nawawala niya ang kanyang superyoridad at inisyatiba. Ang kasabihang "Kailanma'y walang labis na panlilinlang sa digma", ay nangangahulugan mismo nito. Ano ang ibig sabihin ng "nasosorpresa"? Nangangahulugan ito ng pagiging hindi handa. Kung walang paghahanda, ang superyoridad ay hindi tunay na superyoridad at hindi rin magkakaroon

ng inisyatiba. Matapos magagap ang puntong ito, ang isang pwersa na imperyor subalit handa ay kalimitang makagagapi sa isang superyor na kaaway sa pamamagitan ng sorpresang atake. Sinasabi natin na ang kaaway na kumikilos ay madaling atakehin dahil mismo sa kalagayang hindi siya nagmamatyag sa panahong iyon, ibig sabihin, hindi handa. Ang dalawang puntong ito – ang paglikha ng maling mga palagay sa hanay ng kaaway at paglulunsad ng sorpresang atake sa kanya – ay nangangahulugan na inililipat ang kawalang katiyakan ng digma sa kaaway habang kinakamit ang pinakamataas na katiyakan para sa ating sarili, at sa gayo'y nakukuha ang superyoridad, ang inisyatiba at ang tagumpay. Rekisito ang mahusay na pag-oorganisa sa masa sa pagkamit ng lahat ng ito. Kung gayon, napakahalagang pukawin ang lahat ng mamamayan na tutol sa kaaway, armasan silang lahat, gumawa ng malawakang paglusob sa kaaway at pigilin din ang pagpuslit ng balita at lumikha ng tabing para sa sarili nating mga pwersa; sa ganitong paraan, nalalagay sa dilim ang kaaway hinggil sa kung saan at kailan aatake ang ating mga pwersa, at ang isang obhetibong batayan ay malilikha para sa maling mga palagay at kawalan ng paghahanda sa kanyang panig. Sa kalakhan, utang sa organisado at armadong masa ng sambayanan kung bakit naipagwagi ng mahihina at maliliit na pwersa ng Pulang Hukbo ng Tsina ang maraming labanan sa Rebolusyonaryong Digmang Agraryo. Lohikal na ang isang pambansang digma ay makakakuha ng mas malapad na suportang masa kaysa isang rebolusyonaryong digmang agraryo; gayunman, bunga ng nakaraang mga pagkakamali[30], di organisado ang mamamayan, hindi mabilisang nakukuha sa paglilingkod sa adhikain at kung minsan ay nagagamit pa ng kaaway. Ang determinadong pananawagan sa mamamayan sa malawakang saklaw ang tanging paraan ng pagtiyak sa di mauubos na rekurso para matugunan ang lahat ng rekisito ng digma. Bukod rito, tiyak na gaganap

ng malaking papel ito sa pagpapatupad ng ating mga taktika ng paggapi sa kaaway sa pamamagitan ng panlalansi at pagsosorpresa sa kanya. Hindi tayo ang Duke Hsiang ng Sung at walang gamit sa kanyang hangal na etika.[31] Upang makamit ang tagumpay, dapat nating gawing bulag at bingi ang kaaway hanggang makakaya sa pamamagitan ng pagtakip sa kanyang mga mata at tainga at guluhin ang atensyon ng kanyang mga kumander sa pamamagitan ng paglikha ng kalituhan sa kanilang mga isipan. Ang mga nasa itaas ay pumapatungkol sa kung paano nakaugnay ang inisyatiba at pagiging pasibo sa suhetibong pagdidirihe sa digma. Ang ganoong suhetibong pagdidirihe ay di maisasantabi sa paggapi sa Japan.

84. Sa kalakhan, hawak ng Japan ang inisyatiba sa yugto ng kanyang opensiba bunga ng kanyang lakas militar at ng kanyang pagsasamantala sa ating suhetibong mga pagkakamali, sa nakaraan at kasalukuyan. Gayunman, ang kanyang inisyatiba ay nagsisimulang lumiit sa isang antas dahil sa kanyang likas na mga disbentahe at sa suhetibong mga pagkakamali na kanyang nagawa sa takbo ng digmaan (tatalakayin pa natin ito sa ibaba) at dahil din sa ating maraming bentahe. Ang pagkatalo ng kaaway sa Taierhchuang at ang kanyang kahirapan sa Shansi ay malinaw na nagpapatunay rito. Inilagay ng malawakang pag-unlad ng pakikidigmang gerilya sa likuran ng kaaway ang kanyang mga garison sa mga okupadong lugar sa isang ganap na pasibong pusisyon. Bagamat siya'y nasa opensiba pa rin sa estratehiya at patuloy na humahawak sa inisyatiba, ang kanyang inisyatiba ay magwawakas kapag natapos ang kanyang estratehikong opensiba. Ang unang dahilan kung bakit hindi makapagpapanatili ng inisyatiba ang kaaway ay ginagawang imposible ng kanyang kakulangan sa mga tropa na ipagpatuloy ang paglulunsad ng opensiba nang walang taning. Ang ating opensibong pakikidigma sa mga kampanya at ang ating pakikidigmang gerilya sa likuran ng mga linya ng kaaway, kasama

ang iba pang mga salik, ang bumubuo ng ikalawang dahilan kung bakit kailangan niyang ihinto ang kanyang opensiba sa isang takdang punto at hindi niya kakayaning panatilihin ang kanyang inisyatiba. Ang pag-iral ng Unyong Sobyet at ang mga pagbabago sa kalagayang internasyunal ang bumubuo ng ikatlong dahilan. Sa gayon, makikita na ang inisyatiba ng kaaway ay limitado at maaaring mawasak. Kung sa mga operasyong militar, mapananatili ng Tsina ang opensibong pakikidigma ng kanyang pangunahing mga pwersa sa mga kampanya't labanan, masiglang mapauunlad ang pakikidigmang gerilya sa likuran ng kaaway at mapakikilos ang mamamayan sa malawakang saklaw sa pulitika, kung gayon, unti-unti nating matatamo ang pusisyon ng estratehikong inisyatiba.

85. Talakayin naman natin ngayon ang pleksibilidad. Ano ang pleksibilidad? Ito ang kongkretong pagkakamit ng inisyatiba sa mga operasyong militar; ito ang pleksibleng paggamit sa mga armadong pwersa. Ang pleksibleng paggamit sa mga armadong pwersa ang sentral na tungkulin sa pagdidirihe sa digma, isang tungkuling napakahirap gawin nang mahusay. Dagdag pa sa pag-oorganisa at pagmumulat sa hukbo at mamamayan, ang gawain ng digma ay binubuo ng paggamit ng mga tropa sa kombat, at ang lahat ng bagay na ito ay ginagawa upang ipanalo ang laban. Mangyari pa, mahirap mag-organisa ng hukbo, atbp., subalit higit na mahirap na gamitin ito, laluna kung ang mahina ay lumalaban sa malakas. Ang gawin ito ay nangangailangan ng suhetibong abilidad na may napakataas na antas at nangangailangan na bakahin ang kalituhan, kalabuan at kawalan ng katiyakan na partikular sa digma at tuklasin ang kaayusan, linaw at katiyakan sa loob nito; sa ganoong paraan lamang makakamit ang pleksibilidad sa digma.

86. Ang batayang prinsipyo ng mga operasyon sa larangan para sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor.

Mayroong iba't ibang mga taktika o pamamaraan para bigyambuhay ang prinsipyong ito, tulad ng pagdispers at pagkonsentra ng mga pwersa, pahiwalay na pag-abante at pasalikop na pag-atake, ang opensiba at ang depensiba, paglusob at pagpigil, pagkubkob at outflanking, pag-abante at pag-atras. Madaling maunawaan ang mga taktikang ito, subalit hindi madaling gamitin at pleksibleng bagu-baguhin. Sa bagay na ito, ang tatlong susing kawing ay ang oras, ang lugar at ang mga tropa. Hindi matatamo ang anumang tagumpay kung hindi mahusay na pinili ang oras, lugar at mga tropa. Halimbawa, sa pag-atake sa kaaway na kumikilos, kung aatake tayo nang napakaaga, ilalantad natin ang ating sarili at bibigyan ang kaaway ng pagkakataong makapag-handa, at kung tayo'y aatake naman nang masyadong huli, maaaring makapagkampo na ang kaaway at makapagkonsentra ng kanyang mga pwersa, na magbibigay sa atin ng malaking kahirapan. Ito ang usapin ng oras. Kung ang ating pipiliing punto na lulusubin ay ang kaliwang plangka na sa katunayan nga'y siyang mahinang bahagi ng kaaway, magiging madali ang tagumpay; subalit kung ang ating pipiliin ay ang kanang plangka at mababalaho, walang mahihita. Ito ang usapin ng lugar. Kung ang isang partikular na yunit ng ating pwersa ang gagamitin para sa isang partikular na tungkulin, maaaring maging madali ang tagumpay; subalit kung ibang yunit ang gagamitin para sa tungkulin ding iyon, maaaring maging mahirap makamit ang inaasahan. Ito ang usapin ng mga tropa. Dapat matuto tayo hindi lamang kung paano gumamit ng taktika kundi kung paano babagu-baguhin ang mga ito. Para sa pleksibilidad ng kumand, ang mahalagang tungkulin ay gumawa ng ganoong mga pagbabago mula opensiba tungong depensiba, o mula depensiba tungong opensiba, mula pag-abante tungong pag-atras, o mula pag-atras tungong pag-abante, mula pagpigil tungong paglusob o mula paglusob tungong pagpigil, mula sa pagkubkob tungo sa outflanking o

mula sa outflanking tungo sa pagkubkob, at ang paggawa ng ganoong pagbabago nang tama at napapanahon ayon sa mga sirkunstansya ng mga tropa at tereyn sa magkabilang panig. Totoo ito sa kumand sa mga kampanya at estratehikong kumand, gayundin sa kumand sa mga labanan.

87. Sinabi ng sinauna: "Ang kahusayan sa pagbabagu-bago ng taktika ay nakabatay sa inang talino"; ang "kahusayang" ito, na siyang ibig nating sabihin sa pleksibilidad, ang kontribusyon ng isang matalinong kumander. Ang pleksibilidad ay hindi nangangahulugan ng pagpapadalus-dalos; dapat itakwil ang pagpapadalus-dalos. Ang pleksibilidad ay binubuo ng kakayahan ng isang matalinong kumander na gumawa ng napapanahon at wastong mga hakbangin sa batayan ng obhetibong mga kondisyon matapos "tantyahin ang oras at tayain ang sitwasyon" (kabilang sa "sitwasyon" ang sitwasyon ng kaaway, ang ating sitwasyon at ang tereyn), at ang pleksibilidad na ito ay ang "kahusayan sa pagbabagu-bago ng taktika". Sa batayan ng kahusayang ito, maipapanalo natin ang mas maraming tagumpay sa opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor, mababago ang balanse ng mga pwersa sa ating pabor, makukuha ang inisyatiba sa kaaway, at mapangingibabawan at madudurog siya upang maging atin ang ultimong tagumpay.

88. Talakayin naman natin ngayon ang usapin ng pagpaplano. Dahil sa kawalan ng katiyakan na katangiang partikular sa digma, mas mahirap itong isulong ayon sa plano kaysa iba pang mga aktibidad. Pero dahil ang "pagiging handa ang nagtitiyak ng tagumpay at ang kawalan ng paghahanda ay nangangahulugan ng pagkabigo", hindi matatamo ang tagumpay sa digma nang walang pagpaplano at mga paghahanda. Walang absolutong katiyakan sa digma, pero hindi naman wala ang isang antas ng relatibong katiyakan. Relatibong tiyak tayo hinggil sa ating sariling sitwasyon. Walang-wala tayong

katiyakan sa sitwasyon ng kaaway, subalit maski rito, naririyan naman ang mga senyales para ating basahin, mga palatandaan para makita at pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari para paglimian. Ang mga ito ay bumubuo ng kung tawagin natin ay isang antas ng relatibong katiyakan, na nagbibigay ng obhetibong batayan para sa pagpaplano sa digma. Ang mga modernong teknikal na pag-unlad (telegrapi, radyo, mga eroplano, sasakyang de motor, mga perokaril, mga bapor, atbp.) ay dumagdag sa mga posibilidad sa pagpaplano sa digma. Gayunman, ang kumpleto o istableng pagpaplano ay mahirap dahil mayroon lamang napakalimitado at pansamantalang katiyakan sa digma; ang ganoong pagpaplano ay dapat magbago ayon sa galaw (pagdaloy o pagbabago) ng digma at magbago sa antas ayon sa saklaw ng digma. Ang mga taktikal na plano, tulad ng mga plano sa pag-atake o pagdepensa ng maliliit na pormasyon o mga yunit, ay dapat baguhin kadalasan nang ilang beses sa isang araw. Ang plano sa kampanya, ibig sabihin, ang aksyon ng malalaking pormasyon, sa kalahata'y makatatayo hanggang sa pagtatapos ng kampanya, pero magkagayunman, sa proseso nito, ito ay kadalasang binabago nang bahagya o kung minsa'y buong-buo. Ang isang estratehikong plano na nakabatay sa pangkalahatang sitwasyon ng magkakatunggali ay higit pang mas istable, subalit ito rin ay aplikable lamang sa isang takdang estratehikong yugto at dapat baguhin kapag ang digma ay tumungo na sa isang bagong yugto. Ang paggawa at pagbabago ng mga planong taktikal, pangkampanya at estratehiko alinsunod sa saklaw at mga sirkunstansya ay isang susing salik sa pagdidirihe ng isang digma; ito ang kongkretong ekspresyon ng pleksibilidad sa digma, sa ibang salita, ito rin ay kahusayan sa pagbabagu-bago ng mga taktika. Dapat tandaan ito ng mga kumander sa lahat ng antas sa digma laban sa Hapon.

89. Dahil sa fluidity ng digma, kategorikal na itinatatwa ng ilang tao na maaaring maging relatibong istable ang mga

plano o patakaran, at inilalarawan ang ganoong mga plano o patakaran bilang “mekanikal”. Ang pananaw na ito ay mali. Sa nauunang seksyon, lubos nating kinalala na, dahil ang mga sirkunstansya ng digma ay relatibong tiyak lamang, at ang pagdaloy (pagkilos o pagbabago) ng digma ay mabilis, ang mga plano at patakarang pandigma ay maaari lamang maging relatibong istable at kailangang baguhin o rebisahin sa tamang panahon alinsunod sa nagbabagong mga sirkunstansya at pag-daloy ng digma; kung hindi, tayo’y magiging mga mekanista. Gayunman, hindi dapat itatwa ang pangangailangan ng mga plano o patakarang pandigma na relatibong istable sa takdang mga panahon; ang pagtatwa nito ay ang pagtatwa sa lahat ng bagay kabilang ang digma mismo, gayundin ang mismong nagtatatwa. Dahil kapwa ang mga kondisyon at operasyong militar ay relatibong istable, dapat nating kilalanin ang relati-bong istabilidad ng mga plano at patakarang pandigma na nagmumula sa mga ito. Halimbawa, dahil kapwa ang mga sirkunstansya ng digma sa hilagang Tsina at ang nakadispers na kalikasan ng mga operasyon ng Hukbo ng Ikawalong Ruta ay relatibong istable sa isang partikular na yugto, absolutong kinakailangan sa yugtong ito na kilalanin ang relatibong ista-bilidad ng estratehikong prinsipyo ng operasyon ng Hukbo ng Ikawalong Ruta, na walang iba kundi “Ang pakikidigmang gerilya ay saligan, subalit huwag palampasin ang anumang pagkakataon para sa pakikidigmang makilos sa ilalim ng paborableng kalagayan.” Ang yugto ng pagkabalido ng isang plano para sa isang kampanya ay mas maikli kaysa niyong sa estrate-hikong plano, at mas maikli pa para sa isang taktikal na plano, subalit ang bawat isa ay istable sa isang takdang pana-hon. Sinumang nagtatatwa ng puntong ito ay mawawalan ng paraan para panghawakan ang pakikidigma at magiging isang relatibista sa digma na walang pirming pananaw, dahil para sa kanya ang isang paraan ay kasing mali o kasing tama ng isa

pa. Walang nagtatatwa na kahit ang isang plano na balido sa isang takdang panahon ay pabagu-bago (fluid); kung hindi, ang isang plano ay hindi kailanman bibitiwan para sa iba. Subalit pabagu-bago ito sa loob ng mga hanggahan; fluid ito sa loob ng mga hangganan ng iba't ibang operasyong pandigma na isinasagawa para ipatupad ito, subalit hindi pabagu-bago sa kanyang esensya; sa ibang salita, pabagu-bago ito sa kantidad subalit hindi sa kalidad. Sa loob ng ganoong takdang haba ng panahon, ang esensya ay sadyang hindi pabagu-bago, na siyang ibig nating sabihin sa relatibong istabilidad sa loob ng isang takdang panahon. Sa malaking ilog ng absolutong fluidity sa loob ng digma, may relatibong istabilidad sa bawat partikular na bahagi – ganyan ang ating pundamental na pananaw hinggil sa mga plano o patakarang pandigma.

90. Matapos matalakay ang matagalang depensibong pakikidigma sa mga linyang interyor sa estratehiya at ang opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor sa mga kampanya't labanan, at pati na rin ang inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano, maaari na tayong maglagom nang maikli. Ang digma laban sa Hapon ay dapat may plano. Ang mga planong pandigma, na kongkretong aplikasyon ng estratehiya at mga taktika, ay dapat maging pleksible upang sila'y umayon sa mga sirkunstansya ng digma. Dapat lagi tayong magsikhay na itransporma ang ating imperyoridad tungong superyoridad, at ang ating pagiging pasibo tungong inisyatiba upang mabago ang sitwasyon sa pagitan ng kaaway at ng ating sarili. Ang lahat ng ito ay nagkakaroon ng ekspresyon sa opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor sa mga kampanya't labanan, at sa matagalang pakikidigmang depensibo sa mga linyang interyor sa estratehiya.

## ANG PAKIKIDIGMANG MAKILOS, PAKIKIDIGMANG GERILYA AT PAKIKIDIGMANG PUSISYUNAL

91. Ang isang digma ay maghuhugis na pakikidigmang makilos kung ang kanyang nilalaman ay opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor sa mga kampanya't labanan sa loob ng balangkas ng estratehiya ng mga linyang interyor, matagalang digma at depensa. Ang pakikidigmang makilos ang anyo kung saan naglulunsad ang mga hukbong regular ng opensibong mga kampanya't labanan na mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor sa malalawak na larangan at sa malalaking erya ng operasyon. Kasabay nito, kabilang dito ang "depensang makilos" na inilulunsad kung kinakailangan upang bigyang daan ang ganoong opensibong mga labanan; kinabibilangan din ito ng atakeng pusisyunal at depensang pusisyunal sa isang suplementaryong papel. Ang mga katangian nito ay mga hukbong regular, superyoridad ng mga pwersa sa mga kampanya't labanan, ang opensiba at fluidity.

92. Ang Tsina ay may napakalawak na teritoryo at napakalaking bilang ng mga sundalo, subalit ang kanyang mga tropa ay kulang sa kagamitan at pagsasanay; ang mga pwersa ng kaaway, sa kabilang banda, ay kulang sa bilang, subalit mas mahusay ang kagamitan at pagsasanay. Sa ganitong kalagayan, walang duda na dapat tayong gumamit ng opensibong pakikidigmang makilos bilang pangunahing anyo ng ating pakikidigma, at pinupunuan ito ng iba pa at pinagsasama ang lahat ng ito bilang pakikidigmang makilos. Dapat nating tutulan ang "umatras lamang, huwag umabante kailanman", na takboismo, at kasabay nito, dapat nating tutulan ang "umabante lamang, at huwag umatras kailanman", na desperadong pagpapadalus-dalos.

93. Isa sa mga katangian ng pakikidigmang makilos ay fluidity, na hindi lamang nagpapahintulot bagkus ay humihingi sa

isang hukbong panlarangan na umabante at umatras nang malalaking hakbang. Gayunman, wala itong pagkahalintulad sa takboismo na tipong Han Fu-chu.[32] Ang pangunahing rekisito ng digma ay durugin ang kaaway, at ang isa pang rekisito ay preserbasyon ng sarili. Ang layon ng preserbasyon ng sarili ay ang pagdurog sa kaaway, at ang pagdurog sa kaaway naman ang pinakaepektibong paraan ng pagpreserba sa sarili. Kung gayon ang pakikidigmang makilos ay hindi isang dahilan para sa mga taong tulad ni Han Fu-chu at hindi kailanman nangangahulugan ng pagkilos na paatras lamang, at hindi kailanman pasulong; ang ganoong tipo ng "paggalaw" na pumapawi sa batayang katangiang opensibo ng pakikidigmang makilos, ay "gagalaw" sa Tsina sa praktika tungo sa kamatayan anumang laki niya.

94. Gayunman, ang kabilang pananaw, na tinatawag nating desperadong pagpapadalus-dalos ng "umabante lamang, huwag umatras kailanman" ay mali rin. Ang pakikidigmang makilos na ating itinataguyod, na ang laman ay opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor sa mga kampanya't labanan, ay kinabibilangan ng pakikidigmang pusisyunal sa isang suplementaryong papel, "depensang makilos" at pag-atras, at kung wala ang lahat ng ito, hindi maipatutupad nang lubos ang pakikidigmang makilos. Ang desperadong pagpapadalus-dalos ay kakitiran ng pananaw militar, na nagmumula sa takot na mawalan ng teritoryo. Hindi alam ng isang taong kumikilos nang may desperadong pagpapadalus-dalos na ang isang katangian ng pakikidigmang makilos ay ang fluidity, na hindi lamang nagpapahintulot bagkus ay humihingi sa isang hukbong panlarangan na umabante at umatras nang malalaking hakbang. Sa positibong bahagi, para maakit ang kaaway sa isang laban na di paborable sa kanya subalit paborable sa atin, kadalasa'y kinakailangan na siya'y gumagalaw at tayo ay may ilang bentahe, tulad ng

paborableng tereyn, bulnerableng kaaway, lokal na populasyon na makahahadlang sa pagpuslit ng impormasyon, at labis na kapaguran at kawalan ng kahandaan ng kaaway. Hinihingi nito na umabante ang kaaway, at hindi natin dapat masamain ang pansamantalang pagkawala ng isang bahagi ng ating teritoryo. Ito'y dahil ang pansamantalang pagkawala ng isang bahagi ng ating teritoryo ang halagang kabayaran para sa permanenteng preserbasyon ng lahat ng ating teritoryo, kabilang ang pagbawi sa nawalang mga teritoryo. Sa negatibong bahagi, kailanman tayo'y napupwersa sa isang pusisyon ng disbentahe na sa saliga'y nagsasapanganib sa preserbasyon ng ating mga pwersa, dapat tayong magkaroon ng tapang na umatras, upang mapreserba ang ating mga pwersa at birahin ang kaaway kapag sumulpot ang bagong mga oportunidad. Dahil hindi nila alam ang prinsipyong ito, ipaglalaban ng mga tagapagtaguyod ng desperadong aksyon ang isang lunsod o isang piraso ng lupa kahit na malinaw at tiyak na di paborable ang pusisyon; bunga nito, hindi lamang nawawala sa kanila ang lunsod o piraso ng lupa bagkus ay nabibigong ipreserba ang kanilang mga pwersa. Palagi na nating itinataguyod ang patakaran ng "pag-akit sa kaaway sa kalalim-laliman", dahil ito ang siyang pinakaepektibong patakarang militar para sa isang hukbo na sa estratehiya'y mahina at nasa depensiba laban sa isang malakas na hukbo.

95. Sa mga anyo ng pakikidigma sa digma laban sa Hapon, ang pakikidigmang makilos ang una at ang pakikidigmang gerilya ang pangalawa. Kapag sinasabi natin na sa buong digma, ang pakikidigmang makilos ang pangunahin at ang pakikidigmang gerilya ang suplementaryo, ibig nating sabihin na ang resulta ng digma ay pangunahing nakabatay sa pakikidigmang regular, laluna sa makilos na anyo nito, at hindi maaring balikatin ng pakikidigmang gerilya ang pangunahing responsibilidad sa pagpapasya ng kahihinatnan nito. Gayun-

man, hindi ito nangangahulugan na ang papel ng pakikidigmang gerilya ay hindi mahalaga sa estratehiya ng digma. Ang papel nito sa estratehiya ng digma sa kabuuan ay pangalawa lamang sa pakikidigmang makilos, dahil kung wala ang suporta nito hindi natin magagapi ang kaaway. Sa pagsasabi nito, nasa isip din natin ang estratehikong tungkulin ng pagpapaunlad ng pakikidigmang gerilya tungong pakikidigmang makilos. Ang pakikidigmang gerilya ay hindi mananatiling ganoon pa rin sa buong proseso ng mahaba at malupit na digmaan, bagkus ay aangat sa isang mas mataas na antas at uunlad tungong pakikidigmang makilos. Sa gayon ang estratehikong papel ng pakikidigmang gerilya ay dalawahan: suportahan ang pakikidigmang regular at itransporma ang sarili tungong pakikidigmang regular. Kung isasaalang-alang ang walang kapantay na saklaw at tagal ng pakikidigmang gerilya sa Digma ng Pagtatanggol ng Tsina, lalong higit na mahalaga na huwag maliitin ang estratehikong papel nito. Ang pakikidigmang gerilya sa Tsina, kung gayon, ay may taglay na hindi lamang taktikal na mga usapin, kundi pati na rin ng kanyang partikular na estratehikong mga usapin. Tinalakay ko na ito sa "Mga Usapin sa Estratehiya sa Digmang Gerilya Laban sa Hapon". Tulad ng ipinakita sa itaas, ang mga anyo ng pakikidigma sa tatlong estratehikong yugto ng Digma ng Pagtatanggol ay ang sumusunod: Sa unang yugto ang pakikidigmang makilos ang pangunahin, habang ang pakikidigmang gerilya at pusisyunal ay suplementaryo. Sa ikalawang yugto, ang pakikidigmang gerilya ay susulong sa unang pwesto at susuplementahan ng pakikidigmang makilos at pusisyunal. Sa ikatlong yugto, ang pakikidigmang makilos ay muling magiging pangunahing anyo at susuplementahan ng pakikidigmang pusisyunal at pakikidigmang gerilya. Subalit ang pakikidigmang makilos sa ikatlong yugto ay hindi lamang solong gagampanan ng orihinal na mga pwersang regular; ang isang bahagi, at posibleng isang napakahalagang bahagi, ay

gagampanan ng mga pwersang sa simula'y mga gerilya subalit umunlad mula pakikidigmang gerilya tungong pakikidigmang makilos. Mula sa punto-de-bista ng lahat ng tatlong yugto sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ng Tsina, ang pakikidigmang gerilya ay talagang di maisasantabi. Ang ating pakikidigmang gerilya ay magtatanghal ng isang dakilang drama na walang katulad sa kasaysayan ng digma. Sa dahilang ito, mula sa milyun-milyong tropang regular ng Tsina, absolutong kinakailangan na magtalaga ng di bababa sa ilang daang libo upang idispers sa lahat ng lugar na okupado ng kaaway, pukawin ang masa upang mag-armas sa sarili, at maglunsad ng pakikidigmang gerilya na koordinado sa masa. Dapat balikatin nang tapat ng mga regular na pwersa na itatalaga nang ganoon ang sagradong tungkuling ito, at hindi nila dapat isiping ang kanilang katayuan ay bumaba dahil sumusuong sila sa mas kaunting malalaking labanan at pansamantala'y hindi nagmumukhang mga pambansang bayani. Mali ang anumang ganoong pag-iisip. Ang pakikidigmang gerilya ay hindi nagdadala ng kasindagliang resulta o kasinlaking katanyagan tulad ng pakikidigmang regular, bagkus "sumusubok sa lakas ng kabayo ang isang mahabang lansangan at sumusubok sa puso ng isang tao ang isang mahabang tungkulin", at sa proseso ng mahaba at mapait na pakikidigmang gerilyang ito, ipakikita nito ang kanyang napakalaking kapangyarihan; tunay na ito ay hindi isang karaniwang gawain. Dagdag pa, makapaglulunsad ang ganoong mga pwersang regular ng pakikidigmang gerilya kapag nakadispers at ng pakikidigmang makilos kapag nakakonsentra, tulad ng ginagawa ng Hukbo ng Ikawalong Ruta. Ang prinsipyo ng Hukbo ng Ikawalong Ruta ay "Ang pakikidigmang gerilya ay saligan, subalit huwag palampasin ang pagkakataon para sa pakikidigmang makilos sa ilalim ng mga paborableng pagkakataon." Ganap na wasto ang prinsipyong ito; ang mga pananaw ng mga tumututol dito ay mali.

96. Sa kasalukuyang teknikal na antas ng Tsina, sa kalahata'y hindi angkop ang pakikidigmang pusisyunal, depensiba o opensiba, at dito lumilitaw ang ating kahinaan. Dagdag pa, sinasamantala rin ng kaaway ang kalawakan ng ating teritoryo upang laktawan ang ating pinatibay na mga pusisyon. Samakatwid, ang pakikidigmang pusisyunal ay hindi maaaring maging isang mahalaga, lalung hindi pangunahin, na paraan para sa atin. Subalit sa una at ikalawang yugto ng digma, posible at esensyal, sa loob ng balangkas ng pakikidigmang makilos, na gumamit ng lokalisadong pakikidigmang pusisyunal sa isang suplementaryong papel sa mga kampanya. Ang mala-pusisyunal na "depensang makilos" ay isang mas mahalaga pang bahagi ng pakikidigmang makilos na isinasagawa sa layuning magtanggol laban sa kaaway sa bawat hakbang, at sa gayo'y inuubos ang kanyang mga pwersa at kumukuha ng dagdag na oras. Dapat magsikhay ang Tsina na dagdagan ang kanyang mga suplay ng mga modernong armas upang ganap niyang magampanan ang mga tungkulin ng atakeng pusisyunal sa yugto ng estratehikong kontra-opensiba. Sa ikatlong yugtong ito, walang dudang gagampan ng mas malaking papel ang pakikidigmang pusisyunal, dahil sa panahong iyon ang kaaway ay mahigpit na magtatanggol ng kanyang mga pusisyon, at hindi natin mababawi ang ating nawalang mga teritoryo kung hindi tayo maglulunsad ng malalakas na atakeng pusisyunal bilang pansuporta sa pakikidigmang makilos. Gayunpaman, sa ikatlong yugto rin, dapat tayong magsikap nang lubos upang magawang pangunahing anyo ng pakikidigma ang pakikidigmang makilos. Ito'y dahil ang sining ng pagdidirihe sa digma at ang aktibong papel ng tao sa kalahata'y napapawalang bisa sa pakikidigmang pusisyunal tulad ng nilaban sa Kanluraning Europa sa ikalawang hati ng Unang Digmaang Pandaigdig. Natural lamang na alisin ang digma "mula sa mga trensera", dahil nilalaban ang digma sa malawak na kalupaan ng Tsina at

dahil ang ating panig ay mananatiling mahina sa kagamitang teknikal sa isang may kahabaang panahon. Kahit sa panahon ng ikatlong yugto, kapag ang pusisyong teknikal ng Tsina ay mas bubuti na, hindi niya halos malalampasan ang kaaway sa aspetong ito, at sa gayo'y kinakailangang magkonsentra sa isang mataas na antas ng pakikidigmang makilos, na kung wala'y hindi niya makakamit ang ultimong tagumpay. Kung gayon, sa buong Digma ng Pagtatanggol, hindi gagamit ang Tsina ng pakikidigmang pusisyunal bilang pangunahin; ang pangunahin o mahalagang mga anyo ay ang pakikidigmang makilos at pakikidigmang gerilya. Ang dalawang anyong ito ng pakikidigma ay ganap na magpapalarga sa sining ng pag-didirihe ng digma at sa aktibong papel ng tao – isang piraso ng magandang swerte mula sa ating kamalasan!

## DIGMA NG ATRISYON AT DIGMA NG ANIHILASYON

97. Tulad ng nasabi na natin, ang esensya, o layon ng digma ay ang pagpreserba sa sarili at pagdurog sa kaaway. Dahil may tatlong anyo ng pakikidigma - makilos, pusisyunal at gerilya - para makamit ang layuning ito, at dahil sila'y nagkakaiba sa antas ng pagkaepektibo, lumilitaw ang malapad na pagkakaiba sa pagitan ng digma ng atrisyon at digma ng anihilasyon.

98. Bilang panimula, maaari nating masabi na ang digma laban sa Hapon ay kapwa isang digma ng atrisyon at isang digma ng anihilasyon. Bakit? Dahil sinasamantala pa ng ka-away ang kanyang kalakasan at napananatili ang estratehikong superyoridad at estratehikong inisyatiba, at samakatwid, kung hindi tayo maglulunsad ng mga kampanya't labanan ng anihi-lasyon, hindi natin epektibo at mabilisang mababawasan ang kanyang kalakasan at mababali ang kanyang superyoridad at inisyatiba. May kahinaan pa tayo at hindi pa natin napapawi sa ating mga sarili ang ating estratehikong imperyoridad at pagi-ging pasibo; samakatwid, kung hindi tayo maglulunsad ng mga

kampanya't labanan ng anihilasyon, hindi tayo makakakuha ng panahon para paunlarin ang ating kalagayang panloob at internasyunal at baguhin ang ating di paborableng kalagayan. Samakatwid, ang mga kampanyang anihilasyon ay ang paraan upang makamit ang layunin ng estratehikong atrisyon. Sa ganitong pakahulugan, ang digma ng anihilasyon ay digma ng atrisyon. Sa pamamagitan pangunahin ng paggamit ng paraan ng atrisyon sa pamamagitan ng anihilasyon, makapaglulunsad ang Tsina ng matagalang digma.

99. Subalit ang mga layunin ng estratehikong atrisyon ay makakamit din sa pamamagitan ng mga kampanyang atrisyon. Sa pangkalahatan, ginagampanan ng pakikidigmang makilos ang tungkulin ng anihilasyon, ginagampanan ng pakikidigmang pusisyunal ang tungkulin ng atrisyon, at ginagampanan ng pakikidigmang gerilya ang dalawa nang magkasabay; ang tatlong anyo ng pakikidigma sa gayo'y maitatangi sa bawat isa. Sa ganitong pakahulugan, ang digma ng anihilasyon ay kakaiba sa digma ng atrisyon. Ang mga kampanyang atrisyon ay suplementaryo subalit kinakailangan sa matagalang digma.

100. Sa teorya at sa punto ng mga pangangailangan ng Tsina, upang makamit ang estratehikong layunin ng malakihang pagbawas sa mga pwersa ng kaaway, sa kanyang yugtong depensiba, hindi lamang dapat samantalahin ng Tsina ang tungkulin ng anihilasyon, na naisasagawa pangunahin sa pamamagitan ng pakikidigmang makilos at sa bahagi sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya, kundi dapat ding samantalahin ang tungkulin ng atrisyon, na ginagampanan pangunahin ng pakikidigmang pusisyunal (na sa sarili'y suplementaryo) at sa bahagi ng pakikidigmang gerilya. Sa yugto ng pagkapatas, dapat nating ipagpatuloy ang mga tungkulin ng anihilasyon at atrisyong ginagampanan ng pakikidigmang gerilya at pakikidigmang makilos para sa higit na mas malawakang-saklaw na pagbawas sa mga pwersa ng kaaway. Ang

lahat ng ito'y nakatuon sa pagpapatagal ng digma, habang unti-unting binabago ang pangkalahatang balanse ng mga pwersa at inihahanda ang mga kalagayan para sa ating kontra-opensiba. Sa panahon ng estratehikong kontra-opensiba, dapat nating ipagpatuloy ang paraan ng atrisyon sa pamamagitan ng anihilasyon upang sa huli'y mapatalsik ang kaaway.

101. Subalit sa katunayan, karanasan natin sa huling sampung buwan na ang marami o karamihan pa nga ng ating mga kampanya ng pakikidigmang makilos ay naging mga kampanya ng atrisyon, at hindi sapat na ginampanan ng pakikidigmang gerilya ang kanyang angkop na tungkuling anihilasyon sa ilang purok. Ang positibong aspeto, kahit papaano'y nabawasan natin ang mga pwersa ng kaaway, na mahalaga kapwa sa matagalang digma at sa ating ultimong tagumpay, at hindi nagbuhos ng ating dugo nang walang saysay. Subalit ang mga kahinaan ay una, hindi natin sapat na nabawasan ang kaaway, at ikalawa, hindi natin naiwasan ang may kabigatang kaswalti at kaunti lamang ang samsam pandigma. Bagamat dapat nating kilalanin ang obhetibong dahilan ng kalagayang ito, ibig sabihin, ang agwat sa pagitan natin at ng kaaway sa kagamitang teknikal at sa pagsasanay ng tropa, sa anu't anuman, kapwa sa teorya at sa praktika, kinakailangang ipanawagan na maglunsad ang ating pangunahing mga pwersa ng masisiglang labanan ng anihilasyon kailanman paborable ang mga sirkunstansya. At bagamat ang ating mga yunit gerilya ay kinakailangang maglunsad ng mga labanan na purong atrisyon sa paggampan ng partikular na mga tungkulin tulad ng sabotahe at panghaharas, kinakailangang itaguyod at masiglang ipatupad ang mga kampanya't labanan ng anihilasyon kailanman paborable ang mga sirkunstansya, nang sa gayon ay malaking mabawasan ang mga pwersa ng kaaway at malaking mapunuan ang sa atin.

102. Ang "mga linyang eksteryor", ang "mabilisang

tagumpay" at ang "opensiba" sa opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor at ang "pagiging makilos" sa pakikidigmang makilos ay nagkakaroon ng pangunahing hugis pang-operasyon sa paggamit ng mga taktikang pangkubkob at pag-outflank; samakatwid, naririyan ang pangangailangan ng pagkokonsentra ng mas superyor na pwersa. Kung gayon, ang konsentrasyon ng mga pwersa at ang paggamit ng mga taktika ng pagkubkob at pag-outflank ang paunang rekisito para sa pakikidigmang makilos, ibig sabihin, para sa opensibong pakikidigmang mabilis na tinatapos sa mga linyang eksteryor. Ang lahat ng ito ay nakatuon sa anihilasyon ng mga pwersa ng kaaway.

103. Ang lakas ng hukbong Hapones ay hindi lamang sa kanyang mga armas kundi sa pagkakasanay ng kanyang mga upisyal at tauhan – ang antas ng organisasyon nito, ang tiwala-sa-sarili nito na nagmumula sa hindi pagkakatalo kailanman, ang mapamahiing mga paniniwala nito sa Mikado at sa supernatural na mga nilalang, ang arogansya nito, ang pagkamuhi nito sa mamamayang Tsino, at iba pang ganoong mga katangian, na lahat ay nagmumula sa mahahabang taon ng indoktrinasyon ng mga warlord na Hapones at mula sa pambansang tradisyong Hapones. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit maliit na bilang lamang ng mga bihag ang nakukuha natin, bagamat napatay at nasugatan natin ang napakaraming tropa ng kaaway. Ito ay isang punto na minaliit ng maraming tao sa nakaraan. Ang pagdurog sa ganitong mga katangian ng kaaway ay mahabang proseso. Ang unang bagay na dapat gawin ay bigyan ng seryosong atensyon ang usaping ito, at pagkatapos ay matiyaga at sistematikong asikasuhin ito sa larangang pampulitika at sa larangan ng internasyunal na propaganda at sa kilusang bayang Hapones; sa larangang militar, mangyari pa'y isa sa mga pamamaraan ang digma ng anihilasyon. Sa mga katangiang ito ng kaaway, maaaring

makakita ang mga pesimista ng batayan para sa teorya ng pagkalupig ng bansa, at maaaring makakita ang mga isip-pasibong mga militar ng batayan para sa pagtutol sa digma ng anihilasyon. Kabaligtaran nito, naninindigan tayo na ang mga kalakasang ito ng hukbong Hapones ay madudurog at ang kanilang pagkadurog ay nagsisimula na. Ang pangunahing paraan ng pagdurog sa kanila ay ang pampulitikang pagkabig sa mga sundalong Hapones. Dapat nating unawain, sa halip na saktan, ang kanilang pagtingin-sa-sarili at idirihe ito sa wastong direksyon, at sa pamamagitan ng mabuting pagtrato sa mga bihag ng digma, gabayan ang mga sundalong Hapones para makita ang anti-popular na katangian ng agresyong ginawa ng mga naghaharing Hapones. Sa kabilang banda, dapat nating ipakita sa mga sundalong Hapones ang di magagaping diwa at ang magiting at matatag na kapasidad sa paglaban ng hukbong Tsino at ng mamamayang Tsino, ibig sabihin, dapat mabigyan natin sila ng mga hambalos sa mga labanang anihilasyon. Ipinakikita ng ating karanasan sa nakalipas na sampung buwan sa mga operasyong militar na posibleng malipol ang mga pwersa ng kaaway – tingnan ang mga kampanyang Pinghsingkuan at Taierhchuang. Nagsisimula nang bumaba ang moral ng hukbong Hapones, hindi nauunawaan ng kanyang mga sundalo ang layunin ng digma, napaliligiran sila ng mga hukbong Tsino at ng mamamayang Tsino, sa atake sila'y nagpapakita ng mas kaunting tapang kaysa mga sundalong Tsino, at iba pa; ang lahat ng ito ay obhetibong mga salik na pumapabor sa paglulunsad ng mga labanang anihilasyon, at dagdag pa, tuluy-tuloy na uunlad ang mga ito habang tumatagal ang digma. Mula sa punto de bista ng pagdurog sa hambog na arogansya ng kaaway sa pamamagitan ng mga labanang anihilasyon, ang ganoong mga labanan ay isa sa mga paunang rekisito sa pagpapaikli ng digma at pagpapabilis ng pagpapalaya sa mga sundalong Hapones at mamamayang

Hapones. Nakikipagkaibigan ang mga pusa sa kapwa pusa, at wala saanman sa mundo na nakikipagkaibigan ang pusa sa mga daga.

104. Sa kabilang banda, dapat tanggapin na sa kasalukuyan, mas mahina tayo sa kaaway sa kagamitang teknikal at sa pagsasanay ng tropa. Kung gayon, kadalasa'y mahirap makamit ang maksimum sa anihilasyon, tulad ng pagbihag sa buo o kalakhang bahagi ng isang pwersa ng kaaway, laluna kung nakikipaglaban sa kapatagan. Kaugnay nito, mali ang labis na hinihingi ng mga teoretisyan ng madaliang tagumpay. Ang dapat hingin sa ating mga pwersa sa digma laban sa Hapon ay maglunsad sila ng mga labanang anihilasyon hangga't maaari. Sa paborableng mga sirkunstansya, dapat ikonsentra natin ang superyor na pwersa sa bawat labanan at gamitin ang mga taktikang pangkubkob at pag-outflank – kubkubin ang bahagi kung hindi man lahat ng pwersa ng kaaway, bihagin ang bahagi kung hindi man lahat ng pwersang nakubkob, at magdulot ng mabibigat na kaswalti sa bahagi ng pwersang nakubkob kung hindi natin sila mabihag. Sa mga sirkunstansya na di paborable para sa mga labanang anihilasyon, dapat tayong maglunsad ng mga labanang atrisyon. Sa mga paborableng sirkunstansya, dapat nating gamitin ang prinsipyo ng pagkokonsentra ng mga pwersa, at sa di paborableng sirkunstansya iyong pagdispers sa kanila. Kaugnay ng relasyon ng kumand sa mga kampanya, dapat nating gamitin ang prinsipyo ng sentralisadong kumand sa una at iyong desentralisadong kumand sa huli. Ito ang saligang mga prinsipyo ng mga operasyon sa larangan para sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon.

## ANG MGA POSIBILIDAD NA SAMANTALAHIN ANG MGA PAGKAKAMALI NG KAAWAY

105. Ang kumand ng kaaway mismo ang nagbibigay ng isang batayan para sa posibilidad ng paggapi sa Japan. Sa ka-

saysayan, walang di nagkakamaling heneral, at ang kaaway ay gumagawa ng mga pagkakamali tulad nang tayo mismo ay hindi makaiwas na gumawa ng mga ito; samakatwid, umiiral ang posibilidad na samantalahin ang mga pagkakamali ng kaaway. Sa sampung buwan ng kanyang digmang agresyon, nakagawa na ang kaaway ng maraming pagkakamali sa estratehiya at mga taktika. May lima ritong pangunahin.

Una, pira-pirasong reimporsment. Ito ay bunga ng pagmamaliit ng kaaway sa Tsina at ng kakulangan din niya ng tropa. Lagi tayong minamaliit ng kaaway. Matapos agawin ang apat na mga probinsya sa hilagang-silangan nang maliit ang kapalit, sinakop niya ang silangang Hopei at hilagang Chahar, kapwa sa pamamagitan ng estratehikong pagrerekorida. Ang kongklusyon ng kaaway ay isang bunton ng buhaghag na buhangin ang bansang Tsino. Sa gayon, sa pag-aakalang ang Tsina ay babagsak sa isang bigwas, gumawa siya ng plano ng "madaliang tagumpay", at nagtangka na patakbuhin tayo sa takot gamit ang napakaliit na pwersa. Hindi niya inaasahang makita ang ganoon kalaking pagkakaisa at ganoon kalaking lakas ng pagtatanggol tulad ng ipinakita ng Tsina sa nakalipas na sampung buwan, at nakalimutan niya na ang Tsina ay nasa panahon na ng pag-unlad at mayroon nang sulong na partidong pampulitika, sulong na hukbo at sulong na mamamayan. Dahil tumanggap ng mga pagkatalo, dinagdagan ng kaaway ang kanyang mga pwersa nang papira-piraso mula sa isang dosena hanggang sa tatlumpung dibisyon. Kung nais niyang umabante, kinakailangan niyang higit pang dagdagan ang kanyang mga pwersa. Subalit dahil sa antagonismo ng Japan sa Unyong Sobyet at sa kanyang likas na kakulangan sa lakas-tauhan at pinansya, may di maiiwasang hangganan ang maksimum na bilang ng tauhan na kanyang maipa-pasok at ang pinakamalayong

punto ng kanyang pag-abante.

Ikalawa, ang kawalan ng isang pangunahing direksyon ng atake. Bago ng kampanyang Taierhchuang, hinati ng kaaway ang kanyang mga pwersa nang humigit-kumulang magkakapantay sa pagitan ng hilaga at gitnang Tsina at hinati muli ang mga ito sa loob ng bawat isa sa mga eryang ito. Sa hilagang Tsina, halimbawa, hinati niya ang kanyang mga pwersa sa mga Perokaril ng Tientsin-Pukow, Peiping-Hankow at Tatung-Puchow, at sa bawat isa sa mga linyang ito, nakaranas siya ng mga kaswalti at nag-iwan ng ilang garison sa mga lugar na kanyang inokupa, at pagkatapos niyon ay kinulang siya ng pwersa para sa higit pang pag-abante. Matapos ang pagkatalo sa Taierhchuang, kung saan nakakuha siya ng leksyon, kinonsentra ng kaaway ang kanyang pangunahing mga pwersa sa direksyon ng Hsuchow, at sa gayo'y pansamantalang iwinasto ang kanyang pagkakamaling ito.

Ikatlo, ang kawalan ng estratehikong koordinasyon. Sa kabuuan, may koordinasyon sa loob ng mga grupo ng mga pwersa ng kaaway sa hilagang Tsina at sa gitnang Tsina, subalit may litaw na litaw na kakulangan ng koordinasyon sa pagitan ng dalawa. Nang inatake ng kanyang mga pwersa sa bahaging timog ng Perokaril ng Tientsin-Pukow ang Hsiaopengpu, hindi gumalaw iyong nasa hilagang bahagi, at nang inatake ng kanyang mga pwersa sa hilagang seksyon ang Taierhchuang, hindi gumalaw iyong nasa bahaging timog. Matapos magdusa ang kaaway sa dalawang lugar, dumating ang ministrong pandigma ng Japan para mag-inspeksyon at dumating ang pinuno ng pangkalahatang istap para mamuno, at sa ilang sandali, mistulang mayroong koordinasyon. Ang uring panginoong maylupa, ang burgesya at ang mga warlord ng Japan ay may napakalalang panloob na mga kontradiksyon, na

lumalaki, at ang kawalan ng koordinasyong militar ay isa sa kongkretong manipestasyon ng katotohanang ito.

Ikaapat, ang pagkabigong sunggaban ang estratehikong mga oportunidad. Ang pagkabigong ito ay litaw na litaw na nakita sa paghinto ng kaaway matapos ang okupasyon ng Nanking at Taiyuan, pangunahin dahil sa kanyang kakulangan sa tropa at sa kanyang kawalan ng estratehikong pwersang pantugis.

Ikalima, ang pagkubkob sa malalaki, subalit anihilasyon ng maliliit na bilang. Bago ng kampanyang Taierhchuang, sa mga kampanya ng Shanghai, Nanking, Tsangchow, Paoting, Nankow, Hsinkuo at Linfen, maraming tropang Tsino ang natalo subalit iilan ang nabihag, na nagpapakita sa katangahan ng kumand ng kaaway.

Ang limang pagkakamaling ito – ang pira-pirasong reimporsment, kawalan ng pangunahing direksyon ng atake, kawalan ng estratehikong koordinasyon, kabiguang sunggaban ang mga oportunidad, ang pagkubkob sa malalaki, subalit anihilasyon ng maliliit na bilang – lahat ay mga punto ng kawalang kakayahan ng kumand ng Hapones bago ng kampanyang Taierhchuang. Bagamat gumawa na ang kaaway ng ilang pagpapaunlad, imposibleng maiwasan niyang ulitin ang kanyang mga pagkakamali dahil sa kanyang kakulangan sa tropa, kanyang internal na mga kontradiksyon at iba pang mga salik. Dagdag pa, ang nakukuha niya sa isang punto ay nawawala naman sa iba pa. Halimbawa, nang ikinonsentra niya ang kanyang mga pwersa sa hilagang Tsina sa Hsuchow, nag-iwan siya ng isang napakalaking puwang sa mga okupadong lugar sa hilagang Tsina, na nagbigay sa atin ng buong laya para paunlarin ang pakikidigmang gerilya. Ang mga pagkakamaling ito ay sariling likha ng kaaway at hindi natin ginanyak. Sa ating bahagi, maaari nating sadyain na makagawa ang kaaway ng mga pagkakamali, ibig sabihin, linlangin natin

at imaniobra siya sa isang ninais na pusisyon sa pamamagitan ng matalino at epektibong mga hakbang sa tulong ng populasyong mahusay na inorganisa, halimbawa, sa pamamagitan ng "pag-amba sa silangan subalit pag-atake sa kanluran". Natalakay na ang posibilidad na ito. Ang lahat ng nabanggit ay nagpapakita na maging sa kumand ng kaaway, makakakita tayo ng ilang batayan para sa tagumpay. Mangyari pa, hindi natin dapat ituring itong isang mahalagang batayan para sa ating estratehikong pagpaplano; kabaligtaran nito, ang tanging maasahang direksyon ay ang ibatay ang ating pagpaplano sa pagpapalagay na gagawa ang kaaway ng iilang pagkakamali. Liban dito, maaaring samantalahin ng kaaway ang ating mga pagkakamali tulad rin na maaaring samantalahin natin ang sa kanya. Tungkulin ng ating kumand na bigyan siya ng minimum na mga pagkakataon para gawin ito. Sa katunayan, nakagawa ng mga pagkakamali ang kumand ng kaaway, muling gagawa ng mga pagkakamali sa hinaharap, at maaring mapagawa nito sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap. Gayunman, kahit na karamihan ng estratehiko at pangkampanyang kumand ng kaaway ay walang kakayahan, mayroong ilang napakahuhusay na punto sa kanyang kumand sa labanan, ibig sabihin, sa kanyang mga taktikang pangyunit at maliliit na pormasyon, at dito dapat tayong matuto sa kanya.

## ANG USAPIN NG MAPAGPASYANG MGA LABANAN SA DIGMA LABAN SA HAPON

106. Ang usapin ng mapagpasyang mga labanan sa digma laban sa Hapon ay dapat tingnan mula sa tatlong aspeto: dapat tayong matatag na maglunsad ng mapagpasyang labanan sa bawat kampanya o labanan na tiyak natin ang tagumpay; dapat tayong umiwas sa mapagpasyang labanan sa bawat kampanya o labanan na hindi natin tiyak ang tagumpay; at absolutong dapat tayong umiwas sa isang estratehikong mapagpasyang la-

banan kung saan ang kapalaran ng buong bansa ang nakataya. Ang katangiang nag-iiba sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon sa iba pang mga digma ay nalalantad rin sa usaping ito ng mapagpasyang mga labanan. Sa una at ikalawang yugto ng digma, na kinatatangian ng lakas ng kaaway at ng ating kahinaan, ang layunin ng kaaway ay maitulak tayong ikonsentra ang ating pangunahing mga pwersa para sa isang mapagpasyang labanan. Ang ating layunin ay ang eksaktong kabaligtaran nito. Nais nating pumili ng mga kondisyon na paborable sa atin, magkonsentra ng superyor na pwersa at maglunsad lamang ng mapagpasyang mga kampanya o labanan kung tiyak tayo sa tagumpay, tulad ng mga labanan sa Pinghsingkuan, Taierhchuang at iba pang mga lugar; nais nating umiwas sa mapagpasyang mga labanan sa ilalim ng di paborableng mga kondisyon kung kailan di natin tiyak ang tagumpay, na siyang patakarang pinagtibay natin sa Changteh at iba pang mga kampanya. Kaugnay naman ng paglaban sa estratehikong mapagpasyang labanan kung saan ang kapalaran ng buong bansa ang nakataya, talagang hindi natin dapat gawin ito, tulad ng ipinakita ng pag-atras mula sa Hsuchow. Sa gayon ang plano ng kaaway para sa isang "mabilisang tagumpay" ay nabigo, at ngayon hindi niya maiiwasang lumaban ng isang matagalang digma laban sa atin. Ang mga prinsipyong ito ay hindi magagawa sa isang bayang may maliit na teritoryo, at halos hindi magagawa sa isang bayang napakaatrasado sa pulitika. Ang mga ito'y magagawa sa Tsina dahil ito ay isang napakalaking bayan at nasa panahon ng pag-unlad. Kung maiiwasan ang estratehikong mapagpasyang labanan, kung gayon "hangga't naririyan ang luntiang kabundukan, hindi dapat mag-alala sa panggatong", dahil kahit na mawala ang ilan sa ating teritoryo, magkakaroon pa rin tayo ng napakalawak na lugar para sa maniobra at sa gayo'y maisusulong at mahihintay ang pag-unlad sa bansa, suportang internasyunal

at internal na disintegrasyon ng kaaway; iyon ang pinakamainam na patakaran para sa atin sa digma laban sa Hapon. Dahil hindi makaya ang mahihirap na pagsubok ng isang matagalang digma at sabik sa maagang tagumpay, ang mapupusok na teoretisyan ng madaliang tagumpay ay maingay na humihingi ng estratehikong mapagpasyang labanan sa sandaling magkaroon ng bahagyang paborableng pagpihit ang sitwasyon. Kung gagawin ang ninanais nila, maidudulot ang di makukwentang pinsala sa buong digma, magwawakas ang matagalang digma, at mailalagay tayo sa nakamamatay na patibong ng kaaway; sa katunayan, ito ang pinakamasamang patakaran. Walang duda, kung tayo ay iiwas sa mapagpasyang mga labanan, kailangan nating mag-iwan ng teritoryo, at kailangan tayong magkaroon ng tapang na gawin ito kung kailan (at tanging kung kailan) ito'y ganap na di maiiwasan. Sa ganoong mga panahon, hindi tayo dapat makaramdam ng anumang panghihinayang, dahil ang patakarang ito ng pagpapalit ng espasyo para sa panahon ay wasto. Ipinakikita sa atin ng kasaysayan kung paano gumawa ang Rusya ng matapang na pag-atras upang umiwas sa mapagpasyang labanan at pagkatapos ay tinalo si Napoleon, ang teror ng kanyang panahon. Ngayon, dapat ding gawin iyon ng Tsina.

107. Hindi ba tayo natatakot na bansagang "ayaw magtanggol"? Hindi, hindi tayo natatakot. Ang hindi lumaban ni bahagya bagkus ay makipagkompromiso sa kaaway – iyan ang pagtangging magtanggol, na hindi lamang dapat itakwil bagkus ay hindi dapat pahintulutan. Dapat tayong matatag na lumaban sa Digma ng Pagtatanggol, subalit para maiwasan ang nakamamatay na patibong ng kaaway, absolutong kinakailangan na hindi natin dapat hayaan ang ating pangunahing mga pwersa na matapos sa iisang bigwas, na magpapahirap na ipagpatuloy ang Digma ng Pagtatanggol – sa maikling salita, absolutong kinakailangang iwasan ang pagkalupig ng bansa. Ang magduda

sa puntong ito ay kakitiran ng pananaw sa usapin ng digma at tiyak na maghahatid sa hanay ng mga naniniwala na malulupig ang bansa. Pinuna na natin ang desperadong pagpapadalus-dalos ng "umabante lamang, huwag umatras kailanman" dahil mismo sa kung ito ang mauuso, gagawing imposible ng doktrinang ito na ipagpatuloy ang Digma ng Pagtatanggol at tutungo sa panganib ng ultimong pagkalupig ng bansa.

108. Tayo ay para sa mapagpasyang mga labanan kailanman paborable ang mga sirkunstansya, sa mga labanan man o sa mayor o di mayor na mga kampanya, at sa aspetong ito hindi natin dapat hayaan ang pagiging pasibo. Tanging sa pamamagitan ng ganoong mapagpasyang mga labanan natin matatamo ang layunin ng anihilasyon o pagbawas sa mga pwersa ng kaaway, at dapat matatag na gumampan ng kanyang papel ang bawat sundalo sa digma laban sa Hapon. Sa layuning ito, konsiderableng parsyal na sakripisyo ang kinakailangan; ang pag-iwas sa anumang pagsasakripisyo ay aktitud ng mga duwag at niyong may takot sa Japan at dapat matatag na tutulan. Ang pagpaparusa kina Li Fu-ying, Han Fu-chu at ibang pang takboista ay makatwiran. Sa balangkas ng wastong pagpaplanong pandigma, ang paghimok sa diwa at praktika ng magiting na pagsasakripisyo ng sarili at magiting na pagsulong sa labanan ay absolutong kinakailangan at hindi maihihiwalay sa paglulunsad ng matagalang digma at pagkakamit ng ultimong tagumpay. Mariin nating kinondena ang takboismo ng "umatras lamang, huwag umabante kailanman" at sumuporta sa mahigpit na pagpapatupad ng disiplina, dahil tanging sa magiting na mapagpasyang mga labanan, na inilaban sa ilalim ng isang wastong plano, maaari nating magapi ang makapangyarihang kaaway; kabaligtaran nito, ang takboismo ay nagbibigay ng direktang suporta sa teorya na malulupig ang bansa.

109. Hindi kaya salungat sa sarili ang lumaban nang magi-

ting at pagkatapos ay iwan ang teritoryo? Hindi kaya nagbuhos ng dugo nang walang saysay ang ating mga bayaning mandirigma? Hindi dapat ihapag nang ganyan ang usapin. Ang kumain at pagkatapos ay magbawas – hindi kaya ito pagkain nang walang saysay? Ang matulog at pagkatapos ay gumising, hindi kaya ito pagtulog nang walang saysay? Maaari bang ihapag ang katanungan sa ganoong paraan? Sa tingin ko'y hindi. Ang patuloy na kumain, patuloy na matulog, patuloy na lumaban nang magiting hanggang sa Ilog Yalu nang walang hinto – ito ay suhetibista at pormalistang mga ilusyon, hindi realidad ng buhay. Tulad ng alam ng lahat, kahit na sa paglaban at pagbubuhos ng dugo upang makakuha ng panahon at maghanda sa kontra-opensiba, kinakailangan nating iwan ang ilang teritoryo, sa katunayan, nakakuha tayo ng panahon, nakamit natin ang layunin ng anihilasyon at pagbawas sa mga pwersa ng kaaway, nagkaroon tayo ng karanasan sa pakikipaglaban, napukaw natin ang dating di aktibong mga tao at napaunlad ang ating katayuang internasyunal. Walang saysay ba ang pagbuhos natin ng dugo? Hinding-hindi. Iniwan ang teritoryo upang ipreserba ang ating mga pwersang militar, at sa katunayan, upang ipreserba ang ating teritoryo, dahil kung hindi natin iiwan ang bahagi ng ating teritoryo kung ang kondisyon ay di paborable, at sa halip ay bulag na maglulunsad ng mapagpasyang mga labanan nang walang katiyakan ng tagumpay, mawawala natin ang ating mga pangunahing pwersa at hindi makaiiwas sa pagkawala ng lahat ng ating teritoryo, huwag nang banggitin pa ang pagbawi sa mga teritoryong nawala na. Dapat may kapital ang isang kapitalista para patakbuhin ang kanyang negosyo, at kung mawala niya ang lahat ng ito, hindi na siya kapitalista. Kahit ang isang sugarol ay dapat magkaroon ng perang itataya, at kung ipagsasapalaran niya ang lahat sa iisang taya at saka minalas, hindi na siya makapagsusugal pa. Ang mga pangyayari ay may mga liko at ikot at hindi tumatahak

sa isang tuwid na linya, at hindi naiiba ang digma; tanging ang mga pormalista ang hindi makaunawa sa katotohanang ito.

110. Sa tingin ko, totoo rin ang bagay na ito sa mapagpasyang mga labanan sa yugto ng estratehikong kontra-opensiba. Bagamat sa panahong iyon, ang kaaway ay malalagay sa imperyor na pusisyon at tayo ang nasa superyor na posisyon, ang prinsipyo ng "paglaban ng kapaki-pakinabang na mapagpasyang mga labanan at pag-iwas sa mga di kapaki-pakinabang" ay mananatili at patuloy na mananatili hanggang sa makalaban tayo hanggang sa Ilog Yalu. Ito ang paraan kung paano mapananatili ang ating inisyatiba mula sa simula hanggang sa katapusan, at kaugnay naman ng mga "hamon" ng kaaway at mga "kutya" ng iba pang mga tao, dapat isantabi nang walang pagkabalisa ang mga ito at huwag pansinin. Sa Digma ng Pagtatanggol, tanging iyong mga heneral na nagpapakita ng ganitong katatagan ang maaaring ituring na matapang at matalino. Ito ay lampas sa unawa niyong "napapalundag tuwing nahihipo". Kahit na tayo ay nasa humigit-kumulang isang estratehikong pasibong pusisyon sa unang yugtong ito ng digma, dapat mayroon tayong inisyatiba sa bawat kampanya; at mangyari pa, dapat tayong magkaroon ng inisyatiba sa kabuuan ng huling mga yugto. Tayo'y para sa matagalang digma at sa ultimong tagumpay, hindi tayo mga sugarol na ipagsa-sapalaran ang lahat sa iisang taya.

## ANG HUKBO AT ANG MAMAMAYAN ANG PUNDASYON NG TAGUMPAY

111. Hindi maglulubay ang imperyalismong Hapones sa kanyang agresyon at panunupil sa rebolusyonaryong Tsina; itinatakda ito ng kanyang kalikasang imperyalista. Kung hindi magtatanggol ang Tsina, madaling maaagaw ng Japan ang buong Tsina nang hindi nagpapaputok ni isang bala, tulad ng ginawa niya sa apat na probinsya sa hilagang-silangan. Dahil

lumalaban ang Tsina, isang di mababaling batas na tatangkain ng Japan na supilin ang pagtatanggol na ito hanggang ang pwersa ng kanyang panunupil ay mahigitan ng pwersa ng pagtatanggol ng Tsina. Ang uring panginoong maylupa at ang burgesyang Hapones ay napakaambisyoso, at upang makatungong timog sa Timog-silangang Asya at sa hilaga sa Siberia, ginagamit nila ang patakaran ng pagbutas sa gitna sa pamamagitan ng pag-atake muna sa Tsina. Ang mga nag-iisip na malalaman ng Japan kung saan titigil at magiging kontento sa pagsakop sa hilagang Tsina at mga probinsya ng Kiangsu at Chekiang ay lubos na hindi nakauunawa na ang imperyalistang Japan, na umunlad na sa isang bagong yugto at papalapit sa kanyang pagkamatay, ay kakaiba sa Japan ng nakaraan. Kapag sinasabi natin na may depenidong hangganan kapwa sa bilang ng mga taong maaaring gamitin ng Japan at sa hangganan ng kanyang pag-abante, ang ibig nating sabihin ay dahil sa kanyang umiiral na lakas, ang magagamit lamang ng Japan laban sa Tsina ay bahagi ng kanyang mga pwersa at mapapasok ang Tsina hanggang sa maaabot lamang ng kanyang kapasidad, dahil nais din niyang umatake sa iba pang direksyon at kinakailangang ipagtanggol niya ang sarili laban sa iba pang mga kaaway; kaalinsabay, nagpakita na ang Tsina ng patunay ng pag-unlad at kapasidad sa matatag na pagtatanggol, at hindi mahihinagap na magkakaroon ng mababangis na atake ang Japan nang walang tiyak na pagtatanggol ng Tsina. Hindi kayang sakupin ng Japan ang buong Tsina, ngunit gagawin niya ang lahat para sugpuin ang pagtatanggol ng Tsina sa lahat ng purok na kanyang maaabot, at hindi titigil hangga't itulak ng panloob at panlabas na mga pangyayari ang imperyalismong Hapones sa bingit ng kamatayan. Dalawa lamang ang posibleng kahinatnan ng pampulitikang kalagayan sa Japan. Kung hindi man babagsak ang kanyang buong naghaharing uri nang mabilisan, sasalin ang kapangyarihang pampulitika sa mamamayan at sa

gayo'y magwawakas ang digma, na imposible sa kasalukuyan; o kaya nama'y higit na magiging pasista ang kanyang uring panginoong maylupa at burgesya at ipagpapatuloy ang digma hanggang sa araw ng kanilang pagbagsak, na pinakalandas na tinatahak ngayon ng Japan. Wala nang iba pang maaaring kahinatnan. Iyong mga umaasa na ang mga moderato sa hanay ng burgesyang Hapones ay papagitna at ititigil ang digma ay nag-iilusyon lamang. Ang realidad ng pulitikang Hapones sa maraming taon ay ang burges na mga moderato ng Japan ay naging bihag ng mga panginoong maylupa at oligarkiyang pampinansya. Ngayong naglunsad ang Japan ng isang digma laban sa Tsina, hangga't hindi siya nakararanas ng pamatay na dagok mula sa pagtatanggol ng Tsina at makapagpapanatili pa rin ng sapat na lakas, tiyak na aatake siya sa Timog-silangang Asya o Siberia, o kahit pa sa dalawa. Gagawin niya ito oras na sumiklab ang digma sa Europa; sa kanilang mapangarap na mga kalkulasyon, ipinlano na ito ng mga naghahari sa Japan sa malawakang saklaw. Mangyari pa, maaaring bitiwan ng Japan ang kanyang orihinal na planong salakayin ang Siberia at magmantini ng sa pangunahi'y depensibong aktitud sa Unyong Sobyet dahil sa lakas ng Sobyet at sa tindi ng paghina ng Japan bunga ng digma laban sa Tsina. Subalit dahil dito, malayo sa pagluluwag sa kanyang agresyon sa Tsina, patitindihin niya ito, dahil kung magkagayon, ang tanging paraang nalalabi sa kanya ay ang lamunin ang mahina. Kung gayon, ang tungkulin ng Tsina na magpunyagi sa Digma ng Pagtatanggol, sa nagkakaisang prente at sa matagalang digma ay magiging higit na mabigat, at lalong kakailanganin na huwag maglubay ni katiting sa ating mga pagsisikap.

112. Sa ganitong sirkunstansya ang pangunahing mga rekisito para sa tagumpay ng Tsina laban sa Hapon ay pambansang pagkakaisa at lahatang-panig na pag-unlad sa sukat na sampu o kahit pa isang daang ulit na mas malaki kaysa

nakaraan. Ang Tsina ay nasa panahon na ng pag-unlad at natamo na ang isang napakagandang pagkakaisa, subalit ang kanyang pag-unlad at pagkakaisa ay malayo pa sa sapat. Ang kalagayang nasakop ng Japan ang ganoong kalawak na lugar ay bunga hindi lamang ng kanyang lakas kundi bunga na rin ng kahinaan ng Tsina; ang kahinaang ito sa kabuua'y kumulatibong epekto ng iba't ibang istorikong pagkakamali sa huling sandaang taon, at laluna sa huling sampung taon, na naglimita sa pag-unlad sa kanyang kasalukuyang hangganan. Imposibleng magapi ang isang napakalakas na kaaway nang hindi gumagawa ng isang masaklaw at matagalang pagsisikap. Maraming bagay ang kailangan nating pagsikapang gawin; dito tatalakayin ko lamang ang dalawang pundamental na aspeto, ang pag-unlad ng hukbo at ang pag-unlad ng mamamayan.

113. Ang reporma ng ating sistemang militar ay nangangailangan ng modernisasyon at pinaunlad na kagamitang teknikal, na kung wala ay hindi natin maitataboy ang kaaway pabalik sa ibayo ng Ilog Yalu. Sa paggamit ng mga tropa, kailangan natin ang progresibo at pleksibleng estratehiya at mga taktika, na kung wala, hindi rin natin makakamit ang tagumpay. Gayunpaman, ang mga sundalo ang pundasyon ng isang hukbo; kung hindi sila lipos ng progresibong diwang pampulitika, at kung hindi pinagyaman ang diwang iyon ng progresibong gawaing pampulitika, magiging imposibleng makamit ang tunay na pagkakaisa sa pagitan ng mga upisyal at tauhan, imposibleng mapukaw hanggang sa sukdulan ang kanilang sigla para sa Digma ng Pagtatanggol, at imposibleng maglatag ng matatag na batayan para sa pinakaepektibong paggamit ng lahat ng ating teknikal na kagamitan at taktika. Kapag sinasabi natin na magagapi ang Japan sa huli sa kabila ng kanyang teknikal na superyoridad, ibig nating sabihin na ang mga bigwas na ating ibinibigay sa pamamagitan ng anihilasyon at atrisyon, bukod sa pagbibigay ng mga kaswalti,

sa kalauna'y yayanig sa moral ng hukbo ng kaaway na ang sandata ay wala sa kamay ng mulat sa pulitikang mga sundalo. Sa atin, kabaliktaran nito, ang mga upisyal at tauhan ay nagkakaisa sa pampulitikang layunin ng Digma ng Pagtatanggol. Nagbibigay ito sa atin ng pundasyon para sa pampulitikang gawain sa hanay ng lahat ng pwersang anti-Hapon. Dapat ipatupad sa hukbo ang isang angkop na sukat ng demokrasya, pangunahin sa pamamagitan ng pagbibigay-wakas sa pyudal na praktika ng pananakot at pambubugbog at ng pagsasalu-salo ng mga upisyal at mga tauhan sa hirap at ginhawa. Oras na magawa ito, matatamo ang pagkakaisa sa pagitan ng mga upisyal at tauhan, higit na maiaangat ang bisa sa kombat ng hukbo, at mawawala ang duda sa ating abilidad na isustini ang matagal at malupit na digma.

114. Ang pinakamayamang bukal ng lakas upang maglunsad ng digma ay nasa masa ng sambayanan. Pangunahin dahil sa di organisadong katayuan ng masang Tsino kung kaya nangangahas ang Japan na apihin tayo. Kapag naremedyuhan ang depektong ito, ang mga mananalakay na Hapones, tulad ng isang baliw na toro na sumusugod sa isang ruweda ng apoy, ay mapapaligiran ng daan-daang milyon ng ating mamamayang tumitindig nang tuwid, at kahit na tunog lamang ng kanilang mga boses ay mayayanig siya, at masusunog siya hanggang mamatay. Ang mga hukbo ng Tsina ay dapat magkaroon ng walang tigil na daloy ng mga reimporsment, at ang mga pang-aabuso ng sapilitang konskripsyon at pagbili ng mga kapalit,[33] na nangyayari ngayon sa nakabababang mga antas ay dapat kagyat na ipagbawal at palitan ng malawakan at masiglang pampulitikang mobilisasyon, na magpapadali sa pagrerekrut sa milyun-milyong tao. Ngayon, malaki ang ating kahirapan sa pagpapalitaw ng salapi para sa digma, pero oras na mapakilos ang mamamayan, maging ang suliranin sa pinansya ay mawawala. Bakit mawawalan ng pondo

ang isang bayang napakalaki at napakamatao tulad ng Tsina? Dapat maging kaisa ng mamamayan ang hukbo upang makita nila ito bilang sarili nilang hukbo. Ang ganoong hukbo ay di magagapi, at ang isang imperyalistang kapangyarihan tulad ng Japan ay hindi makatatapat dito.

115. Iniisip ng marami na ang maling mga paraan ang siyang nagbubunga ng gasgas na relasyon sa pagitan ng mga upisyal at mga tauhan at sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan, subalit palagi kong sinasabi sa kanila na ito ay usapin ng batayang aktitud (o batayang prinsipyo), ng pagkakaroon ng respeto sa mga sundalo at mamamayan. Mula sa aktitud na ito nagmumula ang iba't ibang mga patakaran, pamamaraan at anyo. Kung lilihis tayo sa aktitud na ito, kung gayon, ang mga patakaran, pamamaraan at anyo ay tiyak na magiging mali, at ang relasyon sa pagitan ng mga upisyal at mga tauhan at sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan ay tiyak na magiging di kasiya-siya. Ang ating tatlong pangunahing prinsipyo para sa gawaing pampulitika ng hukbo ay una, pagkakaisa sa pagitan ng mga upisyal at tauhan; ikalawa, pagkakaisa sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan; at ikatlo, paglalansag sa mga pwersa ng kaaway. Para mabisang mailapat ang mga prinsipyong ito, dapat tayong magsimula sa batayang aktitud na ito ng respeto para sa mga sundalo at mamamayan, at ng pagrespeto sa dignidad pantao ng mga bihag ng digma sa sandaling isuko nila ang kanilang mga armas. Iyong mga nagtuturing na ang lahat ng ito ay usaping teknikal at hindi usapin ng batayang aktitud ay maling-mali at dapat nilang iwasto ang kanilang pananaw.

116. Sa sandaling ito na mahigpit na kailangan ang pagtatanggol sa Wuhan at iba pang mga lugar, tungkulin na may pinakamataas na halaga ang ganap na pagpukaw sa inisyatiba at kasiglahan ng buong hukbo at ng buong sambayanan para sa pagsuporta sa digma. Walang duda na ang tungkulin ng pagtatanggol sa Wuhan at iba pang mga lugar ay dapat seryo-

song ihapag at seryosong gampanan. Gayunman, nakabatay hindi sa ating suhetibong pagnanais kundi sa kongkretong kalagayan kung makatitiyak na mahahawakan natin ang mga ito. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga kondisyong ito ang pampulitikang mobilisasyon ng buong hukbo at sambayanan para sa pakikibaka. Kung hindi gagawa ng masikhay na pag-sisikap upang matiyak ang lahat ng kinakailangang kondis-yon, kahit pa nga isa sa mga ito ang mawala, malalaking kapinsalaan tulad ng pagkawala ng Nanking at iba pang mga lugar ang tiyak na mauulit. Magkakaroon ang Tsina ng mga Madrid sa mga lugar kung saan naroon ang mga kondisyon. Hanggang sa ngayon, walang pang Madrid ang Tsina, at mula ngayon dapat tayong magsikap nang husto upang malikha ang ilang Madrid, subalit lahat ng ito'y nakasalalay sa mga kondis-yon. Ang pinakapundamental sa mga ito ay ang malawakang pampulitikang mobilisasyon ng buong hukbo at sambayanan.

117. Sa lahat ng ating gawain, dapat tayong magpunyagi sa Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon bilang pang-kalahatang patakaran. Ito'y dahil tanging sa pamamagitan lamang ng patakarang ito tayo makapagpupunyagi sa Digma ng Pagtatanggol at sa matagalang pakikidigma, makalilikha ng isang malawakan at malalimang pagpa-paunlad sa relasyon sa pagitan ng mga upisyal at mga tauhan at sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan, ganap na mapupukaw ang inisyatiba at sigla ng buong hukbo at buong sambayanan sa pakikibaka sa pagtatanggol ng lahat ng teritoryong hawak pa natin at sa pagbawi ng mga nawala sa atin, at sa gayon makakamit ang ultimong tagumpay.

118. Tunay na may pinakamataas na halaga ang usaping ito ng pampulitikang mobilisasyon ng hukbo at ng sambaya-nan. Tinalakay natin ito nang halos paulit-ulit dahil imposible mismo ang tagumpay kung wala ito. Mangyari pa, maraming ibang kondisyon na di maisasantabi para sa tagumpay, subalit

ang pampulitikang mobilisasyon ang pinakapundamental. Ang Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon ay isang nagkakaisang prente ng buong hukbo at buong sambayanan, at ito'y tiyak na hindi isang nagkakaisang prente lamang ng punong himpilan at mga kasapi ng ilang pampulitikang partido; ang ating batayang layunin sa pagpapasimuno sa pagbubuo ng Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon ay ang pakilusin ang buong hukbo at ang buong sambayanan na lumahok dito.

## MGA KONGKLUSYON

119. Ano ang ating mga kongklusyon? Ang mga ito ay:

"Sa anong mga kondisyon sa iyong palagay matatalo at madudurog ng Tsina ang mga pwersa ng Japan?" "Tatlong kondisyon ang kinakailangan: una, ang pagtatatag sa Tsina ng isang nagkakaisang prente laban sa Hapon; ikalawa, ang pagbubuo ng isang internasyunal na nagkakaisang prente laban sa Hapon; ikatlo, ang paglitaw ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan sa Japan at sa mga kolonya ng Japan. Mula sa paninindigan ng mamamayang Tsino, ang pagkakaisa ng mamamayan ng Tsina ang pinakamahalaga sa tatlong kondisyon."

"Gaano katagal sa iyong palagay tatagal ang digmaang iyon?" "Nakabatay iyan sa lakas ng nagkakaisang prente laban sa Hapon ng Tsina at sa maraming nakaaapektong salik kaugnay ng Tsina at Japan."

"Kung hindi agad malilikha ang mga kondisyong ito, ang digma ay magtatagal. Subalit sa huli, anu't anuman, tiyak na magagapi ang Japan at tiyak na magtatagumpay ang Tsina. Yun nga lamang, ang mga sakripisyo'y magiging malaki at magkakaroon ng isang napakahirap na yugto."

"Dapat ang ating estratehiya ay gamitin ang ating pangunahing mga pwersa upang kumilos sa isang malawak

at fluid na larangan. Upang makamit ang tagumpay, dapat ilunsad ng mga tropang Tsino ang kanilang pakikidigma nang may mataas na antas ng pagiging makilos sa malalawak na larangan ng digma."

"Liban sa paggamit ng nasanay na mga hukbo upang ilunsad ang pakikidigmang makilos, dapat tayong mag-organisa ng malaking bilang ng mga yunit gerilya sa hanay ng mga magsasaka."

"Sa proseso ng digmaan, magagawa ng Tsina na... unti-unting dagdagan ang kagamitan ng kanyang mga tropa. Kung gayon, makapaglulunsad ang Tsina ng pakikidigmang pusisyunal sa huling bahagi ng digma at makapaglulunsad ng mga atakeng pusisyunal sa mga lugar na okupado ng Hapon. Sa gayon ang ekonomya ng Japan ay masisira sa presyur ng matagal na pagtatanggol ng Tsina at mababasag ang moral ng mga pwersang Hapones sa ilalim ng pagsubok ng di mabilang na mga labanan. Gayunman, sa panig ng Tsina, ang lumalaking tagong lakas ng pagtatanggol ay tuluy-tuloy na lalarga at ang malaking bilang ng rebolusyonaryong mamamayan ay bubuhos sa unahan ng mga larangan ng digma upang makipaglaban para sa kanilang kalayaan. Ang kombinasyon ng lahat ng ito at iba pang mga salik ay magbibigay sa atin ng kakayahang gawin ang panghuli at mapagpasyang mga atake sa mga portipikasyon at base sa mga lugar na okupado ng Hapones at patalsikin ang mga pwersa ng agresyong Hapones mula sa Tsina." (Mula sa isang panayam ni Edgar Snow noong Hulyo 1936.)

"Kung gayon, nagbukas ang isang bagong yugto sa pampulitikang kalagayan ng Tsina.... Sa kasalukuyang yugto, ang sentral na tungkulin ay pakilusin ang lahat ng pwersa ng bansa para sa tagumpay sa Digma ng Pagtatanggol."

> "Ang susi sa tagumpay sa digma ngayon ay nakasalalay sa pagpapaunlad ng pagtatanggol na nagsimula na, bilang isang digma ng lubos na pagtatanggol ng buong bansa. Tanging sa pamamagitan ng ganoong digma ng lubos na pagtatanggol maaaring makamit ang ultimong tagumpay."
>
> "Ang pagkakaroon ng seryosong mga kahinaan sa Digma ng Pagtatanggol ay maaaring humantong sa mga pagkatalo, pag-atras, internal na isplit, pagtataksil, pansamantala at parsyal na pakikipagkompromiso at iba pang ganoong kabiguan. Samakatwid, dapat matanto na ang digmaan ay magiging mahirap at matagalan. Subalit buo ang aming paniniwala na, sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng ating Partido at ng buong sambayanan, ang pagtatanggol na nagsimula na ay wawalis sa lahat ng hadlang at patuloy na susulong at uunlad." ("Resolusyon sa Kasalukuyang Kalagayan at ang mga Tungkulin ng Partido", pinagtibay ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina, Agosto 1937.)

Ito ang ating mga kongklusyon. Sa mata ng mga naniniwala na malulupig ang bansa, ang kaaway ay mga superman at tayong mga Tsino ay inutil, habang sa mata ng mga teoretisyan ng madaliang tagumpay, tayong mga Tsino ay mga superman at ang kaaway ay inutil. Kapwa sila mali. Iba ang ating pananaw; ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay isang matagalang digma, at ang ultimong tagumpay ay mapapasa-Tsina. Ito ang ating mga kongklusyon.

120. Dito nagtatapos ang aking mga lektura. Ang dakilang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay bumubukadkad, at marami ang umaasa sa paglalagom ng karanasan upang mapadali ang pagkamit ng tagumpay. Ang aking tinalakay ay ang simpleng pangkalahatang karanasan ng nakalipas na sampung buwan, at maaaring magsilbi ito bilang isang paglalagom. Kinakailangan ang malawakang atensyon at ta-

lakayan sa usapin ng matagalang digma; ang aking ibinigay ay isa lamang balangkas, na inaasahan kong pag-aaralan at tatalakayin ninyo, aamyendahan at palalawigin.

## MGA TALA

a. Noong Hulyo 7, 1937, inatake ng mananalakay na mga pwersa ng Hapon ang garison ng Tsina sa Lukouchiao, may sampung kilometro sa timog-kanluran ng Beijing. Sa impluwensya ng maalab na pambansang kilusang anti-Hapon, nagtanggol ang mga tropang Tsino. Ang insidenteng ito ang siyang simula ng magiting na Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ng sambayanang Tsino na nagtagal nang walong taon.

b. Sa impluwensya ng Pulang Hukbo ng Tsina at ng kilusang anti-Hapon ng mamamayan, tinanggap ng Hilagangsilangang Hukbo ng Guomindang sa pamumuno ni Chang Hsueh-liang at ng Hukbo ng Ika-17 Ruta ng Guomindang sa pamumuno ni Yang Hu-cheng ang patakaran ng pambansang nagkakaisang prenteng anti-Hapon na ipinanukala ng Partido Komunista ng Tsina, at hiningi na dapat makipagkaisa si Chiang Kai-shek sa Partido Komunista para magtanggol laban sa Hapon. Hindi lamang tumanggi si Chiang Kai-shek kundi naging higit pang buktot at pinaigting ang kanyang mga paghahandang militar para sa "pagsupil sa mga Komunista" at sinikil ang kilusang anti-Hapon ng mga estudyante sa Sian. Noong Disyembre 12, 1936 isinagawa nina Chang Hsueh-liang at Yang Hu-cheng ang Insidenteng Sian at inaresto si Chiang Kai-shek. Matapos maganap ang insidente, nagpahayag ng matatag na suporta ang Partido Komunista ng Tsina para sa patriyotikong aksyon nina Chang Hsueh-liang at Yang Hu-cheng, at kasabay nito, nanindigan na dapat lutasin ang insidented sa batayan ng pagkakaisa at pagtatanggol laban sa Hapon. Noong Disyembre 25, napilitan si Chiang Kai-shek na tanggapin ang mga kondisyon ng pagkakaisa sa Partido Komunista laban sa Hapon, at pagkatapos ay pinalaya siya at nagbalik sa Nanking.

1. Ang teoryang ito na malulupig ang bansa ang pananaw na pina-ninindigan ng Guomindang. Ayaw ng Guomindang na lumaban sa Japan

at napilitan lamang na lumaban sa Japan. Matapos ang Insidenteng Lukouchiao (Hulyo 7, 1937), ang pangkating Chiang Kai-shek ay atubiling lumahok sa Digma ng Pagtatanggol, habang ang pangkating Wang Ching-wei ang naging mga kinatawan ng teorya na malulupig ang bansa, at handang sumuko sa Japan at sa katunayan ay ginawa nga ito. Gayunman, ang ideya na malulupig ang bansa ay hindi lamang umiral sa Guomindang, bagkus ay nakaapekto rin sa ilang bahagi ng panggitnang saray ng lipunan at maging sa ilang atrasadong elemento sa hanay ng anakpawis. Matapos matalo ang korap at baog na gubyernong Guomindang sa sunud-sunod na mga labanan at sumulong nang hindi napipigil ang mga tropang Hapones sa paligid ng Wuhan sa unang taon ng Digma ng Pagtatanggol, ang ilang atrasadong tao ay naging napakapesimistiko.

2. Ang mga pananaw na ito ay makikita sa loob ng Partido Komunista. Sa unang anim na buwan ng Digma ng Pagtatanggol, may tendensya sa hanay ng ilang kasapi ng Partido na maliitin ang kaaway at nanindigan sa pananaw na matatalo ang Japan sa isang bigwas. Hindi ito dahil sa naramdaman nila na ang ating sariling mga pwersa ay napakalakas, dahil alam na alam nila na ang mga tropa at mga pwersa ng organisadong mamamayan ay maliit pa, kundi dahil ang Guomindang ay nagsimula nang magtanggol laban sa Japan. Sa kanilang opinyon, ang Guomindang ay medyo makapangyarihan, at sa pakikipagkoordinasyon sa Partido Komunista, ay makakapagbigay sa Japan ng malalakas na hambalos. Nabuo nila ang maling pananaw na ito dahil ang nakikita lamang nila ay isang aspeto ng Guomindang, na ito'y lumalaban sa Hapon, subalit hindi nakikita ang isa pang aspeto, na ito ay reaksyunaryo at korap.

3. Ganoon ang pananaw ni Chiang Kai-shek at ng mga kasama niya. Bagamat sila'y napilitang lumaban sa Japan, ipinako ni Chiang Kai-shek at ng Guomindang ang kanilang pag-asa sa maagap na tulong ng dayuhan at walang tiwala sa kanilang sariling lakas, laluna sa lakas ng sambayanan.

4. Ang Taierhchuang ay isang bayan sa timog ng Shantung kung saan lumaban ang hukbong Tsino ng isang labanan noong Marso 1938 laban sa mananalakay na Hapon. Sa pagtapat ng 400,000 katao laban sa 70,000-80,000 ng Japan, natalo ng hukbo ng Tsina ang mga Hapones.

5. Ang pananaw na ito ay ipinahayag sa isang editoryal sa Ta Kung Pao, ang organo ng Grupo ng Syensang Pampulitika sa Guomindang. Sa mapangarap na pag-iisip, umasa ang grupong ito na ilan pang tagumpay na tipong-Taierhchuang ay pipigil sa pagsulong ng Japan at hindi na magkakaroon ng pangangailangang mobilisahin ang mamamayan para sa isang matagalang digma, na maglalagay sa panganib sa seguridad ng sarili nitong uri. Ang mapangarap na pag-iisip na ito ay kumalat sa Guomindang

sa kabuuan.

6. Sa maraming dekada, simula sa pagtatapos ng ika-18 siglo, nag-eeksport ang Britain ng papalaking kantidad ng opyum sa Tsina. Ang pagpasok na ito'y hindi lamang nagsadlak sa mamamayang Tsino sa pag-dodroga kundi nandambong pa ng kanyang pilak. Pinukaw nito sa Tsina ang mabangis na pagtutol. Noong 1840, sa pagkukunwaring pagtatanggol ng kanyang mga interes sa Tsina, naglunsad ng armadong agresyon ang Britain laban sa kanya. Nanlaban ang mga tropang Tsino sa ilalim ni Lin Tse-hsu, at ispontayong inorganisa ng mamamayan ng Canton ang "Kwer-pong Sugpuin ang British", na nagbigay ng mabibigat na hambalos laban sa mga pwersa ng agresyon ng Britain. Gayunman, noong 1842, pinirmahan ng korap na rehimeng Ching ang Kasunduan ng Nanking kasama ang Britain. Itinakda ng tratadong ito ang pagbibigay ng mga bayad-pinsala at pagbibigay ng Hongkong sa Britain at itinadhana na ang Shanghai, Foochow, Amoy, Ningpo at Canton ay ibubukas sa kalakalang British at ang mga singil na taripa para sa mga kalakal ng Britain na iaangkat sa Tsina ay magkasamang itatakda ng Tsina at ng Britain.

7. Ang Rebolusyong Taiping, o ang Kilusan ng Makalangit na Kaharian ng Taiping, ay ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa gitna ng ika-19 siglo laban sa pyudal na paghahari at pambansang pang-aapi ng Dinastiyang Ching. Noong Enero 1851, si Hung Hsiu-chuan, Yang Hsiu-ching at iba pang mga lider ay naglunsad ng pag-aalsa sa Baryo Chintien sa County ng Kueiping, Probinsya ng Kwangsi, at iprinoklama ang pag-tatatag ng Makalangit na Kaharian ng Taiping. Sa pagtungo pahilaga sa Kwangsi, inatake at sinakop ng kanilang hukbong magsasaka ang Hunan at Hupeh noong 1852. Noong 1853 nagmartsa ito sa Kiangsi at Anhwei at naagaw ang Nanking. Isang seksyon ng mga pwersa ay nagpatuloy na magtungo pahilaga at tumulak hanggang sa karatig ng Tientsin. Gayun-man, nabigo ang hukbong Taiping na magtayo ng mga istableng baseng purok sa mga lugar na kanilang sinakop; dagdag pa, matapos itatag ang kanyang kapital sa Nanking, gumawa ang namumunong grupo nito ng maraming pagkakamaling pampulitika at militar. Kung gayon, hindi nito kinaya ang magkasamang atake ng kontra-rebolusyonaryong mga pwersa ng gubyernong Ching at ng mga mananalakay na British, US at France, at sa wakas ay nagapi noong 1864.

8. Ang Kilusang Reporma ng 1898, na ang nangungunang mga perso-nahe ay sina Kang Yu-wei, Liang Chi-chao at Tan Szu-tung, ay kumatawan sa interes ng liberal na burgesya at ng naliliwanagang mga panginoong maylupa. Ang kilusan ay pinaboran at sinuportahan ni Emperador Kuang Hsu, subalit walang pangmasang batayan. Ipinagkanulo ni Yuan Shih-kai,

na may hukbo sa likod niya, ang mga repormista sa Emperatris Dowager na si Tzu Hsi, ang pinuno ng matitigas na tumututol sa pagbabago, na umagaw muli sa kapangyarihan at ipinakulong si Emperador Kuang Hsu at pinugutan ng ulo si Tan Szu-tung at limang iba pa. Sa gayon, nagtapos ang kilusan sa isang kalunus-lunos na pagkatalo.

9. Ang Rebolusyon ng 1911 ang rebolusyong burges na nagpabagsak sa awtokratikong rehimen ng Dinastiyang Ching. Noong Oktubre ng taong iyon, isang seksyon ng Bagong Hukbo sa ilalim ng Dinastiyang Ching na nasa ilalim ng rebolusyonaryong impluwensya ay naglunsad ng pag-aalsa sa Wuchang, Probinsya ng Hupeh. Masiglang tumugon ang umiiral na rebolusyonaryong mga samahang burges at petiburges at ang malawak na masa ng manggagawa, magsasaka at sundalo, at kapagdaka'y gumuho ang paghahari ng Dinastiyang Ching. Noong Enero 1912, itinayo ang Probisyunal na Gubyerno ng Republika ng Tsina sa Nanking, at si Sun Yat-sen ang tumayong Probisyunal na Pangulo. Sa gayon, nagwakas ang pyudal na sistemang monarkikal ng Tsina na tumagal nang higit sa dalawang libong taon. Ang ideya ng demokratikong republika ay nanuot sa puso ng mamamayan. Subalit ang burgesya na namuno sa rebolusyon ay labis na konsilyasyonista sa katangian. Hindi nito pinakilos ang masang magsasaka sa malawakang saklaw upang durugin ang pyudal na paghahari ng uring panginoong maylupa sa kanayunan, bagkus sa ilalim ng imperyalista at pyudal na presyur ay ipinasa ang kapangyarihang pang-estado sa warlord ng Hilaga na si Yuan Shih-kai. Bilang resulta, ang rebolusyon ay nagtapos sa pagkatalo.

10. Ang Ekspedisyong Pahilaga ay isang digmang pamarusa na inilunsad ng rebolusyonaryong hukbo na nagmartsa pahilaga mula sa Probinsya ng Kwangtung noong Mayo-Hulyo 1926. Ang Hukbo ng Ekspedisyong Pahilaga, na kabilang ang Partido Komunista ng Tsina sa pamunuan, at nasa ilalim ng impluwensya ng Partido (ang gawaing pampulitika sa hukbo noong panahong ito sa kalakha'y nasa pangangasiwa ng mga kasapi ng Partido Komunista), ay nagkamit ng mainit na pagtataguyod ng malawak na masa ng manggagawa at magsasaka. Sa ikalawang hati ng 1926 at unang hati ng 1927, inokupa nito ang kalakhan ng mga probinsya sa gilid ng Ilog Yangtse at Yellow River at tinalo ang mga warlord ng Hilaga. Noong Abril 1927 nabigo ang rebolusyonaryong digmang ito bunga ng pagtataksil ng reaksyunaryong pangkat sa ilalim ni Chiang Kai-shek sa loob ng rebolusyonaryong hukbo.

11. Noong Enero 16, 1938, idineklara ng gabineteng Hapones sa isang pampatakarang pahayag na lulupigin ng Japan ang Tsina sa pamamagitan ng dahas. Kasabay nito tinangka nito sa pamamagitan ng mga banta at

pang-aakit na mapasuko ang gubyernong Guomindang, sa pagdedeklarang kung "magpapatuloy na magbalak ng pagtatanggol" ang gubyernong Guomindang, ang gubyernong Hapones ay magtatayo ng isang bagong papet na rehimen sa Tsina at hindi na tatanggapin ang Guomindang bilang "kabilang partido" sa negosasyon.

12. Ang mga kapitalistang binabanggit dito sa pangunahi'y iyong sa United States.

13. Ang tinutukoy ni Kasamang Mao Zedong sa "kanilang mga gubyerno" ay ang mga gubyerno ng mga imperyalistang bayan – Britain, United States at France.

14. Ang prediksyon ni Kasamang Mao Zedong na magkakaroon ng pagsulong sa Tsina sa yugto ng pagkapatas ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay ganap na kinumpirma sa kaso ng mga Pinalayang Purok sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina. Subalit sa katunayan, mayroong pag-urong imbes na pagsulong sa mga purok ng Guomindang, dahil ang naghaharing pangkating pinamumunuan ni Chiang Kai-shek ay pasibo sa pagtatanggol laban sa Hapon at aktibo sa paglaban sa Partido Komunista at sa mamamayan. Pinukaw nito ang paglaban ng malapad na masa ng sambayanan at iniangat ang kanilang pampulitikang kamulatan.

15. Ayon sa teorya na "ang mga armas ang nagpapasya sa lahat", ang Tsina na mas mahina kaysa Japan sa usapin ng sandata ay tiyak na matatalo sa digmaan. Malaganap ang pananaw na ito sa hanay ng mga pinuno ng reaksyong Guomindang, kabilang si Chiang Kai-shek.

16. Ang weichi ay isang laon na larong Tsino kung saan tinatangka ng dalawang manlalaro na kubkubin ang mga pyesa ng isa't isa sa board. Kapag nakubkob ang mga pyesa ng isang manlalaro, ibinibilang na ang mga ito'y "patay" (naagaw). Pero kapag mayroon pang sapat na bilang ng blangkong espasyo sa hanay ng nakubkob na mga pyesa, "buhay" pa ang huli (hindi naagaw).

17. Si Sun Wu-kung ay ang haring unggoy sa nobelang Tsino na Hsi Yu Chi (Paglalakbay tungong Kanluran), na sinulat noong ika-16 siglo. Nakalalakbay siya ng 108,000 li sa isang pagsirko. Subalit sa sandaling nasa palad ni Buddha, hindi siya makatakas dito, gaanuman karaming pagsirko ang gawin niya. Trinansporma ni Buddha sa isang pitik ng kanyang palad ang kanyang mga daliri sa limang-rurok na Kabundukan ng Limang Elemento, at inilibing si Sun Wu-kung.

18. "Ang pasismo ay walang habas na sobinismo at mapandambong na digma", ani ni Kasamang Georgi Dimitrov sa kanyang ulat sa Ikapitong Pandaigdigang Kongreso ng Komunistang Internasyunal noong Agosto 1935, na pinamagatang "Ang Pasistang Opensiba at ang mga Tungkulin

ng Komunistang Internasyunal" (Tingnan ang Piling mga Artikulo at Talumpati, ed. Ing., Lawrence & Wishart, London, 1951, p. 44). Noong Hulyo 1937, inilimbag ni Kasamang Dimitrov ang isang artikulong pinamagatang Ang Pasismo ay Digma.

19. V. I. Lenin, Sosyalismo at Digma, ed. Ing., FLPH, Moscow, 1950, p. 19.

20. Sun Tzu, Kabanata 3, "Ang Estratehiya ng Atake".

21. Ang Chengpu, na nasa timog-kanluran ng kasalukuyang Chuangcheng County sa Probinsya ng Shantung, ang tagpo ng isang malaking labanan sa pagitan ng estado ng Tsin at Chu noong 632 B.C. Sa simula ng labanan, ang mga tropang Chu ang nakalamang. Matapos gumawa ng pag-atras nang 90 li, pinili ng mga tropang Tsin ang kanan at kaliwang plangka ng mga tropang Chu, ang kanilang mahihinang bahagi, at nagbigwas ng mabibigat na pagkatalo sa kanila.

22. Ang sinaunang bayan ng Chengkao, sa hilagang kanluran ng kasalukuyang County ng Chengkao, Probinsya ng Honan, ay may malaking kahalagahang militar. Tagpo ito ng mga labanang inilunsad noong 203 B.C. sa pagitan ni Liu Pang, Hari ng Han, at Hsiang Yu, Hari ng Chu. Noong una, naagaw ni Hsiang Yu ang Hsingyang at Chengkao, at halos nadurog ang mga tropa ni Liu Pang. Naghintay ng magandang sandali si Liu Pang nang nasa kalagitnaan at tumatawid ng Ilog Szeshui ang mga tropa ni Hsiang Yu, at pagkatapos ay dinurog ang mga ito at nabawi ang Chengkao.

23. Noong 204 B.C., pinamunuan ni Han Hsin, isang heneral ng estado ng Han, ang kanyang mga tauhan sa isang malaking labanan laban kay Chao Hsieh sa Chinghsing. Ang hukbo ni Chao Hsieh, na sinasabing 200,000 kalakas, ay ilang ulit na mas marami kaysa kay Han. Itinalaga ang kanyang mga tauhan sa pwestong nasa likuran nila ang ilog, pinamunuan sila ni Hsin sa magiting na laban, at kasabay noon ay nagpadala ng ilang yunit para atakehin at sakupin ang likuran ng kaaway na mahina ang pagkakagarison. Ipit sa sipit, ganap na natalo ang mga tropa ni Chao Hsieh.

24. Ang lumang bayan ng Kunyang, sa hilaga ng kasalukuyang County ng Yehshien, Probinsya ng Honan, ang lugar kung saan tinalo ni Liu Hsin, ang tagapagtatag ng Silanganing Dinastiyang Hsin, ang mga tropa ni Wang Mang, ang Emperador ng Dinastiyang Hsin, noong A.D. 23. May malaking agwat sa bilang sa pagitan ng magkabilang panig, at ang mga pwersa ni Liu Hsin ay may kabuuang 8,000 hanggang 9,000 katao laban sa 400,000 ni Wang Mang. Subalit sa pagsasamantala sa pagpapabaya ng mga heneral ni Wang Mang, sina Wang Hsun at Wang Yi, na nagmaliit sa kaaway, ginapi ni Liu Hsin na may tatlong libong piling mga tauhan lamang ang pangunahing mga pwersa ni Wang Mang. Sinundan niya ang tagumpay

na ito sa pamamagitan ng pagdurog sa nalalabing mga tropa ng kaaway.

25. Ang Kuantu ay nasa hilagang-silangan ng kasalukuyang County ng Chungmou, Probinsya ng Honan at tagpo ng labanan sa pagitan ng mga hukbo ni Tsao Tsao at Yuan Shao noong A.D. 200. May 100,000 kataong hukbo si Yuan Shao, habang si Tsao Tsao ay mayroon lamang maliit na pwersa at kapos sa suplay. Sinamantala ang kawalang pag-iingat sa bahagi ng mga tropa ni Yuan Shao, na nagmaliit sa kaaway, ipinadala ni Tsao Tsao ang kanyang mabibilis tumakbong sundalo upang maglunsad ng sorpresang atake sa kanila at sinunog ang kanilang mga suplay. Nagulo ang mga tropa ni Yuan Shao at ang kanyang pangunahing mga pwersa ay nalipol.

26. Ang estado ng Wu ay pinamumunuan ni Sun Chuan, at ang estado ng Wei ay pinamumunuan ni Tsao Tsao. Ang Chihpi ay nasa timog na pampang ng Ilog Yangtze, sa hilagang silangan ng Chiayu, Probinsya ng Hupeh. Noong A.D. 208 pinamunuan ni Tsao Tsao ang isang hukbong higit sa 500,000 katao, na kanyang idineklarang 800,000 kalakas, upang maglunsad ng atake kay Sun Chuan. Ang huli, na nakipag-alyansa sa kalaban ni Tsao Tsao na si Liu Pei, ay nakapagbuo ng isang pwersa na 30,000 kalakas. Dahil alam na ang hukbo ni Tsao Tsao ay pinepeste ng mga epidemya at hindi sanay sa laban sa tubig, sinunog ng alyadong mga pwersa nina Sun Chuan at Liu Pei ang plota ni Tsao Tsao at dinurog ang kanyang hukbo.

27. Ang Yiling, sa silangan ng kasalukuyang Ichang, Probinsya ng Hupeh, ang lugar kung saan tinalo ni Lu Sun, isang heneral ng estado ng Wu, ang hukbo ni Liu Pei, ang pinuno ng Shu, noong A.D. 222. Nakapagtala ng magkakasunud-sunod na mga tagumpay ang mga tropa ni Liu Pei sa simula ng digma at nakapasok ng lima o anim na daang li sa teritoryo ng Wu hanggang sa may Yiling. Umiwas si Lu Sun, na nagtatanggol sa Yiling, sa labanan ng halos higit sa pitong buwan hanggang sa si Liu Pei ay "na nasa dulo na ng kanyang katinuan at ang mga tropa niya'y labis ang pagkapagod at pagkademoralisa". Pagkatapos dinurog niya ang mga tropa ni Liu Pei sa pamamagitan ng pagsasamantala sa isang paborableng hangin upang sunugin ang kanilang mga tolda.

28. Tinalo ni Hsieh Hsuan, isang heneral ng Silanganing Dinastiyang Tsin, si Fu Chien, ang pinuno ng estado ng Chin, noong A.D. 383 sa Ilog Feishui sa Probinsya ng Anhwei. Si Fu Chien ay may hukbong impantri na higit sa 600,000, isang hukbong kabayuhan na higit 270,000 at isang kwerpong gwardya na higit 30,000, habang ang hukbong pangkati at pang-ilog ng Silanganing Tsin ay bumibilang lamang ng 80,000. Nang humanay ang mga hukbo sa magkabilang pampang ng Ilog Feishui, hiniling ni Hsieh Hsuan, sa pagsasamantala sa labis na kumpyansa at kahambugan ng mga tropa ng kaaway, kay Fu Chien na i-atras ang kanyang mga tropa

upang magkaroon ng puwang para sa mga tropa ng Silanganing Tsin na tumawid sa ilog at makipaglaban. Pumayag si Fu Chien, subalit nang kanyang iniutos ang pag-atras, nagpanik ang kanyang mga tropa at hindi na mapigilan. Sinamantala ang oportunidad, tumawid sa ilog ang mga tropa ng Silanganing Tsin, naglunsad ng opensiba at dinurog ang kaaway.

29. Noong A.D. 383 minaliit ni Fu Chien, ang pinuno ng estado ng Chin, ang mga pwersa ni Tsin at inatake ang mga ito. Tinalo ng mga tropang Tsin ang mga paunang yunit ng kaaway sa Lochien, County ng Shouyang, Probinsya ng Anhwei, at tumulak pasulong sa pamamagitan ng lupa at tubig. Sa pag-akyat sa pader ng lunsod, napansin ni Fu Chien ang mainam na pagkakalinya ng mga tropang Tsin, at ipinagkamali ang mga puno at mga palumpong sa Bundok Pakung bilang mga sundalo ng kaaway, at natakot sa mistulang lakas ng kaaway.

30. Tinutukoy ni Kasamang Mao Zedong dito ang katotohanang si Chiang Kai-shek at Wang Ching-wei, matapos ipagkanulo ang unang pambansa-demokratikong nagkakaisang prente ng Guomindang at ng Partido Komunista noong 1927, ay naglunsad ng sampung taong digma laban sa mamamayan, at sa gayon, naging imposible para sa mamamayang Tsino na maorganisa sa isang malakihang saklaw. Dahil dito, dapat papanagutin ang mga reaksyunaryo sa pamumuno ni Chiang Kai-shek.

31. Si Duke Hsiang ng Sung ang naghari sa Kapanahunan ng Tagsibol at Taglagas. Noong 638 B.C., nakipaglaban ang estado ng Sung sa makapangyarihang estado ng Chu. Ang mga pwersa ng Sung ay nakatalaga na sa mga pusisyong panlabanan habang tumatawid sa ilog ang mga tropa ng Chu. Isa sa mga upisyales ng Sung ang nagmungkahi na, dahil ang mga tropang Chu ay higit na nakararami, ito ang tamang sandali ng pag-atake. Subalit sinabi ng Duke na "Hindi, ang isang maginoo ay hindi dapat kailanman umatake sa isang hindi handa." Nang makatawid ang mga tropang Chu sa ilog subalit hindi pa natatapos ang kanilang mga linyang panlaban, muling nagmungkahi ang upisyal ng isang kagyat na atake, at muli sinabi ng Duke, "Hindi, ang isang maginoo ay hindi dapat kailanman umatake sa isang hukbo na hindi pa nakatatapos ng kanyang linyang panlaban." Ibinigay ng Duke ang utos ng pag-atake matapos lamang na makapaghanda nang lubos ang mga tropang Chu. Bilang resulta, ang mga tropang Sung ay dumanas ng napakalaking pagkatalo at ang Duke mismo ay nasugatan.

32. Sa maraming taon, si Han Fu-chu, isang warlord ng Guomindang, ang gobernador ng Shantung. Nang sumugod ang mga mananalakay na Hapones patimog patungong Shantung sa gilid ng Perokaril ng Tientsin-Pukow matapos okupahin ang Peiping at Tientsin noong 1937, tumakbo si Han Fu-chu mula Shantung hanggang Honan nang hindi man lamang

nakipaglaban sa ni isang labanan.

33. Pinalaki ng Guomindang ang kanyang hukbo sa pamamagitan ng sapilitang konskripsyon. Nanunggab ng tao sa lahat ng lugar ang kanyang militar at pulisya, tinatalian sila at tinatrato na parang mga bilanggo. Sinuhulan niyong mga may salapi ang mga upisyales ng Guomindang o nagbayad ng mga kapalit.

# MGA USAPIN SA DIGMA AT MGA MGA USAPIN NG DIGMA AT ESTRATEHIYA

Nobyembre 6, 1938

Ang artikulong ito ay bahagi ng talumpating-panapos ni Kasamang Mao Zedong sa Ikaanim na Sesyong Plenaryo ng Ikaanim na Komite Sentral ng Partido. Sa kanyang "Mga Usapin sa Estratehiya sa Pakikidigmang Gerilya Laban sa Hapon" at sa "Hinggil sa Matagalang Digma", nailinaw na ni Kasamang Mao Zedong ang usapin ng pamumuno ng Partido sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon. Ngunit ilang kasama na nakagagawa ng mga kamaliang Kanang oportunista, ang nagtatwa na dapat panatiliin ng Partido ang kasarinlan at inisyatiba nito sa nagkakaisang prente, kung kaya't nagduda at bumangga pa nga sa linya ng Partido sa digma at sa estratehiya. Upang mapangibabawan ang Kanang oportunismong ito, dalhin ang buong Partido sa mas malinaw na pag-unawa sa mataas na kahalagahan ng mga usapin ng digma at estratehiya sa rebolusyong Tsino at mobilisahin ito para sa seryosong gawain kaugnay nito, muling idiniin ni Kasamang Mao Zedong ang kahalagahan ng paksa sa sesyong plenaryong ito, trinato ito mula sa punto de bista ng kasaysayan ng mga pakikibakang pampulitika ng Tsina, at sinuri ang pag-unlad ng gawaing militar ng Partido at ng partikular na mga pagbabago sa estratehiya nito. Ang resulta ay pagkakaisa sa kaisipan sa pamunuan ng Partido at pagkakaisa sa aksyon sa buong Partido.

## I. ANG MGA KATANGIAN NG TSINA AT ANG REBOLUSYONARYONG DIGMA

Ang pag-agaw sa kapangyarihan sa pamamagitan ng armadong lakas, ang pag-aayos ng usapin sa pamamagitan ng digma, ito ang sentral na tungkulin at kataas-taasang anyo ng rebolusyon. Ang Marxista-Leninistang prinsipyong ito ay totoo sa pangkalahatan, para sa Tsina at sa lahat ng iba pang bayan.

Gayunman, habang ang prinsipyo ay hindi nagbabago, ang aplikasyon nito ng partido ng proletaryado ay nagkakaekspresyon sa iba't ibang paraan ayon sa iba't ibang mga kondisyon. Sa sariling bayan, isinasabuhay ng kapitalistang mga bayan ang demokrasyang burges (hindi pyudalismo) kapag hindi sila pasista o nakikidigma; sa kanilang relasyong panlabas, hindi sila inaapi, bagkus ay sila mismo ang nang-aapi ng ibang mga bansa. Dahil sa mga katangiang ito, tungkulin ng partido ng proletaryado sa kapitalistang mga bayan na imulat ang mga manggagawa at magtipon ng lakas sa isang mahabang panahon ng ligal na pakikibaka, at sa gayo'y maghanda sa pangwakas na pagbabagsak sa kapitalismo. Sa mga bansang ito, ang usapin ay usapin ng matagal na ligal na pakikibaka, ng paggamit sa parlamento bilang plataporma, ng mga welgang pang-ekonomya at pampulitika, ng pag-oorganisa ng mga manggagawa at pagmumulat sa mga manggagawa. Doon, ang anyo ng organisasyon ay ligal at ang anyo ng pakikibaka ay di madugo (di militar). Sa usapin ng digma, ang mga Partido Komunista sa mga kapitalistang bayan ay tumututol sa mga imperyalistang digma na inilulunsad ng kanilang sariling mga bayan; kapag mangyayari ang gayong mga digma, ang patakaran ng mga Partidong ito ay ibagsak ang reaksyunaryong mga gubyerno sa kani-kanilang bayan. Ang tanging digmang nais nilang isulong ay ang gera sibil na kanilang pinaghahandaan.[1] Subalit ang insureksyon at digmaang ito ay hindi dapat ilunsad hanggang ang burgesya ay tunay nang walang kalaban-laban, hanggang ang mayorya ng proletaryado ay determinado nang mag-alsa at lumaban, at hanggang ang masa sa kanayunan ay nagbibigay na ng boluntaryong tulong sa proletaryado. At kapag dumating ang panahon para ilunsad ang gayong insureksyon at digmaan, ang unang hakbang ay ang pag-agaw ng mga lunsod, at pagkatapos ay sumulong sa kanayunan, at hindi ang kabaligtaran. Lahat nito'y nagawa na ng mga Partido Komunista sa kapitalistang mga bayan, at

pinatunayang wasto ito ng Rebolusyong Oktubre sa Rusya.

Gayunman, kakaiba ang Tsina. Ang katangian ng Tsina ay hindi siya malaya at demokratiko kundi malakolonyal at mala-pyudal, sa loob ng bansa, siya ay walang demokrasya bagkus ay nasa ilalim ng pyudal na pang-aapi at sa kanyang relasyong panlabas, wala siyang pambansang kalayaan bagkus ay inaapi ng imperyalismo. Nangangahulugan ito na wala tayong parlamentong maaaring magamit at walang ligal na karapatan para organisahin ang mga manggagawa para magwelga. Sa saligan, ang tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina dito ay hindi ang dumaan sa isang mahabang panahon ng ligal na pakikibaka bago maglunsad ng insureksyon at digmaan, at hindi ang agawin ang malalaking lunsod muna at pagkatapos ay sakupin ang kanayunan, kundi ang kabaligtaran.

Kapag hindi naglulunsad ang imperyalismo ng armadong mga atake sa ating bayan, naglulunsad ang Partido Komunista ng Tsina ng gera sibil kasama ang burgesya laban sa mga warlord (mga tuta ng imperyalismo), tulad noong 1924-27 sa mga digma sa Probinsya ng Kwantung[2] at sa Ekspedisyong Pahilaga, o nakikipagkaisa sa mga magsasaka at petiburgesyang lunsod upang maglunsad ng gera sibil laban sa uring panginoong maylupa at sa burgesyang kumprador (mga tuta rin ng imperyalismo), tulad ng Digma ng Rebolusyong Agraryo noong 1927-36. Kapag naglulunsad ang imperyalismo ng armadong atake sa Tsina, pinag-iisa ng Partido ang lahat ng uri at saray sa bayan na lumalaban sa mga dayuhang mananalakay para maglunsad ng isang pambansang digma laban sa dayuhang kaaway, tulad ng ginagawa ngayon sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon.

Ipinakikita ng lahat ng ito ang pagkakaiba sa pagitan ng Tsina at ng kapitalistang mga bayan. Sa Tsina, ang digma ang pangunahing anyo ng pakikibaka at ang hukbo ang pangunahing anyo ng organisasyon. Ang iba pang mga anyo tulad ng organisasyong masa at pakikibakang masa ay napakahalaga

rin at sadyang di maisasantabi at sa anumang sirkunstansya ay hindi dapat kaligtaan, subalit ang kanilang layon ay ang maglingkod sa digma. Bago ng pagsiklab ng isang digmaan ang lahat ng organisasyon at pakikibaka ay paghahanda sa digma, tulad ng mula sa panahon ng Kilusang Mayo 4 ng 1919 hanggang sa Kilusang Mayo 30 ng 1925. Matapos sumiklab ang digmaan, ang lahat ng organisasyon at pakikibaka ay kinokoordina sa digma, tuwiran man o di tuwiran, tulad halimbawa, sa panahon ng Ekspedisyong Pahilaga nang ang lahat ng organisasyon at pakikibaka sa mga purok likuran ng rebolusyonaryong hukbo ay tuwirang ikinoordina sa digma, at iyong nasa mga purok ng mga warlord ng Hilaga ay di tuwirang ikinoordina sa digma. Muli sa panahon ng Digma ng Rebolusyong Agraryo, lahat ng organisasyon at pakikibaka sa loob ng mga Pulang purok ay ikinoordina nang tuwiran sa digma, at ang nasa labas ng mga Pulang purok nang di tuwiran. At muli sa kasalukuyang panahon, sa Digma ng Pagtatanggol, lahat ng organisasyon at pakikibaka sa mga purok likuran ng mga pwersang anti-Hapon at sa mga eryang sakop ng kaaway ay ikinokoordina nang tuwiran at di tuwiran sa digma.

"Sa Tsina, nakikipaglaban ang armadong rebolusyon sa armadong kontrarebolusyon. Ito ang isa sa partikular na kata-ngian at isa sa mga bentahe ng Rebolusyong Tsino."[3] Wastong-wasto ang tesis na ito ni Kasamang Stalin at balido rin para sa Ekspedisyong Pahilaga, sa Digma ng Rebolusyong Agraryo, at sa kasalukuyang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon. Lahat ito'y mga rebolusyonaryong digma, lahat ay nakatuon laban sa mga kontra-rebolusyonaryo at lahat ay inilulunsad pangunahin ng rebolusyonaryong mamamayan; nagkakaiba lamang sa pakahulugang ang isang gera sibil ay iba sa pambansang digma, at naiiba ang isang digmang inilulunsad ng Partido Komunista sa isang digmang inilulunsad nito kasama ang Guomindang. Mangyari pa, mahalaga ang mga pagkakaibang ito. Ipinapakita ng mga ito ang lapad ng mga

pangunahing pwersa sa digma (isang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, o ng mga manggagawa, magsasaka at burgesya) at kung ang ating katunggali sa digmaan ay internal o eksternal (kung ang digma ay laban sa panloob o dayuhang mga kaaway, at kung panloob, kung laban sa mga warlord ng Hilaga o laban sa Guomindang); ipinakikita rin ng mga ito na ang nilalaman ng rebolusyonaryong digma ay iba sa bawat magkakaibang yugto ng kanyang kasaysayan. Subalit lahat ng digmang ito ay mga halimbawa ng armadong rebolusyon na nakikibaka sa armadong kontrarebolusyon, lahat sila ay mga rebolusyonaryong digma, at lahat ay nagpapakita ng partikular na mga katangian at mga bentahe ng rebolusyong Tsino. Ang tesis na ang rebolusyonaryong digma "ay isa sa partikular na mga katangian at isa sa mga bentahe ng Rebolusyong Tsino" ay akmang-akma sa mga kalagayan ng Tsina. Ang pangunahing tungkulin ng partido ng proletaryadong Tsino, isang tungkuling kinaharap nito mula halos sa kanyang pagkakatatag, ay ang pakikipagkaisa sa pinakamaraming posibleng alyado, at ayon sa mga sirkunstansya, ang organisahin ang armadong pakikibaka para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya laban sa armadong kontra-rebolusyon, maging internal man o eksternal. Kung walang armadong pakikibaka, hindi makatatamo ng kahit anong prestihiyo ang proletaryado at ang Partido Komunista sa Tsina, at magiging imposible na magampanan ang anumang rebolusyonaryong tungkulin.

Hindi ganap na nagagap ng ating Partido ang puntong ito sa unang lima o anim na taon matapos itatag ito, ibig sabihin, mula 1921 hanggang sa paglahok nito sa Ekspedisyong Pahilaga noong 1926. Hindi nito naunawaan noon ang kataas-taasang halaga ng armadong pakikibaka sa Tsina, at hindi seryosong naghanda sa digma at nagbuo ng mga armadong pwersa, at hindi nagtuon sa pag-aaral ng estratehiya at mga taktikang militar. Sa panahon ng Ekspedisyong Pahilaga, kinaligtaan nitong kabigin ang hukbo bagkus ay makaisang

panig na nagdiin sa kilusang masa, na ang resulta'y nagkolaps ang buong kilusang masa sa sandaling naging reaksyunaryo ang Guomindang. Sa isang mahabang panahon matapos ang 1927, maraming kasama ang nagpatuloy na gawing sentral na tungkulin ng Partido ang paghahanda para sa mga insureksyon sa mga lunsod at kumilos sa mga Puting purok. Matapos lamang ng ating tagumpay sa paglaban sa ikatlong kampanya ng "pagkubkob at panunupil" na nagbago sa saligan ang ilang kasama ng kanilang aktitud sa usaping ito. Subalit hindi ito totoo sa buong Partido, at may iba pang mga kasama na hindi nag-iisip alinsunod sa inihapag dito.

Itinuturo ng karanasan na hindi malulutas ang mga suliranin ng Tsina nang walang armadong pwersa. Makatutulong sa atin ang pag-unawa sa puntong ito sa matagumpay na paglulunsad ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon mula ngayon. Ang katotohanang ang buong bansa ay bumabangon sa armadong pagtatanggol sa digma laban sa Hapon ay dapat magpatimo ng isang mas mahusay na pag-unawa sa kahalagahan ng usaping ito sa buong Partido, at dapat handang mag-armas ang bawat kasapi ng Partido at tumungo sa larangan anumang sandali. Dagdag pa, malinaw na itinakda ng ating kasalukuyang sesyon ang direksyon ng ating mga pagsisikap sa pamamagitan ng pagpapasya na ang pangunahing larangan ng gawain ng Partido ay nasa mga sona ng labanan at sa likuran ng kaaway. Mainam din itong pangontra laban sa tendensya ng ilang kasapi ng Partido na handa lamang kumilos sa mga organisasyon ng Partido at sa kilusang masa subalit hindi handang mag-aral o lumahok sa pakikidigma, at laban sa kabiguan ng ilang paaralan na hikayatin ang mga mag-aaral na tumungo sa larangan, at sa iba pang gayong pangyayari. Sa kalakhan ng Tsina, ang gawaing pang-organisasyon at gawaing masa ng Partido ay tuwirang nakaugnay sa armadong pakikibaka; wala, at hindi maaari, ang anumang gawaing pampartido at gawaing masa na hiwalay at tumitindig nang

nagsasarili. Kahit na sa mga purok likuran na malayo sa mga sona ng labanan (tulad ng Yunnan, Kweichow at Szechuan) at sa mga lugar na okupado ng kaaway (tulad ng Peiping, Tientsin, Nanking at Shanghai), ikinokoordina sa digma ang pang-organisasyong gawain ng Partido at gawaing masa, at dapat at kinakailangang eksklusibong naglilingkod sa mga pangangailangan ng larangan. Sa isang salita, dapat magbigay ang Partido ng malaking atensyon sa digma, sa pag-aaral ng mga usaping militar at ihanda ang sarili sa pakikipaglaban.

## II. ANG KASAYSAYAN SA DIGMA NG GUOMINDANG

Kapaki-pakinabang para sa atin na tingnan ang kasaysayan ng Guomindang at tingnan gaano binibigyang-pansin nito ang digma.

Mula't sapul, nang inorganisa niya ang isang maliit na rebolusyonaryong grupo, naglunsad si Sun Yat-sen ng mga armadong insureksyon laban sa Dinastiyang Ching.[4] Ang panahong Tung Meng Hui (ang Rebolusyonaryong Liga ng Tsina) ay punong-puno ng mga armadong insureksyon,[5] hanggang sa armadong pagbabagsak sa Dinastiyang Ching ng Rebolusyon ng 1911. Pagkatapos, sa panahon ng Rebolusyonaryong Partido ng Tsina, naglunsad siya ng isang kampanyang militar laban kay Yuan Shih-kai.[6] Ang sumunod na mga pangyayari tulad ng ekspedisyong patimog ng mga yunit pandagat,[7] ang ekspedisyong pahilaga mula sa Kweilin[8] at ang pagtatatag ng Akademyang Militar ng Whampoa[9] ay kabilang din sa mga gawang militar ni Sun Yat-sen.

Matapos ni Sun Yat-sen, pumalit si Chiang Kai-shek, na nagdala sa lakas militar ng Guomindang sa kanyang rurok. Pinahahalagahan niya ang hukbo na parang sarili niyang buhay at nagkaroon ng karanasan sa tatlong digma, ang Ekspedisyong Pahilaga, ang Gera Sibil at ang Digma ng Pagtatanggol laban sa Hapon. Sa nakaraang sampung taon, naging

kontra-rebolusyonaryo si Chiang Kai-shek. Lumikha siya ng isang napakalaking "Hukbong Sentral" para sa mga layuning kontra-rebolusyonaryo. Matatag siyang kumapit sa napakahalagang punto na sinumang may hukbo ay may kapangyarihan at digma ang nagpapasya sa lahat. Sa aspetong ito, dapat tayong matuto sa kanya. Sa aspetong ito kapwa si Sun Yat-sen at si Chiang Kai-shek ay ating mga guro.

Mula ng Rebolusyon ng 1911, lahat ng warlord ay mahigpit na kumapit sa kanilang mga hukbo, naniniwala nang malaki sa prinsipyong "Sinumang may hukbo ay may kapangyarihan."

Si Tan Yen-kai,[10] isang tusong burukrata na may makulay na kasaysayan sa Hunan, ay hindi kailanman naging isang simpleng gubernador sibil lamang kundi palaging naggiit na maging kapwa gubernador militar at gubernador sibil. Kahit na nang maging Pangulo siya ng Pambansang Gubyerno una sa Canton at pagkatapos sa Wuhan, kasabay nito, siya ay kumander ng Ikalawang Hukbo. Maraming gayong mga warlord na nakauunawa sa partikularidad na ito ng Tsina.

Nagkaroon na ng mga partido sa Tsina, laluna ang Partido Progresibo,[11] na ayaw magkaroon ng hukbo; subalit kahit na ang Partidong ito ay kumikilala na hindi ito makakakuha ng mga pusisyon sa gubyerno nang walang anumang suporta ng mga warlord. Kabilang sa magkakasunud-sunod na tagatangkilik nito ay sina Yuan Shih-kai,[12] Tuan Chi-jui[13] at Chiang Kai-shek (kung kanino kumabit ang Pampulitikang Grupo ng Syensya,[14] na binuo mula sa isang bahagi ng Partido Progresibo).

Ilang maliliit na partidong pampulitika na may maikling kasaysayan, halimbawa, ang Partido ng Kabataan,[15] ay walang hukbo, at sa gayo'y walang anumang narating.

Sa ibang mga bansa, walang gayong pangangailangan para sa bawat partidong burges na magkaroon ng armadong pwersa sa sariling tuwirang kumand. Subalit iba ang kalagayan sa Tsina, kung saan, dahil sa pagkahati-hating pyudal ng bayan,

iyong mga grupo o partidong panginoong maylupa o burges na may mga baril ay may kapangyarihan, at iyong may mas maraming baril ang may mas malaking kapangyarihan. Sa ganoong kapaligiran, dapat malinaw na makita ng partido ng proletaryado ang pinakapuso ng usapin.

Ang mga Komunista ay hindi lumalaban para sa personal na kapangyarihang militar (anumang mangyari, hindi nila dapat gawin ito, at hindi kailanman dapat hayaang sumunod sa halimbawa ni Chang Kuo-tao), bagkus ay dapat silang lumaban para sa kapangyarihang militar para sa Partido, para sa sa kapangyarihang militar para sa mamamayan. Habang may pambansang digmang nagaganap, dapat din tayong lumaban para sa kapangyarihang militar para sa bansa. Kung may kamangmangan sa usapin ng kapangyarihang militar, walang anumang magagawa. Napakahirap para sa masang anakpawis, na nilinlang at tinakot ng reaksyunaryong mga uri sa loob ng libu-libong taon, na magising sa halaga ng pagkakaroon ng baril sa kanilang sariling mga kamay. Ngayong itinulak ng pang-aapi ng imperyalismong Hapones at ng pambansang pagtatanggol dito ang masang anakpawis sa larangan ng digma, dapat ipakita ng mga Komunista na sila ang pinakamulat sa pulitikang mga pinuno sa digmang ito. Dapat magagap ng bawat Komunista ang katotohanang, "Ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa dulo ng baril." Ang ating prinsipyo ay ang Partido ang nagkukumand sa baril at hindi kailanman dapat hayaang magkumand ang baril sa Partido. Gayunman, kapag may baril, makalilikha tayo ng mga organisasyon ng Partido, tulad ng ipinapakita ng makapangyarihang mga organisasyon ng Partido na nilikha ng Hukbo ng Ikawalong Ruta sa hilagang Tsina. Makapagpapalitaw rin tayo ng mga kadre, makalilikha ng mga paaralang pangkadre, makalilikha ng kultura, makalilikha ng mga kilusang masa. Lahat sa Yenan ay nalikha sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga baril. Lahat ng bagay ay nagmula sa dulo ng baril. Ayon sa Marxistang teorya ng estado, ang hukbo ang pangunahing

salik ng kapangyarihang pang-estado. Sinumang nagnanais na umagaw at magpanatili sa kapangyarihang pang-estado ay dapat magkaroon ng isang malakas na hukbo. May ilang tao ang nangungutya sa atin bilang mga tagapagtaguyod ng "walang hanggang kapangyarihan ng digma". Oo, tayo ay mga tagapagtaguyod ng walang hanggang kapangyarihan ng rebolusyonaryong digma; ito ay mabuti at hindi masama, ito'y Marxista. Ang mga baril ng Partido Komunista ng Rusya ang lumikha ng sosyalismo. Lilikhain natin ang isang demokratikong republika. Ang karanasan sa makauring pakikibaka sa panahon ng imperyalismo ay nagtuturo sa atin na tanging sa kapangyarihan ng baril magagapi ng uring manggagawa at masang anakpawis ang armadong burgesya at panginoong maylupa; sa pakahulugang ito, masasabi natin na tanging sa pamamagitan ng baril mababago ang buong mundo. Tayo ay mga tagapagtaguyod ng abolisyon ng digma, ayaw natin ng digma; subalit ang digma ay maaari lamang mawala sa pamamagitan ng digma, at upang maalis ang baril, kailangang humawak ng baril.

## III. ANG KASAYSAYAN SA DIGMA NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA

Hindi naunawaan ng ating Partido ang kahalagahan ng tuwirang pagbubuhos ng sarili sa paghahanda sa digma at sa pag-oorganisa ng armadong pwersa sa loob ng tatlo o apat na taon, ibig sabihin, mula 1921 (nang itatag ang Partido Komunista) hanggang 1924 (nang idinaos ang Unang Pambansang Kongreso ng Guomindang), at kulang pa rin ito sa sapat na pag-unawa sa usaping ito sa panahong 1924-27 at kahit pa pagkatapos nito; gayunman, pagkaraan ng 1924, nang nagsimula itong lumahok sa Akademyang Militar ng Whampoa, pumasok ito sa isang bagong yugto at nagsimulang makita ang kahalagahan ng mga usaping militar. Sa pamamagitan

ng pagtulong sa Guomindang sa mga digma sa Probinsya ng Kwantung at paglahok sa Ekspedisyong Pahilaga, nakuha ng Partido ang pamumuno sa ilang armadong pwersa.[16] Matapos nito, dahil natuto sa mapait na aral sa pagkabigo ng rebolusyon, inorganisa ng Partido ang Pag-aalsang Nanchang,[17] ang Pag-aalsa noong Anihan sa Taglagas[18] at ang Pag-aalsang Canton, at pumasok sa isang bagong yugto, ang pagtatatag ng Pulang Hukbo. Ito ang krusyal na panahon kung kailan nakamit ng ating Partido ang puspusang pag-unawa sa kahalagahan ng hukbo. Kung walang Pulang Hukbo at hindi lumaban sa digma ang Pulang Hukbo sa panahong ito, ibig sabihin, kung tinanggap ng Partido Komunista ang likidasyunismo ni Chen Duxiu, hindi mahihinagap ang kasalukuyang Digma ng Pagtatanggol o kaya'y hindi ito masusustini nang matagal.

Sa kanyang pulong pangkagipitan na ginanap noong Agosto 7, 1927, binaka ng Komite Sentral ng Partido ang Kanang oportunismo sa larangan ng pulitika, at sa gayo'y malaking nakahakbang pasulong ang Partido. Sa kanyang ikaapat na sesyong plenaryo noong Enero 1931, nominal na binaka ng Ikaanim na Komite Sentral ang "Kaliwang" oportunismo sa larangan ng pulitika, subalit sa katunayan ay muling gumawa ng pagkakamaling "Kaliwang" oportunismo. Nagkaiba ang dalawang pulong sa laman at istorikong papel, subalit alinman sa dalawa ay hindi seryosong humarap sa mga usapin ng digma at estratehiya, isang katotohanang nagpakita na ang digma ay hindi pa ginagawang sentro de grabidad sa gawain ng Partido. Matapos lumipat ang sentral na pamunuan ng Partido sa mga Pulang purok noong 1933, ang sitwasyong ito'y dumaan sa isang radikal na pagbabago, subalit ang mga pagkakamali sa prinsipyo ay muling nagawa sa usapin ng digma (at lahat ng iba pang mayor na usapin), na nagdulot ng seryosong mga pagkatalo sa rebolusyonaryong digma. Sa kabilang banda, ang Pulong sa Tsunyi ng 1935 sa saligan ay isang pakikibaka laban sa oportunismo sa larangang militar at nagbigay ng kataas-

taasang prayoridad sa usapin ng digma, at ito'y repleksyon ng kundisyon ng digma sa panahong iyon. Sa ngayon, tiwala nating masasabi na sa mga pakikibaka sa nakalipas na labimpitong taon, napanday ng Partido Komunista hindi lang ang isang matatag na Marxistang linyang pampulitika kundi pati na rin ang isang matatag na Marxistang linyang militar. Nailapat natin ang Marxismo sa paglutas hindi lamang sa mga usaping pampulitika kundi pati na rin sa mga usaping militar; nakapagsanay tayo hindi lamang ng isang malaking bag-as ng mga kadre na may kakayahang magpatakbo ng Partido at ng estado, kundi pati na rin ng isang malaking bag-as ng mga kadre na may kakayahang magpatakbo ng hukbo. Ang mga tagumpay na ito ang bulaklak ng rebolusyon, diniligan ng dugo ng di mabilang na mga martir, isang karangalang hindi lamang sa Partido Komunista ng Tsina at sa mamamayang Tsino, kundi pati na rin sa mga Partido Komunista at sa mga mamamayan ng buong daigdig. Tatatlo lamang ang hukbo sa buong daigdig na sa proletaryado at sa anakpawis, ang mga hukbong pinamumunuan ng mga Partido Komunista ng Unyong Sobyet, ng Tsina at ng Espanya, at hanggang ngayon, wala pang karanasang militar ang mga Partido Komunista sa ibang mga bansa; kung kaya ang ating hukbo at ang ating karanasang militar ay higit na mahalaga.

Upang isulong ang kasalukuyang Digma ng Pagtatanggol laban sa Hapon hanggang sa tagumpay, napakahalaga na palawakin at ikonsolida ang Hukbo ng Ikawalong Ruta, ang Bagong Ikaapat na Hukbo at ang lahat ng pwersang gerilyang pinamumunuan ng ating Partido. Sa pagpapatupad sa prinsipyong ito, dapat ipadala ng Partido ang sapat na bilang ng kanyang pinakamahuhusay na kasapi at kadre sa larangan. Ang lahat ay dapat maglingkod sa tagumpay sa larangan, at dapat ipailalim ang pang-organisasyong tungkulin sa pampulitikang tungkulin.

## IV. MGA PAGBABAGO SA ESTRATEHIYANG MILITAR NG PARTIDO SA GERA SIBIL AT SA PAMBANSANG DIGMA

Ang mga pagbabago sa estratehiyang militar ng Partido ay mahalagang pag-aralan. Harapin natin nang magkahiwalay ang dalawang proseso, ang gera sibil at ang pambansang digma.

Ang gera sibil ay maaaring hatiin sa pangkalahatan sa dalawang estratehikong panahon. Ang pakikidigmang gerilya ang pangunahin sa unang panahon at ang pakikidigmang regular sa ikalawa. Subalit ang pakikidigmang makilos na ito ay may katangiang Tsino, regular lamang sa kanyang konsentrasyon ng mga pwersa para sa pakikidigmang makilos at sa isang antas ng sentralisasyon at pagpaplano sa kumand at organisasyon; sa ibang mga aspeto, pinanatili nito ang katangiang gerilya, at bilang pakikidigmang regular ay nasa mababang antas at hindi maihahambing sa pakikidigmang regular ng mga dayuhang hukbo, o sa ilang aspeto, kahit na sa pakikidigmang regular ng sa hukbong Guomindang. Sa gayon, sa isang pakahulugan, ang tipong ito ng pakikidigmang regular ay pakikidigmang gerilya lamang na iniangat sa mas mataas na antas.

Ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon ay maaari ring hatiin sa pangkalahatan sa dalawang estratehikong panahon kung ang mga tungkuling militar ng ating Partido ang pag-uusapan. Sa unang panahon (na binubuo ng mga yugto ng estratehikong depensiba at estratehikong pagkapatas) ang pakikidigmang gerilya ang pangunahin, habang sa ikalawa (ang yugto ng estratehikong kontra-opensiba) ang pakikidigmang regular ang magiging pangunahin. Gayunman, ang pakikidigmang gerilya ng unang panahon sa Digma ng Pagtatanggol ay naiiba nang husto sa laman mula niyong sa unang panahon ng gera sibil, dahil sa ang nakakalat na mga tungkuling gerilya ay ipinapatupad ng regular (ibig sabihin, regular hanggang sa isang antas) na Hukbo ng Ikawalong Ruta. Gayundin, ang pakikidigmang regular ng ikalawang pana-

hon ng Digma ng Pagtatanggol ay magiging iba sa ikalawang panahon ng gera sibil dahil maaari nating ipagpalagay na, kung may makabagong mga kagamitan, malaking pagbabago ang magaganap kapwa sa hukbo at sa mga operasyon nito. Makakamit ng ating hukbo ang isang mataas na antas ng sentralisasyon at organisasyon, at mawawala ng mga operasyon nito ang kalakhan ng katangiang gerilya nito, at makakamit ang mataas na antas ng pagkaregular; ang sa ngayo'y mababang antas ay maitataas sa isang mas mataas na antas, at ang tipong Tsino ng pakikidigmang regular ay magbabago tungo sa pangkala-hatang tipo. Ito ang magiging tungkulin natin sa yugto ng kontra-opensiba.

Sa gayo'y makikita natin na ang dalawang proseso, ang gera sibil at ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, at ang kanilang apat na estratehikong panahon ay naglalaman ng tatlong pagbabago sa estratehiya. Ang una ay ang pagbabago mula sa pakikidigmang gerilya tungong pakikidigmang regular sa gera sibil. Ang ikalawa ay ang pagbabago mula sa pakikidigmang regular sa gera sibil tungong pakikidigmang gerilya sa Digma ng Pagtatanggol. At ang ikatlo ay ang pagbabago mula pakikidigmang gerilya patungo sa pakikidigmang regular sa Digma ng Pagtatanggol.

Ang una sa tatlong pagbabago ay kumaharap ng maraming kahirapan. Naglalaman ito ng dalawahang tungkulin. Sa isang banda, kinailangang bakahin natin ang Kanang tendensyang lokalismo at gerilyaismo, na binubuo ng pananatili ng mga ugaling gerilya at pagtutol na pumihit sa regularisasyon, isang tendensyang sumulpot dahil minaliit ng ating mga kadre ang pagbabago sa kalagayan ng kaaway at ng ating sariling mga tungkulin. Sa Sentral na Pulang Purok unti-unting naiwasto ang tendensyang ito matapos lamang ng masikhay na edukasyon. Sa kabilang banda, kinailangan din nating bakahin ang "Kaliwang" tendensya ng labis na sentralisasyon at adbenturismo na nagbigay ng labis na pagdidiin sa regulari-

sasyon, isang tendensyang sumulpot dahil minaliit ng ilan sa namumunong kadre ang kaaway, nagtakda ng napakatataas na target at mekanikal na inilapat ang mga karanasang dayuhan anuman ang aktwal na mga kalagayan. Sa loob ng tatlong taon (bago ang Pulong ng Tsunyi), nagpataw ang tendensyang ito ng napakalalaking sakripisyo sa Sentral na Pulang Purok, at naiwasto lamang matapos nating matutunan ang mga aral na pinagbayaran natin ng dugo. Ang pagwawasto nito ang tagumpay ng Pulong ng Tsunyi.

Ang ikalawang pagbabago sa estratehiya ay naganap sa taglagas ng 1937 (matapos ang Insidenteng Lukouchiao), sa sugpungan ng dalawang magkaibang digma. Kinaharap natin ang isang bagong kaaway, ang imperyalismong Hapones, at naging alyado natin ang dati nating kaaway, ang Guomindang (na sumasalungat pa rin sa atin), at ang tanghalan ng digma ay ang malapad na kalawakan ng Hilagang Tsina (na pansamantala'y larangan ng ating hukbo subalit malapit nang maging likuran ng kaaway at mananatiling ganito sa loob ng mahabang panahon). Sa espesyal na kalagayang ito, napakaseryosong bagay ang pagbabago natin sa estratehiya. Sa espesyal na sitwasyong ito, kinailangang itransporma natin ang hukbong regular ng nakaraan bilang isang hukbong gerilya (kaugnay sa kanyang dispers na operasyon, at hindi sa pandama sa organisasyon o sa disiplina nito) at itransporma ang pakikidigmang makilos ng nakaraan sa pakikidigmang gerilya, upang makaangkop tayo sa tipo ng kaaway na ating kinakaharap at sa mga tungkuling nakahapag sa atin. Subalit ang pagbabagong ito, kahit paano tingnan, ay isang hakbang paurong at sa gayo'y tiyak na napakahirap. Kapwa ang pagmamaliit at ang kahindik-hindik na takot sa Hapon, mga tendensyang malamang na umiral sa ganoong mga panahon, ay talagang naganap sa hanay ng Guomindang. Nang pumihit ang Guomindang mula gera sibil tungong pambansang digma, nagtamo ito ng maraming di kinakailangang mga pagkatalo pangunahin dahil sa pagma-

maliit nito sa kaaway, at dahil na rin sa kanyang kahindik-hindik na takot sa Hapon (na ipinapakita ni Han Fu-chu at Liu Chih[19]). Sa kabilang banda, nagawa natin ang pagbabago nang relatibong maayos at sa halip na dumanas ng mga pag-katalo, nagtamo tayo ng maraming tagumpay. Ang dahilan nito ay tinanggap ng malaking mayorya ng ating mga kadre ang wastong paggabay ng Komite Sentral nang maagap at ma-husay na tinaya ang aktwal na sitwasyon, kahit na maraming pagtatalo sa pagitan ng Komite Sentral at ilan sa mga kadre sa hukbo. Ang napakalaking kahalagahan ng pagbabagong ito para sa pagsisikhay, pagpapaunlad at pagpapanalo ng Digma ng Pagtatanggol sa kabuuan, gayundin para sa kinabukasan ng Partido Komunista ng Tsina, ay makikita kaagad kung pakaii-sipin natin ang istorikong kabuluhan ng pakikidigmang gerilya laban sa Hapon sa pagtatakda ng kinabukasan ng pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa Tsina. Sa kanyang ka-kaibang lapad at pagkamatagalan, ang pakikidigmang gerilya laban sa Hapon ng Tsina ay walang katulad, hindi lamang sa Silangan kundi marahil sa buong kasaysayan ng sangkatauhan.

Ang ikatlong pagbabago, mula pakikidigmang gerilya pa-tungong pakikidigmang regular laban sa Hapon, ay makikita sa hinaharap na pag-unlad ng digma, na kung tutuusi'y magbubunga ng bagong mga sirkunstansya at bagong mga kahirapan. Hindi natin kailangang talakayin ito ngayon.

## V. ANG ESTRATEHIKONG PAPEL NG PAKIKIDIGMANG GERILYA LABAN SA HAPON

Sa digma laban sa Hapon sa kabuuan, ang pakikidigmang regular ay pangunahin at ang pakikidigmang gerilya ay suplementaryo, dahil tanging ang pakikidigmang regular ang maaaring magpasya sa ultimong kahihinatnan ng digmaan. Sa tatlong estratehikong yugto (ang depensiba, ang pagkapa-tas at ang kontra-opensiba) sa buong proseso ng digma sa bansa sa kabuuan, ang una at huli ang mga yugto kung saan

ang pakikidigmang regular ang pangunahin at ang pakikidigmang gerilya ang suplementaryo. Sa intermedyang yugto, ang pakikidigmang gerilya ang magiging pangunahin at ang pakikidigmang regular ang suplementaryo, dahil kakapitan ng kaaway ang mga lugar na kanyang sinakop at tayo ay maghahanda para sa kontra-opensiba subalit hindi pa magiging handa para ilunsad ito. Bagamat ang yugtong ito ay posibleng maging pinakamahaba, ito'y isa lamang sa tatlong yugto sa buong digma. Kung titingnan natin ang digma bilang kabuuan, kung gayon, ang pakikidigmang regular ang pangunahin at ang pakikidigmang gerilya ang suplementaryo. Hangga't hindi natin nauunawaan ito, hangga't hindi natin kinikilala na ang pakikidigmang regular ang magpapasya ng ultimong kahihinatnan ng digma, at kung hindi natin bibigyang pansin ang pagbubuo ng isang regular na hukbo at ang pag-aaral at pagdidirehe sa pakikidigmang regular, hindi natin kakayaning gapiin ang Hapon. Ito ay isang aspeto ng usapin.

Magkagayunman, may mahalagang estratehikong pwesto ang pakikidigmang gerilya sa buong digma. Kung walang pakikidigmang gerilya at kung walang karampatang atensyon sa pagbubuo ng mga yunit gerilya at mga hukbong gerilya at pag-aaral at pagdidirehe sa pakikidigmang gerilya, hindi rin natin magagapi ang Hapon. Ang rason, dahil ang kalakhang bahagi ng Tsina ay magiging likuran ng Hapon, kung wala ang malaganap at pursigidong pakikidigmang gerilya, matatag na itetrensera ng kaaway ang sarili nang walang takot sa mga atake mula sa likuran, magbibigay ng matitinding pagkatalo sa ating mga pangunahing pwersa na lumalaban sa larangan at maglulunsad na papabangis na mga opensiba; sa gayon, magiging mahirap para sa atin na makamit ang pagkapatas, at ang mismong pagtutuloy ng Digma ng Pagtatanggol ay maaaring malagay sa alanganin. Subalit kahit na hindi magkaganoon ang pangyayari, lilitaw ang iba pang di paborableng mga sirkunstansya, tulad ng di sapat na pagbubuo ng lakas para sa ating

kontra-opensiba, kawalan ng mga aksyong pansuporta para sa ating kontra-opensiba, at ang posibilidad na mapapalitan ng kaaway ang mga nawala sa kanya. Kung magaganap ang mga sirkunstansyang ito at hindi mapangingibabawan ng napapanahong pagpapaunlad ng malaganap at pursigidong pakikidigmang gerilya, magiging imposible ring gapiin ang Hapon. Samakatwid, bagamat suplementaryo ang pwesto ng pakikidigmang gerilya sa digma sa kabuuan, mayroon itong napakahalagang papel sa estratehiya. Sa paglulunsad ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, di maitatatwang isang malalang pagkakamali ang pagpapabaya sa pakikidigmang gerilya. Ito ay isa pang aspeto ng usapin.

Dahil malaki ang bansa, posible ang pakikidigmang gerilya; samakatwid, mayroon ding pakikidigmang gerilya sa nakaraan. Subalit makapagpupunyagi lamang sa pakikidigmang gerilya kung pinamumunuan ito ng Partido Komunista. Ito ang dahilan bakit ang pakikidigmang gerilya sa kalahatan ay nabigo sa nakaraan at kung bakit ito ay maaaring magtagumpay sa makabagong panahon at sa malalaking bansa lamang kung saan lumitaw ang mga Partido Komunista, tulad ng Unyong Sobyet sa panahon ng kanyang gera sibil, at sa Tsina sa kasalukuyan. Kung isaalang-alang ang kasalukuyang mga sirkunstansya at ang pangkalahatang sitwasyon kaugnay ng digma, ang hatian ng gawain sa pagitan ng Guomindang at ng Partido Komunista sa digma laban sa Hapon, kung saan ang una ay naglulunsad ng harapang pakikidigmang regular at ang huli ay naglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa likuran ng mga linya ng kaaway, ay kapwa kinakailangan at naaayon, at usapin ng mutwal na pangangailangan, mutwal na koordinasyon at mutwal na tulungan.

Kung gayon, mauunawaan kung gaano kahalaga at kinakailangan para sa ating Partido na baguhin ang kanyang estratehiyang militar mula sa pakikidigmang regular sa huling bahagi ng gera sibil tungo sa pakikidigmang gerilya sa unang

yugto ng Digma ng Pagtatanggol. Ang paborableng mga epekto ng ganitong pagbabago ay maaaring lagumin sa sumusunod na mga punto:

(1) ang pagbawas ng mga lugar na okupado ng mga pwersa ng kaaway;

(2) ang paglawak ng mga baseng purok ng ating sariling mga pwersa;

(3) sa yugto ng depensiba, koordinasyon sa mga operasyon sa regular na larangan upang maipit ang kaaway;

(4) sa yugto ng pagkapatas, ang pagmamantini ng isang mahigpit na pagkapit sa mga baseng purok sa likuran ng mga linya ng kaaway, upang bigyang daan ang pagsasanay at reorganisasyon ng mga tropa sa regular na larangan;

(5) sa yugto ng kontra-opensiba, koordinasyon sa regular na larangan sa pagbawi ng nawalang mga teritoryo;

(6) ang pinakamabilis at pinakaepektibong pagpapalawak ng ating mga pwersa;

(7) ang pinakamalapad na pagpapalawak ng Partido Komunista, upang maorganisa ang sangay ng Partido sa bawat baryo;

(8) ang pinakamalapad na pagpapaunlad ng mga kilusang masa, upang maorganisa ang lahat ng mamamayan sa likuran ng mga linya ng kaaway, liban iyong nasa kanyang matitibay na kuta;

(9) ang pinakamalaganap na pagtatatag ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika na anti-Hapon;

(10) ang pinakamalapad na pagpapaunlad ng gawaing pangkultura at edukasyong anti-Hapon;

(11) ang pinakamalaganap na pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan;

(12) ang pinakaepektibong paglansag sa mga tropa ng kaaway;

(13) ang pinakamalaganap at makakatagal na impluwensya sa damdaming popular at pagpapasigla ng moral sa

buong bansa;

(14) ang pinakamalaganap na tulak sa pag-unlad ng mapagkaibigang mga hukbo at partido;

(15) pag-angkop sa sitwasyon kung saan ang kaaway ay malakas at tayo ay mahina, upang makaranas tayo ng mas kakaunting pagkatalo at makamit ang mas maraming tagumpay;

(16) pag-angkop sa katotohanang ang Tsina ay malaki at ang Hapon ay maliit, upang mapalasap ang kaaway ng mas maraming pagkatalo at magkamit ng mas kakaunting tagumpay;

(17) ang pinakamabilis at pinakamabisang pagsasanay ng malaking bilang ng mga kadre para sa pamumuno; at

(18) ang pinakamabisang solusyon sa problema ng mga probisyon.

Walang kaduda-duda na sa mahabang proseso ng pakikibaka ang mga yunit gerilya at ang pakikidigmang gerilya ay hindi mananatiling kagaya ng sa ngayon bagkus ay uunlad sa mas mataas na yugto at hakbang-hakbang na magbabago tungong mga yunit regular at pakikidigmang regular. Sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya, mabubuo natin ang ating lakas at gagawing isang mapagpasyang elemento ang ating mga sarili sa pagdurog sa imperyalismong Hapones.

## VI. BIGYAN NG MALAKING PANSIN ANG PAG-AARAL NG MGA USAPING MILITAR

Lahat ng usapin sa pagitan ng dalawang magkatunggaling hukbo ay nakasalalay sa digmaan para sa kanilang pagkalutas, at ang kaligtasan o pagkamatay ng Tsina ay nakasalalay sa kanyang tagumpay o pagkatalo sa kasalukuyang digmaan. Kung gayon, ang ating pag-aaral ng teoryang militar, ng estratehiya at taktika at ng gawaing pampulitika ng hukbo ay hindi dapat maantala ni sumandali. Bagamat ang ating pag-aaral ng taktika ay hindi pa sapat, malaki na ang nagawa ng ating mga kasama na nasa gawaing militar sa huling sampung taon, at sa batayan

ng mga kalagayan ng Tsina, nakapagpalitaw ng maraming bagay na bago; ang kakulangan dito ay hindi pa nagkakaroon ng pangkalahatang paglalagom. Gayunman, hanggang ngayon, iilang tao lamang ang nagsasagawa ng pag-aaral sa mga usapin ng estratehiya at teorya ng digma. Nakamit na ang napakainam na mga resulta sa pag-aaral ng ating gawaing pampulitika, na sa yaman ng karanasan at sa bilang at kalidad ng mga inobasyon, ay pumapangalawa lamang sa Unyong Sobyet; dito, ang kakulangan ay ang di sapat na sintesis at sistematisasyon. Ang popularisasyon ng kaalamang militar ay isang mahigpit na tungkulin para sa Partido at sa buong bayan. Dapat bigyan natin ng malaking pansin ang lahat ng ito, ngunit higit sa lahat ang teorya ng digma at estratehiya. Nakikita kong kailangang pukawin natin ang interes sa pag-aaral ng teoryang militar at itutok ang atensyon ng buong kasapian sa pag-aaral ng mga usaping militar.

## MGA TALA

1. Tingnan "Ang Digmaan at Sosyal-Demokrasya" ni V. I. Lenin (Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Tomo XXI, p. 27-34), "Ang Kumperensya ng mga Grupong R.S.D.L.P. sa ibayong dagat" (ibid., p. 158-64), "Ang Pagkatalo ng Sariling Gubyerno sa Digmaang Imperyalista" (ibid., p. 275-80). "Ang Pagkatalo ng Rusya at ang Rebolusyonaryong Krisis" (ibid., p. 378-82). Ang mga artikulong ito na isinulat noong 1914-15 ay partikular na tumutukoy sa imperyalistang digmaan ng panahong iyon. Tingnan din ang Kasaysayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (Bolshevik), Maikling Kurso, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, p. 258-67.

2. Noong 1924, tinalo ni Dr. Sun Yat-sen, sa pakikipag-alyansa sa Partido Komunista at sa mga rebolusyonaryong manggagawa at magsasaka, ang "Kwerpong Mangangalakal", isang armadong pwersa ng mga kumprador at mga panginoong maylupa, na nagsasagawa ng mga kontra-rebolus-yonaryong aktibidad sa Canton sa pakikipagtulungan sa mga imperyalistang British. Ang rebolusyonaryong hukbo, na itinatag sa batayan ng kooperasyon ng Guomindang at ng Partido Komunista, ay

tumungo pa-Canton sa maagang bahagi ng 1925, lumaban sa Kampanya sa Silangan at, sa suporta ng magsasaka, tinalo ang mga tropa ng warlord na si Chen Chiung-ming. Matapos ay bumalik ito sa Canton at ibinagsak ang mga warlord ng Yunan at Kwangsi na nagtrensera ng sarili doon. Sa taglagas ng panahong iyon, inilunsad nito ang Ikalawang Kampanya sa Silangan at sa wakas ay nilipol ang mga pwersa ni Chen Chiung-ming. Ang mga kampanyang ito, na kung saan ang mga kasapi ng Partido Komunista at Liga ng Kabataang Komunista ay magiting na lumaban sa unahan, ang nagbunsod ng pampulitikang pag-iisa ng Probinsya ng Kwantung at nagbigay-daan sa Ekspedisyong Pahilaga.

3. J. V. Stalin, "Ang Prospek ng Rebolusyon sa Tsina", Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Tomo VIII, p. 379.

4. Noong 1894, binuo ni Dr. Sun Yat-sen ang isang maliit na rebolusyonaryong organisasyon sa Honolulu na tinawag na Hsing Chung Hui (Samahan para sa Muling Pagbuhay sa Tsina). Sa suporta ng lihim na mga samahan sa hanay ng mamamayan, naglunsad siya ng dalawang armadong insureksyon sa Probinsya ng Kwantung laban sa gubyernong Ching matapos ang pagkatalo nito sa Digmaang Tsina-Hapones noong 1895, isa sa Canton noong 1895 at isa sa Huichow noong 1900.

5. Ang Tung Meng Hui, o ang Rebolusyonaryong Liga ng Tsina (isang nagkakaisang prenteng organisasyon ng burgesya, petiburgesya at isang seksyon ng panginoong maylupa na lumalaban sa gubyernong Ching), ay binuo noong 1905 sa pamamagitan ng pagsasanib ng Hsing Chung Hui (tingnan ang tala sa itaas) at dalawa pang ibang grupo, ang Hua Hsing Hui (Samahan sa Muling Pagbuhay ng Tsina) at ang Kuang Fu Hui (Samahan sa Pagbali ng Tanikala ng Dayuhan). Inihapag nito ang isang programa ng rebolusyong burges na nananawagan ng "pagpapatalsik ng mga Tartar (Manchus), rekoberi ng Tsina, ang pagtatatag ng isang republika at ang pagpapantay ng pag-aari sa lupa". Sa panahon ng Rebolusyonaryong Liga ng Tsina, sa pakikipag-alyansa sa lihim na mga samahan at sa isang bahagi ng Bagong Hukbo ng gubyernong Ching, naglunsad si Dr. Sun Yat-sen ng ilang armadong insureksyon laban sa rehimeng Ching, at sa mga ito, natatangi iyong sa Pinghsiang (Probinsya ng Kiangsi), Liuyang at Liling (Probinsya ng Hunan) noong 1906, at sa Huangkang, Chaochow at Chinchow (Probinsya ng Kwangtung), at sa Chennankuan (Probinsya ng Kwangsi) noong 1907 at Hokou (Probinsya ng Yunnan) noong 1908 at sa Canton noong 1911. Ang huli ay sinundan sa taon ding iyon ng Pag-aalsang Wuchan na nagresulta ng pagbabagsak sa Dinastiyang Ching.

6. Noong 1912, ang Rebolusyonaryong Liga ng Tsina ay nireorganisa sa Guomindang at nakipagkompromiso sa rehimeng warlord sa Hilaga

sa pamumuno ni Yuan Shih-kai. Noong 1913 ang mga tropa ni Yuan ay sumulong patimog upang supilin ang mga pwersang sumulpot sa mga probinsya ng Kiangsi, Anhwei at Kwantung sa proseso ng rebolusyong 1911. Inorganisa ni Dr. Sun Yat-sen ang mga armadong paglaban subalit ito'y nadurog kapagdaka. Noong 1914, nang matanto ang kamalian ng patakaran ng pakikipagkompromiso ng Guomindang, binuo ni Dr. Sun Yat-sen ang Chung Hua Ke Ming Tang (Rebolusyonaryong Partido ng Tsina) sa Tokyo, Japan, upang mapag-iba ang kanyang organisasyon sa Guomindang ng panahong iyon. Ang bagong partido sa aktwal ay isang alyansa ng mga pampulitikang kinatawan ng isang seksyon ng petiburgesya at isang seksyon ng burgesya laban kay Yuan Shih-kai. Sa pamamagitan ng alyansang ito, naglunsad si Dr. Sun Yat-sen ng isang menor na insureksyon sa Shanghai noong 1914. Noong 1915, nang idineklara ni Yuan Shih-kai ang sarili bilang emperador, si Tsai Ngo at iba pa ay lumakad mula sa Yunnan upang kumilos laban sa kanya, at si Dr. Sun Yat-sen ay aktibong-aktibo rin sa pagtataguyod at pagtatangkilik ng armadong oposisyon kay Yuan Shih-kai.

7. Noong 1917 tumungo si Dr. Sun Yat-sen mula Shanghai patungong Canton bilang pinuno ng isang pwersang pandagat sa ilalim ng kanyang impluwensya. Ginamit bilang base ang Kwantung at nakipagtulungan sa mga warlord sa timog na kalaban ng hilagang warlord na si Tuan Chi-jui, itinatag niya ang isang gubyernong militar laban kay Tuan Chi-jui.

8. Noong 1921 nagplano si Dr. Sun Yat-sen ng isang ekspedisyong pahilaga mula Kweilin, Probinsya ng Kwangsi. Subalit naunsyami ang kanyang plano ng pag-aalsa ng kanyang nakababang opisyal, si Chen Chiung-ming, na kakutsaba ng mga hilagang warlord.

9. Ang Akademyang Militar ng Whampoa, na nasa Whampoa malapit sa Canton, ay itinatag ni Dr. Sun Yat-sen noong 1924 matapos ang reorganisasyon ng Guomindang sa tulong ng Partido Komunista ng Tsina at ng Unyong Sobyet. Bago pagtaksilan ni Chiang Kai-shek ang rebolusyon noong 1927, magkasanib na pinatatakbo ang akademya ng Guomindang at ng Partido Komunista. Sina kasamang Zhou Enlai, Yeh Chien-ying, Yun Tai-ying, Hsiao Chu-nu at iba pa ay humawak ng responsableng mga pusisyon sa akademya sa iba't ibang panahon. Marami sa kadete ay kasapi ng Partido Komunista o ng Liga ng Kabataang Komunista, at binuo nila ang rebolusyonaryong bag-as ng akademya.

10. Si Tan Yen-kai ay taga-Hunan na naging Hanlin, isang kasapi ng pinakamataas na organong iskolastika sa ilalim ng Dinastiyang Ching. Isa siyang karerista na sa simula'y nagtaguyod ng isang monarkiyang konstitusyunal at matapos ay lumahok sa Rebolusyon ng 1911. Ang kanyang pagdikit sa Guomindang sa bandang huli ay sumalamin sa kontradiksyon

sa pagitan ng mga panginoong maylupa na taga-Hunan at ng mga warlord na taga-hilaga.

11. Ang Progresibong Partido ay inorganisa ni Liang Chi-chao at ng iba pa sa pagtataguyod ni Yuan Shih-kai sa unang mga taon ng Republika.

12. Si Yuan Shih-kai ang pinuno ng mga panginoong maylupa na taga-hilaga sa huling mga taon ng Dinastiyang Ching. Matapos ibagsak ang Dinastiyang Ching ng Rebolusyon ng 1911, inagaw niya ang panguluhan ng Republika at inorganisa ang unang gubyerno ng mga warlord na taga-hilaga, na kumatawan sa uring malaking panginoong maylupa at malaking burgesya kumprador. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagsandig sa kontrarebolusyonaryong armadong pwersa at sa suporta ng mga imperyalista at sa pagsasamantala ng konsilyasyunistang katangian ng burgesya, na noo'y namumuno sa rebolusyon. Noong 1915, nais niyang gawing emperador ang sarili, at upang makuha ang suporta ng mga imperyalistang Hapones, tinanggap ang Dalawampu't Isang Kahilingan na ginamit ng Japan para sa layuning makuha ang eksklusibong kontrol sa buong Tsina. Noong Disyembre ng taon ding iyon, naganap ang isang pag-aalsa laban sa kanyang pag-upo sa trono sa Probinsya ng Yunnan at kaagad na nakakuha ng tugon at suporta sa buong bansa. Namatay si Yuan Shih-kai sa Beijing noong Hunyo 1916.

13. Si Tuan Chi-jui ay isang matandang tauhan ni Yuan Shih-kai at pinuno ng grupong Anhwei ng mga warlord na taga-hilaga. Matapos ang pagkamatay ni Yuan higit sa minsan niyang kinontrol ang gubyernong Peking.

14. Ang dulong kanang panig ng Grupo ng Syensyang Pampulitika ay binuo noong 1916 ng isang seksyon ng Partidong Progresibo at isang seksyon ng Guomindang. Sumugal ito minsan sa mga warlord ng Timog, pagkatapos sa mga warlord ng Hilaga, upang makakuha ng mga pusisyon sa gubyerno. Sa panahon ng Ekspedisyong Pahilaga ng 1926-27, ang maka-Hapong mga kasapi nito, tulad nina Huang Fu, Chang Chun at Yang Yung-tai, ay nagsimulang makipagtulungan kina Chiang Kai-shek, at gamit ang kanilang reaksyunaryong karanasang pampulitika, tumulong sa kanyang itayo ang isang kontrarebolusyonaryong rehimen.

15. Ang Partido ng Kabataan, na tinatawag ding Partido ng Kabataang Tsino o Etatiste Party, ay binuo ng sandakot ng walang konsensya at pasistang mga pulitiko. Nakabuo sila ng kontra-rebolusyonaryong mga karera para sa sarili sa pamamagitan ng paglaban sa Partido Komunista at sa Unyong Sobyet at tumanggap ng mga subsidyo mula sa iba't ibang mga grupo ng mga reaksyunaryo na nasa kapangyarihan at mula sa imperyalismo.

16. Ang tinutukoy pangunahin dito ni Kasamang Mao Zedong ay ang

independyenteng rehimyentong pinamumunuan ni Heneral Yeh Ting, isang Komunista, sa panahon ng Ekspedisyong Pahilaga. Tingnan din "Ang Pakikibaka sa Kabundukang Chingkang", Tala 14, Piniling Mga Akda ni Mao Zedong, Edisyong Ingels, FLP, Peking, 1965, Tomo I, p.104.

17. Ang Nanchang, kabisera ng Probinsya ng Kiangsi, ay tagpo ng bantog na pag-aalsa noong Agosto 1, 1927 na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina upang labanan ang kontrarebolusyon ni Chiang Kai-shek at Wang Ching-wei at upang ipagpatuloy ang rebolusyon ng 1924-27. Higit sa tatlumpung libong tropa ang lumahok sa pag-aalsa na pinamunuan nina Kasamang Zhou Enlai, Zhude, Ho Lung at Yeh Ting. Ang hukbong insureksyonaryo ay umatras mula Nanchang noong Agosto 5 ayon sa plano, subalit nakalasap ng pagkatalo nang papalapit sa Chaochow at Swatow sa Probinsya ng Kwantung. Sa pamumuno nina Kasamang Zhude, Chen Yi at Lin Biao, ang isang bahagi ng mga tropa ay nakipaglaban di naglaon para makatungo sa Kabundukang Chingkang at nakipagsanib ng pwersa sa Unang Dibisyon ng Rebolusyonaryong Hukbo ng Manggagawa at Magsasaka sa ilalim ni Kasamang Mao Zedong.

18. Ang bantog na Pag-aalsa sa Anihan sa Taglagas sa ilalim ng pamumuno ni Kasamang Mao Zedong ay inilunsad noong Setyembre 1927 sa pamamagitan ng mga armadong pwersa ng mamamayan sa County ng Hsiushui, Pinghsiang, Pingkiang at Liuyang sa hangganan ng Hunan-Kiangsi, na bumubuo sa unang dibisyon ng Unang Rebolusyonaryong Hukbo ng Manggagawa at Magsasaka. Pinamunuan ni Kasamang Mao Zedong ang pwersang ito patungo sa Kabundukang Chingkang kung saan itinatag ang isang rebolusyonaryong base.

19. Si Han Fu-chu ay isang Guomindang na warlord sa Probinsya ng Shantung. Si Liu Chih, isa pang warlord, na namuno sa personal na mga tropa ni Chiang Kai-shek sa Probinsya ng Honan, ay responsable sa pagtatanggol ng purok ng Paoting sa Hopei matapos sumiklab ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon. Ang dalawa ay tumakas sa harap ng mga Hapones nang hindi man lang nagpaputok kahit minsan.

# MAGTAYO NG MATATATAG NA BASENG PUROK SA HILAGANG-SILANGAN

Disyembre 28, 1945

Nakapatungkol sa Kawanihan ng Hilagang-silangan ang direktibang ito na binalangkas ni Kasamang Mao Zedong para sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Pagkadeklara ng Unyong Sobyet ng digma laban sa Japan at pagkapasok ng Pulang Hukbong Sobyet sa Hilagang-silangan, ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina at ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Tsina ay nagpadala ng malaking bilang ng kadre at tropa sa Hilagang-silangan para pamunuan ang mamamayan na lipulin ang mga natirang mananalakay na Hapones at ang papet na rehimeng "Manchukuo", parusahan ang mga traydor, lipulin ang mga bandido at itatag ang mga demokratikong gubyernong lokal sa iba't ibang antas. Pero kasabay nito, ang mga reaksyunaryong Guomindang, na desididong magkaroon ng eksklusibong kontrol sa buong Hilagang-silangan, ay nagpadala ng malaking bilang ng tropa doon na nagdaan sa kalupaan, sa dagat at sa himpapawid, sa tulong ng imperyalismong US, at naagaw ng mga ito ang mga pangunahing lugar tulad ng Shanchaikuan at Chinchow na napalaya na ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Hindi na maiiwasan ang mabagsik na labanan sa Hilagang-silangan, at ang labanang ito'y malinaw na magkakaroon ng espesyal na kabuluhan sa kalagayan ng buong bayan. Sa direktibang ito, nakinikinita ni Kasamang Mao Zedong kung gaano kahirap ang labanan sa Hilagang-silangan at ipinakita na hindi magtatagal ay kailangang nasa mga syudad at malawak na kanayunan na malayu-layo sa mga sentro ng sakop ng Guomindang ang sentro de grabidad ng gawain doon; ibig sabihi'y "kailangan nating hayaan ang mataas na daan at agawin ang kalupaan sa magkabilang gilid" para masigasig na mapukaw ang masa, maitayo ang matatatag na baseng purok, unti-unting mag-ipon ng lakas at maghanda sa pagbaling sa kontra-opensiba sa hinaharap. Epektibong tinupad ng Kawanihan ng Hilagang-silangan na pinamunuan ni Kasamang Lin Biao ang wastong patakarang ito ng Komite Sentral at ni Kasamang Mao Zedong kaya't nakamit noong Nobyembre 1948 ang malaking tagumpay, ang pagpapalaya sa buong Hilagang-silangan pagkaraan ng tatlong taon.

1. Ang kasalukuyang tungkulin ng ating Partido sa

Hilagang-silangan ay magtayo ng mga baseng purok, ng matatatag na baseng purok militar at pampulitika sa silangan, hilaga at kanluran ng Manchuria.[1] Hindi madaling magtayo ng ganoong mga baseng purok. Kailangan nito ang masikhay at mapait na pakikibaka. Kailangan ang tatlo o apat na taon para itayo ang ganoong mga baseng purok. Pero dapat ilatag sa taong 1946 ang solidong paunang batayan. Kung hindi'y hindi natin kakayaning patuloy na lumaban.

2. Kailangang linawin ngayon na hindi itatayo ang mga baseng purok sa malalaking lunsod o sa kahabaan ng mga pangunahing linya ng komunikasyon na sakop o sasakupin ng Guomindang; hindi ito maisasagawa sa kasalukuyang kalagayan. Hindi rin itatayo ang mga ito sa mga rehiyong malapit sa malalaking lunsod o pangunahing linya ng komunikasyon na hawak ng Guomindang. Kasi, hindi tayo hahayaan ng Guomindang na magtayo ng mga baseng purok sa mga rehiyong malapit na malapit sa kanila dahil naagaw na nila ang malalaking lunsod at pangunahing linya ng komunikasyon. Kailangang sapat ang pagkilos ng ating Partido at ilatag ang ating unang linya ng depensang militar sa mga rehiyong ito na hindi dapat kailanman abandonahin nang ganoon na lamang. Pero magiging mga sonang gerilya ang mga ito para sa magkabilang panig at hindi matatatag na baseng purok natin. Kung gayon, ang mga rehiyong pagtatayuan ng matatatag na baseng purok ay ang mga lunsod at napakalawak na kanayunan na malayu-layo sa mga sentro ng sakop ng Guomindang. Kailangan ngayong tukuyin ang mga rehiyong iyon para maidispusisyon ang ating mga pwersa at mapamunuan ang buong Partido para makamit ang adhikaing ito.

3. Matapos nating pagpasyahan ang lokasyon ng ating matatatag na baseng purok at italaga ang ating mga pwersa, at kapag lumaki na nang husto ang ating hukbo, ang gawaing

masa sa Hilagang-silangan ang magiging sentro de grabidad ng gawain ng ating Partido. Dapat ipaunawa sa lahat ng kadre na mas malakas sa Hilagang-silangan sa ilang panahon ang Guomindang kaysa Partido natin at hanggat ang ating pagsisimulan ay hindi pagpukaw sa masa para makibaka, paglutas ng kanilang mga problema at pagsalig sa kanila sa lahat ng paraan, at hanggat hindi natin minomobilisa ang lahat ng pwersa para masikhay na kumilos sa hanay ng masa at maglatag ng solidong panimulang pundasyon sa loob ng isang taon, at partikular sa susunod na ilang kritikal na buwan, mahihiwalay tayo sa Hilangang-silangan, hindi tayo makapagtatayo ng matatatag na baseng purok o kaya'y hindi natin magagapi ang mga atake ng Guomindang at maaaring danasin nga natin ang napakatinding hirap o mabibigo pa nga. Sa kabilang banda naman, kung matatag tayong sasalig sa masa, mapangingibabawan natin ang lahat ng hirap at hakbang-hakbang na matatamo ang ating layunin. Ang gawaing masa ay pagpukaw sa masa na makibaka para singilin ang mga traydor at ilunsad ang mga kampanyang pagpapababa ng upa sa lupa at pagpapataas ng sahod at ang mga kampanya sa produksyon. Sa mga pakikibakang ito, kailangan nating buuin ang iba't ibang klase ng organisasyong masa, itatag ang mga ubod ng Partido, itayo ang mga armadong yunit ng masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng bayan, mabilis na iangat sa antas ng pakikibakang pampulitika ang mga pakikibakang pang-ekonomya at pamunuan ang masa na lumahok sa pagtatayo ng mga baseng purok. Maaaring ipatupad sa Hilagang-silangan ang direktibang inilabas ng Komiteng Pamprobinsya ng Partido sa Jehol[2] tungkol sa pagpupukaw ng mga pakikibakang masa. Dapat makapagdulot ang ating Partido ng kongkretong mga materyal na benepisyo sa mamamayan sa Hilagang-silangan; sa ganoon lamang susuporta sa atin ang masa at lalaban sa mga atake ng Guomindang. Kung hindi, hindi magiging malinaw sa masa

kung alin sa dalawang partido, ang Guomindang o Partido Komunista, ang mabuti at alin ang masama. Sa isang panahon, maaaring malinlang ng propaganda ng Guomindang ang masa at maaari pa ngang lumaban sa ating Partido, at sa gayo'y malilikha ang labis na di paborableng sitwasyon para sa atin sa Hilagang-silangan.

4. Suhetibong mahirap ngayon sa Hilagang-silangan para sa ating Partido. Baguhan at di pamilyar sa lugar at tao ang malaking bilang ng ating mga kadre at armadong pwersa sa Hilagang-silangan. Hindi nasisiyahan ang mga kadre dahil hindi natin maokupa ang malalaking lunsod at walang tiyaga sa mahirap na gawaing pagpukaw sa masa at pagtatayo ng ng baseng purok. Ang mga sirkunstansyang ito ay salungat sa kasalukuyang sitwasyon at mga tungkulin ng Partido. Paulit-ulit nating ituro sa lahat ng kadre mula sa iba't ibang lugar na ituon nila ang atensyon sa imbestigasyon at pag-aaral, kilalaning mabuti ang mga lugar at ang mga mamamayan; at gawin ang lahat para makiisa sa mamamayan ng Hilagang-silangan; at dapat sanayin natin ang malaking bilang ng aktibista't kadre mula sa hanay ng masa. Ipaliwanag natin sa mga kadre na kahit hawak ng Guomindang ang malalaking lunsod at ang mga linya ng komunikasyon, paborable naman sa atin ang sitwasyon sa Hilagang-silangan. Hanggat ipinalalaganap natin sa lahat ng kadre at sundalo ang ideya na pukawin ang masa at itayo ang mga baseng purok natin at hanggat minomobilisa natin ang lahat ng pwersa at mabilis na hinaharap ang dakilang pakikibakang itayo ang mga baseng purok na ito, maitatatag natin nang matibay ang ating sarili sa Hilagang-silangan at sa Jehol, at matitiyak natin ang tagumpay. Dapat sabihin natin sa mga kadre na hindi nila dapat maliitin ang lakas ng Guomindang o hindi sila mawalan ng tiyaga sa masikhay na pagkilos dahil tutal naman ay aatakehin ng Guomindang ang silangan at hilaga ng Manchuria. Mangyari pa, sa pagpapaliwanag, hindi natin dapat papaniwalain ang

mga kadre na masyadong malakas ang Guomindang at hindi kayang durugin ang mga atake nito. Dapat ipakita na walang malalim at organisadong pundasyon sa Hilagang-silangan ang Guomindang at kayang durugin ang mga atake nito; kung gayon, posible para sa ating Partido na magtayo ng mga baseng purok. Pero inaatake ngayon ng Guomindang ang hangganang Jehol-Liaoning, at kung hindi sasagot ng mga bigwas sa kanila, di magtatagal ay aatakehin nila ang silangan at hilaga ng Manchuria. Kung gayon, dapat determinadong gumanap ang lahat ng ating myembro ng Partido ng pinakamahihirap na tungkulin, mabilis na pukawin ang masa, itayo ang ating mga baseng purok at durugin ang mga atake ng Guomindang sa kanluran ng Manchuria at Jehol. Sa silangan at hilagang Manchuria, mabilis nating ihanda ang kalagayan para sa pagdurog sa mga atake ng Guomindang. Puspusang pawiin natin sa isip ng ating mga kadre ang lahat ng ideya na matatamo ang madaling mga tagumpay sa pamamagitan ng swerte, nang walang mahirap at mapait na pakikibaka, nang walang pawis at dugo.

5. Agad na linawin ang mga purok militar at subpurok sa kanluran, silangan at hilagang Manchuria at hatiin ang ating mga pwersa sa mga hukbong panlarangan at tropang panrehiyon. Italaga ang malaking bahagi ng mga regular na tropa sa mga subpurok militar para pukawin ang masa, lipulin ang mga bandido, itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, organisahin ang mga gerilya, milisyang bayan at mga pwersa sa pagtatanggol-sa-sarili para mapangalagaan ang ating mga purok, makipagkoordinasyon sa mga hukbong panlarangan at durugin ang mga atake ng Guomindang. Dapat italaga ang lahat ng tropa sa mga partikular na purok at partikular na tungkulin; sa ganitong paraan lamang natin mabilis na mabubuo ang pagkakaisa sa mamamayan at makapagtatayo ng matatatag na baseng purok.

6. Sa oras na ito, nakapasok na sa Hilagang-silangan at

Jehol ang mahigit 100,000 ng ating tropa; ang hukbo doon ay nakapagpalaki na kamakailan nang mahigit 200,000 at ang tunguhin ay patuloy pang lumaki. Kung idaragdag ang mga kumikilos sa Partido at gubyerno, tinatantyang lalampas sa 400,000 ang kabuuan sa loob ng isang taon. Hindi magtatagal at napakapeligroso ng sitwasyong hindi lumalahok sa produksyon at umaasa lamang ng mga suplay sa mamamayan ng Hilagang-silangan ang ganyan kalaking bilang ng tauhan. Kung gayon, dapat lumahok sa produksyon ang lahat ng yunit ng hukbo at organo ng gubyerno kapag hindi lumalaban o walang regular na gawain, maliban sa mga hukbong panlarangan na nakakonsentra at nakatalaga sa mga pangunahing aksyong militar. Hindi dapat lumampas ang 1946 nang walang resulta; dapat agad na magplano ang buong Hilagang-silangan ayon sa mga ito.

7. Sa Hilagang-silangan, napakahalaga sa pagtatayo ng ating mga baseng purok at pagkakamit ng mga tagumpay sa hinaharap ang direksyong tinatahak ng mga manggagawa at intelektwal. Kung gayon, kailangang magtuon ng lubos na atensyon sa pagkilos sa malalaking lunsod at sa mga pangunahing linya ng komunikasyon at laluna sa pagkabig sa mga manggagawa at intelektwal. Dahil hindi nagtuon ng sapat na atensyon sa paghatak sa mga manggagawa at intelektwal ang ating Partido para tumungo sa mga baseng purok sa mga unang taon ng Digma ng Pagtatanggol, kailangang gawin ng mga organisasyon ng Partido sa Hilagang-silangan ang lahat para mahatak sa ating hukbo at iba't ibang tungkulin sa konstruksyon sa mga baseng purok ang mga manggagawa at intelektwal, bukod sa pagtutuon ng atensyon sa gawaing lihim sa mga purok ng Guomindang.

## MGA TALA

1. Saklaw ng baseng purok ng silangang Manchuria ang Kirin, Hsi-an, Antu, Yenchi, Tunhua at iba pang mga lugar sa silangan ng bahaging Shenyang-Changchun ng Perokaril ng Changchun ng Tsina. Saklaw ng baseng purok ng hilagang Manchuria ang Harbin, Mutankiang, Pei-an at Kiamusze, bukod sa iba pa. Saklaw ng baseng purok ng kanlurang Manchuria ang Tsitsihar, Tao-an, Kailu, Fuhsin, Chengchiatun, Fuyu at iba pang lugar sa kanluran ng bahaging Shenyang-Changchun ng Perokaril ng Changchun ng Tsina. Nagtayo din ang Partido ng isang baseng purok sa timog Manchuria. Saklaw nito ang Antung, Chuangho, Tunghua, Linchiang at Chingyuan at iba pang lugar sa silangan ng bahaging Shenyang-Tailen ng Perokaril ng Changchun ng Tsina at Liaochung sa timog-kanluran ng Shenyang. Nagkaroon ng importanteng papel sa pagtatayo ng mga baseng purok sa Hilagang-silangan ang walang-tigil na pakikibaka sa kaaway sa timog Manchuria.

2. Ang tinutukoy dito'y ang "Direktiba sa Pagpukaw sa Masa" na inilabas ng Komiteng Pamprobinsya ng Partido Komunista ng Tsina sa Jehol ngayong Disyembre 1945. Ipinakita nito na ang sentral na tungkulin noon sa pagpukaw sa masa ay ang paglulunsad ng kampanyang masang pag-aakusa at pagpaparusa para singilin ang mga traydor at lihim na ahente. At sa pamamagitan ng kampanya, kailangang pasiglahin nang husto ang masa, kailangang iangat ang kanilang kalagayan sa lipunan, pulitika at ekonomya, at kailangang organisahin ang mga unyon, samahang magsasaka at iba pang organisasyong masa, at kapag tapos na ang kampanyang ito'y kailangang paabutin sa kampanyang masa para sa pagpapababa ng upa sa lupa at interes. Sa pagpukaw sa masa sa mga lunsod, kailangan muna nating pukawin ang mga manggagawa para sila ang tumayong taliba at mamuno sa kampanyang paniningil sa mga traydor at lihim na ahente. Ipinanawagan din ng direktiba na matutong mamahala ng buong gawain sa lunsod, ekonomikong gamitin ang lakas-paggawa at magplano ng lahat sa pangmatagalang antas.

# MAGKONSENTRA NG SUPERYOR NA PWERSA PARA DURUGIN NANG PAISA-ISA ANG MGA PWERSA NG KAAWAY

Setyembre 16, 1946

Ang panloob na direktibang ito ng Partido ay binalangkas ni Kasamang Mao Zedong para sa Rebolusyonaryong Komisyong Militar ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas.

1. Dapat gamitin ang paraan ng paglaban sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng superior na pwersa para durugin nang paisa-isa ang pwersa ng kaaway[1] hindi lamang sa dispusisyon ng mga tropa sa isang kampanya kundi pati rin sa dispusisyon ng mga tropa sa isang labanan.

2. Kaugnay ng dispusisyon sa isang kampanya, kapag gumagamit ng maraming brigada[2] (o mga rehimyento) ang kaaway at umaabante laban sa ating hukbo sa ilang kolum mula sa ilang direksyon, dapat magkonsentra ang ating hukbo ng isang absolutong superyor na pwersa – anim, lima, apat o tatlong beses man lamang na mas malaki sa lakas ng kaaway – at pumili ng tamang panahon para kubkubin at lipulin muna ang isang brigada ng kaaway (o rehimyento). Kailangang isa ito sa mahihinang brigada (o mga rehimyento) ng kaaway, o isa na mas kaunti ang suporta, o isa na nakaistasyon sa tereyn at mga tao na pinakapaborable sa atin at pinakadi-paborable sa kaaway. Dapat itali natin ang iba pang mga brigada ng kaaway (o mga rehimyento) sa pamamagitan ng maliliit na pwersa para mapigil sila sa pagpapadala ng reimporsment sa brigada (o rehimyento) na kinukubkob at sinasalakay natin para madurog muna natin ito. Kapag nagawa ito, batay sa kalagaya'y kailangang lipulin natin ang isa o ilan pang brigada ng kaaway

o kaya'y sumuling para magpahinga at magkon-solida para sa susunod na mga labanan. (Narito ang dalawang halimbawa ng unang nabanggit. Nilipol ng ating mga tropa sa komand nina So Yu at Tan Chen-lin ang limang libo sa kwerpo ng pulisya sa komunikasyon ng kaaway[3] malapit sa Jukao noong Agosto 22, isang brigada ng kaaway noong Agosto 26 at isa't kalahating brigada noong Agosto 27.[4] Nilipol ng ating mga tropa sa ilalim nina Liu Po-cheng at Teng Hsiao-ping ang isang brigada ng kaaway malapit sa Tingtao sa pagitan ng Setyembre 3 at 6, isa pa bandang hapon ng Setyembre 6 at dalawa pa noong Setyembre 7-8.[5]) Sa dispusisyon sa isang kampanya, dapat nating itakwil ang maling paraan ng paglaban, na nagmamaliit sa kaaway at kung gayo'y hinahati-hati ang ating pwersa para harapin ang lahat ng kolum ng kaaway, dahil sa paraang ito'y hindi natin mawawasak kahit isang kolum ng kaaway kundi mauuwi tayo sa pasibong pusisyon.

3. Sa dispusisyon sa isang labanan, kapag nakapag-konsentra tayo ng absolutong superyor na pwersa at nakakubkob ng isa sa mga kolum (isang brigada o rehimyento) ng kaaway, hindi dapat tangkain ng ating mga pormasyong sumasalakay (o mga yunit) na sabay-sabay na lipulin sa isang bigwas ang lahat ng kinubkob na kaaway at sa gayo'y hatiin ang sarili at bumira sa lahat ng direksyon nang walang sapat na lakas sa alinman, at dahil dito'y nag-aaksaya ng oras at nagiging mahirap makatamo ng resulta. Sa halip, kailangan tayong magkonsentra ng absolutong superyor na pwersa, ibig sabihi'y isang pwersang anim, lima, apat o tatlong beses man lamang na mas malaki sa kaaway, magkonsentra ng buo o bulto ng ating artilyerya, pumili ng isa (hindi dalawa) sa mahihinang lugar sa mga pusisyon ng kaaway, mabangis na salakayin ito at tiyakin ang panalo. Kapag nagawa ito, mabilis na samantalahin ang tagumpay at durugin nang paisa-isa ang pwersa ng kaaway.

4. Ang epekto ng paraang ito ng paglaban ay: una, ganap na anihilasyon at ikalawa, mabilis na tinatapos. Ang ganap na anihilasyon lamang ang makapagbibigay ng pinakamasasakit na bira sa kaaway, dahil kapag nalipol natin ang isang rehimyento, mababawasan siya ng isang rehimyento, at kapag nalipol natin ang isang brigada, mababawasan siya ng isang brigada. Napakakapaki-pakinabang ng paraang ito kapag ginamit laban sa kaaway na walang tropang pampangalawang linya. Ang ganap na anihilasyon lamang ang makapupuno sa sarili nating mga pwersa sa pinakamalaking posibleng antas. Hindi lamang ngayon ito pangunahing mapagkukunan ng armas at bala kundi mahalagang mapagkukunan din ng ating lakas tauhan. Ang ganap na anihilasyon ay nakapagdedemoralisa sa mga tropa ng kaaway at nakapanlulumo sa mga tagasunod ng mga ito; nakapagtatataas ito ng moral ng ating mga tropa at nagbibigay inspirasyon sa ating mamamayan. Dahil sa mabilis na tinatapos, nagiging posible para sa ating mga tropa na isa-isang lipulin ang mga reimporsment ng kaaway o kaya'y iwasan ang mga ito. Kinakailangang kondisyon sa estratehiya ng isang matagalang digma ang mabilis na desisyon sa labanan at kampanya.

5. Sa hanay ng ating mga kadreng militar, marami pa rin, kapag wala sa labanan, ang sumasang-ayon sa prinsipyong ikonsentra ang ating pwersa para isa-isang lipulin ang pwersa ng kaaway, pero kadalasa'y hindi inilalapat ang prinsipyong ito sa aksyon. Ito'y dahil minamaliit nila ang kaaway at kulang sila sa puspusang edukasyon at pagsusuri. Kailangang magbanggit ng mga detalyadong kaso ng mga nakaraang labanan para ulit-ulitin ang paliwanag sa mga bentahe ng paraang ito ng paglaban at tukuyin na pangunahing paraan ito sa paggapi sa mga atake ni Chiang Kai-shek. Kapag ginamit natin ang paraang ito, mananalo tayo. Kung salungat dito ang gagawin, matatalo tayo.

6. Ang prinsipyong pagkokonsentra ng ating pwersa para isa-isang lipulin ang mga pwersa ng kaaway ay isang nang kahanga-hangang tradisyon ng ating hukbo mula pa nang itayo ito mahigit isang dekada na ang nakararaan; hindi ito ang unang pagkakataon na ihinayag ito. Gayunman, sa panahon ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan, pangunahin ang dispersal ng ating mga pwersa sa pakikidigmang gerilya, at suplementaryo ang konsentrasyon ng ating mga pwersa para sa pakikidigmang makilos. Sa kasalukuyang gera sibil, dahil nagbago ang kalagayan, kailangang magbago rin ang paraan ng paglaban. Kailangang pangunahin ang konsentrasyon ng ating pwersa para sa pakikidigmang makilos, at suplementaryo ang pagtatalaga ng ating pwersa sa pakikidigmang gerilya. Ngayong nakakuha na ng mas malalakas na sandata ang hukbo ni Chiang Kai-shek, kailangang magbigay ng espesyal na diin ang ating hukbo sa paraang pagkokonsentra ng isang superyor na pwersa para isa-isang lipulin ang mga pwersa ng kaaway.

7. Dapat isagawa ang paraang ito kapag nasa opensiba ang kaaway at nasa depensiba naman tayo. Gayunman, kapag nasa depensiba ang kaaway at nasa opensiba tayo, kailangan nating pag-ibahin ang dalawang klase ng sitwasyon at gamitin ang magkakaibang paraan. Maaari tayong bumira nang sabay-sabay sa mga yunit ng kaaway kapag malaki ang ating pwersa at medyo mahina ang kaaway sa lokalidad na iyon, o kaya'y kapag gumagawa tayo ng sorpresang pagsalakay sa kaaway. Halimbawa, sa pagitan ng Hunyo 5 at 10, magkakasabay na sinalakay at sinakop ng ating mga tropa sa Probinsya ng Shantung ang mahigit sampung bayan sa kahabaan ng Perokaril ng Tsingtao-Tsinan at Tientsin-Pukow.[6] O isa pang halimbawa, sa pagitan ng Agosto 10 at 21, inatake at sinakop ng ating mga tropa sa ilalim nina Liu Po-cheng at Deng Hsiao-peng ang mahigit sampung bayan sa kahabaan ng Perokaril

ng Lunghai sa pagitan ng Kaifeng at Hsuchow.[7] Sa kabilang banda, kapag wala tayong sapat na pwersa, kailangan nating isa-isang agawin ang mga bayang sakop ng kaaway at huwag salakayin nang sabay-sabay ang kaaway sa maraming bayan. Ganyan nakuha ng ating mga tropa sa Probinsya ng Shansi ang mga bayan sa kahabaan Perokaril ng Tatung-Puchow.[8]

8. Kapag ang pangunahing pwersa ng ating tropa ay nakakonsentra para lipulin ang kaaway, dapat ikoordina nito ang kanyang mga operasyon sa masiglang mga aktibidad ng mga panrehiyong pormasyon, lokal na mga gerilya at milisyang bayan. Kapag sinasalakay ng mga pormasyong panrehiyon (o mga tropa) ang isang rehimyento, batalyon o kumpanya ng kaaway, kailangan nilang ipatupad ang prinsipyong pagkokonsentra ng ating mga pwersa para isa-isang lipulin ang mga pwersa ng kaaway.

9. Ang prinsipyong pagkokonsentra ng ating pwersa para isa-isang lipulin ang kaaway ay pangunahing nakatuon sa paglipol sa epektibong lakas ng kaaway, at hindi nakatuon sa paghawak o pag-agaw sa isang lugar. Sa ilang kalagayan, maaaring hayaang abandonahin ang ilang lugar sa layuning ikonsentra ang ating pwersa para lipulin ang kaaway o para makaiwas ang ating pangunahing pwersa sa matitinding pag-atake ng kaaway at papagpahingahin at konsolidahin ang ating pwersa para sa susunod na paglaban. Basta't kaya nating lipulin ang epektibong lakas ng kaaway sa malawakang saklaw, magiging posible na bawiin ang nawalang teritoryo at agawin ang bagong teritoryo. Sa gayon, dapat nating parangalan ang lahat ng nagtagumpay sa pagdurog sa epektibong lakas ng kaaway. Hindi lamang ito dapat gawin sa mga nagdurog sa mga regular na pwersa ng kaaway kundi dapat din itong gawin sa mga nagdurog sa kanyang mga kwerpong nangangalaga ng kapayaan, mga kontindyent na nagbabalik-tahanan[9] at iba pang reaksyunaryong lokal na armadong pangkat. Gayunman,

dapat nating hawakan o agawin ang teritoryo saan man posible ito dahil sa relatibong lakas ng kaaway at ng ating sariling mga pwersa o saan man makabuluhan sa ating mga kampanya o labanan ang teritoryong iyon; isang pagkakamali kung kabaligtaran ang gagawin. Kung gayon, dapat ding parangalan ang mga nagtagumpay sa paghawak o pag-agaw sa ganoong teritoryo.

## MGA TALA

1. Sa librong ito, magkakapareho ang kahulugan ng "pagdurog sa kaaway", "paglipol sa kaaway", at "anihilasyon sa kaaway". Kabilang dito ang mga tropa ng kaaway na napatay, nasugatan at nabihag. Ang ibig sabihin ng paglipol (anihilasyon, pagdurog) sa pwersa ng kaaway ay ganap itong lipulin o lipulin ang malaking bahagi ng pwersang iyon.

2. Ang regular na kwerpo ng hukbo ng Guomindang ay dating binubuo ng tatlong (kung minsa'y dalawa) dibisyon, at bawat isa'y may tatlong rehimyento. Mula noong Mayo 1946, nireorganisa ang regular na tropa ng Guomindang sa timog ng Yellow River nang yugtu-yugto; ang dating kwerpo ay naging reorganisadong dibisyon at ang dating mga dibisyon ay naging mga brigada, na bawat isa'y may tatlong (kung minsa'y dalawa) rehimyento. Bahagi ng mga tropa ng Guomindang sa hilaga ng Yellow River ay hindi nireorganisa, at hindi nagbago ang kanilang designasyon. Kinalaunan, bumalik sa dating designasyong kwerpo ang ilang nireorganisang dibisyon.

3. Nabuo noong Marso 1945 ang kwerpo ng pulisya sa komunikasyon ng Guomindang. Pagkaraang sumurender ang Japan, nadeploy ang kwerpo sa kahabaan ng linya ng komunikasyon para sa "mga tungkuling panggarison" na kunwa'y nagbabantay ng mga riles pero ang totoo'y nagsasagawa ng mga aktibidad na sikreto. Isa ito sa mga pwersa na ginamit ng Guomindang sa paglaban sa gera sibil.

4. Noong Hulyo 1946, nag-umpisang manalakay nang malawakan ang mga pwersa ng Guomindang sa mga Pinalayang Purok ng Kiangsu-Anhwei, at magiting na nagtanggol ang ating hukbo. Ang mga tropa ng Guomindang na sumalakay sa Pinalayang Purok ng Gitnang Kiangsu ay binubuo ng 15 brigada na may halos 120,000 tauhan sa ilalim ni Tang En-po. Mula Hulyo 13 hanggang Agosto 27, nagkonsentra ng superyor na pwersa ang 18 rehimyento ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng

Silangang Tsina, sa komand ni Su Yu, Tan Chen-lin at iba pang mga kasama at naglunsad ng pitong magkakasunod na labanan sa rehiyong Taihsing, Jukao, Hai-an at Shaopai sa gitnang Kiangsu. Nilipol ng ating mga pwersa ang anim na brigada ng kaaway at limang batalyon ng kwerpo ng pulisya sa komunikasyon ng kaaway. Tinutukoy ng teksto ang resulta ng dalawa sa mga labanang ito.

5. Nitong Agosto 1946, umabante ang mga pwersa ng Guomindang sa dalawang ruta mula sa mga sektor ng Hsuchow at Chengchow at sumalakay sa Pinalayang Purok ng Shansi-Hopei-Shantung-Honan. Para labanan ang kolum ng kaaway na umaabante mula Chengchow, nagkonsentra ng superyor na pwersa ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng pinalayang purok na iyon, na nasa komand nina Liu Po-cheng, Deng Hsiao-peng at iba pang mga kasama. Sa pagitan ng Setyembre 3 at 8, nilipol ng mga ito nang sunud-sunod ang apat na brigada ng kaaway sa rehiyong Hotse, Tingtao and Tsaohsien sa Probinsya ng Shantung.

6. Sa maagang bahagi ng Hunyo 1946, ipinadala ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Shantung ang isang ekspedisyon laban sa mga papet na tropa sa kahabaan ng mga Perokaril ng Tsingtao-Tsinan at Tientsin-Pukow at pinalaya ang mahigit sampung bayan, kabilang na ang Chiahsien, Changtien, Choutsun, Tehchow, Tai-an at Tsaochuang.

7. Mula Agosto 10 hanggang 21, 1946, ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Shansi-Hopei-Shantung-Honan, na sumusuporta sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Sentrong Kapatagan at Silangang Tsina, ay dumaan sa maraming ruta at umatake sa mga tropa ng kaaway na nakaistasyon sa kahabaan ng bahaging Kaifeng-Hsuchow ng Perokaril ng Lunghai, at naagaw ang mahigit sa sampung bayan, kabilang na ang Tangshan, Lanfeng, Huangkou, Lichuang at Yangchi.

8. Noong Hulyo 1946, magkasamang umatake sa Pinalayang Purok ng Timog Shansi ang mga pwersa ng Guomindang sa ilalim ni Hu Tsung-nan at ni Yen Hsi-shan. Gumanting-salakay sa kaaway sa Timog Shansi ang mga yunit na Taiyueh ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Shansi-Hopei-Shantung-Honan at isang bahagi ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Shansi-Suiyuan. Noong Agosto, nag-umpisa silang mag-opensiba laban sa kaaway sa pagitan ng Linfen at Lingshih sa kahabaan ng Perokaril ng Tatung-Puchow at pinalaya ng mga yunit ang mga bayang Hungtung, Chaocheng, Huohsien, Lingshih at Fenhsi.

9. Sa panahon ng Digma sa Pagpapalaya ng Bayan, tumakas papuntang mga lugar ng Guomindang ang ilang panginoong maylupa at lokal na tirano mula sa mga Pinalayang Purok. Inorganisa sila ng Guomindang sa "mga kontindyent na nagbabalik-tahanan", "mga pangkat na nagbabalik-tahanan" at iba pang mga reaksyunaryong armadong

pangkat para sumalakay sa mga Pinalayang Purok, kasama ng mga tropang Guomindang. Nagnanakaw sila, pumapatay at gumagawa ng lahat ng klase ng kabuhungan sa lahat ng lugar.

# ANG DEMOKRATIKONG KILUSAN SA HUKBO

Enero 30, 1948

Ang panloob na direktibang ito ay binalangkas ni Kasamang Mao Zedong para sa Rebolusyonaryong Komisyong Militar ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina.

Ang patakaran sa gawaing pampulitika sa ating mga yunit ng hukbo ay ganap na pukawin ang masa ng sundalo, kumander at lahat ng tauhan na kumikilos para makamit ang tatlong pangunahing layunin sa pamamagitan ng isang demokratikong kilusan sa ilalim ng sentralisadong pamumuno: mataas na antas ng pagkakaisa sa pulitika, mahusay na kalagayan sa pamumuhay at mas mataas na antas ng teknik at mga taktikang militar. Ang Tatlong Tsek-ap at Tatlong Pagpapahusay[1] na masiglang ipinatutupad ngayon ng ating mga yunit ng hukbo ay para makamit ang unang dalawa sa mga layuning ito sa pamamagitan ng mga paraan sa demokrasya sa pulitika at ekonomya.

Kaugnay ng demokrasya sa ekonomya, dapat tiyakin sa mga kinatawang inihalal ng mga sundalo ang karapatang tumulong (pero hindi pangunahan) sa pamunuan ng kumpanya sa pamamahala ng suplay at pagkain ng kumpanya.

Kaugnay ng demokrasyang militar, sa panahon ng treyning, dapat magbigay ng instruksyon sa isa't isa ang mga upisyal at sundalo at sa hanay mismo ng mga sundalo; at sa panahon ng labanan, ang mga kumpanyang nasa larangan ay dapat magdaos ng iba't ibang klase ng malakihan at maliitang pulong. Sa direksyon ng pamunuan ng kumpanya, dapat engganyuhing magtalakayan ang masa ng sundalo kung paano aatakehin at aagawin ang mga pusisyon ng kaaway at kung paano gawin ang

iba pang mga tungkulin sa kombat. Kapag tumatagal ng ilang araw ang labanan, dapat magdaos ng ilang ganoong pulong. Ang klaseng ito ng demokrasyang militar ay matagumpay na naisapraktika sa labanan sa Panlung[2] sa hilagang Shensi at sa labanan sa Shihchiachuang[3] sa Shansi-Chahar-Hopei. Napatunayang ang pagsasagawa nito ay kabutihan lamang ang maidudulot at hindi makalilikha ng anumang kasamaan.

Karapatan ng masa ng sundalo na ilantad ang mga pagkakamali at maling gawain ng masasamang elemento sa hanay ng mga kadre. Dapat tayong magtiwala na pahahalagahan ng mga sundalo ang lahat ng mahusay at mahusay-husay na kadre. Isa pa, dapat magkaroon ng karapatan ang mga sundalo na inombra, kung kinakailangan, ang mga pinagkakatiwalaan nila mula sa kanilang hanay para sa mababang antas na pusisyon ng kadre, na nakapailalim sa paghirang ng mas mataas na antas. Kapag kulang na kulang ng mga kadre sa mababang antas, kapaki-pakinabang ang klaseng ito ng pagmumungkahi. Gayunman, hindi dapat ito ang kalakaran, kundi gagawin lamang kung kinakailangan.

## MGA TALA

1. Ang "Tatlong Tsek-ap" at ang "Tatlong Pagpapahusay" ay importanteng kilusan para sa konsolidasyon ng Partido at edukasyong pang-ideolohiya sa hukbo na ipinatupad ng ating Partido kaugnay ng reporma sa lupa sa panahon ng Digma sa Pagpapalaya ng Bayan. Sa mga lokalidad, ang "Tatlong Tsek-ap" ay ang pag-alam sa uring pinagmulan, ideolohiya at estilo ng paggawa; sa mga armadong yunit, ang mga tsek-ap ay ang pag-alam sa uring pinagmulan, pagtupad sa tungkulin at kapasyahang lumaban. Ang "Tatlong Pagpapahusay" ay ang konsolidasyong pang-organisasyon, edukasyong pang-ideolohiya at pagwawasto sa estilo ng paggawa.

2. Ang Panlung, sa hilagang-silangan ng Yenan, ay isang bayan kung

saan pinaligiran at nilipol ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Hilagang-kanluran ang mahigit 6,700 tropa ng Guomindang sa ilalim ng Kumand ni Hu Tsung-nan noong Mayo 1947.

3. Ang Shihchiachuang ay pinalaya ng mga yunit ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Hangganang Rehiyon ng Shansi-Chahar-Hopei noong Nobyembre 12, 1947. Ganap na nawasak ang garison ng kaaway na may mahigit 24,000 tauhan. Ito ang unang mahalagang lunsod na pinalaya ng Hukbong Mapaglaya ng Bayan sa hilagang Tsina.